# Mga Stratehiyang Espirituwal:

## Isang Manwal Para sa Pakikibakang Espirituwal

**HARVESTIME INTERNATIONAL INSTITUTE**

Ang kursong ito ay bahagi ng **Harvestime International Institute,** isang programang inihanda upang mabigyang kakayahan ang mga mananampalataya tungo sa mabisang pag-aaning espirituwal.

Ang batayang paksa ng pagsasanay na ito ay ituro ang mga itinuro ni Jesus, kung paanong ang mga mangingisda, kolektor ng buwis at iba pa, ay binago Niya at naging mga mabubungang Cristiano at ang mga ito ay naghatid ng ebanghelyo sa kanilang daigdig na may kapahayagan ng kapangyarihan.

Ang manwal na ito ay isang kurso na kabilang sa ilang mga *modules* ng kurikulum na gumagabay sa mga mananampalataya mula sa paglalarawan sa isip, tungo sa pagsasagawa, pagpaparami, at pagsasangkot upang maabot ang ebanghelisasyon.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga dagdag na mga kurso, sumulat sa:

© Harvestime International Institute

# NILALAMAN

Mga Mungkahi Para Sa Sama-samang Pag-aaral . . . . . . . . I

Pambungad . . . . . . . . . . . 1

Mga Layunin ng Kurso . . . . . . . . . 5

**ANG TAWAG SA PAKIKILABAN**

1. Ang Di Nakikitang Labanan . . . . . . . . . 7

**PAGSANIB**

2. Pagpapalista sa Hukbo ng Diyos . . . . . . . . . 20

**PAUNANG PAGSASANAY**

3. Ang Punong Kumander: Ang Panginoon Ng Mga Hukbo . . . . . 34

4. Ang Espirituwal Na Mga Puwersa Ng Mabuti: Mga Anghel . . . . 55

5. Ang Kaaway: Si Satanas . . . . . . . . . 68

6. Ang Espirituwal Na Mga Puwersa ng Masama: Mga Demonyo . . . . 81

7. Ang Teritoryo Ng Kaaway . . . . . . . . . 91

8. Ang Estratehiya Ng Kaaway . . . . . . . . 104

9. Ang Plano ng Pakikibaka ng Diyos . . . . . . . 110

**PAGPAPAKILOS**

10. Pagsalakay at Pagtatanggol Sa Pakikibaka . . . . . . 137

11. Mga Sandata Ng Pagtatanggol . . . . . . . . 148

12. Mga Sandata Sa Pagsalakay . . . . . . . . 161

13. Mga Katumbas Sa Natural Sa Pakikibakang Espirituwal. . . . . 169

## PAGSALAKAY


14. Pagpasok Sa Larangan Ng Labanan: Pakikibaka Sa Sanglibutan at Laman . . 181

15. Ang Labanan Sa Pagiisip . . . . . . . . . . 199

16. Ang Labanan Sa Dila . . . . . . . . . 216

17. Ang Labanan Sa Pader . . . . . . . . . 236

18. Labanan Sa Mahahalagang Teritoryo . . . . . . . . 247


## DAGDAG NA PAGSASANAY SA PAKIKIBAKANG ESPIRITUWAL


19. Paglilipat Ng Mga Espiritu . . . . . . . . . 263

20. Mga espiritu Ng Kasamaan Sa Dakong Kataastaasan . . . . . . 276

21. Pagharap Sa Kapangyarihan Ng Mga Demonyo . . . . . . . 292

22. Mga Biktima Ng Digmaan . . . . . . . . . 322

23. Paano Matalo sa Laban Subalit Nagwagi sa Digmaan . . . . . . 341


## HULING TAGUBILIN


24. Ang Huling Labanan . . . . . . . . . . 354


## APENDISE


Mga Mahahalagang Labanan Sa Biblia . . . . . . . . 365

Mga Sagot Sa Inspeksyon . . . . . . . . . . 374

# MGA MUNGKAHI PARA SA SAMA-SAMANG SA PAGAARAL

## UNANG PAGTITIPON

**Pasimula:** Magsimula sa panalangin at pagpapakilala. Magkilanlan at ilista ang mga mag-aaral.

**Ilatag ang mga Pamararaan sa Grupo:** Tiyakin kung sino ang mangunguna sa mga pagtitipon, ang oras, ang lugar, at petsa para sa mga sesyon.

**Praise and Worship:** Anyayahan ang presensya ng Espiritu Santo sa inyong mga sesyon ng pagasasanay.

**Ipamahagi ang mga Manwal sa mga Mag-aaral:** Ipabatid ang paksa ng manwal, pormat, at mga layunin ng kurso na nakatala sa mga paunang pahina ng manwal na ito.

**Ibigay ang Unang Takdang-Aralin:** Babasahin ng mga mag-aaral ang mga itinakdang kabanata at gawin ang Pangsariling-Pagsusulit bago maganap ang unang pagtitipon. Ang bilang ng kabanata na masasakop kada pagtitipon ay naka depende sa haba, nilalaman ng mga kabanata at kakayahan ng grupo.

## PANGALAWA AT MGA SUMUSUNOD NA MGA PAGTITIPON

**Pasimula: Manalagin.** Tanggapin at irehistro ang sinumang bagong mag-aaral at bigyan sila ng manwal. Ilista ang mga present. Magdaos ng Praise and Worship.

**Pagbabalik-Aral:** Magbigay ng maikling buod ng mga pinag-aralan sa nakaraang pagtitipon.

**Aralin:** Talakayin ang bawat seksyon ng kabanata na ginagamit ang mga **PAMAGAT NA NAKATITIK NANG MALALAKING MGA LETRA** bilang balangkas ng pagtuturo. Hayaang magtanong o mag-komentaryo ang mga mag-aaral sa kanilang mga napag-aralan na. Iangkop ang mga aralin sa buhay at mga ministeryo ng iyong mga mag-aaral.

**Inspeksyon:** Repasuhin ang mga Pangsariling Pagsusulit (Inspeksyon) na natapos na ng magaaral. (Tandaan: Kung hindi mo nais na makita ng mga magaaral ang mga sagot sa pangsariling pagssulit, maaaring mong alisin ang mga pahina ito mula sa likod ng manwal.

**Mga Taktika ng Pagmamaniobra:** Maaaring mong isagawa ang mga proyektong ito ng isahan o sama-sama sa grupo.

**Pangwakas na Pagsusulit:** Kung ang iyong grupo ay naka-enrol sa kursong ito upang makaipon ng credits, kailangang ng Pangwakas na Pagsusulit para sa kursong ito. Bigyan ng kopya ang bawat isang magaaral at ipasagot ang pagsusulit sa katapusan ng kursong ito.

I

**MODULE: PAGHIHIRANG**
**KURSO: Mga Stratehiyang Espirituwal:**
**Isang Manwal Para Sa Pakikibakang Espirituwal**

# PAMBUNGAD

Mayroong labanang nagaganap sa sanglibutan ngayon. Hindi ito pagtutuos ng mga bansa, mga tribo, o mga tagapanguna ng pamahalaan. Hindi rin ito isang pagaalsa o isang kudeta. Ito ay isang mahalagang labanang di nakikita na nagaganap sa larangang espirituwal. Sinasabi ng Biblia na ang bayan ng Diyos ay nalipol dahil sa kawalan ng kaalaman. Isa sa mga larangang ito ay ang pakikibakang espirituwal na may kakulangan ang mga mananampalataya sa pagkaunawa.

Tinanaw ng unang iglesia na pakikibaka ang kanilang karanasang espirituwal. Mga salitang pang-militar ay ginamit sa buong Bagong Tipan. Proteksyon ang dulot ng baluti ng Diyos. Ang salita ng Diyos ay itinulad sa isang tabak. Ang mga atake ni Satanas ay tinawag na mga nagliliyab na palaso. Ang pananampalataya ang "mabuting pakikibaka" at ang mga mananampalataya ay sinabihan na "makipagbaka ng mabuting pakikibaka." Alam ng unang iglesia na ito ay sangkot sa isang matinding pakikipaglabang espirituwal.

Ang labanang espirituwal na ito ay patuloy hangga ngayon, subalit sa halip na nakikilaban, ang mga mananampalataya ay abala sa pagtatayo ng mga gusali, nagpapalabas ng mga dramang musikal, nadaraos ng mga pagtitipon, at sila-sila ang nagaaway habang ang laban ay nagaganap sa tabi nila. Ang totoo, pinatindi pa ni Satanas ang atake sa isang iglesia na umatras na mula sa tunay na labanan.

Habang ang katapusan ng panahon ay palapit ng palapit lalong kailangang maunawaan ng mga mananampalataya ngayon kaysa noong una ang pakikibakang espirituwal. Nagbabala si apostol Pablo:

> **Datapuwa't alamin mo ito, na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib . (II Timoteo 3:1)**

Upang maging wasto ang paghahanda para sa mga mapanganib na mga panahon, kailangan ang dagdag na diin ang ibigay sa mga estratehiya ng pakikibakang espirituwal. Ang buhay Cristiano ay isang pakikibaka. Hangga't maaga na kilalanin at paghandaan ito, maaga rin nating makakamit ang tagumpay.

Sinabi sa Lucas 14:31, "O aling hari, na kung sasalubong sa pakikidigma sa ibang hari, ay hindi muna uupo at sasangguni kung makahaharap siya na may sangpung libo na dumarating na laban

sa kaniya na may dalawangpung libo?" Walang hari na pumasok sa digmaan na hindi muna sinusuring mabuti kung ano mayroon siya at ang estratehiya sa pakikilaban. Sa madali't sabi, iyan ang ating ginagawa sa kursong ito. Ating gagawin ang isang maingat na pagsusuri ng estratehiya, mga kasangkapan, at kapangyarihang nasa sa atin upang magtagumpay sa laban sa ating kaaway, si Satanas.

Sa larangang militar, ang "estratehiya" ay isang sistema ng pagbabalangkas at pagpapatupad ng mga operasyong militar. Ito ang paraan o plano na patungo sa minimithing panalo. Sa kursong ito, matututuhan mong balangkasin at pairalin ang estratehiyang espirituwal ng pakikilaban na siyang magdudulot ng pagwawagi sa larangang espirituwal.

## ANG MANWAL

Ang bawat aralin ay inilalahad gamit ang mga pananalitang militar sa ilalim ng mga susumusunod na bahagi:

### ANG TAWAG SA PAKIKILABAN:

Ipinapaliwanag ng Unang Kabanata ang tungkol sa digmaang di nakikita at ang "tawag sa pakikilaban" para sa lahat ng mga mananampalataya.

### PAGSANIB:

Lahat ng mga hukbo sa mundo ay may mga paraan ng pagsanib. Ito ang tanging mga bagay na kailangan mong gawin upang makabilang ka sa hukbo. Totoo rin ito sa hukbo ng Diyos. Ang Ikalawang Kabanata ang nagpapaliwanag kung paano ang pagsanib sa hukbo ng Diyos.

### PAUNANG PAGSASANAY:

Pagkatapos masanib sa hukbo, ang isang kawal ay tatanggap ng paunang pagsasanay. Ang paunang pagsasanay sa hukbo ng Diyos ay napapaloob sa Ikatlo hanggang Ikasiyam na Kabanata. Ang mga pinaglalabanan sa hindi nakikitang digmaan na ito ay tiyak. Ang mga pwersa ng mabuti at masama ay tinatalakay, kabilang ang Panginoon ng mga Hukbo, mga anghel, si Satanas, mga demonyo, ang sanglibutan, at ang laman. Ang teritoryo ng kaaway at estratehiya nito ay kinikilala, at ang kabuuang plano ng Diyos sa labanan ay inihaharap.

### PAGPAPAKILOS:

Walang silbi ang pagsasanay kung walang pagpapakilos ng hukbo. Ang ibig sabihin ng "pagpapakilos" ay "tiyakin na nasa kalagayan ng kahandaan para sa paglilingkod sa hukbo." Sa bahagi ng "Pagpapakilos" ng kursong ito sa Ikasampu hanggang Ikalabing tatlong Kabanata, matututuhan mo ang tungkol sa paglusob at pagsasanggalang sa digmaan, paano gamitin ang mga kasangkapan ng pakikibaka, at ang mga katumbas sa larangang espirituwal ng mga likas na ginagawa sa digmaan.

### PAGSAKOP:

Sa pagsakop, ang isang hukbo ay pumapasok sa teritoryo ng kaaway upang matalo ang kaaway at sakupin ang teritoryo nito. Ang paunang pagsasanay ay walang silbi kung hindi magagamit ang natutuhan sa aktuwal na labanan. Kahit ang isang hukbong kompleto sa kasangkapan ay di sapat kung ito ay nakahinto lamang sa tabi. Upang maging mabisa sa pakikibaka, dapat mong pasukin ang teritoryo ng kaaway. Ang "pagsakop" ay tinatalakay sa Ikalabing apat hanggang Ikalabing siyam ng Kabanata, at dito'y papasukin mo ang teritoryo ng kaaway, ang sanglibutan, ang laman at ang Diablo. Pagaaralan mo ang labanan sa isip, sa dila, sa kabila pa ng muog, sa dakong kaitaasan, at mga teritoryong pinaglalabanan. Sa bawat isa sa mga araling ito, ang mga estratehiya ni Satanas ay kinikilala at ang mga pangontrang estratehiya sa paggapi sa kaaway ay inilalahad.

**HIGIT NA MAUNLAD NA PAGSASANAY PARA SA PAKIKIBAKANG ESPIRITUWAL:**

Pagkatapos ng unang karanasan sa pakikilaban, ang mga kawal ay karaniwan nang tumatanggap ng dagdag na pagasasanay sa mga tukoy na larangan ng pakikibaka. Ang bahaging ito ng manwal ay pinamagatang "Spiritual Warfare Advanced Training" at ang mga initials nito ay "SWAT." Sa militar ang SWAT ay isang grupo ng mga piling kawal na ginagamit sa mga mahihirap na misyon. Sa dagdag na pagsasanay na bahagi ng manwal na ito matututuhan mo ang tungkol sa paglilipat ng espiritu, paano mo tutulungan ang mga bihag at labi ng digmaan, at paano makikitungo sa mga kapangyarihan ng demonyo. Matututuhan mo rin kung paano matalo sa laban at manalo sa digmaan.

**HULING TAGUBILIN:**

Sa "huling tagubilin" sa Ikadalawangput anim na Kabanata ay pagaaralan mo "ang huling pagtutuos" na siyang magdadala sa pangwakas na digmaan tungo sa matagumpay na pagtatapos.

**APENDISE:**

Sa apendise ng manwal na ito, sisiyasatin mo ang tala ng kasaysayan ng mga "Mahahalagang Digmaan Sa Biblia" sa pagpapatuloy mo ng paghasa ng iyong kakayahan sa pakikibakang espirituwal.

## MGA ARALIN

Bawat aralin sa manwal na ito ng digmaan ay binalangkas ayon sa sumusunod:

**MGA LAYUNIN:**

May mga mithiin sa pakikibakang espirituwal na dapat mong maabot sa pagaaral ng araling ito.

**SUSING TALATA MULA SA "ARTICLES OF WAR".**

Pagka ang isang bansa ay nagdeklara ng pakikidigma, gumagamit sila ng "Articles Of War." Ipinapaliwanag ng dokumentong ito kung bakit sila nakikipagdigma, tinutukoy ang kaaway, at

sinasabi ang mga layunin ng digmaan. Ang Biblia ang nasulat na Salita ng nagiisang tunay na Diyos, ang Pinuno ng hukbong espirituwal. Napapaloob sa Biblia ang ating “Articles Of War” para sa pakikibakang espirituwal. Sa bawat aralin, ang “Susing Talata Mula Sa Articles of War” ang nagbibigay diin sa pangunahing isipan ng aralin.

**PAMBUNGAD:**

Ibinibigay sa pambungad ang pangkalahatang pagtanaw sa nilalaman ng kabanata.

**ARALIN:**

Ito naman ang naghaharap ng mga “tagubiling militar” para sa kabanata. Ang “tagubilin” ay isang panahon na itinakda bago ang pakikilaban na nagbibigay ng mga kailangang impormasyon para sa isang mabisang pakikilaban.

**INSPEKSYON:**

Sa karaniwang hukbo, ang “inspeksyon” ay karaniwang ginagawa upang tiyakin ang mga kahandaan at kakayahan ng mga kawal. Ang bahaging “inspeksyon” ng bawat kabanata ay isang pagsisiyasat kung naabot mo ang mga layunin ng aralin.

**MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA:**

Sa panahon na ang mga taktika ng pagmamaniobra ay ginagamit sa hukbo, ginagamit ng mga kawal ang kanilang mga natutuhan sa aktuwal na kalagayang pakikibaka. Ang bahaging ito ng aralin ay nagkakaloob ng pagkakataong gamitin mo ang iyong napagaralan at pagaralan ang ibang mga materyales na kaugnay ng aralin.

## HANDA KA NA BA?

Ang pagsisiwalat ng Biblia tungkol sa ating kaaway at ang kaniyang mga estratehiya ay isa sa pinakadakilang kapahayagan ng Salita ng Diyos. Lalong dakila ang kapahayagan na bilang mga mananampalataya, may kapangyarihan tayo laban sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway. Ang manwal na ito ay hindi naman kumpletong pagaaral sa paksa ng pakikibakang espirituwal, subalit ito ay isang malalim na pagsusuri ng Kasulatan. Kung paano sa natural na labanan, ang kakayahang makibaka ay lumalago habang ikaw ay lumalahok sa labanan.

# MGA LAYUNIN

Pagkatapos pag-aralan ang kursong ito ikaw ay may kakayahang:

- Tukuyin ang dalawang kahariang espirituwal.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng “pakikibakang espirituwal.”
- Kilalanin ang mga dahilan ng dakilang labanang espirituwal na ito.
- Tukuyin ang mga pwersang espirituwal ng kabutihan.
- Tukuyin ang mga pwersang espirituwal ng kasamaan.
- Kilalanin ang mga etratehiya ni Satanas.
- Mabisang gamiting ang mga espirituwal na pangontrang estratehiya.
- Iangkop ang mga katumbas ng likas na larangan sa larangang espirituwal.
- Gumamit ng mga panglusob at pangsangga na mga kasangkapang espirituwal.
- Mawari kung may “demon possession” ang isang tao.
- Maunawaan kung paano natatanggap ang pagpapalaya mula sa mga demonyo.
- Magwagi sa digmaan kahit matalo sa isang labanang espirituwal.
- Ilarawan ang huling pagtutuos na magbibigay wakas sa di nakikitang labanan.
- Kilalanin ang mga prinsipyo sa pakikibakang espirituwal sa mga mahahalagang digmaan sa Biblia.

# ANG TAWAG SA PAKIKIBAKA

## ISANG TAWAG PARA SA DI NAKIKITANG LABANAN

May isang malaking digmaan na nagaganap sa larangang espirituwal. Ito ay isang personal na laban na panloob sa pagitan ng laman at espiritu. Ito rin ay isang labanang pangkalahatan sa mga pwersa ng kasamaan sa sanglibutan. Ito ay isang labanang espirituwal kontra sa kapangyarihan ng kasamaan.

Sa Lumang Tipan, gumamit sila ng trumpeta upang tipunin ang bayan ng Diyos para sa pakikidigma. Ngayon, may espirituwal na tawag na tumutunog sa lahat ng mga bansa ng sanglibutan. Ito ay tawag para sa di nakikitang labanan. Ito ay tawag sa pakikibaka.

# UNANG KABANATA

## ANG DI NAKIKITANG LABANAN

**MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kursong ito ikaw ay may kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ipakita ng pagkaunawa sa natural at espirituwal na larangan.
- Bigyang kahulugan ang salitang "hari."
- Tukuyin ang dalawang kahariang espirituwal.
- Alamin kung saang kaharian ka kabilang.
- Tukuyin ang mga pwersang espirituwal ng kabutihan.
- Tukuyin ang mga pwersang espirituwal ng kasamaan.
- Ipaliwanag ang kahulugan ng "pakikibakang espirituwal."
- Tukuyin ang dahilan sa di nakikitang labanan.
- Tukuyin ang saligang prinsipyo ng pagunawa sa pakikibakang espirituwal.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. (Efeso 6:12)**

### PAMBUNGAD

Tulad ng iyong natutuhan sa pambungad ng kursong ito, may isang malaking labanan na nagaganap sa sanglibutan ngayon. Hindi ito pagtutunggali sa pagitan ng mga bansa, mga tribo, o pinuno ng gobyerno. Hindi ito pagaalsa o kudeta. Ito'y isang di nakikitang labanan na nagaganap sa larangang espirituwal.

Ipinahihiwatig ng kabanatang ito ang di nakikitang labanang kinasasangkutan ng bawat mananampalataya. Ito ay isang labanan na walang naka-uniporme, subalit lahat ay target. Ang tala ng kasaysayan at hula ng labanang ito ay napapaloob sa Salita ng Diyos, ang Biblia.

### ANG LIKAS AT ESPIRITUWAL NA MGA LARANGAN

Upang maunawaan mo ang di nakikitang labanang ito, kailangan mo munang maunawaan ang likas at espirtuwal na mga larangan. Ang tao ay nabubuhay sa dalawang daigdig. Ang likas na daigdig at ang daigidig na espirituwal.

Ang **likas** na daigdig ay yaong nakikita, nadarama, nahihipo, naririnig, o natitikman. Ito ay nahahawakan at namamasdan. Ang bansa, bayan, lungsod, o nayon na iyong tinitirahan ay bahagi ng likas na daigdig. Ikaw ay residente sa isang likas na kaharian na matatagpuan sa isang nakikitang kontinente ng sanglibutan. Nakikita mo ang mga tao na bahagi ng iyong palibot. Maaari kang makipagugnayan sa kanila. Maaari mong maranasan ang mga tanawin, tunog, at simoy sa palibot mo.

Subalit may isa pang daigdig na iyong ginagalawan. Ito ang larangang **espirituwal**. Hindi mo makikita sa pamamagitan ng iyong likas na mga paningin, subalit kasing tunay din ng likas na daigdig na iyong ginagalawan.

Binanggit ni Pablo ang tungkol sa katotohanan ng likas at espirituwal:

> **Mayroon namang mga katawan ukol sa langit, at may mga katawang ukol sa lupa. (I Corinto 15:40)**

Lahat ng tao ay may likas na katawan na nakatira rito sa likas na larangan, subalit ang tao ay mayroon ding espirtuwal na katauhan na may kaluluwa at espiritung walang hanggan. Ang tao ay katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang iyong katauhan espirituwal (kaluluwa at espiritu) ay bahagi ng larangang espirituwal kung paanong ang iyong katawan ay bahagi ng likas na larangan.

## PAGKILALANG ESPIRITUWAL

Sapagkat ang pakikibakang espirituwal ay espirituwal nga, dapat itong unawain na may isipang espirituwal. Sa ating likas, makasalanang kalagayan, hindi nating nauunawaan ang mga bagay na espirituwal:

> **Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu. ( I Corinto 2:14)**

Kakailanganin ang paggamit ng "pagkilalang espirituwal" upang maunawaan ang mga bagay na espirituwal.

Marahil ang pinakamagandang halimbawa ng likas at espirituwal na pagkilala ay natala sa II Hari sa Ikaanim na kabanata. Ito ay nagtala ng kasaysayan ng isang totoong labanan na dito ang tropa ng kalabang bansa na Siria ay pinalibutan ang isang maliit na bayan na Dotan na doon lumalagi ang propetang si Eliseo. Nang makita ng alipin ni Eliseo na si Gehazi ang malaking hukbo ng kaaway, siya'y natakot. Nanalangin si Eliseo na buksan ng Diyos ang mga matang espirituwal ni Gehazi upang makita niya ang hukbo naman ng Panginoon na nakapalibot sa kanila upang sila'y protektahan. Sa pagkakataong ito, binuksan talaga ng Diyos ang mga natural na mata ni Gehazi at binayaan ito na makita ang nakahihigit na pwersa ng Diyos na nakahanda sa pakikilaban.

Ang kasaysayang ito ng labanan sa Dotan ay tulad ng kalagayang espirituwal ng iglesia. May ilang tulad ni Eliseo, na malinaw na nakakakita sa larangang espirituwal. Alam nila na may labanan na nagaganap, natukoy nila ang kaaway, ang kinilala ang nakahihigit na pwersa ng Diyos na tumitiyak ng tagumpay. Mayroon namang iba tulad ni Gehazi, na sa kaunting udyok ay mabubuksan ang mga matang espirituwal at hindi na matakot pa at matalo ng kaaway. Subalit nakalulungkot, maraming mga tao ang tulad ng mga taga Dotan na nangatutulog sa kalagayang espirituwal. Ni hindi nila alam na napapalibutan na sila ng kaaway at ito ay handa nang sumalakay.

## DALAWANG KAHARIAN SA LARANGANG ESPIRITUWAL

Sa loob ng natural at espirituwal na mga larangan na ating binabanggit, may dalawang magkabukod na mga kaharian na pinangungunahan ng mga natural at espirituwal na mga liders.

### KAHARIANG NATURAL:

Ang lahat ng mga tao ay naninirahan sa kahariang natural ng sanglibutan. Sila ay naninirahan sa isang lungsod o nayon na bahagi ng isang bansa. Ang bansang iyan ay isang kaharian ng sanglibutan. Ang isang kahariang natural ay isang teritoryo o bayan na pinamumunuan ng isang hari o kaya ay isang lider politikal. Tinutukoy ng Biblia ang mga kahariang natural na ito bilang mga "kaharian ng sanglibutang ito." Ang mga kaharian ng sanglibutang ito ay napailalim sa kapangyarihan at impluwensya ni Satanas:

> **Muling dinala siya ng diablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa Kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila;**
>
> **At sinabi sa Kaniya, Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako. (Mateo 4:8-9)**

Ipinaalaala sa atin ng Biblia na ang buong sanglibutan ay kontrolado ng masama.

### KAHARIANG ESPIRITUWAL:

Bukod sa mga kahariang natural ng sanglibutan, ay may dalawang kahariang espirituwal: Ang Kaharian ni Satanas at ang Kaharian ng Diyos. Ang bawat taong nabubuhay ay residente ng isa sa alin man sa dalawang kaharian na ito.

Ang Kaharian ni Satanas ay binubuo ni Satanas, mga demonyo, at lahat ng mga taong nabubuhay sa kasalanan at paglaban sa Salita ng Diyos. Dagdag pa ang sanglibutan at ang laman, ito at ang mga pwersang espirituwal ng kasamaan na umiiral sa mundo ngayon.

Ang Kaharian ng Diyos ay binubuo ng Diyos Ama, si JesuCristo, ang Espiritu Santo, mga anghel, at lahat ng mga tao na namumuhay sa isang matuwid na pagsunod sa Salita ng Diyos. Ito ang mga pwersang espirituwal ng kabutihan.

Ang Kaharian ng Diyos ay hindi isang denominasyon. Ang mga denominasyon ay likha ng mga tao at samahan ng mga iglesia. Ang mga denominasyon ay natatag upang magkaroon ng kaayusan at pangangasiwa. Ang mga denominasyon ay ang mga kapulungan ng mga iglesia tulad ng Baptist, Assembly of God, Methodist, Lutheran, at iba pa. Binabanggit ng Biblia ang tunay na Iglesia na hindi naman isang denominasyon o samahan ng relihiyon. Ang tunay na Iglesia ay binubuo ng lahat ng mga taong pinaghaharian ng Diyos.

Sa kasalukuyan sa natural na daigdig, ang Kaharian ng Diyos ay nasa bawat isang lalake, babae, bata man o matanda na kinilala si Jesus na Hari ng kanilang buhay. Ang paghahari ng Diyos ay umiiral din sa lahat ng mga pulutong na nagsusumikap na ang kalooban ng Diyos ang siyang mangyari dito sa lupa. Sa hinaharap, magkakaroon mismo ng isang nakikitang kapahayagan ng Kaharian ng Diyos.

## ANG DI NAKIKITANG LABANAN

Sangkot ang lahat ng mga lalake at babae sa di nakikitang labanan. Sapagkat ang Kaharian ni Satanas ay isang kahariang espirituwal…

> **…ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. (Efeso 6:12)**

Ang pakikibakang espirituwal ay hindi isang natural na labanan ng laman at dugo. Hindi ito labanan ng tao sa tao. Ito'y isang labanang di nakikita. Hindi nakikitang pakikipagtunggali sa larangan ng mga espiritu. Ito ay isang labanan sa loob ng isang tao at sa paligid niya. Hindi ito nakikitang labanan sapagkat ang mga espiritu ang sangkot at natutuhan natin sa Lucas 24:39 na ang isang espiritu ay walang laman at mga buto.

Ang pakikibakang espirituwal ay maraming larangan, na ang ibig sabihin, ang labanan ay sa magkakaibang dako. Ito ay…

1. Isang panglipunang pakikibaka sa pagitan ng mananampalataya at ng sanglibutan: Juan 15:18-27.
2. Isang personal na pakikibaka sa pagitan ng laman at espiritu: Galacia 5:16-26
3. Isang espirituwal na pakikibaka sa pagitan ng mananampalataya at mga kapangyarihan ng masasamang espiritu: Efeso 6:10-27

Bawat isang taong buhay ay sangkot sa labanang ito, alam man niya o hindi. Hindi pwedeng wala kang kampihan. Ang hindi mananampalataya ay binihag ng kasamaan ng mga pwersa ng kaaway. Sila ay mga <u>biktima</u> ng digmaan.

Ang mga mananampalataya naman ay pinalaya na sa pamamagitan ni JesuCristo at sila ay mga <u>nanagumpay</u>, subalit sangkot pa rin sa labanan. Ang susing talata para sa kabanatang ito ay

nagsasaad na tayo (lahat ng mga mananampalataya) ay nakikibaka laban sa espirituwal na pwersa ng kasamaan.

Ang "pakikibaka" ay isang malapitang pakikipagtunggali. Lahat ay kasali sa labanang ito. Kung inaakala mo na bubuti ang lagay, nagkakamali ka. Hindi natatapos ang pakikibaka ng Cristiano.

## DAKO NG LABANAN

Ang di nakikitang labanan ay nagaganap dito sa lupa:

> **Hindi pumaparito (sa lupa) ang magnanakaw (si Satanas), kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito. (Juan 10:10)**

Nakikipaglaban si Satanas upang mapanatili ang kanyang kontrol sa mga kaharian ng sanglibutan. Hindi niya nais na ang mga ito ay mapailalim sa kapamahalaan ng Diyos. Nagaalab din ang labanan sa puso, isipan, at kaluluwa ng mga lakake at babae. Binubulag ni Satanas ang isipan ng mga di mananampalataya at sinasalakay naman ang mga mananampalataya sa mga larangan ng pagsamba, Salita ng Diyos, pangaraw-araw na buhay, at ang kanilang paglilingkod.

## PAANO NAGSIMULA ANG LABANAN

Ang di nakikitang labanan ay nagsimula sa kalangitan sa isang anghel na nagngangalang Lucifer na sa simula ay isang magandang anghel na nilalang ng Diyos at bahagi ng Kaharian ng Diyos. Nagpasiya si Lucifer na agawin ang Kaharian mula sa Diyos. Mababasa mo ang pagaalsa niya sa Isaias 14:12-17 at Ezekiel 28:12-19. Pagaaralan mo ito sa ibang bahagi ng kursong ito. Isang grupo ng mga anghel ang sumama kay Lucifer (tawag sa kanya ngayon ay Satanas) sa pagaalsang ito. Si Lucifer at ang mga sumama sa kanya na mga anghel ay pinalayas ng Diyos mula sa langit. Sila ay nagtayo ng sarili nilang kaharian dito sa lupa:

> **At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: Si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon ( si Satanas); at ang dragon at ang kanyang mga anghel ay nakipagbaka. ( Apocalipsis 12:7)**
>
> **At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya. (Apocalipsis 12:9)**

Nakilala si Lucifer bilang Satanas at ang mga demonyo naman ang mga anghel na sumama sa kanya. Ang demonyo ay maaaring sumapi sa tao, magpahirap, mamahala, at gamitin ang mga tao na kabilang sa Kaharian ni Satanas. Sila ang naguudyok sa mga tao na gumawa ng masama. Si Satanas ang siyang nangunguna sa mga demonyo sa kanilang mga masasamang gawain. Pinagsasanib niya ang mga makapangyarihang pwersang ito sa sanglibutan at laman upang labanan ang boong sangkatuhan.

## MGA DAHILAN SA KABILA NG DIGMAAN

Ang tao ay nilalang sa pasimula ayon sa wangis ng Diyos at para sa kaluwalhatian ng Diyos (Genesis 2). Ang di nakikitang labanan ay naganap sa unang pagtukso sa halamanan ng Eden (Genesis 3). Si Satanas ang nagudyok kay Adam at Eba na magkasala. Ang ibinunga nito ay minana ng lahat ng tao ang pagiging makasalanang likas at gumawa ng mga sari-sariling kasalanan dahil sa likas na ito:

> **Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala. (Romans 5:12)**

Nagbunga rin ito ng di nakikitang labanan sa pagitan ng tao at mga pwersa ng kasamaan:

> **At papagaalitin Ko ikaw (si Satanas) at ang babae (sangkatauhan), at ang iyong binhi (mga pwersa ng kasamaan) at ang kaniyang binhi (ang pwersa ng kabutihan na kinakatawan ng Panginoong JesuCristo… (Genesis 3:15)**

Dahil sa kasalanan, ang tao ay nahiwalay sa Diyos at hinatulang mamatay. Subalit inibig ng Diyos ang tao ng gayon na lamang, gumawa Siya ng isang tanging plano na iligtas ang tao mula sa kasalanan:

> **Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan,**
>
> **Sapagka't hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya. (Juan 3:16-17)**

Sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesus, paghahayag at pagsisisi ng kasalanan, ang mga lalake at babae ay makakaalpas mula sa kapangyarihan ng kaaway. Ang kamatayan at pagkabuhay na maguli ni Jesus ay di lamang nagbunga ng kaligtasan mula sa kasalanan. Ito rin ang tumalo sa kaaway na si Satanas:

> **…Sa bagay na ito'y nahayag ang anak ng Diyos, upang iwasak ang mga gawa ng diablo. (I Juan 3:8)**

Subalit kung natalo na si Satanas, bakit tuloy pa rin ang laban? Kasunod ng bawat digmaan ay may natitira palaging mga pulutong ng kaaway na tumatangging sumuko, mga patuloy na nagaalsang mga tropa hanggang sa ito ay gamitan na ng dahas. Bagamat tinalo na ni Jesus si Satanas, tayo ay nabubuhay sa teritoryo na okupado pa rin ng kaaway. Ang pagkaunawa natin sa

mga estratehiya ng pakikibakang espirituwal ang nagbibigay sa atin ng kakayahang makitungo sa mga kapangyarihan ng kasamaan na ito.

Nais ni Satanas na panatilihing bihag sa kasalanan ang mga tao. Sa pamamagitan ng mapangdayang paraan kanyang hinahalina ang mga lalake at babae sa panandaliang mga pita ng makasalanang pamumuhay. Tinutudla niya ang mga minamahal ng kaluluwa at espiritu na talagang dapat lamang sa Diyos:

> **Hindi pumaparito (sa lupa) ang magnanakaw (si Satanas), kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito. (Juan 10:10)**

Nais pa rin ni Satanas na siya ang nangingibabaw. Matindi ang pakikpaglaban niya upang mabihag ang puso, isipan, kaluluwa at espiritu ng tao. Ang kanyang mga estratehiya ay laban sa Diyos, sa plano at bayan ng Diyos. Ang labanan ay patuloy hanggang sa huling pagtutuos na iyong pagaaralan sa huling kabanata ng kursong ito.

## ANG KAHULUGAN NG PAKIKIBAKANG ESPIRITUWAL

Ang pakikibakang espirituwal ay ang pagsusuri at pakikilahok sa di nakikitang labanan. Kabilang dito ang pagaaral tungkol sa mga magkakatunggaling pwersa ng mabuti at masama, mga estratehiya ni Satanas, at mga estratehiyang espirituwal para mapagtagumpayan ang kaaway. Ang pakikibakang espirituwal ay hindi lamang pagsusuri ng mga prinsipyong espirituwal. Kabilang dito ang aktibong pakikilahok sa pakikibaka sa pamamagitan ng paggamit ng mga estratehiyang ito sa buhay at ministeryo.

Isa sa mga mabibisang estratehiya ni Satanas ay panatilihin ang mga mananampalataya na di alam ang kanyang mga pakana. Sinabi ni Pablo na mahalaga na malaman ang mga estratehiya ni Satanas…

> **… Upang huwag kaming malamangan ni Satanas: sapagka't kami ay hindi hangal sa kanyang mga lalang. (II Corinto 2:11)**

Dapat nating matutuhan ang lahat nang maaring alamin tungkol sa mga estratehiya ng pagsalakay ni Satanas. Kailangan din nating maunawaan ang batayan sa Kasulatan ng pagtatagumpay kay Satanas at sa mga pwersa ng kasamaan. Ang tawag sa atin ay katinuan sa pakikilaban. Ang batayan ng pagkaunawa ng pakikibakang espirituwal ay ang susing prinsipyong ito:

> *Dapat mong kilalanin na lahat ng mga pakikibaka sa buhay, maging ito ay pisikal, espirituwal, emosyonal, mental, o pinansyal o sa paguugali ng tao, ang mga ito ay anyong panglabas lamang ng isang usaping espirituwal.*

Bagamat sa buhay na ito ang mga problema ay waring sumisibol sa mga kaganapan sa buhay, ang batayan ng mga natural na pakikilabang ito ay nasa larangang espirituwal. Basahin ang kasaysayan ni Job (Una at Ikalawang Kabanata ni Job) na nagpapatunay ng prinsipyong ito.

Sinikap nating ituwid ang mga kasamaan ng mundong ito sa pamamagitan ng edukasyon, pagpapasa ng mga batas, at pagpapaganda sa palibot. Hindi ito naging mabisa sapagkat sa likuran ng mga nakikitang kasamaan sa sanglibutan ay mga dahilang espirituwal. Hindi ito maitutuwid sa pamamagitan ng mga likas na pamamaraan.

## KANGINONG KAHARIAN KA KABILANG?

Sa natural na daigdig ang hari ang namumuno sa kaharian. Ang buong nasasakupan at lahat ng mga tao ay nasa ilalim niya. Nasa kamay niya ang kapangyarihan sa buhay at kamatayan ng mga nasasakupan. Gayon din sa larangang espirituwal. Alin sa dalawa, ikaw ay kabilang sa Kaharian ng Diyos o sa Kaharian ni Satanas. Ang Diyos o si Satanas ang may kapangyarihan sa iyong buhay.

Isa sa mga talinhaga na isinaysay ni Jesus ang naglalarawan na ang lahat ng mga tao ay bahagi ng Kaharian ni Satanas o dili kaya ay ng Kaharian ng Diyos. Inihalintulad ni Jesus ang sanglibutan sa isang bukid. Ang mabuting binhi sa bukid ay ang mga anak ng Kaharian ng Diyos. Ang masamang binhi na naging panirang damo ay ang mga anak ng kalikuan.

> **At ang bukid ay ang sanglibutan; at ang mabuting binhi, ay ito ang mga anak ng kaharian: at ang mga pansirang damo ay ang mga anak ng masama. (Mateo 13:38)**

Ang mga tao ay napapasok sa Kaharian ni Satanas sa pamamagitan ng pagsilang sa daigdig. Itinuturo ng Biblia na ang lahat ng mga tao ay isinilang sa pagkakasala. Ang ibig sabihin nito ang mga tao ay may likas na kasalanan o ang “binhi” ng kasalanan ay nasa kaniya. Ang kanilang hilig ay gumawa ng masama:

> **Narito, ako’y inanyuan sa kasamaan; at sa kasalanana’y ipinaglihi ng aking ina. (Awit 51:5)**

> **Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa Sanglibutan, at ang kamataya’y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito’y ang Kamatayan ay naranasan ng mga tao, sapagka’t ang lahat ay nangagkasala. (Roma 5:12)**

> **Sapagka’t ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian Ng Diyos. (Roma 3:23)**

Sapagkat tayo ay isinilang na may likas na kasalanan, tayong lahat ay minsang naging bahagi ng Kaharian ni Satanas. Lahat nang nananatili sa pagiging makasalanan ay nananatiling bahagi ng Kaharian ni Satanas.

Ang buong mensahe ng nasulat na Salita ng Diyos, ang Banal na Biblia, ay ang panawagan sa tao na lumipat mula sa Kaharian ni Satanas tungo sa Kaharian ng Diyos. Ang mga tao ay isinisilang sa Kaharian ni Satanas sa pamamagitan ng kapanganakang likas. Sila ay kailangang ipanganak na muli sa Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng kapanganakang espirituwal. Ang pagpasok sa Kaharian ng Diyos ay sa pamamagitan ng karanasan ng kapanganakang muli na ipinaliwanag sa Juan 3.

Mayroon lamang dalawang panig sa di nakikitang labanan. Sinabi ni Jesus, "Ang hindi sumasaakin ay laban sa Akin" (Lucas 11:23). Hindi ka pwedeng tumayo sa gitna sa labanang espirituwal na ito. Ikaw ay sa isang panig at kalaban naman noong kabilang panig. Ang ilang mga mananamplataya, dahil sa takot na sila'y harapin ng kaaway , ay nagsisikap na bale walain ito at nakikipagkasundo sa pa kaaway. Iniisip nila na kung hindi nila papansinin si Satanas, hindi sila babalingan nito. Ito ang isa sa mga tampok na estratehiya ni Satanas. Sinisikap niya na paralisahin ang hukbo ng Diyos sa pamamagitan ng kaniyang pananakot.

Subalit sa labanang ito walang pwedeng lumagay sa gitna. Alin sa dalawa, ikaw ay biktima o mananagumpay. Ang "tawag sa pakikilaban" ay ipinalabas na…Ikaw ba ay nasa panig ng mabuti o ng kasamaan? Ikaw ba ay bahagi ng Kaharian ni Satanas o ng Kaharian ng Diyos? Kanginong kaharian ka kabilang? Ikaw ba ay biktima o mananagumpay sa di nakikitang labanan?

# INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa “Articles of War.”

2. Ano ang dalawang panig na binanggit sa I Corinto 15:44-49?

3. Ano ang dalawang di nakikitang kaharian sa sanglibutan ngayon?

4. Ilista ang mga pwersang espirituwal ng kasamaan.

5. Ilista ang mga pwersang espirituwal ng kabutihan.

6. Bigyang kahulugan ang salitang "hari."

7. Bigyang kahulugan ang salitang "kaharian."

8. Ano ang ibig sabihin ng mga salitang "pakikibakang espirituwal"?

9. Ano ang dahilan sa kabila ng malaking pagtutuos na espirituwal?

10. Ano ang saligang prinsipyo sa pagkaunawa sa pakikibakang espirituwal?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

# MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Ang kursong ito, "Mga Estratehiya Para Sa Pakikibakang Espirituwal" ay nakatuon sa Kaharian ni Satanas at ang labanang espirituwal na nagaganap sa pagitan ng kanyang kaharian at ng Kaharian ng Diyos. Ang kurso namang "Pamumuhay Na Pinaghaharian Ng Diyos" ng Harvestime International Institute ay nagdudulot ng buong pagaaral sa Kaharian ng Diyos (Kung ikaw ay nagaaral sa Harvestime Institute ayon sa mungkahing hilera ng mga kurso, napagaralan mo na ito.) Kung hindi ka naman naka-enrol sa Harvestime Institute, kailangan mong pagaralan din ang "Pamumuhay Na Pinaghaharian" bilang kasamang kurso ng kursong ito. Mahalaga na magkaroon ka ng pagkaunawa sa dalawang espirituwal na kaharian na nasa sanglibutan sa kasalukuyan.

2. Ang isang mabuting pundasyong espirituwal ay kailangan upang magtagumpay sa pakikibakang espirituwal. Kung ikaw ay bagong mananampalataya, pagaralan mo rin ang "Mga Saligan Ng Panamapalataya." (Kung ikaw ay nagaaral sa Harvestime Institute ayon sa mungkahing hilera ng mga kurso, napagaralan mo na rin ito.)

3. Sa palagay mo ba ay naging biktima ka ng pakikibakang espirituwal? Sa anong bahagi ng iyong buhay o ministeryo ka natatalo sa laban? Ikaw ba ay natatalo sa laban sa…

- Larangang espirituwal?
- Larangang emosyonal?
- Larangang pisikal?
- Larangan ng pagiisip?
- Larangan ng pananalapi?
- Sa kapwa mo tao?

Mahalaga na matukoy mo ang mga bahaging ikaw ay natatalo upang maiangkop mo ang mga karunungang nakuha mo sa pagaaral na ito sa iyong buhay at ministeryo.

4. Repasuhin ang kasaysayan sa II Hari 6 na tinalakay sa araling ito. May kilala ka bang mga tao na tulad ni Gehazi o yaong mga taga Dotan? Paano mo sila matutulungan?

5. Yamang ang pakikibakang espirituwal ay maraming mga larangan, kailangang personal tayong makilaban sa kasalanan, sa kasamaan sa lipunan, at sa pamamagitan ng "deliverance ministry."

6. Pagaralan ang Biblia bilang isang manwal ng pakikibakang espirituwal. Ito ay mga tala ng kasaysayan ng pakikibakang espirituwal, naghahayag ng mga pagkapanalo at pagkatalo sa mga

nakaraang labanan. Ito rin ay may mga hula, ipinakikita naman ang tutunguhan ng ating pakikibaka hanggang sa huling pagtutuos.

# PAGSANIB

## PAGIGING BAHAGI NG HUKBO NG DIYOS

Lahat ng mga hukbo sa natural na daigdig ay may patakaran ng pagsanib - mga tanging bagay na kailangan mong gawin upang ikaw ay sumanib sa sandatahang lakas.

Handa ka na ba na maging bahagi ng hukbo ng Diyos?

# IKALAWANG KABANATA

## PAGPAPALISTA SA HUKBO NG DIYOS

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Bigyang kahulugan ang "pagsisisi."
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagsisisi.
- Bigyang kahulugan ang "pagkahikayat."
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagkahikayat.
- Bigyang kahulugan ang "inaring ganap."
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng "maligtas."
- Gamitin ang talinhaga ng alibughang anak upang ilarawan ang pagsisisi at pagkahikayat.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Hindi Ako naparito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan sa pagsisisi. (Lucas 5:32)**

### PAMBUNGAD

Sa nakaraang kabanata natutuhan mo ang tungkol sa malaking di nakikitang labanan sa larangang espirituwal. Sa kabanatang ito pagaaralan mo naman kung paano ang pagpapalista sa hukbo ng Diyos. Sa natural na daigdig, ang mga hukbo ay may mga tanging rituwal ng pagpasok na kailangang lahukan ng isang kawal upang siya ay makabilang dito. Ang "pagsanib" na ito ang nagpapapasok sa kanya sa hukbo.

Ang Diyos ay may tanging plano para sa pagsanib upang ikaw ay maging bahagi ng Kanyang hukbong espirituwal. Ang Kanyang plano ay umiinog sa dalawang mahahalagang konsepto, pagsisisi at pagkahikayat, na nagbubunga ng pag-aaring ganap.

### PAGSISISI

Sa natural na larangan, kung ang isang kawal ay pumasok sa hukbo, kailangang iwaksi niya ang dating katapatan niya sa ibang hukbo o bansa. Sa pagpasok mo sa hukbo ng Diyos, kailangan mong magsisi sa kasalanan at iwaksi ang Kaharian ni Satanas. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pagsisisi.

Ang pagsisisi ay isang "pangloob na pasiya o pagbabago ng kaisipan na nagbubunga ng panglabas na hakbang ng pagtalikod sa kasalanan at paglapit sa Diyos." Tinatawag ito ng Gawa 20:21 bilang "pagsisisi sa Diyos." Sa pamamagitan ng hakbang ng pagsisisi tumatalikod ka sa iyong kasalanan at iniiwan mo ang Kaharian ni Satanas.

Ang pagsisisi ay isang pangsariling pasiya na baguhin ang katapatan sa Kaharian ni Satanas tungo sa Kaharian ng Diyos. Ang pagbabagong ito ng isip at pagtalikod sa kasalanan ay di mo magagawa sa iyong sarili lamang. Ang kapangyarihan ng Diyos ang siyang nagdudulot ng pagbabago sa kaisipan, puso at buhay ng isang makasalanan.

> **Kung gayo'y binigyan din naman ng Diyos ang mga Gentil ng pagsisisi sa ikabubuhay. (Gawa 11:18)**

Ang pagsisisi ay isang kaloob mula sa Diyos:

> **Siya'y [si Jesus] pinadakila ng Diyos ng Kaniyang kanang kamay upang maging Prinsipe at Tagapagligtas, upang magbigay ng pagsisisi… (Gawa 5:31)**

Bagamat ang emosyon ay sangkot sa pagsisisi, ang tunay na pagsisisi ay isang pasiya, hindi lamang emosyon. Ang pagkalungkot dahil sa kasalanan at pagluha ay di sapat. Kailangang ito ay may kasabay na pangloob na pasiya na nagbubunga ng panglabas na pagbabago.

## KAHALAGAHAN NG PAGSISISI:

Ang pagsisisi ay mahalaga sapagkat:

### Iniutos Ito Ng Diyos:

> **… datapuwa't ngayo'y ipinagutos Niya sa mga tao na mangagsisi silang lahat sa lahat ng dako. (Gawa 17:30)**

### Kailangan Ito Upang Makaiwas Sa Kamatayang Espirituwal:

> **… datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan. (Lucas 13:3)**

### Ito Ay Kinakailangan Tungo sa Buhay Na Walang Hanggan:

Sa pamamagitan ng pagsisisi ang kabayaran ng kamatayan ay inaalis at ipinagkakaloob ang buhay na walang hanggan:

**At nang marining nila ang mga bagay na ito, ay nagsitahimik sila, at niluwalhati ang Diyos na sinasabi, Kung gayo'y binigyan din naman ng Diyos ang mga Gentil ng pagsisisi sa ikabubuhay. (Gawa 11:18)**

**Ito ay Kailangan Para Sa Kapatawaran:**

Hindi mapapatawad ng Diyos ang iyong mga kasalanan malibang ikaw ay magsisi:

**At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo , at mangagpabautismo ang bawa't isa sa pangalan ni JesuCristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. (Gawa 2:38)**

**Ito Ang Nais Ng Diyos Para Sa Lahat:**

Hindi nais ng Diyos na ang sinoman ay makaranas ng kamatayang espirituwal na ito, ang pangwalang hanggang pagkahiwalay sa Diyos sa impyerno:

**…ang Panginoon…mapagpahinuhod sa inyo, na hindi Niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi lahat ay magsipagsisi. (II Pedro 3:9)**

**Ito Ang Dahilan Ng Pagparito Ni Jesus Sa Lupa:**

**Hindi Ako pumarito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang makasalanan sa pagsisisi. (Lucas 5:32)**

**Ito Ay Kailangan Upang Makapasok Sa Kaharian Ng Diyos:**

**Mula noon ay nagpasimulang mangaral si Jesus, at magsabi, Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit. (Mateo 4:17)**

Sa sandaling ikaw ay maging bahagi ng Kaharian ng Diyos, ikaw ay nalista na sa hukbo ng Diyos.

## PAGKAHIKAYAT

Pagka ikaw ay humingi ng kapatawaran ng kasalanan, nararanasan mo ang "pagkahikayat." Ang ibig sabihin ng pagkahikayat ay "bumaling." Kung ito ay kaugnay ng pagsisisi ayon sa Biblia, ang ibig sabihin ay "bumaling mula sa maling daan tungo sa tamang daan." Iiwan mo ang Kaharian ni Satanas at sasanib ka sa Kaharian ng Diyos.

**At marami sa mga anak ni Israel, ay papagbabaliking-loob niya sa Panginoon na kanilang Diyos. (Lucas 1:16)**

**At siya'y nakita ng lahat ng mga nananahan sa Lidda at sa Sarona, at sila'y nangagbalik-loob sa Panginoon. (Gawa 9:35)**

> **At sumasa kanila ang kamay ng Panginoon: at ang lubhang marami sa nagsisisampalataya ay nangagbalik-loob sa Panginoon. (Gawa 11:21)**

Ang pagkahikayat ay ang pagbaling mula sa kadiliman ng kasalanan tungo sa liwanag ng katuwiran ng Diyos:

> **…upang sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman…(Gawa 26:18)**

Ito ay ang pagtalikod sa kapangyarihan ni Satanas tungo sa Diyos:

> **… upang sila'y mangagbalik…mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Diyos…(Gawa 26:18)**

Ito ay ang pagtalikod sa makamundong mga bagay tungo sa mga bagay na banal:

> **…upang mula sa mga bagay na itong walang kabuluhan ay magsibalik kayo sa Diyos na buhay…(Gawa 14:15)**

Ito ay pagtalikod mula sa mga diyos-diyosan tungo sa tunay at buhay na Diyos:

> **… at kung paanong nangagbalik kayo sa Diyos mula sa mga diosdiosan, upang mangaglingkod sa Diyos na buhay at tunay. ( I Tesalonica 1:9)**

## ANG KAHALAGAHAN NG PAGKAHIKAYAT

Ang pagkahikayat ay laging may kasamang pagsisisi. Kailangang bumaling ka mula sa mali tungo sa tama dahilan sa…

### Ito Ay Kailangan Upang Makapasok Sa Kaharian Ng Diyos:

> **At sinabi, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit. (Mateo 18:3)**

### Ito Ay Nagliligtas Mula sa Kamatayang Espirituwal:

> **Ay alamin nito na ang nagpapabalik-loob sa isang makasalanan, mula sa kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan, at magtatakip ng karamihang kasalanan. (Santiago 5:20)**

### Ito Ay Kailangan para Sa Pagpawi Ng Kasalanan:

Ang iyong mga kasalanan ay natala sa talaan ng Diyos hanggang sa ikaw ay magsisisi at mahikayat, pagkatapos ang iyong mga kasalanan ay papawiin:

**Kaya nga mangagsisi kayo, at mangagbalik-loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan. (Gawa 3:19)**

## ANG ALIBUGHANG ANAK

Ang pagsisisi at pagkahikayat ay nailarawan ng maliwanag sa pamamagitan ng isang kasaysayang inilahad ni Jesus tungkol sa alibughang anak. Basahin ang kuwento sa Lucas 15:11-24. Nilisan ng anak na ito ang kanyang ama at tahanan, pumunta sa isang malayong lupain, at sa pagkakasala ay nilustay ang lahat ng kanyang tinatangkilik. Sa wakas ay napagwari ng anak ang kanyang kalagayan. Siya ay gutom, nalulungkot, gulanit ang damit, at namasukan bilang tagapagalaga ng baboy. Di nagtagal at gumawa siya ng isang pasiya. Sinabi niya, "Ako ay magtitindig at babalik sa aking ama." Ang pangloob na pasiyang ito ay nagdulot ng panglabas na pagbabago sa kanyang kilos. Umuwi siya sa kanyang ama upang humingi ng kapatawaran.

### PAGSISISI…PAGBABAGO NG ISIP:

Basahin ang Lucas 15:17-19. Kinilala ng binata ang kaniyang makasalanang kalagayan. Gumawa siya ng pasiya na bumalik sa kanyang ama at magsisi ng kanyang mga kasalanan. Ito ang halimbawa ng pagsisisi, isang pangloob na pasiya na nagbubunga ng panglabas na pagkilos.

### PAGKAHIKAYAT…PAGKILOS AYON SA PASIYA:

Itinala ng Lucas 15:20 kung paanong ang binatang ito ay nagtindig at iniwan ang dating buhay at umuwi sa kaniyang ama upang magsimula ng isang bagong buhay. Ito ang pagkahikayat.

### ALIBUGHANG TAO:

Ang tao ay tulad ng alibughang anak. Sa kanyang makasalanang kalagayan siya ay tumalikod sa Diyos na kaniyang Ama at sa langit na kaniyang tahanan. Bawat hakbang niya ay palayo sa Diyos at palapit naman sa kamatayang espirituwal na walang hanggang pagkahiwalay sa Diyos. May isang malaking pasiya na dapat niyang gawin. Dapat siyang "makapagisipisip" at kilalanin ang kanyang kalagayang espirituwal. Kailangang gumawa siya ng isang pasiya na magbubunga na pagbabago sa kanyang espirtuwal na direksyon.

## PAG-AARING GANAP AT KALIGTASAN

May dalawa pang mga salita na ginamit sa Biblia na kaugnay ng pagsisisi. Ang mga salitang ito ay "pagaaring ganap" at "kaligtasan." Ang Diyos ang Hukom ng lahat ng buong sangkatauhan. Kung ikaw ay namumuhay sa kasalanan, ikaw ay hinatulan na sa harapan Niya:

**… ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Diyos.**

**At ito ang kahatulan, na naparito ang ilaw sa sanglibutan, at inibig pa ng mga tao ang kadiliman kay sa ilaw; sapagka't masasama ang kanilang mga gawa.**
**(Juan 3:18-19)**

Pagka ikaw ay nagsisi ng kasalanan at nagpasiya na bumaling mula sa iyong makasalanang lakad, ito ang lumilikha ng tamang relasyon sa Diyos. Ang tamang relasyong ito o ang tamang kalagayan natin sa harap ng Diyos ay tinatawag na "pagaaring ganap":

**Hindi baga ninyo nalalaman, na kung kanino ninyo inihandog ang inyong mga sarili sa pinaka alipin upang tumalima ay kayo'y mga alipin niyaong inyong tinatalima; maging ng kasalanan sa ikamamatay, maging ng pagtalima sa ikapagiging matuwid?**

**Datapuwa't salamat sa Diyos, na, bagama't kayo'y naging mga alipin ng kasalanan, Kayo'y naging mga matalimahin sa puso doon sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo;**

**At yamang pinalaya kayo sa kasalanan ay naging mga alipin kayo ng katuwiran.**
**(Roma 6:16-18)**

Pagka ikaw ay inaring ganap sa pamamagitan ng pagsisisi at pagkahikayat, ikaw ay "naligtas" mula sa isang buhay ng kasalanan gayon din sa kabayaran nito. Ito ang ibig sabihin ng maging "ligtas" at siyang ginagamit ng Biblia sa pagbanggit ng salitang "kaligtasan."

## PAKIKIBAKANG ESPIRITUWAL AT ANG PANANAW AYON SA BIBLIA

Ang paksa ng pakikibakang espirituwal ay kailangang pagaralan bilang kabahagi ng buong layunin ng Diyos para sa katubusan ng makasalanang sangkatauhan. Pagaralan ang talinhaga ng manghahasik at ang panirang damo na katabi ng trigo sa Mateo 13. Ang dalawang talinhagang ito ay tungkol sa paglago ng Kaharian ng Diyos na nagaganap sa pagtatanim ng Salita ng Diyos. Ang dalawang talinhaga ay parehong naglalarawan ng labanan sa pagitan ng dalawang kaharian na naka sentro sa layunin ng katubusan ng Diyos.

Ang pagkatuto sa pakikibakang espirtuwal ang naghahanda sa iyo na pumasok sa larangan ng sanglibutang ito at makibaka para sa mga kaluluwa ng mga lalake at babae, matanda at bata. Ito ang dahilan kung bakit ang kapamahalaan laban kay Satanas ay ipinagkaloob sa mga alagad bago sila sinugo upang ibahagi ang ebanghelyo (Mateo 28:18-20). Si Satanas at ang kanyang hukbo ng mga demonyo ay lalaban sa iyo sa iyong pagnanais na mahikayat ang mga tao kay Cristo at dalhin sila sa ilalim na paghahari ng Diyos. Ang paggamit ng mga estratehiyang espirituwal na ayon sa Biblia ang tutulong sa iyo na hamunin ang mga pamunuan at kapangyarihan na naghahari sa buhay ng mga tao, lipunan, at mga dako sa daigdig.

## PAGSANIB SA HUKBO NG DIYOS

Ang pagsisisi at pagkahikayat ang nagbubunga ng pagkaaring ganap at kaligtasan. Ito ang plano ng Diyos para sa pagsanib sa Kaniyang hukbo.Kung hindi ka pa nasasanib sa hukbo ng Diyos, ang bahagi ng “Mga Taktika Sa Pagmamaniobra” sa araling ito ay magdudulot sa iyo ng pagkakataon na sumanib. Kung ikaw ay kabilang na sa hukbo ng Diyos, ang bahaging ito ay makatutulong sa iyo upang matulungan ang iba na masanib.

Welcome sa hukbo ng Diyos!

# INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa “Articles of War.”

2. Bigyang kahulugan ang “pagsisisi.”

3. Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagsisisi.

4. Bigyang kahulugan ang “pagkahikayat.”

5. Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagkahikayat.

6. Bigyang kahulugan ang “pagaaring ganap.”

7. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng “ligtas.”

8. Gamitin ang talinhaga ng alibughang anak upang ilarawan ang pagsisisi at pagkahikayat.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

# MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Ikaw ba'y nakapagsisi at nahikayat na? Kung hindi pa, kailangang huminto ka muna sandali sa pagaaral mong ito at gawin ang mga sumusunod:

- Magsisi sa iyong mga kasalanan.
- Hilingin mo kay Jesus na patawarin ka.
- Tanggapin mo Siya bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas.
- Talikuran mo ang mga makasalanan mong gawa ( maging hikayat ka).

2. Bilang isang mananampalataya, kung ikaw ay magkasala, kailangan mo ring magsisi. Pagaralan ang mga sumusunod na halimbawa sa Biblia:

**MGA TAGA CORINTO:**

Ang mga mananampalataya sa lunsod ng Corinto ay kinailangang magsisi:

> **Ngayo'y nagagalak ako, hindi dahil sa inyong pagkalumbay, kundi dahil sa inyong mga pagkalumbay na ikapagsisisi…(II Corinto 7:9)**
>
> **Natatakot nga ako… pagka ako'y dumating na muli …ako'y malumbay dahil sa marami sa nangagkasalang una, at hindi nangagsisi sa karumihan at sa pakikiapid at sa kalibugan na ginawa nila. (II Corinto 12:20-21)**

**MGA TAGA EFESO:**

Ang mga mananampalataya sa Efeso ay sinabihan na magsisi:

> **Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang iyong mga unang gawa. (Apocalipsis 2:5)**

**MGA CRISTIANO SA PERGAMO:**

Sinabi ng Diyos sa mga Cristiano sa Pergamo:

> **Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling pariiyan Ako sa iyo, at babakahin Ko sila ng tabak ng aking bibig. (Apocalipsis 2:16)**

**MGA CRISTIANO SA SARDIS:**

> **Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. (Apocalipsis 3:3)**

**<u>MGA CRISTIANO SA LAODECEA:</u>**

> **Ang lahat Kong iniibig, ay Aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi. (Apocalipsis 3:19)**

**<u>IKAW NAMAN…</u>**

May kasalanan ba sa iyong buhay na hindi mo pa naipapahayag? Saan man may kasalanan, kailangan ang pagsisisi:

> **Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin.**
>
> **Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. (I Juan 1:8-9)**

3. Sapagkat ang pagsisisi ay kailangan para sa kaligtasan, gumawa ang Diyos ng isang tanging plano upang ang mensahe ng pagsisisi at makaabot sa bawat isa. Ang tawag sa pagsisisi ay nagsimula sa Bagong Tipan sa ministeryo ni Juan Bautista:

> **Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang Kaniyang mga landas.**
>
> **Dumating si Juan, na nagbabautismo sa ilang at ipinangaral ang bautismo ng pagsisisi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. (Marcos 1:3-4)**

Ang pagsisisi ang unang mensaheng ipinangaral ni Jesus:

> **Pagkatapos ngang madakip si Juan, ay napasa Galilea si Jesus na ipinangangaral ang evangelio ng Diyos,**
>
> **At sinasabi, Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Diyos: kayo'y mangagsisi, at magsisampalataya sa evangelio. (Marcos 1:14-15)**

Ang pagsisisi ay ipinangaral ng mga mananampalataya sa unang iglesia:

> **At sila'y nangagsialis, at nagsipangaral na mangagsisi ang mga tao. (Marcos 6:12)**
>
> **…Na sinaksihan ko sa mga Judio at mga Griego ang pagsisisi sa Diyos, at ang pananampalataya sa ating Panginoong JesuCristo. (Gawa 20:21)**

Ngayon, ang mga mananampalataya ay may pananagutan pa rin na ipangalat ang mensahe ng pagsisisi sa buong sanglibutan. Ibinigay ni Jesus sa Kaniyang mga alagad ang huling tagubilin na…

> **…ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jesrusalem. (Lucas 24:47)**

Ang totoo, pagka ipinangaral mo ang mensahe ng pagsisisi, tinatawagan mo ang iba na malista sa hukbo ng Diyos. Gagawa ka ba ng pagtatalaga na sisimulan mong halinahin ang iba na masanib sa malaking hukbong espirituwal na ito?

4. Kung ikaw ay may pananagutang ibahagi ang mensahe ng pagsisisi at tawagin ang iba upang magpalista sa hukbo ng Diyos, kailangan mong malaman kung paano hikayatin ang mga tao na magsisi. Ang mga tao ay nagsisisi dahil sa:

**ANG KABUTIHAN NG DIYOS:**

Ang pagpapala ng Diyos sa buhay ng isang di mananampalataya ay di dapat pagkamalan na pagsangayon ng Diyos sa stilo ng kanyang buhay. Ang kabutihan ng Diyos ang isa sa mga paraan ng Diyos sa Kanyang paghimok sa mga tao na lumapit sa Kanya:

> **O hinamak mo ang mga kayamanan ng Kaniyang kabutihan at pagtitiis at pagpapahinuhod, na hindi mo nalalaman na ang kabutihan ng Diyos ay siyang umaakay sa iyo sa pagsisisi? (Roma 2:4)**

**PANGANGARAL:**

Ang pangangaral ng Salita ng Diyos ang naguudyok sa mga tao na magsisi. Ang pangangaral ni Jonas ay nagbunga ng pagsisisi ng buong lungsod ng Nineve:

> **Magsisitayo sa paghuhukom ang mga tao sa Nineve na kasama ng lahing ito, at ito'y hahatulan: sapagka't sa pagsisisi sa pangangaral ni Jonas. (Mateo 12:41)**

**TAWAG NI CRISTO:**

Habang ipinapangaral ang Salita ng Diyos, ang mga tao ay nakakarinig at tumutugon sa tawag ni Cristo na tumutungo sa pagsisisi:

> **Sapagka't hindi Ako naparito upang tumawag ng mga matuwid, kundi ng mga makasalanan. (Mateo 9:13)**

**ANG DIYOS AMA:**

Sinabi ni Jesus na walang sinomang tao na makalalapit sa Kaniya maliban halinahin siya ng Ama. Hinahalina ng Diyos ang mga tao sa pagsisisi:

> **Walang taong makalalapit sa Akin, maliban nang ang Amang nagsugo sa Akin ang sa kaniya'y magdala… (Juan 6:44)**

**PAGSAWAY:**

Ang pagsaway ay nagdudulot din ng pagsisisi. Ang pagsaway ay pagtutuwid na bigay ng Salita ng Diyos:

> **…Kung magkasala ang iyong kapatid, sawayin mo siya; at kung siya'y magsisi, patawarin mo siya. (Lucas 17:3)**

**BANAL NA KALUMBAYAN:**

Ayon sa iyong natutuhan, ang pagsisisi ay may kasamang emosyon. Ang natural na emosyon lamang ay di tunay na pagsisisi, subalit ang banal na kalumbayan ay tungo sa pagsisisi:

> **Sapagka't ang kalumbayang (para sa kasalanan) galing sa Diyos, ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas. (II Corinto 7:10)**

# PAUNANG PAGSASANAY

## PAGHAHANDA PARA SA DIGMAAN

Sa natural na daigdig, walang kawal na ipinadadala sa labanan na hindi muna binibigyan ng paunang pagsasanay. Ang programang ito ng pagsasanay ang naghahanda sa kaniya na pumasok sa larangan ng labanan.

# IKATLONG KABANATA

## ANG PUNONG KUMANDER: ANG PANGINOON NG MGA HUKBO

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Tukuyin ang mga pwersang espirituwal ng kabutihan.
- Tukuyin ang mga personalidad ng Trinity.
- Ilarawan ang kaurian ng Diyos sa Tatlong Persona.
- Ipaliwanag ang tungkulin ng Diyos Ama sa pakikibakang espirituwal.
- Magbigay ng buod ng mga tungkulin ni JesuCristo sa pakikibakang espirituwal.
- Magbigay ng buod ng mga tungkulin ng Espiritu Santo sa pakikibakang espirituwal.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Diyos ay isang Panginoon.**
> **( Deuteronomio 6:4)**

### PAMBUNGAD

Sa Unang Kabanata, natutuhan mo na may isang malaking labanang espirituwal na nagaganap sa pagitan ng pwersa ng kabutihan at kasamaan. Ang araling ito at ang susunod ay naglalarawan ng mga pwersang espirtuwal ng kabutihan. Kabilang dito ang Diyos Ama, si JesuCristo ang Anak, ang Espiritu Santo, at ang mga anghel. Sila ay mga makapangyarihang pwersang espirituwal na tumutulong sa mga mananampalataya sa pakikibaka.

### TRINITY NG DIYOS

Maraming mga diosdiosan na sinasamba sa buong daigdig, subalit mayroon lamang isang tunay na Diyos. Napapaloob sa Biblia ang kasaysayan ng tunay na Diyos na ito. Ang isang Diyos na ito na nahayag sa tatlong persona ay ang Ama, ang Anak na si JesuCristo, at ang Espiritu Santo.

Ang Diyos Ama, si JesuCristo at ang Espiritu Santo ay inilarawan sa Biblia ayon sa Kanilang kaurian. Ang ibig sabihin ng "kaurian" ay ang mga lantay na mga katangian na naglalarawan sa Diyos. Ang mga katangiang ito ay masasabi nating "asal" ng Diyos.

Inihayag ng Biblia na ang Diyos ay…

**<u>TATLONG PERSONA:</u>**

Ang KaDiosan ay may tatlong persona. Ang ibig sabihin nito, bagamat Siya ay isang Diyos, Siya ay nahayag sa tatlong tiyak na mga persona.

> **Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Diyos ay isang Panginoon. (Deuteronomio 6:4)**

Ang tatlong persona ng KaDiosan (Trinity) ay tinatawag na Diyos Ama, JesuCristo ang Anak, at ang Espiritu Santo. May ilang mga Kasulatan na nagpapatibay sa tatlong persona ng KaDiosan. Noong si Jesus ay bautismuhan sa tubig ni Juan Bautista sa ilog ng Jordan, nangusap ang Diyos Ama mula sa langit, at ang Espiritu Santo ay bumaba sa wangis ng kalapti:

> **At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka'y umahon sa tubig: at narito, nangabuksan sa Kaniya ang mga langit, at nakita Niya ang Espirtu ng Diyos na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa Kaniya;**
>
> **At narito, ang isang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong lubos na kinalulugdan. (Mateo 3:16-17)**

Bago nagbalik si Jesus sa langit pagkatapos ng Kaniyang ministeryo sa lupa, sinabi ni Jesus ang tungkol sa pagdating ng Espiritu Santo mula sa Diyos Ama:

> **Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, na Aking susuguin sa inyo mula sa Ama, sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay Siyang magpapatotoo sa Akin. (Juan 15:26)**

Binanggit din ni Apostol Pedro ang tungkol sa KaDiosan (tatlong persona ng Diyos):

> **Kung kayo'y mapintasan dahil sa pangalan ni Cristo, ay mapapalad kayo; sapagka't ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Diyos ay nagpapahingalay sa inyo. ( I Pedro 4:14)**

Si Apostol Pablo naman ay binanggit din ang tungkol sa Trinity sa kanyang mga sulat:

> **Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng buhay na na kay Cristo Jesus ay pinalaya ako sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.**
>
> **Sapagka't ang hindi magawa ng kautusan, na mahina sa pamamagitan ng laman, sa pagsusugo ng Diyos ng Kaniyang sariling Anak na nag-anyong lamang salarin at**

**dahil sa kasalanan ay hinatulan ng Diyos, sa laman ang kasalanan. (Roma 8:2-3)**


**Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Diyos, at ang pakikipisan ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat. (II Corinto 13:14)**

**Sapagka't sa pamamagitan Niya tayo'y may pagpasok sa isang Espiritu rin sa Ama. (Efeso 2:18)**

Pinagtibay din ng Aklat ng Gawa ang KaDiosan ng Diyos sa tatlong persona:

**Palibhasa nga'y pinarangal ng kanang kamay ng Diyos, at tinanggap na sa Ama ang pangako ng Espiritu Santo, ay ibinuhos Niya ito, na inyong nakikita at naririnig. ( Gawa 2:33)**

Narito ang isang diagram na naglalarawan ng tatlong persona ng KaDiyosan:

Anak  Espiritu Santo

Ama

## WALANG HANGGAN:

Ang tatlong persona ng KaDiyosan (Trinity) ay walang hanggan at ito ay walang pasimula at walang wakas:

**Panginoon, Ikaw ang naging tahanang dako namin sa lahat ng sali't saling lahi.**

**Bago nalabas ang mga bundok, O bago Mo nilikha ang lupa at sanglibutan, Mula nga ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan, Ikaw ang Diyos. (Awit 90:1-2)**

**At nagtanim si Abraham ng isang punong kahoy na tamaring sa Beer-seba, at sinambitla doon ang pangalan ng Panginoong Diyos na walang hanggan. (Genesis 21:33)**

Ang walang hanggang kaurian ng Diyos ay nailarawan sa pamamagitan ng isang bilog. Ang bilog ay walang mababakas na pasimula o wakas, gayon man ito ay isang katunayan:

Ang Walang Hanggang Kaurian ng Diyos

**ISANG ESPIRITU:**

Ang Diyos ay espiritu. Ang ibig sabihin ay wala siyang laman at dugo at kung gayon ay di nakikita ng mga natural na mga mata ng tao:

> **Ang Diyos ay Espiritu: at ang mga sa Kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at katotohanan. (Juan 4:24)**

**PINAKAMAKAPANGYARIHAN:**

Ang Diyos ang pinakamakapangyarihan sa buong sansinukob. Basahin ang Efeso 1 at Roma 9.

**SUMASALAHAT NG DAKO:**

Ang ibig sabihin nito ay ang Diyos ay nasa lahat ng dako:

> **Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nagsisiyasat sa palibot ng buong lupa… (II Cronica 16:9)**
>
> **Ang mga mata ng Panginoon ay nasa bawa't dako, na nagbabantay sa masama at mabuti. (Kawikaan 15:3)**
>
> **Saan ako paroroon na mula sa Iyong Espiritu? O saan ako tatakas na mula sa Iyong harapan?**
>
> **Kung sumampa ako sa langit nandiyan Ka: Kung gawin ko ang aking higaan sa Sheol, narito, Ikaw ay nandoon. (Awit 139:7-8)**

**MARUNONG SA LAHAT:**

Ang ibig sabihin nito, alam ng Diyos ang lahat:

> **…at Iyong kilala ang lahat kong mga lakad. (Awit 139 4)**
>
> **…Ang Diyos ay lalong dakila kay sa ating puso, at nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay. (I Juan 3:20)**

**…Nguni't ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa harapan ng mga mata Niyaong ating pagsusulitan. (Hebreo 4:13)**

**HIGIT SA LAHAT ANG KAPANGYARIHAN:**

**…Ako ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat…(Genesis 17:1)**

**… sa Diyos ang lahat ng mga bagay ay mangyayari. (Mateo 19:26)**

**… sapagka't naghahari ang Panginoong ating Diyos na Makapangyarihan sa lahat. (Apocalipsis 19:6)**

**Ang Diyos ay nagsalitang minsan, makalawang aking narinig ito; na ang kapangyarihan ay ukol sa Diyos. (Awit 62:11)**

**HINDI NAGBABAGO:**

Ang Diyos ay di nagbabago sa Kaniyang persona, kaurian, layunin, o plano man.

**Sapagka't Ako, ang Panginoon, ay hindi nagbabago…( Malakias 3:6)**

**Si JesuCristo ay Siya ring kahapon at ngayon, oo at magpakailanman. (Hebreo 13:8)**

**BANAL:**

Ang Diyos ay walang kasalanan, sakdal na dalisay:

**…Kayo'y magpakabanal; sapagka't Akong Panginoon ninyong Diyos ay banal. (Levitico 19:2)**

**MAKATARUNGAN:**

Ang Diyos ay patas at walang kinikilingan sa Kaniyang katarungan:

**…Isang Diyos na tapat at walang kasamaan, matuwid at banal Siya. (Deuteronomio 32:4)**

**MATAPAT:**

Tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako at Siya'y lubos na mapagkakatiwalaan.

**…Siya'y nananatiling tapat; sapagka't hindi makapagkakaila sa Kaniyang sarili. (II Timoteo 2:13)**

**MABUTI:**

Ang Diyos ay mabuti, may magandang kalooban, at ninanais ang iyong kapakanan:

> **Ang Panginoon ay mabuti sa lahat; at ang Kaniyang malumanay na kaawaan ay nasa lahat Niyang mga gawa. (Awit 145:9)**

**MAHABAGIN:**

Nagpapakita ang Diyos ng habag sa makasalanang sangkatauhan:

> **…ang Panginoong Diyos na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan.**
>
> **Na gumagamit ng kaawaan sa libolibo…(Exodo 34:6-7)**

**MAPAGBIYAYA:**

Nagpapakita ang Diyos ng biyaya bagamat hindi karapatdapat ang tao na tumanggap nito:

> **…sapagka't Ako'y mapagbiyaya. (Exodo 22:27)**

Ang Panginoon ay mapagbiyaya, puspos ng kahabagan; banayad sa pagkagalit, at dakila sa kagandahang loob. (Awit 145:8)

**MAPAGMAHAL:**

Ang Diyos ay pagibig:

> **Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Diyos; sapagka't ang Diyos ay pagibig. (I Juan 4:8)**

**PANTAS:**

Nagpapakita ang Diyos ng malalim na pagkaunawa at mapagwari.

> **Nilikha ng Panginoon ang lupa sa pamamagitan ng karunugan; itinatag Niya ang langit sa pamamagitan ng kaunawaan. (Kawikaan 3:19)**

**HINDI MASUKAT:**

Ang Diyos ay hindi pumapailalim sa mga limitasyon ng tao. Hindi rin Siya nasasakop ng anoman o ninoman:

> **Nguni't katotohanan bang tatahan ang Diyos sa lupa? Narito, sa langit at sa langit ay hindi Ka magkasiya; gaano pa sa bahay na ito na aking itinayo. (I Hari 8:27)**

Hindi Siya pumapailalim sa limitasyon ng panahon:

> **Ang Panginoon ay maghahari magpakailan man. (Exodo 15:18)**

## ANG DIYOS AMA

Ang Diyos Ama ang pinuno ng lahat ng mga pwersang espirituwal ng kabutihan na kumakalaban sa mga pwersa ng kasamaan. Ito ang Kaniyang tanging gawain sa larangan ng pakikibakang espirituwal.

### NASAAN ANG DIYOS?

Katatapos mo pa lamang matutuhan na ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa buong sansinukob. Ang luklukan ng Diyos ay nasa langit subalit Siya ay sumasa lahat ng dako.

> **Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang langit ay Aking luklukan, at ang lupa ay Aking tungtungan… (Isaias 66:1)**

### MGA PANGALAN NG DIYOS:

Ang Biblia ay nagbigay ng ibang mga pangalan para sa diyos na naghahayag ng Kanyang ministeryo sa iyo habang ikaw ay nakikilaban sa pakikibakang espirituwal. Kabilang sa mga pangalan para sa Diyos ay:

**1. Jehova:** Ang ibig sabihin ay Panginoon. Isinasama ang salitang ito sa ibang pangalan ng Diyos:

| | | |
|---|---|---|
| Jehova-Rapha: | "Ang Panginoon na nagpapagaling" | Exodo 15:26 |
| Jehova-Nissi: | "Ang Panginoon ang ating watawat" | Exodo 17:8-15 |
| Jehova-Shalom: | "Ang Panginoon ang ating kapayapaan" | MgaHukom 6:24 |
| Jehova-Ra'ah: | "Ang Panginoon ang aking pastor" | Awit 23:1 |
| Jehova-Tsidkenu | "Ang Panginoon ang ating katuwiran" | Jeremias 23:6 |
| Jehova-Jireh | "Ang Panginoon ang nagkakaloob" | Genesis 22:14 |
| Jehova-Shammah | "Ang Panginoon ay naroon" | Ezekiel 48:35 |

**2. Elohim:** Ibig sabihin-Diyos, at ginagamit saan man ang kapangyarihang lumikha ang tinutukoy.

**3. Ama:** Gawa 17:28; Juan 1:12-13

**4. Adonai:** Ibig sabihin-Panginoon : Exodo 23:17; Isaias 10:16,33

**5. El:** Ito ay karaniwang ginagamit na una sa ibang mga pangalan ng Diyos:

El Shaddai: "Ang Panginoon na sapat sa mga pangangailangan ng Kaniyang bayan" Exodo 6:3
Elolam: "Ang walang hanggang Diyos" Genesis 21:33
El Elyon: "Kataas-taasang Diyos na higit sa mga dios-diosan Genesis 14:18,22

**6. Yahweh:** Sa wikang Hebreo na siyang ginamit na wika sa Lumang Tipan, ang salitang "Yaweh" ay nangangahulugang Diyos. Ang salitang ito ay isinanib sa ibang salita upang ihayag ang kalikasan ng Diyos. Ang Diyos ay tinawag na:

| | | |
|---|---|---|
| Yaweh Jireh | "Ang Panginoon ay nagkakaloob" | Genesis 22:14 |
| Yaweh Nissi: | "Ang Panginoon ang aking watawat" | Exodo 17:1 |
| Yaweh Shalom | "Ang Panginoon ang aking kapayapaan" | Mga Hukom 6:24 |
| Yaweh Shabaoth: | "Ang Panginoon ng mga Hukbo" | I Samuel 1:3 |
| Yaweh Maccaddeshcem: | "Ang Panginoon ang Nagpapabanal sa akin | Exodo 31:13 |
| Yaweh Tsidkenu: | "Ang Panginoon ang ating katuwiran" | Jeremias 23:6 |
| Yaweh Shammah: | "Ang Panginoon ay naroon" | Ezekiel 48:35 |
| Yaweh Elohim Israel: | "Ang Panginoong Diyos ng Israel" | Mga Hukom 5:3 |
| Quadosh Israel: | "Ang Banal ng Israel" | Isaias 1:4 |

**7. Ang Panginoon Ng Mga Hukbo:** Sa tala ng Biblia, ang ibat-ibang mga pangalan ng Diyos ay ginamit ng hinihiling ang Diyos na kumilos sa isang tiyak na kaparaanan para sa Kanyang bayan. Halimbawa ang pangalang Jehova-Rapham na ibig sabihin ay "ang Panginoon na nagpapagaling" ay ginamit ng humahanap ng kagalingan.

Ang mga partikular na pangalan ng Diyos na dapat gamitin sa pakikibaka ay "Yaweh Sabbaoth" na isinalin bilang "ang Panginoon ng mga hukbo" sa salin ng Ang Biblia. Kung tawagan mo ang pangalan na yaon sa pakikibaka, ang laban ay magiging laban ng Panginoon at ang lahat ng mga hukbo ng Langit ay tutulong sa iyo.

## DIYOS ANAK, SI JESUCRISTO

Ang Diyos Anak, si JesuCristo, sa Kaniya nagsanib ang makalangit at makataong kalikasan. Sinugo ng Diyos Ama si JesuCristo sa lupa sa anyong tao habang nanatili pa rin sa Kaniya ang makalangit na kalikasan. Si Jesus ay isinugo ng Diyos sa lupa upang ang tao ay mapatawad sa kanyang kasalanan:

> **Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na anak, upang ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.**
>
> **Sapagka't hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya.**

**Ang sumasampalataya sa Kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na anak ng Diyos. (Juan 3:16-18)**

Ang kasaysayan ni Jesus ay natala sa Biblia sa aklat ni Mateo, Marcos, Lucas, at Juan. Ang mga aklat na ito ang nagbibigay ng detalyadong tala ng pagsilang, kamatayan, pagkabuhay na maguli, mga katuruan, at ministeryo ni JesuCristo.

Bilang bahagi ng plano ng Diyos, Si Jesus ay naparito sa lupa sa anyong tao, naglingkod sa mga tao, namatay para sa kasalanan ng tao, nabuhay mula sa mga patay, at isinugo ang Kaniyang mga tagasunod na dalhin ang ebanghelyo sa mga bansa ng sanglibutan.

## NASAAN SI JESUS?

Pagkatapos ng Kaniyang pagkabuhay na maguli, si Jesus ay napakita sa maraming mga tao, isinugo ang Kaniyang mga tagasunod, at nagbalik sa langit. Subalit tandaan…bagamat Siya ay nasa langit, Siya ay nasa lahat pa rin ng dako…ang Kaniyang presensya ay nasa lahat ng lugar.

## MGA TANGING GAWAIN:

Ang tanging gawain ni Jesus kaugnay ng pakikibakang espirituwal ay kabilang ang mga sumusunod:

1. Tubusin ang tao mula sa kasalanan: Sa pamamagitan ng kamatayan ni JesuCristo na ikaw ay pinalaya mula sa pagkabihag ng kasalanan na isinilo sa iyo ng kaaway:

**… sapagka't ang nadaig ninoman ay naging alipin din naman niyaon…
(II Pedro 2:19)**

**Na ang buong nilalang naman ay magiging laya mula sa pagkaalipin ng kabulukan sa kalayaang maluwalhati ng mga anak ng Diyos. (Roma 8:21)**

**Sa kalayaan ay pinalaya na tayo ni Cristo: magsitibay nga kayo, at huwag na kayong pasakop na muli sa pamatok ng pagkaalipin. ( Galacia 5:1)**

2. Kapamahalaan laban sa pwersa ng kasamaan: Ito ay pagaaralan mong masusi sa ibang bahagi ng kursong ito. Ang kamatayan ni Jesus ay hindi lamang nagpalaya sa sangkatauhan mula sa kasalanan, kundi nagresulta ito sa tagumpay laban sa mga pwersa ng kasamaan. Dahil dito ikaw ay may kapamahalaan laban sa kaaway:

**At tinipon Niya ang labing dalawa, at binigyan sila ng kapangyarihan at kapamahalaan sa lahat ng mga demonio, at upang magpagaling ng mga sakit. (Lucas 9:1)**

3. Sinisira ang mga gawa ng Diablo:

**… Sa bagay na ito'y nahayag ang anak ng Diyos, upang iwasak ang mga gawa ng diablo.  (I Juan 3:8)**

4. Panalangin ng pamamagitan para sa mga mananampalataya: Sa langit, si Jesus ay nasa kanang kamay ng Diyos Ama at namamagitan para sa mga mananampalataya na sangkot sa pakikibakang espirituwal. Ang ibig sabihin nito ay kinakausap Niya ang Ama tungkol sa iyo:

**Si Cristo Jesus na namatay, oo, yaong nabuhay na maguli sa mga patay na Siyang nasa kanan ng Diyos, na Siya namamagitan dahil sa atin.   (Roma 8:34)**

**ANG MGA PANGALAN NI JESUS:**

Ang ibig sabihin ng pangalang "Jesus" ay "Tagapagligtas" (Mateo 1:21). Ang ibig sabihin ng bansag na "Cristo" ay "ang pinahiran" (Juan 4:25-26). Mga dagdag na pangalan ang ibinigay kay JesuCristo sa Biblia tulad ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Adam (Ikalawang Adam) | I Corinto 15:45-47 |
| Tagapamagitan | I Juan 2:1 |
| Makapangyarihan sa lahat | Apocalipsis 1:8 |
| Alpa at Omega | Apocalipsis 21:6 |
| Amen | Apocalipsis 3:14 |
| Nabubuhay Magpakailan man | Daniel 7:9 |
| Anghel ng Kaniyang Presensya | Awit 45:7 |
| Pinahiran (Ng Diyos) | Awit 2:2 |
| Apostol ng ating pananampalataya | Hebreo 3:1 |
| Bisig ng Panginoon | Isaias 51:9-10 |
| May Akda at Sasakdal ng Pananampalataya | Hebreo 12:2 |
| May Akda ng Walang Hanggang Kaligatasan | Hebreo 5:9 |
| Ipinaganak Ng Diyos | I Juan 5:18 |
| Minamahal | Efeso 1:6 |
| Obispo ng Kaluluwa | I Pedro 2:25 |
| Mapalad at Tanging Makapangyarihan | I Timoteo 6:15 |
| Aking Sanga | Zacarias 3:8 |
| Sanga ng Katuwiran | Jeremias 33:15 |
| Sanga Mula sa Ugat ni Jesse | Isaias 11:1 |
| Tinapay ng Buhay | Juan 6:48 |
| Maningning na Tala sa Umaga | Apocalipsis 22:16 |
| Kapitan ng Hukbo ng Panginoon | Josue 5:15 |
| Anak ng Karpintero | Mateo 13:55 |
| Batong Panulok na Pangulo | 1 Pedro 2:6 |
| Pinakamainam sa Sangpung Libo | Awit Ng Mga Awit 5:10 |
| Ang Cristo | Juan 1:41 |
| Si Cristo ang Panginoon | Lucas 2:11 |
| Cristo Jesus na ating Panginoon | Roma 8:39 |
| Si Cristo ang Kapangyarihan ng Diyos | I Corinto 1:24 |
| Tagapayo | Isaias 9:6 |

| | |
|---|---|
| Tipan ng mga Tao | Isaias 42:6 |
| Pagbubukang Liwayway | Lucas 1:78 |
| Tala sa Umaga | II Pedro 1:19 |
| Tagapagligtas | Roma 11:26 |
| Ang Pintuan | Juan 10:9 |
| Ang Hinirang | Isaias 42:1 |
| Emmanuel | Mateo 1:23 |
| Walang Hanggang Buhay | I Juan 5:20 |
| Walang Hanggang Ama | Isaias 9:6 |
| Tapat at Totoo | Apocalipsis 19:11 |
| Tapat na Saksi | Apocalipsis 1:5 |
| Ang Panganay | Hebreo 1:6 |
| Panganay Ko | Awit 8:29 |
| Pangunahing Bunga | I Corinto 15:23 |
| Una at Huli | Apocalipsis 22:13 |
| Patibayang Inilagay sa Sion | Isaias 28:16 |
| Maluwalhating Panginoon | Isaias 33:21 |
| Ang Diyos ng Israel | Isaias 45:15 |
| Ang Diyos ay Sumasa Atin | Mateo 1:23 |
| Dakilang Diyos | Tito 2:13 |
| Lubhang Dakilang Saserdote | Hebreo 4:14 |
| Ulo ng Katawan | Colosas 1:18 |
| Pangulo ng Lahat ng mga Bagay | Efeso 1:22 |
| Pangulong Bato sa Sulok | Awit 118:22 |
| Tagapagmana ng Lahat ng Bagay | Hebreo 1:2 |
| Ang Banal ng Israel | Isaias 41:14 |
| Pagasa ng Kaluwalhatian | Colosas 1:27 |
| Ako Nga | Juan 8:58 |
| Larawan ng Diyos na Di Nakikita | Colosas 1:15 |
| Imanuel | Isaias 7:14 |
| Si JesuCristo ang Panginoon | Roma 1:3 |
| Hukom ng Israel | Mikas 5:1 |
| Hari ng Kaluwalhatian | Awit 24:7 |
| Hari | Zacarias 9:9 |
| Hari sa Buong Lupa | Zacarias 14:9 |
| Kordero ng Diyos | Juan 1:29 |
| Ilaw ng Sanglibutan | Juan 8:12 |
| Lila ng mga Libis | Awit ng mga Awit 2:1 |
| Buhay na Tinapay | Juan 6:51 |
| Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa Lahat | Apocalipsis 4:8 |
| Panginoon at Tagapagligtas | II Pedro 2:20 |
| Panginoon ng Lahat | Gawa 10:36 |
| Ang Panginoon na Ating Katuwiran | Jeremias 23:6 |
| Panginoon ang Iyong Manunubos | Isaias 43:14 |
| Pagibig | I Juan 4:8 |
| Tao ng Kapanglawan | Isaias 53:3 |

| | |
|---|---|
| Panginoon | Mateo 23:10 |
| Mesias | Daniel 9:25 |
| Makapangyarihang Diyos | Isaias 9:6 |
| Makapangyarihan ni Jacob | Isaias 60:16 |
| Kabanal-banalan | Daniel 9:24 |
| Pinaka Makapangyarihan | Awit 45:3 |
| Nazareno | Mateo 2:23 |
| Iisang Diyos | I Timoteo 1:17 |
| Ang Ating Paskua | I Corinto 5:7 |
| Manggagamot | Lucas 4:23 |
| Prinsipe ng Kapayapaan | Isaias 9:6 |
| Prinsipe ng mga Hari sa Lupa | Apocalipsis 1:5 |
| Propeta | Deuteronomio 18:15-18 |
| Pangpalubagloob | Roma 3:25 |
| Rabi | Juan 1:49 |
| Manunubos | Isaias 59:20 |
| Pagkabuhay na Maguli | Juan 11:25 |
| Matuwid na Alipin | Isaias 53:11 |
| Bato | I Corinto 10:4 |
| Ugat ni Jesse | Isaias 11:10 |
| Rosa ng Saron | Awit Ng Mga Awit 2:1 |
| Tagapagligtas ng Sanglibutan | I Juan 4:14 |
| Binhi ni David | Juan 7:42 |
| Binhi ng Babae | Genesis 3:15 |
| Mabuting Pastor | Juan 10:11 |
| Anak ng Diyos | Roma 1:4 |
| Anak ng Tao | Gawa 7:56 |
| Anak ni Maria | Marcos 6:3 |
| Anak ng Kataastaasan | Lucas 1:32 |
| Bituwin Mula kay Jacob | Bilang 24:17 |
| Bato | Mateo 21:42 |
| Araw ng Katuwiran | Malakias 4:2 |
| Tiyak na Saligan | Isaias 28:16 |
| Guro | Juan 3:2 |
| Katotohanan | Juan 14:6 |
| Kaloob na di Masayod | II Corinto 9:15 |
| Puno ng Ubas | Juan 15:1 |
| Daan | Juan 14:6 |
| Kahangahanga | Isaias 9:6 |
| Salita | Juan 1:14 |
| Salita ng Diyos | Apocalipsis 19:13 |

## ANG DIYOS ESPIRITU SANTO

Ang Diyos Espiritu Santo ay bahagi ng tatlong persona ng KaDiyosan, bagamat ang Espiritu Santo ay may Kaniyang sariling personalidad. Napakalawak ng paksa tungkol sa Espiritu Santo na ang isang buong kurso ay inilaan para dito na may pamagat na "Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo" na kabilang din sa mga kurso ng Harvestime International Institute. Ang kursong ito ay rekomendado para sa mas detalyadong pagaaral tungkol sa Espiritu Santo.

## PERSONALIDAD NG ESPIRITU SANTO:

Inihayag ng Biblia na ang Espiritu Santo ay :

### May Pagiisip Na Nakauunawa:

> **At ang nakasisiyasat ng mga puso'y nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu… (Roma 8:27)**

### Sinasaliksik Ang Kaisipan Ng Tao:

> **Nguni't ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu; sapagka't nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na mga bagay ng Diyos. ( I Corinto 2:10)**

### May Kalooban:

> **Datapuwa't ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at gayon ding Espiritu, na binababahagi sa bawa't isa ayon sa Kaniyang ibig. ( I Corinto 12:11)**

Ang kalooban ng Espiritu Santo ang gumagabay sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng pagkakait ng pahintulot tungkol sa ilang mga kilos:

> **At nang kanilang matahak ang lupain ng Frigia at Galacia, ay pinagbawalan sila ng Espiritu Santo na saysayin ang salita sa Asia.**
>
> **At nang sila'y magsidating sa tapat ng Misia, ay pinagsikapan nilang magsipasok sa Bitinia; at hindi sila tinulutan ng Espiritu ni Jesus. (Gawa 16:6-7)**

Ang kalooban ng Espiritu Santo ay gumagabay din sa pamamagitan ng pagkakaloob ng pahintulot:

> **At pagkakita niya sa pangitain, pagdaka'y pinagsikapan naming magsiparoon sa Macedonia, na pinatutunayang kami'y tinawag ng Diyos upang sa kanila'y ipangaral ang evangelio. (Gawa 16:10)**

### Nangungusap:

> **At sinabi ng kay Felipe ng Espiritu, Lumapit ka, at makisama sa karong ito.**

**(Gawa 8:29)**

**<u>Nagmamahal:</u>**

> **Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo mga kapatid, alangalang sa Panginoon nating JesuCristo, at sa pagibig ng Espiritu, na kayo'y makipagsikap na kasama ko sa inyong mga pananalangin sa Diyos patungkol sa akin. (Roma 15:30)**

**<u>Namamagitan:</u>**

Ang Espiritu Santo ay namamagitan (dumadalangin) para sa mga mananampalataya:

> **At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan: sapagka't Hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; nguni't ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisaysay sa pananalita. (Roma 8:26)**

Mula sa listahan ng mga katangian madali mong makikita ang kahalagahan ng gawain ng Espiritu Santo sa pakikibakang espirituwal. Ang Espiritu Santo ang gumagabay sa iyong pakikibaka. Inihahayag Niya ang mga bagay na espirituwal na hindi malalaman sa natural na paraan. Sinasalita ng Espiritu Santo ang kalooban at mga salita ng Diyos sa iyo. Siya rin ang namamagitan para sa iyo sa iyong pakikibakang espirituwal.

**<u>Bautismo Sa Espiritu Santo:</u>**

May isang karanasang espirituwal na tinatawag na bautismo sa Espiritu Santo na may napapaloob na palatandaan ng pagsasalita ng mga ibang wika (Gawa 2) at katibayan na kapangyarihan upang maging mga saksi ng ebanghelyo (Gawa 1:8).

Upang maging matagumpay sa pakikibakang espirituwal, mahalaga para sa iyo na maranasan ang bautismo sa Espiritu Santo. Ito ang pinagmumulan ng kapangyarihang espirituwal para sa mga labanang espirituwal. Ang bautismo sa Espiritu Santo ay tinatalakay sa kursong "*Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo."*

**<u>Mga Kaloob Ng Espiritu Santo:</u>**

Ang Espiritu Santo ay nagkakaloob ng mga tanging kaloob na espirituwal sa mga mananampalataya. Ang mga tampok na mga reperensya na naglilista ng mga kaloob ng Espiritu Santo ay :

- Roma 12:1-8
- I Corinto 12:1-31
- Efeso 4:1-16
- I Pedro 4:7-11

Ang mga kaloob ng Espiritu Santo ay kailangan upang bigyang kakayahan ang mananampalataya para sa pakikilaban sa mga pwersa ng kasamaan. Ang mga kaloob ng Espiritu Santo ay kabilang ang mga sumusunod:

**Mga tanging kaloob upang bigyang kakayahan ang bayan ng Diyos:**

Mga apostol, mga propeta, mga ebanghelista, mga pastor, mga guro.

**Mga kaloob ng pananalita upang ipaliwanag ang katotohanan ng Diyos:**

Panghuhula, pagtuturo, umaaral, salita ng karunungan, salita ng kaalaman.

**Mga kaloob ng pagsisilbi upang matupad ang gawain ng Diyos:**

Paglilingkod, pagtulong, pamumuno, pangangasiwa, pagpapakita ng kahabagan, pagkilala sa ibat-ibang espiritu, pananampalataya, magpa-tuloy.

**Mga kaloob ng tanda upang itatag ang awtoridad ng Diyos:**

Mga ibat-ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika, mga himala, mga pagpapagaling.

## MGA BUNGA NG ESPIRITU SANTO:

Pinalalago din ng Espiritu Santo ang mga bungang espirituwal sa buhay ng mananampalataya. Ang "bunga ng Espiritu Santo" ay tumutukoy sa kaurian ng Espiritu na nahayag sa buhay ng mananampalataya, mga katangiang espirituwal na kailangang makita sa mga buhay ng lahat ng mga Cristiano.

Ang mga kaloob ng Espiritu Santo ay para sa kapangyarihan. Ang bunga ng Espiritu Santo ay para sa paguugali ng buhay ng isang mananampalataya. Kung hindi lumago sa iyo ang mga ugaling tulad ng kay Crsito, ikaw ay magiging biktima ng mga pwersa ng kasamaan. Ang bungang espirituwal ay katibayan ng paglagong espirituwal. Tulad ng natural na bunga, ito ang galing sa proseso ng buhay.

May dalawang uri ng bungang espirituwal. Mga tao na nailapit mo sa Panginoon ay bungang espirituwal.

> **Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang Ko, at Aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: Upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa Aking pangalan, ay maibigay Niya sa inyo. (Juan 15:16)**

Ang pagkakaroon ng paguugali na tulad ng kay Cristo ay isang ring uri ng bunga sa ating buhay. Ang mga katangiang ito ay mga kabaliktaran ng makalamang ugali ng tao:

> **At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid,**

> **Karumihan, kalibugan,**
>
> **Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkaka-bahababahagi, mga hidwang pananampalataya,**
>
> **Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Diyos.**
>
> **Datapuwa't ang bunga ng Espiritu Santo ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat,**
>
> **Kaamuan, pagpipigil, laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan. (Galacia 5:19-23)**

Bagamat ang kapangyarihan ng laman ay natalo na sa krus, bilang isang mananampalataya, mararanasan mo lamang ito ayon sa sukat ng iyong pagsampalataya sa tinapos na gawain ni Jesus. Kung magkagayon, upang maging mabisa sa pagtanggi sa makasalanang hilig ng laman, mahalaga na lumago sa iyo ang bunga ng Espiritu Santo.

## NASAAN ANG ESPIRITU SANTO?

Ipinangako ni Jesus sa Kaniyang mga tagasunod na sa Kaniyang pagbabalik sa langit Kaniyang susuguin ang Espiritu Santo sa lupa upang maging Mangaaliw:

> **At Ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan Niya ng ibang Mangaaliw, upang Siyang sumainyo magpakailan man.**
>
> **Samakatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagkat hindi nito Siya nakikita, ni nakikilala man Siya: Siya'y nakikilala ninyo; sapagkat Siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo. (Juan 14: 16-17)**

Ang isa sa mga gawain ng Espiritu Santo ay ibaling ang ating pansin kay JesuCristo:

> **Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, na Aking susuguin sa inyo mula sa Ama, samakatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay Siyang magpapatotoo sa Akin. ( Juan 15:26)**

Ang Diyos Espiritu Santo, sa anyong espirtu at hindi nakikita ng natural na mga mata, ay nasa daigdig ngayon. Siya'y aktibo sa pagsumbat sa mga tao sa kasalanan, hinahalina ang mga tao kay JesuCristo, binibigyan ng kapangyarihan ang mga mananampalataya para sa pakikibakang espirtuwal, ginagabayan sila at nagpapatotoo tungkol kay Jesus.

Ang Espiritu Santo ay naglilingkod sa maraming mga paraan sa sanglibutan. Ito ay tinatalakay ng mainam sa kurso ng Harvestime International Institute na may pamagat na "*Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo.*"

**ANG ESPIRITU SANTO AY SENSITIBO:**

Likas sa Espiritu Santo ang pagiging sensitibo. Ang ibig sabihin ay may damdamin Siya na apektado ng mga gawa ng tao. Dahil dito, nagbabala ang Biblia na huwag tayong magsisinungaling sa Espiritu Santo (Gawa 5:3-4), huwag salansangin ang Espiritu (Gawa 7:51), huwag patayin ang ningas ng Espiritu (I Tesalonica 5:19) pighatiin ang Espiritu (Awit 78:40 at Efeso 4:30), insultuhin ang Espiritu (Hebreo 6:4-6), mamusong sa Espirtu (Mateo 12:31-32), o panglawin ang Espiritu (Isaias 63:10). Ang mga gawang ito ay tinatalakay na detalyado sa kurso ng Harvestime International Institute na may pamagat na "*Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo.*"

Mahalaga na huwag nating salagin ang sensitibong likas ng Espiritu Santo. Kung ang Espiritu Santo ay pagkasalahan natin lilisan ang Kaniyang presensya. Hind ka maaaring makipagbaka ng mabisa kung wala ang kapangyarihan ng Espiritu Santo.

**MGA BANSAG SA ESPIRITU SANTO:**

May ilang mga bansag sa Biblia na ginamit upang ilarawan ang Espiritu Santo. Ang bansag ay isang titulo na ginagamit upang ipaliwanag ang posisyon o gawain. Mahalaga na maalaman mo ang mga gawain ng Espiritu Santo sa iyong paglahok sa pakikibakang espirituwal. Tingnan ang mga reperensya sa inyong Biblia upang pagaralan ang mga bansag na ibinigay sa Espiritu Santo:

Ang Espiritu Santo ay tinawag na:

| | |
|---|---|
| Ang Espiritu ng Diyos: | I Corinto 3:16 |
| Ang Espiritu ni Cristo: | Roma 8:9 |
| Ang Walang Hanggang Espiritu: | Hebreo 9:14 |
| Ang Espiritu ng Katotohanan: | Juan 16:13 |
| Ang Espiritu ng Biyaya: | Hebreo 10:29 |
| Ang Espiritu ng Buhay: | Roma 8:2 |
| Ang Espiritu ng Kaluwalhatian: | I Pedro 4:14 |
| Ang Espiritu ng Karunugan at Kapahayagan: | Efeso 1:17 |
| Ang Mangaaliw: | Juan 14:26 |
| Ang Espiritu ng Pangako: | Gawa 1:4-5 |
| Ang Espiritu ng Kabanalan: | Roma 1:4 |
| Ang Espiritu ng Pananampalataya: | II Corinto 4:13 |
| Ang Espiritu ng Pagkukupkop: | Roma 8:15 |

**MGA SAGISAG NG ESPIRITU SANTO**

Gumamit ang Biblia ng ilang mga sagisag upang katawanin ang Espiritu Santo. Ang sagisag ay kumakatawan sa isang bagay. Ito ay isang simbulo na may tanging kahulugan. Tingnan ang mga

sumusunod na mga reperensya sa inyong Biblia. Bawat isa dito ay gumamit ng mga sagisag upang katawanin ang Espiritu Santo:

| | |
|---|---|
| Ang kalapati: | Juan 1:32; Awit Ng Mga Awit 6:9 |
| Langis: | Lucas 4:18; Gawa 10:38; Hebreo 1:9 |
| Tubig: | Juan 7:37-39; Isaias 44:3 |
| Isang tatak: | Efeso 1:13; 4:30; II Corinto 1:22 |
| Hangin: | Juan 3:8; Gawa 2:1-2 |
| Apoy: | Exodo 3:2; 13:21; Levitico 9:24; Gawa 2:3 |

Ang kahulugan ng bawat isa sa mga sagisag na ito ay ipinaliliwanag sa kursong "*Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo.*"

## BUOD

Sa kabanatang ito, natutuhan mo ang tungkol sa tatlong persona ng KaDiyosan at pinagaralan mo rin ang tungkol sa Diyos Ama, ang Anak na si JesuCristo, at ang Espiritu Santo. Sa Kanilang magkakasanib na mga gawain sa larangan ng pakikibakang espirituwal, Sila ay makapangyarihang pwersa para sa kabutihan sa buong sansinukob.

Ngunit hindi sapat na kilalanin mo lamang na may mga pwersang espirituwal para sa kabutihan. Ang sabi ng Biblia:

> **Ikaw ay sumasampalataya na ang Diyos ay iisa; mabuti ang iyong ginagawa: ang mga demonio man ay nagsisisampalataya, at nagsisipanginig. ( Santiago 2:19)**

Ang pwersa ng kasamaan ay naniniwala rin sa Diyos ay may takot pa rito, subalit masama pa rin sila. Ang maniwala lamang sa Diyos ay di sapat. Kailangang kilalanin mo Siya bilang Panginoon ng iyong buhay. Dapat mong tanggapin ang sakripisyo ni JesuCristo para sa iyong kasalanan, magsisi, humingi ng kapatawaran, at maging isang bagong nilalang kay Cristo.

Hindi mo pa nalulubos ang pagaaral tungkol sa mga pwersang espirituwal para sa kabutihan. Ang susunod na kabanata ay patungkol sa makapangyarihang hukbo ng mga espiritu na kilala natin bilang mga anghel at inilalarawan ang kanilang gawain sa pakikibakang espirituwal.

# INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

2. Ilista ang mga pwersang espirituwal ng kabutihan.

________________________________________

________________________________________

________________________________________

3. Panganlan ang tatlong personalidad ng Trinity ng Diyos:

Ang Diyos ____________________

Ang Diyos _______________, _________________________

Ang Diyos ________________ _______________________

4. Ibigay ang buod ng mga tanging gawain ng Diyos sa larangan ng pakikibakang espirituwal.

________________________________________

________________________________________

5. Ibigay ang buod ng mga gawain ni JesuCristo sa pakikibakang espirituwal.

6. Ibigay ang buod ng mga gawain ng Espiritu Santo sa pakikibakang espirituwal.

7. Ang unang kolum ay naglista ng ilan sa mga katangian ng tatlong persona ng KaDiyosan. Ang kolum na ikalawa ay nagbigay ng mga kahulugan ng mga katangiang ito. Tingan ang bawat katangian sa unang kolum. Pagkatapos ay tingnan ang tamang kahulugan nito sa ikalawang kolum. Isulat ang numero ng tamang katangian sa puwang na ibinigay. Ang una ay ginawa bilang halimbawa para iyong sundan:

| | **Unang Kolum** | **Pangalawang Kolum** |
|---|---|---|
| 1. _h__ | Walang hanggan | a. Walang laman at dugo |
| 2. ____ | Higit sa lahat | b. Nasa lahat ng dako |
| 3. ____ | Sumasa lahat ng dako | c. Mabuti, magandang loob |
| 4. ____ | Banal | d. Pinakamataas na Kapangyarihan |
| 5. ____ | Hindi Masukat | e. Lahat ng kapangyarihan |
| 6. ____ | Hindi nagbabago | f. Alam ang lahat ng bagay |
| 7. ____ | Mabuti | g. Walang kasalanan |
| 8. ____ | Isang espiritu | h. Walang simula at walang wakas |
| 9. ____ | Marunong sa lahat | i. Walang pagbabago |
| 10. ___ | Makapangyarihan sa lahat | j. Patas at walang kinikilingan sa paghatol |
| 11. ___ | Makatarungan | k. Magpakita ng kahabagan |
| 12. ___ | Mahabagin | l. Hindi sumasailalim ng anomang limitasyon |

8. Anong pangalan ng Diyos ang iyong gagamitin sa pagpasok mo sa pakikibakang espirituwal.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

Kung sinusunod mo sa iyong pagaaral sa Harvestime Institute ang mga kurso ayon sa mungkahing pagkakahanay nito, ang susunod mong kursong pagaaralan matapos ang kursong ito ay *"Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo."* Kabilang sa Unang Kabanata ng *"Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo"* ang isang balangkas ng dagdag na pagaaral tungkol sa Diyos Ama at Anak na si JesuCristo. Kung hindi ka nag-enrol sa buong programa ng Institute, pagkatapos mo ng kursong ito iminumungkahi namin na pagaralan mo ang kursong *"Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo".*

2. Ang mga karagdagang pagaaral sa buhay, ministeryo at katuruan ni JesuCristo ay napapaloob sa mga kurso ng Harvestime International Institute na *"Pamumuhay Na Pinaghaharian Ng Diyos"* at *"Mga Paraan Ng Pagtuturo."*

3. Ang kursong *"Mga Saligan Ng Pananampalataya"* ng Harvestime International Institute ay nagbibigay naman ng detalyadong mga turo sa mga saligang doktrina ng Pananampalatayang Cristiano. Ang kursong ito ay mahalaga sa pagkakaroon ng pagkaunawa sa mga pwersang espirituwal ng kabutihan. Natapos mo na ang kursong ito kung sinusunod mo ang mungkahing hanay ng mga kurso. Kung hindi naman, ang mungkahi namin ay pagaralan mo rin ang kursong nabanggit para sa dagdag na pagaaral.

4. Ikaw ba ay nasa pakikibakang espirituwal sa kasalukuyan? Habang idinadalangin mo ang iyong problema, simulan mong tumawag sa pangalan ng Panginoon ng mga Hukbo.

5. Isipin mo ang labanan iyong kinasasangkutan sa kasalukuyan at pagaralan mo uli ang mga gawain ng Diyos Ama, ni JesuCristo, at ng Espiritu Santo sa pakikibaka. Paano ka matutulungan ng Diyos sa iyong personal na laban? Paano ka matutulungan ni Jesus? Ano ang gawain ng Espiritu Santo tungkol sa problemang iyong kinkaharap?

# IKAAPAT NA KABANATA

## ANG ESPIRITUWAL NA MGA PWERSA NG MABUTI: MGA ANGHEL

**<u>MGA LAYUNIN</u>**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Magbigay ng mga reperensya na nagpapaliwanag kung ano ang mga anghel.
- Masabi ang pinagmulan ng mga anghel.
- Tukuyin ang dalawang uri ng mga anghel.
- Tukuyin ang kanilang larangang ginagalawan.
- Ibigay ang buod ng ministeryo ng mga anghel sa pakikibakang espirituwal.
- Tukuyin ang mga katangian ng mga anghel.
- Tukuyin ang mga klasipikasyon ng mga anghel.
- Ibigay ang mga reperensya sa Biblia na nagpapaliwanag ng organisasyon ng hukbo ng mga anghel.

**<u>SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:</u>**

> **Ang anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa Kaniya, At ipinagsasanggalang sila. (Awit 34:7)**

### <u>PAMBUNGAD</u>

Sa nakaraang kabanata natutuhan mo ang tungkol sa Trinity ng Diyos na dito'y kabilang ang Diyos Ama, Diyos Anak-si JesuCristo, at Diyos Espiritu Santo. Natutuhan mo ang tungkol sa pinagbuhatan, mga katangian, at mga gawain sa pakikibakang espirituwal.

Ang kabanatang ito ay pagpapatuloy ng pagaaral tungkol sa mga espirituwal na mga pwersa ng kabutihan. Nagpapaliwanag ito ng pasimula, mga katangian, ginagalawang larangan, klasipikasyon, at organisasyon ng mga anghel. Ipinapaliwanag din nito ang ministeryo ng mga anghel sa pakikibakang espirituwal.

## ANO ANG MGA ANGHEL?

Ang mga anghel ay mga espiritung tagapaglingkod na sinugo ng Diyos upang gawin ang Kaniyang kalooban:

> **Hindi baga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan? (Hebreo 1:14)**

Ang ibig sabihin ng anghel ay "mensahero."

## ANG PINAGMULAN NG MGA ANGHEL

Ang mga anghel ay nilalang ng Diyos:

> **Purihin ninyo Siya, ninyong lahat ng mga anghel: Purihin ninyo Siya, buo Niyang hukbo.**
>
> **Purihin nila ang pangalan ng Panginoon: Sapagka't Siya'y nagutos, at sila'y nangalikha. (Awit 148:2 at 5)**
>
> **Sapagka't sa Kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya at ukol sa Kaniya. (Colosas 1:16)**

Ang lahat ng mga anghel ay matuwid at banal noong sila ay unang lalangin. Sila'y sumasamba at naglilingkod sa tunay na Diyos. Di nalaunan, ang ilang mga anghel ay nagrebelde laban sa Diyos at naalis sa kanilang posisyon bilang mga anghel. Sila'y naging bahagi ng pwersa ng kasamaan na tinatawag na mga "demonyo."

May dalawang uri ng mga anghel: Ang mabuting mga anghel, na siyang paksa ng kabanatang ito, at ang mga masasamang anghel (demonyo) na tatalakayin naman sa Ika anim na Kabanata ng kursong ito.

# ANG ORGANISASYON NG MGA ANGHEL

Ang mabubuting mga anghel ay inorganisa ng Diyos sa isang tanging hanay. Hindi inihayag ng Biblia ang mga detalye ng hanay na ito, subalit nagbabadya ng kaayusan:

> **Sapagka't sa Kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya at ukol sa Kaniya. (Colosas 1:16; Tingan din ang Efeso 3:10)**

Ang organisasyon ng larangang di nakikita ay inilarawan sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang tulad ng mga luklukan, pagsakop, pamunuan, mga kapangyarihan. Hindi tayo binigyan ng mga detalye. Matutuhan mo rin kung paano ginaya ni Satanas ang organisasyong ito sa kaniyang mga pwersa ng kasamaan.

## ANG KLASIPIKASYON NG MGA ANGHEL

May karamihan ang mga anghel (Lucas 2:13-15) na waring naklasipika ayon sa kanilang mga gawaing ginagampanan. Narito ang pangunahing klasipikasyon ng mga anghel:

### MGA MENSAHERO:

Ang uring ito ng mga anghel ang malamang na pinakamarami sa bilang. Ito ang mga anghel na bumubuo ng mga hindi mabilang na karamihan, nakita ni Daniel (Daniel 7:10), na ipinatutupad ang kalooban ng Diyos sa lupa. Ito rin ang grupong karaniwang nakikitungo sa mga mananampalataya tungkol sa pakikibakang espirituwal. Sila ang tagapagpaliwanag ng kalooban ng Diyos, nagtatanggol, nagbibigay gabay, nagdadala ng sagot sa panalangin, nagbabalita, nagbababala, nagtuturo, nagdadala ng kahatulan, nagpapalakas ng loob, nagpapanatili, nagliligtas, at namamagitan sa panalangin para sa mga mananampalataya.

### MGA ANGHEL NA HINIRANG:

Isa lamang reperensya ang nagbanggit na tungkol sa mga anghel na hinirang, at ito ay sa I Timoteo 5:21. Wala nang dagdag na impormasyon tungkol sa grupong ito.

### QUERUBIN:

Ang grupong ito ng mga anghel ay unang nabanggit sa Genesis 3:24. Sila ay nabanggit din bilang bahagi ng kaban ng tipan ( Exodo 25:18-22). Binanggit ni Ezekiel ang mga lalang na ito at inilarawan sila na may apat na uri ng pagpapakita; mukha ng leon, mukha ng baka, mukha ng tao, at ang mukha ng aguila (Ezekiel 1:3-28; 10:22). Ang mga simbulong ito ng mga querubin ay nagbabadya na sila ang mga nilalang na buhay na nasa palibot ng luklukan ng Diyos sa Apocalipsis 4:6. Mukhang sila ang pinakamataas sa hanay ng mga anghel, ang mga bantay ng Diyos.

### SERAPIN:

Ang grupong ito ay binanggit sa sa Isaias 6:2,6. Ang kanilang kinalalagyan ay sa itaas ng luklukan ng Diyos samantalang ang mga querubin naman ay sa palibot ng luklukan. Ang gawain ng mga anghel na ito ay waring pangunahan ang buong kalangitan sa pagsamba sa Diyos.

### MGA NILALANG NA BUHAY:

Ang grupong ito ng mga anghel ay binanggit naman sa Apocalipsis 4:6,8; 5:6. Ang bansag sa mga anghel na ito ay naghahayag ng makalangit na buhay, na ang pinakatampok na gawain ay ang pagsamba sa Diyos.

## ISA-ISANG MGA ANGHEL

Bukod sa klasipikasyon ng mga anghel, may ilang mga anghel na binanggit ang pangalan sa Biblia:

### MIGUEL:

Si Miguel ang arkanghel na binanggit at pinanganlan sa Daniel 10:13,21; 12:1; Judas 9; at Apocalipsis 12:7. Siya lamang ang anghel na tinaguriang arkanghel. Siya ay inilarawan bilang namamahala sa isang hukbo ng mga anghel sa Apocalipsis 12:7 at tinuran na prinsipe ng bayan ng Israel sa Daniel 10:13, 21; 12:1.

### GABRIEL:

Ang kahulugan ng kaniyang pangalan ay "ang makapangyarihan." Siya ay binabanggit sa Daniel 8:16; 9:21; at sa Lucas 1:19,26. Siya ay laging ginagamit na taga hatid ng mahalagang mensahe mula sa Diyos. Si Gabriel ang nagpaliwanag ng pangitain para kay Daniel sa 8:16; 9:21 at nagpahayag ng pagsilang ni Juan at ni Jesus sa Lucas 1:19, 26.

### MGA TANGING PULUTONG NG MGA ANGHEL:

Ang Biblia ay bumanggit din ng tanging grupo ng mga anghel tulad ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Mga anghel ng pitong iglesia: | Apocalipsis 1:20 |
| Apat na anghel na may hawak ng hangin: | Apocalipsis 1:7 |
| Pitong anghel na nakatayo sa harap ng Diyos: | Apocalipsis 8:2 |
| Pitong anghel na nagpairal ng pitong huling mga salot: | Apocalipsis 15:1,7 |
| Dalawampu't-apat na mga matatanda (malamang ito ay mga anghel din): | Apocalipsis 4 at 5 |

## MGA KATANGIAN NG MGA ANGHEL

Matatandaan mo sa nakaraang kabanata ang na ang mga katangian ay mga kaurian ng mga personalidad. Mga anghel…

Ay mga espiritu: Hebreo 1:14

Walang kasarian: Lucas 20:34-36

Walang kamatayan: Mateo 22:28-30

May nakikita at di nakikitang anyo: Bilang 22:22-35

Napapakita sa anyong tao: Genesis 19:1-22; 18:2,4,8

May damdamin: Lucas 15:1-10 (mga anghel nagsasaya)

May gana: Genesis 18:8

Mga niluwalhating nilalang: Lucas 9:26

Matatalino: II Samuel 14:20

Mababang-loob: Judas 9

Makapangyarihan: Awit 103:20; II Pedro 2:11

Hindi kailangang magpahinga: Apocalipsis 4:8

Nakapaglalakbay na hindi maitalang bilis: Apocalipsis 8:13; 9:1

Nakapagsasalita ng mga wika: I Corinto 13:1

Hindi mabilang: Lucas 2:13; Henreo 12:22; Awit 68:17; Marcos 1:13; Apocalipsis 5:19

Walang kamatayan: Lucas 20:34-36

Hindi nagaasawa o nagkakaanak: Lucas 20:34-36

Masunurin: Awit 103:20

Banal: Apocalipsis 14:10; Marcos 8:38

Magagalangin: Ang kanilang pinakamataas na gawain ay ang pagsamba sa Diyos. Nehemias 9:6; Filipos 2:9-11; Hebreo 1:6

## ANG LARANGANG KANILANG GINAGALAWAN

Ang mga anghel ay gumagalaw sa langit at sa lupa. Ang pinanggagalingan ng kanilang kapangyarihan ay kaloob at pinangagasiwaan ng Diyos. Nakalalapit silang malaya sa presensya ng Diyos sa langit.

> **…na ang kanilang mga anghel sa langit ay nangakakakitang palagi ng mukha ng Aking Ama na nasa langit. (Mateo 18:10)**

Sila rin ay gumagalaw sa lupa. Ito ay pinagtitibay ng ibat-ibang mga paglilingkod at maraming mga pagpapakita sa mga tao na natala sa Biblia.

## ANG PAGLILINGKOD NG MGA ANGHEL

Ang mga anghel ay naglilingkod sa maraming mga paraan sa langit at sa lupa. Tingnan ang mga sumusunod na mga reperensya sa iyong Biblia. Sa iyong pagaaral ng mga talatang ito ay mauunawaan mo ang kahalagahan ng mga anghel sa pakikibakang espirituwal.

**Kabilang sa paglilingkod ng mga anghel sa langit ang:**

Pagsamba: Apocalipsis 4:8; 5:11-12; Isaias 6:3; Awit 103:20; 148:1-2

Nakahanda lagi upang gawin ang kalooban ng Diyos: Awit 103: 20-21

Naglilingkod sa mga banal na nangamatay kay Cristo Jesus: Judas 9; Lucas 16:22

Kinakatawan ang mga bata sa isang tanging paraan: Mateo 18:10

Nagsasaya dahil sa mga tumanggap ng ebanghelyo: Lucas 15:10

**Kabilang sa paglilingkod ng mga anghel sa lupa ay:**

Namamahala ng mga bansa: Daniel 10

Naglilingkod sa mga mananampalataya sa panahon ng pagsubok: Mateo 4:11

Pinalalakas ang mga mananampalataya: Lucas 22: 43

Ipinaliliwanag ang kalooban ng Diyos sa mga tao: Zacarias 1:9; Daniel 7:16

Ginagabayan ang mga mananampalataya: Gawa 8:26

Nagdadala ng kahatulan sa mga tao at bansa: Gawa 12:23; Genesis 19:3; II Samuel 24:16; Apocalipsis 16:1

Nagdadala ng sagot sa panalangin: Daniel 9:21-22

Nagbabalita: Lukas 1:11-20; Mateo 1:20,21

Nagbababala: Mateo 2:13

Nagtuturo: Mateo 28:2-6; Gawa 10:3-6; Daniel 4: 13-17

Nagpapalakas ng loob: gawa 27:23; Genesis 28:12

Naghahayag: Gawa 7:53; Galacia 3:19; Hebreo 2:2; Daniel 9:21-27; Apocalipsis 1:1

Nagbibigay lakas: Mateo 4:11; Lucas 22:43

Pumipigil: Genesis 16:7; 24:7; Exoodo 23:20; Apocalipsis 7:1

Nagiingat: Awit 91:11

Nagpapalaya: Bilang 20:16; Awit 34:7; Isaias 63:9; Daniel 3:28; 6:22; Genesis 48:16; Mateo 26:53; Gawa 12:1-19

Sumisira: Gawa 12:20-23

Namamagitan: Zacarias 1:12; Apocalipsis 8:3,4

**Kabilang sa mga gawain sa hinaharap ng mga anghel ay:**

Kalahok sa pagbabalik ni Jesus: I Tesalonica 4:16

Titipunin ang mga hinirang: Mateo 24:31

Magbababala at mangangaral sa panahon ng kapighatian: Apocalipsis 14:6-9

Pagbubukurin ang mga masasama at ang mga matuwid: Mateo 13:39 at 49

Gagapusin si Satanas: Apocalipsis 20

## ANG MGA ANGHEL AT PAKIKIBAKANG ESPIRITUWAL

Ang mga mensaherong anghel ang grupo na karaniwang nakikitungo sa mananampalataya sa larangan ng pakikibakang espirituwal. Sila ang nagpapaliwanag ng kalooban ng Diyos, nagiingat, nagbibigay gabay, nagdadala ng sagot sa panalangin, nagbabalita, nagbababala, nagtuturo, nagdadala ng kahatulan, nagpapalakas ng loob, nagbibigay lakas, nagpapalaya, at namamagitan para sa mga mananampalataya sa pakikibaka.

Maraming mga mananampalataya ay hindi nagsamantala sa nakalaang tulong ng mga anghel sapagkat hindi sila naturuan ng tungkol sa mga gawain nito sa pakikibakang espirituwal. Sila ay mga "espiritung tagapaglingkod" at maaaring maglingkod sa iyo at gayon din para sa iyo. Maaari mong hilingin sa Diyos na magsugo ng mga anghel upang tumulong sa iyo sa pakikibaka. Ginawa ito ni haring David. Dumalangin siya…

> **…At itaboy sila ng anghel ng Panginoon…At habulin sila ng anghel ng Panginoon. (Awit 35:5-6)**

Basahin ang mga sumusunod na mga pangyayari sa Biblia tungkol sa paglahok ng mga anghel sa pakikilaban sa kaaway: II Hari 19:35; II Cronica 32:21; Isaias 37:36; Apocalipsis 12:7.

## MAHAHALAGANG BABALA

Ang mga anghel ay mga banal na nilalang na may mahalagang paglilingkod para sa mga mananampalataya. Sila ay bahagi ng mga espirituwal na pwersa ng kabutihan tulad ng Trinity ng KaDiyosan. Subalit nagbigay ang Biblia ng ilang mga babala tungkol sa mga anghel:

### HUWAG SILANG SASAMBAHIN:

Hindi mo dapat sambahin ang mga anghel:

> **Sinoman ay huwag manakawan ng ganting-pala sa inyo sa pamamagitan ng kusang pagpapakababa at pagsamba sa mga anghel, na nananatili sa mga bagay na kaniyang nakita, na nagpapalalo ng walang kabuluhan sa pamamagitan ng kaniyang akalang ukol sa laman. (Colosas 2:18)**
>
> **At akong si Juan, ako ang nakarinig at nakakita ng mga bagay na ito. At nang aking marinig at makita, ay nagpatirapa ako upang sumamba sa harapan ng anghel na nagpakita sa akin ng mga bagay na ito.**
>
> **At sinasabi niya sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan: ako'y kapuwa mo alipin at ng iyong mga kapatid na mga propeta, at ng mga tumutupad na mga salita ng aklat na ito: sumamba ka sa Diyos. (Apocalipsis 22:8-9)**

### TANGGIHAN ANG PANGANGARAL NG ANGHEL NG "IBANG EBANGHELYO":

Ang ilang mga tao ay nagaangkin na nakakita sila ng mga anghel na nagbigay sa kanila ng "bagong kapahayagang" na hindi ayon sa Salita ng Diyos na nasulat na. Mga pulutong ng relihiyon ay natayo dahil sa mga maling kapahayagan. Nagbabala ang Biblia:

> **Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangaral sa inyo, ay matakuwil. (Galacia 1:8)**

Hindi ka dapat makinig sa tao, sa isang anghel, o sino pa mang nilalang na aakayin ka na lumihis sa Salita ng Diyos. Tulad ng iyong matutuhan sa kursong ito, ang isang estratehiya ni Satanas ay ang pandaraya. Nagbabala ang Biblia:

> **At hindi katakataka: sapagka't si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan. (II Corinto 11:14)**

### HUWAG GALITIN ANG MGA ANGHEL:

Basahin ang kasaysayan ni Balaam sa Bilang 22, isang propeta na sumusuway sa Diyos. Mapapansin mo na siya ay nilabanan ng isang anghel ng Panginoon. Kung ikaw ay sumusuway sa Diyos, lalabanan ka ng mga anghel. Makikilaban ka subalit ito ay hindi pakikibaka laban sa kaaway. Magingat ka na huwag mong galitin ang mga anghel ng Diyos ( Eclesiastes 5:1-6)

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

___

___

___

2. Ang mga anghel ay naglilingkod sa _________________ at sa _________________________.

3. Saan nagmula ang mga anghel?

___

___

4. Magbigay ng buod ng paglilingkod ng mga anghel kaugnay ng pakikibakang espirituwal.

___

___

___

5. Maglista ng lahat ng mga maaalaala mong mga katangian ng mga anghel mula sa kabanatang ito.

___

___

___

___

6. Magbigay ng reperensya sa Biblia na nagpapaliwanag kung ano ang mga anghel.

___________________________________________________________________________

7. Tama ba o Mali ang pangungusap na ito? Hindi mo dapat sambahin ang mga anghel.

Ang pangungusap ay_______________.

8. Tama ba o Mali ang pangungusap na ito? Kung ang isang anghel ay magpakita at maghayag ng isang bagay na hindi sangayon sa nasulat na Salita ng Diyos, dapat kang makinig sa kaniya sapagkat siya ay isang mensahero ng Diyos.

Ang pangungusap na ito ay__________________.

9. Gamitin ang mga salitang sumusunod upang makumpleto ang mga parapo. Gamitin nang minsan lamang ang isang salita.

Mga mensahero
Mga anghel na hinirang
Querubin
Serapin
Nilalang na may buhay

______________________________ Isang reperensya lamang mayroon tungkol sa grupo ng mga anghel na ito (I Timoteo 5:21). Walang dagdag na impormasyon na ibinigay ang Biblia tungkol dito.

______________________________ Ang grupong ito ng mga anghel ang pinaka aktibo sa pakikibakang espirituwal at malamang ay sila ang pinakamarami.

______________________________ Ang grupong ito ng mga anghel ang waring pinakamataas ang kalagayan sa hanay ng mga anghel; bantay ng Diyos. Sila ay nakapalibot sa luklukan ng Diyos.

______________________________ Ang kanilang unang gawain ay sumamba sa Diyos.

______________________________ Ang kanilang kalagayan ay sa itaas ng luklukan ng Diyos. Sila ang nangunguna sa langit sa pagsamba sa Diyos.

10. May dalawang uri ng mga anghel: Ito ay ang _________________mga anghel at _______________ anghel na tinatawag na demonyo.

11. Anong talata ang naghahayag na ang Diyos ay may organisasyon ng ibat-ibang uri ng mga anghel?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

# MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Gamitin ang sumusunod na balangkas upang magkaroon ng dagdag na pagaaral tungkol sa mga anghel:

**MGA ANGHEL SA LUMANG TIPAN:**

Sinagip sa Agar: Genesis 16:7-12
Ibinalita ang pagsilang ni Isaac: Genesis 18:1-15
Ibinalita ang paggunaw sa Sodoma: Genesis 18:16-33
Ginunaw ang Sodoma at iniligtas si Lot: Genesis 19:1-29
Pinigil ang pagpatay kay Isaac: Genesis 22:11-12
Binantayan si Jacob: Genesis 28: 12; 31:11; 32:1; 48:16
Sinugo si Moises: Exodo 3:2
Pinagunahan ang Israel: Exodo 14:19; 23:20-23; 32:34
Inayos ang kasal ni Isaac at Rebeka: Genesis 24:7
Ibinigay ang kautusan: Gawa 7:38; Galacia 3:19; Hebreo 2:2
Sinaway si Balaam: Bilang 22:31-35
Napakita kay Josue: Josue 5:13-15
Sinaway ang Israel dahil sa pagsamba sa diosdiosan: Mga Hukom 2:1-5
Sinugo si Gideon: Mga Hukom 6:11-40
Ibinalita ang pagsilang ni Samson: Mga Hukom 13
Pinarusahan ang Israel: II Samuel 24:16-17
Sinagip si Elias: I hari 19:5-8
Pinalibutan si Eliseo: II hari 6: 14-17
Iniligtas si Daniel sa mga leon: Daniel 6:22
Sinakop ang hukbo ng Asiria: II Hari 19:35 at Isaias 37:36
Pinalibutan ang bayan ng Diyos: Awit 34:7; 91:11
Madalas mabanggit bilang mga mensahero sa mga propeta ng Diyos.

**MGA ANGHEL SA BUHAY NI JESUS:**

Ibinalita ang pagsilang ni Juan: Lucas 1:11-17
Pinanganlan Siya: Lucas 1:13
Ibinalita ang pagsilang ni Jesus kay Maria: Lucas 1:26-37
Ibinalita ang pagsilang ni Jesus kay Jose: Mateo 1:20-21
Pinanganlan si Jesus: Mateo 1:21

Ibinalita ang pagsilang ni Jesus sa mga pastol: Lucas 2:8-15
Umawit: Lucas 2: 13-14
Pinangunahan ang pagtakas papunta sa Egipto: Mateo 2:13, 20
Pinaglingkuran si Jesus nang Siya ay tuksuhin: Mateo 4:11
Pinaglingkuran si Jesus sa Getsemane: Lucas 22:43
Itinulak ang bato sa Kaniyang libingan: Mateo 28:2
Ibinalita ang Kaniyang pagkabuhay na maguli: Mateo 28:5-7
Iniharap Siya kay Maria Magdalena: Juan 20:11-14
Nasa ulunan ni Jesus: Juan 1:51
Maaari Siyang tumawag ng maraming pulutong ng mga anghel: Mateo 26:53
Kasama Niya ang mga anghel sa Kaniyang pagbabalik sa lupa: Mateo 25:31; 16:27; Marcos 8:38; Lucas 9:26
Mga anghel ang mag-aani: Mateo 13:39
Kanilang titipunin ang mga hinirang: Mateo 24:31
Kanilang ibubukod ang mga masama mula sa mga matuwid: Mateo 13:41,49
Kanilang dinala ang pulubi kay Abraham: Lucas 16:22
Sila'y nagkatuwa dahil sa mga makasalanang nagsisi: Lucas 15:10
Kanilang kinatawan ang mga bata: Mateo 18:10
Kikilalanin ang Kaniyang bayan sa harap ng mga anghel: Lucas 12:8
Wala silang kasarian at hindi namamatay: Lucas 20:35-36
Ang Diablo ay may masasamang mga anghel: Mateo 25:41

## MGA ANGHEL SA AKLAT NG GAWA:

Binuksan ang pintuan ng bilangguan: 5:19
Pinangunahan si Felipe sa lalaking taga Etiopia: 8:26
Pinagunahan si Cornelio na ipasundo si Pedro: Kabanata 10
Iniligtas si Pedro sa bilangguan: 12:7-19
Pinatay si Herodes: 12:23
Hindi pinabayaan si Pablo sa gitna ng bagyo: 27:23
Binanggit din sa: 6:15; 7:30, 35, 38, 53; 11:13; 23:8-9

## MGA ANGHEL SA MGA SULAT:

Mga anghel na hinirang: I Timoteo 5:21
Ang mga anghel ay di mabilang: Hebreo 12:22
Mga anghel naglingkod sa mga tagpagmana ng kaligtasan: Hebreo 1:13-14
Mga anghel ay babalik na kasama ni Jesus: II Tesalonica 1:7
Hindi tayo dapat sumamba sa mga anghel: Colosas 2:18

## MGA ANGHEL SA AKLAT NG APOCALIPSIS:

Ipinasulat ang aklat kay Juan: 1:1-2; 22:16
Nanguna sa pitong iglesia: Kabanata 1-2
May malasakit sa selyadong aklat: 5:2
Umawit ng papuri sa Kordero: 5:11-12

Binigyan ng tanging kapangyarihan sa lupa: 7:1-4
Tinatakan ang mga hinirang: 7:1-4
Nagpatirapa sa harap ng Diyos: 7:11
Ginamit upang sagutin ang panalangin ng mga banal: 8:3-5
Pinatunog ang pitong trumpeta: 8:6
Namahala sa hukbo ng mga balang: 9:11
Pinawalan ang 200,000,000 mga mangangabayo: 9:15-16
Ibinalita ang wakas ng panahon: 10:1,2,6
Lumaban sa dragon at mga anghel nito: 12:7
Inihayag ang Ebanghelyo sa mga bansa: 14:6
Inihayag ang pagbagsak ng Babilonia: 14:8; 18:2
Dinala ang parusa sa mga tagasunod ng hayop: 14:9-10
Ibinalita ang pag-aani sa lupa: 14:15-18
Dala ang huling pitong salot: 15:1
Ibinalita ang hatol sa Babilonia: 17:1-5
Nakilahok sa pagsira sa Babilonia: 18:21
Ipinakita kay Juan ang Bagong Jerusalem: 21:9
Pinigilan si Juan na sambahin sila: 22:8-9

2. Pagaralan ang mga pagpapakita ng anghel sa Mga Hukom 13. Pansinin na ang anghel ay nagbalik sa langit sa pamamagitan ng pagsamba na maliwanag na humawi sa daan ng “kalawakan ni Satanas” sa palibot natin upang payagang ang mga anghel ay tumulong sa atin. Repasuhin ang kasaysayan ni Daniel at pansinin na ang hadlang ng prinsipe ng Persia (kapangyarihan ni Satanas) ay sinira sa pamamagitan ng panalangin at pagaayuno.

3. Walang katibayan sa Biblia na ang isang mananampalataya ay mauutusan ang anghel na gawin ang anomang nais niya, subalit maaari mong hilingin sa Diyos na ang anghel ay suguin sa iyo. Isipin mo ang isang labanan na kaharap mo at hingin mo sa Diyos na suguin ang Kaniyang “mga espiritung tagapaglingkod” na gumawa sa iyong kalagayan.

4. Basahin ang Awit 78:36, 40 at Eclesiastes 5:6. ang Israel ay may tanging anghel na kumakalinga sa kanila hanggang sa galitin nila ito sa ilang. Kung suguin ng Diyos ang isang anghel para tulungan ka at ginalit mo naman ito sa pamamagitan ng pagkakasala at pagaalinlangan, siya’y maaaring lumayo sa iyo. Makabubuti na sundin ang babala sa Exodo 23:20-22. Maaari din na hindi mo alam, anghel pala ang iyong pinatuloy…Hebreo 13:2.

# IKALIMANG KABANATA

## ANG KAAWAY: SI SATANAS

**<u>MGA LAYUNIN</u>**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Tukuyin si Satanas bilang espirituwal mong kaaway.
- Ipaliwanag ang pinagmulan ni Satanas
- Ilarawan ang kaniyang dating kalagayan.
- Ipaliwanag kung paano bumagsak si Satanas mula sa kaniyang dating kalagayan.
- Tukuyin ang naging bunga ng kasalanan ni Satanas.
- Ilista ang mga katangian ng kaniyang likas.
- Tukuyin ang ginagalawan niyang dako.
- Magbigay ng buod ng mga gawain ni Satanas.

**<u>SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:</u>**

> **Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya. ( I Pedro 5:8)**

**<u>PAMBUNGAD</u>**

Sa nakaraang mga kabanata, natutuhan mo na may isang malaking labanan na kasalukuyang nagaganap sa larangang espirituwal. Pinagaralan mo ang tungkol sa mga espirituwal na pwersa ng kabutihan sangkot sa labanang ito. Kabilang dito ang Diyos Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo, at ang mga anghel.

Ang kabanatang ito ay nagpapakilala ng iyong espirituwal na kaaway, isang makapangyarihang pwersa na masama na kilala bilang si Satanas. Matututuhan mo ang kaniyang pinagmulan, ang dati niyang kalagayan, kung paano siya bumagsak mula sa dating kalagayan, at ang mga kinabig niya noong siya ay bumagsak. Matututuhan mo rin ang mga katangian ng kaniyang likas, ang

ginagalawan niyang dako, at mabatid ang tungkol sa kaniyang mga estratehiya. Sa mga sumusunod na kabanata, itutuloy mo ang pagaaral tungkol sa mga sepirituwal na pwersa ng kasamaan sa iyong pagaaaral ng tungkol sa mga demonyo, ang sanglibutan, at ang laman.

Sa natural na labanan, ang isang kawal ay kailangang matukoy kung sino ang kaniyang kaaway bago siya humarap sa pakikibaka. Dapat niyang pagaralan ang lahat ng impormasyon tungkol sa kaaway, ang kaniyang likas, at mga estratehiya. Iyan ang dahilan kung bakit ang pwersang militar ay gumugugol ng malaki sa pagkalap ng mga natiktikan nito tungkol sa kaaway.

Totoo rin ito sa larangang espirituwal. Mabisa ka lamang makikibaka kung matukoy mo ang iyong kaaway, maunawaan ang kaniyang likas, at kilalanin ang kaniyang estratehiya. Tulad ng iyong natutuhan, ang pwersa ng kasamaan na iyong katungali ay hindi mga tao. Sila ay espirituwal na hukbo ng kasamaan.

## ANG PINAGMULAN NI SATANAS

Sa orihinal si Satanas ay nilikha ng Diyos:

> **Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan Niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala Siya. (Juan 1:3)**
>
> **Sapagka't sa Kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya at ukol sa Kaniya. (Colosas 1:16)**

Hindi lumilikha ang Diyos ng masama. Si Satanas ay sakdal noong siya ay lalangin ng Diyos, subalit binigyan ng laya na pumili ng mabuti o masama.

> **Ikaw ay sakdal sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay lalangin, hanggang sa ang kalikuan ay nasumpungan sa iyo. ( Ezekiel 28:15)**

## ANG DATING KALAGAYAN NI SATANAS

Ang dating kalagayan ni Satanas ay inilarawan ng Biblia sa Ezekiel 28:12-17. Basahin mo muna ang bahaging ito sa iyong Biblia bago ka magpatuloy sa araling ito. Ng lalangin si Satanas, siya ay isang anghel ng Diyos. Isa siya sa mga querubin na anghel, banal, matalino, maganda, at sakdal. Siya ang pinaka lider sa mga querubin at tinawag siya na "tagabantay" o "pangtakip" na querubin. Ang orihinal niyang pangalan ay Lucifer na ang ibig sabihin ay "tagapagdala ng liwanag" (Isaias 14:12). Siya ay naramtan ng mamahaling hiyas na nilatag sa ginto (Ezekiel 28:13; Exodo 28:11-15). Siya ay binigyan ng pwesto sa banal na bundok ng Diyos at malamang na nanguna sa pagsamba (Ezekiel 28:13).

Napakaningning at napakagandang larawan ni Satanas sa kaniyang orihinal na kalagayan ang ibinigay ng Salita ng Diyos. Siya ay inilarawan na isang hiyas ng mga mamahaling bato. Subalit ang hiyas ay walang sariling liwanag. Hindi ito maganda sa isang madilim na silid. Ang kagandahan nito ay sa pagbibigay liwanag na mula sa labas niya.

Nang lalangin ng Diyos si Lucifer, nilikha siya na may kakayahang ihayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa isang antas na higit kay sa ibang mga nilalang. Ang Diyos ang liwanag na nagpaningning kay Lucifer.

## ANG PAGBAGSAK NI SATANAS

Subalit hindi pinanatili ni Satanas ang maluwahating kalagayang ito. Inilarawan ng Biblia ang kaniyang paghihimagsik at ang kaniyang pagbagsak:

> **Ano't nahulog ka mula sa langit, Oh tala sa umaga, anak ng umaga! Paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa.**
>
> **At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos; at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan:**
>
> **Ako'y sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap; ako'y magiging gaya ng Kataastaasan.**
>
> **Gayon ma'y mabababa ka sa Sheol, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hukay. (Isaias 14:12-15)**
>
> **Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan; iyong ipinahamak ang iyong karunungan dahil sa iyong kaningningan: Aking inihagis ka sa lupa; Aking inilagay ka sa harap ng mga hari, upang kanilang masdan ka. ( Ezekiel 28:17)**

Ang pagbagsak ni Satanas mula sa kaniyang kalagayan bilang anghel ay dahil sa kataasan at paghihimagsik na nahayag sa limang mga ipinakita niyang maling mga saloobin: Sinabi ni Satanas:

<u>Ako'y sasampa sa langit</u>: Nagnasa siya na okupahin ang dako ng Diyos at kilalaning kapantay ng Diyos.

<u>Aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin (mga anghel) ng Diyos</u>: hindi lamang niya ninasa na okupahin ang dako ng Diyos, kundi inimbut niya ang pamamahala ng Diyos sa mga hukbo ng mga anghel.

<u>Ako'y uupo sa bundok ng kapisanan</u>: Ayon sa Isaias 2:2 at Awit 48:2, ito ang sentro ng pamamahala ng Diyos sa lupa. Ninasa ni Satanas na pamahalaan ang lupa at ang mga anghel.

Ako’y sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng mga ulap: Ang ulap ay nagsasaad ng kaluwalhatian ng Diyos. Ninais ni Satanas ang kaluwalhatian ng Diyos para sa kaniyang sarili. ( Ang mga sumusunod na mga talata ay nagpapakita sa ulap bilang kaugnay ng kaluwalhatian ng Diyos: Exodo 13:21; 40:28-34; Job 37:15-16; Mateo 26:64; Apocalipsis 14:14-16).

Ako’y magiging gaya ng Kataastaasan: Tulad ng ating natutuhan sa ikatlong kabanata ng kursong ito, ang Diyos ay maraming mga pangalang itinawag sa Kaniya. Bakit pinili ni Satanas ang pangalang ito? Pinili niya ito sapagkat ito’y nagbabadya na ang Diyos ay “mayari ng langit at lupa.”

## MGA BUNGA NG PAGKAKASALA NI SATANAS

Narito ang mga kakilakilaboot na mga resulta ng pagkakasala ni Satanas:

### 1. PINALAYAS MULA SA LANGIT:

Dahil sa kaniyang paghihimagsik, si Satanas ay pinalayas ng Diyos mula sa langit.

> **…kaya’t inihagis kitang parang dumi mula sa bundok ng Diyos…Aking inihagis ka sa lupa…(Ezekiel 28:16-17)**

### 2. KALIKUAN NG UGALI:

Si Lucifer, dati ay nilalang para sa kaluwahatian ng Diyos ay naging Satanas na may ugaling laban sa kung sino ang Diyos at ang mga gawa Niya.

### 3. BINALUKTOT NA KAPANGYARIHAN:

Dati ang kapangyarihan ni Satanas ay ginamit para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ngayon, ito ay nabaling sa manggulo at manira. Ayon sa Isaias 14 pinahihina niya ang mga bansa (talatang 12), pinanginginig ang lupa at mga pamahalaan (talatang 16), at mga naging bihag niya ay di pinakawalan (talatang 17).

### 4. NAKALAAN PARA SA DAGAT-DAGATANG APOY:

Si Satanas ay inilaan sa dagat-dagatang apoy (Isaias 14:15).

### 5. NAHAWA ANG IBANG MGA ANGHEL NG DIYOS:

Nang si Satanas ay bumagsak mula sa langit, hindi siya magisa. Kinuha niya ang ilang mga hukbo ng mga anghel sa langit na nakilahok sa kaniyang paghihimagsik laban sa Diyos. Ang grupong ito ng mga anghel ay bahagi ng pwersang masama ng mga demonyo na pagaaralan mo sa susunod na kabanata.

### 6. PAGPASOK NG KASALANAN SA SANSINUKOB:

Nang maghimagsik si Satanas, pumasok ang kasalanan sa buong sansinukob. Sa gayon, may dalawang hakbang na maaaring ginawa ang Diyos:

> 1. Maaari Niyang hinampas si Satanas at pinatay ito. Subalit kung ganito ang ginawa ng Diyos sa unang kaaway, posibleng nagkaroon pa uli ng panibagong paghihimagsik. Ang kasaysayan ng langit ay napuno marahil nang paulit-ulit na pangyayari.
>
> 2. Ang isa pang maaaring gawin ng Diyos ay yaong inilahad ng Biblia na ginawa nga Niya. Ang pagangkin ni Satanas ng nakahihigit na kapangyarihan ay susubukin dito sa lupa at magkakaalam sa kawalang hanggan.

Nang lalangin ng Diyos ang unang lalake at babae, ang pagsubok nito sa lupa ay nagsimula na. Mababasa mo ang kasaysayan sa pagkatukso ni Satanas kay Adam at Eba at ang kanilang pagkabulid sa kasalanan sa Genesis 3. Pagaaralan mo pa ito pagka sumapit ka na sa pagsusuri ng mga estratehiya ni Satanas sa kursong ito.

Ang labanan ay tuloy pa rin sa lupa. Yan ang ibig sabihin ng pakikibakang espirituwal. Si Satanas ay naghahanap pa rin ng kapangyarihan, posisyon, at pagsamba ng tao. Subalit tulad ng iyong matututuhan sa kursong ito, siya ay talunan na. Tinalo na ni Jesus ang kapangyarihan ni Satanas sa pamamagitan ng Kaniyang kamatayan at pagkabuhay na maguli. Ang huling hantungan ni Satanas ay nahayag na sa Biblia.

## NASAAN SI SATANAS?

Si Satanas na nasa wangis espiritu ay narito sa sanglibutan:

> **At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Saan ka nanggaling? Nang mag-kagayo'y sumagot si Satanas sa Panginoon, at nagsabi, Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon. (Job 1:7)**
>
> **Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya. ( I Pedro 5:8)**

Bagamat si Satanas ay narito sa sanglibutan, wala naman siya sa lahat ng dako, na ang ibig sabihin ay hindi siya tulad ng Diyos na nasa lahat ng dako sabay-sabay. Kaya ang mga kampon ng demonyo ang kaniyang ginagamit upang magawa ang kaniyang plano.

## MGA GAWAIN NI SATANAS

Si Satanas ay humaharap pa rin sa Diyos at gumagalaw sa lupa, kabilang ang "himpapawid" o ang larangan sa itaas ng lupa:

> **Isang araw nga nang ang mga anak ng Diyos ay magsiparoon na magsiharap sa Panaginoon, na si Satanas ay naparoon din naman na kasama nila.**

**At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Saan ka nanggaling? Nang mag-kagayo'y sumagot si Satanas sa Panginoon, at nagsabi, Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon. (Job 1:6-7)**

**Na inyong nilakaran noong una ayon sa lakad ng sanglibutang ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway. (Efeso 2:2)**

Maaari nating bigyang buod ang mga gawain ni Satanas sa pagbibigay pansin na ang mga ito ay laging laban sa Diyos, sa Kaniyang plano, at sa Kaniyang bayan. Sasalakay siya sa larangan ng pagsamba sa Diyos, Salita ng Diyos, sa iyong pagsunod sa Panginoon, at ang iyong paglilingkod sa Diyos. Mga tiyak na mga gawain ni Satanas ay tatalakayin sa mga susunod na aralin.

## MGA KATANGIAN NI SATANAS

Tulad ng iyo nang natutuhan, si Satanas ay isang espiritu, subalit may mga katangian din ng isang tunay na personalidad. Itinuturo ng Biblia na siya ay:

### MATALINO AT TUSO:

**Nguni't ako'y natatakot, baka sa anomang paraan, kung paanong si Eba ay nadaya ng ahas sa kaniyang katusuhan, ang inyong walang malay at malinis na mga pagiisip na kay Cristo ay pasamain. (II Corinto 11:3)**

### MARAMDAMIN:

**At nagalit ang dragon sa babae… (Apocalipsis 12:17)**

### MATIGAS ANG KALOOBAN:

**At sila'y makawal sa silo ng diablo, na bumihag sa kanila ayon sa kaniyang kalooban. ( II Timoteo 2:26)**

### MAKAPANGYARIHAN:

**… pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin…(Efeso 2:2)**

### MAPANLINLANG:

**Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. (Efeso 6:11)**

### MABAGSIK AT MALUPIT:

**Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban**

**na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya. ( I Pedro 5:8)**

**MAPAGKUNWARI:**

**At hindi katakataka: sapagka't si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan. (II Corinto 11:14)**

## ANG MGA PANGALAN NI SATANAS

Nagbibgay ang Biblia ng maraming pangalan kay Satanas na dagdag na naghahayag ng kaniyang likas at mga gawain. Tulad ng dati mo nang natutuhan, si Satanas ay unang tinawag na "pinahirang querubin" at "Lucifer" bago siya naghimagsik. Ang iba pang mga pangalan ni Satanas ay:

| | |
|---|---|
| Abaddon: (salita sa Hebreo para sa "mangwawasak") | Apocalipsis 9:11 |
| Tagasumbong sa mga kapatid: | Apocalipsis 12:10 |
| Kalaban: | I Pedro 5:8 |
| Anghel ng kalaliman: | Apocalipsis 9:11 |
| Anghel ng kaliwanagan: | II Corinto 11:4 |
| Apolyon: ( salita sa Griego para sa "mangwawasak") | Apocalipsis 9:11 |
| Belzebub: | Mateo 11:24; Lucas 11:15 Marcos 3:22 |
| Belial: | II Corinto 6:15 |
| Mandaraya: | Apocalipsis 12:9; 20:3 |
| Mangwawasak: | Apocalipsis 9:11 I Corinto 10:10 |
| Diablo: (maninila) | I Pedro 5:8; Mateo 4:1 |
| Dragon: | Apocalipsis 12:3 |
| Kaaway: | Mateo 13:39 |
| Ang masama: | I Juan 5:19 |
| Ang diyos ng sanglibutang ito: | II Corinto 4:4 |
| Hari ng Tiro: | Ezekiel 28:12-15 |
| Sinungaling, ama ng kasinungalingan: | Juan 8:44 |
| Mamatay: | Juan 8:44 |
| Prinsipe ng mga diablo: | Mateo 12:24 |
| Prinsipe ng sanglibutan: | Juan 12:31; 14:30; 16:11 |
| Prinsipe ng kapangyarihan ng himpapawid: | Efeso 2:2 |
| Satan: (kaaway, tagausig) | Juan 13:27 |
| Ahas: | Apocalipsis 12:9; II Corinto 1:3 |
| Manunukso: | Mateo 4:3 I Tesalonica 3:5 |
| Umuungal na leon: | I Pedro 5:8 |
| Tagapamahala ng kadiliman: | Efeso 6:12 |
| Ang espiritu na gumagawa sa mga anak ng pagsuway: | Efeso 2:2 |

Maaari mong makilala ang kapangyarihan ni Satanas mula sa mga katangian at pangalan. Sapagkat siya'y manlilinlang, makapangyarihang kaaway, ang Biblia ay nagbabala:

> **Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya. ( I Pedro 5:8)**
>
> **Ni bigyan daan man ang diablo. ( Efeso 4:27)**

## SI SATANAS AY DI NAMAN…

Hindi alam ni Satanas ang lahat ng bagay tulad ng Diyos. Kung nalalaman ni Satanas ang kinabukasan hindi niya dapat sanang binayaang mamatay si Jesus sa krus. Nalaman sana niya na ang kamatayan ni Jesus ang magpapabagsak sa kaniyang kapangyarihan at magbigay daan ng paglaya mula sa mga tali ng kasalanan para sa buong sangkatauhan.

Si Satanas ay di makapangyarihan sa lahat. Sinabi ni Jesus na ang kapngyarihan ng Diyos sa iyo ay higit na makapangyarihan kaysa sa kapangyarihan ni Satanas. Para doon sa mga sumampalataya kay Jesus, si Satanas ay isa nang talunang kalaban (Juan 12:31). Malakas lamang siya sa mga sa kaniya ay napapailalim. Binibigyan ng kapangyarihan ng Diyos ang kapangyarihan ni Satanas ( Job 1:10-12) at matatalo lamang niya ang mananampalataya kung ito ay bibigay sa kaniya.

Sapagakat si Satanas naman ay di maaaring nasa lahat ng dako sabay-sabay, nagpapadala siya ng hukbo ng mga demonyo sa boong lupa upang gawin ang nais niya at tuparin ang kaniyang mga layunin. May dagdag kang matututuhan sa mga sumusunod na kabanata.

# INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

2. Paano nagsimula sa Satanas?

3. Ano ang dati niyang kalagayan?

4. Ano ang dahilan nang pagbagsak ni Satanas?

5. Ano ang naging bunga ng pagkakasala ni Satanas?

6. Ano ang ginagalawang dako ni Satanas?

7. Ano ang mga pangkalahatang mga gawain ni Satanas?

8. Maglista ng mga katangian ni Satanas na natatandaan mo mula sa kabanatang ito.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

# MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Pagaralan ang tala ng mga salita ni Satanas. Ang kanyang mga pangungusap ang dagdag na pagpapakilala sa kaniyang mga estratehiya: Genesis 3:1,4,5; Job 1:7-12; Job 2:1-6; Mateo 4:1-11; Lucas 4:1-13.

2. Si Satanas ay eksaktong kabaligtaran ng Espiritu Santo. Ang Espiritu ay sinugo ng Diyos upang ilapit ang mga tao sa Diyos. Si Satanas naman ay nakatalaga na ilayo ang mga tao sa Diyos.

| **Espiritu Santo** | **Satanas** | **Reperensya** |
|---|---|---|
| Espiritu ng katotohanan | Espiritu ng kamalian | I Juan 4:6 |
| Totoo | Sinungaling | Juan 14:17; 8:44 |
| Nagbibigay buhay | Mamamatay | I Corinto 15:45; Juan 8:44 |
| Banal | Masama | Roma 1:4; Mateo 6:13 |
| Tulad ng isang kalapati | Tulad ng isang ahas | Mateo 3:16; Apocalipsis 12:9 |
| Ating Katulong | Ating kaaway | Roma 8:26; I Pedro 5:8 |
| Nagbibigay ng kakayahang magsalita | Ginagawang mapipi ang mga tao | Gawa 2:4; Marcos 9:17 |
| Tagapagtanggol | Tagabintang | Juan 14:16; Job 1:9-11 |
| Higit na malakas sa kay Satanas | Lalaking malakas | Lucas 11:21-22 |

3. Sinabi ni Jesus, si Satanas ay…

| | |
|---|---|
| Isang kaaway: | Mateo 13:39 |
| Masama: | Mateo 13:38 |
| Prinsipe ng sanglibutan: | Juan 12:31; 14:30 |
| Sinungaling at ama ng kasinungalingan: | Juan 8:44 |
| Mamamatay-tao: | Juan 8:44 |
| Bumagsak mula sa langit: | Lucas 10:18 |
| May kaharian: | Mateo 12:26 |
| Naghasik ng panirang damo katabi ng trigo: | Mateo 13:38-39 |
| Inaagaw ang Salita sa mga tagapakinig: | Mateo 13:19; Marcos 4:15; Lucas 8:12 |
| Tinalian ang isang babae ng labingwalong taon: | Lucas 13:16 |
| Ninais mapasa kaniya si Pedro: | Lucas 22:31 |

| | |
|---|---|
| May mga anghel: | Mateo 25:41 |
| Inihanda para sa walang hanggang apoy: | Mateo 25:41 |

4. Sa pagaaral ng araling ito tungkol kay Satanas, may natukoy ka bang larangan sa iyong buhay kung saan ang kaaway ay gumagawa? Ikaw ba'y kaniyang nilinlang at pinagsinungalingan? Sa tusong paraan ba'y nakapasok siya sa iyong buhay upang ito ay sirain at nakawan ka ng galak, kapayapaan, o ang iyong testimonyo bilang Cristiano? Mahalagang matiyak mo ito sapagkat ito ang mga larangan ng labanan sa iyong buhay ang ninanais galawan ni Satanas at dito mo rin gagamitin ang mga estratehiya ng pakikibaka na matututuhan mo sa kursong ito.

5. Si Satanas ay itinulad sa isang ahas sa likas na daigdig. Mula sa mga natural na bagay na ito ay may mga espirituwal namang pagaangkop na dapat mong gawin:

<u>Ang kamandag</u> ng nakalalasong mga ahas ay may tatlong kategorya:

- Neurotorins: May epekto sa nerbiyos.
- Hemotorins: May epekto sa dugo.
- Cardiotorins: may epekto sa puso.

Kaya si Satanas ay sumsalakay din sa iyong nerbiyos (may kinaalaman sa katapangan), sa iyong puso ( ito naman ay sa pagsamba at paglilingkod sa Diyos), at pinipigil ang bisa ng dugo ni Jesus ( kaligtasan, kagalingan, at pagpapalaya) sa iyong buhay.

<u>Ipinagtatanggol ng ahas ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng:</u>

- Pagbabalatkayo: May mga ahas na mahirap makita dahil katulad sila ng lupa o puno kung saan sila gumagalaw.
- Paggaya: May mga ahas na sa pamamagitan naman ng paggaya ay napoprotektahan siya. Ang isang halimbawa ay ang ulupong sa puno sa Africa na napapatigas ang kanyang sarili at pinahahaba ang leeg na akal mo'y isang sanga.
- Pagpapalaki ng sarili: Ang makamandag na ahas na mabilis magbuga ng hinga ay napalalaki ang sarili ayon sa gusto niya.

<u>Nakatatakot na ingay</u>: May mga ahas na sumisingasing o kaya naman ay umiingay ang buntot, na lumilikha ng nakatatakot na ingay upang ikaw ay lumayo. Ang iyong espirituwal na kaaway ay lumalapit at nagpapanggap bilang isang "anghel ng kaliwanagan" at ginagaya ang mga bagay ng Diyos. Sinisikap din niya na takutin ka sa pamamagitan ng pagkukunwang siya'y malaki at banta sa iyo.

<u>Kumukuha ng makakain ang mga ahas</u> sa apat na paraan:

- Paglusob: Biglang pagsalakay.

- Paghapit: Dito ay nililingkis ng ahas ang kaniyang biktima at dahang-dahang kinakain ito.

- Binabagsakan ng mabigat niyang katawan ang biktima upang talunin ito.

- Pagsagpang at kagat-kagat ang biktima ng kaniyang mga pangil habang ang lason ang magpaparalisa sa biktima. Minsan nalalagas ang ngipin ng ahas dahil sa pakikilaban, kaya nga lamang, madalas tumubo muli ang mga ngipin nito. Ang pinakamapanganib na bahagi ng ahas ay ang kaniyang bibig. Nagbubuga ito ng sapat na kamandag upang maparalisa ang biktima at saka ngayon lalamunin.

Nakita mo ba kung paano katulad ng mga pagsalakay ni Satanas ang gawa ng ahas? Minsan bigla at nakamamatay ang kaniyang pagsalakay. Sa ibang pagkakataon naman, nililingkis niya ang iyong buhay espirituwal ng mga alalahanin ng sanglibutan at mga makasalanang pabigat at pagsilo. Lagi ka niyang ginigipit at gustung-gusto niyang ikaw ay talian upang maparalisa ka ng kaniyang kamandag.

Natutukoy ng ahas ang kanyang bibiktimahin sa pamamagitan ng alabok sa kanilang dila na siyang nagdadala ng impormasyon sa kaniyang utak. Kung pumirmi ka lang sa pagkakatayo hindi ka matutukoy ng ahas. Nakikita kang mabuti ni Satanas pagka ikaw ay takbo ng takbo dahil sa pagkalito at takot. Pagka huminto ka at "wala na ang alikabok" na likha ng iyong pagtakbo maaaring walang takot kang humarap sa kaniya at hindi ka niya masasalakay. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ng Biblia, "tumigil kayo" at manatiling naninindigan.

Sa pagkataranta, ang ahas ay magbubuga ng lahat ng kaniyang kamandag at pagkatapos noon ay wala na siyang magawa hanggat hindi siya uli nakapagiipon ng kamandag. Ito marahil ang nangyari sa ilang nang tuksuhin si Jesus at ginamitan Niya ng Salita ng Diyos si Satanas kaya ito umalis at "hiniwalayan Siya ng ilang panahon."

Narito ang ilang mga paraan upang maiwasan ang kagat ng ahas sa natural na daigdig. Pansinin na maaari ding gamitin ito sa larangang espirituwal:

1. Kilalanin ang mga ahas na makamandag (kilalanin mo ang iyong kaaway).

2. Magsuot ka ng kasootang pang proteksyon ( boong kagayakan ng Diyos).

3. Iwasan ang mga lugar na pinagpupugaran ng mga ahas ( huwag pumaroon sa mga lugar ng tukso at mga gawain ni Satanas).

4. Magsama ka ng kaibigan ( ito ang kahalagahan ng pagiging bahagi ng katawan ni Cristo).

5. Iwasang maglakad pag madilim na o sa madidilim na lugar. Iwas ang ahas sa sikat ng araw (bilang mga mananampalataya hindi na tayo lumalakad sa dilim kundi sa liwanag).

6. Huwag mong ilalagay ang iyong mga kamay at ilalakad ang iyong mga paa sa lugar na hindi mo makikita (bantayan mo ang iyong mga makalamang pakiramdam).

7. Huwag basta uupo nang hindi muna tumitingin sa paligid ( mga nakapirming tao ang madaling biktimahin kay sa mga kumikilos).

8. Huwag kang maghahanap ng ahas upang sila ay patayin. Libo libong mga tao ang nakakagat taon taon dahil sa sinisikap nilang patayin ang mga ahas bagamat hindi naman nila alam ang mga gawi nito at mga pinagpupugaran( labanan natin ang diablo pagka nakatagpo natin siya, subalit huwag siyang hanapin).

9. Alamin mo ang dapat gawin kapag natulaw ng ahas ( pagsasangalang)

Kung sakaling matuklaw ng ahas, ang unang ginagawa sa natural na daigdig ay humihiwa ng korteng **krus ( + )** saan man may bumaon na pangil at pagkatapos ay sipsipin ang kamandag at ilura ito. Pagkagandang larawan ng ginawa ni Jesus sa krus upang palayain tayo mula sa “kamandag” ng kasalanan.

Mayroon tayong kapamahalaan laban sa mga ahas. Sa Genesis 3, nagbigay ng hatol ang Diyos laban sa ahas (si Satanas). Sinabi Niya na ang ulo ng ahas ay dudurugin ng binhi ng babae (si Jesus) at ang sakong ng binhi (si Jesus) ay dudurugin ng ahas.

Ang “pagdurog” sa “sakong” ay tumutukoy sa panggigipit na bunga ng pagkadurog ng ulo ni Satanas sa krus ng kalbaryo. Nang durugin ni Jesus ang ulo ni Satanas, itoy tulad ng pagkatigpas ng ulo ng ahas sa natural na daigdig. Ang ulo ng ahas ay maaaring mahiwalay sa kaniyang katawan, subalit maaari pa ring mangagat ito ilang oras pagkalipas noon. Napagalaman na makalipas ang dalawang araw, ang puso ng ahas ay pumipintig pa rin at ang katawan ng ahas ay patuloy na kumikilos.

Sa krus ng kalbaryo, dinurog ni Jesus ang ulo ng “ahas”, subalit buhay pa rin ang ahas. Aktibo pa rin siya sa sanglibutan ngayon at may kapangyarihan pa rin. Subalit wala ng kapamahalaan si Satanas. Ang tanging kapamahalaan niya sa iyong buhay ay yaong ibibigay mo sa kaniya at ang kapangyarihan at kapamahalaang sumasaiyo (si Jesus) ay higit na makapangyarihan.

# IKAANIM NA KABANATA

## ANG MGA ESPIRITUWAL NA PWERSA NG MASAMA: MGA DEMONYO

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Pagbalikan ang pinagmulan ng mga demonyo.
- Ipaliwanag ang kanilang orihinal na kalagayan.
- Tukuyin ang kanilang larangang ginagalawan.
- Tukuyin ang mga katangian ng mga demonyo.
- Ipaliwanag kung paanong ang pwersa ng mga demonyo ay itinatag.
- Magbigay ng buod ng mga gawain ng mga demonyo.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Nguni't hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananamplataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng demonio. (I Timoteo 4:1)**

### PAMBUNGAD

Natutuhan mo ang tungkol kay Satanas sa nakaraang kabanata. Sa kabanata namang ito, pagaaralan mo ang tungkol sa "tropa" niya na tinatawag na mga demonyo, na nasa ilalim ng kaniyang pamumuno. May ilang mga tao na lubusang hindi pinapansin ang paksa tungkol sa mga demonyo. Mayroon namang iba na may di mapigil na interes dito. Hindi mo dapat bale walain ang kapangyarihan ng mga demonyo sa sanglibutan ngayon, bagamat di naman dapat na wala ka nang inisip kundi sila at nakakakita ka ng demonyo sa lahat ng nangyayari at sa mga tao sa paligid mo. Ang kailangan ay isang payak, literal at ayon sa Biblia na pagharap sa paksa tungkol sa mga demonyo. Huwag mga aklat lamang ng kung sino ang iyong pagaralan tungkol sa kapangyarihan ng mga demonyo. Ang tanging dapat mong pagkukunan ng pagaaral sa larangang ito ay ang Salita ng Diyos o mga Cristianong aklat tungkol dito.

## ANG PINAGMULAN NG MGA DEMONYO

Ang Diyos ang lumalang sa lahat ng mga anghel, na ang iba'y naging mga demonyo:

> **Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan Niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya. ( Juan 1:3)**
>
> **Sapagka't sa Kaniya nilalang ang lahat ng mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya at ukol sa Kaniya. (Colosas 1:16)**

## ANG KANILANG ORIHINAL NA KALAGAYAN

Sa simula ang mga demonyo ay tulad ng mga ibang anghel ng Diyos na may katulad ding mga katangian ng mga mabubuting mga anghel na inilarawan sa Ikaapat na Kabanata ng kursong ito. Nang maghimagsik si Satanas laban sa Diyos, bahagi ng mga anghel ay nakilahok sa paghihimagsik. Itinaboy sila ng Diyos mula sa langit kasama ni Satanas. Hindi na sila mga nilalang na mabubuti (mga anghel). Sila'y naging mga masasamang nilalang ( mga demonyo):

> **At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: Si Miguel at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka;**
>
> **At hindi sila nanganalo, ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit.**
>
> **At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya. ( Apocalipsis 12:7-9)**

Kung ang mga demonyo ay hind mga "bumagsak" na mga anghel, wala tayong ibang paliwanag sa Biblia kung saan sila nagbuhat. Hindi kaya ni Satanas na lumikha ng sarili niyang pwersa, sapagkat lahat ng bagay ay nilikha ng Diyos. May dalawang grupo ng mga bumagsak na mga anghel. Ang isang grupo ay aktibong lumalaban sa Diyos at sa Kaniyang bayan sa lupa. Ang isa pang grupo ay nakatanikala:

> **Sapagaka't kung ang Diyos ay hindi nagpatawad sa mga anghel nang magkasala ang mga yaon, kundi sila'y ibinulid sa impierno, at kinulong sa mga hukay ng kadiliman, upang ilaan sa paghuhukom. ( II Pedro 2:4)**
>
> **At ang mga anghel na hindi nangagingat ng kanilang sariling pamunuan, kundi iniwan ang kanilang sariling tahanan, ay iniingatan Niya sa mga tanikalang walang hanggan sa paghuhukom sa dakilang araw. (Judas 6)**

May mga gumagalang mga demonyo at nakakulong na mga demonyo. Ang pinuno ng dalawang grupo ay si Satanas, na tinatawag na “prinsipe” ng mga diablo (Mateo 12:24). Ang impiyerno ay inilaan para sa Diablo at ang kaniyang mga anghel. Ito ang kanilang huling hantungan:

> **Kung magkagayo’y sasabihin naman Niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa Akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel. (Mateo 25:41)**

Nang harapin ni Jesus ang dalawang lalaking inaalihan ng demonyo, ang kanilang sagot ay:

> **…Anong aming ipakikialam sa Iyo, ikaw na Anak ng Diyos? Naparito ka baga upang kami’y iyong pahirapan bago dumating ang kapanahunan? (Mateo 8:29)**

Alam ng mga demonyo na sumapi sa dalawang lalaking ito na ang kanilang huling hantungan ay isang dako ng walang katapusang pagpapahirap. Yamang ang impyerno ay dako ng pagpapahirap at inihanda para kay Satanas at sa kaniyang mga anghel, kung gayon ang mga demonyo ang angel na bumagsak.

## ANG KANILANG GINAGALAWANG LARANGAN

Sa buong Biblia, ipinakita na ang mga demonyo ay gumagalaw sa lupa. Yamang si Satanas ay hindi naman nasa lahat ng dako tulad ng Diyos, ginagamit niya ang mga demonyo na tuparin ang kaniyang kalooban at gawin ang kaniyang mga layunin sa buong mundo. Sila ay bumubuo ng “mga kapangyarihan sa himpapawid” ( Efeso 2:2) at ng mga kapangyarihan ng kadiliman” (Colosas 1:13) at silang lahat ay hawak ni Satanas.

## MGA KATANGIAN NG MGA DEMONYO

Sa kanilang walang kasalanang orihinal na kalagayan, ang mga demonyo ay may mga katangiang tulad din ng mabubuting mga anghel na dati natin pinagaralan. Sa kanilang kasalukuyang masamang kalagayan ang mga demonyo ay:

| | |
|---|---|
| Mga espiritu: | Mateo 8:16; Lucas 10:17,20 |
| Maaaring magpakita: | Genesis 3:1; Zacarias 3:1; Mateo 4:9-10 |
| Nakapagsasalita: | Marcos 5:9,12; Lucas 8:28; Mateo 8:31 |
| Sumasampalataya: | Santiago 2:19 |
| Nagagamit ang kanilang kalooban: | Lucas 11:24; 8:32 |
| Nagpapakita ng talino: | Marcos 1: 24 |
| May damdamin: | Lucas 8:28; Santiago 2:19 |
| May pagkilala: | Gawa 19:15 |

| | |
|---|---|
| May lakas higit pa sa tao: | Gawa 19:16; Marcos 5:3 |
| May kapangyarihang higit sa tao: | Daniel 9:21-23 |
| Walang hanggan: | Mateo 25:41 |
| May sariling doktrina: | I Timoteo 4:1-3 |
| Masama: | Mateo 10:1; Marcos 1:27; 3:11 |

## MGA PANGALAN NG MGA DEMONYO

Sa Bagong Tipan ang mga demonyo ay anim na beses tinawag na masamang espiritu at dalawamput tatlong beses bilang maruming espiritu. Sila rin ay tinawag na mga diablo (Marcos 1:32) at mga anghel ng diablo (Mateo 25:41).

## ANG PAGKAKATATAG NG PWERSA NG MGA DEMONYO

Pagbalik-aralan natin kung paano tinatag ng Diyos ang Kaniyang hukbo ng mga anghel…

> **Sapagka't sa Kaniya nilalang ang lahat ng mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya at ukol sa Kaniya. (Colosas 1:16)**

Si Satanas ay mangaggaya, hindi siya manlilikha. Itinatag niya ang mga demonyo sa ayos na tulad ng mga pwersa ng Diyos:

> **Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. ( Efeso 6:12)**

Itinatag ni Satanas ang kaniyang pwersa sa ganito:

**Mga Pamunuan:** Maliwanag na hinati ni Satanas ang sanglibutan sa mga pamunuan. Ang pamunuan ay isang dakong nasasakupan ng isang prinsipe. Naglagay si Satanas ng prinsipe sa bawat pamunuan. Ang prinsipe ng kapangyarihan ng Persia ay nabanggit sa Daniel 10. Ganito gumagawa si Satanas sa malawakang pagimpluwensya sa mga pamahalaan at mga bansa.

**Mga kapangyarihan at mga namamahala ng kadiliman sa sanglibutan:** Ang dalawang kategorya ng mga demonyo ay gumagalaw sa panglipunan, pangpulitika, at pangkulturang mga sistema ng sanglibutan. Matutuhan mo kung paano harapin ang mga ito at ang mga espiritu sa

ibabaw ng mga pamunuan sa pagaaral mo sa Ikalabing-apat na Kabanata ng mga estratehiyang espirituwal upang mapagtagumpayan ang sanglibutan.

**Espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan:** Ang mga dakong kaitaasan sa Lumang Tipan ang mga dakong pinagdarausan ng pagsamba. Ganito gumagalaw si Satanas sa straktura ng mga relihiyon sa sanglibutan. Matutuhan mo pa ito sa Ikasampung Kabanata sa pagaaral mo ng mga kasamaan sa dakong kaitaasan.

Ang mga natatag na mga grupong ito ay magkakaiba ng laki. Halimbawa, si Maria Magdalena ay nagkaroon ng pitong mga demonyo bago ito pinalaya. Sa Lucas 8:30 ay nabanggit ang "pulutong" ng mga demonyo. Ang pulutong sa hukbo ng Roma noong panahon ni Jesus ay tumutukoy sa 6,100 mga kawal at mga 726 na mga mangangabayo.

Ang mga natatag na pwersang ito ng mga demonyo ay…

**Nagkakaisa:**

Sa kaso ng lalaking inaalihan ng demonyo sa Lucas 8:30, ang mga demonyo ay nagkakaisa sa kanilang layunin, na sa halimbawang ito ay maangkin ang lalake. Ito ay totoo rin sa Mateo 12:45 at sa kaso ni Maria Magdalena na may pitong mga demonyo (Lucas 16:9). Binanggit ni Jesus ang tungkol sa pagkakaisa ng mga demonyo nang Kaniyang sabihin:

> **At kung pinalabas ni Satanas si Satanas, siya'y nababahagi sa kaniyang sarili; papaano ngang mananatili ang kaniyang kaharian? (Mateo 12:26)**

**May Iba't Ibang Baitang Ng Kasamaan:**

Ito ay inilarawan ng demonyo na nagsabi na siya ay babalik na may kasamang mga masasamang espiritu:

> **Datapuwa't ang karumaldumal na espiritu, kung siya'y lumabas sa tao,**
> **ay lumalakad sa mga dakong walang tubig na humahanap ng kapahingahan,**
> **at hindi nakasumpong.**
>
> **Kung magkagayo'y sinasabi niya, babalik ako sa aking bahay na nilabasan ko;**
> **at pagdating niya, ay nasusumpungan niyang walang laman, walis na,**
> **at nagagayakan.**
>
> **Kung magkagayo'y yumayaon siya, at nagsasama ng pito pang espiritu na lalong masasama kay sa kaniya, at sila'y nagsipasok at nagsisitahan doon: at nagiging lalo pang masama ang huling kalagayan ng taong yaon kay sa una…**
> **(Mateo 12:43-45)**

**Maaaring Bumago Ng Kanilang Mga Gawain:**

Ang demonyo sa I Hari 22:21-23 ay nagsabi na siya ay magiging magdarayang espiritu. Lumilitaw na dati ay hindi siya gayon sapagkat sinabi niya, “ako’y…magiging…”

**Ibat Ibang Uri:**

Itinuturo ng Biblia ng ang tao ay may katawan, kaluluwa, at espiritu. May tatlong uri ng mga demonyo na sumasalakay sa katawan, kaluluwa, at espiritu ng tao:

1. Masama o maruming espiritu**:** Sila ay dahilan ng mga gawang imoral, maruming isipan, pagpapahirap, pagsapi, kalungkutan, at iba pang mga estratehiya ni Satanas na atin pang pagaaralan. Sila ang nagpapahirap sa isip at kaluluwa ng tao. (Mateo 10:1; 12:43; Marcos 1:23-26)

2. Mga Espiritu ng karamdaman: Ang mga espiritung ito ang nagpapahirap sa katawan. ( Lucas 13:11)

3. Mga espiritung mapanghikayat: Ang mga espiritung mapanghikayat ay sumasakit sa isip, kaluluwa, at espiritu ng tao, iniimpluwensiyahan siya na paniwalaan ang mga hidwang mga doktrina tulad ng binabanggit sa I Timoteo 4:1. Ang mga espiritung ito ay hinihikayat ang mga tao na paniwalaan ang kasinungalingan at mapahamak magpakailan man. Sila ang mga espiritu ng hidwang doktrina, kulto, mga bulaang Cristo, at bulaang mga guro.

## MGA GAWAIN NG MGA DEMONYO

Ang mga demonyo ay sumusunod sa mga utos ng kanilang prinsipe, si Satanas. Maaari nating sabihin na ang kabuuan ng mga gawain ng mga demonyo ay laging laban sa Diyos, sa Kaniyang plano, at sa Kaniyang bayan. Ang mga demonyo ay ginagamit ni Satanas upang salakayin ang Salita ng Diyos, ang iyong pagsamba sa Diyos, ang iyong paglakad na kasama ang Diyos, at ang iyong paglilingkod sa Diyos.

Sa Ikawalong Kabanata, matututuhan mo ang mga detalye ng mga estratehiya ng kaaway sa pakikibakang espirituwal. Ginagamit ni Satanas ang mga demonyo upang maisagawa ang estratehiyang ito sa sanglibutan. Lumalawak ang naabot ng kapangyarihan ni Satanas sa pamamagitan ng kasamaan at pangdaraya. Ito ay nagpapasakit sa mga tao, mga pamahalaan, mga bansa, at ang pamamaraan ng sanglibutan. Itinataguyod nila ang paghihimgasik at paninirang puri sa Diyos at sa tao. Itinataguyod nila ang pagsamba sa dios-diosan, hidwang doktrina, at binubulag ang mga lalake at babae sa katotohanan ng ebanghelyo.

Sinasalakay ng mga demonyong ito ang mga mananampalataya at itinutulak silang gumawa ng mga imoral na bagay, pumatay ng tao, sumakit ng iba, magpatiwakal at iba pa. Pinasasakitan nila ang kaisipan sa pamamagitan ng mga suliraning emosyonal at ang katawan naman, ng mga karamdaman. Sinasalakay ng mga demonyo ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng tukso, pangdaraya, kalungkutan, at pagpapahirap. Sinisikap nilang ikaw ay bihagin ng mga bisyo at takot. Ikaw ay pinagbibintangan at sinisiraang puri at lumlikha ng pagkakabahabahagi sa bayan ng Diyos. Sinasalakay din ang iyong paglakad na kasama ang Diyos, at nilalabanan ang

Salita ng Diyos, pagsamba sa Diyos, at ang iyong paglilingkod sa Diyos. Sinasalakay din ang iyong pangangatawan.

Ang mga hindi mananampalataya ay walang pananggalang laban sa mga pagsalakay ng mga demonyo, subalit ang mga mananampalataya ay may makapangyarihang espirituwal na kasangkapan at mga estratehiya sa pagharap sa malalakas na pwersa ng kasamaan. Matututuhan mo ang tungkol sa mga kasangkapang ito at ang mga estratehiya sa patuloy mong pagaaral ng pakikibakang espirituwal.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

2. Paano nagsimula ang mga demonyo?

3. Ano ang ginagalawan nilang larangan?

4. Ibigay ang buod ng kanilang mga gawain.

5. Ilista ang lahat ng mga katangian ng mga demonyo na maaalaala mo mula sa talakayan sa kabanatang ito.

6. Paano natatag ang mga pwersa ng demonyo?

7. Ano ang orihinal na kalagayan ng mga demonyo?

8. Paano sila naging mga demonyo?

9. Magbigay ng maikling kahulugan ng bawat isa sa mga sumusunod na hanay ng mga demonyo:

<u>Mga Pamunuan:</u>

<u>Mga Kapangyarihan at Namamahala ng Kadiliman:</u>

<u>Espiritu ng Kasamaan sa mga Dakong Kaitaasan:</u>

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Upang magakaroon ng dagdag na pagkatuto tungkol sa mga espirituwal na pwersa ng kasamaan, pagaralan ang mga sumusunod na mga reperensya sa Biblia tungkol sa paksa ng mga demonyo:

Genesis: 3:1-15; 6:1-4; 41:8; 44:5
Exodo: 7:8-13; 20-24; 8:6-7, 18-19; 9:11; 22:18
Levitico: 17:7; 19:26,31; 20:6, 27
Mga Bilang: 22:7; 23:23
Deuteronomio: 18:9-14, 20-22; 32:17
Mga Hukom: 8:21,26
I Samuel: 15:23; 16:14; 18:10; 28:1-15
I Hari: 5:4; 18:28; 22:19-38
II Hari: 9:22; 17:17; 21:1-9; 23:5,24
I Cronica: 21:1
II Cronica: 33:1-10
Job: 1:1-12; 2:1
Awit: 78:49; 91:6; 106:36-38
Isaias: 3:18-19; 8:19; 14:12-17; 47:11-15
Jeremias: 27:9
Ezekiel: 21:21; 28:11-19
Daniel: 1:20; 2:2, 27; 4:6-9; 5:7, 11, 15
Oseas: 4:12
Mikas: 5:12
Zacarias: 3:1,2; 10:2
Malakias: 3:5
Mateo: 4:1-11, 24; 8:16, 28-34; 10:1, 25:11-15; 11:18; 12:22-30, 11:43-45; 13:19, 39:15-21; 17:14-21; 24:24; 25:41
Marcos: 1:12-13, 21-28, 32, 34, 39; 3:11-12, 15, 22-30; 5:1-20; 6:7, 13; 7:24-30; 8:33; 9:17-29, 38-40; 13:22; 16:9, 17
Lucas: 4:1-13, 33-37; 6:18; 7:21, 33; 8:2, 26-39; 9:1, 37-42, 49-50; 10:17-20; 11:14-26; 13:10-17, 32; 22:3, 31; 24:39
Juan: 6:70; 7:20; 8:44, 48-49; 10:20-21; 12:31; 13:27; 14:30; 16:11; 17:15
Gawa: 5:3, 16; 8:7, 9-11; 18:24; 10:38; 13:6-12; 16:16-19; 19:12-20; 26:18
Roma: 8:38-39; 16:20
I Corinto: 5:5; 7:5; 10:20-21
II Corinto: 2:11; 4:4; 6:14, 15, 17; 11:13-14; 12:7
Galacia: 1:4; 3:1; 4:8-9; 5:19-21
Efeso: 1:21; 2:2; 4:26-27; 6:11, 12, 16
Colosas: 1:13; 2:2; 4:26-27; 6:11, 12, 16
I Tesalonica: 2:18; 3:5
II Tesalonica: 2:1-10; 3:3
I Timoteo: 1:20; 3:6; 4:1-3
Hebreo: 2:14

Santiago: 2:19; 3:15; 4:7
I Pedro: 5:8
II Pedro: 2:4, 19
I Juan: 2:13, 18; 3:8, 12; 4:1-4, 6; 5:18
Judas: 1:6, 9
Apocalipsis: 2:9, 13, 24; 3:9; 9:1-11, 20-21; 12:1-13; 13:1-18; 16:13-16; 18:2; 19:20; 20:1-14; 21:8

2. Pagaralan ang tala ng Lumang Tipan tungkol sa kapangyarihan ng demonyo:

- Si Satanas sa wangis ng ahas ay binanggit nang pitong beses sa Genesis 3:1-24 at Isaias 27:1.

- Si Satanas ay nabanggit din sa I Cronica 21:1; II Samuel 24:1; Awit 109:6; Zacarias 3:1-12; at labing apat (14) na beses sa aklat ni Job.

- Ang mga masasamang espiritu ay binanggit ng walong (8) beses sa tala ni Haring Saul: I Samuel 16:14-23; 18:10; 19:9.

- Ang mga espiritu ng kasinungalingan ay binanggit ng anim (6) na beses sa I Hari 22:21-23.

- Ang masamang espiritu ay binanggit ng anim (6) na beses sa Levitico 20:27 at sa I Samuel 28.

- Ang relihiyosong espiritu at espiritu ng pagkapatotot ay tinukoy sa aklat ni Osea.

- Ang mga demonyo ay tinukoy na kasama ng mga diosdiosan ng mga paganong bansa ng apat (4) na beses: Levitico 17:7; Deuteronomio 32:17; II Cronica 11:15; Awit 106:19-39.

- Mga masasamang prinsesa na namumuno sa mga bansa ay tinukoy naman sa Awit, sulat ng mga propeta, at lalo na sa Daniel 10:10-21

- Marumi at likong mga espiritu ay binanggit ng dalawang (2) beses : Isaias 19:14

3. Isipin mo ito: Oo ngat ang mga pwersa ng demonyo ay kaaway ng Diyos, sila rin ay nasa ilalim ng Kaniyang kalooban at nagagamit pa Niya upang sila mismo ang maglaban laban: Tingnan ang I Samuel 16:14; 18:10; 19:9; I Hari 22:20-22; at Isaias 19:14.

# IKAPITONG KABANATA

## TERITORYO NG KAAWAY

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang "sanglibutan" ayon sa pagggamit sa araling ito.
- Tukuyin ang prinsipe ng sanglibutan.
- Ipaliwanag ang dahilan ng kasalukuyang sistema ng sanglibutan.
- Ilarawan ang damdamin ng sanglibutan sa mga mananampalataya.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang "laman" ayon sa paggamit sa araling ito.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng "pita ng laman."
- Ipaliwanag kung paano nabubuo ang pita ng laman.
- Ipaliwanag ang mga bunga ng hindi masupil na pita.
- Tukuyin ang isang reperensya sa Kasulatan na naglilista ng mga gawa ng laman.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama.**
>
> **Sapagka't ang lahat ng nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. ( I Juan 2:15-16)**

**PAMBUNGAD**

Isa lamang ang kaaway, subalit tulad ng natutuhan mo sa nakaraang aralin, gumagawa siya sa pamamagitan ng isang malakas na hukbo ng mga demonyo. Tulad ng inilahad ng Susing Talata ng araling ito, si Satanas ay hindi lamang mga demonyo ang ginagamit kundi ang mga masasamang pwersa ng laman at ng sanglibutan.

> **Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama.**
>
> **Sapagka't ang lahat ng nangasa sanglibutan , ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. ( I Juan 2:15-16)**

Ang layunin ng kabanatang ito ay tukuyin at talakayin ang mga pwersang masama ng kaaway na kilala bilang makamundo at makalaman. Magingat! Ikaw ay papasok sa dako ng kaaway. Ang kamunduhan at ang laman ay teritoryo ng kaaway.

## UNANG BAHAGI: ANG SANGLIBUTAN

Ang salitang "sanglibutan" ay may ibat ibang kahulugan sa Biblia. Ito'y maaaring mangahulugan ng lupa o kaya ay sansinukob sa kaniyang hanay na pisikal. Ito rin ay ginamit patungkol sa mga Hentil na ang ibig sabihin ay lahat ng mga bansa, liban sa bansang Judio.

Subalit ang salitang "sanglibutan" ay ginamit din patungkol sa kasalukyang kondisyon ng buhay ng tao na salungat sa Diyos. Ito ang sistema na nagpapatakbo sa lupa, isang sistema na salungat sa Diyos at sa Panginoong JesuCristo. Ito ang kahulugan na ginamit sa araling ito. Ang "sanglibutan" ay ang magkakasamang pulutong ng mga makalaman na mga tao na bumubuo ng sangkatauhan. Ang "laman" sa kontekstong ito ay hindi tumutukoy sa kalamnan ng iyong katawan. Ito ay isang salita na naglalarawan ng masamang likas ng tao na may sadyang paghihimagsik laban sa Diyos.

Bilang kaaway mo, ang sanglibutan ang buong natatag na sistema ng sosyal, kabuhayan, makamundo at mga relihiyosong pilosopiya na nahayag sa pamamagitan ng mga organisasyon, personalidad, at mga pamahalaan. Hindi ito isang partikular na pamahalaan, organisasyon o personalidad, kundi ang <u>maka-sanglibutang pamamaraan</u> na kanilang kinasasaligan.

### ANG PRINSIPE NG SANGLIBUTAN:

Si Satanas ang "prinsipe" o namumuno ng maka-sanglibutang sistema:

> **Ngayon ang paghatol sa sanglibutang ito: ngayon ang prinsipe ng sanglibutang ito ay palalayasin. ( Juan 12:31)**

> **Hindi na Ako magsasalita pa ng marami sa inyo, sapagka't dumarating ang prinsipe ng sanglibutan: at siya'y walang anoman sa Akin. ( Juan 14:30)**

Si Satanas ay tinawag na diyos ng sanglibutang ito:

> **Na binulag ng dios ng sanglibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisi-sampalataya… ( II Corinto 4:4)**

Ang mga kaharian ng sanglibutan ay nasa ilalim ng impluwensya ni Satanas. Sila ay ginagabayan ng mga pilosopiya at mga prinsipyo ni Satanas. Sila ay hawak ng laman at pinamamamahalaan ng laman:

> **Muling dinala Siya ng diablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa Kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila;**
>
> **At sinabi niya sa Kaniya, Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako. ( Mateo 4:8-9)**

Darating ang araw ang mga ito ay magiging mga kaharian ng ating Panginoon:

> **At humihip ang ikapitong anghel; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, at nagsasabi, Ang kaharian ng sanglibutan ay naging sa ating Panginoon, at sa Kaniyang Cristo; at Siya'y maghahari magpakailan kailan man.**
> **(Apocalipsis 11:15)**

## <u>ANG DAHILAN KUNG BAKIT GANITO ANG KONDISYON NG SANGLIBUTAN:</u>

Ang kasalanan ang dahilan ng kasalukuyang kondisyon ng sanglibutan. Sa pasimula nang lalangin ng Diyos si Adam at si Eba, sila ay binigyan ng Diyos ng kapamahalaan upang supilin ang daigdig. Ang ibig sabihin, sila ay may kapamahalaan sa daigdig, na gabayan ang mga sistema at mga nakatira rito ayon sa plano ng Diyos. Nang sila'y magkasala laban sa Diyos, nawala ang kapamahalaang ito. (Genesis 1-3)

Nang si Jesus ay mapako sa krus para sa kasalanan ng buong sangkatauhan at nagbangon muli mula sa mga patay, nabawi Niya ang sanglibutan. Kaniyang binigkas ang hatol sa mga espirituwal na pwersa ng kasamaan:

> **Pagkasamsam sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sila'y mga inilagay Niya sa hayag na kahihiyan, na nagtatagumpay Siya sa kanila sa bagay na ito.**
> **( Colosas 2:15)**

Bagamat nabawi ni Jesus ang sanglibutan mula sa kapangyarihan ng kaaway, hindi pa rin kinikilala ni Satanas ang bagay na ito. Si Satanas ay patuloy pa rin sa kaniyang paggawa sa sanglibutan sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan ng kasamaan. Hindi kikilalanin ni Satanas ang karapatan ni Jesus sa mga kaharian ng sanglibutan hanggang sa huling pagtutuos na iyong pagaaralan sa huling kabanata ng kursong ito.

Ang kasalukuyang kalagayan ay tulad ng pangyayari sa natural na daigdig na karaniwang nagaganap. Ang isang kapangyarihang pang politika o militar ang siyang mamamahala sa isang bansa subalit may mga naghihimagsik na ayaw pasakop dito. Ang mga rebeldeng ito ay patuloy na nakikilaban sa buong bansa. Sinisikap nilang angkinin ang mga teritoryong di naman kanila sa pamamagitan ng pagdaig sa mga karaniwang mamamayan. Madalas gumagamit sila ng pananakot upang maisagawa ito.

Ang kalagayan sa larangang espirituwal ay katulad din nito. Nabawi na ni Jesus ang sanglibutan at nangibabaw na Siya sa kaaway, at sa kaniyang mga pwersa ng kasamaan. Subalit ang mga rebeldeng pwersa ni Satanas ay patuloy pa rin sa pakikilaban sa buong sanglibutan. Sinisikap nilang angkinin ang mga teritoryong di naman talaga sa kanila at iniimpluwensyahan ang mga tao sa kasamaan. Ang labanang ito na ating "pakikibakang espirituwal" ay magpapatuloy hanggang sa huling pagtutuos.

## ANG STRAKTURA NG SANGLIBUTAN:

Ang straktura ng sanglibutan ay salungat sa Diyos, sa Kaniyang plano, mga layunin, at bayan:

### Ang Likong Sistema Ng Sanglibutan:

Ang kasalukuyang sistema ng sanglibutan ay masama:

> **Na Siyang nagbigay sa Kaniyang sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo'y mailigtas dito sa kasalukuyang masamang sanglibutan, ayon sa kalooban ng ating Diyos at Ama. ( Galacia 1:4)**

Ang sistema ng sanglibutan ay hindi kinikilala ang Diyos:

> **…na walang pagasa at walang Diyos sa sanglibutan. ( Efeso 2:12)**

Maraming panglilinlang sa sanglibutan upang siluin ang mga mananampalataya na maging bahagi ng sistema ng sanglibutan:

> **Sapagka't maraming magdaraya na nangagsilitaw sa sanglibutan…( II Juan 7)**

Ang sanglibutan ay hinatulan na ng Diyos:

> **Datapuwa't kung tayo'y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan. ( I Corinto 11:32)**

### Ang Mga Elemento Ng Sanglibutan:

Ang mga "elemento ng sanglibutan" ay tumutukoy sa mga batayang prinsipyo na umiiral sa sanglibutan. Ito ay patungo sa espirituwal na pagkabihag:

**Gayon din naman tayo, nang tayo'y mga bata pa, tayo'y nasasakop ng pagkaalipin sa ilalim ng mga pasimulang aral ng sanglibutan. ( Galacia 4:3)**

**<u>Ang Alituntunin Ng Sanglibutan:</u>**

May mga patakaran na siyang sinusunod ng straktura ng sanglibutan. Ang mga ito ay iba kay sa sa mga simulain na batayan ng pagaayos ng Diyos ng Kaniyang Kaharian:

**Kung kayo'y nangamatay na kalakip ni Cristo mula sa mga pasimulang aral ng sanglibutan, bakit, na waring kayo'y nangabubuhay pa sa sanglibutan, kayo'y nangagpapasakop sa mga palatuntunan. ( Colosas 2:8, 20)**

**<u>Ang Espiritu Ng Sanglibutan:</u>**

Salungat ang espiritu ng sanglibutan sa Espiritu Santo:

**Nguni't ating tinanggap, hindi ang espiritu ng sanglibutan, kundi ang espiritung mula sa Diyos; upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Diyos. ( I Corinto 2:12)**

**<u>Ang Pilosopiya Ng Sanglibutan:</u>**

Ang mga pilosopiya ay mga prinsipyo ng kaalaman. Ang makasanglibutang mga pilosopiya ay handi nakasalig kay Cristo:

**Kayo'y magsipagingat, baka sa inyo'y may bumihag sa pamamagitan ng kaniyang pilosopia at walang kabuluhang pangdaraya, ayon sa Sali't saling sabi ng mga tao, ayon sa mga pasimulang aral ng sanglibutan, at di ayon kay Cristo. ( Colosas 2:8)**

**<u>Ang Karunungan Ng Sanglibutan:</u>**

Ang makasanglibutang karunugan at hindi ayon sa karunungan ng Diyos:

**Sapagka't ang karunungan ng sanglibutang ito ay kamangmangan sa Diyos. ( I Corinto 3:19)**

**<u>Ang Pag-inog Ng Sanglibutan:</u>**

Ang "paginog" ng sanglibutan ay ang paulit-ulit na kaganapan sa mundo, karaniwang pangyayari, ang paraan ng takbo nito:

**Na inyong nilakaran noong una ayon sa lakad ng sanglibutang ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway. ( Efeso 2:2)**

**<u>Ang Mga Tinig Ng Sanglibutan:</u>**

Ang maraming mga “tinig” sa sanglibutan ay taliwas sa tinig ng Diyos:

> **Halimbawa, mayroon ngang iba’t ibang mga tinig sa sanglibutan, at walang di may kahulugan. ( I Corinto 14:10)**

**Ang Kapayapaan Ng Sanglibutan:**

Ang kapayapaan ng sanglibutan ay pansamantala, marupok, at minsan ay mapangdaya:

> **Ang kapayapaan ay iniiwan Ko sa inyo; ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay Ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso ni matakot man. ( Juan 14:27)**

**Ang Kalumbayan Ng Sanglibutan:**

Ang kalumbayang mula sa Diyos ay iba kay sa kalumbayan ng sanglibutan:

> **Sapagka’t ang kalumbayang mula sa Diyos, ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas, na hindi ikalulungkot: datapuwa’t ang kalumbayang ayon sa sanglibutan ay ikamamatay. (II Corinto 7:10)**

**Ang Damdamin Ng Sanglibutan:**

Napopoot ang sanglibutan sa Diyos:

> **…hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Diyos? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Diyos. (Santiago 4:4)**

Napopoot ang sanglibutan ang mga mananampalataya:

> **Kung kayo’y kinapopootan ng sanglibutan, ay inyong talastasin na Ako muna ang kinapootan bago kayo. Kung kayo’y taga sanglibutan, ay iibigin ng sanglibutan ang kaniyang sarili: nguni’t sapagka’t kayo’y hindi taga sanglibutan, kundi kayo’y hinirang Ko sa sanglibutan, kaya napopoot sa inyo ang sanglibutan. (Juan 15:18-19)**

Yamang ang sanglibutan ay binubuo ng mga taong nakasentro ang buhay sa laman napopoot sila sa mga mananampalataya, kaya kailangan nating lalong matutuhan ang tungkol sa makapangyarihang pwersang ito na tinatawag na “laman.”

## IKALAWANG BAHAGI: ANG LAMAN

Ang sanglibutan ay isang masamang pwersang panglipunan na gumagawa mula sa labas upang salakayin ang mga mananampalataya. Ito ang magkakasanib na organisasyon ng mga makalaman na mga tao. Ang laman ay isang masamang pwersa na gumagawa naman mula sa loob ng isang

mananampalataya. Ang “makalaman na espiritu” na gumagalaw sa sanglibutan ay gagalaw sa iyong buhay kung pahihintulutan mo ito. Ang salitang “laman” ayon sa gamit nito sa Kasulatan ay maaaring tumukoy sa mismong katawan ng isang tao o hayop. Subalit hindi ito ang ating tinutukoy sa paggamit natin ng salitang “laman” sa araling ito.

Ginagamit din ng Biblia ang salitang “laman” upang ilarawan ang likas na kasalanan ng tao. Ang laman ang sentro ng sadyang pagsalungat at paghihimagsik laban sa Diyos:

> **Sapagka't nalalaman ko na sa akin, sa makatuwid ay sa aking laman, ay hindi tumitira ang anomang bagay na mabuti…datapuwa't ang paggawa ng mabuti ay wala.**
>
> **Sapagka't ang mabuti na aking ibig, ay hindi ko ginagawa: nguni't ang masama na hindi ko ibig, ay siya kong ginagawa.**
>
> **Datapuwa't kung ang hindi ko ibig, ang siya kong ginagawa, ay hindi na ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang tumitira sa akin. (Roma 7:18-20)**

Ang laman ang nagpupumilit na pwersa mula sa loob na naghahayag ng sarili sa paghihimagsik sa pamamagitan ng kasalanan. Ang kahulugang ito ng laman ang ginagamit sa araling ito. Ang mga salitang “karnal” at “lumang pagkatao” ay ginagamit din upang ilarawan ang makalamang likas ng tao. Lahat ng tao ay mayroon nitong makasalanan, at makalamang likas na ito:

> **Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nangakasala. (Roma 5:12)**
>
> **Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. (Roma 3:23)**

**ANG PITA NG LAMAN:**

> **Sinasabi ko nga, Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman. (Galacia 5:16)**

Ano ang pita ng laman? Una, bigyang kahulugan natin ang salitang “pita.” Ang pita ay “isang malakas na nasain, emosyon ng kaluluwa, ang likas na hilig ng tao tungo sa masama.” Huwag tayong magnasa ng mga masasamang bagay:

> **Ang mga bagay na ito nga'y pawang naging mga halimbawa sa atin, upang huwag tayong magsipagnasa ng mga bagay na masama na gaya naman nila na nagsipagnasa. (I Corinto 10:6)**

Ang pagnanasa sa masamang mga bagay ay magbibigay kasiyahan sa iyong makalamang likas at ito ang “pita ng laman.” Ganyan sumalakay si Satanas mula sa loob. Ito ay katulad ng isang giyera sibil sa isang bansa, ang iyong espiritu at laman ay naglalaban sa isat isa.

## PAANO NABUBUO ANG PITA NG LAMAN:

Ang pita, o makasalanang nasain ay una munang pumapasok sa pamamagitan ng sentido. Ang mga mata ay makakakita ng isang bagay na masama o ang tenga ay may maririnig na masama. Isang pagkahipo, isang pagtikim, o kahit pagsamyo ay maaaring mauwi sa pita. Ganito ginagamit ni Satanas ang mga nakapaligid sa atin sa sanglibutan upang tuksuhin ang laman. Nabubuo ang isang masamang nasa o isipan sa pamamagitan ng mga sentidong likas na ito. Ito ang pita. Ang nasaing ito na masama ang naguudyok sa iyo na gumawa ng masama:

> **Huwag sabihin ng sinoman pagka siya’y tinutukso, Ako’y tinutukso ng Diyos; sapagka’t ang Diyos ay hindi matutukso sa masamang bagay, at hindi rin naman siya manunukso sa kanino man.**
>
> **Kundi ang bawa’t tao ay natutukso, pagka nahihila ng sariling masamang pita at nahihikayat. ( Santiago 1:13-14)**

Alalahanin mo, hindi ka tutuksuhin ng Diyos. Ikaw ay natutukso pagka ikaw ay hinihila ng iyong makasalanan, at makalamang pita.Subalit hindi kailangang ikaw ay mahulog sa tuksong ito. Ang Diyos ay laging nagkakaloob ng paraan ng pagiwas:

> **Hindi dumating sa iyo ang anomang tukso kundi yaong matitiis ng tao: datapuwa’t tapat ang Diyos, na hindi niya itutulot na kayo’y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang ito’y inyong matiis. ( I Corinto 10:13)**

Yamang ang isip ang ginagamit upang tuksuhin ang laman, nagbabala si Pablo:

> **Sapagka’t ang kaisipan ng laman ay kamatayan; datapuwa’t ang kaisipan ng espiritu ay buhay at kapayapaan.**
>
> **Sapagka’t ang kaisipan ng laman ay pakikipagalit laban sa Diyos; sapagka’t hindi nasasaklaw sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari: (Roma 8:7-8)**

Matutuhan mo rin kung paano ang isip ang isang tampok na larangan ng pakikibakang espirituwal.

## ANG MGA BUNGA NG PITA:

Kung ikaw ay bumigay sa pita, tukso ang magiging bunga nito at kung bumigay ka naman sa tukso, kasalanang tungo sa kamatayan naman ang bunga nito:

> **Kung magkagayo’y ang kahalayan, kung maipaglihi ay nanganganak ng kasalanan, Pagka malaki na ay namumunga ng kamatayan. (Santiago 1:15)**

Ang sanglibutan ay bulok dahil sa pita:

> **… yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita. (II Pedro 1:4)**

Ang laman ay bulok dahil sa pita

> **At inyong iwan, tungkol sa paraan ng inyong pamumuhay na nakaraan, ang dating pagkatao, na sumama ng sumama ayon sa mga kahalayan ng pagdaraya. ( Efeso 4:22)**

## ANG KAUGNAYAN NG ESPIRITU AT NG LAMAN:

> **Sapagka't ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; sapagka't ang mga ito ay nagkakalaban; upang huwag ninyong gawin ang bagay na inyong ibigin. (Galacia 5:17)**

Pagka ikaw ay naligtas at napuspos ng Espiritu Santo, ang Espiritu ay tumatahan sa iyong espiritu. Ang Espiritu sa iyong espiritu ang lumalaban sa mga pita ng laman. Ang iyong laman ay nakikipaglaban sa iyong espiritu at sa Espiritu ng Diyos na sumasaiyo. Ang laman ang humihimok sa iyo sa makasalanang pita. Ito ang dahilan kung bakit madalas kang hindi makapamuhay tulad ng iyong ibig.

Inilarawan ni Pablo ang labanang ito sa pagitan ng espiritu at laman sa ikapitong kabanata ng Roma:

> **Kaya nga nasumpungan ko ang isang kautusan na, kung ibig kong gumawa ng mabuti, ang masama ay nasa akin.**
>
> **Sapagka't ako'y nagagalak sa kautusan ng Diyos ayon sa pagkataong loob (ang espiritu);**
>
> **Datapuwa't nakikita ko ang ibang kautusan sa aking mga sangkap na nakikipagbaka laban sa kautusan ng kasalanan na nasa aking mga sangkap. (Roma 7:21-23)**

## ANG MGA GAWA NG LAMAN:

Ang mga pita ng laman kung hindi mapaglabanan, ay patungo sa makasalanang mga gawa na nagbubunga naman ng kamatayang espirituwal:

> **At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan,**

> **Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya,**
>
> **Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisispagmana ng kaharian ng Diyos. (Galacia 5:19-21)**

Ang listahang ito ay maaaring partihin sa apat na mga kategorya ng mga kasalanan:

| | |
|---|---|
| Kasalanan sa pagsamba: | Pagsamba sa dios diosan at kulam. |
| Kasalanan sa sex: | Pangangalunya, pakikiapid, karumihan at kalibugan |
| Kasalanan na pangsarili: | Paglalasing at magulong pagsasaya. |
| Kasalanan sa mga kaugnayan: | Kapootan, pabagobago, paggaya, galit, alitan, pagtataksil, inggitan, pagpatay. |

Bawat isa sa mga makasalanang gawa na ito ay tinatalakay na mainam sa kurso ng Harvestime International Institute na pinamagatang, *"Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo."* Ang mga ito ay kabalintunaan ng bunga ng Espiritu Santo na kailangang lumago sa buhay ng mga mananampalataya.

## ANG MAKAPANGYARIHANG PWERSA NG MASAMA

Ang sanglibutan at ang laman ay sumasanib kay Satanas at sa kaniyang mga demonyo upang makilaban sa mga mananampalataya. Ito ang mga espirituwal na pwersa ng masama. Sa mga sumusunod na mga aralin matututuhan mo ang mga estratehiya ng pakikibakang espirituwal upang malabanan ang mga makapangyarihang pwersang espirtuwal ng masama.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa “Articles of War.”

2. Ano ang ibig sabihin ng salitang “laman” ayon sa paggamit sa araling ito?

3. Ano ang ibig sabihin ng salitang “sanglibutan” ayon sa paggamit sa araling ito?

4. Sino ang prinsipe ng sanglibutang ito?

5. Ibigay ang buod ng mga katangian ng kasalukuyang sistema ng sanglibutan.

6. Ano ang dahilan sa makasalanang kondisyon ng kasalukuyang sistema ng sanglibutan?

7. Ano ang damdamin ng sanglibutan sa mga mananampalataya?

8. Ano ang ibig sabihin ng “pita ng laman”?

9. Paano nabubuo ang pita?

10. Ano ang mangyayari kung hindi mo mapigilan ang pita?

11. Magbigay ng reperensya sa Kasulatan na tumutukoy sa mga gawa ng laman.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Magdagdag ng pagaaral sa mga gawa ng laman sa Galacia 5:19-21.

2. Paghambingin sa mga masasamang mga gawang ito ang bunga ng Espiritu sa Galacia 6:22-23.

3. Basahin ang Juan 1:1-15 at kabanatang ikatatlo. Pansinin ang dakilang pagibig ng Panginoon sa sanglibutan sa kabila ng makasalanan, at makalamang kondisyon. Ano ang ginawa ng Diyos upang ipakita ang Kaniyang pagibig? Ano ang naging tugon ng sanglibutan?

4. Magdagdag ng pagaaral tungkol sa tukso.

- Si Satanas ay tinawag na manunukso: Mateo 4:3; I Tesalonica 3:15
- Hindi tinutukso ng Diyos ang tao na gumawa ng masama: Santiago 1:13-14
- Ikaw ay tinutukso ng:
  - -Mga tao: Mateo 16:1; 19:3; 22:35; Marcos 8:11; 10:2; Lucas 11:16; Juan 8:6
  - -Ni Satanas: Mateo 4:1; Marcos 1:13; Lucas 4:2; I Corinto 7:5
  - -Ng iyong mga pita: Santiago 1:13-14
  - -Mga kayamanan: I Timoteo 6:9
- Iyong idalangin na maiwas ka sa tukso: Mateo 26:41; Lucas 11:4 Marcos 14:38; 22:46
- Si Jesus ay tinukso, subalit di nagkasala: Hebreo 2:18; 4:15
- Ikaw ay mapalad kung magtiis ng tukso: Santiago 1:12
- Maaari kang ilayo ng Diyos mula sa tukso: Hebreo 4:15; II Pedro 2:9 I Corinto 10:13
- Ang tukso ay nagdadala ng kabigatan subalit dapat mong ituring ang bawat pagtukso na isang kagalakan: Santiago 1:2; I Pedro 1:6

5. Ikaw ba'y nakakaranas ng pita na tumutungo sa tukso at pagkatapos ay kasalanan? Sundin ang estratehiya sa I Juan 1:8-9.

6. Sa konteksto ng paglalarawan ng labanan sa pagitan ng Espiritu Santo at ng laman na tinukoy ni Pablo bilang mga gawa ng laman na naglalaban sa kalooban ng mga mananampalataya. Tingnan ang Galacia 5:16-26.

# IKAWALONG KABANATA

## MGA ESTRATEHIYA NG KAAWAY

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ibigay ang buod ng estratehiya ng kaaway kaugnay ng Diyos.
- Ibigay ang buod ng estratehiya ng kaaway kaugnay ng mga bansa.
- Ibigay ang buod ng estratehiya ng kaaway kaugnay ng mga di mananampalataya.
- Ibigay ang buod ng estratehiya ng kaaway kaugnay ng mga mananampalataya.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya:**
>
> **Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan. ( I Pedro 5:8-9)**

**PAMBUNGAD**

Ang araling ito ay naglalahad ng isang malawakang pagtanaw sa mga pangkalahatang mga estratehiya ng ating kaaway na si Satanas. Sa susunod na aralin, bibigyan ka naman ng isang pangkalahatang pagtanaw sa "Plano Ng Pakikidigma" ng Diyos. Sa mga sumusunod pang aralin,

pagkatapos kang masangkapan ng mga espirituwal na mga kagamitan, bibigyan ka ng lalong tiyak na mga etratehiyang pangontra upang mapagtagumpayan ang lahat ng mga masasamang balak ng kaaway. Subalit bago yaon, kailangan mong maunawaan ang mga pangkalahatang mga estratehiya ng kaaway kaugnay sa Diyos, sa mga bansa, sa mga di mananampalataya, at sa mga manananampalataya.

## ANG KAAWAY AT ANG DIYOS

Ang orihinal na kasalanan ni Satanas ay nais niyang maging katulad ng Diyos, kaya ang kaniyang kasalukuyang kapangyarihan at mga gawain ay nakatuon higit sa lahat, laban sa Diyos. Ang lahat ng mga ibang mga gawain at ang kaniyang sariling likas ay mamamasdan mula sa kaniyang orihinal na mapanghimagsik na hangarin.

Halimbawa, ang pagsalakay na ginawa ni Satanas sa unang lalake at babae, si Adam at Eba, ay pagsalakay mismo sa Diyos at sa Kaniyang pamamahala (Genesis 3:1-5). Inudyukan din ni Satanas si Cain na patayin si Abel bilang pagsalungat sa Diyos ( I Juan 3:10-12). Maaari mong pagaralan ang bawat salakay ni Satanas na natala sa Kasulatan at masusumpungan mo na ang ang mga ito, sa totoo lang, ay pagsalakay sa Diyos mismo at sa Kaniyang likas at mga gawain.

Si Satanas ay harapang sumasalungat sa Diyos sa lahat ng mga gawain at kaurian nito. Halimbawa, ang Diyos ay pagibig, samantalang si Satanas naman ay may poot at nagtataguyod ng kapootan ( I Juan 3:7-15). Ang Diyos ay buhay at lumilikha ng buhay at si Satanas naman ay nagtataguyod ng kamatayan at kasiraan ( Hebreo 2:14).

Hindi lamang ang Diyos at ang Kaniyang kaurian ang nilalabanan ni Satanas, kundi gayon din ang Kaniyang mga programa. Itinatanggi niya na may Diyos ( Awit 14:1-3), nagtataguyod ng kasinungalingan ( Efeso 2:2; II Tesalonica 2:8-11); at siyang nasa likuran ng mga hidwang pananampalataya, mga pamamaraan ng mga mangkukulam, mga kulto at ang mga maling doktrina at gawain ng mga ito. Ang hidwang sistema ni Satanas ang pinagmumulan ng mga bulaang guro, propeta at mga "cristo." Pagaaralan mo pa ang tungkol sa mga bagay na ito sa paksang, "Mga Espiritu Ng Kasamaan Sa Mga Dakong Kaitaasan."

Maaabot ni Satanas ang kasukdulan ng kaniyang paghihimagsik laban sa Diyos at ng mga plano nito sa panahon ng "Huling Pagtutuos" na tinatalakay sa huling kabanata ng kursong ito. Sa kabila ng mga masasamang estratehiyang ito, si Satanas at ang kaniyang mga kampon na mga demonyo ay hindi banta sa Makapangyarihang Diyos.

## ANG KAAWAY AT ANG MGA BANSA

Si Satanas ay tinawag na "diyos ng sanglibutang ito" na kinabibilangan ng mga hindi mananampalataya at mga demonyo ( II Corinto 4:4). Inialok niya ang mga bansa kay Jesus sa kaniyang pagtukso dito, at hindi naman itinanggi ni Jesus ang kakayahan nitong magalok. Ang Kaniyang tinanggihan ay ang paglaban sa Kaniyang Ama kung papayag Siya sa paraan ni Satanas upang makapamahala Siya rito ( Mateo 4:8-10).

Ginagamit ni Satanas ang kaniyang mga demonyo upang impluwensyahan at dayain ang mga bansa, hinihila ang mga pinuno at ang mga tao na malayo sa Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit may mga malulupit na mga diktador at mga likong sistema ng politika sa maraming mga bansa. Ito rin ang dahilan ng mga digmaan at pagkakabahabahagi ng mga bansa.

Lalong maimpluwensya si Satanas sa mga namumuno sa mga bansa na labanan ang Iglesia at ang piniling bayan ng Diyos, ang Israel. Gumagawa rin siya sa mga pamahalaan upang pigilan ang paglaganap ng ebanghelyo.

Sa panahon ng dakilang kapighatian, si Satanas mismo ang siyang mangunguna, sa pamamagitan ng Anticristo sa mga gawain ng isang grupo na binubuo ng sampung mga bansa. Pagkatapos ng pagbabalik ni Cristo sa lupa, si Satanas ay igagapos sa loob ng isang libong taon (Apocalipsis 20:3). Pagkakawala niya, kaniyang dadayain ang mga bansa sa huling pagkakataon upang tipunin ang mga ito laban sa Jerusalem at sa Diyos ( Apocalipsis 20:7-10). Sa wakas, bawat kaharian sa lupa at ang kaharian ni Satanas ay magiging Kaharian ng ating Panginoon at Tagpagligtas na si JesuCristo.

## ANG KAAWAY AT ANG MGA DI MANANAMPALATAYA

Ang kaaway ay may makapangyarihang estratehiya na ginagamit laban sa mga di mananampalataya. Binibihag niya ang kanilang mga kaisipan sa ebangehelyo (II Corinto 4:3-4) at inaagaw ang katotohanan ng ebanghelyo pagka ito ay kanilang narinig upang walang pagtugon na mangyari ( Lucas 8:12). Ang dulot nito ay, ang ebanghelyo ay waring kamangmangan at walang kabuluhan para doon sa mga naliligaw dahil sa kasalanan ( I Corinto 1:18).

Sinisilo ni Satanas ang maraming mga di mananampalataya sa hidwang pananampalataya ( I Timoteo 4:1-3) at inaakay sila na lumakad ayon sa “takbo ng sanglibutang ito” na siyang pilosopiya ng kasalukuyang panahon. Ang pilosopiyang iyan ay maaaring may pagkakaiba sa bawat lahi at kultura, subalit laging naka sentro sa nilalang sa halip na sa Diyos na lumalang. Patuloy na inihahasik ni Satanas ang binhi ng paghihimagsik (kasalanan) sa mga puso at isipan ng mga di mananampalataya.

Ang isa sa mga layunin ng Espiritu Santo ay makibaka laban kay Satanas para sa mga kaluluwa ng mga di mananampalataya. Ang Espiritu Santo ay gumagawa upang sumbatan ang mga lalake at babae sa kanilang makasalanang paghihimagsik laban sa Diyos ( Juan 16: 7-11)

## ANG KAAWAY AT ANG MGA MANANAMPALATAYA

Pagka tinanggap mo na si JesuCristo bilang Tagapagligtas, hindi nangangahulugan ito na tapos na ang laban! Nagwagi ka na ng isang malaking pakikipagtuos kung ikaw ay maligtas, nguni’t sa katunayan, ang higit na matinding pakikilaban ay nagpapasimula pa lamang.

Matututuhan mo ang mga tiyak na mga estratehiya ni Satanas sa pagpaptuloy mo ng pagaaral ng kursong ito at ikaw ay magkakaroon ng mga espirituwal na kasangkapan, at pakikilusin upang

pasukin ang teritoryo ng kaaway. Subalit ang buod ng lahat ng mga pagsalakay na ito ay maaaring hatiin sa apat na tampok na laranagan. Sa buhay ng mga mananampalataya, si Satanas ay sumasalakay sa:

**<u>SALITA NG DIYOS:</u>**

Magdudulot sa iyo si Satanas ng pagaalinlangan sa Salita ng Diyos at dadagdagan ito, babawasan, o babaluktutin ang mga Kasulatan. Tandaan mo na ito ang nangyari sa kaunaunahang tukso kay Eba. Ito ang dahilan kung bakit kailangan mong pagaralan at unawaing mabuti ang Salita ng Diyos upang ikaw ay hindi madaya ng mga pagsalakay na ito.

**<u>IYONG PAGSAMBA SA DIYOS:</u>**

Ang orihinal na paghihimgasik ni Satanas ay ang pagnanasa niya na siya ay sambahin, kaya naman tangi niyang tinutudla ang pagsamba ng mga mananampalataya. Sisikapin niyang ikaw ay pigilin na makasamba o kaya ay akayin ka sa hidwa o makalaman na pagsamba.

**<u>IYONG PAGLAKAD NA KASAMA NG DIYOS:</u>**

Sinasalakay ni Satanas ang iyong personal na paglakad na kasama ng Diyos. Ikaw ay pagbibintangan at sisiraan, tutuksuhin na masangkot sa mga gawa ng laman, at umasa sa iyong sariling karunungan at lakas. Kung matalo ka ni Satanas sa larangang ito ng iyong paglakad na kasama ng Diyos, magiging madali na para sa kaniya na talunin ka sa susunod na larangan. Ito ay…

**<u>ANG IYONG GAWAIN PARA SA DIYOS:</u>**

Sinasalakay din ni Satanas ang iyong gawain para sa Diyos. Sisikapin niyang pigilan ka upang hindi mo matupad ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng paguusig, sakuna, kasiraan ng loob, kakulangan sa pananalangin, at maligalig ka sa mga intindihin ng sanglibutan. Sinisikap din ni Satanas na sirain ang iyong gawain para sa Diyos sa pamamagitan ng paglusot sa iglesia ng mga bulaang mga guro at alagad (II Corinto 11:13-15; II Pedro 2:1-19; Mateo 13:38-39).

Habang ang Diyos ay naghahasik ng mabuting binhi sa iyong paglilingkod, ang kaaway naman ay naghahasik ng panirang damo at ito ay ang mga "anak ng masama." Itinataguyod ni Satanas ang pagkakabahabahagi sa Katawan ni Cristo upang sirain ang gawain ng Panginoon at ang Kaniyang mga layunin sa iyong buhay at ministeryo.

**<u>KAYA□ANO ANG MAGAGAWA MO?</u>**

Tiyak na ang mga estratehiya ni Satanas ay ibat iba at makapangyarihan sa kaniyang paglaban sa Diyos, sa mga bansa, sa mga di mananampalataya, at sa mga mananampalataya.

Sa iyong pagaaral sa nakaraang apat na aralin tungkol sa kaaway, mga espirituwal na mga pwersa ng kasamaan, teritoryo ng kaaway, at estratehiya, maaaring ikaw ay parang lula sa pagkakataong ito. Subalit tulad ng iyong matututuhan sa susunod na kabanata, ang Diyos ay may "plano ng pakikibaka" na higit na dakila at makapangyarihan kaysa anomang panukala ng kaaway.

Ikaw ngayon ay handa na upang pagaralan ang planong ito at gayon din masangkapan ka ng mga espirituwal na mga kasangkapan upang kumilos para sa pakikibaka.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Ibigay ang buod ng estratehiya ni Satanas kaugnay sa Diyos.

______________________________________________

______________________________________________

3. Ibigay ang buod ng estratehiya ng kaaway kaugnay ng mga bansa.

______________________________________________

______________________________________________

4. Ibigay ang buod ng estratehiya ng kaaway kaugnay ng mga di mananampalataya.

______________________________________________

______________________________________________

5. Ibigay ang buod ng estratehiya ng kaaway kaugnay ng mga mananampalataya.

______________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Suriin mo ang bansa kung saan ka nakatira. Ano ang nakikita mong mga estratehiya ng kaaway na umiiral sa iyong bansa?

2. Suriin mo ang mga di mananampalataya na iyong ipinapanalangin. Binulag ba ng kaaway ang kanilang mga mata sa ebanghelyo? Inaagaw ba niya ang mensahe ng ebanghelyo na ibinabahagi sa kanila? Sila ba ay nado-doktrinahan ng hidwang pananampalataya? Sila ba ay nabubuhay ayon sa "takbo ng sanglibutang ito" at ng estilo ng buhay nito? Gawin mong kabahagi ito ng iyong pananalangin.

3. Pansinin ang mga apat na bintang ni Satanas:

- Pinagbintangan niya ang Diyos sa harap ng mananampalataya: Genesis 3:1-5.
- Pinagbintangan niya ang mananampalataya sa harap ng Diyos: Job 1-2; Apocalipsis 12:9-10.
- Pinagbintangan niya ang mananampalataya sa sarili nitong budhi: Jeremias 31:34; Roma 8:33-39.
- Pinagbintangan niya ang mananampalataya sa ibang mananampalataya: Mateo 16:13-23; Roma 8:33-39.

4. Isipin mo ang iyong sariling buhay. Sa mga puwang na nasa ibaba, suriin kung paanong si Satanas ay sumalakay sa iyo kaugnay ng Salita ng Diyos, iyong pagsamba, paglakad na kasama ng Diyos, o ang gawain para sa Diyos:

**Salita ng Diyos:**

**Pagsamba sa Diyos:**

**Paglakad na Kasama ng Diyos:**

---

**Gawain para Diyos:**

---

Sa mga sumusunod na mga aralin matututuhan mo ang mga tiyak na kontra estratehiya para sa pagwawagi sa mga labanan sa bawat isang larangan.

# IKASIYAM NA KABANATA

## ANG PLANO NG PAKIKIBAKA NG DIYOS

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Tukuyin ang layunin ng Diyos.
- Tukuyin ang layunin kung bakit si Jesus ay naparito sa lupa.
- Ipaliwanag ang anim na punto sa plano ng pakikibaka.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Diyos, upang iwasak ang mga gawa ng diablo. ( I Juan 3:8)**

**PAMBUNGAD**

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng saligang plano ng pakikilaban sa pakikibakang espirituwal. Ito ay isang estratehiyang nakasalalay sa pagkaunawa ng layunin ng ating pakikibaka at nasalig sa pakikiugnay sa ating Punong Kumander sa pamamagitan ng panalangin, pagaayuno at ang nasulat na Salita ng Diyos.

Pagka hindi mo nauunawaan ang layunin at plano ng Diyos, malamang ay matukso ka na manghina sa mga pakikipagtuos sa buhay. Ito ang dahilan kung bakit maraming mga kawal Cristiano ang nabibigo sa labanan. Hindi nila nauunawaan ang dahilan ng Diyos sa likod ng labanan.

**… Kung ang kanilang panukala o pagpupunyaging ito'y mula sa tao, ito'y mabibigo. Nguni't kung mula sa Diyos, hindi ninyo ito masasansala at lilitaw pang lumalaban kayo sa Diyos…( Gawa 5:38-39 MBB)**

## ANG LAYUNIN NG PAKIKIBAKA

Sa simula pa man ng panahon, ang lahat ng labanan na naganap ay laging may layunin kung bakit ito ginanap. Bago natin suriin ang plano ng Diyos sa pakikilaban, mahalaga na ating maunawaan ang layunin sa pakikibakang espirituwal. Kabilang dito ang pagkaunawa ng mga layunin ng Diyos Ama at ni JesuCristo, ang Anak.

### ANG LAYUNIN NG DIYOS:

Layunin ng Diyos na…

**…sa kaganapan ng panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa… ( Efeso 1:10)**

Sa simula pa lamang, nilabanan na ni Satanas ang katuparan ng mga layuning ito. Ang iyong sariling pakikibaka sa larangang espirituwal ay kaugnay ng layuning ito ng Diyos. Nilalabanan ka ni Satanas upang mapailalim sa kaniya ang iyong puso, isip, espiritu, at kaluluwa sa halip na sa Panginoong JesuCristo.

Ang Diyos ay gumagawa sa iyo upang matupad ang Kaniyang layunin:

**Sapagka't ang Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa Kaniyang mabuting kalooban. ( Filipos 2:13)**

Ang Diyos ay gumagawa rin sa pamamagitan ng iyong buhay upang matupad ang Kaniyang mga layunin:

**At huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan; kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Diyos, na tulad sa nangabuhay sa mga patay, at ang inyong mga sangkap na pinaka kasangkapan ng katuwiran ng Diyos. ( Roma 6:13)**

Sa sandaling ihandog mo ang iyong sarili na "pinaka kasangkapan ng katuwiran sa Diyos," ang ibig sabihin nito ay inilalaan mo ang iyong buhay at ministeryo na malinya sa mga layunin at plano ng Diyos. Sa paggawa mo nito, ikaw ay nagiging target ng kaaway ng Diyos, si Satanas.

### ANG LAYUNIN NI JESUS:

Sinabi ni Jesus:

> **Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Diyos, upang iwasak ang mga gawa ng diablo. ( I Juan 3:8)**

Ang dahilan ng pagkaparito ni Jesus sa lupa ay upang wasakin ang mga gawa ni Satanas. Kaagad, nalalagay Siyang kaaway ni Satanas:

> **Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito. ( Juan 10:10)**

Sa pasimula ng ministeryo ni Jesus sa lupa, handa Siyang wasakin ang mga gawa ni Satanas:

- Inihayag Niya ang pagkabihag ng kasalanan ( Juan 8:34).
- Nagpatawad Siya ng mga kasalanan ( Mateo 9:1-8; Marcos 2:1-12, 17; Lucas 4:17-32).
- Binigyang diin Niya ang kalagayan ng puso sa halip na ang mapandayang panglabas na kaanyuan ( Mateo 15:16-20; Marcos 7:20-23; Lucas 6:45; 11:39).
- Nagpagaling Siya ng mga maysakit ( Mateo 11:5).
- Binuhay Niya ang mga patay ( Marcos 5:35-43; Lucas 8:49-56; Juan 11).
- Pinalaya Niya ang mga tao mula sa kapangyarihan ng mga demonyo ( Mateo 8:16).

Ang buod nito ay, winasak ni Jesus ang mga gawa ni Satanas sa puso, kaluluwa, isip, at katawan ng mga lalake at babae:

> **Ang mga bulag ay nangakakakita, ang mga pilay ay nangakalalakad, ang ketongin ay nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakakarinig, at ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabuting balita. ( Mateo 11:5)**

Hindi lamang winasak ni Jesus ang mga gawa ni Satanas, Kaniya ring ibinunyag ang mga mapanlinlang na mga estratehiya ng kaaway:

- Itinuro Niya na ang mga pandaraya ni Satanas ay madaragdagan pa sa mga huling panahon dito sa lupa (Mateo 24-25; Marcos 13; Lucas 17:22-37; 21:8-36).

- Nagbabala Siya tungkol kay Satanas na maaaring ipahamak nito ang kaluluwa (Mateo 10:28).

- Binanggit Niya ang pangangailangan na gapusin ang malakas na tao (si Satanas) bago tipunin ang mga naiwan niya (Mateo 12:26-30; Marcos 3:23-27; Lucas 11:17-24).

- Inihayag Niya kung paanong ang Salita ng Diyos ay pinipigilan ni Satanas upang mawalan ito ng bisa sa puso ng mga lalake at babae ( Mateo 13:38; Marcos 4:15; Lucas 8:12).

- Ibinunyag Niya na yaong mga hindi pa nakikipagkasundo sa Diyos ay sa kanilang "amang diablo" ( Juan 8: 44-47)

- Inihayag Niya si Satanas bilang "prinsipe ng sanglibutang ito" ( Juan 14:30).

## ANG DAKILANG PAGHAHATI

Bagamat si Jesus ay naparito upang dalhin ang kapayapaan ng Diyos ( Juan 14:27; Filipos 4:7), at kapayapaan sa Diyos (Roma 5:1), ang Kaniyang pagparito ay nagdala rin ng pagkakahati:

Huwag ninyong isiping Ako'y naparito upang magdala ng kapayaapaan sa lupa: hindi Ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak.

> **Sapagka't Ako'y naparito upang papagalitin ang lalake laban sa kaniyang ama, at ang anak na babae laban sa kaniyang ina, at ang manugang na babae laban sa kaniyang biyanang babae. (Mateo 10:34-36)**

Hinati ni Jesus ang lahat ng tao sa dalawang naglalabang kampo. Hindi maaring nasa gitna:

> **Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa: o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa mga kayamanan. (Mateo 6:24)**

> **Ang hindi sumasa akin ay laban sa Akin… (Lucas 11:23)**

Binanggit ni Jesus ang tungkol sa paghahating ito sa isang kasaysayan tungkol sa dalawang daanan, isa na makitid at isa na maluwang. Nagbabala Siya tungkol sa pandaraya ni Satanas tungkol sa maluwang na daan na marami ang doon ay dumaan (Mateo 7:13-14). Sa pamamagitan ng kasaysayan tungkol sa lalaking mayaman at si Lazaro ( Lucas 16:19-31), hinawi ni Jesus ang tabing sa pagitan ng buhay at kamatayan. Ipinakita Niya ang wakas noong mga pumili ng maling daan.

Sapagkat winasak Niya at ibinunyag ang mga gawa ni Satanas, si Jesus ay laging inaatake ni Satanas sa boong buhay Niya sa lupa. Sinikap ng kaaway na Siya naman ang wasakin o pigilan sa pagtupad Niya ng misyon ng Kaniyang pagparito. Sa pagsilang pa lamang Niya, may tangka agad sa buhay Niya. Sa panahon ng Kaniyang ministeryo sa mga tao, mayroon nang ilang masasamang balak sa Kaniyang buhay at isang balak na naunsiyami. Hinarap Niya ang paglaban ng mga kapangyarihan ng mga demonyo, mga lider ng relihiyon, kahit ang Kaniya mismong mga alagad, at si Satanas.

Sa sandaling ikaw ay sumanib sa mga plano at layunin ni Jesus sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kaniya bilang iyong Tagapagligtas, ikaw ay nagiging kabahagi sa hukbo na nakikibaka kay Satanas. Ang mga layunin ni Jesus ay nagiging mga layunin mo rin at nalalagay ang iyong sarili sa kampong laban kay Satanas.

## ANG PLANO NG PAKIKILABAN

Maraming ibat ibang mga etratehiya sa Kasulatan na maaaring gamitin sa pakikibakang espirituwal, subalit ang batayang plano ng pakikilaban para sa mga mananampalataya ay nahayag sa pamamagitan ng pagmamasid kung paanong hinarap ni Jesus ang kaaway. Ang saligang plano ng pakikilaban para sa pakikibakang espirituwal ay nakasalig sa anim ng mga punto. Ang mga ito ay:

- Ang Salita ng Diyos
- Ang Iginawad na Kapangyarihan at Kapamahalaan
- Panalangin
- Pagaayuno
- Mga Susi Ng Kaharian
- Ang Pangalan Ni Jesus

## ANG SALITA NG DIYOS

Ang isang paghaharap ni Jesus at ni Satanas ay noong tanging panahon ng pagtukso ng kaaway. Sa engkwentrong ito, isa sa mga tampok na bahagi ng ating espirituwal na plano ng pakikilaban ay nahayag. Bago magpatuloy sa araling ito, basahin ang salaysay ng panunuksong ito na natala sa Mateo 4:1-11, Marcos 1:12-13, at Lucas 4:1-13.

Una, sinikap ni Satanas na gawing tinapay ni Jesus ang bato. Madali lamang sa kapangyarihan ni Jesus na gawing tinapay ang bato, di nga nagtagal at ang tubig ay ginawa Niyang maging alak. Subalit kung bumigay Siya kay Satanas ito ay mistulang pagkilos na hiwalay sa ama at paggamit ng Kaniyang kapangyarihan para sa sariling pakinabang.

Sumunod, sinubok naman ni Satanas si Jesus para tumalon mula sa ituktok ng templo. Pansinin ang sinabi ni Satanas, "Magpatihulog Ka." Hindi Siya kayang ihulog ni Satanas, sapagkat ang kaniyang kapangyarihan ay may hangganan. Maaari kang udyukan ni Satanas na magkasala, subalit hindi ka niya maihuhulog.Tulad ng iyong natutuhan, bawat tao ay natutukso kung siya ay hinihila ng kaniyang sariling pita. Ang tao ay hindi napipilit, siya'y hinahalina. Sa pagtuksong ito, ginamit ni Satanas ang Salita ng Diyos, subalit hindi ito naaangkop (Mateo 4:6). Ang paggamit ni Satanas ng Salita ng Diyos nang hindi naman angkop ay isa sa kaniyang mga estratehiya.

Sa unang dalawang panunukso, sinabi ni Satanas, "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos," gawin mo ang mga bagay na ito. Kung si Jesus ay nagpaunlak, ito ay pag-amin na ang katibayan ng Kaniyang pagiging Anak ng Diyos ay di sapat. Ang Diyos Ama ay nagsalita na mula sa langit at pinagtibay ang pagiging Anak ni Jesus (Mateo 3:17). Laging sinasalakay ni Satanas ang iyong kaugnayan sa Diyos. Ang panghuling tukso ay panawagan ni Satanas na siya ay sambahin. Bilang kapalit, ipagkakaloob ni Satanas kay Jesus ang lahat ng mga kaharian ng sanglibutan.

Sa tatlong mga pangyayaring ito ng panunukso , makikita mo ang mga pwersa ng kasamaan, ang sanglibutan, ang laman, at ang Diablo na nakilaban kay Jesus. Hinarap ni Jesus ang mga tukso ni

Satanas sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Ang Biblia ay isang napakahalagang kasangkapang espirituwal at bahagi ng kasootan ng Diyos na iyong pagaaralan di na magtatagal. Ito ay tinawag na "ang tabak ng Espiritu." Ang Biblia lamang ang bukod tanging kinasihan ng Diyos na manwal ng pakikibakang espirituwal. Ang ibang mga aklat ay makatutulong lamang kung ang mga ito ay nakikiisa sa Salita ng Diyos.

Sa pagharap sa mga panunukso ni Satanas, ginamit ni Jesus ang Salita ng Diyos. Binanggit ni Jesus ang mga tiyak na Kasulatang angkop sa kaharap Niyang laban. Hindi Niya ginamit ang pagkakahanay ng kasaysayan sa Lumang Tipan. Sinabi ni Jesus, "Nasusulat di naman…" Pagka gumamit ka ng tiyak na Kasulatan, tiyakin mo na ito ay pinagtitibay ng ibang bahagi ng Salita ng Diyos. Kailangang ang mga ito ay matanaw sa kanilang konteksto at iangkop na may pakikiisa sa buong nahayag na Salita ng Diyos.

Upang magamit nang mabisa ang Salita ng Diyos sa pakikibakang espirituwal, kailangang alam mo ang Salita ng Diyos. Kailangan mong pagaralan, pagbulayan, at memoryahin ito. Maraming pagkatalo sa buhay ay dumarating sapagkat hindi natin alam ang Salita ng Diyos:

> **Nguni't sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Nangagkakamali kayo, sa hindi pagkaalam ng mga kasulatan, ni ng kapangyarihan man ng Diyos. ( Mateo 22:29)**

Ang Salita ng Diyos ang ating manwal para sa pakikibaka at ito ang naghahayag ng plano ng Diyos sa pakikilaban.

## ANG IGINAWAD NA KAPANGYARIHAN AT KAPAMAHALAAN

Ang pangalawang bahagi ng plano ng pakikilaban ay nakasalig sa kapangyarihan at kapamahalaan na iginawad ni Jesus sa Kaniyang mga tagasunod:

> **At tinipon Niya ang labingdalawa, at binigyan sila ng kapangyarihan at kapamahalaan sa lahat ng mga demonio, at upang magpagaling ng mga sakit. ( Lucas 9:1)**

Ang kapamahalaan at kapangyarihan ay may pagkakaiba. Tingnan halimbawa ang isang pulis. Mayroon siyang uniporme at tsapa na siyang sagisag ng kaniyang awtoridad. Ang kaniyang kapamahalaan ay dahil sa pwestong ibinigay sa kaniya ng pamahalaan. Ngunit dahil sa hindi lahat ng mga tao ay kinikilala ang kaniyang kapamahalaan, ang pulis ay may dalang sandata. Ang sandata ang kaniyang kapangyarihan.

Ang iyong awtoridad laban sa kaaway ay galing kay JesuCristo at sa iyong kalagayan sa Kaniya bilang mga mananampalataya. Ang iyo namang kapangyarihan laban sa kaaway ay galing sa Espiritu Santo:

> **At narito, ipadadala Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama, datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas. ( Lucas 24:49)**

Tulad noong pulis, kailangan mo ang kapamahalaan at kapangyarihan upang maging mabisa. Ang mga mananampalataya ay tumatanggap ng kapamahalaan sa pamamagitan ng kapanganakang muli at sa kanilang kaugnayan kay Cristo, subalit ang iba ay di nagpapatuloy upang matanggap ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, na dapat kasanib ng kapamahalaan upang maging mabisa sa pakikibaka.

Ang kapangyarihang ibinigay ni Jesus ay kapangyarihang nakatuon sa mga tiyak na mga layunin. Kabilang dito ang:

**KAPANGYARIHAN LABAN SA KAAWAY:**

> **At tinipon Niya ang labingdalawa, at binigyan sila ng kapangyarihan at kapamahalaan sa lahat ng mga demonio, at upang magpagaling ng mga sakit. ( Lucas 9:1)**

**KAPANGYARIHAN LABAN SA KASALANAN:**

> **At nang masabi Niya ito, sila'y hiningahan Niya, at sa kanila'y sinabi, tanggapin ninyo ang Espiritu Santo:**
>
> **Sinomang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatawad sa kanila; sinomang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad (Juan 20:22-23)**

**KAPANGYARIHAN UPANG MAPALAGANAP ANG EBANGHELYO:**

> **Datapuwa't tatangapin ninyo ang kapangyarihan pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi Ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa. ( Gawa 1:8)**

## PANALANGIN

Ang panalangin ang pangatlong bahagi ng batayang plano ng pakikilaban. Narito ang isang balangkas na makatutulong sa iyo sa pagaaral tungkol sa panalangin:

**ANG KAHULUGAN NG PANALANGIN:**

Ang panalangin ay pakikiugnay sa Diyos. May ibat ibang wangis ito, subalit ang batayan ay ang tao ay nakikipagusap sa Diyos at ang Diyos ay nakikipagusap sa tao. Inilarawan ang panalangin bilang:

| | |
|---|---|
| Pagtawag sa Pangalan ng Panginoon: | Genesis 12:8 |
| Tumangis sa Diyos: | Awit 27:7; 34:6 |
| Lumapit sa Diyos: | Awit 73:28; Hebreo 10:22 |
| Tumingala: | Awit 5:3 |

| | |
|---|---|
| Itaas ang kaluluwa: | Awit 25:1 |
| Itaas ang puso: | Panaghoy 3:41 |
| Ilagak ang puso: | Awit 62:8 |
| Ilagak ang kaluluwa: | I Samuel 1:15 |
| Nanangis sa langit: | II Cronica 32:20 |
| Namamanhik sa Panginoon: | Exodo 32:11 |
| Hinahanap ang Diyos: | Job 8:5 |
| Hinahanap ang mukha ng Panginoon: | Awit 27:8 |
| Gumagawa ng pamamanhik: | Job 8:5; jeremias 36:7 |

## ANG BUHAY NG PANANALNGIN NI JESUS:

Ang panalangin ay isang mahalagang estratehiya ni Jesus:

### Ginawa ni Jesus na pangunahin ang panalangin:

- Nanalangin Siya kahit anong oras araw man o gabi: Lucas 6:12-13
- Ang panalangin ay inuna kaysa sa pagkain: Juan 4:31-32
- Ang panalangin ay inuna kaysa sa ibang gawain: Juan 4:31-32

### Ang panalangin ay kaugnay ng anomang mahalagang kaganapan:

- Sa Kaniyang bautismo: Lucas 3:21-22
- Sa panahon ng unang paglalakbay sa ministeryo: Marcos 1:35; Lucas 5:16
- Bago piliin ang mga alagad: Lucas 6:12-13
- Bago at pagkatapos pakanin ang 5,000 tao: Mateo 14:19,23; Marcos 6:41,46; Juan 6:11, 14-15
- Noong pakanin ang 4,000 tao: Mateo 15:36; Marcos 8:6,7
- Bago ang pagpapahayag ni Pedro: Lucas 9:18
- Bago ang pagbabagong anyo: Lucas 9:28,29
- Sa pagbabalik ng pitumpu: Mateo 11:25; Lucas 10:21
- Sa libingan ni Lazaro: Juan 11:41-42
- Sa pagpapala sa mga bata: Mateo 19:13
- Noong dumating ang ilang mga Griego: Juan 12:27-28
- Bago dumating ang pinakamatindi Niyang paghihirap: Mateo 26:26-27; Marcos 14:22-23; Lucas 22:17-19
- Para kay Pedro: Lucas 22:32
- Para sa pagbibigay ng Espiritu Santo: Juan 14:1-6
- Sa daan tungo sa Emmaus: Lucas 24:30-31
- Bago ang Kaniyang pagakyat sa langit: Lucas 24:50-53
- Para sa Kaniyang mga alagad: Juan 17
- Ang panalanging itinuro ni Jesus ay natala sa Mateo 6:9-13.

## MGA URI NG PANALANGIN:

Nanawagan si Pablo sa mga mananampalataya na manalangin palagi ng “lahat ng panalangin”

( Efeso 6:18). Ang isa pang salin nito ay “manalangin ng lahat ng uri ng panalangin.” Ito ay tumutukoy sa ibat ibang mga antas at uri ng panalangin.

**MGA ANTAS NG PANALANGIN:**

May tatlong antas ng masidhing pananalangin: Paghingi, paghanap, pagkatok:

> **Magsihingi kayo, at kayo’y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo’y manga-kasusumpong; magsituktok kayo, at kayo’y bubuksan:**
>
> **Sapagka’t ang bawa’t humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan. ( Mateo 7:7-8)**

Ang paghingi ang unang antas ng panalangin. Ito ay ang simpleng paghahain ng isang kahilingan sa Diyos at pagtanggap ng agad na sagot. Upang tumanggap, ang kondisyon ay humingi:

> **… kayo’y wala, sapagka’t hindi kayo nagsisihingi. ( Santiago 4:2)**

Nasa atin ang makapangyarihang kasangkapan ng panalangin, gayon man di marami ang gumagamit nito. Hindi sila humihingi, kaya di sila tumatanggap.

Ang paghanap ay lalong malalim na antas ng panalangin. Ito ang antas ng panalangin na kung saan ang mga sagot ay di kaagad tulad ng sa antas ng panghingi. Ang 120 na nagtipon sa silid sa itaas na doon sila ay “nagpatuloy sa pananalangin” ay isang halimbawa ng paghanap. Ang mga lalake at babaeng ito ay humanap ng katuparan sa pangako ng Espiritu Santo at nagpatuloy na “humahanap” hanggang sa dumating ang sagot. (Gawa 2:1)

Ang pagkatok ay lalo pang malalim na antas. Ito ay panalangin na matiyaga kahit matagal dumating ang sagot. Ito ay inilarawan ng talinhaga na isinaysay ni Jesus sa Lucas 11:5-10. Ang pagkatok ang pinaka masidhing antas ng panalangin sa pakikibakang espirituwal. Ito ay inilarawan din sa pamamagitan ng katiyagaan ni Daniel sa pagkatok sa kabila ng katotohanang wala siyang makitang resulta sa pagpigil ni Satanas sa katugunan ng Diyos. (Daniel 10)

**MGA URI NG PANALANGIN:**

May ibat ibang uri ng panalangin na inilarawan sa modelong panalangin na ibinigay ng Panginoon (Mateo 6:9-13). Kabilang sa mga uri ng panalangin ang:

**1. Pagsamba at pagpupuri:**

Ikaw ay pumapasok sa presensya ng Diyos na may pagsamba at pagpupuri:

> **Magsipasok kayo sa Kaniyang mga pintuang daan na may pagpapasalamat,**
> **at sa Kaniyang looban na may pagpupuri: Mangagpasalamat kayo sa Kaniya,**
> **at purihin ninyo ang Kaniyang pangalan. ( Awit 100:4)**

Ang pagsamba ay pagbibigay ng parangal at pagmamahal. Ang papuri ay pagpapasalamat at isang kapahayagan ng pagpapahalaga di lamang sa ginawa ng Diyos kundi kung sino Siya. Dapat mong sambahin ang Diyos sa espiritu at katotohanan:

> **Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa Kaniya.**
>
> **Ang Diyos ay Espiritu; at ang mga sa Kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at katotohanan. ( Juan 4:23-24)**

Ang pagpupuri at pagsamba ay maaaring may kasamang:

| | |
|---|---|
| Pagaawitan: | Awit 9:2, 11; 40:3; Marcos 14:26 |
| Papuring naririnig: | Awit 103:1 |
| Pagsigaw: | Awit 47:1 |
| Pagtataas ng mga kamay: | Awit 63:4; 134:2; I Timothy 2:8 |
| Pagpalakpak: | Awit 47:1 |
| Mga instrumentong pang musika: | Awit 150:3-5 |
| Pagtayo: | II Cronica 20:19 |
| Pagyuko: | Awit 95:6 |
| Pagsayaw: | Awit 149:3 |
| Pagluhod: | Awit 95:6 |
| Paghiga: | Awit 149:5 |

Ang mangdirigma ng Diyos sa larangang espirituwal ay ipinakita na may…

> **Malagay nawa sa kanilang bibig ang pinakamataas na pagpuri sa Diyos, At tabak na may dalawang talim sa kanilang kamay. (Awit 149:6)**

**2. <u>Pagtatalaga:</u>**

Ito ang panalangin na nagtatalaga ng iyong buhay at kalooban sa Diyos. Kabilang dito ang panalangin ng paghahandog at paglalaan.

**3. <u>Paghiling:</u>**

Ang mga panalangin ng paghiling pamamanhik. Ang mga kahilingan ay ginagawa ayon sa kalooban ng Diyos na nahayag sa Kaniyang mga Salita. Ang paghiling ay maaaring na sa antas ng paghingi, paghanap, o pagkatok. Ang pagsamo ay isa pang ginagamit na salita para sa uring ito ng panalangin. Ang ibig sabihin ng salitang pagsamo ay, "pamamanhik sa Diyos o kaya ay matinding panawagan sa Kaniya para sa isang pangangailangan."

**4. <u>Pagpapahayag at pagsisisi:</u>**

Ang panalangin ng pagpapahayag ay pagsisisi at paghingi ng kapatawaran para sa kasalanan:

**Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. ( I Juan 1:9)**

5. **<u>Pamamagitan sa Panalangin:</u>**

Ang panalangin ng pamamagitan ay pananalangin para sa iba. Ang isang intercessor ay yaong dumadalangin para sa pangangailangan ng iba. Sinabi ng Biblia na minsan ang Diyos ay naghanap sa lupa at walang nakitang tagapamagitan:

**At Kaniyang nakita na walang tao, at namangha na walang tagapamagitan: kaya't ang Kaniyang sariling bisig ay nagdala ng kaligtasan sa Kaniya; at ang Kaniyang katuwiran ay umalalay sa Kaniya. ( Isaias 59:16)**

Nang makita ng Diyos na walang tagapamagitan, tinagpo Niya ang pangangailangang ito. Sinugo Niya si Jesus:

**Sapagka't may isang Diyos at may isang Tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus. ( I Timoteo 2:5)**

**…Si Cristo Jesus na namatay, oo, yaong nabuhay na maguli sa mga patay na Siyang nasa kanan ng Diyos, na Siyang namamagitan dahil sa atin. (Roma 8:34)**

**Dahil dito naman Siya'y nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, palibhasa'y laging nabubuhay Siya upang mamagitan sa kanila. ( Hebreo 7:25)**

**Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si JesuCristo ang matuwid. ( I Juan 2:1)**

Ang isang tagapamagitan sa isang hukuman ay isang tagapagtanggol na tumatayo para sa usapin ng iba. Ang panalangin ng pamamagitan sa pakikibakang espirituwal ay pananalangin sa Diyos para sa ibang tao. Minsan, ang panalangin ng pamamagitan ay sa iyong sariling wika:

**Una-una nga sa lahat ng mga bagay, ay iniaaral ko na manaing, manalangin, mamagitan, at magpasalamat ng patungkol sa lahat ng mga tao.**

**Ang mga hari at ang lahat ng nangasa mataas na kalagayan; upang tayo'y mangabuhay na tahimik at payapa sa buong kabanalan at kahusayan. (I Timoteo 2:1-2)**

Sa ibang pagkakataon, ang pamamagitan ay ginagawa ng Espiritu Santo. Maaaring sa pamamagitan ng mga hibik na nagmumula sa isang mabigat na pasaning espirituwal. Ito ay

maaaring maganap sa ibang wika na hindi mo pinagaralan. Maaaring ito ay pamamagitan para sa iba o ang Espiritu Santo ay namamagitan para sa iyo. Kung ito ay mangyari, ang Espiritu Santo ang mangungusap sa pamamagitan ng panalangin mo sa Diyos ayon sa Kaniyang kalooban. Hindi mo nauunawaan ang ganitong uri ng pamamagitan:

> **At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan: sapagka't hindi tayo marunong manalangin nang nararapat; nguni't ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisaysay sa pananalita. ( Roma 8:26)**

Ito ang pinakamalalim na antas ng pananalangin ng pamamagitan at ang pinakamabisa sa pakikibakang espirituwal.

## ANG MODELONG PANALANGIN:

Minsan, noong panahon ng ministeryo ni Jesus sa lupa, ang Kaniyang mga alagad ay lumapit sa Kaniya na may magandang kahilingan:

> **…ay sinabi sa Kaniya ng isa sa Kaniyang mga alagad, Panginoon, turuan mo kaming manalangin…(Lucas 11:1)**

Hindi hiniling ng mga alagad na turuan silang mangaral o gumawa ng himala. Hindi sila naghangad ng mga aralin tungkol sa kung paano magkaroon ng matagalang kaugnayan. Hindi sila nagtanong tungkol sa mga kamanghamanghang kagalingang pisikal. Ang hiling nila ay turuan silang manalangin.

Ano ang lumikha ng pagnanais na ito? Maliwanag na ito ay ibinunga ng mabisang panalangin sa buhay at ministeryo ni Jesus. Nasaksihan ng mga alagad ang makapangyarihang resulta ng etratehiyang espirituwal na ito.

Basahin ang modelong panalangin at masdan ang mga ibat ibang uri ng panalangin na ating tinalakay:

| | |
|---|---|
| Ama namin, na nasa langit Ka,<br>Sambahin nawa ang pangalan Mo. | Pagpupuri at pagsamba |
| Dumating nawa ang kaharian Mo,<br>Gawin nawa ang Iyong kalooban, kung paano<br>sa langit gayon din naman sa lupa. | Pagtatalaga |
| Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa<br>araw-araw. | Paghiling |
| At ipatawad Mo sa amin ang aming mga utang, gaya | Paghahayag at |

| | |
|---|---|
| naman namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin. | pamamagitan |
| At huwag Mo kaming ihatid sa tukso,<br>Kundi iligtas Mo kami sa masama. | Paghiling |
| Sapagka't Iyo ang Kaharian, at ang kapangyarihan,<br>at ang kaluwahatian, magpakailan man. Siya nawa.<br>(Mateo 6:9-13) | Pagpupuri at pagsamba |

**PAANO MANALANGIN:**

Tingan ang bawat isa sa mga reperensya sa inyong Biblia upang matutuhan kung paano ka dapat manalangin:

- Ang panalangin ay sa Diyos dadalhin: Awit 5:2
- Ang mga walang kabuluhang paulit-ulit ay ipinagbabawal, subalit ang tapat na pagulit ay di naman: Mateo 6:7; Daniel 6:10; Lucas 11:5-13; 18:1-8
- Nagkakasala ka kung hindi mo idinadalangin ang iba: I Samuel 12:23
- Manalangin sa pagiisip (sarili mong wika): Efeso 6:18
- Manalangin sa Espiritu: Roma 8:26; Judas 20
- Manalangin ayon sa kalooban ng Diyos: I Juan 5:14-15
- Manalangin ka sa lihim: Mateo 6:6
- Ang kalidad ay mas mahalaga kaysa sa haba. Ang bisa ng panalangin ay hindi dahil sa "maraming salita": Mateo 6:7
- Manalanging lagi: Lucas 21:36; Efeso 6:18
- Manalanging patuloy: Roma 12:12
- Manalanging walang patid: I Tesalonica 5:17
- Dumalangin sa Ama sa pangalan ni Jesus: Juan 15:16
- May pagbabantay: I Pedro 4:7
- Manalangin batay sa halimbawa ng modelong panalangin: Mateo 6:9-13
- Manalangin na may espiritung nagpapatawad: Marcos 11:25
- Manalangin na may kapakumbabaan: Mateo 6:7
- Minsan ang panalangin ay dapat may kasamang pagaayuno: Mateo 17:21
- Manalanging may alab: Santiago 5:16; Colosas 4:12
- Manalangin na nagpapasakop sa Diyos: Lucas 22:42
- Gamitin ang estratehiya ng pagtali at pagkalag sa panalangin: Mateo 16:19

**ANO ANG DAPAT IPANALANGIN:**

- Ang kapayapaan ng Jesrusalem: Awit 122:6

- Mga mangaggawa sa anihan: Mateo 9:38
- Na hindi mahulog sa tukso: Lucas 22:40-46
- Yaong mga lumalait sa iyo (mga kaaway mo): Lucas 6:28
- Lahat ng mga banal: Efeso 6:18
- Mga maysakit: Santiago 5:14
- Ang isat isa ( magdalahan ng pasan ng isat isa): Santiago 5:16
- Para sa lahat ng mga tao, mga hari, at sa mga nanunungkulan: I Timoteo 2:1-4
- Para sa pang araw araw na pangangailangan: Mateo 6:11
- Para sa karunungan: Santiago 1:5
- Para sa kagalingan: Santiago 5:14-15
- Para sa kapatawaran: Mateo 6:12
- Para sa kalooban at Kaharian ng Diyos na maitatag: Mateo 6:10
- Para sa kagalingan mula sa karamdaman: Santiago 5:13

**PANALANGING GAMIT ANG MGA PANGAKO:**

> **Kayo'y nagsisihingi, at hindi kayo nagsisitanggap, sapagka't nagsisihingi kayo ng masama, upang gugulin sa inyong mga kalayawan. ( Santiago 4:3)**

Ang Diyos ay sumasagot sa panalangin ayon sa Kaniyang mga pangako. Kung manalangin ka ng lihis sa mga pangakong ito, ang panalangin mo ay hindi nasasagot. Katulad ito ng pakikitungo ng isang ama sa kaniyang anak. Walang magulang na ibinibigay ang lahat ng hilingin ng kanilang mga anak. Nililinaw niya na mayroon siyang mga gagawin at hindi gagawin. Sa loob ng mga hangganang ito ipinagkakaloob ng ama ang kahilingan ng anak.

Gayon din naman sa Diyos. Nagbigay Siya ng mga pangako at ang mga ito ang wastong batayan ng pananalangin. Alamin kung ano ang mga ipinangako ng Diyos at manalangin ayon sa mga pangako ng Diyos. Ang isang paraan ng paggawa nito ay suyurin mo ang Biblia at markahan mo ang lahat ng mga pangakong ginawa ng Diyos. Gamitin mo ang iyong Biblia sa pananalangin at ibatay mo ang iyong mga panalangin sa mga pangakong ito.

**MGA HADLANG SA PANALANGIN:**

- Anomang uri ng kasalanan: Isaias 59:1-2; Awit 66:18; Isaias 1:15; Kawikaan 28:9
- Mga diosdiosan sa puso: Ezekiel 14:1-3
- Isang espiritung di makapagpatawad: Marcos 11:25; Mateo 5:23
- Pagkamakasarili, maling motibo: Kawikaan 21:13; Santiago 4:3
- Gahaman sa kapangyarihan, brasuhang panalangin: Santiago 4:2-3
- Maling pakikitungo sa asawa: I Pedro 3:7
- Pagaalinlangan: Santiago 1:6-7
- Hindi nananatili kay Cristo at sa Kaniyang mga Salita: Juan 15:7
- Walang habag: Kawikaan 21:13
- Pagpapaimbabaw, kataasan, walang kabuluhang paulit ulit: Mateo 6:5; Job 35:12-13
- Humihingi ng di ayon sa kalooban ng Diyos: Santiago 4:2-3
- Hindi humingi sa pangalan ni Jesus: Juan 16:24
- Paghadlang ng mga demonyo at ni Satanas: Daniel 10:10-13; Efeso 6:12
- Hindi hinahanap ang kaharian ng Diyos: Pagka hinanap mo ang kaharian ng Diyos ang

pangako na idaragdag ang "lahat ng mga bagay" ay saka lamang mangyayari: Mateo 6:33
- May higit na mataas na layunin ang Diyos sa hindi pagsagot sa iyong panalangin: II Corinto 12:8-9
- Pagka di mo alam manalangin nang nararapat, ang panalangin ay nahahadlangan. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na bayaan mong ang Espiritu Santo ang manalangin sa pamamagitan mo: Roma 8:26

**KAILAN DI DAPAT MANALANGIN:**

Mahalaga na matutong maghintay sa harap ng Panginoon sa panalangin para sa Kaniyang patnubay at direksyon bago tayo kumilos. Subalit kasing halaga rin nito ang malaman mo kung kailan hindi mananalangin. Pagka tinawag ka ng Diyos upang kumilos, dapat kang kumilos agad at hindi na manalangin.

Halimbawa, sa mapait na tubig ng Mara, nang si Moises ay tumangis sa Panginoon, ipinakita sa kaniya ng Diyos ang eksaktong dapat gawin upang patamisin ang tubig. Hindi na kailangan pang maghintay sa Panginoon sa panalangin. Kailangang kumilos agad si Moises ayon sa inihayag ng Diyos. Gayon din kay Josue noong siya ay manalangin tungkol sa masaklap na pagkatalo ng Israel sa Ai. Inihayag ng Diyos na may kasalanan sa bayan ng Israel. Sinabi ng Diyos kay Josue…

> **Bumangon ka; bakit ka nagpatirapa ng ganito? Ang Israel ay nagkasala…**
> **Bumangon ka, papagbanalin mo ang bayan…**
> **( Josue 7: at bahagi ng 10,11, 12, at 13)**

Hindi iyon panahon para manalangin. Yaon ay panahon para kumilos ayon sa bilin ng Diyos na itinugon sa panalangin. May mga tao na ginagamit ang panalangin na dahilan ng kanilang di pagkilos ayon sa sinabi ng Diyos na kanilang gawin.

Ang iba naman ay patuloy na dumadalangin kahit sumagot na ang Diyos sapagkat hindi nila nagustuhan ang sagot ng Diyos. Repasuhin ang kasaysayan ni Balaam sa Bilang 22. Pansinin lalo na ang mga talatang 18-19. Walang karapatan si Balaam na lumapit sa Diyos na ang hiling niya ay yaon pa ring ipinagbawal na ng Diyos na kaniyang gawin (tingnan ang talatang 12).

## PAGAAYUNO

Ang pagaayuno ang ikaapat na bahagi ng plano ng pakikilaban. Kasama ng panalangin, ang pagaayuno ay kailangan sa isang mabisang pakikibaka sa larangang espirituwal.

**KAHULUGAN NG PAGAAYUNO:**

Ang pagaayuno sa pinakasimpleng kahulugan ay, hindi pagkain ng anomnag pagkain.

**URI NG PAGAAYUNO:**

Ayon sa Biblia may dalawang uri ng pagaayuno. Ang ganap na pagaayuno ay wala kang kinakain o iniinom man. Ang isang halimbawa ay matatagpuan sa Gawa 9:9. Yaon namang pagaayuno na bahagi lang ay kung lilimitahan lamang ang pagkain. Ang halimbawa nito ay sa Daniel 10:3.

**PAGAAYUNONG PANGLAHATAN AT PANGSARILI:**

Ang pagaayuno ay isang personal na bagay sa pagitan ng Diyos at ng taong nagaayuno. Ito ay ginagawa sa lihim at hindi ipinagyayabang:

> **Bukod dito pagka kayo'y nangagaayuno, ay huwag kayong gaya ng mga mapagpaimbabaw, na may mapapanglaw na mukha: sapagka't kanilang pinasasama ang mga mukha nila, upang makita ng mga tao na sila'y nag-aayuno. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti.**
>
> **Datapuwa't ikaw, sa pagaayuno mo, ay langisan mo ang iyong ulo, at hilamusan mo ang iyong mukha;**
>
> **Upang huwag kang makita ng mga tao na ikaw ay nagaayuno, kundi ang Ama mo, na nakakakita sa lihim, ay gagantihan ka. (Mateo 6:16-18)**

Ang mga nangunguna naman ay maaaring tumawag ng pagaayuno ng lahat at hilinging ang boong iglesia ay magayuno:

> **Hipan ninyo ang pakakak sa Sion: magsipangilin kayo ng isang ayuno, magsitawag kayo ng isang takdang kapulungan. ( Joel 2:15)**

**ANG MGA LAYUNIN NG PAGAAYUNO:**

May mga tiyak na mga layunin sa pagaayuno. Mahalaga na ito ay iyong maunawaan, sapagkat kung ikaw ay magayuno na mali ang mga dahilang ito ay walang bisa.

Pagaralan ang bawat isa sa mga sumusunod na mga reprensya sa Biblia tungkol sa mga layunin ng pagaayuno. Naghahayag ito ng dakilang kapangyarihan ng pagaayuno sa pakikibakang espirituwal. Ikaw ay nagaayuno:

- Upang magpakumbaba: Awit 35:13; 69:10
- Upang magsisi ng kasalanan: Joel 2:12
- Upang magkaroon ng kapahayagan: Daniel 9:2; 3:21-22
- Upang kalagan ang mga tali ng kasamaan, maibsan ang mabigat na pasan, palayain ang mga inaapi, at sirain ang bawat pagkaalipin: Isaias 58:6
- Upang pakanin ang mga dukha, sa pisikal at espirituwal na pangangailangan: Isaias 58:7
- Upang pakinggan ng Diyos: II Samuel 12:16,22; Jonas 3:5,10

Ang pagaayuno ay hindi nagpapabago sa Diyos. Ikaw ang binabago nito. Nakikitungo ang Diyos sa iyo ayon sa iyong kaugnayan sa Kaniya. Pagka ikaw ay nagbago, may epekto ito sa pakikitungo ng Diyos sa iyo. Hind ka nagaayuno upang baguhin ang Diyos, sapagkat ang Diyos ay di nagbabago. Basahin mo ang aklat ni Jonas para sa halimbawa kung paano ito naganap sa Ninive.

**TAGAL NG PAGAAYUNO:**

Ang tagal ng pagaayuno ay nakadepende sa sinalita ng Diyos sa iyong espiritu. Maaring ikaw ay pangunahan Niya na magaayuno nang matagal o kaya ay maikli lamang. Natatandaan mo ba ang kasaysayan ni Jacob at ni Esau? Naghanda ng pagkain si Jacob para sa kaniyang sarili subalit hindi niya ito kinain upang mapasa kaniya ang karapatan ng nakakatandang kapatid. Mas mabuti sana kung si Esau ay hindi na lang kumain!

## MGA SUSI NG KAHARIAN

Ibinigay ni Jesus sa mga mananampalataya ang mga susi ng Kaharian. Kabilang sa mga susing ito ang kapangyarihan na magkalag at magtali at ito ang panglimang bahagi ng plano ng pakikilaban:

> **At ibibigay Ko sa iyo ang mga susi ng Kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit. ( Mateo 16:19)**

Itinuro ni Jesus ang tungkol sa kahalagahan ng pagtali muna sa mga demonyo bago palayasin ang mga ito, subalit ang prinsipyo ng pagtali at pagkalag ay higit pa sa basta pagpapalayas ng mga demonyo. Maaari mong talian ang kapangyarihan ng kaaway upang di makagawa sa iyong buhay, tahanan, komunidad, at iglesia. Maaari mo namang kalagan ang mga tao mula sa pagkaalipin ng kasalanan, kalumbayan, at paninira ng kalooban mula sa kaaway.

Ang prinsipyo ng pagtali at pagkalag ay isang mahalagang estratehiya upang madaig ang kapangyarihan ng kaaway. Ito ay isang susi sa Kaharian ng Diyos. Sa bawat kalagayan na iyong hinaharap…bawat suliranin, bawat hamon…may susing espirituwal. Ang susi ay ang paggamit ng prinsipyo ng pagtali at pagkalag. Kung kilalanin mo kung ano ang tatalian at ano ang kakalagan at kumilos ka ayon sa pagkilalang ito, matatalo ang kaaway.

## ANG PANGALAN NI JESUS

Ang panghuling bahagi ng plano ng pakikilaban ay masusumpungan sa pangalan ni Jesus. Ang Salita ng Diyos ay kailangang magamit sa Kaniyang pangalan, tayo ay mananalangin, magaayuno, at gagamitin ang iginawad na kapangyarihan at kapamahalaan at ang mga susi ng Kaharian sa Kaniyang pangalan:

> **Kung kayo'y magsisihingi ng anoman sa pangalan Ko, ay yaon ang Aking gagawin. ( Juan 14:14)**

**…Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Kung kayo'y hihingi ng anoman sa Ama ay ibibigay Niya sa inyo sa Aking pangalan. ( Juan 16:23)**

**At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonio sa Aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika;**

**Sila'y magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na nakamamatay, sa anomnang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling. ( Marcos 16:17-18)**

**At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y Kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa Akin.**

**Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:**

**Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sa inyo: at narito, Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. ( Mateo 28:18-20)**

Ikaw ay magtuturo, magbabautismo, magpapalayas ng mga demonyo, magpapagaling ng mga maysakit, at dadaigin mo ang bawat kapangyarihan ng kaaway sa pangalan ni Jesus. Ito ay higit na makapangyarihan kaysa alin mang pangalan:

**Sa kaibabawan ng lahat na pamunuan, at kapamahalaan, at kapangyarihan, at pagkasakop, at sa bawa't pangalan na ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi naman sa darating. ( Efeso 1:21)**

**Kaya naman Siya ay pinakadakila ng Diyos, at Siya'y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan;**

**Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang lahat ng tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa,**

**At upang ipahayag ng lahat ng mga dila na si JesuCristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama. ( Filipos 2:9-11)**

## ISANG MATAGUMPAY NA ESTRATEHIYA

Hinarap ni Jesus ang bawat tukso na ating kinakaharap, subalit napagtagumpayan Niya ang mga tuksong ito at hindi Siya nagkasala. Sapagkat pumasok Siya sa arena ng pakikibakang espirituwal, nauunawaan Niya ang iyong pakikilaban at ikaw ay pinalalakas Niya:

**Sapagka't tayo'y walang isang dakilang saserdote na hindi maaaring mahabag sa ating kahinaan, kundi isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin gayon ma'y walang kasalanan. (Hebreo 4:15)**

Sapagkat Siya'y nagtagumpay, magtatagumpay ka rin:

**Palibhasa'y nagbata Siya sa pagkatukso, Siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso. ( Hebreo 2:18)**

Basahin ang kasaysayan ng kamatayan at pagkabuhay na maguli ni Jesus sa Mateo 26-28; Marcos 14-15; Lucas 22-24; at Juan 18-21. Ang kamatayan at pagkabuhay na maguli ni Jesus ang pinakadakilang pakikpagharap na naganap sa pagitan ng kapangyarihan ni Satanas at ng kapangyarihan ng Diyos.

Sa kamatayan ni Jesus, inakala ni Satanas na nasira na niya ang plano ng Diyos. Napatay niya ang bugtong na Anak ng Diyos. Nawasak niya ang Hari na maghahari sa Kaharian ng Diyos. Subalit sinabi ni Jesus:

**O inakala mo baga na hindi Ako makapamamanhik sa Aking Ama, at padadalhan Niya Ako ngayon din ng mahigit sa labingdalawang pulutong na mga anghel?**

**Kung gayo'y paano bagang mangatutupad ang mga kasulatan, na ganyan ang nauukol na mangyayari. ( Mateo 26:53-54)**

**…Ang Kaharian Ko ay hindi sa sanglibutang ito: kung ang Kaharian Ko ay sa sanglibutang ito, ang Aking mga alipin nga ay makikibaka, upang Ako'y huwag maibigay sa mga Judio: nguni't ngayo'y ang Aking Kaharian ay hindi rito. ( Juan 18:36)**

**…Anomang kapangyarihan ay hindi ka magkakaroon laban sa Akin malibang ito'y ibigay sa iyo mula sa itaas…( Juan 19:11)**

Hindi namatay si Jesus sapagkat mas mahina ang Kaniyang kapangyarihan kaysa sa kaaway. Hindi napahinto ng Kaniyang kamatayan ang plano para sa Kaharian ng Diyos. Hindi pa panahon upang ang Kaniyang Kaharian ay matatag na rito sa lupa.

Ang totoo, ang kamatayan ni Jesus ang tumupad sa plano ng Diyos. Ang mga tao ngayon ay maaari nang maligtas mula sa pagkaalipin ng kasalanan at ang kabayaran ng "ikalawang kamatayan" ( walang hanggang pagkahiwalay sa Diyos dahil sa kasalanan).

Bagamat dakilang bagay ang kaligtasan mula sa kasalanan, hindi lamang ito ang tanging tagumpay na nakamit sa kamatayan ni Jesus sa krus. Sa pamamagitan ng Kaniyang kamatayan at pagkabuhay na maguli, tinalo ni Jesus ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway:

**…Nang umakyat Siya sa itaas (nabuhay maguli) ay dinala Niyang bihag ang pagkabihag, at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.**

**Ngayon ito, Umakyat Siya, ano ito, kundi Siya'y bumaba rin naman sa mga dakong kalaliman ng lupa?**

**Ang bumaba ay Siya rin namang umakyat sa kaitaasan ng buong sangkalangitan, upang Kaniyang mapuspos ang lahat ng mga bagay.) ( Efeso 4:8-10)**

**Pagkasamsam sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sila'y mga inilagay Niya sa hayag na kahihiyan, na nagtatagumpay Siya sa kanila sa bagay na ito. ( Colosas 2:15)**

Tinalo ni Jesus ang bawat kapangyarihan ng kaaway, kabilang ang kamatayan. Hinatulan na rin Niya si Satanas:

**Ngayon ang paghatol sa sanglibutang ito: ngayon ang prinsipe ng sanglibutang ito ay palalayasin.( Juan 12:31)**

Gumawa si Jesus ng daan ng kaligtasan. Tinalo Niya ang kamatayan at ang mga pamahalaan at mga kapangyarihan ng kaaway. Ibinalik Niya sa tao ang dominyon sa lahat ng mga bagay. Ipinataw Niya ang hatol kay Satanas na matutupad sa hinaharap.

Tulad ng iyong natutuhan, ang kasalukuyang kalagayan ay tulad ng mga kondisyon na umiral sa mga ilang bansa sa daigdig.Ang mga kapangyarihan ng mga rebeldeng pwersa ay ibabagsak ng pamahalaan. Ang lider ng mga rebelde ay hinatulan na bagamat nakakawala pa. Mayroon pang ilang mga tauhan sa ilalim niya na patuloy pa ring lumalaban.

Natalo na ni Jesus si Satanas at hinatulan na siya, subalit siya ay nakakawala pa rin at ang kaniyang mga kampon na mga demonyo, ang laman, at ang sanglibutan ay nakikilaban pa rin. Sinisikap nilang sakupin ang mga teritoryong nasa pagaari ng tunay na Mananakop. Sinisikap nilang bulagin ang mga tao sa katotohanang si Satanas ay natalo na at nasa ilalim ng hatol. Sinisikap nilang kontrolin ang mga tahanan, mga iglesia, at mga bansa.

Sa ganyan lumilinaw ang pakikibaka ng mananampalataya. Tinalo na ni Jesus si Satanas subalit siyay nakakawala pa rin. Gawain naman natin na buksan ang mga mata ng mga lalake at babae sa kaniyang mga pandaraya at angkinin ang teritoryo na talaga namang sa atin. Ang iyong sariling pakikilaban ay magpapatuloy hanggang ang kahatulan kay Satanas ay ipairal na o kaya ikaw ay umuwi na kay Jesus sa pamamagitan ng kamatayan, alin man sa dalawang ito ang mauna:

**Upang ngayo'y sa pamamagitan ng iglesia, ay maipakikilala sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ang kapuspusan ng karunungan ng Diyos. ( Efeso 3:10)**

## MGA NANALO, HINDI NAPINSALA

Sa pamamagitan ni Jesus, ikaw ay mananagumpay sa halip na biktima ng kaaway:

> **At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko Niya sa ilalim ng Kaniyang mga paa, at siyang pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia. ( Efeso 1:22-23)**

Lahat ng mga bagay ay "nasa ilalim ng mga paa" ni Jesus. Ang ibig sabihin nito ay nasakop na Niya ang lahat. Siya ang ulo ng Iglesia, at tayo naman ang katawan. Sinabi na ang lahat ng mga bagay ay nasa ilalim ng mga paa Niya, ibig sabihin ay sa ilalim ng Kaniyang katawan, ang Iglesia. Ang ibig sabihin ay tayo'y mananagumpay, sa halip na biktima. Maaari kang maingatan mula sa kapangyarihan ni Satanas. Si Jesus mismo ang nanalangin para sa atin upang tayo ay mailayo sa kapangyarihan ng kaaway:

> **Hindi Ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama. ( Juan 17:15, 20)**

Ikaw ay isa ring mananagumpay, hindi dahil sa iyong sariling kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pinakadakila sa lahat:

> **… Sa lahat ng mga bagay na ito tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan Niyaong sa atin ay umibig. (Roma 8:37)**

Kung ang pakikibakang espirituwal ay humihirap, alalahanin mo lamang na tinitiyak ng Biblia na ang mga layunin ng Diyos ay matutupad:

> **Ang Panginoon ng mga hukbo ay sumumpa, na nagsabi, Tunay na kung ano ang iniisip Ko, gayon ang mangyayari; at kung ano ang Aking panukala, gayon mananayo. ( Isaias 14:24)**
>
> **Ito ang panukala na Aking pinanukala sa buong lupa: at ito ang kamay na umunat sa lahat ng mga bansa.**
>
> **Sapagka't pinanukala ng Panginoon ng mga hukbo, at sinong wawala ng kabuluhan? at ang Kaniyang kamay na nakaunat, at sinong maguurong ( Isaias 14:26-27).**

Ang Panginoon ng mga Hukbo ay may layunin, at walang pwersa ng sanglibutan, laman, mga demonyo, impiyerno, o si Satanas mismo ang magpapawalang bisa nito.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

2. Ano ang layunin ng Diyos?

3. Ano ang mga layunin ng pagkaparito ni Jesus sa sanglibutan?

4. Ano ang anim na bahaging plano ng Diyos sa pakikilaban para sa pakikibakang espirituwal?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Sa araling ito natutuhan mo ang kahalagahan ng Salita ng Diyos sa pakikibakang espirituwal. Ang Harvestime International Institute ay nagaalok ng dalawang mga kurso na madaragdag sa inyong kakayahan na maalaman at magamit ang Salita ng Diyos. Sumulat kayo at humingi ng dagdag na impormasyon tungkol sa *"Mga Mabibisang Paraan Ng Pag-aaral Ng Biblia"* at ang *"Pagsisiyasat Ng Boong Biblia."*

2. Sa araling ito ay natutuhan mo na si Jesus ay naparito upang wasakin ang mga gawa ni Satanas. Dagdag mo pang basahin ang tungkol sa mga layunin ni Jesus sa mga sumusunod na mga talata: Lucas 4:18-19; 4:43; 19:10; 24:46-49; Juan 6:38; 9:4; 12:46; 18:37. Basahin ang pahayag ng mga layunin ng Diyos kaugnay kay Jesus: Juan 3:16-18; Efeso 1:9-10.

3. Si Jesus ay maraming pakikipag-engkwentro sa mga masasamang espiritu. Subalit hindi lamang ang masasamang espiritu at mga panunukso ni Satanas ang nilabanan ni Jesus. Gumamit din si Satanas ng mga tao na malapit kay Jesus upang lumaban sa Kaniya:

**Si Pedro:**

Si Simon Pedro ay isa sa mga labingdalawang alagad na pinili ni Jesus, gayon man may mga pagkakataon na ginamit siya ni Satanas upang labanan si Jesus. Nang ihayag ni Jesus ang nalalapit Niyang kamatayan, sinaway Siya ni Pedro sa paghahayag nito (Marcos 8:32). Sinabi ni Jesus kay Pedro…

> **…Lumagay ka sa likuran ko, Satanas; sapagkat hindi mo pinagiisip ang mga bagay na ukol sa Diyos, kundi ang mga bagay na ukol sa mga tao. ( Marcos 8: 33)**

Hindi naman ang ibig sabihin ni Jesus ay si Pedro nga si Satanas, sa halip si Pedro ay ginagamit ni Satanas sa sandaling yaon.

Isa sa mga tampok na estratehiya ni Satanas ay gamitin ang mga malalapit sa iyo upang ilayo ka sa paggawa ng kalooban ng Diyos. Tulad ni Jesus, dapat mong ilagay sa likuran mo ang kanilang mga panghihikayat. May ginagamit ba si Satanas na malapit sa iyo upang pigilan ka na magawa ang kalooban ng Diyos?

Sa bandang huli, nang si Pedro ay mangako ng kaniyang katapatan sa Panginoon, sinabi ni Jesus sa kaniya:

> **Simon, Simon, hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo;**
>
> **Datapuwat ikaw ay ipinamanhik Ko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya; at ikaw, kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid. (Lucas 22:31-32)**

Alam ni Jesus na pagdating ng panahon ng Kaniyang pagkapako sa krus, ipagkakanulo Siya ni Pedro. Nakita Niya kung paanong nais ng kaaway na ibukod ang lahat ng mabubuting bagay sa buhay ni Pedro. Subalit nakita rin ni Jesus ang magandang kinabukasan kay Pedro. Kinilala Niya na balang araw si Pedro ay magiging isang dakilang lider ng unang iglesia.

**<u>Si Judas:</u>**

Si Judas ay isa rin sa orihinal na labingdalawa na pinili ni Jesus. Alam na ni Jesus sa umpisa pa lamang kung paano gagamitin ng kaaway ang taong ito:

> **Sinagot sila ni Jesus, hindi baga hinirang ko kayong labingdalawa, at ang isa sa inyo ay diablo?**
>
> **Tinukoy nga Niya si Judas na anak ni Simon Iscariote, sapagkat siya ang sa Kanya'y magkakanulo, palibhasa'y isa sa labingdalawa. (Juan 6: 70-71)**

Basahin ang pagkakanulo ni Judas sa Panginoon sa Mateo 26:20-25 at sa Juan 13:21-30. Gumamit ba si Satanas ng mga kaibigan mo upang ipagkanulo ka at saktan ka? Tulad ni Jesus, hindi mo dapat hayaang ito ay pumigil sa iyong pagtupad ng layunin ng Diyos para sa iyo.

4. Basahin ang Malakias 1:13. Sinabi ng propeta na sa kaniyang panahon ang ilan ay nabagot sa kanilang mga pangingiling na kanilang sinabi, "Narito, nakayayamot." Malamang ang mga taong ito ay hindi talaga natutong sumamba?

Magaral pa tungkol sa pagsamba: Awit 5:7; 22:27; 29:2; 45:11; 66:4; 86:9; 95:6; 96:9; 97:7; 99:5,9; Exodo 34:14; I Cronica 16:29; Mateo 15:9; Marcos 7:7; Juan 4:23-24; Filipos 3:3.

May dagdag na mga katuruan tungkol sa paksa ng pagsamba sa kurso ng Harvestime International Instiute na pinamagatang *"Mga Paraan Ng Pagpapakilos Sa Mga Tao."*

5. Narito ang mga karagdagang katotohanan tungkol sa panalangin:

**<u>Mga sagot sa panalangin ay ipinagkakaloob:</u>**

| | |
|---|---|
| Kaagad-agad minsan: | Isaias 65:24; Daniel 9:21-23 |
| Naaantala minsan: | Lucas 18:7 |
| Minsan, kaiba kaysa sa ating ninanais: | II Corinto 12:8-9 |
| Higit pa sa ating inaasahan: | Jeremias 33:3; Efeso 3:20 |

**Ibat ibang posisyon ay maaring gawin sa pananalangin:**

| | |
|---|---|
| Nakatayo: | I Hari 8:22; Marcos 11:25 |
| Nakayuko: | Awit 95:6 |
| Nakaluhod: | II Cronica 6:13; Awit 95:6; Lucas 22:41; Gawa 20:36 |
| Nagpatirapa: | Bilang 16:22; Josue 5:14; I Cronica 21:16; Mateo 26:39 |
| Paguunat ng mga kamay: | Isaias 1:15; II Cronica 6:13 |
| Pagtataas ng mga kamay: | Awit 28:2; Panaghoy 2:19; I Timoteo 2:8 |

**Mga karaniwang problema na dapat mong mapagtagumpayan upang makapanalangin:**

Kulang sa panahon
Mga gumagambala
Pagkapagod
Kawalan ng gana

**Pagsasaayos ng Pwersa ng Pananalangin:**

Ang panalangin ang isa sa pinakamakapangyarihang kasangkapan ng pakikibakang espirituwal. Inihayag ng Bagong Tipan ang mga sumusunod na mga estraktura para sa pagaayos ng mga pwersa ng panalangin upang maging mabisa ang pakikibakang espirituwal:

Personal na panalangin: Ang panalangin ay ginagawa na magisa: Mateo 6:6

Dalawa na magkasamang nananalangin: Ang pagdalangin ng dalawa na magkasama ang pinakamaliit na yunit ng panalangin ng grupo: Mateo 18:19

Maliit na grupo: Ang maliit na grupo o cell ay binubuo ng mahigit sa dalawang tao na nagsasama sa pananalangin. May malaking kapangyarihan kung may dalawa o tatlo na nagkakaisa sa layuning ito: Mateo 18:20

Boong kongregasyon: Ang boong kongregasyon ay kailangang nagsasama-sama sa pananalangin: Gawa 1:14-15

**Mga pangako tungkol sa panalangin:**

Pagaralan ang mga sumusunod na mga pangako tungkol sa panalangin. Ang mga ito ay naghahayag ng dakilang kapangyarihan ng kasangkapang ito sa pakikibakang espirituwal:

-Alam ng Ama ang iyong kailangan bago ka pa humingi:  Mateo 6:8
- Kung may dalawa na magkasundo sa panalangin, ito ay tutugunin:  Mateo 18:19
- Ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa Diyos:  Mateo 19:26; Lucas 18:27
- Ang panalanging may kahalong pananampalataya ay mabisa:  Mateo 21:22; Marcos 11:24
- Ang maalab na panalangin ng taong matuwid ay mabisa:  Santiago 5:16
- Kung ikaw ay hihingi sa pangalan ni Jesus, ito ay ipagkakaloob:  Juan 14:14

7. Magdagdag ng pagaaral tungkol sa pagaayuno:

- Ang pagaayuno ay isa sa mga katibayan ng ating pagiging ministro ng Diyos:  II Corinto 6:3-10
- Ang panalangin na may pagaayuno ay ginamit upang isaayos ang iglesia:  Gawa 14:23
- Pamalagiin natin ang ating sarili sa pagaayuno:  I Corinto 7:5

8. Sinabi ni Jesus na magkakaroon ka ng kapangyarihan na yurakan ang mga “ahas at ulupong.” Sa Ikalimang Kabanata, pinagaralan mo ang mga katumbas sa natural at espirituwal na ahas. Narito ang ilang mga katotohanan tungkol sa mga ulupong na maaaring iangkop sa larangang espirituwal:

> Ang mga ulupong ay umiiwas sa iba. Ang isang ulupong ay lalaban hanggang sa mamatay ito. Huhulihin nito ang sisilain, dudurugin ito, at pagkatapos ay tuturukan ng kamandag mula sa kagat nito. Kung ikaw ay matuklaw ng isang ulupong, mararamdaman mo ang kirot, kahirapan sa pagsasalita, di ka mapalagay, panghihina, at pamamanhid.
>
> Ang mga ulupong ay tumtira sa mga madidilim na lugar at namamatay kapag nalantad sa init (liwanag). Una, sisikapin ng ulupong na tumakas, at pagkatapos ay lulusob na naman ito sa pamamagitan ng kaniyang buntot. Sa natural na larangan, ang mga grupo ng langgam ay kaaway ng ulupong.

Maiaangkop mo ba ang mga katotohanang espirituwal katulad ng ating ginawa sa mga katotohanan tungkol sa mga ahas sa Ikalimang Kabanata?

# PAGPAPAKILOS

## AKTIBONG PAGLILINGKOD SA HUKBO NG DIYOS

Ang ibig sabihin ng "pagpapakilos" ay itakda sa isang kalagayan na nakahanda para sa aktibong paglilingkod sa hukbo. Ang "mobilization" ay isang proseso ng pagpapakilos bilang bahagi ng pwersang espirituwal ng hukbo ng Diyos.

# IKASAMPUNG KABANATA

## PAGSALAKAY AT PAGTATANGGOL SA PAKIKIBAKA

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Bigyang kahulugan ang "pagsalakay sa pakikibaka."
- Bigyang kahulugan ang "pagtatanggol sa pakikibaka."
- Tukuyin ang pagkakatulad ng pagsalakay at pagtatanggol sa pakikibaka.
- Magbigay ng buod ng bahagi ng Espiritu Santo sa pagsalakay at pagtatanggol sa pakikibaka.
- Gamitin na halimbawa ang natural na pakikipagbuno upang ipaliwanag ang mga estratehiya sa pagsalakay at pagtatanggol sa pakikibakang espirituwal

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

**Ni bigyan daan man ang diablo. (Efeso 4:27)**

### PAMBUNGAD

May dalawang uri ng pakikilaban sa natural na kalagayan: Pagsalakay at pagsanggalang. Itinuturo din ng Biblia na may mga estratehiyang espirituwal para sa pagsalakay at pagsanggalang. Kailangan mong matutuhang sumalakay at magsanggalang sa pakikilaban. Ang isa na lamang natitirang pagpipilian ay tumakas, at hindi ito katanggaptanggap.

Sinimulan ng araling ito ang pagpapabatid kung paano sumalakay at magsanggalang sa pakikibaka. Susuriing mabuti ang iyong mga sandatang espirituwal sa pagsalakay at pagsanggalang sa pakikibaka.

## PAGTATANGGOL SA PAKIKIBAKA

Ang pakikibaka sa pamamagitan ng pagsasanggalang ay pagtatanggol sa nasasakupan. Ito ang pakikibaka na naghihintay sa kaaway na lumusob, at pinagsasama-sama ang mga pwersa upang magtanggol. Ang tagapagtanggol ay kailangang harapin ang kalaban at ito ang maguudyok sa uri ng pagpapasiya na kaniyang gagawin. Ang uri ng pakikilaban na ito ay hindi lumulusob sa teritoryo ng kaaway. Ipinagtatanggol nito ang kanila nang nasasakupan. Ito ay mahalaga sapagkat ang mga pwersa ng kasamaan ay patuloy na nilulusob ang mananampalataya. Kung hindi mo alam kung paano ipagtanggol ang iyong sarili, magiging biktima ka ng mga pagsalakay na ito.

## PAGSALAKAY SA PAKIKIBAKA

Ang pagsalakay ay ikaw ang nauuna sa pakikibaka. Hindi ito paghihintay at pagtugon lamang sa gagawin ng kaaway. Ito ang pakikibaka na ikaw ang unang humahakbang sa labanan. Tinukoy ang kaaway, kinilala ang kaniyang estratehiya, at ang mga pagsalakay ay gagawin sa kaniya sa larangang espirituwal. Sa pagsalakay, ikaw ang may bentahe na magpasiya kung ano ang iyong gagawin. Ang pagsalakay ay sumasakop sa halip na nagtatanggol lamang ng teritoryo.

Ang pagsalakay lamang ang tanging uri ng pakikibakang espirituwal na makakaabot sa buong sanglibutan ng ebanghelyo ni JesuCristo. Hindi maaaring tayo ay manatili lamang sa ating mga komportableng mga tahanan at iglesia at maghintay na lamang na ipagtanggol ang mga ito. Ang hukbo ng Diyos ay kailangang sumugod sa teritoryo ng kaaway. Kailangang ito ay pumaroon sa mga kuta ni Satanas na may kapangyarihan ng mensahe ng ebanghelyo. Kailangang ang ating pakikibakang espirituwal  ay pagsalakay sa kaaway.

## ANG PAGKAKATULAD NG DALAWA

May pagkakatulad ang pagsalakay at pagtatanggol sa pakikibaka. Kailangan nito ang pagkilos ng manananampalataya. Sa natural na larangan, ang mga sandatang di ginagamit ay walang silbi sa pagwasak sa kaaway at pagkapanalo sa pakikilaban. Totoo rin ito sa larangang espirituwal. Ang iyong mga sandatang espirituwal ay may bisa ayon sa pasiya mong gamitin ang mga ito. Totoo na sinasangkapan tayo ng Diyos para sa labanan, subalit mayroon kang personal na pananagutan na gamitin ang mga estratehiyang espirituwal sa pagsalakay at pagtatanggol.

Sa mga labanan sa Lumang Tipan, ang Diyos ay lumaban na kasama at para sa Kaniyang bayan, ang Israel. Subalit kailangan muna na ang Israel ay lumagay sa larangan ng labanan. Pagka nakita ng Diyos na ang isang sandatang espirituwal ay ginagamit sa Kaniyang pangalan, o kaya ang isang lalake o babae na nasa labanan ay nangahas na gawin ang hindi niya kaya, ang Panginoon ng mga Hukbo ay kumikilos para sa kaniya.

Basahin ang kasaysayan ni Eliseo sa II Hari 13:14-19. Dito sa araling ito na ginamit ang busog at mga pana, may mga araling espirituwal na katumbas na tutulong sa iyo na maunawaan ang iyong bahagi sa labanan:

**1. IPAKITA ANG IYONG BALAK NA MAKILABAN:**

Sinabi ni Eliseo kay haring Joas, "Kumuha ka ng busog at mga pana." Sinabi ni Pablo, "Magsikuha kayo ng tabak ng Espiritu" at magdeklara ka ng laban. Sa pagkuha mo ng mga sandatang pangsalakay at pagsanggalang, ipinakikita mo ang iyong balak na makilaban.

**2. HAWAKAN MO ANG KASANGKAPAN:**

Sinabi ni Eliseo sa hari na ilagay ang kaniyang kamay sa busog, at pagkatapos ay inilagay niya ang kaniyang mga kamay sa mga kamay ng hari. Ang estratehiya para sa pananalo ay ang iyong kamay ay nasa sandata at ang Kaniyang kamay naman ay nakalagay sa iyo.

**3. BUKSAN ANG DUNGAWAN:**

Buksan mo ang dungawan ng dako kung saan nananagumpay ang kaaway. Ang kaaway ng Israel ay nasa dakong silanganan, kaya sinabi ni Eliseo sa hari na buksan ang dungawan sa silanganan. Nais ng Diyos na iyong buksan ang mga "dungawan" ng bawat dako sa iyong buhay upang ibunyag ang mga kabiguan, pagkatalo, at pagkaalipin sa kaaway.

**4. MAGPAHILAGPOS KA:**

Sinabi ni Eliseo sa hari, "Magpahilagpos ka," at ang hari ay nagpahilagpos. Pagkatapos ay sinabi ni Eliseo, "Ang pana ng pagtatagumpay ng Panginoon ay nasa Siria." Ang bukas ng dungawan ay di sapat. Ang sandata sa iyong kamay ay di rin sapat. Kahit nalagay ang kamay ng Diyos sa iyong kamay ay di sapat upang manalo sa labanan. Kailangang sundin mo ang utos ng Panginoon ng mga Hukbo na "MAGPAHILAGPOS." Ito ang iyong bahagi sa pakikibaka… gamitin mo mismo ang sandata na nasa iyong kamay na ginagabayan ng kamay ng Panginoon.

**5. ALAMIN ANG LAYUNIN:**

Sinabi ni Eliseo sa hari na tangnan ang mga pana at ihampas sa lupa bilang sagisag ng kaniyang tagumpay laban sa Siria. Ginawa nga ng hari subalit huminto pagkatapos ng tatlong hampas. Sinabi sa kaniya ni Eliseo na yamang tatlong ulit lamang niyang inihampas ang mga pana sa lupa, may hangganan ang kaniyang panalo. Ang dahilan nito ay sapagkat di nauunawaan ng hari ang layunin ng pakikibaka. Sinabi ni Eliseo na ang nais ng Diyos ay lubos na lipulin ang kaaway ( talatang 17). Sa paghampas ng tatlong ulit lamang sa lupa, nagkasiya na ang hari sa limitadong pagkapanalo.

Ang layunin ng Diyos para sa iyo ay lubos na tagumpay sa lahat ng larangan ng iyong buhay at ministeryo. Kung mabigo kang maunawaan ang layuning ito, ang iyong pagkapanalo ay hindi kumpleto.

**6. MAGWAGI KA MUNA SA LOOB NG SILID:**

Ang nangyari sa pagitan ni Eliseo at haring Joas sa loob ng silid ng araw na yaon ay may kinaalaman sa kinalabasan ng pakikilaban sa Siria. Kung ano ang nangyayari sa loob ng silid na

doo'y kasama mo ang Panginoon, ang siyang magtatakda ng iyong mga tagumpay sa mga labanan ng buhay.

## MGA PAKANA NI SATANAS

Ang pinagsasaligan ng pagsalakay at pagsanggalang sa pakikibaka ay ang pagkaalam ng mga estratehiya ni Satanas:

> **Upang huwag kaming malamangan ni Satanas: sapagkat kami ay hindi hangal sa kanyang mga lalang. ( II Corinto 2: 11)**

Ang ibig sabihin ng salitang "lalang" ay pakana, balak gawin, o pailalim na planong masama. Makakalamang si Satanas kung hindi mo alam ang kaniyang mga pakana at tuloy hindi ka makakilos upang sumalakay at magsanggalang sa labanan.

## ANG MINISTERYO NG ESPIRITU SANTO

Sa bandang unahan ng kursong ito ay natutuhan mo ang tungkol sa pwersang espirituwal para sa kabutihan na kilala bilang Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay mahalaga sa pagsalakay at pagsanggalang sa pakikibaka. Alam ng Espiritu Santo ang mga estratehiya ni Satanas, kaya Siya ay namamagitan para sa mga mananampalataya na sangkot sa labanan:

> **At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan; sapagkat hindi tayo marunong manalangin nang nararapat; ngunit ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa ating mga hibik na hindi maisaysay sa pananalita… sapagkat Siya ang namamagitan dahil sa mga banal alinsunod sa kalooban ng Dios. ( Roma 8: 26-27)**

Ang Espiritu Santo ay nagbibigay ng kapangyarihan upang maangkin ang teritoryo ng kaaway:

> **Datapuwat tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa. ( Gawa 1: 8)**

Ang mga kaloob ng Espiritu Santo ay mahahalagang mga sandata ng pagsalakay at pagsanggalang sa labanan. Ang kaloob ng salita ng kaalaman at ang salita ng karunungan ay nagbibigay ng makalangit na kapahayagan para sa pakikibakang espirituwal. Ang kaloob ng pagkilala sa mga espiritu ay nagbunbunyag ng pandaraya ng kaaway.

Ang mga **tanging** mga kaloob na pastor, propeta, apostol, ebanghelista at guro ay tumutulong upang ihanda tayo sa labanan. Ang mga kaloob ng **pagsasalita** ay nagbibigay ng mga tanging pagtuturo mula sa Diyos at ang mga kaloob ng Espiritu na pagsisilbi ay nagpapaabante sa hukbo ng Diyos.

## PAKIKIPAGBUNO: ANG KATUMBAS NITO SA LARANGANG ESPIRITUWAL

Ang isa sa pinaka makapangyarihang talata tungkol sa pakikilaban na sumasalakay ay:

> **Sapagkat ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. ( Efeso 6: 12)**

Ang pakikibaka na ginamit dito ay katumbas ng "pakikipagbuno" at ito ay makahulugan. Ang pakikipagbuno (wrestling) ay may katumbas na katotohanang espirituwal. Ang pakikipagbuno sa likas na kalagayan ay tagisan ng lakas. Ang pakikipagbuno ay "pagdaig sa lakas at kapangyarihan ng kalaban."

Isaalangalang mo ang mga katotohanang ito tungkol sa pakikipagbuno sa natural na kalagayan at iangkop mo sa iyong pakikibakang espirituwal:

**1. PAGHAHANDA AT PAGSASANAY:**

Ang isang makikipagbuno ay kailangang magsanay upang manalo. Kailangang siya ay magensayo. Kailangan din niya ang tamang pagkain. Dapat ay alam niya ang mga patakaran ng pakikipagbuno at ang mga ito ay dapat sunding mabuti.

Kailangang maalaman ng isang mananampalataya ang mga alituntunin ng pakikibakang espirituwal upang siya'y maging matagumpay. Ang wastong "pagkain" ng Salita ng Diyos at panalangin ay mahalaga para sa isang matagumpay na pakikipagbunong espirituwal. Kung paanong ang pakikipagbuno sa natural na larangan ay pinapabuti ng patuloy na pageensayo, ganoon din sa larangang espirituwal.

Ang nangingibabaw na layunin ng pagsasanay sa natural na larangan ay upang ihanda ang makikipagbuno na makipaglaban siya sa pinakamabuting paraan habang hindi gaanong napapagod. Ito ay totoo rin sa larangang espirituwal. Ilang mga tao ay madaling mapagod at matalo sapagkat hindi sila sinanay nang maayos sa pakikibakang espirituwal.

**2. ANG AYOS NG PAKIKILABAN:**

Ang pakikipagbuno ay isahang laban. Hindi ito laban ng isang team. Pagka napagod na ang lumalaro, walang kahalili ito. Kailangan sa pakikipagbuno ang harapan, malapit at personal na pakikipagtunggali sa kalaban.

Totoo rin ito sa larangang espirituwal. Ang mga mananampalataya ay sangkot sa isang harapan at malapitang pakikipagtunggali sa kaaway. Walang iba pang mananampalataya na maaring pumalit sa iyo. Walang mga "time out" dito di tulad sa ibang laro. Sa larangang espirituwal wala ring "time out." Hindi nagpapahinga si Satanas sa pakikilaban. Hindi dapat mahuling di handa ang mananampalataya.

**3. MGA ESTRATEHIYA:**

Kung paanong may pagsalakay at pagsanggalang sa wrestling sa natural na larangan. Gayon din sa larangang espirituwal. Sa wrestling ay may paraang ginagawa ang manlalaro. Ito ay ang "paghinto." Ito ay pagiwas muna sa kalaban. Mababawasan ka ng puntos kapag puro hinto ang ginawa mo. Sa larangang espirituwal ay nadadaig ka rin kapag panay ang iyong hinto sa halip na harapin ang kaaway. May mga mananampalataya na ginugugol ang kanilang buong buhay sa pagiwas sa kaaway. Hindi sila sumasalakay upang makamit ang tagumpay.

**4. <u>ILAGAY SA ALANGANIN ANG KAAWAY:</u>**

Isa pang mahalagang estratehiya sa larong pakikipagbuno ay sikapin mong mawala sa balanse ang kalaban mo. Minsan malagay ang kalaban mo sa alanganin, mahihirapan na siyang makabawi.

Madalas banggitin ng Biblia ang tungkol sa "pagpipigil." Isa sa mga estratehiya ni Satanas sa larangang espirituwal ay ilagay ka sa alanganin. Maraming mga kulto ang lumitaw dahil sa kakulangan ng balanse sa mga usaping pangdoktrina. Mga tahanan, iglesia, at kahit bansa ay mga natalo dahil sa kawalan ng balanse sa pagbibigay diin o hindi pagbibigay diin sa ilang mga bagay.

May dalawang uri ng balanse sa wrestling. Ito ay sa katawan at sa pagiisip. Bago matudla ang katawan, dapat unahin munang salakayin ang pagiisip. Upang magawa ito, ang estratehiya ng pag-sorpresa ay ginagamit. Ang isang kilos ay ginagawa upang lituhin at sorpresahin ang kalaban. Habang ang pansin ng kalaban ay dito nakatuon at siya ay nagmamaling akala, isang taktika ang gagamitin. Papaniwalain mo ang kalaban na may susunod kang gagawing hakbang, at sisikapin naman ng kalaban na iwasan itong inaakala niyang gagawin mo kaya ito naman ang maguumang sa kaniya sa tunay na pagsalakay mo sa hindi niya inaasahan.

Ganyang-ganyan din sa larangang espirituwal! Ilalagay ka sa alanganin ni Satanas sa pamamagitan ng pag-sorpresa sa iyo. Lilituhin niya ang iyong kaisipan sa pamamagitan ng paggambala sa iyo at habang may takot kang nakatuon dito, sa ibang bahagi naman ng iyong buhay ka sasalakayin ni Satanas.

**5. <u>PAGAANTABAY:</u>**

Sa aktuwal na wrestling, ang pagaantabay ay mahalaga. Ang isang naglalaro ng wrestling ay makapagsasanggalang sa salakay ng kaaway kung maaantabayanan nito ang mga balak gawin ng kalaban. Nakahanda ang wrestler kaya ang salakay ng kalaban ay hindi nagtatagumpay.

Totoo rin ito sa larangang espirituwal. Kung alam mo ang mga pakana ni Satanas at naantabayanan mo ang kaniyang mga estratehiya, ikaw ay magiging handa. Hindi ka nawawala sa balanse pagka ikaw ay sinalakay.

**6. <u>PAINAN ANG KALABAN:</u>**

May mga galaw sa wrestling na ang pakay ay "painan" ang kalaban, upang himukin siya na gumawa ng isang hakbang na magpapahina sa kaniyang kalagayan. Sa larangang espirituwal,

patuloy kang hinahalina ni Satanas upang gumawa ng hakbang na magpapahina sa iyong kalagayan.

Sa wrestling, may mga galaw na binalak upang ang kalaban ay kumagat sa pain at maumang siya sa pagsalakay. Ang mga kalagayang ganito ay sadyang nililikha upang pahinain ang lagay ng kalaban at saka ngayon sasalakay.

Sa larangang espirituwal, si Satanas ay lumilikha ng mga situwasyon na naguumang sa iyo sa pagsalakay niya. Kaagad niyang sasamantalahin ang iyong mahinang lagay. Subalit lagi mong tatandaan na kung tutuusin, si Satanas ang nasa mahinang kalagayan. Ang kapangyarihang nasa iyo ay higit sa kaniyang kapangyarihan. Si Satanas ay nabigyan na ng pangpahinang dagok mula sa ating Panginoong JesuCristo. Subalit dapat mong samantalahin ang ibinigay sa iyong pagkakataon ng Panginoon upang magtagumpay.

**7. SUMALAKAY AT GANTING-SALAKAY:**

Sa natural na wrestling, anomang kilos mo ay tiyak na may katumbas na kilos din ang kalaban. Gayon din sa larangang espirituwal. Pagka ikaw ay kumilos para sa Diyos, si Satanas ay laging mayroong ganting salakay.

**8. PALAKILOS:**

Sa wrestling, ang kalaban na palakilos ay itinuturing na mapanganib. Kaya nais mong pabagsakin ang iyong kalaban. Sa larangang espirituwal, si Satanas ay isang kalabang palakilos. Siya ay "paroo't-parito" na naghahanap nang masisila. Kailangang alisto ka sa lahat niyang mga kilos. Kinikila rin ni Satanas ang iyong pagkilos. Nais ni Satanas na mapigil ka sa iyong pagkilos para sa Diyos. Ito ang dahilan kung bakit nais ka niyang pabagsakin.

**9. PAGBAWI:**

Ano mang pagkakamali sa wrestling ay sasamantalahin ng kalaban. Totoong-totoo ito sa larangang espirituwal! Ano mang pagkakamali mo sa larangang espirituwal ay sasamantalahin ng kaaway. Mahalaga sa pakikipagbuno ang mabawi mo agad ang anomang pagbagsak. Kailangang mabawi mo ang iyong pagbagsak upang hindi ka malamangan. May mga pagkilos na maaari mong gawin upang ikaw ay makabawi.

Sa pakikipagbunong espirituwal, may mga panahong ikaw ay naitumba ng kaaway pansamantala. Subalit hindi kailangang manatili kang nakatumba. May ibinigay na mga estratehiya ang Panginoon sa Kaniyang mga Salita na kung susundin mo, ay mababawi mo ang iyong pansamantalang pagbagsak.

Ang buhay ni Jose ay isang sakdal na halimbawa nito. Andoon ang siya'y ipinagbili upang maging alipin, at pagkatapos ay nabilanggo pa. Subalit binaligtad niya ang mga pangyayari para sa kaniyang sariling bentahe. Sa wakas, nagtagumpay siya laban sa kaaway.

May ibang mga pagkilos sa pakikipagbuno na ang kalaban ay mapabagsak mo mula sa likod, hilahin, daganan, ihampas, at itumba. May nakikita ka bang mga katulad na pagkilos ang kaaway?

**10. ANG LAYUNIN:**

Ang layunin ng pakikipagbuno ay matalo ang kalaban sa pamamagitan ng pagpapatumba sa kaniya o daganan siya.
Ito ay bunga ng mga estratehiya na ang pakay ay pagurin mo ang kalaban hanggang sa mapatumba ito.

Si Satanas ay patuloy na nakikilaban sa mga mananampalataya na sinisikap na pagurin ang mga ito. Ang layunin niya ay patumbahin ang mananampalataya, ihampas ang mga ito at siluin sa bitag ng kasalanan. Ang pakay niya ay wasakin ang mga nagpapatibay sa kaniya tulad ng pakikipagbuno sa natural na larangan. Ang pakay ay patumbahin ka.

**11. PUMUNTOS:**

Ang tagumpay sa pakikipagbuno ay sa pamamagitan ng mga puntos na ibinibigay ng mga tagahatol. Ang wrestler na may pinakamaraming puntos dahil sa mga mabibisang mga galaw ang nagwawagi sa labanan.

Ang iyong kaaway sa larangang espirituwal ay nahatulan na. Natalo na si Satanas ng pinakamabisang pagkilos sa buong kasaysayan, ang kamatayan at pagkabuhay na maguli ni JesuCristo. Nakikipagbuno ka sa isang kaaway na nahatulan na bilang talunan sa labanan. Dahil dito hindi kailangang matakot ka sa kapangyarihan at mga estratehiya niya sa pakikipagbuno mo sa kaniya. Hindi kailangang ikaw ay tumumba at daganan ng kasalanan. Maaari kang manatiling nakatayo at matibay na may tiwala na labanan ang iyong kaaway.

**12. ANG KALAGAYAN NG PAGIISIP:**

Ang kalagayan ng iyong pagiisip ay napakahalaga sa pakikipagbuno. Sa pagaaral ng paksang ito, ang mga sumusunod na kalagayan ng pagiisip ay nabanggit na kailangan upang maging kampeon sa pakikipagbuno sa natural na larangan. May katunayan din ang mga ito sa larangang espirituwal:

**Mithiin:** Ang magnais at magasam ay di sapat. Ang kampeon sa pakikipagbuno ay kailangang determinado na manalo. Ang mithiin ay isang emosyon na sa ibayo pa ng anomang bagay sa buhay.

**Pagtitiyaga:** Ang walang patlang na pagsisikap ay kailangan upang maging kampeon sa pakikipagbuno. Ang isang kampeon ay hindi tumatanggap ng pagkatalo.

**Hangad:** Ang pagkapanalo ang hangad at pakay ng pakikipagbuno. Upang makamit ang hangad na ito, kailangang alam niya na siya ang may hawak ng kalagayan, subalit dapat din niyang ipabatid ito sa kaniyang kalaban.

# INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

2. Ano ang pagtatanggol sa pakikibaka?

3. Ano ang pagsalakay sa pakikibaka?

4. Ano ang pagkakatulad ng pagsalakay at pagtatanggol sa pakikibakang espirituwal?

5. Magbigay ng buod ng bahagi ng Espiritu Santo sa pagsalakay at pagtatanggol sa pakikibaka.

6. Magbigay ng buod ng mga natutuhan mo tungkol sa pagsalakay at pagtatanggol mula sa pakikipagbuno (wrestling) sa natural na larangan.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Hindi ka dapat magtiwala sa mga natural na mga sandata ng tao: Awit 20:7. Ang Diyos ay may mga sandatang espirituwal. Basahin ang tungkol sa mga ito sa Awit 68:17; 104:3; Isaias 19:1; at II Hari 2:11.

2. Kailangan mong pareho ang pagsalakay at pagtatanggol sa pakikibakang espirituwal sapagkat si Satanas ay maninila. Juan 10:10; I Corinto 10:10; Mateo 10:28.

- Kung susundin mo ang Diyos, hindi Niya pahihintulutang makalapit sa iyo ang maninila: Exodo 12:23
- Iniingatan ka ng Diyos mula sa paninira ni Satanas: Awit 17:4
- Si Satanas ang iyong kaaway, siya ang iyong labanan: I Pedro 5:8. Hindi mo siya dapat bigyan ng puwang upang makagawa laban sa iyo: I Timoteo 5:14. Kung susunod ka sa Diyos, Siya ang magiging kalaban ng iyong mga kaaway: Exodo 23:22.

3. Hindi ka kailangang matalo ni Satanas. Pagaralan ang mga sumusunod na mga reperensya:

**Maaari mong itaboy ang kaaway:** Levitico 26:7-8; Deuteronomio 32:30; Josue 23:10

**Maaari kang magtagumpay:** Deuteronomio 7:21; I Cronica 29:11; Awit 5:11; 18:29; 24:8; 91:1; Isaias 49:19; I Corinto 15:57; I Juan 5:4

**Ang Panginoon ang iyong tanggulan:** II Samuel 22:2; Awit 18:2; 31:3; 71:3; 91:2; 144:2; Jeremias 16:19

**Mananaig ka sa iyong kaaway:** Awit 8:6; 49:14; 72:8; 119:133; Daniel 7:27; Efeso 1:21

**Ang kaligtasan ay galing sa Panginoon:** Kawikaan 18:10; 21:31; 29:25. Awit 91 ang Awit ng kaligtasan.

**Inililigtas ka ng Diyos mula sa pagkabalisa:** Awit 25:17; 107:6, 13; 19:28

**Maari mong bihagin ang mga isipan ng kaaway:** II Corinto 10:5

**Kinakalagan ng Diyos ang gapos ng kaaway:** Awit 116:16; Roma 8;15-21; Galacia 5:1

4. Nang banggitin ni Pablo ang pakikipagbuno, ang tinutukoy niya ay pakikipagbuno sa kaaway, hindi sa Diyos tulad ni Jacob. Tiyakin mo na pagka ikaw ay nakikipagbuno, hindi ang Diyos ang katunggali mo na babali ng iyong pagtitiwala sa sarili, at kung mangyari ito ikaw ay babaguhin upang mula sa pagiging "Jacob" ikaw ay gawing "Israel."

5. Repasuhin ang Ikatlong Kabanata ng manwal na ito at ilista ang mga gawain ng Espiritu Santo sa pagsalakay at pagtatanggol sa pakikibaka:

**Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo**

| **Sa Pagsalakay Sa Pakikibaka** | **Sa Pagtatanggol Sa Pakikibaka** |
| --- | --- |

# IKA-LABINGISANG KABANATA

## MGA SANDATA NG PAGTATANGGOL

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ilarawan ang mga sandata mong pananggalang na espirituwal.
- Magbigay ng reperensiya sa Biblia na naglilista ng kagayakan ng Diyos.
- Tukuyin ang bawat isa sa mga kagayakan ng Diyos.
- Ipaliwanag ang silbi ng bawat piraso ng sandata.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. (Efeso 6: 11)**

**PAMBUNGAD**

Natutuhan mo na ang pakikibakang espirituwal na iyong kinasasangkutan ay di maaaring magawa sa pamamagitan ng mga natural na mga sandata. Ang pakikibakang ito ay ginagawa natin sa pamamagitan ng paggamit ng mga sandatang espirituwal ng pagsalakay at pagtatanggol. Napagaralan mo na ang "Plano ng Diyos sa Pakikilaban" sa Ika-Siyam na Kabanata. Natutuhan mo doon na ang mga estratehiya sa pakikilaban ay kabilang ang:

- Salita ng Diyos
- Iginawad na kapangyarihan at kapamahalaan
- Panalangin
- Pagaayuno

- Mga Susi ng Kaharian
- Ang pangalan ni Jesus

Dagdag sa mga estratehiya ng pakikibaka, inihahayag ng Biblia na ikaw ay may boong bodega ng mga sandatang espirituwal. Sa kabanatang ito, matututuhan mo ang tungkol sa mga sandatang espirituwal ng pagtatanggol. Sa susunod na aralin, pagaaralan mo ang tungkol sa mga sandata ng pagsalakay.

## MGA ESTRATEHIYA NG PAGTATANGGOL

Itinuturo ng Biblia ang mga sumusunod na mga hakbang sa pagtatanggol na dapat isagawa ng mananampalataya:

### PASAKOP AT LUMABAN:

> **Pasakop nga kayo sa Diyos; datapuwat magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo. ( Santiago 4:7)**

Pansinin ang pagkakahanay sa talatang ito. Una muna ay pasakop, pagkatapos, lumaban. Ang maraming mga tao ay nilalampasan ang unang hakbang ng pagpapasakop at sinisikap na labanan agad ang Diablo, kaya lang nasusumpungan nila na hindi ito umuubra. Talo ka pagka kumilos ka nang hiwalay sa Diyos. Ang mapagpakumbaba, at hindi ang mayabang at tiwala sa sarili, ang nagtatagumpay laban sa kaaway. Malalabanan mo lamang si Satanas kung una muna ay pasasakop ka sa Diyos. Ang ibig sabihin ng "magsisalansang" ay manindigan ka at labanan mo ang kaaway sa bawat larangan." Hindi itinuturo ng Kasulatan na tayo ay humayo at maghanap ng mga demonyo, ang turo ay pagka lumapit ang mga demonyo ay labanan natin.

### LABANAN SI SATANAS AT MAGPAKATIBAY SA PANANAMPALATAYA:

> **Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya:**
>
> **Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan. ( I Pedro 5: 8-9 )**

Ang ibig sabihin ng lumaban "sa pananampalataya" ay lumaban batay sa Salita ng Diyos.

### HUWAG BIGYAN NG PUWANG SI SATANAS:

Huwag mong bigyan ng puwang si Satanas na gumawa sa iyong buhay:

**Ni bigyan daan man ang diablo. ( Efeso 4: 27)**

**KUMAWALA SA BITAG NI SATANAS:**

Dapat kang kumawala mula sa bitag ni Satanas sa pamamagitan ng paggamit ng estratehiya ng Biblia:

**At sila'y makawala sa silo ng diablo, na bumihag sa kanila ayon sa kaniyang kalooban. ( II Timoteo 2: 26)**

**TALIKDAN ANG MASASAMANG HILIG:**

Ang ibig sabihin ng "talikdan" ay ilayo mo ang iyong sarili mula sa isang bagay at tumanggi kang gawin ito:

**Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyong tulad sa mga nangingibang bayan at nagsisipaglakbay, na kayo'y magsipagpigil sa mga masamang pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa. ( I Pedro 2: 11)**

**Sapagkat ito ang kalooban ng Diyos, samakatuwid baga'y ang inyong pagpapakabanal, na kayo'y magsiilag sa pakikiapid. ( I Tesalonica 4: 3)**

**Layuan ninyo ang bawat anyo ng masama. ( I Tesalonica 5: 22)**

**MATATAG SA PAGKAKATAYO:**

**Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat, ay magsitibay…Magsitibay nga kayo…( Efeso 6: 13-14a)**

Kung ikaw ay "matatag sa pagkakatayo" iyong ipinagtatanggol yaong karapat-dapat sa iyo.

**MAGINGAT SA MASAMA, UMIWAS DITO, AT ALISIN ITO:**

Pagaralan ang Efeso 4:17-32. Ang pagaalis ng lahat ng mga masamang ugali na nakalista doon ay isang pagtatanggol sa pakikibaka:

Huwag kang padala sa kamalian ng masama:

**Kaya nga, mga minamahal, yamang nalalaman na ninyo nang una ang mga bagay na ito, ay magsipagingat kayo, baka kung mangaligaw kayo sa pamamagitan ng kamalian ng masasama, ay mangahulog kayo sa inyong sariling katiyagaan.**
**( II Pedro 3: 17)**

**Datapuwat ilagan mo ang mga usapang walang kabuluhan: sapagkat sila'y lalong magpapatuloy sa kasamaan. ( II Timoteo 2: 16)**

Ang ibig sabihin ng salitang "ilagan" ay iwasan o talikuran. Dapat mong iwasan ang bawat masamang bagay na kaugnay ng kaaway.

**<u>SUBUKIN ANG MGA ESPIRITU:</u>**

Ang pagkalinlang ay mapipigilan kung susubukin ang mga espiritu:

> **Mga minamahal, huwag kayong magsipaniwala sa bawat espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila'y sa Diyos: sapagkat maraming nagsilitaw na mga bulaang propeta sa sanglibutan. ( I Juan 4:1)**

Ang ibig sabihin ng salitang "subukin" ay "suriin." Hindi kawalan ng pananampalataya kung sinusuri mo ang mga "espiritu" noong mga nakakasalamuha mo o kaya ay gumagalaw sa palibot mo. Kung sila ay tunay, papasa sila sa pagsubok o pagsusuri.

**<u>UMIWAS SA MGA BULAANG TAGAPAGTURO:</u>**

Kung tumanggap ka ng mga bulaang tagapagturo sa iyong tahanan, ikaw ay nagiging kabahagi sa kanilang kasamaan. Ipagtanggol mo ang iyong tahanan sa mga pagsalakay ng kaaway.

> **Kung sa inyo'y dumating ang sinoman, at hindi dala ang aral na ito, ay huwag ninyong tanggapin sa inyong bahay, at huwag ninyo siyang batiin.**
>
> **Sapagkat ang bumabati sa kanya ay nararamay sa kaniyang masasamang gawa. (II Juan 10-11)**

**<u>IWAKSI ANG MGA MAKAMUNDONG GAWAIN:</u>**

Kailangan mong iwaksi ang mga gawaing makamundo na pipigil sa iyo na maging isang mabuting kawal. Ang "iwaksi" ay nangangahulugan na may pagtatanggol kang ginagawa.

> **Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus. Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal. ( II Timoteo 2: 3-4)**
>
> **Kaya't yamang nakukubkob tayo ng makapal na bilang ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang bawat pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin. ( Hebreo 12:1)**
>
> **Kaya't ihiwalay ninyo ang lahat na karumihan at ang pag-apaw ng kasamaan, at tanggapin ninyo na may kaamuan ang salitang itinanim, na makapagliligtas ng inyong mga kaluluwa. ( Santiago 1: 21)**

**<u>ISUOT ANG BALUTI NG DIYOS:</u>**

> **Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. ( Efeso 6:11)**

Ang "isuot" ay nagbabadya ng isang hakbang na dapat <u>mong</u> gawin. Ang paglalarawan sa buong baluti ng Diyos ay ibinigay sa Efeso 6:10-17. Basahin ang bahaging ito sa iyong Biblia.

Sinimulan ni Pablo ang paksa ng pakikibaka sa pamamagitan ng pagbibigay diin sa katotohanang ang labanan ay hindi sa natural na larangan at ang mga natural na sandata ay di mabisa. Ang mga labanang espirituwal ay dapat na gawin sa pamamagitan ng mga sandatang espirituwal. Inilarawan ni Pablo ang baluti na gagamitin sa pakikibakang espirituwal:

> **Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat, ay magsitibay.**
>
> **Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan, na may sakbat na baluti ng katuwiran.**
>
> **At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan.**
>
> **Bukod dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananmpalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama.**
>
> **At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Diyos. ( Efeso 6: 13-17)**

Ang layunin ng baluti ay upang matatag nating malabanan ang mga pakana (panlilinlang, katusuhan) ng kaaway, si Satanas. Pananagutan mo na isuot ang baluti:

> **Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. ( Efeso 6:11)**
>
> **Kundi bagkus isakbat ninyo ang Panginoong Jesucristo, at huwag ninyong paglalaanan ang laman, upang masunod ang mga kahalayan noon. (Roma 13:14)**
>
> **Ang gabi ay totoong malalim, at ang araw ay malapit na: iwaksi nga natin ang mga gawa ng kadiliman, at ating isakbat ang mga sandata ng kaliwanagan.**
> **(Roma 13:12)**

Ang mga salitang "isuot" ay nangangahulugang " pagsusuot nito ay wala nang hubaran." Ang iyong espirituwal na baluti ay di tulad ng uniporme ng manlalaro na isusuot mo lang sa panahon ng laro. Pagka isinuot mo ang baluti minsan ay wala nang hubaran ito. Tulad ng isang kawal na nasa isang labanan, hindi siya suot-hubad ng kaniyang baluti, hindi mo aalisin ang iyong baluti hanggang sa ikaw ay umuwi na sa Panginoon. Kung hindi mo laging suot ang iyong baluti, madali kang tablan ng kaaway. Mahalaga na tiyakin mong sa lahat ng panahon, ang bawat bahagi ng iyong espirituwal na baluti ay nasa lugar.

Ang unang bahagi ng baluti ay sumasaklaw sa tatlong bagay na ginawa mo sa nakaraan. Ito ang ibig sabihin ng "yamang naisuot na" kung ikaw ay isang mananampalataya.

- Na ang mga baywang ay may bigkis na katotohanan (talatang 14)
- Na may sakbat na baluti ng katuwiran ( talatang 14)
- Na ang mga paa ay may panyapak na paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan (talatang 15)

Kabilang sa ikalawang bahagi ang mga bagay na dapat ay gawin sa kasalukuyan:

- Taglayin ang kalasag ng pananampalataya (talatang 16)
- Taglayin ang helmet ng kaligatasan ( talatang 17)
- Taglayin ang tabak ng Espiritu (talatang 17)

Sa Efeso 6:11, binigyang diin ni Pablo ang pagsusuot ng buong baluti ng Diyos. May ilan sa atin na isang bahagi lamang ng baluti ang kinabubuyuhan at ang iba ay nakakaligtaan. Kailangan mong isuot ang buong baluti o kaya kahit eksperto ka sa paggamit ng "tabak ng Espiritu" matatalo ka pa rin sapagkat nalimutan mo ang kalasag ng pananampalataya.

**Ang Bigkis:**

Ang unang piraso ng baluti na dapat isuot ay ang bigkis ng katotohanan. Sa natural na larangan, ang buong baluti ay nakakabit sa bigkis o sinturon na siyang nagpapapirmi sa bawat piraso ng baluti sa kani-kaniyang lugar. Ang katotohanan ng Salita ng Diyos ang espirituwal na bigkis na kinakabitan ng lahat ng ibang piraso ng kasuotan. Ang unang pagsalakay na ginawa ni Satanas sa tao ay sa larangan ng katotohanan:

> **At sinabi ng babae sa ahas…sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay.**
>
> **At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay. ( Genesis 3: 2-4)**

Ang katotohanan ang magtatanggol sa iyo sa lahat ng mga kasinungalingan at maling doktrina ng kaaway. Ang katotohanan ang bumibigkis sa iyong baluting espirituwal. Kailangang ang iyong espirituwal na baywang ay natatakpan ng katotohanan:

> **Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis ng katotohanan… ( Efeso 6:14)**

Ano ang katotohanan?

- Sinabi ni Jesus, "Ako ang katotohanan." Juan 14:6
- Ang Espiritu Santo ang "Espiritu ng katotohanan." Juan 14:17
- Ang Diyos ay katotohanan. Roma 3:4
- Ang Salita ng Diyos ay katotohanan. Awit 119:151

- Ang Ebanghelyo ay katotohanan. Colosas 1:5

**Ang Baluti:**

Sa natural na larangan, ang baluti ay tumatakip sa bandang itaas ng katawan ng mandirigma upang ipagtanggol ang mahahalagang sangkap ng kaniyang katawan gaya ng puso, baga, at iba pa. Ang baluting espirituwal ng katuwiran ay hindi tungkol sa iyong sariling katuwiran, kundi ang tumatakip na katuwiran ni Cristo:

> **At ako'y masumpungan sa Kaniya, na walang katuwirang aking sarili, sa makatuwid baga'y sa kautusan, kundi ang katuwirang sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, ang katuwiran ngang buhat sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. (Filipos 3: 9)**

Hindi ka maaring umasa sa iyong sariling galing. Ikaw ay nakatatayo kay Cristo. Hindi mo mahaharap ang kaaway kung wala ang proteksyon ng katuwiran ni Cristo:

> **Sa salita ng katotohanan, sa kapangyarihan ng Diyos; sa pamamagitan ng mga sandata ng katuwiran sa kanan at sa kaliwa. ( II Corinto 6:7)**

Ang katuwiran ni Cristo ang nagtatanggol sa iyong mga mahahalagang sangkap na espirituwal mula sa mga pagsalakay ni Satanas at ng kalikuan. Ang baluti ng katuwiran ay kailangang nakakabit sa bigkis ng katotohanan.

**Mga Panyapak:**

Maraming ibat ibang uri ng mga panyapak o sapatos para sa ibat ibang gamit. Mayroong para sa paglalakad, ang iba naman ay para sa paglalaro. Ang panyapak ng mga kawal ay kakaiba…Ang mga ito ay dinisenyo para sa pakikibaka. Ang isang kawal na hindi makasugod sa labanan ay magiging inutil.

Ang pangungunsap na "At ang inyong mga paa ay may panyapak sa paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan" ay nagbabadya na pagkahanda na sumugod sa larangang espirituwal. Ang mga espirituwal na mga panyapak na ito ang magtatanggol sa inyo mula sa tukso ng kaaway na aakayin ka sa maling daan. Ito ay nagbabadya ng iyong pagiging laan na gawin ang bawat mabuti at palaganapin ang ebanghelyo sa lahat ng mga bansa. Ang mga espirituwal na mga panyapak na ito ang tutulong sa iyo upang makapanindigan laban sa kaaway tulad ng sinabi ni Pablo na iyong gawin ( Efeso 6:14).

**Ang Kalasag:**

Sa natural na kalagayan, ang kalasag ay ginagamit upang magkaloob ng pangsanggalang sa buong katawan. Ang iyong espirituwal na kalasag ay tinawag na "kalasag ng pananampalataya."

May ilang mga uri  ng pananampalataya na binanggit sa Biblia. Mayroong pananampalatayang nagliligtas, may kaloob ng pananampalataya, at ang bungang espirituwal na pananampalataya. Subalit ang salitang “pananampalataya” kung ginagamit na kaugnay ng “kalasag ng pananampalataya” ay tumutukoy sa nagtatanggol na pananampalataya. Ang pananampalatayang ito ay isang matibay na pagtitiwala sa Diyos na nagtatanggol sa iyong buong katauhan. Ito ang nagtatanggol sa iyo mula sa mga nagliliyab na palaso ng pagaaalinlangan at kawalan ng pananampalataya na padala ng kaaway. Ang kalasag na ito ng pananampalataya ay isang panatag na pagtitiwala sa Diyos na pumapatay sa mga nagliliyab na palaso ng kaaway na tumutudla sa iyo.

Ang kalasag ng pananampalataya ay ang palagiang paggamit ng Salita ng Diyos sa mga usapin ng buhay. Ito ang pananampalataya na tumutulong sa iyo upang mapagtagumpayan ang mga pwersa ng kasamaan sa sanglibutan:

> **Sapagkat ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, samakatuwid ay ang ating pananampalataya. ( I Juan 5: 4)**

Kahalo ng pagibig ng Diyos, ang pananampalataya ay napakabisa:

> **…na isuot ang baluti ng pananampalataya at ng pagibig…( I Tesalonica 5: 8)**

Ito ang  pananampalataya na nakasalig sa katotohanan:

> **Kaniyang tatakpan ka ng Kaniyang mga bagwis, At sa ilalim ng Kaniyang mga pakpak ay mangaganlong ka: Ang Kaniyang katotohanan ay kalasag at baluti.**
> **( Awit 91: 4)**

Ito ang pananampalataya na nakasalig sa kaligtasan:

> **Iyo namang ibinigay sa akin ang kalasag ng Iyong pangligtas: At inalalayan ako ng Iyong kanan, At pinadakila ako ng Iyong kahinahunan. (Awit 18:35)**

Kung walang pananampalataya, hindi mo mauunawaan ang katotohanan. Kung walang pananampalataya hindi mo matatanggap ang kaligtasan. Kung walang pananampalataya, hindi ka makakahayo na dala ang ebanghelyo ng kapayapaan. Kung walang pananampalataya hindi mo maaangkin ang katuwiran ni Cristo at mabisang magamit ang tabak ng Espiritu, ang Salita ng Diyos.

Ang pananampalataya ay hindi pagpapalagay o pangangahas. Ito ay katotohanan na salig sa Salita ng Diyos. Maaari lumago ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng pakikinig ng Salita ng Diyos (Roma 10:17), kumikilos ayon sa iyong pananampalataya ( Roma 1:17), at paghanap sa Diyos (Hebreo 12:2).

**Ang Helmet:**

Ang helmet ng kaligtasan ay hindi isinusuot sa sandaling ikaw ay maligtas. Ito ay kumakatawan sa isang buhay na binago at patuloy na binabago sa buong buhay mo. Matutuhan mo sa kursong ito na si Satanas ay desperado sa paglaban upang hawakan ang iyong pagiisip. Madaling ginagawa ng hindi nasusupil na pagiisip na maumang ang isang mandirigmang Cristiano sa mga mapanlinlang na gawa ng kaaway.

Binanggit ni Pablo ang tungkol sa helmet bilang "pagasa ng kaligtasan" sa I Tesalonica 5:8. Ang kaligtasan, kung tunay na naranasan at naunawaan, ay nagtatanggol sa pagiisip. Ang sakop ng kaligtasan ay ang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap. Ikaw ay iniligtas mula sa pagkakasala at kabayaran ng nakaraang kasalanan. Ikaw ay kasalukuyang inililigtas mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Ang "pagasa ng kaligtasan" ay tumutukoy sa kaligtasan sa hinaharap. Magiging lubos ang kaligtasan mula sa kasalanan sa pagbabalik ni Jesus. Ang pagasa ng kaligtasang ito sa hinaharap ay nagpapalakas ng iyong kaisipan laban sa mga pagsalakay ni Satanas. Ikaw ay may mapagkakatiwalaang kinabukasan sapagkat ang layunin ng Diyos ay Kaniyang tutuparin:

> **…ayon sa Kaniyang minagaling na ipinasya Niya sa Kaniya rin. Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa Kaniya, sinasabi ko. ( Efeso 1: 9-10 )**

## Ang Tabak Ng Espiritu:

Ang "tabak ng Espiritu" ay ang Salita ng Diyos. Ito ay sandata ng pangsalakay at pagtatanggol. Natutuhan mo na kung paano ginamit ni Jesus ang Salita ng Diyos upang labanan ang mga pagsalakay ni Satanas. Sa susunod na aralin matututuhan mo kung paano gamitin ang sandatang ito sa pagsalakay.

## Panalangin:

**Pagkatapos** ilarawan ang baluti ng isang kawal Cristiano, sinabi ni Pablo:

> **Na magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal. ( Efeso 6: 18)**

Tulad ng iyong natutuhan noong pagaralan mo ang tungkol sa "Plano ng Diyos nang Pakikilaban," ang panalangin at ang kaugnay nito na pagaayuno ay makapangyarihang mga sandatang espirituwal. Ang dalawang sandatang ito ay maaaring gamiting pangsalakay at pagtatanggol.

Tingnang mabuti ang buod ng baluti ng Diyos at ang mga layunin nito sa susunod na pahina…

**ANG BALUTING MULA SA DIYOS**
Efeso 6:10-18

KATOTOHANAN (bigkis)
Nagtatanggol mula sa…

PANLILINLANG ← Ang Tabak Ng Espiritu

↘

KATUWIRAN (baluti)
Nagtatanggol mula sa…

KALIKUAN

↘

KAPAYAPAAN (panyapak)
Nagtatanggol mula sa….

KALITUHAN

↘

PANANAMPALATAYA (kalasag)
Nagtatanggol mula sa…

PAGAALINLANGAN

↘

KALIGTASAN (helmet)
Nagliligtas mula sa…

PAGKA-ALIPIN

- Ang bigkis ng katotohanan ang nagtatanggol mula sa mga panlilinlang ni Satanas na tungo naman sa kalikuan (kasalanan)
- Ang baluti ng katuwiran ay nagtatanggol mula sa kalikuan (kasalanan) na tungo naman sa kalituhan.

- Ang mga paa na naghahatid ng ebanghelyo ng kapayapaan ay nagtatanggol mula sa kalituhang espirituwal na tungo naman sa pagaalinlangan.
- Ang kalasag ng pananampalataya laban sa kawalan ng pananampalataya na tungo naman sa pagka-alipin. Ang helmet ng kaligtasan ang nagtatanggol mula sa pagka-alipin.
- Ang tabak ng Espiritu, ang Salita ng Diyos, ay ginagamit na kasangkapan bilang pangsalakay at pagtatanggol.
- Pansinin ang pababa na tinutungo ng isang walang pagtatanggol ng baluti ng Diyos: Panlilinlang ay tungo sa kalikuan (kasalanan) na nagbubunga naman ng kalituhan. Ang kalituhan ay nagbubunga naman ng pagaalinlangan, at ang kawalan ng pananampalataya ay laging nagbubunga ng pagka-aliping espirituwal.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

______________________________________________

______________________________________________

2. Ibigay ang buod ng iyong natutuhan tungkol sa mga sandatang pansanggalang:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Ibigay ang reperensya sa Biblia tungkol sa baluti ng Diyos.

______________________________________________

4. Ilista ang bawat piraso ng baluti ng Diyos at ibigay ang maikling silbi nito.

| **Piraso ng Baluti** | **Silbi** |
|---|---|
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Basahin ang Awit 45:3 at Isaias 59:17. Ang dalawang bahaging ito ng Kasulatan ay nagsasaad na ang Diyos ay nagsuot ng baluting espirituwal. Ano ang dalawang piraso ng baluting isinuot ng Diyos na hindi kabilang sa ating baluting espirituwal? (Isaias 59:17)

2. Binanggit ni David ang baluting espirituwal sa kaniyang pagalaala sa pagtulong ng Diyos sa kaniya sa pakikilaban. Pagaralan ang Awit 18:29-50.

3. Mahalaga na naranasan mo nang isuot ang iyong baluting espirituwal. Sa I Samuel 17 basahin ang nangyari kay David noong subukan niyang isuot ang baluting hindi niya gamay.

4. Ginagamit ng Panginoon ang baluting espirituwal upang ipagtanggol ka mula sa iyong mga kaaway: Awit 35:1-3

Maraming nasabi si David tungkol sa kaniyang mga kaaway: Awit 5:8; 6:10; 8:2; 9:3; 11:2; 15:5; 17:9; 18:3, 17, 20, 26, 34, 37; 27:2; 30:1; 31:23; 44:5-6; 56:9; 60:12; 61:3; 95:6; 108:13.

Basahin ang sinabi naman ng Diyos tungkol sa Kaniyang mga kaaway: Exodo 15: 6; Mateo 10:36; 13:39; Lucas 1:11; 10:19; Gawa 2:35; I Corinto 15:25-26; Colosas 1:21.

5. Ang Diyos ang iyong kalasag. Tingnan ang Genesis 15:1; Awit 3:3; 5:12; 28:7; 33:20; 59:11; 84:9, 11; 115:9-11; 119:114; 144:2.

6. Basahin ang Exodo 17. Sinalakay ang Israel at sinabi ng Diyos kay Moises na iunat ang kaniyang tungkod. Dati, ginamit ni Moises ang tungkod bilang baston ng pastol at upang magdulot ng tubig sa bayan ng Diyos. Ngayon, sa unang pagkakataon, iniunat niya ang tungkod upang labanan ang mga kapamahalaan at kapangyarihan ng mga hukbo ng masasamang espiritu na siyang dahilan ng pagsalakay ng mga Amalekita. May dakilang araling espirituwal sa kasaysayang ito. Ang mga tagapanguna ng bayan ng Diyos ay hindi lamang magaalaga ng kawan, magpapakain, at magbibigay ng tubig na maiinom, kundi sa sandaling sumalakay ang kaaway, pananagutan nila na gamitin ang "tungkod ng Panginoon" upang ipagtanggol ang bayan ng Diyos.

7. Paano ka haharap sa mga nagliliyab na mga palaso ni Satanas? Isipin mo kung paano mo gagamitin ang kalasag ng pananampalataya upang ipagsanggalang ang iyong sarili mula sa mga salakay nito. Itala mo ang iyong mga sagot upang magamit mo sa susunod na pagsalakay:

Pagkamaka-sarili:

Pagiimbot:

Kataasan:

Pagaalinlangan:

Takot:

Kalumbayan:

Panghihina ng loob:

Kahalayan o pita:

Kasakiman:

Galit:

8. Suriin mo ang iyong sarili: Ang buong baluti ba ay nasa kaniyang mga lugar?

9. Pagaralan kung paano nahayag ang Panginoon bilang isang kalasag sa aklat ng Mga Awit:

| | |
|---|---|
| -Siya ang kalasag na kumakandili: | Awit 5:12 |
| -Siya ang kalasag na nagliligtas: | Awit 18:35 |
| -Siya ang pansarili kong kalasag: | Awit 3:3 |
| -Siya ay kalasag doon sa mga nagtitiwala sa Kaniya: | Awit 18:30 |
| -Ang Kaniyang kalasag ay isang kaloob: | Awit 18:35 |
| -Siya ay subok nang kalasag: | Awit 28:7 |
| -Siya ay mapagkakatiwalaang kalasag: | Awit 144:2 |
| -Siya ay isang matagumpay na kalasag: | Awit 59:11 |
| -Siya ay isang nagtatanggol na kalasag: | Awit 84:11 |
| -Siya ay isang pinahiran ng langis na kalasag: | Awit 84:9 |
| -Siya ay napagkakanlungang kalasag: | Awit 119:114 |
| -Siya ay isang tumutulong na kalasag: | Awit 116:11 |
| -Ang Kaniyang katotohanan ang ating kalasag: | Awit 91:4 |

# IKA-LABINGDALAWANG KABANATA

## MGA SANDATA SA PAGSALAKAY

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Tukuyin ang iyong mga sandata ng pagsalakay.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Binuksan ng Panginoon ang Kaniyang lalagyan ng alamas, at inilabas ang mga almas ng Kaniyang pagkagalit: sapagkat ang Panginoon, ang Panginoon ng mga hukbo, ay may gagawin sa lupain… (Jeremias 50:25a)**

### PAMBUNGAD

Ngayon natutuhan mo na kung paano ipagsanggalang ang iyong sarili sa larangang espirituwal, kailangan mo ring matutuhan kung paano sumalakay sa pakikibaka na tutulong sa iyo na sumugod sa teritoryo ni Satanas. Dala ang mga sandatang pangsalakay, maari mong angkinin ang mga bagong teritoryo sa pagpapalaganap ng ebanghelyo at magdala ng pagkalaya sa mga aliping bihag ng kaaway.

Upang magwagi sa pakikibaka, maliwanag na dapat kang sumalakay:

> **Ang biling ito ay ipinagtagubilin ko sa iyo, Timoteo na aking anak, ayon sa mga hula na nangauna tungkol sa iyo, upang sa pamamagitan ng mga ito ay makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka. ( I Timothy 1: 18)**

> **Makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya, manangan ka sa buhay na walang hanggan, na dito'y tinawag ka, at ipinahayag mo ang mabuting pagpapahayag sa harapan ng maraming mga saksi. ( I Timoteo 6: 12)**

Kailangang tiyak ang paglahok mo at may layunin sa labanang ito:

> **Ako nga'y tumatakbo sa ganitong paraan, na hindi gaya ng nagsasapalaran; sa ganito rin ako'y sumusuntok, na hindi gaya ng sumusuntok sa hangin.**
> **( I Corinto 9:26)**

Ang pagkaalam mo sa iyong sandatang pangsalakay ay magbibigay sa iyo ng kakayahang lumaban na may layunin sa halip na kawalan ng katiyakan.

## MGA ESTRATEHIYA SA PAGSALAKAY

Narito ang mga sandatang magagamit mo sa pagsalakay sa pakikibakang espirituwal:

### PANALANGIN:

Napagaralan mo na ang panalangin at pagaayuno bilang bahagi ng "Plano ng Diyos sa Pakikilaban" sa Ika-sampung Kabanata at bilang sandatang pangsanggalang sa huling aralin. Subalit ang panalangin ay isa ring mabisang sandatang pangsalakay. Sa paggamit mo nito sa pagsalakay sa pakikibaka, hindi mo lamang ipinapanalangin ang sariling nais, pangangailangan, at suliranin. Ikaw ay nananalangin ng pamamagitan para sa mga tao, mga liders, at mga bansa, iginuguho mo ang mga kuta ni Satanas at ng kaniyang mga pwersa ng demonyo.

Lahat ng mga Cristiano ay nananalangin ng pamamagitan sa ilang pagkakataon, subalit ang iba'y may tanging tawag upang mamagitan. Ang makapangyarihang ministeryong ito ay dinadala ang namamagitan sa harapan ng Panginoon upang makibaka sa hindi nakikitang larangang espirituwal.

Ang kahalagahan ng "praise and worship" ay binanggit din sa Ika-sampung Kabanata. Ito ay makapangyarihang sandata rin ng pagsalakay. Sa II Cronica 20 noong ang Israel ay nakaharap sa isang malakas na hukbo, sila'y nagsimulang umawit at nagpuri sa Diyos at Siya ay naglagay ng pangtambang sa kaaway at ang mga ito ay natalo. Kung ikaw ay magpuri at sumamba sa Diyos, naglalagay ka ng mga "pangtambang" sa larangang espirituwal.

### ANG TABAK NG ESPIRITU:

> **Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama…( Efeso 6: 13)**

Ang "pagkuha" sa isang bagay ay hawakan ito, at ilapit sa iyo. Ang pagkuha ng baluti ng Diyos ay nagbabadya na may pagsalakay kang gagawin bilang mananampalataya.

Pinagaralan mo ang tungkol sa mga piraso ng baluti na mga pangsanggalang sa nakaraang aralin. Kabilang dito ang bigkis ng katotohanan, baluti ng katuwiran, helmet ng kaligtasan, mga panyapak ng paghahanda sa kapayapaan at ang tabak ng Espiritu.

Ang "tabak ng Espiritu" na ang Salita ng Diyos, ay isang sandata na magagamit sa pagsalakay at pagsasanggalang. Ang Salita ay isang sandatang pangsanggalang kung ginagamit mo upang magtanggol laban sa pagsalakay ni Satanas. Ito naman ay pangsalakay kung ginagamit mo upang sumakop ng mga teritoryo para sa Panginnon sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo at pagpapalaya sa iba.

May dalawang magkaibang mga salita na ginamit sa Kasulatan para sa "Salita ng Diyos." Ang isa ay "logos" na tumutukoy sa buong inusal ng Diyos. Ito ay tumutukoy sa buong kapahayagan ng sinabi ng Diyos. Ang pangalawang salita ay "rhema," na tumutukoy sa isang tiyak na sinabi ng Diyos na may tanging paglalapat sa isang tiyak na kalagayan. Ito ang salitang ginamit sa bahaging ito na tinawag na "tabak ng Espiritu" ang Salita ng Diyos.

Maaalaala mo na si Jesus ay gumamit ng mga tiyak na mga salita ("rhema") ng Diyos na angkop sa nakaharap na tukso. Para ito ay magawa mo ay mangangailangan ng lubos na pagkaalam sa buong Salita ng Diyos. Kung gagamit ka ng mga tiyak na mga Kasulatan angkop sa nakaharap na pangangailangan, dapat ay mayroon kang kaalaman sa buong kapahayagan ng Diyos.

## ANG KAISIPAN NI CRISTO:

> **Kung paano ngang si Cristo ay nagbata sa laman, ay magsandata rin naman kayo ng gayong pagiisip… ( I Pedro 4: 1)**

> **Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman. ( Filipos 2: 5)**

Ang ibig sabihin ng "mangagkaroon" ay pahintulutan o yumakap. Ikaw ay hinihilingan na magkaroon ng pagiisip na tulad sa kay Jesus, isang pagiisip na nakahandang makibaka:

> **Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Diyos, upang iwasak ang mga gawa ng diablo. ( I Juan 3: 8)**

Kailangan mong "pahintulutan" o payagan ang isip na ito na lumago sa iyo. Kailangang kumilos ka na may ganitong pagiisip at damdamin:

> **At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Diyos. ( Roma 12:2)**

Ang ibig sabihin ng "mag-iba" ay makaranas ng lubos na pagbabago na mahahayag sa paguugali at pagkilos. Ang pagbabago at pagiisip na tulad kay Cristo ay nagbubunga ng pag-iibang anyo.

## PAGPAPAGUHO:

Ang layon ng pagsalakay sa pakikibaka ay upang iguho ang mga kuta ng kaaway:

> **Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Diyos ay may kapangyarihang gumiba ng mga kuta.**
>
> **Na siyang gumigiba ng mga maling haka, at ng bawat bagay na matayog na nagmamataas laban sa karunungan ng Diyos, at bumibihag sa lahat ng pagiisip sa pagtalima kay Cristo. ( II Corinto 10:4-5)**

Ang "pagpapaguho" ay nangangahulugan na mayroon kang ibinabagsak sa pamamagitan ng lakas. Ang "paggiba" naman ay nangangahulugan na ihagis o iwaksi. Sinabihan ka na iwaksi mo ang mga gawa ng kadiliman (Roma 13:12) at palayasin ang mga kapangyarihan ng demonyo (Mateo 10:8).

Kung iyong iguho at gibain ang mga kuta ni Satanas ang pakikibaka mo ay pagsalakay. Hindi mo hinihintay na magsanggalang ka lamang sa pagsalakay ni Satanas subalit ikaw ang sumasalakay sa mga kuta ng kaaway.

## PAGTATALI AT PAGKALAG:

Mayroon kang kapangyarihan na talian ang mga pwersa ng kasamaan at kalagan o pawalan ang mga pwersa ng kabutihan:

> **Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng Kaharian ng Langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anoman ang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit. ( Mateo 16: 19)**

Sa pamamagitan ng iginawad na kapangyarihan at kapamahalaan ni Jesus, maaari mong talian at kalagan ang mga pwersang espirituwal. Pansinin na magkasamang gumagawa ang sandatang ito. Ito ay pagtali at pagkalag. Kailan mang ikaw ay may tinalian na anoman, kailangan mo ring may kalagan. Halimbawa, kung tinalian mo ang espiritu ng kasinungalingan, kailangan mo ring kalagan ang espiritu ng katotohanan upang pumalit sa lugar.

## ANG DUGO NI JESUS:

Nang si Jesus ay mamatay sa krus ng kalbaryo, pinalaya Niya tayo mula sa kapangyarihan ng kasalanan at ng kapangyarihan ng kaaway. Ang Kaniyang dugo ang tumiyak na tayo ay makalapit sa Diyos at nagpalaya mula sa pagkaalipin kay Satanas. Sinabi ng Salita ng Diyos na "At siya'y (Satanas) kanilang (mga mananampalataya) dinaig dahil sa dugo ng Cordero ( JesuCristo)" (Apocalipsis 12:11).

Kaligtasan, pagpapagaling, at pagpapalaya ay nakalaan sa atin dahil sa dugo ni Jesus. Sinasangkapan ka ng kakayahan ng Kaniyang dugo upang sumalakay sa pakikibaka para sa mga kaluluwa ng mga lalake at babae at dalhin ang paglaya at kagalingan sa pangalan ni Jesus. Ang iyong kapangayrihang "madaig" ang kaaway ay dahil sa "dugo ng Cordero."

**ANG IYONG PATOTOO:**

Sinasabi sa Apocalipsis 12:11 na ang kaaway ay natatalo sa pamamagitan ng "salita ng kanilang patotoo." Ang salitang "patotoo" ay nangangahulugan ng "katibayan o tala" tulad ng ginagamit sa hukuman.

Matatandaan mo na madalas iutos ni Jesus sa mga taong Kaniyang pinalaya na humayo at ibalita sa iba ang ginawa ng Diyos sa kanila. Sa iyong "pagpapatotoo" o pagbibigay ng katibayan ng kapangyarihan ng Diyos sa iyong buhay, ikaw ay sumasalakay na naman sa pakikibakang espirituwal. Upang maging mabisa ang iyong patotoo, kailangang ito ay nakasalig sa Salita ng Diyos, kung paano ang isang abogado ay nagtatanggol sa hukuman batay sa batas ng bansa.

**ANG PANGALAN NI JESUS:**

Natutuhan mo na na ang pangalan ni Jesus ay bahagi ng saligang plano ng Diyos sa pakikilaban. Ang pangalan ni Jesus ay makapangyarihang sandatang pangsalakay din. Sinabi ni Jesus na sa Kaniyang pangalan, ikaw ay magpapalayas ng mga demonyo, magpapagaling ng mga may sakit, at madadaig ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway ( Marcos 16:17).

Repasuhin ang ibat ibang pangalan ni Jesus sa pahina 42-45 ng manwal na ito upang makita ang marami sa Kaniyang mga pangalan na kumakatawan sa pagsalakay sa kaaway. Gayon din basahin ang aklat ng Gawa at pansinin ang mga himala na ginawa sa Kaniyang pangalan.

Ang pangalan ni Jesus ay hindi isang magic na binabanggit natin sa katapusan ng ating mga panalangin. Ito ay sagisag ng kapamahalaan at kapangyarihang ibinigay Niya sa atin.

Dapat ay awtorisado ka na gamitin ang Kaniyang kapangyarihan at kapamahalaan bago mo simulang gamitin ang Kaniyang pangalan sa pakikilaban sa kapangyarihan ni Satanas. Repasuhin ang kasaysayan sa Gawa 19: 13-17 pansinin ang nangyari sa mga anak ni Sceva.

# INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

2. Ibigay ang buod ng mga natutuhan mo tungkol sa mga sandatang pangsalakay:

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Pagaralan ang mga reperensyang ito sa hakbang ng "pagpapalayas" sa pagsalakay:
   Mateo 5:29-30; 7:5; 8:16; Marcos 16:17; Roma 13:12; II Corinto 10:5; I Pedro 5:7.

2. Pagaralan ang mga reperensyang ito sa hakbang ng "pagsusuot":
   Roma 13:12, 14; I Corinto 5:13; 13:11; Galacia 3:27; Efeso 4:22-24; 6:11;
   Colosas 3:8-14.

3. Pagaralan ang mga reperensyang ito sa hakbang ng "pagkuha":
   I Corinto 3:10; 8:9; 10:12; Galacia 5:15; Efeso 6:13,17; I Timothy 4:16;
   Hebreo 3:12.

4. Tulad ng iyong natutuhan sa kabanatang ito, kailangan sa pakikibaka ang pagsalakay upang matalo ang kaaway. Dapat mong "pahintulutan" ang ilang mga bagay sa iyong espirituwal na buhay kung nais mong ikaw ay magtagumpay. Pagaralan mo ang mga sumusunod na mga reperensya at kompletohin mo ang tsart sa pamamagitan ng pagtatala nang kung ano ang sinasabi ng Biblia na dapat mong "pahintulutan" sa iyong buhay:

| **Reperensya** | **Ano Ang Ating "Pahihintulutan"** |
| --- | --- |
| Mateo 5:16 | |
| Juan 4:1,27 | |
| Roma 13:1, 12-13 | |
| Roma 14:5, 13, 16, 19 | |
| I Corinto 3:18-21 | |
| I Corinto 10:9-9 | |
| II Corinto 7:1 | |
| II Corinto 10:17 | |
| Galacia 5:26 | |
| Efeso 4:26-31 | |
| Efeso 5:3, 6, 33 | |
| Filipos 1:27 | |
| Filipos 2:3, 5 | |

Filipos 4:5-6
Colosas 3:15-16
Colosas 4:6
I Tesalonica 5:6-8
II Timoteo 2:19
Hebreo 4:1, 14, 16
Hebreo 6:1
Hebreo 10:22-24
Hebreo 12:1
Hebreo 13:1, 5, 15
Santiago 1:5-9
Santiago 4:9
Santiago 5:13
I Pedro 3:3-4, 10-11
I Pedro 4:11, 15, 16, 19
I Juan 2: 24
I Juan 3:7, 18
I Juan 4:7

# IKA-LABINGTATLONG KABANATA

## MGA KATUMBAS NG NATURAL SA PAKIKIKBAKANG ESPIRITUWAL

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ipaliwanag kung bakit ang "pakikibaka" ay ginamit upang ilarawan ang labanan ng mabuti at masama.
- Ibigay ang mga natural na prinsipyo ng pakikibaka na angkop sa pakikibakang espirituwal.
- Iangkop ang mga natural na prinsipyo ng pakikibaka sa larangang espirituwal

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Ang biling ito ay ipinagtatagulbilin ko sa iyo, Timoteo na aking anak, ayon sa mga hula na nangauna tungkol sa iyo, upang sa pamamagitan ng mga ito ay makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka. (I Timoteo 1:18)**

### PAMBUNGAD

Ang turing ng unang Iglesia sa kanilang mga karanasang espirituwal ay ito'y pakikibaka. Ang pananggol nila ay inilarawan bilang "baluti ng Diyos." Ang Salita ng Diyos ay itinulad sa isang "tabak." Ang mga pagsalakay ni Satanas naman ay ang mga nagliliyab na mga palaso at ang pananampalataya ang "mabuting pakikibaka." Ang mga mananampalataya ay sinabihan na "makipagbaka ng mabuting pakikipagbaka."

Bakit pinili ng Diyos ang halimbawa ng natural na pakikibaka upang ilarawan ang nagaganap sa larangang espirituwal sa pagitan ng mga pwersa ng kabutihan at kasamaan? Ang sagot ay masusumpungan sa isang saligang prinsipyo sa Biblia: Mga natural na mga prinsipyo na may katumbas sa larangang espirituwal. Ginagamit ng Diyos ang mga natural na mga prinsipyo upang ipaliwanag ang nagaganap sa larangang espirituwal. Mauunawaan natin ang ating nakikita sa natural na daigdig. Kung may mga katumbas ang mga nasa natural na larangan sa larangang espirituwal, mauunawaan natin ang espirituwal dahil sa natural.

Madalas gamitin ni Jesus ang prinsipyong ito. Ginamit Niya ang halimbawa ng natural na pag-aani upang ilarawan ang dakilang pag-aaning espirituwal na dito'y tinawag Niya ang mga manggagawa. Maraming mga katumbas mula sa natural na pag-aani at sa pag-aaning espirituwal.

Ito ay totoo rin kaugnay ng pakikibaka. Maraming mga prinsipyo ng natural na pakikibaka na pinagaralan at inilatag ng mga eksperto sa pakikilaban. Ang mga natural na prinsipyong ito ay angkop din sa larangang espirituwal. Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga prinsipyo ng natural na pakikibaka at iniaangkop ang mga ito sa larangang espirituwal. Ito ay naghahayag kung bakit ang Diyos ay gumamit ng natural na pakikibaka upang ilarawan ang umiiral na pakikilabang espirituwal na kinasasangkutan ng mga mananampalataya.

## MGA KATUMBAS NG NATURAL SA ESPIRITUWAL NA PAKIKIBAKA

Narito ang mga natural na mga prinsipyo ng pakikibaka na may katumbas sa pakikibakang espirituwal:

### ANG KAHULUGAN NG DIGMAAN:

Ang isang simpleng kahulugan ng digmaan ay " ang paggamit ng lakas na naglalayon na pilitin ang kalaban na sumunod sa ating nais." Ang kahulugang ito ay angkop din sa larangang espirituwal. Si Satanas ay patuloy na ginagamit ang pwersa ng kasamaan upang pilitin ka na tuparin ang kaniyang nais.

### PAMUMUHAY SA PANAHON NG DIGMAAN:

Kung ang isang bansa ay nakikipagdigma, naiiba ang estilo ng buhay ng mga tao. Iniiwan ng mga kalalakihan ang kanilang mga trabaho upang makilaban para sa bansa. Maraming oras ang ginugugol sa paghahanda at pagsasanay. Ang pondo ay kinukuha mula sa kaha ng bayan upang ipangtulong sa labanan. Ang mga mamamayan ay alerto sa pagsalakay ng kaaway at dagdag na mga bantay ang itinatalaga sa mga hangganan.

Sa larangang espirituwal, maraming mga mananampalataya ang lubos na walang kamalayan sa labanan na nagaganap sa palibot niya at hindi tuloy ito namumuhay ng naayon. Ang mga iglesia ay nagpa-plano ng mga programa at mga pagtitipon subalit wala silang plano ng pakikilaban. Sila ay namumuhay sa ginhawa at sarap samantalang ang mga kaluluwa ng maraming mga taong walang Cristo ay inangkin na ng kaaway. Ang mga miembro ng mga samahan ay nabubuhay na pinanghihinaan ng loob, lumbay at nabubuhay sa kalayawan. Sila ay mga biktima ng isang labanan na ni hindi nila alam na ito ay nagaganap.

Dapat mong malaman: Tayo ay nasa pakikidigma! Kailangang ang ating pamumuhay ay angkop sa buhay sa panahon ng digmaan sa larangang espirituwal. Ang pakikibakang espirituwal ay kailangang pagtuunan natin ng pansin. Dapat tayong gumugol ng panahon sa paghahanda at pagsasanay. Kailangang matutuhan natin at magamit natin ang ating mga sandatang espirituwal.

Kailangang ating gamitin ang ating mga yamang materyal sa pagpapalaganap ng mensahe ng ebanghelyo upang angkinin ang mga bansa na binabantaan ni Satanas. Kailangang alerto tayo sa mga pagsalakay ng kaaway at magbantay sa mga hangganan ng ating puso, isip, dila, kaluluwa, espiritu, tahanan, komunidad, at samahan sa iglesia. Tayo ay nasa pakikidigma, at ang ating pamumuhay sa larangang espirituwal ay kailangang naghahayag nito.

**ANG LAYUNIN NG DIGMAAN:**

Ang pangunahing layunin ng pakikibaka sa natural na larangan ay tagumpay laban sa kaaway. Sa larangang espirituwal ay ito rin ang pangunahing layunin. Upang makamit ang tagumpay sa natural na pakikibaka, maraming mga layuning dapat matupad kaagad. Ang mga kani-kaniyang pansariling laban ay kailangang mapanalunan at mga teritoryo ay maangkin. Bawat isa sa mga pangsariling laban na ito ay umaambag sa minimithing tagumpay sa wakas.

Ito rin ay totoo sa larangang espirituwal. Ang ating pangmatagalang mithiin ay ang tagumpay laban sa kaaway. Subalit kailangan ang pang matagalang layuning ito ay ating pira-pirasuhin sa mga tiyak na mga layunin. Kailangang malaman natin ang layunin ng Diyos para sa ating pakikibakang espirituwal sa ating mga pamilya, samahan sa iglesia, komunidad, at bansa. Kailangang ating matukoy ang mga tiyak na teritoryo na nakatakda para sa atin na ating sakupin.

Bawat kawal sa natural na labanan ay may lugar at pananagutan sa digmaan. Totoo rin ito sa larangang espirituwal. Dapat mong matukoy ang personal na layunin na magaambag sa kabuuang layunin ng tagumpay. Ang mga kumander ay nagtatakda ng mga layunin sa mga kawal sa natural na larangan. Ang Diyos ang iyong kumander at nagtakda Siya ng mga tiyak na layunin para sa iyo bilang isang Cristianong kawal.

**MGA PAUNANG PAGSASANAY:**

Hindi sapat na malaman mo ang mga layunin ng digmaan. Ang isang kawal ay dapat tumanggap ng paunang pagsasanay upang matupad ang mga layuning ito. Sa natural na larangan ang pagsasanay na ito ay kabilang ang pakilala sa kaaway, pagkaalam sa kaniyang mga taktika, paano gamitin ang sandat ng pakikibaka, at ang plano ng pakikilaban.

Sa larangang espirituwal, ang mga mananampalataya ay madalas mapasok sa labanan na walang paunang pagsasanay. Hindi nila nauunawaan ang mga taktika ng kaaway. Wala silang kamalayan sa kanilang sandata ng pakikibaka at kung paano gamitin ang mga ito at hindi nila napagaralan ang plano ng pakikilaban (ang Salita ng Diyos na nasulat).

Sa natural na larangan, pagkatalo ang resulta ng pagsusugo ng kawal na walang paunang pagsasanay. Gayon din ang mangyayari sa larangang espirituwal. Upang ikaw ay magtagumpay

kailangan mong magsanay sa pakikibakang espirtuwal. Kung ang isang kawal ay pumasok sa paunang pagsasanay, iiwan muna niya ang kaniyang karaniwang pamumuhay. Hindi na siya makikialam sa mga bagay na walang kaugnayan sa labanan. Ang kaniya nang pinagmamalasakitan ay ang hukbo.

Sa larangang espirituwal, upang tayo'y makipagbaka ng mabuting pakikibaka kailangan hindi tayo masangkot sa mga bagay na hindi kaugnay ng pakikilaban. Hindi tayo karaniwang mamamayan ng kasalukuyang sanglibutan, tayo ay mga mangdirigma ng Kaharian ng Diyos:

> **Makipagtiis ka sa Akin ng kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus.**
>
> **Sino mang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal. ( II Timoteo 2: 3-4)**

**PROPAGANDA:**

Ang mga bansang magkakalaban ay laging nagpapakalat ng mga maling impormasyon o propaganda tungkol sa isat-isa. Si Satanas din ay nagsisiksik ng maling propaganda sa iyong isip kung pahihintulutan mo. Lalo mong matutuhan ang tungkol dito sa pagaaral mo ng "Ang Labanan Sa Pagiisip" sa Ika-Labinglimang Kabanata.

**MGA MUNGKAHING MADIPLOMASYA:**

Ang isa sa mga estratehiya ng mga bansa ay pahinain ang kalaban sa pamamagitan ng mga panukala na madiplomasya. Ito ang mga mungkahi ng pagbibigayan. Sa pamamagitan ng ganitong mga panukala bawat bansa ay nagsisikap na malamangan ang iba. Sa larangang espirituwal, sinisikap ni Satanas na ang mga mananampalataya ay makibagay sa kasalanan. Alam niya na ang ganitong "diplomasya" ay magpapahina sa mananampalataya.

**PANINIKTIK:**

Kung ang mga bansa ay nakikipaglaban, laging mayroong mabutinting na pagsasaayos ng paniniktik. Bawat isa ay may mga pwersa na naniniktik sa kalaban at ang gawain nito ay magipon ng mga impormasyon tungkol sa kaaway. Ang mga grupong ito ay nagtitipon at nagsusuri ng lahat ng mga impormasyon tungkol sa kalaban. Kanilang ipinahahatid ang anomang kanilang natutuhan sa mga kawal na nasa labanan.

Sa larangang espirituwal, ang iyong kaalaman tungkol sa kaaway at sa kaniyang mga taktika ay mahalaga para sa tagumpay. Ang Biblia ang iyong "manwal ng kaalaman" na nagbubunyag ng mga impormasyon tungkol sa kaaway. Habang natututuhan mo ang mga estratehiya ni Satanas at ang pangontrang estratehiya ng Biblia, kailangang ihatid mo ito sa ibang mga kawal na Cristiano. Si Satanas ay nagtitipon din ng mga impormasyon tungkol sa iyo. Inaalam niya ang mga kahinaan mo at tinutudla ang mga ito sa pamamagitan ng mga pagsalakay.

**PAGSALAKAY AT PAGSASANGGALANG NA PAKIKIBAKA:**

Ang mga hukbo sa natural na kalagayan ay gumagamit ng mga estratehiya ng pagsalakay at pagsanggalang. Tulad ng iyong natutuhan, ang pagsalakay ay isang agresibong pagsugod sa kalaban. Ang pagsanggalang naman ay kung ang kalaban ang sumalakay at dapat mong ipagtanggol ang iyong teritoryo.

Natutuhan mo na ang mga magkakatumbas sa pagsalakay at pagsanggalang sa mga kalagayn ng labanan ay kung paano sa natural ay ganoon din sa espirituwal na larangan. Kung salakayin ka ni Satanas, dapat kang gumamit ng mga taktika ng pagsanggalang. Kung sasakupin mo ang mga bagong teritoryo para sa Diyos, tulad nang pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga hindi pa nakakarinig nito, ang dapat mong gamitin sa pakikibaka ay ang pagsalakay habang inaangkin mo ang mga bagong teritoryo sa pangalan ng Panginoong JesuCristo.
Isang magaling na heneral ang nagsabi sa kaniyang tropa minsan, “Hindi tayo huhukay ng mga lungga na pagtataguan at maghihintay sa kalaban na sumalakay at barilin tayo. Susugod tayo at susugod tayong mabilis.”

Idinagdag pa ng heneral, “Pagka ikaw ay humukay ng lungga, hinukay mo na ang libingan mo. Kung ikaw ay nasa lunggang iyan at ikaw ay bumaril, alam agad ng kalaban ang kinalalagyan mo…Magpapatuloy tayong sumugod at sa gayon aakalain ng kalaban na hindi pa natin nililisan ang dati nating lugar at doon nila itutuon ang kanilang pagtudla.”

Hindi naniniwala ang heneral na ito sa depensa. Ang paniwala niya, kung ang kalaban ang laging sinasalakay, hindi na kakailanganin ang pagsasanggalang. Kinikilala niya na ang pwersang sumusugod sa pagsalakay ay nakalalamang sa kalaban. Sabi niya, “Lalaban tayo sa ating paraan, at tayo ang mananalo.”

Sa pakikibakang espirituwal, yaong mga nakauunawa ng layunin ng labanan na ito na walang iba kundi ang pagkatalo ng kalaban ay hindi lamang naka-depensa, upang makamit ang lubos na tagumpay. Kailangan ang mga pagsalakay.

## MGA SANDATA O ARMAS:

Bawat labanan ay may sandata. Maaring ito ay simpleng sandata lamang tulad ng sibat, busog at palaso, o kaya ay mga komplikadong mga armas tulad ng missile. Dapat alam ng kawal kung ano ang mga sandata na maaaring gamitin at kung paano gamitin ang mga ito. May mga sandatang pangsalakay at mayroon namang mga pangsanggalang.

Totoo rin ito sa larangang espirituwal. Bilang isang Cristianong kawal, kailangang alam mo ang iyong mga sandatang espirituwal at kung paano gamitin ang mga ito. Natutuhan mo na may mga sandatang espirituwal na pangsalakay at mayroon namang mga pangsanggalang. Ang pagkakaiba ay ang mga sandata mo ay mga sandatang espirituwal. Huwag mong hayaang gumamit ng mga hindi mabisang natural na mga sandata sa labanang espirituwal.

## MGA BIGLAANG PAGSALAKAY:

Ang terorismo, pagsabotahe, pananambang ay puro mga biglaang pagsalakay at ang mga ito ay ginagamit sa natural na larangan. Ang mga kaparaanang ito ay may pagkakatulad: Una, ang mga

ito ay mararahas na paraan ng pagsalakay. Pangalawa, ang mga ito ay bigla at hindi inaasahan. Ang mga tinatarget nito ay nabibigla at hindi nakahanda. Ang kalituhan at pagkatalo ang nagiging resulta.

**MGA LABANANG TUMATAPOS:**

Sa bawat labanan, may mga labanan na siyang tumatapos ng lahat. Ito ang mga labanan na nagpapasiya kung ano ang kalalabasan ng labanan. Ang mga labang ito ay mahalaga dahil sa mga teritoryong sangkot sa laban. Kung ang isang hukbo ay magwagi sa isang importanteng teritoryo maaring ito rin ang maging dahilan na madaling masakop ang iba pang mga teritoryo sa paligid. Sa pakikibakang espirituwal ay mayroon ding ganitong mga labanan. Halimbawa, kung matalo ka sa laban sa pagiisip at sa dila, may epekto ito sa iyong kaluluwa, espiritu, puso, at kahit sa iyong buong katawan.

Sa natural na larangan, ang pinakamaraming mga kawal ay pinadadala sa mga labanan na pinakamatindi. Sa larangang espirituwal ay gayon din. Ang pagtutuon ng iyong mga kakayahan sa mga pinagkukutaan ng mga kaaway ay mahalaga upang makamit ang tagumpay. Ito ay totoo rin sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. May mga panahon na ang pag-aani ay hinog na sa mga ilang mga tiyak na mga lugar sa sanglibutan at ang mga pwersa ng panghihikayat ay kailangang matipon dito.

Sa kasawiang palad, hindi laging ganito. Ang pinakamaraming mga lingkod ng Panginoon sa kasalukuyan ay nasa Estados Unidos na doon ay mayroong iglesia sa halos bawat komunidad at ang mga programa sa radio at telebisyon ay naaabot ang mga tahanan. Sa nalalabing bahagi ng sanglibutan may mga natitipon na nasa maraming mga tao, at dito pa kapos ang mga mabibisang pagsaksing Cristiano. Kakaunti rin ang mga nasanay na mga lingkod ng Panginoon upang abutin sila. Ang kaaway ay nakikipaglaban ng matindi sa mga lugar na ito, nais sakupin ang mga puso, isip, at kaluluwa ng mga lalake at babae. Samantala, ang mga pwersang espirituwal ay sa ibang lugar nakatuon.

**PAKIKIPAGUGNAY:**

Ang pakikipagugnay ay napakahalaga sa natural na labanan. Ang mga tropa ng kawal ay kailangang makiugnay sa kanilang kumander upang tumanggap ng mga tagubilin at pangpalakas ng loob. Sisikapin ng kaaway na putulin ang pakikiugnay sa pagitan ng mga tropang nasa unahan ng labanan at sa kanilang pinuno, sapagkat alam niya na ito ang magpapatalo sa labanan.

Sa pakikibakang espirituwal, nais ni Satanas na sirain ang linya ng komunikasyon. Sisikapin niya na mapigil ka sa pananalangin at sa pagbabasa ng Salita ng Diyos, yamang ang mga ito ang nagdudulot ng pagtuturo at pangpalakas ng loob para sa pakikibakang espirituwal. Kung ikaw ay abala sa pakikilaban at nalimutan mong makiugnay sa iyong Kumander, madali kang matatalo. Ang ministeryong Cristiano ay isang lehitimong paraan ng pakikilaban sa kaaway. Subalit kung maubusan ka naman ng kapangyarihang espirituwal, hindi na ito mabisa. Ang iyong kapangyarihan sa labanan ay nagmumula sa iyong pakikiugnay sa iyong Kumander. Dapat mong patuloy na tanggapin ang Kaniyang mga pagtuturo at pagpapalakas ng loob sa pamamagitan ng panalangin at pagaaral ng Kaniyang mga Salita.

**MGA TINUTUDLA:**

Sa pakikibaka sa natural na buhay, may dalawang uri ng tinutudla: Mga tinutudlang kumikilos (tulad ng barko, eroplano, tanke o mga kawal) at yaong mga nakahimpil na mga tinutudla (tulad ng mga bodega ng armas, ang kuwartel ng mga kawal, at iba pa). Ang mga kumikilos na mga tinutudla ang pinakamalaking banta sa natural na labanan sapagkat ito ay sumasalakay. Sila ay kumikilos upang makasakop ng teritoryo.

Sa larangang espirituwal, ang nais ni Satanas ay ang mga kumikilos na tutudlain. Tinutudla niya ang mga lalake at babae na masigasig sa pagkilos sa pakikilaban upang talunin ang mga kaaway. Sasalakayin din ni Satanas ang mga nakahimpil na mga tutudlain (mga mananampalataya na hindi sangkot sa pakikibakang espirituwal), subalit kung ikaw ay kumikilos para sa Diyos ikaw ay tutudlain ni Satanas. Nais niyang talunin ka sa iyong pagsugod sa kaniyang nasasakupan upang angkinin ang mga kaluluwa ng mga lalake at babae.

**MGA PAGSALAKAY AT GANTING SALAKAY:**

Sa natural na labanan, kung ang isa ay sumalakay, yun namang isa ay gaganti ng salakay din. Ang ganting pagsalakay ay isang pagsisikap na pigilan ang mga pwersa ng kaaway na makasugod at mabawi ang nawala nitong nasasakupan. Si Satanas ay laging may ganting salakay sa bawat kilos ng mananampalataya. Kung ikaw ay magpasiya na lalo pang manalangin, magbasa ng Salita ng Diyos, o kaya ay pumasok sa ministeryo, kaagad siyang gagawa ng ganting salakay upang pigilan ka sa pagsulong. Kung alam mo ang estratehiyang ito ng ganting salakay, magiging handa ka at hindi ka masisingitan.

Sa militar, may tatlong uri ng pagsalakay.. Ang kaaway ay may katulad ding pagsalakay sa larangang espirituwal.

**1. Harapang pagsalakay:** Ito ay salakay na harapan. Ang mga tukso ni Satanas ay tulad ng mga harapang pagsalakay sa natural na labanan. Ang mga harapang pagsalakay na espirituwal ay kailangang harapin naman sa pamamagitan ng paglaban kay Satanas na magpapatakas sa kaniya.

**2. Pagkubkob o pagharang:** Ang pagkubkob o pagharang sa natural na labanan ay kung ang kaaway ay sinakop ang isang teritoryo na hindi naman sa kaniya. Ang pagkaaliping espirituwal ay tulad ng pagkubkob o pagharang. Ang kaaway ay sumisira sa mga pader na espirituwal at bahagi ng iyong buhay ay kaniyang sasakupin. Hindi naman niya lubusang sasakupin ang iyong buong buhay kundi pipigilan ka niya na makagalaw ng wasto para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang paraan ng pakiktungo dito ay sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihan ng pagtali at pagkalag na natutuhan sa kursong ito. Ang kaaway ay kailangang talian at ang bahagi ng buhay mo na sumailalim sa kaniya ay kalagan mula sa kaniyang kapangyarihan.

**3. Paglusob at pagsakop:** Kung ang kaaway ay lumusob sa natural na labanan, sinasakop niya at hinahawakan ang isang teritoryo. Katulad nito ang sinapian ng demonyo sa larangang espirituwal. Ang isang hindi pa ligtas o yung nagbalik sa kasalanan ay nasa ilalim ng

kapangyarihan ng masamang espiritu na pumasok at sumapi sa kanila. Ang paraan naman dito ay talian ang kaaway at palayasin siya.

**MADALING PAKILUSIN:**

Upang maging mabisa sa natural na labanan, ang isang hukbo ay kailangang madaling pakilusin. Ang mga pwersa ay kailangang mapakilos agad tungo sa dako na may pagsalakay na dapat gawin. Kung sila ay nabitag ng kaaway at di makakilos, sila ay nawalan ng bisa.

Ang madaling pagkilos ay kailangan sa larangang espirituwal upang maisakatuparan mo ang utos na "humayo sa buong sanglibutan at ipangaral ang ebanghelyo." Ikaw ba ay isang kawal Cristiano na nabitag ng kaaway kaya di ka makakilos o ikaw ay masugid na sinusunod ang utos na humayo na dala ang ebanghelyo?

Ang isang kawal ay di nagsusuot ng buong baluti at dadalhin ang mga sandata at pagkatapos ay uupo lamang sa kanilang bahay at dito ay magpapainit. Hindi lamang siya naghahanda para sa labanan, siya ay nagtutungo sa laban. May ilang mga Cristianong kawal na naghanda para sa labanan, subalit nanatili lamang sa kanilang tahanan o iglesia sa halip na magpunta sa labanan. Ang labanan ay nagaganap sa mga lansangan ng ating mga lungsod. Nagaganap ito sa mga nayon na hindi pa naaabot ng mensahe ng ebanghelyo. Kahit gaano tayo kahandang espirituwal, hindi tayo magwawagi sa labanan malibang tayo ay kumilos para sa Panginoong JesuCristo.

Ang isang kawal ay di nagiging bihasa bilang mangdirigma sa pamamagitan ng pagaaral ng mga aklat tungkol sa pakikibaka. Siya ay lalong nagiging bihasa sa pamamagitan ng mismong karanasan sa labanan. Mahalaga ang pagaaral ng iyong manwal (ang Biblia) ng pakikibaka, subalit hindi mo makakamit ang tagumpay malibang gamitin mo ang mga natutuhan mo. Ang pagiging bihasa sa pakikibaka ay dumarating sa pamamagitan ng karanasan at pagaangkop ng mga natutuhan tulad din sa natural na larangan.

**PAKIKIPAGTULUNGAN:**

Ang pakikidigma ay isang pagtutulungan ng mga magkakasama sa laban. Ang mga kawal ay dapat magtulungan sa isat isa upang matalo nila ang kaaway. Kailangang sila ay pailalim sa kanilang kumander. Sila ay lulusob na nagkakaisa. Hindi sila lumalaban para sa kanilang sarili kundi para sa kanilang bayan. Ang mga mananampalataya ay kailangang matutong makipagtulungan sa larangan ng pakikibakang espirituwal. Sa halip na sila ang maglaban-laban, kailangan nating matuon ang ating pagsalakay sa kaaway.

Sa natural na labanan, pagka ang isang kawal ay nasugatan, sisikapin ng mga kasamahan niya na iligtas siya. Kung ang tropa ay lumusob, sama-sama silang lulusob. Hindi nila iniiwan ang mahihina, kundi inilalagay ang mga ito sa gitna at ang mga malalakas na mga mandirigma ang nakapwesto sa unahan at sa hulihan hanggang sa ang mga mahihina ay makabawi na mula sa kanilang mga tinamong sugat.

May pagkakataon na ang hukbong Cristiano ay nababaril ang mga kakampi. Kung ang isang mananampalataya ay bumgasak sa labanan, magkakalat tayo ng tsismis tungkol sa kaniya o kaya

ay iiwan na lang siya. Sa halip, dapat nating hanguin ang mga sugatang mga kapatid at palibutan natin sila ng ating lakas. Ang mga pwersa ng Diyos ay kailangang sumulong bilang isang grupo, hindi watak-watak na grupo na sinusundan ng mga sugatang kawal na bumabagsak at namamatay sa tabing daan.

Hind tayo nakikibaka sa ating sariling pangalan. Tayo ay nakikilaban sa pangalan ng Panginoong JesuCristo. Hindi tayo lumalaban para sa ating sarili lamang. Tayo ay lumalaban alang-alang sa ating bansang espirituwal, ang Kaharian ng Diyos.

**PAGSUNOD:**

Ang isang kawal sa natural na labanan ay di bigay hilig. Sinusunod niya ang utos ng kumander. Lubos na pagtalima ay kailangan. Wala nang hihigit pa sa kahalagahan kay sa pagsunod. Gayon din sa larangang espirituwal. Upang ikaw ay maging mabisa sa pakikibakang espirituwal, kailangang sundi mo ang mga utos ng iyong Kumander. Kailangang ikaw ay lubos na sumusunod sa Kaniya.

**KATAPANGAN:**

Isang magaling na heneral ang nagsabi minsan, "Kung ikaw ay takot mabaril, bago ka pa magsimula ay talo ka na…Ang takot ay mas maraming pinapatay kaysa kamatayan mismo." Huwag kang matakot mabigo sa pakikibakang espirituwal. Kung natatakot kang baka ikaw ay matamaan ng kaaway, di pa man ay talo ka na di ka pa man nagsisimula."

Sinabi rin ng matapang na heneral, "Walang pagkatalo kung tatanggihan mo ang pagkatalo. Ang mga digmaan ay natatalo muna sa isip bago matalo sa labanan. Walang bansang natalo hanggang hindi tinatanggap ang pagkatalo."

Kung paano sa natural na labanan, walang pagkatalo kung hindi mo tatanggapin ito. Ang mga labanang espirituwal ay sa isip muna nagkakatalo. Tanggihan mo ang pagkatalo sa iyong isip.

**TALUNIN ANG TAGAPANGUNA:**

Isang mahusay na heneral ang nagsabi na kung personal niyang makakaharap at matatalo ang pinakamataas na pinuno ng kalaban, tapos na ang laban. Ito ay nagawa na ng ating Kumnader sa larangang espirituwal. Sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na maguli ni Jesus, napagtagumpayan na Niya ang kapangyarihan ng kaaway. Ang wakas ng labanan ay inihayag na ng Diyos sa Kaniyang mga Salita. Subalit ang mga rebelde ay gagala-gala pa rin. Natalo na ni Jesus ang pinuno, sa atin ay ibinigay ang gawain na talunin ang mga kampon na sumasalungat pa.

**PAGTATALAGA:**

Sa pagsasalita tungkol sa pagtatalaga, isang bantog na heneral ang nagsabi:

“Tayo ay mapapalad na mga tao. Nasa digmaan tayo! May pagkakataon tayo na makilaban at mamatay alang-alang sa isang bagay. Maraming mga taong di nagkaroon ng ganitong pagkakataon. Isipin mo ang maraming mga tao na alam mong nabuhay at namatay nang walang kaparararakan…Buong buhay na ginugol sa walang kabuluhan at walang ginawa kundi kumain, matulog at magtrabaho…”

Bilang mga mananampalataya, tayo ay nasa labanan sa larangang espirituwal. May pagkakataon tayo na makibaka at mamatay para sa isang bagay. Hindi kailangang gugulin natin ang ating buhay sa nakababagot na ulit-ulit na kain, tulog, trabaho. Tayo ay nakikilaban para sa Kaharian na walang katapusan. Nakikilaban tayo para sa ating Kumander na tinalo na ang mga pwersa ng kaaway. Ang ating tagumpay ay tiyak. Mayroon tayong sulit ipamuhay, ipaglaban, at kung kailangan mamatay alang-alang dito.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa “Articles of War.”

---

---

2. Bakit ginamit ang halimbawa ng pakikibaka upang ilarawan ang labanan sa pagitan ng mga pwersang espirituwal ng kabutihan at kasamaan?

---

3. Ibigay ang buod ng iyong mga natutuhan sa kabanatang ito tungkol sa natural na pakikibaka na angkop sa pakikibakang espirituwal:

Ang kahulugan ng digmaan.
Pamamaraan ng buhay sa panahon ng digmaan.
Ang mga layunin ng digmaan.
Paunang Pagsasanay.
Propaganda.
Mga mungkahing madiplomasya.
Paniniktik.
Pagsalakay at pagsanggalang na pakikibaka.
Mga sandata.
Pagsalakay na biglaan.
Mga labanang tumatapos
Pakikiugnay.
Tinutudla.
Pagsalakay at ganting salakay.
Madaling pakilusin.
Pakikipagtulungan.
Pagsunod.
Katapangan.

Talunin ang tagapanguna.
Pagtatalaga.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Upang lalong matutuhan ang tungkol sa mga layunin sa pakikibakang espirituwal, basahin ang Mateo 28:18-20; Marcos 16:15-18; Gawa 1:8; Efeso 3:9-11 at Colosas 1:24-29. Hanapin ang sagot sa mga tanong na ito:

- Sino ang nagtakda ng ating mga layunin?

___

- Ano ang mga layuning itinakda sa atin bilang isang iglesiya lokal?

___

- Ano ang mga layuning natakda sa iyo personal?

___

2. Hindi sapat na matutuhan ang mga natural na mga prinsipyo ng pakikibaka na may katumbas sa larangang espirituwal. Kailangang gamitin mo ang mga prinsipyong ito sa iyong sariling pakikibakang espirituwal. Ang kaalaman na hindi naman ginagamit ay walang bisa.

Repasuhin ang iyong mga natutuhan sa kabanatang ito, at pagkatapos ay isulat ang buod kung ano ang iyong plano sa paggamit ng iyong mga natutuhan tungkol sa mga natural na mga prinsipyo para sa iyong espirituwal na laban.

___

___

___

# PAGLUSOB

## PAGPASOK SA TERITORYO NG KAAWAY

Sa Panahon ng paglusob sa natural na larangan, ang isang hukbo ay pumapasok sa dako ng labanan upang masakop ang kalaban at angkinin ang teritoryo. Ang paunang pagsasanay ay walang saysay kung hindi ito gagamitin. Kahit ang isang pinakilos na hukbo na sagana sa mga kagamitan at sandata ay di mabisa kung ang mga ito ang mag nakatayo lamang sa isang tabi. Upang maging mabisa sa pakikibaka, kailangan kang pumasok mismo sa dako ng labanan.

# IKA-LABINGAPAT NA KABANATA

## PAGPASOK SA LARANGAN NG LABANAN

## PAKIKIPAGTUNGGALI SA SANGLIBUTAN, LAMAN AT SA DIABLO

**<u>MGA LAYUNIN</u>**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “estratehiya.”
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “kontra estratehiya.”
- Ipaliwanag ang mga estratehiya ni Satanas na pinagsama ang mga pwersang masama ng sanglibutan at ng laman.
- Tukuyin ang mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay laban sa sanglibutan at laman.

**<u>SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:</u>**

> **Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip Niyang napako sa krus, upang ang katawang salarin ay magiba, at nang sa gayo’y huwag na tayong maalipin pa ng kasalanan.**
>
> **Sapagkat ang namatay ay ligtas na sa kasalanan. ( Roma 6: 6-7)**

**<u>PAMBUNGAD</u>**

Ikaw ay tumugon sa tawag sa pakikilaban at nalista ka na sa hukbo ng Diyos. Pinagaralan mo ang tungkol sa estratehiya at teritoryo ng kaaway. Natutuhan mo ang tungkol sa plano ng

pakikilaban ng Diyos at hawak mo ang mga sandatang pangsalakay at pangsanggalang. Sa araling ito, ikaw ay papasok mismo sa larangan ng digmaan at magsisimulang lumaban!

Ang kabanatang ito ang una sa serye na tumutuon sa mga estratehiya ni Satanas at sa mga kontra estratehiya ng Kasulatan para madaig ang mga panlilinlang ni Satanas. Ang "estratehiya" ay isang siyensya ng pagbalangkas at pagsasagawa ng mga gawain ng militar. Ito ang mga paraan o plano na tungo sa tagumpay.

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS:

Si Satanas ay may inihanay na balangkas na naglalayon na managumpay laban sa mga mananampalataya. Ito ang ibig sabihin ni Pablo ng kaniyang banggitin ang mga "daya" ng Diablo:

> **Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang nga diablo. (Efeso 6:11)**

Ang ibig sabihin ng salitang "daya" ay katusuhan o panlilinlang. Ang mga "daya" ni Satanas ay ang kaniyang tusong panlilinlang na sumasalakay.

## ANG KONTRA ESTRATEHIYA NG DIYOS:

Ang mananampalataya ay di naman iniwan na walang pananggalang sa harap ng pagsalakay ng kaaway. Sa mga nasulat na Salita ng Diyos, nagbigay ang Diyos ng manwal ng mga estratehiya para sa pakikibakang espirituwal:

> **Upang huwag kaming malamangan ni Satanas: sapagkat kami ay hindi hangal sa kanyang mga lalang. (II Corinto 2:11)**

Ang ibig sabihin ng salitang "lalang" ay mga balak o layunin. Ang Biblia ay may mga kontra estratehiya upang madaig natin ang kapangyarihan ng kaaway.

Ang ibig sabihin naman ng salitang "kontra" ay kumilos ng salungat sa, pigilan, talunin, o biguin." Sa larangang espirituwal, ang kontra estratehiya ay isang maayos na plano o paraan ng paglaban kay Satanas. Ito ay inihanda upang pigilan, talunin, at biguin ang kaniyang mga balak o layunin.

Ang mga sumusunod na ilang mga kabanata ay inayos ayon sa mga estratehiya at mga kontra estratehiya. Ang mga estratehiya ni Satanas sa mga tiyak na larangan ng pakikibakang espirituwal ang naunang tinalakay sa bawat kabanata. Pagkatapos, mga tiyak na mga kontra estratehiya para sa tagumpay naman ang inilahad. Sa araling ito, pagaaaralan mo kung paanong ang sanglibutan at ang laman ay nagsasanib sa pakikibakang espirituwal at ang mga kontra estratehiya naman para madaig ang mga masasamang pwersa.

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS: ANG SANGLIBUTAN AT ANG LAMAN

Natutuhan mo sa Ika-pitong Kabanata na ang sanglibutan at ang laman ay mga teritoryo ng kaaway:

## SI SATANAS AY GUMAGAWA SA PAMAMAGITAN NG SANGLIBUTAN:

> **Nalalaman natin na tayo'y sa Diyos at ang buong sanglibutan ay nakahilig sa masama. (I Juan 5:19)**

Si Satanas ang prinsipe ng sanglibutang ito at bilang prinsipe kaniyang iniimpluwensiyahan ang mga pamahalaan ng mga bansa. Siya ay inilarawan bilang "mandaraya ng mga bansa" sa Apocalipsis 20:3 at 7. Sa Daniel 10 may tinukoy na kapangyarihan ng demonyo sa bansang Persia na sinisikap pigilan ang mga panalangin ni Daniel.

Si Satanas ay isang umuungal na leon sa sanglibutan:

> **Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya.**
> **(I Pedro 5:8)**

Ang larawan ng umuungal na leon ay naglalahad ng hayagang paninindak na taktikang ginagamit ni Satanas. Subalit si Satanas ay inilarawan din bilang "anghel ng kaliwanagan."

> **At hindi katakataka: sapagkat si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.**
>
> **Hindi malaking bagay nga na ang kaniyang mga ministro naman ay magpakunwari na waring ministro ng katuwiran; na ang kanilang wakas ay masasangayon sa kanilang gawa. (II Corinto 11:14-15)**

Ito ay nagpapakita kay Satanas na kaakit-akit at kahali-halina sa isang palihim at pinong paraan ng pagsalakay. Kaya si Satanas ay gumagawang hayagan at palihim sa sanglibutan.

Ang mga gawain ni Satanas sa sanglibutan ay ibat-iba, subalit ang mga ito ay laging laban sa Diyos, sa Kaniyang plano, at sa Kaniyang bayan. Nilalabanan ni Satanas ang gawain ng Diyos sa sanglibutan. Ito ay maliwanag sa kaniyang paghihimagsik at sa kaniyang pagbagsak mula sa langit na iyo nang napag-aralan (Ezekiel 28:12-19). Nilalabanan ni Satanas ang gawain ni Jesus sa sanglibutan. Siya ang nasa likuran ng espiritu ng "anti-Cristo" sa sanglibutan:

> **Sapagkat maraming magdaraya na nangagsilitaw sa sanglibutan, samakatuwid ay mga hindi nangagpapahayag na si Jesucristo ay napariritong nasa laman. Ito ang magdaraya at ang anticristo. (II Juan 7)**

Nilalabanan ni Satanas ang gawain ng Espiritu Santo sa sanglibutan. Ang isa sa mga layunin ng Espiritu Santo ay gabayan ang mga lalake at mga babae sa katotohanan ng Salita ng Diyos. Sinisikap ni Satanas na pigilan ang Salita ng Diyos na magkabisa sa puso at buhay ng mga lalake at babae:

> **Na binulag ng Diyos ng sanglibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila'y huwag sumilang ang kaliwanagan ng evangelio ng kaluwalhatian ni Cristo, na siyang larawan ng Diyos. (II Corinto 4:4)**

Pinasasakitan at tinutukso ni Satanas ang mga mananampalataya sa sanglibutan:

> **Dahil dito naman, nang hindi ko na matiis pa, ako'y nagsugo upang matalastas ko ang inyong pananampalataya, baka sa anomang paraan kayo'y mangatukso ng manunukso, at ang aming pagpapagal ay mawalan ng kabuluhan. (I Tesalonica 3:5)**
>
> **At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Narito, lahat ng kaniyang tinatangkilik ay nangasa iyong kapangyarihan… (Job 1:12)**

Dinadaya ni Satanas ang sanglibutan sa pamamagitan ng "espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan." Ganito siya gumagawa sa mga estraktura ng relihiyon sa sanglibutan. Nangdaraya siya sa pamamagitan ng mga bulaang doktrina, mga ministro, mga guro, mga apostol, at mga relihiyon.

Si Satanas ay nakikilaban din sa mga mananampalataya na nasa sanglibutan, bagamat hindi taga rito. Mababasa mo ang tungkol sa pakikibaka sa Efeso 6:10-18. Siya ay nagbibintang at naninirang puri sa mga mananampalataya:

> **At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya.**
>
> **At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Diyos, at ang kapamahalaan ng Kaniyang Cristo: sapagkat inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Diyos araw at gabi. (Apocalipsis 12: 9-10)**

Naghahasik siya ng pagaalinlangan sa isip ng mga mananampalataya. Ito ay bahagi ng unang panunukso sa tao sa halaman ng Eden (tingnan ang Genesis 3:1-5).

Si Satanas ang pasimuno ng paguusig ng sanglibutan sa mga mananampalataya:

> **Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit nang tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok… (Apocalipsis 2:10)**

Sinisikap ni Satanas na pigilan ang mga mananampalataya na magkaroon ng mabisang paglilingkod Cristiano:

> **Sapagkat nangagnasa kaming pumariyan sa inyo, akong si Pablo, na minsan at muli; at hinadlangan kami ni Satanas. (I Tesalonica 2:18)**

Ginagamit ni Satanas ang tawag ng sanglibutan upang himukin ang mga mananampalataya na magkasala. Nanunukso siya sa pamamagitan ng makamundong paligid, at sistema sa palibot mo. Inienganyo niya ang pagibig sa sanglibutan sa iyong puso:

> **Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama.**
>
> **Sapagkat ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. (I Juan 2:15-16)**

Nilalabanan ni Satanas ang isip, dila, ang espiritu, ang katawan, at ang mga pader na espirituwal ng mga mananampalataya. Sumasalakay siya sa pamamagitan ng pamilya at ng mga kaibigan nito, pananalapi, at mga pangyayari. May dagdag ka pang matutuhan tungkol sa bawat isa sa mga tiyak na sinasalakay na mga larangan sa ibang mga kabanata.

Ang mga pangalan ni Satanas ay naghahayag din ng kaniyang mga estratehiya sa sanglibutan. Pinagaralan mo ang mga pangalan ni Satanas sa Ika-limang Kabanata ng kursong ito. Repasuhin mo ang mga ito at isipin mo kung paanong ang bawat isang pangalan ay naghahayag ng mga estratehiya ni Satanas sa sanglibutan ngayon.

## SI SATANAS AY GUMAGAWA SA PAMAMAGITAN NG LAMAN:

Ang katawan, kaluluwa at espiritu ng tao ay malapit na magkakaugnay. Dahil dito, inaakusahan ni Satanas ang kaluluwa at espiritu sa pamamagitan ng laman. Ang estratehiyang ito ay kitang-kita sa unang pagtukso sa tao. Nakita ni Eba na "ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin (panglasa), at nakalulugod sa mata, at isang puno na mananasa upang magpapantas sa tao" pinitas niya ito at binigyan din ang kaniyang asawa (Genesis 3:6). Ginamit ni Satanas ang nararamdaman ng laman at mga nasa nito upang mapasok ang kaluluwa at espiritu ni Eba.

Kung hindi "mabulag ang iyong isip" ni Satanas at mailayo ka upang hindi mo matanggap ang katotohanan ng ebanghelyo, sisikapin naman niya na alipinin ang iyong laman pagkatapos mong tanggapin ang ebanghelyo. Ang mga kalayawan ng laman ay lumalaban sa kaluluwa:

> **…na kayo'y magsipagpigil sa mga masamang pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa. (I Pedro 2:11)**

Ginagamit ni Satanas ang laman upang pasukin ang isip:

> **Datapuwat nakikita ko ang ibang kautusan sa aking mga sangkap na nakikipagbaka laban sa kautusan ng aking pagiisip, at dinadala akong bihag sa ilalim ng kautusan ng kasalanan na nasa aking mga sangkap. (Roma 7:23)**

Ang “aking mga sangkap” ay tumutukoy sa laman. Ginagamit ni Satanas ang laman upang pasukin ang espiritu:

> **Yamang taglay natin ang mga pangakong ito, mga minamahal, ay magsipaglinis tayo sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, na pakasakdalin ang kabanalan sa takot sa Diyos. (II Corinto 7:1)**

Ginagamit ni Satanas ang laman upang ikaw ay papag-anihin ng katiwalian (kabulukan, lisya) sa iyong buhay:

> **Sapagkat ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman magaani ng kasiraan; datapuwat ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu magaani ng buhay na walang hanggan. (Galacia 6:8)**

Sa Efeso 4 kung saan si Pablo ay tumalakay sa mga kasalanan ng laman kaugnay ng lumang pagkatao at ng bagong pagkatao, isinama niya ang babalang ito:

> **Ni bigyan daan man ang diablo. (Efeso 4:27)**

Ang babalang ito ay nagbabadya na kung sumuko ka sa mga malaman na mga kasalanan, binibigyan mo na puwang (literal na karapatan) si Satanas sa iyong buhay. Ang patuloy na pagpapasasa sa makalaman na mga kasalanan ay magre-resulta sa pagka-alipin kay Satanas:

> **At sila’y makawala sa silo ng diablo, na bumihag sa kanila ayon sa kaniyang kalooban. (II Timoteo 2: 26)**

## SI SATANAS AY GUMAGAWA SA PAMAMAGITAN NG MGA DEMONYO:

Tulad ng iyong matututuhan sa bandang huli ng kursong ito, ang isang “born-again” na mananampalataya ay di maaaring “sapian” ni Satanas hangga’t siya ay nananatiling tunay na mananampalataya. Ang pagsapi ni Satanas ay ang pagsakop sa katawan, kaluluwa at espiritu, pamumuhay, at pagiisip. Subalit kung ang isang mananampalataya ay magpatuloy na gawin ang mga kalayawan ng laman dumarating ang panahon na ang paggawa ng mga kasalanan ng laman ay mapapasailalim na ni Satanas at ng kaniyang kampon.

Ang sanglibutan, ang laman, at ang Diablo kasama ang mga demonyo ay nagsasanib ng kanilang mga pwersang masama upang labanan ang mga mananampalataya. Bawat pwersa ay maaaring gumalaw ng hiwalay sa isat isa laban sa mananampalataya, subalit madalas ang mga pwersang ito ay magkakasamang sumasalakay sa mananampalataya.

Ginagamit ni Satanas ang sanglibutan, kabilang nito ang guniguni, mga pangakit, mga pilosopiya, at mga likong sistema upang makapasok sa laman. Ginagamit naman niya ang laman

upang pasukin ang kaluluwa, pagiisip, at espiritu. Pagkatapos ay gagawin ka niyang matulad sa sanglibutan sa halip na sa Diyos.

## MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: MADAIG ANG LAMAN

Tunay na ang sanglibutan, ang laman, at ang Diablo ay lilikha ng isang nagbabantang larangan ng labanan! Subalit narito naman ang mga makapangyarihang ayon sa Biblia na mga kontra estratehiya upang madaig ang mga pwersang ito:

### IHARAP ANG INYONG KATAWAN BILANG ISANG HAIN:

Sa pwersang militar sa natural na larangan, ang isang taong nagpalista upang maglingkod sa hukbo ay nasa ilalim ng pamamahala ng sa kanila ay nakakasakop. Sila'y nagbibigay sa kaniya ng mga tagubilin kung paano kikilos, paano mananamit, at kung paano lalabanan ang kaaway. Upang maging mabisa sa pakikibakang espirituwal, ang gayon ding uri ng pamamahala ay kailangang umiral:

> **Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Diyos, na siya ninyong katampatang pagsamba.**
>
> **At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Diyos. (Roma 12:1-2)**

Kailangan mong iharap ang iyong sarili sa Diyos na kusang loob. Sa Lumang Tipan, pagka may handog na ihahain sa Diyos, wala na ito sa kamay ng taong naghandog. Ito ay lubos nang ibinigay sa Panginoon. Sa halip na ikaw ay makitulad sa sanglibutan at sa laman, dapat kang magiba sa pamamagitan ng pagbabago ng iyong pagiisip. May dagdag kang pagaaralan tungkol sa labanan sa pagiisip sa Ika-labinglimang Kabanata.

### MAGKAROON KA NG PAGIISIP NI CRISTO:

Ang pagbabago ng iyong isip ay nagagawa sa pamamagitan ng "pagkakaroon" ng isip na katulad ng kay Jesus:

> **Kung paano ngang si Cristo ay nagbata sa laman, ay magsandata rin naman kayo ng gayong pagiisip; sapagkat Siya na nagbata sa laman ay nagpapatigil sa kasalanan;**
>
> **Upang huwag na kayong mangabuhay sa laman sa inyong nalalabing panahon sa mga masamang pita ng mga tao, kundi sa kalooban ng Diyos. (I Pedro 4:1-2)**

### PALAGUIN ANG WASTONG DAMDAMIN TUNGKOL SA IYONG LAMAN:

Sinabi sa atin na "kapootan pati ng damit na nadungisan ng laman" (Judas 23). Kailangang maunawaan mo na ang kalayawan ng laman ay hindi mula sa Ama kundi ito ay sa sanglibutan:

> **Sapagkat ang lahat ng nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. (I Juan 2:16)**

Hindi ka dapat magtiwala sa laman:

> **… at walang anomang pagkakatiwala sa laman… (Filipos 3:3)**

Dapat mong malaman na ang buhay sa laman ay nagdadala ng katiwalian, samantalang ang buhay sa espiritu ay nagdadala ng buhay:

> **Sapagkat ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman magaani ng kasiraan; datapuwat ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu magaani ng buhay na walang hanggan. (Galacia 6:8)**

**KILALANIN NA DI KAILANGANG PAALIPIN KA SA LAMAN:**

Sa nakaraan, ikaw ay nasa pagkaalipin ng kasalanan noong ikaw ay makasalanan pa:

> **Sa gitna ng mga yaon, tayo rin naman, ng ibang panahon ay nangabubuhay sa mga kahalayan ng ating laman, na ating ginagawa ang mga pita ng laman at ng pagiisip, at tayo noo'y katutubong mga anak ng kagalitan, gaya naman ng mga iba.**
> **(Efeso 2:3)**

> **Sapagkat nang tayo'y nangasa laman, ang mga pitang salarin na pawang sa pamamagitan ng kautusan, ay nagsigawa sa ating mga sangkap upang magsipagbunga sa kamatayan.**

> **Datapuwat ngayon, tayo'y nangaligtas sa kautusan, yamang tayo'y nangamatay doon sa nakatatali sa atin; ano pa't nagsisipaglingkod na tayo sa panibagong espiritu, at hindi sa karatihan ng sulat. (Roma 7:5-6)**

Pagaralan ang Efeso 2 at Roma 8. Matutuklasan mo na hindi na kailangang ikaw ay alipinin pa ng laman. Ang iyong kalayaan ay sa pamamagitan ni JesuCristo:

> **Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay na na kay Cristo Jesus ay pinalaya ako sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan. (Roma 8:2)**

**SANAYIN MO ANG IYONG LAMAN NA SUMUNOD:**

Sa militar, ang isang kawal ay dapat sumunod sa lahat ng utos. Siya ay nagdaraan sa paunang pagsasanay upang matutuhan ang mga alituntunin ng pakikibaka. Siya ay sinusubukan upang

mailapat niya ang mga estratehiya bago siya humarap sa tunay na labanan sa pamamagitan ng mga mali na itinutuwid. Siya ay nagsasanay para sa digmaan.

Totoo rin ito sa larangang espirituwal. Dapat mong sanayin ang iyong laman na sumunod. Dapat mong matutuhan ang mga alituntunin ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga pagsubok na pinahihintulutan ng Diyos sa iyong buhay magkakaroon ka ng pagkakataon na gamitin ang mga alituntuning ito sa iyong pagkilos:

> **Mga minamahal, huwag kayong magtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay. (I Pedro 4:12)**

> **At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Narito, lahat niyang tinatangkilik, ay nangasa iyong kapangyarihan… (Job 1:12)**

Sa natural na larangan, ang isang kawal ay natututuhan ang mga mali at tamang mga hakbang sa estratehiya ng militar sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasanay ng tropa. Maaari kang magsanay sa pamamagitan ng pagaaaral ng iyong manwal ng pakikibaka, ang Biblia. Sa patuloy mong pagsasanay sa iyong espirituwal na pakiramdam, matututuhan mong kilalanin ang mabuti at masama.

> **Sapagkat bawat tumatanggap ng gatas ay walang karanasan sa salita ng katuwiran; sapagkat siya'y isang sanggol.**

> **Ngunit ang pagkaing matigas ay sa mga may gulang, sa makatuwid ay doon sa mga sa pamamagitan ng pamimihasa ay nangasanay ang kanilang mga pakiramdam, upang makilala ang mabuti at ang masama. ( Hebreo 5: 13-14)**

Dapat mong sanayin ang iyong laman na sumunod sa Salita ng Diyos. Hindi mo madadaig ang iyong laman kung bibigay ka lagi dito. Habang inihahayag ng Diyos ang makamundong larangan ng iyong buhay, kailangang kumilos ka.

> **… na kayo'y magsipagpigil sa mga masamang pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa. ( I Pedro 2: 11)**

> **Yamang taglay natin ang mga pangakong ito, mga minamahal, ay magsipaglinis tayo sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, na pakasakdalin ang kabanalan sa takot sa Diyos. ( II Corinto 7: 1)**

> **Kung bagkus isakbat ninyo ang Panginoong Jesucristo, at huwag ninyong paglaanan ang laman, upang masunod ang mga kahalayan noon. ( Roma 13: 14)**

Pansinin mo na dapat kang kumilos. Dapat kang umiwas sa mga kalayawan ng laman. Dapat mong linisin ang iyong sarili mula sa mga karumihan ng laman. Hindi mo dapat pinagbibigyan ang laman.

**IWAKSI ANG LUMANG PAGKATAO:**

Ang “lumang pagkatao” ay ang likas ng laman. Isinulat ni Pablo:

> **At inyong iwan, tungkol sa paraan ng inyong pamumuhay na nakaraan, ang dating pagkatao, na sumama ng sumama ayon sa mga kahalayan ng pagdaraya;**
>
> **At kayo’y mangagbago sa espiritu ng inyong pagiisip,**
>
> **At kayo’y mangagbihis ng bagong pagkatao, na ayon sa Diyos ay nilalang sa katuwiran at sa kabanalan ng katotohanan. ( Efeso 4: 22-24)**

**ITURING NA PATAY ANG LAMAN:**

Ang laman ay dapat mapako sa krus. Hindi mamatay kusa. Dapat mapako ito sa pamamagitan ng pagtanggi na mapailalim dito:

> **Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip Niyang napako sa krus, upang ang katawang salarin ay magiba, at nang sa gayo’y huwag na tayong maalipin pa ng kasalanan; Sapagkat ang namatay ay ligtas na sa kasalanan.**
> **(Roma 6:6-7)**
>
> **Ako’y napako sa krus na kasama ni Cristo; at hindi na ako ang nabubuhay , kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ikinabubuhay ko sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito’y sa Anak ng Dios, na sa akin ay umibig, at ibinigay ang Kaniyang sarili dahil sa akin.**
> **(Galacia 2:20)**
>
> **At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Jesus ang laman na kasama ang masasamang pita at mga kahalayan nito. (Galacia 5:24)**

**LUMAKAD SA ESPIRITU:**

Ang iyong pangaraw-araw na pamumuhay ay maaaring pamahalaan ni Satanas sa pamamagitan ng paggawa niya sa iyong laman, ng sanglibutan, o ng kapangyarihan ng mga demonyo kung pahihintulutan mo. Hindi ka kailangang pamahalaan ng sanglibutan, ng laman o ng Diablo. Maaari mong matutuhang lumakad na ayon sa Espiritu:

> **Sinasabi ko nga, magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman. (Galacia 5:16)**
>
> **Kung tayo’y nangabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, ay mangagsilakad naman tayo ayon sa Espiritu. (Galacia 5:25)**

Ang ibig sabihin ng paglakad ayon sa Espiritu ay bayaan mong ang Espiritu Santo ng Diyos ang mamahala ng iyong paguugali at buhay.

Hindi higit ang kapangyarihan ng laman kaysa sa espiritu. Kung babayaan mo na ang Espiritu Santo ay maghayag ng Kaniyang kapangyarihan sa iyo, Kaniyang bubuhayin ang iyong katawan. Ang ibig sabihin ng "magbibigay buhay" ay magkaloob ng buhay. Hindi ka kailangang mabuhay sa kamatayan ng kasalanan. Maaaring bigyang buhay ng Diyos ang iyong espiritu para sa bagong buhay.

> **At kung si Cristo ay nasa inyo, ang katawan ay patay dahil sa kasalanan; datapuwat ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran.**
>
> **Ngunit kung ang Espiritu niyaong bumuhay na maguli kay Jesus ay tumira sa inyo, ang bumuhay na maguli kay Cristo Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu na tumitira sa inyo.**
>
> **Kaya nga, mga kapatid, mga may utang tayo, hindi sa laman, upang mabuhay sa laman:**
>
> **Sapagkat kung mangabuhay kayo ng ayon sa laman, ay mangamamatay kayo; datapuwat kung sa pamamagitan ng Espiritu ay pinapatay ninyo ang mga gawa ng laman, ay mangabubuhay kayo.**
>
> **Sapagkat ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios. (Roma 8:10-14)**

Upang ikaw ay mapatnubayan ng Espiritu dapat ang Espiritu Santo ay sumasa iyo. Dapat kang ipanganak na muli sa pamamagitan ng Espiritu:

> **Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga,**
>
> **Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli. (Juan 3:6-7)**

Dapat ka ring mapuspos ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ang nagbibigay sa iyo ng kapangyarihan upang lumakad ayon sa espiritu sa halip na ayon sa laman. Ang isang buong kurso ng Harvestime International Institute ay ginugol sa ministeryo ng Espiritu Santo sa buhay ng mananampalataya. Kung ikaw ay nagaaral ng mga kurso ng Institute ayon sa hanay ng mga ito, ito ang susunod na kurso na iyong pagaaralan pagka natapos mo na ang manwal na ito. Hindi kayang tawaran ang halaga na ibinibigay sa Espiritu Santo sa pagdaig sa sanglibutan, sa laman, at sa Diablo. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo maaari kang patnubayan ng Espiritu sa halip ng laman.

## <u>HAYAAN ANG IYONG ESPIRITU AY MANGUSAP SA PAMAMAGITAN NG ESPIRITU SANTO:</u>

Ang Diyos ay nakikipagugnay sa iyong espiritu sa pamamagitan ng Espiritu Santo:

> **Sapagkat ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios. (Roma 8: 14)**

Ang Espiritu Santo ay maaaring makipagunayan sa Diyos mula sa iyong espiritu:

> **Sapagkat ang nagsasalita ng wika ay hindi sa mga tao nagsasalita, kundi sa Dios; sapagkat walang nakauunawa sa kaniya; kundi sa espiritu ay nagsasalita ng mga hiwaga. (I Corinto 14:2)**

Kung ikaw ay magsalita ng ibang wika-na siyang tandang pisikal ng bautismo sa Espiritu Santo (Gawa 2)-ang iyong espiritu ay nakikipagugnayan ng direkto sa Diyos. Kung ito ay mangyari, isa sa mga gawain ng Espiritu Santo ay manalangin ayon sa kalooban ng Diyos:

> **At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan: sapagkat hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; ngunit ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisaysay sa pananalita;**
>
> **At ang nakasisiyasat ng mga puso'y nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu, sapagkat Siya ang namamagitan dahil sa mga banal alinsunod sa kalooban ng Diyos. (Roma 8:26-27)**

## PALAGUIN ANG BUNGA NG ESPIRITU SANTO:

Taliwas sa mga gawa ng laman, palaguin ang bunga ng Espiritu Santo. Kabilang dito ang…

> **…pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil…(Galacia 5:22-23)**

Ang bunga ng Espiritu Santo ay tinatalakay na mainam sa kurso ng Harvestime International Institute na *"Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo."*

## HUWAG MABUHAY SA KAHATULAN:

Ginagamit ni Satanas ang mga kahinaan ng laman upang ikaw ay mamuhay sa ilalim ng kahatulan. Subalit sinabi ni Pablo:

> **Ngayon nga'y wala ng anomang hatol sa mga na kay Cristo Jesus. (Roma 8:1)**

Kung ikaw ay mabigo at masangkot sa makamundong gawain, huwag kang manatili sa ilalim ng kahatulan. Magsisi ka at humingi ng kapatawaran:

> **Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan.**
> **(I Juan 1:9)**

## MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: DAIGIN ANG SANGLIBUTAN

Narito ang ilang panuntunan sa pagdaig sa sanglibutan:

### PALAGUIN ANG WASTONG DAMDAMIN TUNGKOL SA SANGLIBUTAN:

Kilalanin mo na hindi ka na taga sanglibutan:

> **Ibinigay ko sa kanila ang Iyong salita: at kinapootan sila ng sanglibutan, sapagkat hindi sila taga sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga sanglibutan.**
>
> **Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama.**
>
> **Hindi sila taga sanglibutan, na gaya ko naman na hindi taga sanglibutan. (Juan 17:14-16)**
>
> **Kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan, ay inyong talastas na Ako muna ang kinapootan bago kayo.**
>
> **Kung kayo'y taga sanglibutan, ay iibigin ng sanglibutan ang kaniyang sarili: ngunit sapagkat kayo'y hindi taga sanglibutan, kundi kayo'y hinirang ko sa sanglibutan, kaya napopoot sa inyo ang sanglibutan. (Juan 15:18-19)**

Unawain mo na sa sanglibutan ay makakaranas ka ng kahirapan:

> **At ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa Akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: ngunit laksan ninyo ang loob: Aking dinaig ang sanglibutan. (Juan 16:33)**

Mapagtanto mo na hindi sulit na mapahamak ang iyong kaluluwa dahil sa nakamtan mo ang sanglibutan:

> **Sapagkat ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanglibutan, at mapapahamak ang kaniyang buhay? (Marcos 8:36)**
>
> **Sapagkat ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan, at mawawala o mapapahamak ang kaniyang sarili? (Lucas 9:25)**

Mapagtanto mo na kung ibigin mo ang sanglibutan, ginawa mo ang iyong sarili na maging kaaway ng Diyos:

> **Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama.**
>
> **Sapagkat ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. ( I Juan 2: 15-16)**
> **… hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios. (Santiago 4:4)**

Kilalanin ang pansamantalang kalagayan ng sanglibutan:

> **At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwat ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailan man. (I Juan 2:17)**
>
> **... sapagkat ang kaasalan ng sanglibutang ito ay lumilipas. (I Corinto 7:31)**
>
> **Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito, ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain. (II Pedro 3:11)**

## KILALANIN NA HINDI KA ALIPIN NG SANGLIBUTAN:

Bilang isang mananampalataya, hindi ka kailangang paalipin sa sistema ng sanglibutan. Bagamat sa nakaraan ikaw ay pinamahalaan ng kasalukuyang sanglibutan (Efeso 2:2), wala ka na sa pagkaalipin nito:

> **Na inyong nilakaran noong una ayon sa lakad ng sanglibutang ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway;**
>
> **Sa gitna ng mga yaon, tayo rin naman, ng ibang panahon ay nangabubuhay sa mga kahalayan ng ating laman, na ating ginagawa ang mga pita ng laman at ng pagiisip, at tayo noo'y katutubong mga anak ng kagalitan, gaya naman ng mga iba:**
>
> **Datapuwat ngayon kay Cristo Jesus kayo na noong panahon ay nalalayo ay inilapit sa dugo ni Cristo.**
>
> **Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay; kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Diyos.**
> **(Efeso 2:2-3, 13, 19)**

Itinuturo ng Roma 12:1-3 na ikaw ay hindi kailangang makiayon sa sanglibutan. Maaari kang mabago. Ikaw ay bahagi na ng bagong kaharian ngayon. Ikaw ay mamamayan na ng Kaharian ng Diyos. Wala ka na sa ilalim ng kapangyarihan ng sanglibutan:

> **Ngunit ating tinanggap, hindi ang espiritu ng sanglibutan, kundi ang espiritung mula sa Diyos; upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Diyos. (I Corinto 2:12)**

Higit mong pagaralan ang iyong kalayaan sa Galacia 4:1-7.

## MAGBANTAY LABAN SA SANGLIBUTAN:

Ngayong ikaw ay malay na mula sa sanglibutan, magbantay ka laban sa impluwensya nito sa iyong buhay. Huwag kang makiayon sa takbo ng buhay at mga prinsipyo ng sanglibutan:

> **Kayo'y magsipagingat, baka sa inyo'y bumihag… ayon sa mga pasimulang aral ng sanglibutan, at di ayon kay Cristo. (Colosas 2:8)**

Huwag mong ibigin ang sanglibutan:

> **Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama. (I Juan 2:15 )**

Huwag mong bayaang ikaw ay sirain ng mga pilosopiya ng sanglibutan:

> **Kayo'y magsipagingat, baka sa inyo'y bumihag sa pamamagitan ng kaniyang pilosopia at walang kabuluhang pagdaraya, ayon sa sali't saling sabi ng mga tao, ayon sa mga pasimulang aral ng sanglibutan, at di ayon kay Cristo. (Colosas 2:8)**

Tanggihan mo ang kalayawan ng laman:

> **Na nagtuturo sa atin, upang, pagtanggi natin sa kalikuan at sa mga kahalayan ng sanglibutan, ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil at matuwid at banal sa panahong kasalukuyan ng sanglibutang ito. ( Tito 2: 12)**

Panatilihin mo ang iyong sarili na walang bahid sa sanglibutan:

> **Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito…pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan. (Santiago 1:27)**

Ipako sa krus ang kapangyarihan ng sanglibutan:

> **Datapuwat malayo nawa sa akin ang pagmamapuri, maliban na sa krus ng ating Panginoong Jesucristo, na sa pamamagitan niyao'y ang sanglibutan ay napako sa krus sa ganang akin, at ako'y sa sanglibutan. (Galacia 6:14)**

Ang kamatayan sa krus ay di karaniwang kamatayan. Tulad ng laman, ang kapangyarihan ng sanglibutan sa iyong buhay ay hindi mamamatay sa karaniwang paraan. Kailangang pilitin mo na ito ay mapako sa krus.

## KILALANIN NA MAAARI MONG MADAIG ANG SANGLIBUTAN:

Huwag kang padaig sa sanglibutan. Huwag mong hayaan na ang mga pagsusumakit ng sanglibutan ay sirain ang gawa ng Salita ng Diyos sa iyong buhay ( Mateo 13:22; Marcos 4:19). Ang pangiinis ng mga pinagsusumakitan ng sanglibutan ay isa sa mga estratehiya ng espiritu ng anti-Cristo (Daniel 7:25). Sinabi ni Jesus:

> **…ngunit laksan ninyo ang loob: Aking dinaig ang sanglibutan. (Juan 16:33)**

Maaari mong madaig ang sanglibutan sapagkat si Jesus ay sumasa iyo:

> **Kayo'y sa Diyos, mumunti Kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagkat lalong dakila Siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan. (I Juan 4:4)**

Maaari kang makaiwas sa katiwalian ng sanglibutan:

> **Na dahil dito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang Kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Diyos, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita. (II Pedro 1:4)**

Maaari mong madaig ang sanglibutan sa pamamagitan ng kapanganakang muli at ng iyong pananampalataya:

> **Sapagkat ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating pananampalataya. (I Juan 5:4)**

Maaari mong madaig ang sanglibutan sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at ng iyong patotoo:

> **At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo…** (**Apocalipsis 12:11)**

## UNAWAIN ANG IYONG MISYON SA SANGLIBUTAN:

Hindi ka dapat madala ng sanglibutan, ikaw ang dapat magdala sa sanglibutan. Ang mananampalataya ay kailangang maging ilaw sa madilim na sanglibutan, inihahayag ang kaluwalhatian ng Diyos at ibinabahagi ang magandang balita ng ebanghelyo:

> **Kayo ang ilaw ng sanglibutan… (Mateo 5:14)**

Ang bisa ng mga unang mananampalataya sa sanglibutan ay napakalakas na nasabi tuloy tungkol sa kanila “kanilang binaliktad ang sanglibutan” (Gawa 17:6). Tulad ng mga kawal ng hukbo na sinugo para sa isang misyon sa ibang bansa, ang mga mananampalataya ay may tanging misyon ng Diyos sa sanglibutan. Sila ay inatasan, “Humayo kayo sa buong sanglibutan at ipangaral ninyo ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal” (Marcos 16:15)

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa “Articles of War.”

________________________________________

________________________________________

2. Bigyang kahulugan ang salitang “estratehiya.”

________________________________________

________________________________________

3. Bigyang kahulugan ang salitang “kontra estratehiya.”

________________________________________

________________________________________

4. Ibigay ang buod ng mga natutuhan mo tungkol sa mga estratehiya ni Satanas sa sanglibutan at sa laman.

________________________________________

________________________________________

________________________________________

5. Ibigay ang buod ng mga kontra estratehiya na ibinigay sa kabanatang ito upang madaig ang sanglibutan, ang laman, at ang Diablo.

________________________________________

________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

# MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Ang pagkapako sa krus ang isa sa pinakamalubhang uri ng kamatayan. Basahin ang tungkol sa pagkapako sa krus ni Jesus sa Mateo 27. Ito ang dapat gawin sa espirituwal na paraan sa sanglibutan at sa laman, at mga pwersang espirituwal ng kasamaan na kumikilos laban sa mga mananampalataya.

2. Suriin ang iyong sariling buhay at ministeryo. Saang bahagi mo nakikita ang impluwensya ng sanglibutan? Ng laman? Ng Diablo? Paano mo gagamitin ang mga natutuhan mo sa kabanatang ito sa mga problemadong mga bahaging ito?

3. Pagaralan ang Daniel 7:25. Ang pangiinis ng mga pinagsusumakitan ng sanglibutan ay isa sa mga pangunahing taktika ng anti-Cristo. Ito ang mga maliliit na mga bagay at kalagayan na nakakapagod, at nakakainis na ginagamit naman ni Satanas hanggang sa ikaw ay madaig at masilo ng mga makamundong bagay sa halip na mga espirituwal na mga bagay.

4. Inilarawan ng Biblia ang buhay Cristiano bilang:

- Isang buhay na nananaig: Roma 8:37
- Isang buhay na matagumpay: I Corinto 15:57
- Isang buhay na masagana: Juan 10:10
- Isang buhay na nagwagi: II Corinto 2:14
- Isang buhay na banal: Efeso1:3-5; 5:25-27; I Pedro 1:13-16

Dito sa mga pamantayang ito dapat laging mong sukatin ang iyong buhay Cristiano. Itinala ng Biblia ang mga pagpupunyagi ni Pablo sa larangang ito (Filipos 3:12-17; Santiago 1:2-4; Hebreo 12:10-16).

Tandaan mong lagi na ang isang Cristiano ay mananampalataya pa rin kahit siya ay nakikipagpunyagi sa problema ng kasalanan ( I Corinto 5:1-5; 11:30-32; I Juan 2:1-2); sa sanglibutan (II Timoteo 4:10); o kaya ay impluwensya ng mga demonyo (Gawa 5:1-10; I Timoteo 5:9-15; 3:6-7).

5. Sa Efeso 4:22 at 24 binanggit ni Pablo ang lumang pagkatao na dapat iwaksi, at ang bagong pagkatao na dapat ibihis. Basahin ang Efeso 4:22-6:18. Gumawa ng listahan ng mga dapat "iwaksi." Ilista ang mga bagay na dapat "ibihis," gaya ng paguugali, pamumuhay, at iba pa.

| **Mga Bagay Na Dapat Iwaksi** | **Mga Bagay Na Dapat Ibihis** |
|---|---|

# IKA-LABINGLIMANG KABANATA

## ANG LABANAN SA PAGIISIP

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Tukuyin ang pangunahing larangan ng labanan sa pakikibakang espirituwal.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng mga "nagliliyab na palaso" ni Satanas.
- Kilalanin ang mga estratehiya ni Satanas na ginagamit sa pagsalakay sa pagiisip.
- Gamitin ang mga espirituwal na kontra estratehiya upang patayain ang mga "nagliliyab na palaso" ni Satanas.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Sapagkat bagaman kami ay nagsisilakad sa laman, ay hindi kami nangakikipagbakang ayon sa laman.**
>
> **Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Diyos ay may kapangyarihang gumiba ng mga kuta.**
>
> **Na siyang gumigiba ng mga maling haka, at ng bawat bagay na matayog na nagmamataas laban sa karunungan ng Diyos, at bumibihag sa lahat ng pagiisip sa pagtalima kay Cristo. (II Corinto 10:3-5)**

**PAMBUNGAD**

Nagbabala si Pablo sa mga taga-Corinto na huwag bale walain ang mga "pandaraya" ng Diablo, sa salitang Griego ang ibig sabihin ng pandaraya ay mga "pakana" at mula doon kinuha ang salitang ginamit para sa "pag-iisip." Sa madaling salita, ang mga pagsalakay ni Satanas,

pangunahin ang pagsalakay sa pag-iisip. Ang pag-iisip ang pangunahing larangan ng labanan sa pakikibakang espirituwal. Bawat pagsalakay ni Satanas ay sangkot ang pag-iisip ng tao.

Ang kabanatang ito ay tumutuon sa labanan para sa pag-iisip. Tinatalakay nito ang mga estratehiya ni Satanas at nagbibigay din sa mga espirituwal na kontra estatehiya para magtagumpay laban sa kaniyang mga pagsalakay. Madaling bigyan ng buod ang labanan para sa pag-iisip:

> **Sapagkat ang kaisipan ng laman ay kamatayan; datapuwat ang kaisipan ng Espiritu ay buhay at kapayapaan.**
> **Sapagkat ang kaisipan ng laman ay pakikipagalit laban sa Diyos; sapagkat hindi napasasaklaw sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari. (Roma 8:6-7)**

Nais ni Satanas na gawing makamundo (makasalanan, makalaman) ang iyong pag-iisip. Nais ng Diyos na ikaw naman ay magisip ng mga bagay na espirituwal.

## BAKIT SINASALAKY NI SATANAS ANG PAGIISIP

Kabilang sa pinakadakilang utos ang ibigin mo ang Diyos ng iyong buong pag-iisip. Ito ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit nilalabanan ni Satanas ang iyong pagiisip:

> **At sinabi sa kaniya, Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. Ito ang dakila at pangunang utos. (Mateo 22:37-38)**

Lumalaban si Satanas para sa iyong pag-iisip sapagkat ito ay may malapit na kaugnayang espirituwal sa iyong puso at bibig:

> **Datapuwat ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay sa puso nanggagaling; at siyang nangakakahawa sa tao.**
>
> **Sapagkat sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip… (Mateo 15:18-19)**

Lumalaban si Satanas para sa iyong pag-iisip sapagkat kung paano ka magisip ay may epekto sa iyong paguugali:

> **Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya… (Kawikaan 23: 7)**

Alam ni Satanas na kung mahawakan niya ang iyong pag-iisip, mahahawakan din niya ang iyong katawan, ang iyong mga kilos, at…kung walang sasangga… pati ang iyong espiritu.

## NAGLILIYAB NA PALASO MULA SA KAAWAY

Sa panahon ng Lumang Tipan, ang mga nagliliyab na palaso ay ginamit bilang mga sandata ng pakikibaka. May inilalagay silang mga materyales na madaling sunugin. Sisindihan ang mga ito at ibinabala sa busog o pana. Mabibisang mga sandata ang mga ito sapagkat maaaring pawalan

lampas sa mga matataas na pader ng kuta na siya namang susunog sa mga bubong na kugon ng mga bahay sa loob.

Sa Efeso 6:11-17, tinalakay ni Pablo ang tungkol sa pakikilabang espriituwal kay Satanas. Binanggit niya ang mga “nagliliyab na palaso ng masama.” Patuloy na nagpapailanlang ng mga “nagliliyab na mga palaso” tungo sa iyo sa laranagang espirituwal. Ang karamihan sa mga “palasong” ito ay tumutudla sa pag-iisip.

Nagbabala si Pablo na hindi tayo dapat “madaling makilos sa ating pag-iisip” (II Tesalonica 2:2). Sa orihinal na salitang Griego, ang salitang “makilos” ay nanganghulugan ng “ibagsak, yanigin, manulsol, magwasak.” Kung mahawakan mo ang isang bagay at ito ay iyong mayanig, ikaw na ang may kontrol nito. Nais ni Satanas na “yanigin” ka o hawakan ang iyong pag-iisip.

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS: LABANAN SA PAGIISIP

Ang pag-iisip ang isa sa pinaka-komplekado at hindi karaniwang nauunawaan na bahagi ng katawan ng tao. Sapagkat ito ay komplekado, si Satanas ang maraming mapanlinlang na paraan ng pagsalakay sa pag-iisip. Bagamat imposible na mailistang lahat, ang mga sumusunod ay ang buod ng mga pangunahing estratehiya ng pagsalakay na ginagamit ni Satanas sa labanan para sa pag-iisip:

### PAGALINLANGANAN ANG AWTORIDAD NG DIYOS:

Ang unang pagtukso sa tao ay sinimulan sa pag-iisip. Nagsimula ito sa ganitong estratehiya: Kinuwestyon ang awtoridad ng Diyos. Sinabi ni Satanas kay Eba, “Oh, sinabi ba talaga ng Diyos?...Sinabi ba talaga ng Diyos na hindi mo pwedeng kainin ang bunga ng puno ng pagkakilala ng mabuti at masama? Ang pagkwestyon sa Diyos at sa Kaniyang mga Salita ay patungo sa pagaalinlangan, at kawalan ng pananampalataya.

### PANLILINLANG AT PANGAAKIT:

Ang panlilinlang ay bahagi rin ng estratehiya ng kaaway. Nang harapin ni Satanas si Eba, siya ay nagpanggap bilang isang magandang ahas. Ginagamit ni Satanas ang kasinungalingan, mga kulto, at mga masasamang espiritu upang dayain ang milyong mga tao sa sanglibutan ngayon. Ang ilan sa mga panlilinlang na ginagamit ni Satanas ay kabilang ang:

- “Ikaw ay magiging parang diyos.”
- “Malalaman mo ang kinabukasan.”
- “Ang iyong kinabukasan ay natakda na, wala ka nang magagawa dito.”
- “Bawat isang tao ay anak ng Diyos.”
- “Hindi lamang si Jesus ang daan patungo sa langit.”
- “Napakabuti naman ng Diyos para ikaw ay ipadala sa impyerno.”
- “Ang inaasahan lamang ng Diyos sa iyo ay magpakabait ka at gawin mo ang iyong pinakamabuti.”
- “Hindi mo dapat paniwalaan ng literal ang Biblia.”

- “Maraming mali sa Biblia.”

Ang mga mapangakit na mga espiritu ni Satanas ay sumasalakay sa pag-iisip upang baluktutin ang katotohanan ng Salita ng Diyos:

> **Ngunit hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba’y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng demonio. (I Timoteo 4:1)**

Ginamit ni Satanas ang ganitong pagsalakay kay Jesus sa Lucas 4: 9-12. Sinikap niyang himukin si Jesus na tumalon mula sa isang mataas na lugar sa templo, yamang ipinangako naman ng Diyos na…

> **…Siya’y magbibilin sa Kaniyang mga anghel tungkol sa Iyo, upang Ikaw ay ingatan: At aalalayan Ka nila ng kanilang mga kamay… (Lucas 4:10-11)**

## ANG LAMAN:

Dati mo nang pinagaralan ang tungkol sa laman bilang isang espirituwal na pwersa ng kasamaan. Ginagamit ni Satanas ang laman upang lumaban sa pag-iisip:

> **Datapuwat nakikita ko ang ibang kautusan sa aking mga sangkap na nakikipagbaka laban sa kautusan ng aking pagiisip, at dinadala akong bihag sa ilalaim ng kautusan ng kasalanan na nasa aking mga sangkap. (Roma 7:23)**

Ginagamit ni Satanas ang iyong sariling bibig, ang iyong mga mata, tenga, at kahit ang iyong sentido ng pagkadama at pangamoy upang maghasik ng mga kasamaan sa iyong pag-iisip.

## BINUBULAG ANG ISIP NG MGA HINDI MANANAMPALATAYA:

Kumikilos si Satanas sa pag-iisip ng mga hindi mananampalataya upang bulagin sila sa katotohanan ng ebanghelyo:

> **Na binulag ng Diyos ng sanglibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila’y huwag sumilang ang kaliwanagan ng evangelio ng kaluwalhatian ni Cristo, na Siyang larawan ng Diyos. (II Corinto 4:4)**

## PANGLULUPAYPAY:

Ang panglulupaypay ay ang pagkalumbay, pagkasira ng loob, o kaya ay kawalang gana. Ang pakiramdam mo ay walang pagasa, at kapanglawan. Ang panglulupaypay ay maaaring matungo sa pagpapatiwakal dahil sa kawalan ng pagasa na nagbubunga naman ng di mapigil na pagdaramdam, kalungkutan, at pagtangis.

Minsan ginagamit ni Satanas ang mga pangyayari sa buhay na tutungo sa panglulupaypay. Halimbawa, ikaw ay nawalan, o natatakot kang mawalan, tinitimping galit, mababang pagtingin sa sarili, mga inaasahan na nabigo, at mga negatibong pananaw ay maaring gamitin upang magdulot ng pagkahapis. Sa Kawikaan 24:10 tayo ay binalaan tungkol sa "manglulupaypay sa panahon ng kasakunaan" ( pagkaligalig o nagpapahapis na mga pangyayari).

Minsan ang panglulupaypay ay dulot ng mga negatibong pananaw noong mga nakapalibot sa atin at sa pamamagitan nila si Satanas ay gumagawa. Sa Deuterenomio 1:28 inamin ng bayan ng Diyos, "pinapanglupaypay ng ating mga kapatid ang ating puso."

Nabasa natin sa Bilang 21:4 na ang bayan ng Diyos ay nanglupaypay. Si Haring David ay madalas nagpahayag ng panglulupaypay sa kaniyang mga Awit (tingnan ang Awit 69 bilang halimbawa). Si Apostol Pablo ay nagkaroon din ng mga panahon ng panglulupaypay:

> **Hindi namin ibig na kayo'y hindi makaalam, mga kapatid, ng tungkol sa mga kapighatian namin na nangyari sa Asia, na kami ay totoong nabigatan, ng higit sa aming kaya, ano pa't kami ay nawalan na ng pagasa sa buhay. ( II Corinto 1:8)**

Kung hindi mo mapagtatagumpayan ang panglulupaypay maaari din itong mauwi sa pagpapahirap ng mga espiritu ni Satanas. Ito ay mas malalalim na uri ng panglulupaypay na si Satanas ay unti-unting sumasakop sa iyong pag-iisip.

## PAGKASIRA NG LOOB:

Ang ibig sabihin ng pagkasira ng loob ay "nawalan ka ng tapang." Nais ni Satanas na sirain ang iyong loob sapagkat kung wala kang tapang, hindi ka magiging mabisa sa pakikibaka.

## PAG-URONG:

Ang isa pang paraan ni Satanas nang pagsalakay sa pag-iisip ay sa pamamagitan ng pagpapa-urong sa iyo. Ang layunin ng estratehiyang ito maibukod ka sa mga kasamahan mo sa katawan ni Cristo. Yamang ang mga mananampalataya ay kumikilos na magkakasama sa paglilingkod bilang isang katawan, pagka ikaw ay naibukod wala kang magagawa. Ang mga halimbawa ng mga lalake ng Diyos na sinalakay sa pag-iisip ni Satanas at pina-urong ay sina Elias (I Hari 19) at si Jonas (Jonas 4:5-11).

## HINDI WASTONG MGA MOTIBO:

Ang motibo ay siyang dahilan nang paggawa mo ng isang bagay. Ang motibo ay mahalaga sapagakat bagamat ang mga tao ay tumtingin sa panglabas na kaanyuan (kilos), ang Diyos ay tumitingin sa puso:

> **Ngunit sinabi ng Panginoon kay Samuel, Huwag mong tingnan ang kaniyang mukha, o ang taas ng kaniyang kataasan; sapagkat Aking itinakwil siya; sapagkat hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao; sapagkat ang tao ay tumitingin sa mukha, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso. (I Samuel 16:7)**

Si Jesus ay di nagpadala sa kanila sapagkat kilala Niya ang lahat ng tao.

> **Sapagkat hindi Niya kinakailangan na ang sinoman ay magpatotoo tungkol sa tao; sapagkat nalalaman nga Niya ang isinasaloob ng tao. (Juan 2: 25)**

Maraming mga tao ay pumapasok sa ministeryo sa maling mga dahilan. Higit na mahalaga sa Diyos ang motibo kaysa sa ministeryo. Dito dapat matuon ang iyong pagpapahalaga sapagkat kung ang motibo ay wasto, susunod ang maayos na ministeryo. Ang mga motibo mo sa ministeryo ay kailangang wasto:

> **Pangalagaan ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan, kundi may kasayahan, na ayon sa kalooban ng Diyos; ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pagiisip.**
>
> **Ni hindi din naman ang gaya ng kayo'y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo'y maging mga uliran ng kawan. (I Pedro 5:2-3)**

Dapat kang pumasok sa ministeryo na kusang loob, hindi dahil sa mga pakinabang na dulot ng katungkulan, hindi isang diktador, kundi isang halimbawa. Sisikapin ni Satanas na lumikha ng mga maling motibo sa paglilingkod ng isang Cristiano sa pamamagitan ng tusong paglalagay nito sa iyong isip. Inuudyukan ka rin ni Satanas na hangarin ang kapangyarihan ng Diyos na may maling motibo. Makikita mo ang halimbawa nito sa Gawa 8:18-23 sa kasaysayan ng isang lalaking nagngangalang Simon.

Maaari ka ring magkaroon ng mga mapaghiganting motibo. (Ang ibig sabihin nito ay nais mong gantihan ang sinoman na gumawa ng masama sa iyo o hindi mo lamang siya gusto). Ang mga halimbawa ng Biblia ay tulad ng mga alagad na nais magpadala ng apoy mula sa langit (Lucas 9:54) at si Jonas na nais mawasak ang Ninive (Jonas 4).

May maling motibo rin si David ng magpasenso siya ng mga tao:

> **Ibig guluhin ni Satanas ang Israel kaya inudyukan si David na magsenso.**
> **(I Cronica 21:1, MBB)**

**<u>MALING MGA SALOOBIN AT DAMDAMIN:</u>**

Si Satanas din ang naguudyok na magkaroon ng maling saloobin tungo sa ibang tao. Nagsisingit siya ng mga nagliliyab na mga palaso ng inggit, paninibugho, paghihinala, kawalan ng pagpapatawad, kawalan ng tiwala, galit, poot, hindi nagpaparaya, may pagkiling, pakikipagpaligsahan, kawalan ng pasensya, paghusga, pamimintas, pagiimbot, at pagkamakasarili.

Sinisikap din niyang magkaroon ka ng maling mga saloobin tulad ng kasakiman, kawalan ng kasiyahan, kapalaluan, pagkabanidosa, kayabangan, pagpapahalaga sa sarili, waring alam lahat,

at katuwirang pangsarili. Ang mga maling saloobin at damdamin ay nagmumula sa iyong pag-iisip.

Ang mga saloobin at damdaming ito ay ginagawa kang inutil sa pakikibakang espirituwal. Halimbawa, binanggit sa Santiago 4:6 na "Ang Diyos ay sumasalangsang sa mga palalo." Kung ikaw ay puno ng kapalaluan, ikaw ay nagagayakan ng paglaban sa Diyos.

**PAGHIHIMAGSIK:**

Si Satanas ay naglalagay din ng mga mapanghimagsik na mga isipan sa iyo. Ang paghihimagsik ay sadyang pagsuway sa awtoridad ng Diyos. Kabilang sa paghihimagsik ang pagigiit sa sariling nais, mapagmatigas, at pagsuway. Tandaan na ang paghihimagsik ang naging kasalanan ni Satanas sa simula. Ang kaniyang limang pananalita na "nais ko" ay nagpapakita ng kaniyang panghihimagsik (Isaias 14:12-14). Ang espiritu ng "nais ko" ay isang palatandaan ng pagkilos ni Satanas sa pamamagitan ng paghihimagsik.

**PAGBIBINTANG AT PAGHATOL:**

Si Satanas ay tinaguriang "tagapagsumbong sa mga kapatid" (Apocalipsis 12:10). Nagpapadala siya ng mga nagliliyab na palaso ng pagbibintang sa iyong pag-iisip, ipinadadama sa iyo na ikaw ay mas mababa kaysa iba, at hinahatulan ka. Bibigyan ka niya ng mga pagkadama ng pagkakasala, pagiging di karapat-dapat, at kahihiyan.

Isang magandang paraan upang malaman mo ang pagkakaiba sa pagitan ng sumbat ng Espiritu Santo at ang paghatol ni Satanas ay alalahanin mo na si Satanas ay laging hindi tiyak ang pagsumbat. Halimbawa, isisiksik niya sa pag-iisip mo ang: "Wala kang kwenta," "Hindi ka makapamumuhay bilang Cristiano," "Hindi ka maaaring ibigin ng Diyos sapagkat sobra ang pagka-makasalanan mo."

Pagka ang Espiritu Santo ang sumusumbat sa iyo, ito ay tukoy Niya. Ipinapapansin sa iyo na may problema ka sa pagkagalit o hindi ka tapat, at iba pa, kaya hahanapin mo ang kapatawaran ng Diyos.

**KALASWAAN:**

Si Satanas ay magsisingit din sa iyong pag-iisip ng kalaswaan, pita, at mga seksuwal na mga pantasya. Sinabi ni Jesus:

> **Datapuwat sinasabi ko sa inyo, na ang bawat tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso.**
> **(Mateo 5:28)**

**KALITUHAN:**

Si Satanas din ang lumilikha ng pagiging kabilanin, kalituhan, at pagkasiphayo sa iyong pag-iisip. Kung ikaw ay lito, hindi makapagpasiya, at siphayo, maliwanag na hindi ka magiging mabuting kawal na Cristiano.

**NAGPAPAHIRAP NA MGA ISIPAN:**

Maraming mga ibat-ibang nagpapahirap na kaisipan ang ipinadadala ni Satanas sa iyo kabilang ang pagaalaala, pagkabalisa, pangamba, at di ka mapakali. Ang pagpapahirap sa pag-iisip ay maaari ding dumating sa isang isip na "walang tigil nang kaiisip" o sa isang banda ay hindi na nag-iisip.

Kabilang din sa nagpapahirap na mga isipan ay ang takot. Binanggit ni Pablo ang "espiritu ng katakutan" sa II Timoteo 1:7 at ang "takot sa kamatayan" sa Hebreo 2:15. Kabilang din sa nagpapahirap na mga isipan ang mapapait na mga alaala ng mga pangyayari na dapat sana ay pinatawad at kinalimutan na.

**PAKIKIPAGKOMPROMISO:**

Ang pakikipagkompromiso ay ang pagaayos ng mga magkakasalungat na mga prinsipyo sa pamamagitan ng pagbibigay. Ang mga prinsipyo ng Diyos at ni Satanas ay magkasalungat. Sinisikap ni Satanas na pagbigyan mo siya at ibaba mo ang iyong pamantayang espirituwal. Halimbawa, sasabihin niya sa iyo na di naman kailangan ang maging banal, o sampalatayanan ang Biblia, at iba pa.

**MALING PAGTUTUON NG ISIP:**

Patuloy na sisikapin ni Satanas na ibaling mo ang iyong pansin  sa mga bagay ng sanglibutan sa halip na sa mga bagay na pangwalang hanggan:

> **Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan o ang mga bagay sa sanlibutan. Ang umiibig sa sanlibutan ay hindi umiibig sa Ama.  (I Juan 2:15, MBB)**

Ang mga intindihin ng sanglibutan ay pipigil sa Salita ng Diyos na magkabisa sa iyong buhay. (Tingnan ang talinhaga ng manghahasik sa Mateo 13, Marcos 4, at Lucas 8). Ang mga intindihin ng sanglibutan ay magpapalimot sa iyo na maikli na lamang ang panahon at babalik na si Jesus:

> **Datapuwat mangagingat kayo sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso sa…mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito, at dumating na bigla sa inyo ang araw na yaon na gaya ng silo.  (Lucas 21:34)**

Pupunuin ni Satanas ang iyong pag-iisip ng materyalismo sa halip na walang hanggang pagpapahalaga. Basahin ang talinhaga ng mayamang haling sa Lucas 12:16-21:

> **Sapagkat ang pagibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na sa pagnanasa ng iba ay nangasinsay sa pananampalataya, at tinuhog ang kanilang sarili ng maraming mga kalumbayan.  (I Timoteo 6:10)**

Nagbabala si Pablo na maraming mga tao ang "nagiisip ng mga bagay na ukol sa lupa" (Filipos 3:18-19).

**KALAGAYAN NG KAISIPAN:**

Kung pahihintulutan mo na igiit ni Satanas ang mga kaisipan ng panglulupaypay, pagpapatiwakal, pagpapahirap, pagbibintang, at iba pa., ito ay mauuwi sa sakit sa pag-iisip. Maaaring kabilang din ang pagiging nerbiyoso at pagkasira ng isipa't ilan pang mga kilalang sakit ng pag-iisip. Maaari ding sapian mismo ang mga pag-iisip ng mga hindi mananampalataya at yung mga nagbalik sa kasalanan, yaong mga dati ay kumilala sa Diyos, at pagkatapos ay tumalikod sa Kaniya. (Pagaaralan mo pang tungkol dito sa Ika-Dalawamputisang Kabanata.)

**MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: PAGTATAGUMPAY SA ISIP**

Pagkadaming mga sandata ang ipinukol ni Satanas sa pag-iisip! Kung hahayaan, ang mga kaisipang ito ay mauuwi sa pagkakasala. Halimbawa, ang pagkapoot ay maaaring mauwi sa pagpatay. Ang malalaswang kaisipan ay maaaring mauwi naman sa pangangalunya. Ang diborsyo ay nagsisimula sa pag-iisip. Ang pag-iimbot ay maaaring mauwi sa pagnanakaw.

Walang pagaalinlangan…ang pinakamatinding larangan ng labanan ay sa pag-iisip. Subalit, huwag kang matakot! Binigyan tayo ng Diyos ng mga malalakas na kontra estratehiya upang madaig ang mga pagsalakay ni Satanas sa pag-iisip.

**HAYAANG ANG ESPIRITU SANTO ANG SUMALIKSIK NG IYONG ISIP:**

Una, hilingin mo sa Diyos na saliksikin ang iyong pag-iisip at ihayag sa iyo ang anomang maling saloobin, mga motibo, at kaisipan na naisingit ng kaaway:

> **Siyasatin mo ako, Oh Diyos, at alamin mo ang aking puso; Subukin mo ako at alamin Mo ang aking mga pagiisip:**
>
> **At tingnan Mo kung may anomang lakad ng kasamaan sa akin, At patnubayan mo ako sa daang walang hanggan. (Awit 139:23-24)**

Habang ang Espiritu Santo ay naghahayag ng mga bagay sa iyo, sundin mo ang kapahayagan. Humingi ka ng kapatawaran para sa mga maling kaisipan at gamitin mo ang Salita ng Diyos upang lumikha ng mga bagong kaayusan ng pag-iisip.

**GAMITIN MO ANG IYONG BALUTING ESPIRITUWAL:**

Dalawang bahagi ng baluting espirituwal ang nagtatanggol sa iyo mula sa mga pagsalakay sa pag-iisip. Ang mga ito ay nalista sa Efeso 6:16-17. Ang isang bahagi ng baluti ay ang helmet na siyang pagasa ng kaligtasan. Ang helmet ay sa ulo isinusuot na ang ibig sabihin ay proteksyon sa pag-iisip.

Si Pablo ay di lamang nangungusap ng iyong kasalukuyang kaligtasan kay JesuCristo na lumilinis sa iyong pag-iisip, kundi gayon din ang kaligtasan sa hinaharap:

> **... sapagkat ngayon ay lalong malapit na sa atin ang kaligtasan kay sa nang tayo'y magsisampalataya nang una. (Roma 13:11)**

Kabilang sa kaligtasan ang pagasa sa hinaharap. Ang mananampalataya na may nakasuot na "helmet ng kaligtasan" ay nauunawaan na ang Diyos ay gumagawa sa ikatutupad ng Kaniyang walang hanggang layunin ng kaligtasan at hindi Siya naliligalig sa mga pagsalakay ng kaaway. May pagasa siya hindi lamang ngayon, kundi sa hinaharap.

Ang isa pang bahagi ng baluti para sa proteksyon sa pag-iisip ay ang kalasag ng pananampalataya. Tulad ng iyong natutuhan nang pagaralan mo ang tungkol sa mga sandata, ang isang kalasag ay isang piraso ng makapal na materyales na hawak ng isang kawal sa harapan niya upang hindi siya tamaan ng mga palaso. Ang mga palaso ay tumatama sa kalasag at tumatalbog at bumabagsak sa lupa. Ang kalasag para sa isang kawal Cristiano ay ang "kalasag ng pananampalataya." Ang salitang "pananampalataya" ay tumutukoy di lamang sa mga katotohanan ng ebanghelyong Cristiano kundi sa iyong pagtitiwala sa Diyos.

**<u>GAMITIN ANG SALITA NG DIYOS:</u>**

Isa pang bahagi ng baluting espirituwal ay ang bigkis ng katotohanan (Efeso 6:14). Ang katotohanan ng Salita ng Diyos ang tatalo sa anomang maling pagbibintang na dadalhin ng kaaway sa iyong pag-iisip. Sa pagtukso kay Jesus, sa maling gamit ni Satanas ng Salita ng Diyos, kaagad sinagot ni Jesus ang pagsalakay sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Kung lalapit si Satanas na may pagbibintang ng pagkakasala, gamitin ang Kasulatang ito:

> **Ngayon nga'y wala nang anomang hatol sa mga na kay Cristo Jesus. (Roma 8:1)**

Kung si Satanas ay lumalapit na may dalang nagpapahirap na mga damdamin tulad ng takot, gamitin ang Kasulatang ito:

> **Walang takot sa pagibig: kundi ang sakdal na pagibig ay nagpapalayas ng takot, sapagkat ang takot ay may kaparusahan; at ang natatakot ay hindi pa pinsasakdal sa pagibig. (I Juan 4:18)**
>
> **Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan. (II Timoteo 1:7)**

Kung nais kang panglupaypayin ni Satanas, gamitin mo ang talatang ito:

> **Hindi ba kita inutusan? Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang matakot, ni manglupaypay: sapagkat ang Panginoon mong Diyos ay sumasa iyo saan ka man pumaroon. (Josue 1:9)**

Kung si Satanas ay magdala ng maling bintang sa iyong pag-iisip, tandaan mo…

**Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. (I Juan1:9)**

…at gamitin ang lahat ng iba pang mga talata tungkol sa pag-iisip sa araling ito upang labanan ang mga pagsalakay ni Satanas sa iyong pag-iisip.

**ANGKININ ANG ISANG MATINONG PAGIISIP:**

Angkinin mo ang matinong pag-iisip bilang kalooban ng Diyos para sa iyo. Upang maiwaksi ang mga nagpapahirap na mga kaisipan, angkinin mo ang kapayapaan na talaga namang para sa iyo:

**Ang kapayapaan ay iniiwan Ko sa inyo; ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo; hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay Ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man. (Juan 14:27)**

**At ang kapayapaan ng Diyos, na di masayod ng pagiisip, ay magiingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pagiisip kay Cristo Jesus. (Filipos 4:7)**

Ito ang mga halimbawa kung paano ka makapagiipon ng buong "bodega" ng mga Kasulatang angkop sa mga ibat-ibang pagsalakay ni Satanas sa pag-iisip. Sa pagaaral mo ng Salita ng Diyos, patuloy mong tukuyin ang mga tiyak na mga talata upang ipagtanggol ang iyong pag-iisip laban sa paglusob ng kaaway.

**HAYAANG ANG ISIPAN NI CRISTO AY SUMA IYO:**

Isinulat ni Pablo na may pagkasi ng Espiritu Santo:

**Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman. (Filipos 2:5)**

Ang kahulugan ng salitang "hayaan" ay pahintulutan o yakapin. Kailangan mong pahintulutan na ang iyong pagiisip ay matulad sa pag-iisip na nasa kay Jesus. Ano ba ang katulad ng pag-iisip ni Jesus? Isang proyekto ito na pagaaralan na kabilang sa mga "Taktika ng Pagmamaniobra" sa hulihan ng kabanatang ito. Maaaring matupad ito, sapagkat isinulat ni Pablo…

**...Datapuwat nasa atin ang pagiisip ni Cristo. (I Corinto 2:16)**

**BIGKISAN ANG MGA BAYWANG NG IYONG PAGIISIP:**

**Kaya't inyong bigkisin ang mga baywang ng inyong pagiisip… (I Pedro 1:13)**

Sa natural na katawan ang balakang ay nasa bandang gitnang bahagi ng katawan sa ibaba ng baywang. Ang balakang ang pinakamalakas na bahagi ng katawan. Sinabi ni Pedro na dapat

mong ihanda ang iyong pag-iisip upang ito ay maging malakas. Muli, ito ay isang bagay na iyong gagawain.

**BIHAGIN ANG MALING MGA ISIPAN:**

Sinabihan tayo na ating "bihagin ang lahat ng pag-iisip sa pagtalima kay Cristo" (II Corinto 10:5). Kung ang mga kaisipan ay hindi kaaway, di na kailangang bihagin pa ang mga ito. Isipin kung paano binibihag ng isang kawal ang kaaway sa natural na larangan. Iangkop mo ang mga isipang ito sa iyong "pagbihag" sa bawat kaisipan.

**IWAKSI ANG MGA MALING ISIPAN:**

Isa sa mga kontra estratehiya na pangsanggalang upang ipagtanggol ang pag-iisip ay ang pagwawaksi. Ang pagwawaksi ay paghahagis ng malakas ng isang bagay. Sinabi ni Pablo:

> **Sapagkat bagaman kami ay nagsisilakad sa laman, ay hindi kami nangakikipagbakang ayon sa laman.**
>
> **Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Diyos ay may kapangyarihang gumiba ng mga kuta.**
>
> **Na siyang gumigiba ng mga maling haka, at ng bawat bagay na matayog na nagmamataas laban sa karunungan ng Diyos, at bumibihag sa lahat ng pagiisip sa pagtalima kay Cristo. (II Corinto 10:3-5)**

Kailangan mong iwaksi ang mga masasamang haka na inilalagay ni Satanas sa iyong pag-iisip. Kailangan mong iwaksi ang mga kaisipan na nagaangat sa sarili laban sa Diyos. Kailangan mong bihagin ang bawat kaisipan upang tumalima sa Panginoon.

Maaari kang "magwaksi" kung kusa mong pipigilan ang iyong pag-iisip at tatanggi na magbabad sa mga kaisipang isinisingit ni Satanas. Pansinin na IKAW ang magwawaksi…hindi ito gagawin ng Diyos para sa iyo.

**PAKAISIPIN ANG MGA BAGAY NA ITO:**

Ang isang paraan upang "bigkisan" ang iyong pag-iisip ay ang mag-isip ng mga wastong mga paksa. Sinabi ni Pablo:

> **Katapustapusan, mga kapatid, anomang bagay na katotohanan, ano mang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito. (Filipos 4:8)**

**PAGBABAGO NG IYONG PAGIISIP:**

> **At kayo'y mangagbago sa espiritu ng inyong pagiisip. (Efeso 4:23)**

> **At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip… (Roma 12:2)**

Ang iyong pag-iisip ay mababago sa pamamagitan ng pananalangin at pagbubulay-bulay sa Salita ng Diyos.

**PATIBAYIN ANG IYONG SARILI SA PANGINOON:**

Pinatibay ni David ang kaniyang loob sa Panginoon:

> **At nagdalamhating totoo si David…ngunit si David ay nagpakatibay sa Panginoon niyang Diyos. (I Samuel 30:6)**

Muli, IKAW ang gagawa nito. Kailangan mong patibayin ang iyong sarili sa Panginoon. Huwag mong hintayin na gawin ito ng iba para sa iyo. Ikaw mismo ang gumawa sa tulong ng Diyos!

**KILALANIN ANG PINAGMUMULAN NG KALITUHAN:**

Kilalanin mo na hindi sa Diyos galing ang kalituhan:

> **Sapagkat ang Diyos ay hindi Diyos ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan…**
> **(I Corinto 14:33)**

Yamang ang kalituhan ay di sa Diyos nagmula, huwag mong tanggapin ang espiritu ng kalituhan sa iyong pag-iisip.

**PAMAHALAAN ANG PASUKAN:**

Sa Lumang Tipan ang mga lungsod ay napapalibutan ng mga pader bilang pagsanggalang laban sa mga pwersa ng kaaway. Ang mga pader na ito ay may pasukan o tarangkahan na doon ay may mga bantay. Ang sinomang may hawak ng pasukan ang maghahawak sa buong lungsod.

May pagkakatulad ang mga kalagayan patungkol sa pagkontrol sa pag-iisip. Ang mga "pasukan" tungo sa kalob-looban ng iyong pagkatao ay ang limang mga sentido. Mahalaga na huwag mong pahintulutan na makapasok ang anomang bagay na may kakayahang sumira mula sa loob. Ang ibig sabihin nito ay sapat mong makontrol ang iyong makalaman na likas.

Iwasan mo ang mga bagay na magbubukas ng mga pasukan ng iyong pag-iisip. Kabilang dito ang mga ipnagbabawal na gamot at alak na nagbabawas sa iyong kakayahang mag-isip at tumugon. Ang mga malalaswang babasahin ay nagdudulot ng mga kaugnayang makasalanan at mga krimen tungkol sa sex. Ang ilang uri ng musika, pangkukulam, mga gawain ng mga kulto, at ang pagkontrol sa iyong pag-iisip ay nagbubukas ng mga "pasukan" sa iyong pag-iisip.

Iwaksi mo ang lahat ng mga gawa ng laman at bayaan mo na hubugin ng Diyos sa iyo ang bunga ng Espiritu Santo (tingnan ang Galacia 5:19-26) HUWAG KANG SUSUKO sa mga pagsalakay sa pag-iisip ng kaaway. Kung sumuko ka, babayaan ka ng Diyos. Tingnan ang Roma 1…Minsan

binabayaan ng Diyos ang tao na pinabayaan ang sarili na mahilig sa masama. Hilingin mo kay Jesus na tulungan ka. Alalahanin mo na ang isa sa mga hula ng Lumang Tipan tungkol kay Jesus ay binanggit na “si Jesus ang magbabantay sa mga pintuan ng Kaniyang mga kaaway.” Bayaan mong si Jesus ang humawak ng mga pasukang espirituwal ng iyong buhay.

## PANATILIHIN ANG IYONG ISIP SA DIYOS:

Panatilihin mo ang iyong pag-iisip ay nakatuon sa Diyos:

> **Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pagiisip ay sumasa Iyo; sapagkat siya’y tumitiwala sa Iyo. (Isaias 26:3)**

Ito ay isang dakilang pangako! Kung pananatilihin mo ang iyong pag-iisip na naka-sentro sa Diyos, magkakaroon ka ng kapayapaan sa kabila ng pagsalakay ng kaaway.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

2. Saan ang pangunahing larangan ng labanan sa pakikibakang espirituwal?

3. Ano ang ibig sabihin ng mga "nagliliyab na mga palaso" ni Satanas?

4. Ibigay ang buod na mga estratehiya na ginagamit ni Satanas upang labanan ang pag-iisip.

5. Ibigay ang buod ng mga espirituwal na kontra estratehiya na inilahad sa kabanatang ito na siyang dadaig sa mga pagsalakay sa pag-iisip ni Satanas.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

# MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Sa labanan para sa pag-iisip, sinisikap ni Satanas na magdulot ng:

| | |
|---|---|
| - Isang maka-mundong pag-iisip: | Roma 8:6-7 |
| - Isang pag-iisip na malayo sa Diyos dahil sa masamang mga gawa: | Colosas 1:21 |
| - Isang maruming pag-iisip: | Tito 1:15 |
| - Isang maka-laman na pag-iisip: | Efeso 2:3 |
| - Isang nagmamatigas na pag-iisip: | Daniel 5:20 |
| - Isang nagaalinlangang pag-iisip: | Lucas 12:29 |
| - Isang walang saysay na pag-iisip: | Efeso 4:17 |
| - Isang nabubulagang pag-iisip: | II Corinto 3:14 |
| - Isang manhid na pag-iisip at budhi: | Tito 1:15 |
| - Isang namumuhing pag-iisip: | Ezekiel 36:5 |
| - Isang masamang pag-iisip: | Gawa 14:2 |
| - Isang hindi sumasampalatayang pag-iisip: | II Corinto 4:4 |
| - Isang malabong pag-iisip: | Hebreo 12:3 |
| - Isang likong pag-iisip: | II Timoteo 3:8 |
| - Nagdadalawang pag-iisip: | Santiago 1:8; 4:8 |
| - Isang likong pag-iisip: | I Timoteo 6:5; II Timoteo 3:8; II Corinto 11:3 |

2. Mga tiyak at magagandang katangian ng pag-iisip na kailangan mong palaguin:

| | |
|---|---|
| - Isang nakahandang pag-iisip: | II Corinto 8:19; I Pedro 5:2; Gawa 17:11 |
| - Isang dalisay na pag-iisip: | II Pedro 3:1 |
| - Isang sumasa Diyos na pag-iisip: | Isaias 26:3 |
| - Isang binagong pag-iisip: | Efeso 4:23; Roma 12:2 |
| - Isang mapagpakumbabang pag-iisip: | Colosas 3:12; Gawa 20:19 |
| - Isang mahinahon na pag-iisip: | Tito 2:6 |

- Isang matinong pag-iisip: II Timoteo 1:7
- Isang pag-iisip na umiibig: Mateo 22:37
- Isang pag-iisip na naglilingkod: Roma 7:25
- Isang lubos na hikayat na pag-iisip: Roma 14:5
- Isang maalab na pag-iisip: II Corinto 7:7
- Isang nakalaan na pag-iisip: II Corinto 8:12

3. Dahil sa patuloy na pagkakasala, ang mga tao ay mauuwi sa likong pagiisip. Tingnan ang Roma 1:28-32. Ang isang likong pag-iisip ang pinaka-masamang uri ng pag-iisip.

4. Tulad ng natutuhan mo sa kabanatang ito, isa sa mga estratehiya para sa tagumpay sa pag-iisip ay hayaan ang pag-iisip nasa kay Jesus ay suma iyo rin. Pagaralan mo pa ang Bagong Tipan upang matuklasan mo kung ano ang pag-iisip ni Jesus. Ano bang saloobin ang mga nasinag sa Kaniyang mga gawa? Paanong ang Kaniyang ministeryo ay naghayag ng Kaniyang mga kaisipan? Paano nasinag sa Kaniyang mga Salita ang Kaniyang mga kaisipan?

5. Alam ni Jesus kahit yaong iniisip mo pa lang: Tingnan ang Lucas 5:22; 6:8; 11:17.

6. Pagtularin ang II Samuel 13:28 at ang Josue 1:9. Pansinin na ang bahagi sa Samuel ay tulad din sa Josue kung saan ang Diyos ay nangusap, subalit ang bahagi sa Samuel ay hindi wasto ang pagkakagamit. Si Absalom ang nagsalita nito sa mga pumatay sa kaniyang kapatid na si Amnon. Ang Diablo rin ay inuulit ang ilang mga dakilang mga salita ng Biblia sa kaniyang mali at lihis na paggamit ng Kasulatan. Mas mapanganib si Satanas pagka gumagamit siya ng Biblia. Ito ang pangunahing estratehiya na kaniyang ginagamit upang salakayin ang pag-iisip.

# IKA-LABINGANIM NA KABANATA

## ANG LABANAN SA DILA

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Tukuyin ang dila bilang mahalagang larangan ng labanan sa pakikibakang espirituwal.
- Magbigay ng buod ng mga estratehiya na ginagamit ni Satanas upang kontrolin ang dila.
- Magbigay ng buod ng mga espirituwal na mga kontra estratehiya upang mapagtagumpayan ang dila.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Datapuwat ang dila ay hindi napaaamo ng sinomang tao; isang masamang hindi nagpapahinga, na puno ng lasong nakamamatay. (Santiago 3:8)**

### PAMBUNGAD

Sa nakaraang kabanata, pinagaralan mo ang tungkol sa isa sa mga pangunahing larangan ng labanan sa pakikibakang espirituwal: ang pag-iisip. Kung ano ang nangyayari sa pag-iisip ay may bisa sa dila at ito ay may epekto naman sa espiritu, kaluluwa, puso, at katawan. Ang kabanatang ito ay tungkol sa isa pang pangunahing larangan ng pakikibakang espirituwal, ang labanan sa dila.

### ANG SINASABI NG BIBLIA TUNGKOL SA DILA

Bago mo suriin ang mga estratehiya ni Satanas sa pagkontrol ng dila, basahin mo ang sinasabi ng Biblia tungkol sa dila sa Santiago 3:1-13. Ang mga talatang ito ay naghahayag na bagamat ang dila ay isang maliit na bahagi lamang ng katawan, ito ay makapangyarihan. Sa pamamagitan ng dila ang buong katawan ay maaaring marumihan. Ang dila ay hindi masusupil ng tao. Kung

isusuko mo lamang ang iyong dila sa Panginoon, saka lamang ito mako-kontrol. Gayon man, di pa rin masusupil. Hindi mo maaring bale walain ang pagbabantay sa iyong dila sa pagaakala mong ito ay nadaig mo na.

Sa Biblia, ang dila ay itinulad sa:

| | |
|---|---|
| Isang apoy: | Santiago 3:5 |
| Isang sumilakbong apoy: | Kawikaan 16:27 |
| Isang sanglibutan ng kasamaan: | Santiago 3:6 |
| Isang hayop na kailangang paamuin: | Santiago 3:7-8 |
| Isang bukal na pinagmumulan ng matamis at mapait na tubig: | Santiago 3:11 |
| Isang puno na namumunga ng mabuti at masamang bunga: | Santiago 3:12 |
| Isang walang tigil na masama: | Santiago 3:8 |
| Isang makamandag  na nakamamatay: | Santiago 3:8 |
| Isang matalas na pangahit: | Awit 52:2 |
| Isang matalas na tabak: | Awit 57:4; 59:7 |
| Isang makamandag na ahas: | Awit 140:3 |
| Isang malalim na hukay: | Kawikaan 22:14 |

Sinasabi ng Biblia na makapangyarihan ang dila dahil sa epekto nito sa iba. Ang totoo, maaring magdala ng buhay o kamatayan ang dila:

> **Kamatayan at buhay ay nasa kapangyarihan ng dila… (Kawikaan 18:21)**

Ang dila ay makapangyarihan dahil sa epketo nito sa iyo mismo. Maari kang mabitag ng iyong sariling mga pananalita:

> **Ikaw ay nasilo ng mga salita ng iyong bibig, Ikaw ay nahuli ng mga salita ng iyong bibig.  (Kawikaan 6:2)**

Ang dila ay makapangyarihan sapagkat maari ka nito ihiwalay mula sa Diyos:

> **Na nagsipagsabi, Sa pamamagitan ng aming dila ay magsisipanaig kami; Ang aming mga labi ay aming sarili: sino ang Panginoon sa amin?  (Awit 12:4)**

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS: LABANAN PARA SA DILA

Malapit ang kaugnayan ng iyong dila sa iyong puso, kaluluwa, at espiritu. Halimbawa, kung hawak ni Satanas ang iyong puso, hawak din niya ang iyong dila:

> **Datapuwat ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay sa puso nanggagaling; at siyang nangakakahawa sa tao.**

**Sapagkat sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi sa di makatotohanan, mga pamumusong:**

**Ito ang mga bagay na nangakakahawa sa tao… (Mateo 15:18-20)**

**Ang mabuting tao ay kumukuha ng kagalingan sa mabubuting kayamanan ng kaniyang puso; at ang masamang tao ay kumukuha ng kasamaan sa masamang kayamanan: sapagkat sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang kaniyang bibig (Lucas 6:45)**

Ginagamit ni Satanas ang iyong mga sinasabi upang makaroon ng puwang sa iyong espiritu:

**Ang dilang magaling ay punong kahoy ng buhay: ngunit ang kalikuan niyaon ay kasiraan ng diwa. (Kawikaan 15:4)**

Sa pamamagitan ng masasamang mga pananalita lumilikha ka ng butas na maaaring pasukan ni Satanas upang labanan ang iyong espiritu. Ginagamit ni Satanas ang iyong mga labi upang hawakan ang iyong kaluluwa:

**Ang bibig ng mangmang ay kaniyang kapahamakan, At ang kaniyang mga labi ay silo ng kaniyang kaluluwa. (Kawikaan 18:7)**

**Sinomang nagiingat ng kaniyang bibig at kaniyang dila, Nagiingat ng kaniyang kaluluwa mula sa kabagabagan. (Kawikaan 21:23)**

Sa pamamagitan ng dila, naa-apektohan ni Satanas ang iyong buong katawan:

**At ang dila'y isang apoy: ang sanglibutan ng kasamaan sa ating mga sangkap ay dili iba't ang dila, na nakakahawa sa buong katawan, at pinagningas ang gulong ng katalagahan, at ang dila'y pinagniningas ng impiyerno. (Santiago 3:6)**

May epekto ang iyong dila sa iyong buong katawan:

**Siyang nagiingat ng kaniyang bibig, nagiingat ng kaniyang buhay.**
**(Kawikaan 13:3)**

Hinahangad ni Satanas na kontrolin ang iyong dila sa pamamagitan ng pagtukso sa iyo na gumamit ng mga:

**<u>MAPAGIMBOT NA MGA SALITA:</u>**

**Mangilag kayo sa pagibig sa salapi: mangagkasya kayo sa inyong tinatangkilik: sapagkat siya rin ang nagsabi, Sa anomang paraan ay hindi kita papagkukulangin, sa anomang paraan ni hindi kita pababayaan. (Hebreo 13:5)**

**<u>MGA WALANG KABULUHANG MGA SALITA:</u>**

**At sinasabi ko sa inyo, na ang bawat salitang walang kabuluhang sinabi ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom. (Mateo 12:36)**

**<u>MGA MANGMANG NA MGA SALITA:</u>**

**Ang puso niyaong naguunawa ay humahanap ng kaalaman: ngunit ang bibig ng mga mangmang ay kumakain ng kamangmangan. (Kawikaan 15:14)**

**<u>WALANG PAKINABANG NA MGA SALITA:</u>**

**Ipaalaala mo sa kanila ang mga bagay na ito, na sila'y pagbilinan sa paningin ng Panginoon, na sila'y huwag makipagtalo tungkol sa mga salitaan na hindi mapapakinabangan, sa ikapapahamak ng mga nakikinig. (II Timoteo 2:14)**

**<u>MGA KATHANG ISIP AT MGA UTOS NG TAO:</u>**

**Na huwag makinig sa mga katha ng mga Judio, at sa mga utos ng mga tao na nangagsisisinsay sa katotohanan. (Tito 1:14)**

**<u>MGA MASAMANG MGA BAGAY NA DI MO ALAM:</u>**

**Datapuwat ang mga ito'y nangalipusta sa anomang bagay na hindi nila nalalaman… (Judas 10)**

**Datapuwat ang mga ito, na gaya ng mga kinapal na walang bait, na ipinanganak na talagang mga hayop upang hulihin at lipulin, na nagsisialipusta sa mga bagay na hindi nila nalalaman ay walang pagsalang lilipulin sa kanila ring pagkalipol. (II Pedro 2:12)**

**<u>MGA SALITANG PAIMBABAW:</u>**

**Sapagkat hindi kami nasusumpungang nagsisigamit kailan man ng mga salitang paimbabaw, gaya ng nalalaman ninyo, ni ng balabal man ng kasakiman, saksi ang Diyos. (I Tesalonica 2:5)**

**<u>MGA MAPANGHALINANG MGA SALITA:</u>**

**Ito'y sinasabi ko, upang huwag kayong madaya ng sinoman sa mga pananalitang kaakitakit. (Colosas 2:4)**

**<u>MAPAGHANAP, MAREKLAMO AT MAYABANG NA MGA SALITA:</u>**

**Ang mga ito'y mapagbulong, mga madaingin, na nangagsisilakad ayon sa kanilang masasamang pita (at ang kanilang bibig ay nagsasalita ng mga kapalaluan), nangagpapakita ng galang sa mga tao dahil sa pakikinabangin. (Judas 16)**

**Sapagkat, sa pananalita ng kapalaluan na walang kabuluhan, ay umaakit sila sa masasamang pita ng laman, sa pamamagitan ng kalibugan, doon sa nagsisitakas sa namumuhay sa kamalian. (II Pedro 2:18)**

**WALANG SAYSAY NA MGA SALITA:**

**Sila'y nangagsasalitaan bawat isa ng kabulaanan, sa kanikanilang kapwa… (Awit 12:2)**

**MAPAGPALALONG MGA SALITA:**

**…Sila'y nangagsasalita ng kanilang bibig na may kapalaluan. (Awit 17:10)**

**MAYAYABANG NA MGA SALITA:**

**Sila'y dumadaldal, sila'y nagsasalita na may kapalaluan: lahat na manggagawa ng kasamaan ay nagagmamalaki. (Awit 94:4)**

**MGA SALITA NG PAGGAMIT SA PANGALAN NG DIYOS NANG WALANG KABULUHAN:**

**Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan; sapagkat hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng Kaniyang pangalan sa walang kabuluhan. (Exodo 20:7)**

**PAGMUMURA AT MAPAPAIT NA MGA SALITA:**

**Ang kanilang bibig ay puno ng panunumpa at ng kapaitan. (Roma 3:14)**

**KASINUNGALINGAN:**

**Ang masama ay naliligaw mula sa bahay-bata: Sila'y naliligaw pagkapanganak sa kanila, na nagsasalita ng mga kasinungalingan. (Awit 58:3)**

**Matahimik nawa ang mga sinungaling na labi; na nangagsasalita laban sa matuwid ng kalasuwaan, ng kapalaluan at paghamak. (Awit 31:18)**

**MAPANIRANG PURI NA MGA SALITA:**

**Ikaw ay nauupo, at nagsasalita laban sa iyong kapatid; Iyong dinudusta ang anak ng iyong sariling ina. (Awit 50:20)**

**MALISYOSONG MGA SALITA LABAN SA IBA:**

**Kaya't kung pumariyan ako, ay ipaaalala ko ang mga gawang kaniyang ginawa, na nagsasalita ng masasamang salita laban sa amin… (III Juan 10)**

**MGA BULONG-BULUNGAN (TSISMIS):**

**Ang magdarayang tao ay nagkakalat ng pagtatalo: at ang mapaghatid-dumapit ay naghihiwalay ng magkakaibigang matalik. (Kawikaan 16: 28)**

**MAPAGTAHING MGA SALITA:**

**Siyang yumayaong mapaghatid dumapit ay naghahayag ng mga lihim: ngunit ang may diwang tapat ay nagtatakip ng bagay. (Kawikaan 11:13)**

**NAGHAHATING MGA SALITA:**

Pagkakahati ang bunga ng mga salitang ito:

**Huwag mong sagutin ang mangmang ng ayon sa kaniyang kamangmangan. Baka ikaw man ay maging gaya rin niya. ( Kawikaan 26: 4)**

**MGA SALITANG NAGDUDULOT NG PAGTATALO:**

**Ang mga labi ng mangmang ay nanasok sa pagkakaalit, At tinatawag ng kaniyang bibig ang mga hampas. (Kawikaan 18:6)**

**MAPANGAWAY NA MGA SALITA:**

**Sa lihim ng iyong harapan ay iyong ikukubli sila sa mga banta ng mga tao: Iyong iingatan silang lihim sa kulandong mula sa mga talas ng mga dila. (Awit 31:20)**

**MGA SALITA NG PAGTATALO:**

**…at ang naghahasik ng pagtatalo sa gitna ng magkakapatid. (Kawikaan 6:19)**

**SUMSIRANG MGA SALITA:**

**Iniibig mo ang lahat na mananakmal na salita, O ikaw na magdarayang dila.**

**(Awit 52:4)**

**MGA SUWAIL NA MGA SALITA:**

**Ihiwalay mo sa iyo ang masamang bibig, At ang mga suwail na labi ilayo mo sa iyo. (Kawikaan 4:24)**

**MASASAMA AT MAPANGDAYANG MGA SALITA:**

**Iyong ibinubuka ang iyong bibig sa kasamaan, At ang iyong dila ay kumakatha ng karayaan. (Awit 50:19)**

**Ang mapagsalita ng masama ay hindi matatatag sa lupa… (Awit 140:11)**

**MAHAHALAY NA MGA SALITA:**

**Sila namang nangaguusig ng aking buhay ay nangaglalagay ng mga silo na ukol sa akin; At silang nagsisihanap ng aking ikapapahamak ay nangagsasalita ng mga masasamang bagay, at nangagiisip ng pandaraya buong araw. (Awit 38:12)**

**MARURUMING MGA SALITA:**

**Ngayon ay inyo namang layuan ang lahat ng mga ito: galit, kapootan, paghihinala, panunungayaw, mga salitang kahalay-halay na mula sa inyong bibig.**
**(Colosas 3:8)**

## MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: TAGUMPAY LABAN SA DILA

Nang mapagtanto ni David ang matinding labanan sa dila, siya'y nanaghoy:

**Anong maibibigay sa iyo at anong magagawa pa sa iyo, ikaw na magdarayang dila? (Awit 120:3)**

Ang tanging paraan upang magtagumpay sa labanan sa dila ay sa pamamagitan ng paggamit ng espirituwal na kontra estratehiya na ibinigay sa Salita ng Diyos.

**ITUWID ANG PUSO SA DIYOS:**

Ang unang hakbang sa pagkamit ng tagumpay ng labanan sa dila ay ituwid mo ang iyong puso sa Diyos:

**Datapuwat ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay sa puso nanggagaling; at siyang nangakakahawa sa tao.**

> **Sapagkat sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi sa di makatotohanan, mga pamumusong:**
>
> **Ito ang mga bagay na nangakakahawa sa tao… (Mateo 15:18-20**

Sasalitain ng iyong bibig ang nasa iyong puso. Kung hindi wasto ang iyong puso, ihahayag ito ng dila. Gamitin mo ang iyong dila sa pagtutuwid ng iyong puso sa Diyos:

> **Sapagkat kung ipahahayag mo ng iyong bibig sa Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay Siyang maguli ng Diyos sa mga patay ay maliligtas ka.**
> **Sapagkat ang tao'y nanampalataya ng puso sa ikatutuwid; at ginagawa sa pamamagitan ng bibig ang pagpapahayag sa ikaliligtas. (Roma 10:9-10)**

**<u>KILALANIN ANG IYONG PANANAGUTAN:</u>**

Kilalanin mo na mananagot ka sa mga salitang lalabas sa iyong bibig:

> **At sinasabi Ko sa inyo, na ang bawat salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom.**
>
> **Sapagkat sa iyong mga salita ikaw ay magiging banal, at sa iyong mga salita ay hahatulan ka. (Mateo 12:36-37)**
>
> **Sinabi niya sa kaniya, Sa sariling bibig mo kita hinahatulan ikaw na masamang alipin… (Lucas 19:22)**

**<u>ALAMIN NA ANG IYONG MAG SALITA AY SALAMIN NG EBANGHELYO:</u>**

Hanggat inaakala mo na ang iyong dila ay hindi mahalaga, hindi mo ito mahahawakan. Dapat mong kilalanin na ang iyong pananalita at pamumuhay ay salamin ng ebanghelyo ni Jesus:

> **Ang inyo lamang pamumuhay ay maging karapatdapat sa Evangelio ni Cristo… (Filipos 1:27)**

Dahil dito, kailangan mong magkaroon ng isang mabuting halimbawa sa pamamagitan ng iyong pananalita at pamumuhay:

> **Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisamplataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan. (I Timoteo 4:12)**

Kung ano ang lumabas sa iyong bibig ay napapansin ng mga pagano:

> **Nang magkagayo'y napuno ang bibig natin ng pagtawa, at ang dila natin ng pagawit: nang magkagayo'y sinabi nila sa gitna ng mga bansa, Ginawan sila ng Panginoon ng mga dakilang bagay. (Awit 126:2)**

Ang iba ay mahihikayat mo sa Panginoon JesuCristo sa pamamagitan ng iyong pananalita at pamumuhay:

> **Gayon din naman kayong mga asawang babae, pasakop kayo sa inyong sarisariling asawa; upang, kung ang ilan ay hindi tumalima sa salita, ay mangahikayat na walang salita sa pamamagitan ng ugali ng kanikaniyang asawang babae.**
>
> **Sa pagkamasid nila ng inyong ugaling mahinhin na may takot. (I Pedro 3:1-2)**

## INGATAN ANG MARAMING SALITA:

> **Sa karamihan ng mga salita ay hindi nagkukulang ng pagsalangsang: Ngunit siyang nagpipigil ng kaniyang mga labi ay gumagawang may kapantasan.**
> **(Kawikaan 10:19)**
>
> **Datapuwat ang magiging pananalita ninyo'y, Oo, oo; Hindi, hindi; sapagkat ang humigit pa rito ay buhat sa masama. (Mateo 5:37)**

## MAGISIP MUNA BAGO MAGSALITA:

> **Nalalaman ninyo ito, minamahal kong mga kapatid. Ngunit magmaliksi ang bawat tao sa pakikinig, magmakupad sa pananalita, magmakupad sa pagkagalit.**
> **(Santiago 1:19)**
>
> **Kung ikaw ay gumagawa ng kamangmangan sa pagmamataas, O kung ikaw ay umiisip ng kasamaan, Ilagay mo ang iyong kamay sa iyong bibig. (Kawikaan 30:32)**
>
> **Ang puso ng matuwid ay nagbubulay ng isasagot: Ngunit ang bibig ng masama ay nagbubugso ng mga masamang bagay. (Kawikaan 15:28)**
>
> **Ang mangmang man pagka siya'y tumatahimik, ay nabibilang sa pantas: Pagka kaniyang tinitikom ang kaniyang mga labi, ay inaari siyang mabait.**
> **(Kawikaan 17:28)**

## IHIWALAY ANG IYONG SARILI:

Ihiwalay mo ang iyong sarili sa mga taong hindi mapigil ang kanilang dila:

> **Paroon ka sa harapan ng taong mangmang, At hindi mo mamamalas sa kaniya ang mga labi ng kaalaman. (Kawikaan 14:7)**

## ALAMIN ANG MGA MAKAPANGYARIHANG SALITA NG KAPAYAPAAN:

Ang mga pananalitang mapagpayapa ay higit na makapangyarihan kaysa sa mga salita ng galit:

> **Sa pamamagitan ng pagpipigil ng loob ay napahihikayat ang pangulo, At ang malumanay na dila ay bumabasag ng buto. (Kawikaan 25:15)**

## KILALANIN NA IYONG DILA AY ISANG SANDATA:

Ang iyong dila ay isang sandata na magagamit mo sa pagdaig sa iyong kaaway sa halip na ikaw ang madaig niya:

> **At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo. (Apocalipsis 12:11)**

Kung mapigil mo ang iyong dila, ilalagay nito sa kahihiyan ang nagbibintang sa iyo:

> **Na taglay ang mabuting budhi; upang sa mga bagay na salitain laban sa inyo, ay mangapahiya ang nagsisialipusta sa inyong mabuting paraan ng pamumuhay kay Cristo. (I Pedro 3:16)**

## PIGILIN MO ANG IYONG DILA:

Sa tulong ng Diyos, maaari mong mapigil ang dila. Subalit dapat kang kumilos upang mapigil ang iyong dila. Ang mga sumusunod na mga talata ay naglalahad na may hakbang kang gagawin:

> **Sapagkat, ang magnais umibig sa buhay, At makakita ng mabubuting araw, Ay magpigil ng kaniyang dila sa masama, At ang kaniyang mga labi ay huwag magsalita ng daya. (I Pedro 3:10)**

> **Na huwag magsalita ng masama tungkol sa kanino man… (Tito 3:2)**

> **Huwag kayong mangagsalita ng laban sa isa't isa, mga kapatid. Ang nagsasalita laban sa kaniyang kapatid, o humahatol sa kaniyang kapatid, ay nagsasalita laban sa kautusan, at humahatol sa kautusan, hindi ka na tagatupad ng kautusan, kundi hukom.**

> **Iisa ang tagapagbigay ng kautusan at hukom, sa makatuwid baga'y ang makapagliligtas at makapagwawasak: datapuwat sino ka na humahatol sa iyong kapwa? (Santiago 4:11-12)**

**Mangilag kayo sa pagibig sa salapi; mangagkasiya kayo sa inyong tinatangkilik: sapagkat siya rin ang nagsabi, Sa anomang paraan ay hindi kita papagkukulangin, sa anomang paraan ni hindi kita pababayaan. (Hebreo 13:5)**

**Ang inyo lamang pamumuhay ay maging karapatdapat sa Evangelio ni Cristo… (Filipos 1:27)**

**At inyong iwan ang kasinungalingan…ay magsasalita ang bawat isa sa inyo ng katotohanan sa kaniyang kapuwa… (Efeso 4:22-25)**

**Datapuwat ngayon ay inyo namang layuan…mga salitang kahalay-halay sa inyong bibig. (Colosas 3:8)**

**Anomang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig. (Efeso 4:29)**

**Ang lahat ng kapaitan… ay mangaalis nawa sa inyo… (Efeso 4:31)**

**… Mangagpakabanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay; Sapagkat nasusulat, Kayo'y mangagpakabanal; sapagkat Ako'y banal. (I Pedro 1:15-16)**

**Ihiwalay mo sa iyo ang masamang bibig, At ang mga suwail na labi ay ilayo mo sa iyo. (Kawikaan 4:24)**

**Ingatan mo ang iyong dila mula sa masama. At ang iyong mga labi sa pagsasalita ng karayaan. (Awit 34:13)**

**Aking sinabi, Ako'y magiingat sa aking mga lakad, Upang huwag akong magkasala ng aking dila: Aking iingatan ang aking dila ng paningkaw, Samantalang ang masama ay nasa harap ko. (Awit 39:1)**

**Ang naghahandog ng haing pasasalamat ay lumuluwalhati sa akin; At sa kaniya na nagaayos ng kaniyang pakikipagusap, Aking ipakikita ang pagliligtas ng Diyos.<br>(Awit 50:23)**

**Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan; sapagkat hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng Kaniyang pangalan sa walang kabuluhan. (Exodo 20:7)**

**Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa. (Exodo 20:16)**

**<u>ITULAD MO KAY JESUS AY IYONG MGA PANANALITA:</u>**

Mabiyaya ang mga salita ni Jesus:

**At Siya'y pinatotohanan ng lahat, at nangagtataka sa mga salita ng biyaya na lumalabas sa Kaniyang bibig: at sinabi nila, Hindi baga ito ang anak ni Jose? (Lucas 4:22)**

Nagsalita Siya na may awtoridad tungkol sa Diyos:

**At nangagtaka sila sa kanilang aral: sapagkat sila'y tinuturuan Niyang tulad sa may kapamahalaan, at hindi gaya ng mga eskriba. (Marcos 1:22)**

Walang pait (makasalanang pananalita) na nasumpungan sa Kaniyang bibig:

**Na Siya'y hindi nagkasala, o kinasumpungan man ng daya ang Kaniyang bibig:**

**Na nang Siya'y alipustahin, ay hindi gumanti ng pagalipusta; nang Siya'y magbata, ay hindi nagbala; kundi ipinagkatiwala ang Kaniyang sarili doon sa humahatol ng matuwid. (I Pedro 2:22-23)**

## GAMITIN ANG IYONG DILA PARA SA KABUTIHAN:

Mangusap ng mga salita ng karunungan at kagandahang loob:

**Binubuka Niya ang Kaniyang bibig na may karunungan; at ang kautusan ng kagandahang-loob ay nasa Kaniyang dila. (Kawikaan 31:26)**

**Ang aking bibig ay magsasalita ng karunungan; At ang pagbubulay ng aking puso ay magiging sa pagunawa. (Awit 49:3)**

Magsalita tungkol sa Diyos:

**Sa maluwalhating kamahalan ng Iyong karangalan, At sa Iyong mga kagilagilalas ng mga gawa, magbubulay ako. (Awit 145:5)**

**Ang bibig ko'y magsasaysay ng Iyong katuwiran, at ng Iyong pagliligtas buong araw… (Awit 71:15)**

**Ang dila ko naman ay magsasalita ng Iyong katuwiran buong araw… (Awit 71:24)**

Salitain ang mga Salita ng Diyos:

**Awitin ng aking dila ang Iyong salita; Sapagkat lahat ng mga utos Mo ay katuwiran. (Awit 119:172)**

**Aking ipinahayag ng aking mga labi ang lahat ng mga kahatulan ng Iyong bibig. (Awit 119:13)**

**Ako nama'y magsasalita ng Iyong mga patotoo sa harap ng mga hari, At hindi ako mapapahiya. (Awit 119:46)**

Magsalita ng mga salita ng kaaliwan mula sa Salita ng Diyos:

**Kaya't mangagaliwan kayo sa isa'y isa ng mga salitang ito. (I Tesalonica 4:18)**

Salitain ang tungkol sa Kaharian ng Diyos:

**Sila'y mangagsasalita ng kaluwalhatian ng Iyong kaharian, At mangungusap ng Iyong kapangyarihan. (Awit 145:11)**

Hayaang ang iyong mga labi ay mapuno ng papuri sa Diyos:

**Ang aking bibig ay magsasalita ng kapurihan ng Panginoon; At purihin ng lahat na laman ang Kaniyang banal na pangalan magpakilan-kailan pa man. (Awit 145:21)**

**Malagay nawa sa kanilang bibig ang pinakamataas na pagpuri sa Diyos, At tabak na may dalawang talim sa kanilang kamay. (Awit 149:6)**

**Aking aawitin ang kagandahang-loob ng Panginoon magpakailanman; Aking ipababatid ng aking bibig ang Iyong pagtatapat sa lahat ng sali't saling lahi. (Awit 89:1)**

**Ako'y magpapasalamat ng marami ng aking bibig sa Panginoon; Oo, aking pupurihin Siya sa gitna ng karamihan. (Awit 109:30)**

**Tulutang magbadya ng pagpuri ang aking mga labi; Sapagkat itinuturo mo sa akin ang Iyong mga palatuntunan. (Awit 119:171)**

**Sapagkat ang Iyong kagandahang-loob ay mainam kay sa buhay: Pupurihin ka ng aking mga labi. (Awit 63:3)**

**Ang bibig ko'y pupuri sa Iyo ng masayang mga labi…(Awit 63:5)**

**Ako'y dumaing sa Kaniya ng aking bibig, At Siya'y ibinunyi ng aking dila. (Awit 66:17)**

**Ang bibig ko'y mapupuno ng pagpuri sa Iyo, At ng Iyong karangalan buong araw. (Awit 71:8)**

**Ang mga labi ko'y mangagagalak na mainam pagka ako'y umaawit ng mga papuri sa Iyo. (Awit 71:23)**

**Aking pupurihin ang Panginoon sa buong panahon: Ang papuri sa Kaniya ay laging sasa aking bibig. (Awit 34:1)**

**<u>BAGO KA MAGSALITA, ITANONG MO ANG MGA ITO:</u>**

1. Ang aking bang sasabihin ay magdadala ng kaluwalhatian sa Diyos?

> **At anoman ang inyong ginagawa, sa salita, o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoon Jesus, na nagpapasalamat kayo sa Diyos sa pamamagitan Niya. (Colosas 3:17)**

2. Ito ba ang katotohanan?

3. Ito ba ay makatarungan sa lahat ng kinauukulan?

4. Ito ba ay mapakinabang sa lahat ng kinauukulan?

5. Ito ba ay magpapatibay sa iba (magbubunga ng mabuti at lalong magkakalapit)?

6. Kung ibang tao ang iyong binabanggit, nasabi mo na ba ito sa kaniya?

7. Alam mo ba ng ang sinasabi mo ay totoo o may nabuo ka lang batay sa mga sabi-sabi?

8. Kung mayroong namamagitan sa iyo at sa iyong kapatid, sinubukan mo na bang makipagkasundo sa kaniya bago ka magkuwento sa iba?

9. Talaga bang kailangang sabihin mo ito?

**<u>ALALAHANIN MO ANG MGA TALATANG ITO:</u>**

> **Sapagkat wala pa ang salita sa aking dila, Ngunit, narito, O Panginoon, natatalastas Mo nang buo. (Awit 139:4)**
>
> **Ang katamisan sa mga labi ay nagdaragdag ng katututuhan…(Kawikaan 16: 21b )**
>
> **Ang puso ng pantas ay nagtuturo sa kaniyang bibig, At nagdaragdag ng katututuhan sa kaniyang mga labi. (Kawikaan 16:23)**
>
> **Ang tao ay may kagalakan sa sagot ng kaniyang bibig: At ang salita sa ukol na panahon, ay anong pagkabuti. (Kawikaan 15:23)**
>
> **Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito, ano ngang anyo ng pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain.
> (II Pedro 3:11)**
>
> **Salitang sinalita sa kaukulan ay gaya ng mga mansanang ginto sa mga bilaong pilak. (Kawikaan 25:11)**

**Sinomang nagiingat ng kaniyang bibig at kaniyang dila, Nagiingat ng kaniyang kaluluwa mula sa mga kabagabagan. (Kawikaan 21:23)**

**Siyang nagiingat ng kaniyang bibig, nagiingat ng kaniyang buhay: Ngunit siyang nagbubukang maluwang ng kaniyang mga labi ay magkakaroon ng kapahamakan. (Kawikaan 13:3)**

**ANGKININ ANG MGA PANGAKONG ITO:**

**Kayo'y mangakinig, sapagkat magsasalita ako ng mga marilag na bagay; at ang buka ng aking mga labi ay mga matuwid na bagay,**

**Sapagkat ang aking bibig ay sasambit ng katotohanan; at kasamaan ay karumaldumal sa aking mga labi.**

**Lahat ng mga salita ng aking bibig ay sa katuwiran; walang bagay na liko o suwail sa kanila. (Kawikaan 8:6-8)**

**MANALANGIN NG GANITO:**

**Maglagay Ka ng bantay, O Panginoon, sa harap ng aking bibig; Ingatan Mo ang pintuan ng aking mga labi. (Awit 141:3)**

**Maging kalugodlugod nawa ang mga salita ng aking bibig, at ang pagbubulay ng aking puso sa iyong paningin, Oh Panginoon, ng aking malaking bato, at aking manunubos. (Awit 19:14)**

**ILAGAK ANG MGA LAYUNING ITO:**

**Iyong sinubok ang aking puso; Iyong dinalaw ako sa kinagabihan; Iyong nilitis ako at wala kang nasumpungan; ako'y nagpasiya na ang aking bibig ay hindi sasalangsang. (Awit 17:3)**

# INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa “Articles of War.”

2. Ano ang paksa ng pakikibakang espirituwal na tinalakay sa kabanatang ito?

3. Tukuyin ang ilang mga paraan na ginagamit ni Satanas ang iyong dila upang madaig ka sa pakikibakang espirituwal.

4. Ibigay ang buod ng mga espirtuwal na kontra estratehiya upang magtagumpay laban sa paghawak ni Satanas ng dila.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

# MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

Ang aklat ng Mga Awit at Kawikaan sa Biblia ay maraming sinasabi tungkol sa dila.

1. Tingnan ang bawat talata sa aklat ng Kawikaan. Isulat ang paghahalintulad sa tsart. Bilang halimbawa, ang unang talata ay sinagot na.

| **Reperensya sa Kawikaan** | **Mabuting Dila** | **Masamang Dila** |
|---|---|---|
| 10:6 | pagpapala | karahasan |
| 10:11 | | |
| 10:14 | | |
| 10:20 | | |
| 10:21 | | |
| 10:31 | | |
| 10:32 | | |
| 11:9 | | |
| 11:11 | | |
| 11:13 | | |
| 12:6 | | |
| 12:13 | | |
| 12:17 | | |
| 12:18 | | |
| 12:19 | | |
| 12:22 | | |
| 13:3 | | |
| 14:3 | | |
| 14:5 | | |
| 14:25 | | |
| 15:2 | | |
| 15:4 | | |
| 15:7 | | |
| 15:14 | | |
| 15:28 | | |
| 17:9 | | |
| 19:1 | | |

2. Sa Kawikaan 6:16-19, inilista ang pitong mga bagay na kinamumuhian ng Diyos. Ano ang tatlong mga bagay na ginagawa ng dila?

3. Basahin ang mga aklat ng Mga Awit at Kawikaan at gawin ang mga sumusunod:

A. Gumawa ng listahan ng lahat ng mga talata na tumutukoy sa maling gamit ng dila. Gawin ang iyong listahan ayon sa mga sumusunod na kaayusan:

| **Reperensya** | **Maling gamit ng dila** |
|---|---|
| Awit 5:9 | Papuring di tapat |
| Awit 10:7 | Pagmumura at pangdaraya |
| (ituloy ang listahang ito) | |

B. Gumawa ng isa pang listhan na nagpapakita ng wastong paggamit ng dila. Gawin ang iyong listahan ayon sa mga sumusunod na kaayusan:

| **Reperensya** | **Wastong gamit ng dila** |
|---|---|
| Awit 19:14 | Katanggap-tanggap na mga salita |
| Awit 34:1 | Pagpapala at pagpupuri sa Diyos patuloy |
| (ituloy ang listahang ito) | |

4. "Huwag kang magkakalat ng kasinungalingan" (Exodo 23:1). Ang ibig sabihin ng salitang "magkakalat" ay tumanggap o bumigkas. Hindi tayo dapat makinig o magkalat ng pahayag na walang katotohanan. Sa Filipos 4:8 naman ay sinasabi na ating isipin lamang ang mga bagay na may mabuting ulat. Narito ang ilang paraan upang makilala mo kung ikaw ay hinahatiran ng masamang ulat.

**ANG MASAMANG ULAT AY...**

- Nagdudulot ng pagaalinlangan sa motibo o kilos ng ibang mga kapatid sa Panginoon.
- Winawalang halaga ang mga espirituwal na mga namumuno.
- Nagdudulot ng pagkakabaha-bahagi. Kung tayo ay abala sa pakikipagaway sa isat –isa, hindi natin masigasig na malalabanan ang tunay na kaaway, si Satanas.
- Laging nakatuon sa negatibo.

**ANG MASAMANG ULAT AY NAGMUMULA SA MGA MOTIBO NG…**

- Kapalaluan: Upang itaas ang kanilang sarili, ibinababa ng tao ang iba.
- Pagkainggit at pagiimbot: Ang isang tao ay lihim na nagnanais noong nasa iba kaya pinipintasan ito. Nakakadama siya ng sariling pagkakasala kaya inilalabas ang kasalanan ng iba.
- Panghihimagsik: Ang mapanghimagsik na espiritu ay tinitira ang namumuno. Basahin

ang kasaysayan ni Absalom sa Biblia (II Samuel 15). Isang paraan upang makilala mo kung ito ay masamang ulat na inudyukan ng panghihimagsik ay sa pamamagitan ng pananalitang ginamit ni Absalom: “Kung ako ang namumuno, ito ang gagawin ko…”

- Kapaitan: Ang isang tao ay nasaktan, kaya sinasaktan naman nila ang iba sa pamamagitan ng kanilang mga salita.

**PAANO ANG PAGKILALA SA MASAMANG ULAT…**

- Maaaring subukin ka muna ng isang tao. Kanilang maaaring itanong “Ano ba ang tingin mo sa _______________? Sinusubok muna nila ang iyong saloobin bago sila maghatid ng masamang balita.

- Gagawa ng paraan ang tao para ikaw ay magusisa. Maaari nilang sabihin “hindi ka maniniwala sa narinig ko tungkol sa _________” o “Narinig mo na ba ang nangyari kay________.” Pinupukaw nila ay iyong paguusisa upang itanong mo kung ano ang kanilang nalalaman.

- Kanilang aangkinin na alam nila ang tunay na istorya o may alam silang lihim, nakuha nilang impormasyon. Nakaaakit ito sa iyong kataasan. Nais mong makabilang sa grupo na nakakaalam.

- Maaaring kunwari ay humihingi ng payo. “Kailangan ko ng iyong opinyon sa bagay na ………”, at pagkatapos ay magbahagi ng masamang balita na nagkukuwaring humihingi ng payong espirituwal.

- Ang isang masamang balita ay maaaring ibahagi sa pamamagitan ng isang kahilingan sa pananalangin. “Talagang kailangan nating ipanalangin si ____________ sapagkat _________” at pagkatapos ay magpapatuloy na ibahagi yung tsismis na tungkol sa isang tao.

- Ang isang masamang balita ay madalas itinatago na kunwari ay nagmamalasakit. Ang isang tao ay magsisimula sa pagsasabi ng ganito, “Masyado akong nababahala tungkol kay ________________.” Ito ang nagsisilbing pambungad sa masamang balita na susunod.

**PAANO IHIHINTO ANG ISANG MASAMANG ULAT…**

Itanong mo sa taong naghahatid ng ulat ang mga sumusunod na mga tanong:

- Bakit mo sinasabi sa akin ito?

- Saan mo nakuha ang impormasyong ito? (Ang isang taong may hatid na masamang balita ay hindi karaniwang sinasabi kung saan galing ang balita.)

- “Nilapitan mo na ba ang taong ibinabalita mo sa akin ayon sa prinsipyo ng Mateo18:15-17?

- “Sigurado ka ba sa mga sinasabi mo , o gumagawa ka lang ng istorya?

- “Puwede ba kitang banggitin kung aking tuntunin ang pinagmulan nito?”

- “Sa palagay mo ba ay papasa ito sa dapat nating pagtuunan ng pansin ayon sa Filipos 4:8?”

O kaya sabihin mo na lang… “Ang totoo, ayokong marinig ito.

# IKA-LABINGPITONG KABANATA

## ANG LABANAN SA PADER

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng mga “pader o kutang espirituwal.”
- Ipaliwanag kung bakit sinisira ang mga pader o kutang espirituwal.
- Kilalanin ang mga estratehiya na ginagamit ni Satanas upang salakayin ang mga pader o kutang espirituwal.
- Tukuyin ang mga espirituwal na kontra estratehiya upang matiyak ang tagumpay sa pader o kuta.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

**Nang magkagayo’y sumagot ako sa kanila, at sinabi ko sa kanila, Ang Diyos ng langit, Siya ang magpapaginhawa sa amin: kaya’t kaming Kaniyang mga lingkod ay magbabangon at magtatayo, ngunit kayo’y walang bahagi, o matuwid man, o alaala man, sa Jerusalem. (Nehemias 2:20)**

**PAMBUNGAD**

Ang aklat ni Nehemias sa Lumang Tipan ay naglahad ng kasaysayan ng isang pakikilaban upang maitayong muli ang mga pader ng Jerusalem na sinira ng mga kaaway. Ang mga pader ay

mahahalagang pananggalang sa mga lungsod sa lumang Israel. Ang mga ito ang nagsanggalang laban sa mga pagsalakay ng kaaway. Ang mga pader ng Jesrusalem ay sagisag ng mga pader na espirituwal ng ating buhay:

> **… kundi tatawagin mo ang iyong mga kuta ng Kaligtasan, at ang iyong mga pintuang-bayan na Kapurihan. (Isaias 60:18)**

Ang bawat isa sa mga natural na pader ng Jesrusalem na nabanggit sa Nehemias 3 ay may kahulugan na angkop sa iyong espirituwal na pader:

**Ang Pintuang-bayan ng mga Tupa** ay kumakatawan sa gawa ng krus sa iyong buhay, ang saligan ng espirituwal na pagtatayo: 3:1; Juan 10:11

**Ang Pintuang-bayan ng mga isda** ay kumakatawan sa pagsaksing Cristiano: 3:3; Mateo 4:19

**Ang Dating Pintuang-bayan** kumakatawan sa lumang pagkatao na napalitan ng bagong pagkatao: 3:6; Roma 6:1-23

**Ang Pintuang-bayan ng Libis** ay tungkol sa pagtitiis at pagsubok: 3:13; II Corinto 1:3-5

**Ang Pintuang-bayan ng tapunan ng Dumi** kumakatawan sa mga gawa ng laman na dapat iwakasi: 3:14; Galacia 5:16-21

**Ang Pintuang-bayan ng Bukal** kumakatawan sa gawa ng Espiritu Santo: 3:15; Juan 7:37-39

**Ang Pintuang-bayan ng Tubig** kumakatawan sa Salita ng Diyos: 3:26; Juan 4:10-14

**Ang Pintuang-bayan ng mga Kabayo** kumakatawan sa pakikibaka ng mananampalataya: 3:28; Efeso 6:10-17

**Ang Pintuang Silanganan** nagsasaad ng pagasa ng mananampalataya sa pagbabalik ni Jesus: 3:29; Ezekiel 43:1-2

**Ang Pintuang-bayan ng Hammiphcad** nagsasaad ng pagsisiyasat sa sarili at ang hukuman ni Jesus: 3:31; I Corinto 3:9-15; II Corinto 5:10

Kaya ang iyong mga pader na espirituwal ay binubuo ng:

- Pader ng kaligtasan, mga pintuan na pagpupuri
- Ang gawa ng krus sa iyong buhay
- Pagsaksing Cristiano
- Ang lumang pagkatao na napalitan ng bagong pagkatao
- Pagtitiis at pagsubok
- Pagwawaksi ng mga gawa ng laman

- Ang gawa ng Espiritu Santo
- Ang Salita ng Diyos
- Pakikibakang espirituwal
- Ang pagasa ng pagbabalik ni Jesus
- Pagsisiyasat sa sarili

May mga pader na espirituwal sa iyong buhay na tinudla ni Satanas. Nais niyang sirain ang iyong pagpupuri at pagsaksing Cristiano. Nais niyang sirain ang gawa ng krus, pagtitiis, at ang Espiritu Santo sa iyong buhay. Sinisikap niyang pigilan ka sa pagaaral ng Salita ng Diyos at paggamit ng mga katotohanan nito.

Nais ni Satanas na talunin ka sa pakikibakang espirituwal, pigilan sa pagsasaliksik ng sarili, at ihulog ka sa bitag ng mga gawa ng laman at ng lumang makasalanang pagkatao. Nais niyang sirain ang iyong pagasa sa pagbabalik ni Jesus. Ito ang iyong mga espirituwal na mga pader at sinasalakay ito ni Satanas na gamit ang mga estratehiya tulad ng ginamit sa mga labanan sa pagsira sa mga pader ng Jerusalem. Ang kabanatang ito ay nakatuon sa pakikilaban para sa mga pader ng iyong buhay espirituwal. Ginamit nito ang kasaysayan ni Nehemias upang lumikha ng mga magagandang pagtutumbas sa pakikibakang espirituwal.

## ANG KALAGAYAN SA JERUSALEM

Bago ka magpatuloy sa araling ito, basahin mo ang Nehemias mula sa unang kabanata hanggang ika-pitong kabanata, talatang ika-tatlo. Ang kabanatang 1 at 2 ng Nehemias ay naglalarawan ng kalagayan ng mga pader sa palibot ng Jesrusalem. Ang mga ito ay wasak , sinira ng pagsalakay ng kaaway, ang mga pintuan ay sinunog. Kung walang pader at pintuan, ang isang lungsod ay nakahayang sa pagsalakay ng mga pwersa ng kaaway mula sa ibat-ibang direksyon. Kung ang iyong mga espirituwal na pader ay sira, nakahayang ka rin sa pagsalakay ng kaaway.

## ANG DAHILAN NG PROBLEMA

Kinilala ni Nehemias na ang mga pader ay nasira at ang lungsod ay nasa ganitong kalagayan dahil sa kasalanan (Nehemias 1:5-7). Kung ang iyong espirituwal na mga pader ay sira, ang dahilan din nito ay kasalanan. Nadama ni Nehemias ang isang pasanin mula sa Diyos na muling ito ang mga pader ng Jesrusalem upang magkaroon ng pagsanggalang ang mga nakatira doon. Ang kaniyang paghahanda at plano ay inilarawan sa kabanta 1 at 2. Siya at ang kaniyang mga manggagawa ay determinado na "magbangon tayo at itayo" ang mga pader (Nehemias 2:18).

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS: ANG LABANAN PARA SA KUTA

Noong magpasiya si Nehemias na itayong muli ang mga pader sa palibot ng Jerusalem, sinalubong siya ng matinding oposisyon mula sa kaniyang mga kaaway. Sa sandaling magpasiya ka na itayong muli ang iyong mga espirituwal na mga pader, haharap ka sa katulad na pagsalungat ng iyong kaaway, si Satanas. Ang mga estratehiya ng mga kaaway ni Nehemias ay katulad ng mga estratehiya na ginagamit ni Satanas sa pagsalakay sa mga espirituwal na pader.

Ang mga pagsalakay ay nahahati sa dalawang pangunahing kategorya: Pagsalakay mula sa labas at pagsalakay mula sa loob.

**MGA PAGSALAKAY MULA SA LABAS:**

Ito ang mga pagsalakay na ginagawa ng kaaway mula sa labas sa pamamagitan ng iba na hindi naman bahagi ng katawan ni Cristo. Kabilang sa mga gayong pagsalakay ang:

**1. Mga pamimintas:** Nehemias 2:19

Namintas ang mga kaaway, "Ano ang akala mong ginagawa mo?" Sila ay laban sa mga proyekto ng pagawain at sinikap na pigilan ito.

**2. Pangungutya at paglapastangan:** Nehemias 2:19

Si Nehemias ay naging "puntirya ng mga dila." Sinikap ng kaaway na daigin siya sa pamamagitan ng pagkutya at paglapastangan. Gagamitin ni Satanas ang dila ng iba upang siraan ka at madaig ka.

**3. Mga bintang na kasinungalingan:** Nehemias 6:5-7

Sinalakay ng kaaway si Nehemias sa pamamagitan ng mga kasinungalingan. Pinagbintangan siya na isang rebelede. Si Satanas ay tinawag na "tagasumbong sa mga kapatid." Gagamitin niya ang iba upang akusahan ka at maglagay ng mga pagbibintang sa iyong pag-iisip.

**4. Paglihis:** Nehemias 6:2

Sinikap ng kaaway na himukin si Nehemias na sumama sa kanila sa isang pulong. Ito ay isang pakana upang malihis ang isip ni Nehemias mula sa pagtatayong muli ng pader. Isa pa ring pangunahing estratehiya ni Satanas ang ilihis ka mula sa gawaing ibinigay sa iyo ng Diyos.

**5. Ang impluwensya ng karamihan:** Nehemias 6:2

Sinabi ng kaaway, magkita "tayo" na para bagang sinasabi na marami ang nagsasabi nito. Ang opinyon ng karamihan ay si Nehemias ay isang rebelde at hindi niya maitatayo ang pader. Isang matibay na estratehiya ni Satanas ay sikaping ang mga mananampalataya ay madala at makigaya sa opinyon ng nakararami. Ang isang bulaang propeta ay ginamit ng kaaway upang salakayin si Nehemias (Nehemias 6:10-13). Ang opinyon ng nakararami ay nagsasabi na makinig sa isang "propeta ng Diyos," subalit tayo ay binalaan tungkol sa mga bulaang propeta na hihimok sa atin na lumihis mula sa Diyos.

**6. Kompromiso:** Nehemias 5:14-19

Tumanggi si Nehemias na makipag-kompromiso. Hindi siya nakiayon sa maling estilo ng buhay at mga prinsipyo sa paligid niya. Ang kaniyang salawikain ay "Ang gayon ay hindi ko ginawa, dahil sa takot sa Diyos" (Nehemias 5:15). Si Satanas ang promotor ng pakikipag-kompromiso.

Sinisikap niyang hikayatin ang mga mananampalataya na walang mali ang isang bagay sapagkat lahat naman ay ginagawa ito.

**7. Pagbabanta at pananakot:** Nehemias 6:5-9)

Ang kaaway ay nanakot at nagbanta laban kay Nehemias at sa kaniyang mga manggagawa. Alam ni Satanas na ang takot ay nakaka-paralisa subalit ang pananampalataya ay nagpapasigla upang maging mabisa para sa Diyos. Nang si Nehemias ay inalok na umiwas sa kaaway, tumanggi siyang matakot at hindi siya umurong (Nehemias 6:10-13). Hindi niya pinili ang madali. Sinisikap ni Satanas na patakasin ang mananampalataya mula sa oposisyon. Kung ikaw ay nanakbong palayo, ikaw ay umuurong, at kung ikaw ay umurong, hindi mo makakamit ang dapat ay sa iyo. Sa iyong paglalakad na may pananampalataya, haharap ka sa pagsalungat noong mga lumalakad ayon sa kanilang sariling pananaw.

**8. Pakikipagaway at paghadlang:** Nehemias 4:8

Ang harapang pakikilaban at pagpigil ay ginamit din. Ang kaaway ay hindi laging mapanglinlang sa kaniyang mga pagsalakay. Minsan susugod siya nang harapan at pipigalan ka.

**9. Pagsasabuwatan:** Nehemias 4:8; 6:2

Ang pagsasabuwatan ay ginawa ng kaaway laban kay Nehemias. Ang kaaway ay nagbabalak laban sa iyo:

> **Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa… (Juan 10:10)**

**10. Pagsalakay sa panahong di nakahanda:** Nehemias 4:6

Ang pinakamatinding pagsalakay ng kaaway ay naganap noong nangangalahati na ang pader sa pagkat ito ay mahalagang panahon. Ang kaaway ay sumasalakay sa panahon na ikaw ay nakaumang o nakabukas sa kaniyang paglusob.

- Ang Propetang Jonas ay nasiraan ng loob pagkatapos ng pinakadakilang pagbabagong buhay na kaniyang naranasan (Jonas 3-4)

- Si David ay nahulog sa pagkakasala pagkatapos ng isang malaking tagumpay sa kaniyang buhay. Hanggang sa mga oras na iyon hindi pa siya nakatikim ng pagkatalo sa pakikilaban.

- Si Samson ay nahulog sa pagkakasala noong “simulan” niyang palayain ang Israel mula sa mga kamay ng Filisteo.

Kung ikaw ay mabisa para sa Diyos, malamang sasalakayin ka ng kaaway. Ang pinupuntirya ni Satanas ay yaong mga sumusulong sa larangang espirituwal.

**MGA PAGSALAKAY MULA SA LOOB:**

Ang mga pagsalakay ni Satanas mula sa loob ay yaong mga ginagawa niya sa Katawan ni Cristo. Kabilang dito ang:

**1. Panghihina ng loob:** Nehemias 4:10-11

Ang mga manggagawa ay pinanghinaan ng loob kaya:

- Nawalan sila ng lakas.
- Nawalan sila ng pangitain dahil sa "dami ng dumi."
- Nawalan sila ng pagtitiwala.

**2. Pagkakabaha-bahagi:** Nehemias 5

Nagbukas ang Nehemias 5 na may pagkakabaha-bahagi ang bayan ng Diyos. Kung mahati ni Satanas ang Katawan ni Cristo, ginawa niya tayong inutil. Sa halip na tayo ay magtayo, tayo ay nagaaway-away. Ang mga maling motibo ay nasa likod ng pagkakabaha-bahagi. Sa Nehemias 5 ang maling motibo ay kasakiman.

**3. Mahihinang mananampalataya:** Nehemias 4:12

Ginamit ng kaaway ang mahihinang mga manggagawa (sagisag ng mga mahihinang mananampalataya sa Katawan ni Cristo) upang sikaping matalo ang pagawain.

**MGA ESPIRITUWAL NA MGA KONTRA ESTRATEHIYA: TAGUMPAY SA KUTA O PADER**

Ang mga sumusunod na mga estratehiya ay ginamit ni Nehemias upang maitayong muli ang pader ng Jerusalem. Maaari mong gamitin ang mga estratehiyang ito upang matiyak ang tagumpay sa iyong mga espirituwal na pader.

**PAGSISIYASAT NG KUTA O PADER:**

Tulad ng ginawa ni Nehemias sa natural na larangan, siyasatin ang mga pader ng iyong buhay espirituwal. (Nehemias 2) Nakapasok ba ang kaaway sa iyong personal na buhay, tahanan, iglesia, negosyo, at iba pa?

> **Datapuwat siyasatin ng tao ang kaniyang sarili… (I Corinto 11:28)**
>
> **Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili… (II Corinto 13:5)**

Tandaan mo na ang pagsisiyasat sa sarili ay isa sa mga sagisag ng pintuan ng iyong pader o kuta sa espirituwal na larangan. Sisikapin ni Satanas na pigilin ka na makapagsiyasat sa sarili

sapagkat ito ay magbubunga ng pagkakita sa mga larangan ng iyong buhay na iyong hinayaang siyang sumira at sumakop.

**PAGHAHAYG NG IYONG KASALANAN:**

Tulad ni Nehemias, kilalanin mo na kasalanan ang dahilan kung bakit ang mga pader ay nasira. Kung gayon, tulad ng kaniyang ginawa (Nehemias 1:5-7), ipahayag mo ang iyong kasalanan at humingi ng kapatawaran:

> **Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin.**
>
> **Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. (I Juan 1:8-9)**

**KILALANIN MO NA HINDI MO KAYANG MAGTAYONG MAGISA:**

Noong sabihin ng mga kasamahan ni Nehemias, "Sa aming sarili ay hindi namin kayang itayo ang pader," ito ay totoo. Sa kanilang sarili, hindi nila talaga kaya. Kailangan nila ang kapangyarihan ng Diyos para sa gawain…Sa iyo rin.

**MAGSIBANGON AT MAGTAYO:**

Tulad ni Nehemias, ipasiya mo na bumangon at itayo muli ang iyong mga espirituwal na mga pader:

> **Nang magkagayo'y sumagot ako sa kanila, at sinabi ko sa kanila, Ang Diyos ng langit, Siya ang magpapaginhawa sa amin: kaya't kaming Kaniyang mga lingkod ay magbabangon at magtatayo, ngunit kayo'y walang bahagi, o matuwid man, o alaala man, sa Jerusalem. (Nehemias 2:20)**

Maging laging handa…Haharap ka sa pagsalungat mula sa kaaway.

**HUWAG KANG MALIHIS:**

Tumanggi si Nehemias na ilihis ng mga pakana ng kaaway (Nehemias 6:2-3). Huwag mong bayaang ang kaaway na ilihis o abalahin ka mula sa pagtatayong muli ng iyong espirituwal na pader.

**HUWAG KANG MAHIMOK SA SABI NG MARAMI:**

Ang sabi-sabi ng mga tao ay si Nehemias daw ay isang rebelde (Nehemias 2:19). Ang usapan din ng marami ay hindi maitatayo nang maayos ang mga pader (Nehemias 4:3). Hindi nakilos si Nehemias ng mga usapang ito. Sa halip na padala sa sabi ng marami, si Nehemias ay naging isang halimbawa. Sinabi niya, "Nguni't ang gayon ay hindi ko ginawa, dahil sa takot sa Diyos"

(Nehemias 5:14-19). Maging halimbawa ka sa pakikibakang espirituwal. Huwag kang maging bahagi ng isang karamihan na nagsasabing hindi makakamit ang tagumpay.

**TUKUYIN ANG KAAWAY AT ANG KANIYANG MGA ESTRATEHIYA:**

Natukoy ni Nehemias ang kaaway at ang kaniyang mga estratehiya. Natuklasan niya na may balak ang kaaway na sumalakay bigla (Nehemias 4:8 at 11). Kailangan mong matukoy kung sino ang iyong espirituwal na kaaway at ang kaniyang mga estratehiya upang maging mabisa sa pakikibakang espirituwal. Tutulong ito sa iyo na mahanda sa biglang pagsalakay ng kaaway. Kilalanin mo na ang kaaway ay nagsabwatan laban sa iyo upang pumatay, magnakaw, at sumira, subalit alamin mo na ang Diyos ay higit na makapangyarihan at nais niyang bigyan ka ng buhay na masagana (Juan 10:10).

**MAGBUO NG MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA:**

Nakabuo si Nehemias ng kontra estratehiya nang marinig niyang ang kaaway ay nagbabalak sumalakay. Naglagay siya ng mga bantay upang antabayanan ang kaaway. Bawat isang manggagawa ay nagtayo ng pader subalit may dala ring tabak at nakahandang lumaban (Nehemias 4:13-18). Inayos ang isang hudyat (pagtunog ng trumpeta) upang alertohin ang mga mandirigma sa isang pagsalakay. Sapagkat sila ay nakahandang lumaban at alam ang estratehiya ng kaaway, naiwasan nila ang pagsalakay sa kanila. Alam nilang kailangan silang lumaban sa kaaway, at ipaglalaban sila ng Diyos:

> **…ipakikipaglaban tayo ng ating Diyos. (Nehemias 4:20)**

Kung makabuo ka ng mga espirituwal na mga kontra estratehiya, mapipigilan mo ang maraming pagsalakay ng kaaway sa iyong buhay. Kung si Satanas ay makalusot at sumalakay, tinitiyak sa iyo na ipaglalaban ka ng Diyos!

**HARAPIN ANG KAAWAY:**

Noong si Nehemias ay inalok na tumakas mula sa mga kaaway, tumanggi siya. Sinabi niya, “Tatakas ba ang isang lalaking gaya ko?” (Nehemias 6:11). Hinarap ni Nehemias ang kaaway sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Kung ikaw ay bantaan ng kaaway, huwag kang tumakas o piliin ang mas madaling daan, sapagkat kung hindi gayon, ang iyong mga kuta o pader ay hindi magiging ligtas. Kung mula sa loob ay may pagkakahati at panghihina ng loob at ang kaaway ay gumagawa sa pamamagitan ng mga mahihinang mga mananampalataya, hindi binale wala ni Nehemias ang mga pagsalakay. Hinarap niya ang kaaway at nalupig niya ito.

**IPAGTANGGOL ANG IYONG KUTA O PADER SA PANAHONG HINDI HANDA:**

Sa kasaysayan ni Nehemias, ang malaking pagsalakay ng kaaway ay ginawa noong ang mga pader ay halos tapos na. Sa iyong pagtatayo sa larangang espirituwal, kung pumasok ka sa larangan ng labanan ng mabisang pakikibakang espirituwal, humanda ka. Yan ang mapanganib na panahon. Pupuntiryahin ka ng mga pagsalakay ni Satanas.

**ITAYO ANG KUTA:**

Ang naging tugon ni Nehemias sa mga pamimintas, panunuya, paglapastangan, kasinungalingan, pagbabanta, at pananakot ay ipagpatuloy lamang ang pagtatayo ng pader:

> **Ganito nagsigawa kami sa gawain: at kalahati sa kanila ay nagsisihawak ng mga sibat mula sa pagbubukang liwayway hanggang sa ang mga bituin ay magsilitaw. (Nehemias 4:21)**

Hindi iniwan ni Nehemias ang gawain. Hindi siya huminto ng pagtatayo:

> **Sa gayo'y natapos ang kuta sa ikadalawam pu't limang araw ng buwan ng Elul, sa limang pu't dalawang araw. (Nehemias 6:15)**

Natapos ni Nehemias sa maikling panahon ang sinabi ng kaaway na di mangyayari.

Kung sa iyong buhay ang mga pader ay bagsak, maaaring sabihin sa iyo ng kaaway na walang pagasang matapos ang gawain. Subalit sa tulong ng Panginoon, maaari mong itayong muli ang pader. Sa pamamagitan ng Kaniyang lakas, hindi magtatagal at magagawa mo ito:

> **Lahat ng mga bagay ay aking magagawa doon sa nagpapalakas sa akin.**
> **(Filipos 4:13)**

Kung salakayin ng kaaway ang iyong espirituwal na pagawain, huwag kang susuko! Ipagpatuloy mo lamang na itayo ang mga espirituwal na pader.

**MAGLAGAY NG BANTAY:**

Noong matapos na ni Nehemias ang muling pagtatayo ng mga pader sa palibot ng Jerusalem, naglagay siya ng magbabantay sa mga pader at pintuan ng lungsod (Nehemias 7:1-3). Bantayan mo ang iyong espirituwal na mga pader. Laging listo sa pagsalakay ng kaaway.

<u>INSPEKSYON</u>

1. Isulat ang Susing Talata mula sa “Articles of War.”

2. Ano ang ibig sabihin ng mga espirituwal na pader?

3. Bakit nasira ang mga pader ng Jerusalem (gayon din ang dahilan kung bakit ang mga espirituwal na pader ay nasira)?

4. Ilista ang mga estratehiyang ginagamit ni Satanas sa labanan sa mga espirituwal na pader.

5. Ilista ang mga espirituwal na kontra estratehiya na tumitiyak ng tagumpay sa pader.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

# MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. May mga espirtuwal na pader ba sa iyong buhay na sinira ng kaaway? Suriin ang iyong "espirituwal na mga pader" na kabilang ang…

- Mga pader ng kaligtasan, mga pintuan ng pagpupuri
- Ang gawa ng krus sa iyong buhay
- Pagsaksing Cristiano
- Ang lumang pagkatao na napalitan ng bagong pagkatao
- Pagtitiis at pagsubok
- Pagwawaksi ng mga gawa ng laman
- Ang gawa ng Espiritu Santo
- Ang Salita ng Diyos
- Pakikibakang espirituwal
- Ang pagasa ng pagbabalik ni Jesus
- Pagsisiyasat sa sarili

2. Ang mga mananampalataya ay madalas natatalo sa pakikibakang espirituwal dahil sa kakulangan ng espirituwal na paghahanda. Pagaralan kung paano inihanda ni Nehemias ang kaniyang sarili bago itinayong muli ang pader at hinarap ang kaaway:

- Nakita niya ang tunay na kalagayan: Kabanta 1-2

- Kinilala niya ang ugat ng problema bilang kasalanan at inihayag ang bahagi niya rito: nehemias 1:5-7

- Siya ay nagayuno, tumangis, nanaghoy, at nanalangin: Nehemias 1:4

- Naghandog siya ng wasto bago sinimulan ang gawain at hinarap ang kaaway: Kabanta 1 at 2

- Mayroon siyang estratehiya sa pagtatayo: Kabanata 3

3. Nakahanda ka na bang itayong muli ang iyong espirituwal na mga pader? Repasuhin at gamitin ang mga estratehiyang natutuhan mo sa araling ito.

# IKA-LABINGWALONG KABANATA

## LABANAN SA MAHAHALAGANG TERITORYO

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Tukuyin ang mga estratehiya ni Satanas laban sa katawan.
- Ibigay ang buod ng mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay sa katawan.
- Ipaliwanag ang mga estratehiya ni Satanas na gumagamit ng mga personalidad upang labanan ang mananampalataya.
- Ibigay ang buod ng mga kontra estratehiya para sa tagumpay laban sa mga personalidad na lumalaban sa mga mananampalataya.
- Tukuyin ang mga estratehiya ni Satanas laban sa pamilya.
- Ibigay ang buod ng mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay sa pamilya.
- Tukuyin ang mga estratehiya ni Satanas sa larangang materyal at pananalapi.
- Ibigay ang buod ng mga kontra estratehiya para sa tagumpay sa larangang materyal at pananalapi.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito. (Juan 10:10)**

### PAMBUNGAD

Ang mga nakaraang mga kabanata ay natuon sa mga pangunahing pagsalakay ni Satanas sa pag-iisip, sa dila, ang iyong espirituwal na mga pader, at ang larangan ng labanan ng sanglibutan at ng laman. Ang kabanatang ito ay nagpapatuloy sa pagaaral ng mga tiyak na puntirya ng kaaway na nakatuon sa mga larangang kaugnay ng katawan, ng pamilya, pananalapi, at pagsalakay sa pamamagitan ng mga personalidad.

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS: PAGSALAKAY SA KATAWAN

Ang iyong katawan ay templo ng Espiritu Santo:

> **Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Diyos, at ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo?**
> **Kung gibain ng sinoman ang templo ng Diyos, siya'y igigiba ng Diyos; sapagkat ang templo ng Diyos ay banal, na ang templong ito ay kayo. (I Corinto 3:16-17)**

Sapagkat ang iyong katawan ay templo ng Espiritu Santo, ito ay sasalakayin ni Satanas sa pamamagitan ng:

### KARAMDAMAN:

Ang karamdaman ay nasa sanglibutan dahil sa pagkakasala ni Adam at Eba. Bagamat ang lahat ng karamdaman ay dahil sa kasalanan, hindi lahat ng may sakit ay dahil sa kanilang kasalanan.

Inihayag ng Biblia ang ilang mga dahilan ng pagkakasakit. Ang una, at marahil ay mas maliwanag, ay ang sakit na dulot ni Satanas. Sinisikap ni Satanas na saktan ang katawan kung paano niya nais na saktan ang kaluluwa at espiritu. Kung paanong ang iyong espiritu ay hindi libre sa pagkasira ng loob, gayon din ang iyong katawan ay hindi libre sa mga pagsalakay ni Satanas. Subalit ang karamdaman ay maaaring gamitin upang parusahan ang kasalanan. Bilang halimbawa tingnan ang istorya ni Miriam sa Bilang 12.

Sa isang pagpapagaling na ginawa ni Jesus sa Kaniyang ministeryo, sinabi Niya sa tumanggap ng kagalingan:

> **…Narito, ikaw ay gumaling na: huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama. (Juan 5:14)**

Ang karamdaman ng taong ito ay maliwanag na bunga ng kasalanan. Sa isa pang pangyayari, nilinaw ni Jesus na ang karamdaman ay hindi bunga ng kasalanan kundi para sa kaluwalhatian ng Diyos:

> **At sa pagdaraan Niya ay nakita Niya ang isang lalaking bulag mula sa kaniyang kapanganakan.**
>
> **At itinanong sa Kaniya ng Kaniyang mga alagad, na nangagsasabi, Rabi, sino ang nagkasala, ang taong ito, o ang kaniyang mga magulang, upang siya'y ipanganak na bulag?**

**Sumagot si Jesus, Hindi dahil sa itong taong ito'y nagkasala, ni ang kaniyang mga magulang man: kundi upang mahayag sa kaniya ang mga gawa ng Diyos. (Juan 9:1-3)**

Ang lahat ng mga sakit sa ikaluluwalhati ng Diyos ay isang dulot din ni Satanas nguni't ginagamit ng Diyos para sa Kaniyang ikaluluwalhati kung ang kagalingan ay dumating bilang sagot sa panalangin. Ang uring ito ng sakit ay isang pagsalakay ni Satanas sa katawan. Kung ang mga kontra estratehiya para sa tagumpay ay gamitin , ang pagsalakay sa katawan ay maaaring magdala ng kaluwalhatian sa Diyos.

Lahat ng karamdaman ay hindi dulot ng kasalanan, ni Satanas, o parusa. Ang sakit ay maaaring bunga ng pagsuway sa mga natural na alituntunin. Halimbawa, maaari kang magkasakit sapagkat hindi ka kumakain ng wasto o marahil ay napilayan ka dahil sa paglundag mo mula sa ituktok ng puno ng niyog. Ang pagtukso sa iyo na salungatin mo ang mga natural na alituntunin ay isang pagsalakay ni Satanas sa iyong katawan.Tinutukso ka niya na huwag kumain ng wasto at huwag ingatan ang iyong katawan sapagkat alam niya na mauuwi ito sa pagkakasakit na gagawin kang huwag maging mabisa para sa Diyos.

**PAGKAPAGOD:**

Sinasalakay din ni Satanas ang katawan sa pamamagitan ng kapaguran na bunga ng pagiging sobrang abala o sobrang paggawa. Kung labis kang pagod sa pangangatawan, sinasamantala ito ng Diablo at naglulunsad siya ng mga pagsalakay. Lumapit si Satanas kay Jesus noong Siya ay pagal mula sa 40 araw ng pagaayuno (Mateo 4:2). Noong si Elias ay inabutan ng pagod pagkatapos ng mga espirituwal na tagumpay siya ay nasiraan ng loob na ginusto na niyang mamatay (I Hari 19:4).

**KAMATAYAN:**

Bagamat ang kamatayan ng katawan ay darating sa lahat ng tao hanggang sa pagbabalik ng Panginoong JesuCristo, sinisikap ni Satanas na magdulot ng wala sa panahong pagkamatay. Tutuksuhin niya ang mga tao na magpatiwakal. Gagawin din niya na matakot ka sa karamdaman o aksidente na magre-resulta sa kamatayan.

**PAGABUSO:**

Sinisikap din ni Satanas na tuksuhin ang mga tao na abusuhin ang kanilang mga katawan sa pamamagitan ng mga nakakalasong mga kemikal tulad na ipinagbabawal na gamot at inuming nakalalasing. Alam niya na ang mga nakalalasong mga bagay na ito ay maaring magdulot ng sakit, pagkasira ng isip, at kamatayan.

## MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: TAGUMPAY LABAN SA MGA PAGSALAKAY SA KATAWAN

Kung ikaw ay maysakit, hanapin mo ang Panginoon upang malaman mo ang dahilan ng iyong pagkakasakit. Mayroon ka bang nasuway na natural na alituntunin na nag-resulta sa iyong sakit? Halimbawa, kumakain ka ba ng wasto o maruming tubig ba ang iyong iniinom? Inaabuso mo ba ang iyong katawan sa pamamagitan ng pagpapasok dito ng mga nakalalasong bagay tulad ng usok ng sigarilyo?

Kung sinuway mo ang mga natural na alituntunin, Maaari ka pa ring pagalingin ng Diyos. Subalit kailangan kang gumamit ng karunungan sa hinaharap. Alalahanin mo na ang iyong katawan ay templo ng Espirtu Santo. Hintuan mo ang pagsuway sa mga natural na alituntunin at pagbutihin mo ang pagiingat at pagaalaga sa iyong katawan. Mahalaga ring alalahanin ito sa kaso naman ng sobrang pagod. Pinapagpahinga ni Jesus ang Kaniyang mga alagad mula sa kanilang pagkapagod dahil sa maraming gawain (Marcos 6:13). Noong si Elias ay pagod at nalulumbay nagpahinga siya sa ilalim ng puno at nagsugo ang Diyos ng anghel sa kaniya na may dalang pagkain. Naghintay si Elias hanggang sa tumanggap siya ng sariwang hipo mula sa Diyos at ang lakas ng kaniyang katawan ay nanumbalik bago siya nagsimula sa mga bagong hamon ng ministeryo (I Hari 19:4-8).

Kung ang bunga naman ng parusa dahil sa kasalanan ay sakit, hindi ito dulot ni Satanas at walang magagawa kahit talian mo pa ang kapangyarihan ng kaaway. Tanging ang pagsisisi at pagbabalik sa Diyos ang magdudulot ng kagalingan:

> **Magsiparito kayo, at tayo'y manumbalik sa Panginoon; sapagkat Siya'y lumapa, at pagagalingin Niya tayo; Siya'y nanakit, at Kaniyang tatapalan tayo. (Oseas 6:1)**
>
> **Sapagkat pagiginhawahin kita, at pagagalingin kita sa iyong mga sugat… (Jeremias 30:17)**
>
> **…Kung iyong didinggin ng buong sikap ang tinig ng Panginoon mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa Kaniyang mga mata, at iyong didinggin ang Kaniyang mga utos, at iyong gaganapin ang lahat Niyang mga palatuntunan ay wala akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay Ko sa mga Egipcio: sapagkat Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo. (Exodo 15:26)**
>
> **Na Siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan; Na Siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit. (Awit 103:3)**

Patungkol naman sa mga pagsalakay sa katawan ni Satanas mahalaga na iyong tandaan na bilang isang mananampalataya, ang Diyos ang may hawak ng iyong buhay. Hindi ka maaaring saktan ni Satanas o patayin ka nang hindi nalalaman ng Diyos. Basahin mo ang Job 1 at 2 upang patunayan ang mga ito. Ang kapangyarihan ng Diyos ay higit kaysa kapangyarihan ni Satanas. Ang Diyos na lumalang ng katawan ng tao ay may kapangyarihang pagalingin ang katawan. Angkinin ang mga pangakong ito para sa kagalingan kung sinasalakay ni Satanas ang iyong katawan.

> **Ngunit sa inyo na nangatatakot sa Aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak. (Malakias 4:2)**

**Na Siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa Kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo. (I Pedro 2:24)**

**Ngunit Siya'y nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, Siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kaniya: at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo. (Isaias 53:5)**

**Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay guminhawa ka at bumuti ang iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa. (III Juan 2)**

Kung salakayin ni Satanas ang iyong katawan, humiling ka ng panalangin ng ibang mga mananampalataya, kasama ang matatanda sa iglesia at yaong may mga kaloob ng pagpapagaling:

**…at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling, sa iisang Espiritu. (I Corinto 12:9)**

**At ang Diyos ay naglagay ng ilan sa iglesia…saka mga kaloob na pagpapagaling… (I Corinto 12:28)**

**May sakit baga ang sinoman sa inyo? Ipatawag niya ang mga matanda sa iglesia; at ipanalangin nila siya, na pahiran nila ng langis sa pangalan ng Panginoon:**

**At ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon siya ng Panginoon; at kung nagkasala siya, ay ipatatawad sa kaniya. (Santiago 5:14-15)**

Ang kamatayan ng katawan ay bahagi ng proseso ng buhay hanggang sa katapusan ng panahon gaya ng alam natin. Hindi ito dapat katakutan ng mga mananampalataya, sapagkat nasa atin ang pangako ng buhay na walang hanggan:

**Saan naroroon, Oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? Saan naroroon, Oh kamatayan, ang iyong tibo? (I Corinto 15:55)**

**Na malakas ang loob namin, ang sabi ko, at ibig pa nga namin ang mawala sa katawan, at mapasa tahanan na kasama ng Panginoon. (II Corinto 5:8)**

Hindi maaaring kunin ni satanas ang buhay ng isang mananampalataya na wala sa panahong nakatakda para sa kaniyang kamatayan, tulad ng inilarawan sa istorya ni Job. Gayon man, hindi pinangungunahan ng Diyos ang kalooban ng tao. Kung ang isang tao ay tinukso ni Satanas na magpakamatay at sumuko siya sa tukso, hindi pangungunahan ng Diyos ang kaniyang kalooban.

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS: PAGSALAKAY SA PAMAMAGITAN NG MGA PERSONALIDAD

Isa pang paraan ng pagsalakay ni Satanas sa iyo ay sa pamamagitan ng mga personalidad. Maaaring gamitin ni Satanas ang mga taong nakapaligid sa iyo upang ikaw ay salakayin. Ang pagsalakay ay maaaring mula sa pamilya, mga kaibigan, kaaway, kasama sa negosyo, o kahit hindi mo kilalang tao. Ang personalidad ay maaaring magpanggap na "anghel ng kaliwanagan," mga apostol, at mga ministro ng katuwiran. Subalit ang totoo, si Satanas ang gumagawa sa pamamagitan nila:

> **Sapagkat ang mga gayong tao ay mga bulaang apostol, mga magdarayang manggagawa, na nagpapakunwaring mga apostol ni Cristo.**
>
> **At hindi katakataka, sapagkat si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.**
>
> **Hindi malaking bagay nga na ang kaniyang mga ministro naman ay magpakunwari na mga ministro ng katuwiran; na ang kanilang wakas ay masasangayon sa kanilang mga gawa. (II Corinto 11:13-16)**

Ang estratehiya ng paglilipat ng mga espiritu ay natalakay na sa nakaraang kabanata. Subalit si Satanas ay may ibang paraan pa ng paggamit sa mga personalidad. Gagamitin ni Satanas ang mga tao na magbigay ng maling payo. Basahin ang aklat ni Job at pansinin ang maling payo na ibingay ng kaniyang mga kaibigan at ng kaniyang asawa. Ang hula ay isa sa mga kaloob ng Espiritu Santo, subalit si Satanas ay mayroon ding kaniyang mga propeta. Ang mga hulang personal ng mga personalidad ay hindi laging galing sa Diyos. Pagaralan ang kapahamakang dulot nito sa I Hari 13. Ang mga pagsalakay ni Satanas ay maaaring dumating sa pamamagitan ng mga pinagkakatiwalaang mga kaibigan gayon din sa mga kaaway o mga hindi mananampalataya:

> **Sapagkat hindi kaaway ang dumuwahagi sa akin; Akin nga sanang nabata: Ni hindi rin ang nagtatanim sa akin ang nagmamalaki laban sa akin; Nagtago nga sana ako sa kaniya:**
>
> **Kundi ikaw, lalake na kagaya ko, Aking kasama at aking kaibigang matalik.**
>
> **Tayo ay maligayang nagpapayuhang magkasama, Tayo'y lumalakad na magkaakbay sa bahay ng Diyos. (Awit 55:12-14)**

Ginagamit ni Satanas ang mga personalidad upang itaas ka at tuksuhin kang kunin ang kaluwalhatian mula sa Diyos para sa iyong sarili:

> **At ang bayan ay sumigaw, Tinig ng Diyos, at hindi ng tao.**
>
> **At pagdaka'y sinaktan siya ng isang anghel ng Panginoon, sapagkat hindi niya ibinigay ang kaluwalhatian sa Diyos: at siya'y kinain ng mga uod, at nalagot ang hininga. (Gawa 12:22-23)**

Ginamit na ni Satanas ang mga tao upang ilayo ka sa plano ng Diyos para sa iyong buhay. Basahin kung paanong ginamit ni Satanas si Pedro upang salakayin si Jesus sa ganitong paraan (Marcos 8:31-33). Sisikapin ni Satanas na sa tao ka tumingin sa halip na sa Diyos. Si Pedro ay nalihis mula sa plano ng Diyos dahil sa kaniyang pakikialam sa plano ng Diyos para kay Juan (Juan 21:20-23).

Tutuksuhin ka ni Satanas na “manggaya” at ito ay gawa ng laman (Galacia 5:19-21). Ang paggaya ay ang pasusumikap na ikumpara mo ang sarili mo sa iba at higtan pa ang mga ito o makipagpaligsahan sa iba. Habang abala ka sa paggawa nito, hindi mo susundin ang hanay ng Diyos sa ministeryong inihanda niya para sa iyong buhay.

Gagamitin ni Satanas ang mga tao upang linlangin ka. Basahin kung paano nangyari ito kay Josue (Josue 9). Ikaw ay iiwanan ng mga tao (II Timoteo 4:16-17; Gawa 15:37-38; Juan 6:66). Sisikapin ni Satanas na pigilan ka sa iyong mga layuning espirituwal kaugnay ng iba (I Tesalonica 2:18), at lilikha siya ng kalituhan at kawalan ng pagkakaisa (I Corinto 14:33; Santiago 3:16). Gagamitin din ni Satanas ang ibang tao upang guluhin ang mga pangyayari sa iyong buhay. Basahin kung paano nangyari ito kay Jose sa Genesis kabanata 37 at 39.

## MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: TAGUMPAY LABAN SA MGA PERSONALIDAD

Sa nakaraang kabanata tungkol sa paglilipat ng mga espiritu, binigyang diin at halaga ang pagpili ng mga kaibigan at kasama. Ito ay isang mahalagang kontra estratehiya sa pagtatagumpay laban sa mga pagsalakay ni Satanas na gamit ang ibang tao. Ang maingat na pagpili ng mga makakasama ay magbabawas ng maraming panlilinlang, paghiwalay, di pagkakasundo, maling payo, at pagpigil sa espirituwal na pagsulong. Ngunit may dalawa pang mahalagang mga kontra estratehiya na nagdadala ng tagumpay laban sa mga personalidad.

**Una: Sundin ang Diyos sa halip na tao.**

> **Datapuwat nagsisagot si Pedro at ang mga apostol at nangagsabi, Dapat muna kaming magsitalima sa Diyos bago sa mga tao. (Gawa 5:29)**

**Pangalawa: Sumunod ka lamang sa iba kung sila ay sumusunod sa Diyos.**

> **Maging mga tulad kayo sa akin, na gaya ko naman kay Cristo. ( I Corinto 11:1)**
>
> **Kayo nga’y magsitulad sa Diyos… ( Efeso 5:1)**

Huwag mong tatanggapin ang payo o hula mula sa kangino man kung ang mga ito ay di kasangayon ng Salita ng Diyos. Huwag mong hangaan o sundan ang mga namumuno na ang buhay ay hindi nakaayon sa Salita ng Diyos. Kilalanin mo na magtatagumpay ka lamang kung susundin mo ang plano ng Diyos para sa iyong buhay. Hindi ka magtatagumpay kung gagayahin mo ang iba. Hindi ka dapat ilihis noong mga nakapalibot sa iyo. Dapat kang manghawakan sa kapahayagan, hindi sa panggagaya.

Bagamat ang mga nakapalibot sa iyo ay minamanipula ang mga pangyayari na may epekto sa iyo, tandaan mo na ang Diyos pa rin ang may hawak ng iyong buhay. Bagamat naranasan ni Jose ang gayong mga pagsalakay mula sa mga personalidad, binaligtad ito ng Diyos para sa kaniyang ikabubuti:

> **Hindi nga kayo ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Diyos… (Genesis 45:8)**
>
> **At tungkol sa inyo ay inyong ipinalagay na kasamaan laban sa akin; ngunit ipinalagay ng Diyos na kabutihan upang mangyari ang gaya sa araw na ito, na iligtas ang buhay ng maraming tao. (Genesis 50:20)**

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS: PAGSALAKAY SA PAMILYA

Ang pamilya ang pinakasaligan ng lipunan na itinatag ng Diyos sa pasimula ng daigdig noong lalangin ng Diyos ang tao. Laging binigyan ng Diyos ng halaga ang pamilya. Ibinangon Niya ang isang bansa ng mga pinili Niyang bayan mula sa isang tao, si Abraham. Pinili niya ang pagsasama ng isang lalake at isang babae upang ilarawan ang pagkakaisang espirituwal ni Cristo at ng iglesia. Sa boong Kasulatan, binigyang diin ng Diyos ang kahalagahan ng pamilya sa Kaniyang plano para sa lahat ng panahon.

Ang pamilya ang saligan na siyang pinagtatayuan ng ibang mga estraktura. Ang mga pinuno ng pamahalaan at relihiyon ay sumibol lahat mula sa pamilya. Ang mga komunidad at mga bansa ay binubuo ng maraming mga pamilya na nagsama-sama. Dahil sa kahalagahan ng saligang ito ng lipunan, ang pamilya ay puntirya ng mga pagsalakay ni Satanas.

Sinasalakay ni Satanas ang pagsasama ng lalake at ng kaniyang asawa. Sinisikap niya na magkaroon ng di wastong kaugnayang seksuwal na tungo sa pagkakasala (I Corinto 7:5). Inaakay niya ang mga tao sa kasalanan ng pangangalunya (Galacia 5:19). Sinisikap niya na himukin ng asawa ang kaniyang kabiyak na tumalikod sa Diyos (Job 2). Si Satanas ang promotor ng pagkakabaha-bahagi sa tahanan. Ito ay maaaring mula sa mga pagtatalo hanggang sa diborsyo. Sinisikap ni Satanas na magdala ng pagkakabaha-bahagi dahil alam niya na…

> **…Ang bawat kahariang nagkakabahabahagi sa kaniyang sarili ay mawawasak; ang bawat bayan o bahay na nagkakabahabahagi laban sa kaniyang sarili ay hindi mananatili. (Mateo 12:25)**

Kung makapagdala ng paghahati at masira niya ang mga tahanan ng isang bansa, di magtatagal at masisisra niya ang boong bansa.

Ang Diyos ay nagtakda ng mga pagkakasunod-sunod sa tahanan. Ang lalake ang pinaka-ulo ng tahanan at iibigin ang kaniyang asawa. Ang asawang babae ay kikilala sa pangunguna ng lalake at ang mga anak ay pasasakop sa kanilang mga magulang (I Corinto 7; Efeso 5:1-6:1). Pinupuntirya ni Satanas ang lalake na ulo ng tahanan at tinutukso siya na hindi maging

mapagmahal. Ang bunga nito ay kawalan ng galang at pagsunod mula sa asawa at mga anak. Tinutukso ni Satanas ang babae upang mag-rebelde laban sa kaniyang asawa. Pinupuntirya din ni Satanas ang mga anak sa tahanan. Lumilikha siya ng kalagayan na walang disiplina na nagbubunga ng paghihimagsik. Basahin ang istorya ng mga anak ni Eli sa I Samuel 2 at ang anak ni David , si Absalom, sa II Samuel 13-19.

Nagbabala si Jesus tungkol sa mga pagsalakay ni Satanas sa tahanan:

> **Sapagkat mula ngayon ay magkakabahabahagi ang lima sa isang bahay, tatlo laban sa dalawa, at dalawa laban sa tatlo.**
>
> **Sila'y mangagkakabahabahagi, ang ama'y laban sa anak na lalake, at ang anak na lalake ay laban sa ama; ang ina'y laban sa anak na babae, at ang anak na babae ay laban sa kaniyang ina: ang biyanang babae ay laban sa kaniyang manugang na babae, at ang manugang na babae ay laban sa kaniyang biyanang babae.**
> **(Lucas 12:52-53)**

## MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: TAGUMPAY SA PAMILYA

Maraming mga problema sa pamilya ay maiiwasan kung ang mga mananampalataya ay pumipili nang wasto ng kanilang mapapangasawa. Nagbabala ang Biblia na ang mga mananampalataya ay di dapat magasawa ng di mananampalataya:

> **Makalalakad baga ang dalawa na magkasama, liban na sila'y magkasundo?**
> **( Amos 3: 3)**
>
> **Huwag kayong makipamatok ng kabilan sa mga di nagsisisampalataya: sapagkat anong pakikisama mayroon ang katuwiran at kalikuan? o anong pakikisama mayroon ang kaliwanagan sa kadiliman? ( II Corinto 6: 14)**

Kung ang pamilya ay binubuo ng mga mananampalataya at di mananampalataya, pagkakahating espirituwal ang bunga. Ang pagkakahating ito ay hindi labanan laban sa laman at dugo. Ito ay isang pakikilaban na espirituwal. Hindi ito mapapagtagumpayan sa pamamagitan ng pagtatalo.

Nilalabanan ni Satanas ang pagkakaisa sa tahanan sapagkat ito ay katumbas ng pagkakaisa sa pagitan ni Cristo at ng iglesia. Kailangang kilalanin ito ng mga mananampalataya at magpahayag na:

> **…ngunit sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon. ( Josue 24: 15)**

Bilang tagapagmana ng mga pangako ni Abraham, maaari mo ring angkinin ang pangako "At pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa. (Genesis 12:3). Sapagkat ikaw sa espirituwal ay tagapagmana ni Abraham, pagpapalain ang iyong pamilya.

Upang maipagtanggol ang pamilya sa mga pagsalakay ni Satanas, kailangang ang pamilya ay lumagong espirituwal na magkakasama. Ang panalangin at pagaaral ng Salita ng Diyos ang siyang tatali sa pamilya.

> **At ang mga salitang ito, na Aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso;**
>
> **At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka kayo'y nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at pagka ikaw ay bumabangon.**
>
> **At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at magiging pinakatali sa iyong noo.**
>
> **At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan. ( Deuteronomio 6: 6-9)**

Ang pamilya ay dapat maayos muna bago ka humawak ng pangunguna sa ministeryo. Ang utos ng Bagong Tipan para sa mga tagapanguna ay ang kanilang tahanan ay nasa ayos. (Tingnan ang Tito 1 at I Timoteo 3). Ang maling pagbibigay halaga sa ministeryo ay nagdulot ng pagkakabaha-bahagi sa maraming mga pamilyang Cristiano. Upang madaig ang mga estratehiya ni Satanas sa larangang ito, kailangang ang tahanan ay maayos ayon sa kaayusan ng Kasulatan bago lumahok ang isang mananampalataya sa anomang pangunguna sa ministeryo.

Ang mga magulang ay may pananagutan na supilin ang kanilang mga anak. Ang mga problema sa pamilya ni Eli at David ay dahil sa kawalan ng disiplina. Nagbigay ang Biblia ng mga tagubilin sa mga mananampalataya tungkol sa pananagutang ito:

> **Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, At pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan. ( Kawikaan 22: 6)**
>
> **Siyang naguurong ng kaniyang pamalo ay napopoot sa kaniyang anak: ngunit siyang umiibig ay nagpaparusang maminsan-minsan. ( Kawikaan 13: 24)**

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS: PAGSALAKAY SA PANANALAPI

Ang pananalapi at mga bagay na tinatangkilik ng mga mananampalataya ay isa pang larangan na pinupuntirya ni Satanas. Ang kaniyang pagsalakay ay nasa dalawang paraan:

> **Una:** Pagkawala ng pananalapi na hindi naman kasalanan ng mananampalataya. Ito ay tahasang pagsalakay ni Satanas sa pananalapi o mga ari-arian ng mananampalataya.
>
> **Pangalawa:** Pagsalakay sa pananalapi o mga bagay na ari-arian sa pamamagitan ng pagsuway sa mga panuntunan ng Biblia.

Ang unang pagsalakay ay inilarawan sa halimbawa ni Job sa kabanata 1 at 2. Sinalakay ni Satanas ang pananalapi ni Job sa pamamagitan ng pagpatay sa kaniyang kawan (ito ang kaniyang

negosyo) at sa kaniyang tahanan. Ang bubong ay bumagsak! Sinabi ng Biblia na si Job ay isang taong matuwid, kaya alam natin na hindi niya sinusuway ang mga prinsipyo ng Kasulatan.

Ang pangalawang uri ng pagsalakay ay inilarawan sa pamamagitan ng pagsuway sa mga panuntunan ng Kasulatan. Alam ni Satanas na kung mahimok niya ang mga mananampalataya na suwayin ang mga prinsipyo ng Biblia, ang kanilang pananalapi ay hindi pagpapalain. At kung walang pananalapi at mga ari-arian, hindi nila maaaring tustusan ang pagpapalaganap ng ebanghelyo sa mga bansa ng sanglibutan.

Pagaralan ang mga sumusunod na reperensya upang matuklasan kung paano ang pagsalakay ni Satanas sa ating pananalapi:

- Hindi tamang pakikisama sa mga di mananampalataya sa ating negosyo. II Corinto 6:14-18 (Ang talalatng ito ay sa pagaasawa madalas nagagamit, na ang tototoo, ito ay angkop sa anomang pakikiisa sa mga hindi mananampalataya).

- Pagkakautang: Roma 13:8
- Pag-garantiya para sa utang ng iba: Kawikaan 6:1-2

- Hindi pagbabayad kahit may ibabayad: Malakias 3:1-12; Kawikaan 11:24

- Panglololoko: Kawikaan 16:8; Gawa 5:3-4

- Pandaraya: Santiago 5:3-4

- Mga hindi tamang pasahod: Jeremias 22:13

- Kasakiman: Kawikaan 28:22

- Kawalan ng pagpipigil: Kawikaan 23:21

- Pagsuway sa mga batas ng pamahalaan tungkol sa salapi: Roma 13: 6-7

- Katamaran na nagbubunga ng karukhaan: Kawikaan 20:13

- Mga pakana para “biglang yaman”: Kawikaan 20:21; 28:22

- Pagibig sa salapi: I Timoteo 6:10

- Mga kalagayan ng negosyo at pananalapi na nagpapabigat: II Timoteo 2:4

- Pagturing sa paghahandog na di mahalaga subalit tumatanggap ng malaki para sa sariling pakinabang: I Samuel 2:29

## MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: TAGUMPAY SA PANANALAPI

Maaaring salakayin ni Satanas ang pananalapi at ari-arian ng mga mananampalataya kahit hindi nila kasalanan ito. Nabasa natin ito sa halimbawa ni Job. Subalit tandaan, hindi nagawa ito ni Satanas nang walang kapahintulutan ng Diyos. Ang pagsalakay na ito ay ipinahintulot ng Diyos upang subukin ang pananampalataya ni Job. Sapagkat si Job ay tapat, hindi nagtagal at pinagpala ng Diyos si Job nang higit kaysa noong una.

Kung ikaw ay makaranas ng kahirapan sa pananalapi at hindi mo naman kasalanan, titiyakin sa iyo na ito ay pagsalakay na inilunsad ng kaaway. Kung ang pananampalataya sa Diyos ay panatilihin at ikaw ay magpatuloy na sumusunod sa mga prinsipyo ng Kasulatan sa paghawak mo ng salapi, ang pagpapala ng Diyos ay ibabalik ang mga ito pagkatapos ng pansamantalang pagsubok:

> **Sa gayo'y pinagpala ng Panginoon, ang huling wakas ni Job na higit kay sa kaniyang pasimula… ( Job 42: 12 )**

Kung ikaw ay nakakaranas ng kahirapan sa pananalapi dahil sa pagsuway sa mga prinsipyo ng Kasulatan, dapat kang magsisi at ituwid ang pagsuway na ito. Dapat mong tapusin na ang pagiging partner sa hindi mananampalataya sa negosyo (II Corinto 6:14-18). Dapat mong ituwid ang mga panloloko (Kawikaan 16:8, Gawa 5:3-4) at pagsuway sa mga batas ng pamahalaan (Roma 13:6-7). Dapat kang tumigil na sa pandaraya (Santiago 5:3-4), mga hindi tamang pagpapasahod (Jeremias 22:13), kasakiman (Kawikaan 28:22), kawalang ng pagpipigil (Kawikaan 23:21), at katamaran (Kawikaan 20:13).

Kailangang lumayo ka mula sa mga transaksyon sa negosyo at pananalapi na gumagapos sa iyo at pumipigil sa iyo sa pagiging isang mabuting espirituwal na mandirigma (II Timoteo 2:4). Kailangan tanggihan mo ang pakana ng mga "biglang yaman" (Kawikaan 20:21; 28:22) na ang motibo ay ang pagibig sa salapi (I Timoteo 6:10). Dapat kang magtiwala sa Diyos sa halip na sa kayamanan (Deuteronomio 8:18-19; Awit 49:6). Kailangan kang tumanggi na gumarantiya sa pagkakautang ng iba (Kawikaan 6:1-2) at lumaya ka sa pagkakautang mismo (Roma 13:8; Kawikaan 3:27-28).

Kung inaantala mo ang iyong mga handog at ikapu, dapat mong ituwid ito (Kawikaan 11:24; Malakias 3:1-12). Kung ikaw naman ay nasa kalagayan na ikaw ay tumatanggap ng mga handog, huwag mong gamitin ito sa pansariling pakinabang at ituring ito na bale wala (I Samuel 2:29). Kung ikaw ay nagbibigay sa Diyos, dapat mong ibigay ang iyong mga handog at ikapu na:

- Kusang loob: Exodo 35:5; I Cronica 29:9
- May sakdal na puso: I Cronica 29:9
- Magaan sa loob: Mateo 10:8
- Lihim: Mateo 6:3
- Palagi: I Corinto16:2

- Masaya: II Corinto 9:7
- May magandang loob: Roma 12:8
- Ayon sa iyong kinikita: Mateo 5:42
- Ayon sa iyong kakayahan: Ezra 2:69
- Sa porsyento ng kinita: Genesis 14:20; 28:22; Levitico 27:30; II Cronica 31:5; Malakias 3:10

Sa pamamagitan lamang ng pagtutuwid ng mga pagsuway sa mga Kasulatan na iyong mapagtatagumpayan ang mga pagsalakay ni Satanas sa larangan ng pananalapi.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

2. Ilista ang ilan sa mga estratehiya ni Satanas laban sa katawan.

3. Ibigay ang buod ng mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay sa katawan.

4. Paano ginagamit ni Satanas ang personalidad upang labanan ang mga mananampalataya?

5. Ilista ang ilang mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay laban sa mga personalidad na lumalaban sa mga mananampalataya.

6. Ano ang ilan sa mga estratehiya na ginagamit ni Satanas laban sa pamilya?

7. Ilista ang ilang espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay sa pamilya.

8. Ano ang ilan sa mga estratehiya ni Satanas sa larangan ng pananalapi at ari-arian?

9. Ilista ang ilang mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay sa larangan ng pananalapi at ari-arian.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Basahin ang aklat ni Job. Si Job ay sinalakay sa larangan ng pisikal (katawan), ari-arian, at pamilya. Sinalakay din siya sa pamamagitan ng mga personalidad. Sa likod ng bawat isa sa mga pangyayaring ito at larangan ng pagsalakay ay may dahilang espirituwal. Tingnan ang Job 1:6-12; 2:1-6; 42:5.

> Tandaan: May dahilang espirituwal sa bawat pangyayari at problema na iyong hinaharap sa buhay.

2. Para sa dagdag na pagtalakay tungkol sa sakit at pagpapagaling ng Diyos sa katawan, kumuha mula sa Harvestime International Institute ng kursong pinamagatang *"Pakikipaglaban Para Sa Katawan."* Sapagkat ang sakit at pagpapagaling ng Diyos ay nasaklaw na mabuti sa manwal na *"Pakikipaglaban Para Sa Katawan."* Hindi inulit ang mga aralin sa kursong ito. Mahalaga na pagaralan mo ito, sapagkat ang pagsalakay sa katawan ay isa sa mga pangunahing taktika ng kaaway.

3. Ikaw ba ay sinasalakay sa pananalapi o sa katawan? Paano nalilinya ang iyong saloobin at ikinikilos sa mga naituro sa iyo sa araling ito. Ikaw ba ay nagbibigay na…

- Kusang loob: Exodo 35:5; I Cronica 29:9
- May sakdal na puso: I Cronica 29:9
- Magaan sa loob: Mateo 10:8
- Lihim: Mateo 6:3
- Palagi: I Corinto16:2
- Masaya: II Corinto 9:7
- May magandang loob: Roma 12:8
- Ayon sa iyong kinikita: Mateo 5:42
- Ayon sa iyong kakayahan: Ezra 2:69
- Sa porsyento ng kinita: Genesis 14:20; 28:22; Levitico 27:30; II Cronica 31:5; Malakias 3:10

# PAKIKIBAKANG ESPIRITUWAL

# DAGDAG NA PAGSASANAY

## MGA DAGDAG NA MGA KATURUAN SA MGA TIYAK NA LARANGAN NANG PAKIKIBAKA

Pagkaraang magkaroon ng ilang karanasan sa pakikibaka, ang mga kawal ay karaniwang tumatanggap ng mga dagdag na katuruan sa mga tiyak na larangan ng pakikibaka. Ang bahaging ito ng manwal ng pakikibaka ay pinamagatan sa Ingles na "spiritual warfare advanced training" (dagdag na pagsasanay sa pakikibakang espirituwal) na sa madalit salita ay "SWAT." Sa kilos militar ang "SWAT" ay isang tanging grupo ng mga kawal na ginagamit sa isang mahirap na misyon.

# IKA-LABINGSIYAM NA KABANATA

## PAGLILIPAT NG MGA ESPIRITU

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ipaliwanag ang katagang “paglilipat ng mga espiritu.”
- Magbigay ng halimbawa sa Biblia ng paglilipat ng mabuting espiritu.
- Magbigay ng halimbawa sa Biblia ng paglilipat ng masamang espiritu.
- Ipaliwanag ang mga kontra estratehiya para sa pagsanggalang laban sa paglilipat ng masamang espiritu.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **At Ako’y bababa at makikipag-usap sa iyo doon; at Ako’y kukuha sa Espiritung sumasaiyo at Aking isasalin sa kanila; at kanilang dadalhin ang pasan ng bayan na kasama mo, upang huwag mong dalhing mag-isa. (Bilang 11:17)**

### PAMBUNGAD

Sa kabanatang ito, pagaaralan mo ang isa sa pinakamakapangyarihang estratehiya na ginamit ni Satanas. Ang pagkilala sa estratehiyang ito ay sasagot sa maraming mga tanong na iyong itinanong sa nakaraan sa pagkakita mo ng mga negatibong pagbabago sa iyong pamilya, mga

kaibigan, at iglesia…marahil kahit sa iyong sarili. Ang estratehiyang ating tinutukoy ay tinatawag na "paglilipat ng mga espiritu."

## ILANG MGA HALIMBAWA MULA SA BUHAY

Una, isipin ang mga sumusunod na mga halimbawa mula sa buhay:

### UNANG HALIMBAWA:

Ang iyong bunsong anak na lalake ay pinalaki upang maging bahagi ng isang malapit sa isat-isa na pamilya na may mabuting pakikipagugnayan. Iginalang niya ang iyong mga alituntunin at magkakasama kayong dumadalo sa mga gawain ng iglesia. Bigla na lamang na ayaw niyang makasama ng pamilya o sumama sa iglesia. Naging walang imik, mahilig magisa, at naghihimagsik. Sinasalungat niya ang iyong mga tagubilin at nagbabad sa labas kung gabi. Hindi mo maintindihan ang biglang pagbabago. Hindi ka nagkaroon ng ganitong problema sa panganay mong anak na lalake. Pareho ninyong binigyan ng pagmamahal at patnubay. Ano ang nagdulot nito?

### IKALAWANG HALIMBAWA:

Isang katulong na pastor, na dati ay isang malaking pagpapala sa iglesia, ay naging palapintas, hindi kontento, at tumatangging pasakop sa liderato ng pastor. Nagtipon siya ng ilang mga tao sa kaniya at nagkaroon din sila ng parehong saloobin. Ang katulong na pastor ay naghasik ng pagkakabaha-bahagi at hinati ang iglesia.

### ANO ANG PROBLEMA?

Suriin mo ang nangyari sa iyong anak at makikita mo na ang pagbabago ay nangyari pagkatapos na may dumating sa buhay niya na isang iginagalang at hinahangaan. Nagsimula siyang makisama ng malapit sa taong ito. Nagsimula siyang magsabi kung ano ang kanilang mga iniisip o kung ano ang sabi ng kanilang mga magulang at nagumpisa siyang gayahin ang kanilang kilos pati ang pananamit.

Sa kaso naman ng katulong na pastor, makikita mo rin ang pagkakahawig. Sapagkat ang mga pamilya sa iglesia ay nagmahal at gumalang sa kaniya bilang isang espirituwal na tagapanguna, sila ay nakinig habang siya ay naghahasik ng mga binhi ng pagaalitan. Hindi nagtagal, ang kaniyang espiritung mapamintas at mapanghimagsik ay kumalat sa iba sa iglesia.

## PAGLILIPAT NG MGA ESPIRITU

Ang dalawang kalagayang ito ay naganap dahil sa isang estratehiya ni Satanas na tinatawag na "paglilipat ng mga espiritu." Ang ibig sabihin ng "maglipat" ay magsalin mula sa isa tungo sa iba. Ang salita namang "espiritu" na ginamit dito ay tumutukoy sa "paguugali, saloobin, o motibo sa likod ng mga kilos," hindi isang demonyo.

Ang bawat kilos ng tao ay naghahayag ng uri ng “espiritu.” Halimbawa, ang isang tao ay maaaring magpakita ng mahinahong espiritu, marahas na espiritu, o isang mapanghimagsik na espiritu sa pamamagitan ng kaniyang mga kilos. Ang espiritu ng tao ay maaaring maimpluwensyahan ng mga espirituwal na pwersa ng mabuti o masama at maaari niyang mailipat ito sa iba ng isahan o sa isang grupo.

## KAHALAGAHAN NG ESPIRITU

Bago mo pagaralan ang ilang mga halimbawa sa Biblia ng paglilipat ng mga espiritu, mahalaga na maunawaan mo ang iyong sariling espiritu at bakit ito ay may halaga kay Satanas na puntiryahin ng kaniyang pagsalakay. Ang Diyos ang may likha ng iyong espiritu:

> **Ang hula na salita ng Panginoon tungkol sa Israel, Ganito ang sabi ng Panginoon, na naguunat ng langit, at naglalagay ng mga patibayan ng lupa, at naglalang ng diwa sa loob ng tao. (Zacarias 12:1)**

> **Ganito ang sabi ng Diyos na Panginoon, na lumikha ng langit, at nagladlad ng mga yaon; Siyang naglatag ng lupa at ng nagsisilitaw rito; Siyang nagbibigay hinga sa bayan nito, at ng diwa sa kanila na nagsisilakad dito. (Isaias 42:5)**

Ang espiritu ang nagbibigay buhay:

> **Sapagkat kung paanong ang katawan na walang espiritu ay patay, ay gayon din ang pananampalataya na walang gawa ay patay. (Santiago 2:26)**

Pagkamatay, ang espiritu ay nagbabalik sa Diyos:

> **Sinong nakakaalam ng diwa ng tao kung napaiilanglang, at ng diwa ng hayop kung napaiibaba sa lupa? (Ecclesiastes 3:21)**

> **At ang alabok ay mauuwi sa lupa gaya ng una, at ang diwa ay mababalik sa Diyos na nagbigay sa kaniya. (Ecclesiastes 12:7)**

Ang Diyos ang Panginoon ng iyong espiritu:

> **Maghalal ang Panginoon, ang Diyos ng mga diwa ng lahat ng laman, ng isang lalake sa kapisanan. (Bilang 27:16)**

> **Bukod dito, tayo’y nangagkakaroon ng mga ama ng ating laman upang tayo’y parusahan, at sila’y ating iginagalang: hindi baga lalong tayo’y pasasakop sa Ama ng mga Espiritu, at tayo’y mabubuhay? (Hebreo 12:9)**

Ang Diyos ang tumitimbang at humahatol sa iyong espiritu:

> **Ang lahat ng lakad ng mga tao ay malinis sa harap ng kaniyang sariling mga mata: Ngunit tinitimbang ng Panginoon ang mga diwa. (Kawikaan 16:2)**

Nais ng Diyos na ilagay ang Kaniyang espiritu (Espiritu Santo) sa iyo upang ikaw ay makapamuhay para sa Kaniya: Iyan ang dahilan kung bakit sinasalakay ni Satanas ang iyong espiritu:

> **At Aking ilalagay ang Aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin Ko kayo ng ayon sa Aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang Aking mga kahatulan, at isasagawa. (Ezekiel 36:27)**

Nais ng Diyos na panatilihin ang iyong espiritu sa kabanalan hanggang sa pagbabalik ni JesuCristo:

> **At pakabanalin kayong lubos ng Diyos din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng Panginoong Jesucristo. (I Tesalonica 5:23)**

Isang mahalagang dahilan kung bakit sinasalakay ni Satanas ang espiritu ng tao ay sapagkat ang espiritu ang siyang nagpapatotoo na kasama ng Espiritu Santo at nagbibigay katiyakan ng kaligtasan:

> **Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos. (Roma 8:16)**

Isa pang dahilan ay ginagamit ng Diyos ang iyong espiritu upang patnubayan ang iyong buhay. Sa natural na larangan, ang kandila ay nagbibigay tanglaw upang magkaroon ka ng patnubay. Ito ang silbi ng espiritu sa larangang espirituwal:

> **Ang diwa ng tao ay ilawan ng Panginoon, Na sumisiyasat ng mga pinakaloob na bahagi ng tiyan. (Kawikaan 20:27)**

Sinasalakay din ni Satanas ang espiritu sapagkat alam niya na ang taong may wastong espiritu ang ginagamit ng Diyos para sa Kaniyang Kaharian.

> **…ngunit ang taong ito ay titingnan ko, sa makatuwid baga'y siyang dukha at may pagsisising loob, at nanginginig sa aking salita. ( Isaias 66: 2)**

Sinasalakay din ni Satanas ang espiritu sapagkat ang Diyos ay nananahan sa taong may wastong espiritu. Napapadala rin Siya ng pagbabagong buhay sa taong may wastong espiritu:

> **Sapagkat ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal; Ako'y tumatahan sa mataas at banal na dako na kasama rin niya na may pagsisisi at pagpapakumbabang-loob, upang bumuhay ng loob ng nagpapakumbaba, at upang bumuhay ng puso ng nagsisisi. (Isaias 57:15)**

Kung magdulot si Satanas ng mga maling espiritu sa isang iglesia, napipigil niya ang pagbabagong buhay. Pinagsasama ni Satanas ang kaniyang pagsalakay sa iyong espiritu at sa

iyong dila. Tulad ng iyo nang natutuhan, ang dila ay ginagamit ni Satanas upang magdala ng butas sa espiritu. Ang butas ay isang bukas na lugar na nagbibigay sa kaaway ng daanang papasok:

> **Ang dilang magaling ay punong kahoy ng buhay: ngunit ang kalikuan niyaon ay kasiraan ng diwa. (Kawikaan 15:4)**

Kung inuudyukan ka ni Satanas na magkasala sa pamamagitan ng iyong dila, nakakalikha siya ng butas upang mapasok niya ang iyong espiritu.

## ANG PAGLIPAT BA NG MGA ESPIRITU AY AYON SA BIBLIA?

Maaaring mangyari na makatanggap ka ng "ibang espiritu." Binanggit ni Pablo ang tungkol sa palilipat ng "ibang espiritu":

> **Sapagkat kung yaong paririto ay mangangaral ng ibang Jesus, na hindi namin ipinangaral, o kung kayo'y nagsisitanggap ng ibang espiritu na hindi ninyo tinanggap… (II Corinto 11:4)**

Ang mga halimbawa sa Biblia ay nagpapatibay ng katotohanan ng paglilipat ng mga espiritu. Ang isang halimbawa ng paglilipat ng isang mabuting espiritu ay makikita sa Bilang 11:16-17:

> **At sinabi ng Panginoon kay Moises, Pisanin mo sa akin ang pitong pung lalake sa mga matanda sa Israel, sa iyong mga nalalaman na matanda sa bayan at mga nangungulo sa kanila; at dalhin mo sa tabernakulo ng kapisanan, upang sila'y makatayo roon na kasama mo.**
>
> **At Ako'y bababa at makikipag-usap sa iyo doon; at Ako'y kukuha sa iyong espiritu na sumasaiyo at Aking isasalin sa kanila; at kanilang dadalhin ang pasan ng bayan na kasama mo, upang huwag mong dalhing magisa. (Bilang 11:16-17)**

Ang pahid ng kapangyarihan ng Diyos sa kay Moises ay nailipat mula sa kaniya tungo sa mga piniling matatanda. Sila'y sumailalim sa impluwensya ni Moises. Ang kanilang mga espiritu ay nakiisa at napasakop sa kaniyang espiritu.

## ESTRATEHIYA NI SATANAS: PAGLILIPAT NG MASAMANG ESPIRITU

Si Satanas ay mangagaya, hindi siya nakalilikha. Ginagamit niya ang paraan ng Diyos ng paglilipat ng isang mabuting espiritu at ang kaniya naman ay masamang espiritu na inililipat sa mga tao. Ang isang halimbawa nito ay ang istorya ng labingdalawang mga tiktik na sinugo ni Moises upang tiktikan ang lupang ipinangako ng Diyos sa Israel. Basahin ang paglalahad nito sa Bilang 13:17-14:39.

Sampu sa mga tiktik na ito ay bumalik na may negatibong ulat. Ibinalita nila ang tungkol sa mga matataas na mga pader at makapangyarihang mga pwersa ng kaaway sa lupain. Inilipat nila ang isang espiritu ng pagkatakot at kawalan ng pananampalataya sa bayan ng Diyos:

> **…Hindi tayo makaaakyat laban sa bayan; sapagkat sila'y malakas kay sa atin.**
>
> **At doo'y aming nakita ang mga Nefilim, ang mga ank ni Anac, na mula sa mga Nefilim: at kami sa aming sariling paningin ay naging parang mga balang, at gayon din kami sa kanilang paningin. (Bilang 13: 31, 33)**

Subalit dalawa sa labing dalawang tiktik ay may ibang espiritu:

> **Kundi ang Aking lingkod na si Caleb, sapagkat siya'y nagtaglay <u>ng ibang diwa</u> at siya'y sumunod na lubos sa Akin, ay Aking dadalhin siya sa lupain na kaniyang pinaroonan; at aariin ang kaniyang lahi. (Bilang 14:24)**
>
> **At hinapak ni Josue na anak ni Nun, at ni Caleb na anak ni Jephone, na mga kasamang tumiktik sa lupain, ang kanilang nga suot:**
>
> **At sinalita nila sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sinasabi, Ang lupaing aming dinaanan upang tiktikan ay isang napakainam na lupain.**
>
> **Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga Niya tayo sa lupaing yaon, at ibibigay Niya sa atin; na yaon'y lupain na binubukalan ng gatas at pulot.**
> **(Bilang 14:6-8)**

Narito ang dalawang magkataliwas na espiritu na nagsisikap na hawakan ang mga tao. Ang isa ay ang espiritu ng pagaalinlangan. At ang isa ay ang espiritu ng pananampalataya:

> **At pinatahimik ni Caleb ang bayan sa harapan ni Moises, at sinabi, Ating akyating paminsan, at ating ariin; sapagkat kaya nating lupigin. (Bilang 13:30)**

Masdan kung paano nakaapekto sa mga tao ang negatibong espiritu ng sampung tiktik:

> **At ang buong kapisanan ay naglakas ng kanilang tinig, at humiyaw; at ang bayan ay umiyak ng gabing yaon.**
>
> **At inupasala ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron; at sinabi sa kanila ng buong kapisanan, Nangamatay na sana sa lupain ng Egipto! O kaya''y nangamatay na sana tayo sa ilang na ito!**
>
> **At bakit kaya tayo dinala ng Panginoon sa lupaing ito, upang tayo'y mabuwal sa tabak? Ang ating mga asawa at ang ating mga anak ay magiging mga huli; hindi ba magaling sa atin na tayo'y magbalik sa Egipto?**

**At nagsang-usapan sila, Tayo'y maglagay ng isang kapitan at tayo'y magbalik sa Egipto. (Bilang 14:1-4)**

Mayroong mga espiritu ng pagkahapis, pagrereklamo, at paghihimagsik na nailipat ang sampung tiktik sa bayan ng Diyos. Ang Israel ay di nakapasok agad sa lupang pangako hindi dahil sa mahina ang kanilang hukbo. Hindi sila nakapasok agad dahil sa maling espiritu.

Bakit naapektuhan ang mga tao ng maling espiritu sa halip na noong tama? Dahil sa makasalanang likas ng tao na kiling agad sa pagtanggap at paniwala sa maling ulat. Mayroon ding hilig na "sumunod sa karamihan" at tanggapin ang pasiya ng nakakarami at ituring ito bilang kalooban ng Diyos. Ang isa pa, kung tinanggap ng Israel ang tamang ulat, ito sana'y nangahulugang patay kung patay. Ang makataong likas natin ay laging nais ang mas madaling lusutan.

Ang makapangyarihang estratehiyang ito ng paglilipat ng mga espiritu ang dahilan ng maraming mga labanang espirituwal na hinaharap ng mga mananampalataya ngayon. Ito ang dahilan ng mga biglang pagbabago mula sa positibo sa negatibong mga kilos na ating nasasaksihan sa tao sa paligid natin. Ito ang paliwanag kung bakit ang dalawang anak na pinalaki sa isang tahanan, tumanggap ng pagtuturo at pagsasanay Cristiano ay magkaiba ang ikikilos. Ito ang dahilan ng mga pagkakabaha-bahagi sa mga tahanan, mga pagkakaibigan, at mga iglesia. Kung ikaw ay makisama sa isang tao na may mas malakas na espiritu kaysa sa iyo, naka umang ka sa paglilipat ng kaniyang espiritu sa iyong espiritu. Maiimpluwensayahan ka ng espiritung yaon at ito ay naililipat sa iyo.

## MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: PAGHADLANG SA PAGLILIPAT NG MASAMANG ESPIRITU

Nagbigay ang diyos ng mga espirituwal na kontra estratehiya upang maiwasan ang paglilipat ng isang masamang espiritu:

## PIGILAN MO ANG IYONG ESPIRITU:

Pigilan mo ang iyong espiritu. Tiyakin mo na ang isang maling espiritu na maaari mong mailipat sa iba ay hindi magugat sa iyo:

**Siyang hindi pumipigil ng kaniyang sariling diwa, Ay parang bayang nabagsak at walang kuta. (Kawikaan 25:28)**

**Siyang makupad sa pagkagalit ay maigi kay sa makapangyarihan; At siyang nagpupuno sa kaniyang diwa ay maigi kay sa sumasakop ng isang bayan. (Kawikaan 16:32)**

**… kaya't ingatan ninyo ang inyong kalooban na huwag kayong magsalita na may paglililo. (Malakias 2:16)**

**BANTAYAN ANG IYONG DILA:**

Tulad ng iyong natutuhan, ang dila ay maaaring gamitin upang lumikha ng butas sa espiritu at magbigay na pasukan sa kaaway. Bantayan mo ang iyong pananalita.

**BANTAYAN ANG IYONG MGA PINAGUUKULAN NG PAGIBIG:**

> **Ingatan mo ang iyong puso ng buong sikap; sapagkat dinadaluyan ng buhay. (Kawikaan 4:23)**

Bantayan mo ang iyong pinaguukulan ng pagmamahal. Huwag mong basta na lamang igagalang at mamahalin ang kahit na sino na lang. Binubuksan mo ang iyong sarili sa mga taong iyong mahal at iginagalang at madali mong matatanggap ang kanilang espiritu.

**PILIIN MONG MABUTI AY IYONG MGA KASAMA:**

Paulit-ulit ang babala ng aklat ng Kawikaan tungkol sa panganib nang pakikisama sa mga taong may maling espiritu. Para sa mga halimbawa, basahin ang Kawikaan 1:10-19 at 2:11-22. Binigyan tayo ng babala:

> **Huwag kang makipagkaibigan sa taong magagalitin; At sa mainiting tao ay huwag kang sasama:**
>
> **Baka ka matuto ng kaniyang mga lakad, At magtamo ng silo sa iyong kaluluwa. (Kawikaan 22:24-25)**
>
> **Huwag kang pumasok sa landas ng masama, At huwag kang lumakad ng lakad ng masasamang tao. (Kawikaan 4:14-15)**
>
> **Paroon ka sa harapan ng taong mangmang, At hindi mo mamamalas sa kaniya ang mga labi ng kaalaman. (Kawikaan 14:7)**
>
> **Huwag kang mapasama sa mga mapaglango… (Kawikaan 23:20)**
>
> **Ang nakikisama sa isang magnanakaw ay nagtatanim sa kaniyang sariling kaluluwa… (Kawikaan 29:24)**

Kung ang samahan mo ang mga pantas na mga tao, ang kanilang espiritu ay maililipat sa iyo:

> **Lumalakad ka na kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas; Ngunit ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara. (Kawikaan 13:20)**

Piliin mong mabuti ang iyong mga sasamahan. Kung ikaw ay magulang, maingat mong matyagan ang mga kasamahan ng iyong mga anak.

**BANTAYAN MO ANG IYONG MGA PISIKAL NA SENTIDO:**

Matatandaan mo mula sa iyong pagaaral tungkol sa laman na ang iyong mga pisikal na sentido ay mahalaga. Ingatan mo ang iyong pandinig mula sa mga balitang tsismis, pagbibintang, paninirang puri, at pamimintas. Madudulot ito sa iyo na magkaroon ng maling espiritu. Ingatan mo ang iyong mga mata mula sa mga mararahas at malalaswang pelikula o babasahin na maaaring maglipat ng mga espiritu ng pangangalunya, pita, at karahasan.

**MAGINGAT SA "PAGPAPATONG NG KAMAY":**

Ang mahalaga rito ay kilalanin na,tulad ng ipinakita sa kasaysayan ni Moises at ng pitompung mga matatanda, ay ang espiritu ay maaaring mailipat sa pamamagitan ng "pagpapatong ng mga kamay." Kung ang mabuting espiritu ay maaaring mailipat sa pagpapatong ng mga kamay, maaaring ganito rin ang masamang espiritu. Magingat ka kung sino ang pinapayagan mong magpatong ng mga kamay sa iyo sa layunin ng espirituwal na paglilipat.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

2. Ano ang ibig sabihin ng katagang "paglilipat ng mga espiritu?"

3. Magbigay ng halimbawa sa Biblia ng paglilipat ng mabuting espiritu.

4. Magbigay ng halimbawa ng paglilipat ng masamang espiritu.

5. Maglista ng anim na mga estratehiya ng pagsanggalang laban sa paglilipat ng masamang espiritu.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Pagaralan mo pa ang paglilipat ng mabuting espiritu:  Ang propetang Eliseo ay hiniling ang “balabal” ni Elias na mapunta sa kaniya pagka namatay na si Elias. Ang “balabal” ay sagisag ng espiritu ng Diyos na nasa kay Elias. Hiningi ni Eliseo ang “ibayong bahagi” ng mabuting espiritu na nananahan kay Elias. Basahin ang istorya sa II Hari 2.

2. Pagaralan mo pa ang tungkol sa paglilipat ng masamang espiritu. Basahin ang kasaysayan ni Ananias at Sapira sa Gawa 5:1-11. Ito ay halimbawa ng asawang lalake na naglipat ng espiritu ng pangdaraya sa kaniyang maybahay.

3. Pagaralan ang mga sumusunod na mga reperensya. Ang mga ito ay naghahayag ng maraming mga paraan na ang iyong espiritu ay maapektuhan ng tiyak na mga saloobin at tugon ng damdamin, tama man o mali. Ang iyong espiritu ay maaaring:

| | |
|---|---|
| Mapanibugho: | Bilang 5:14 |
| Mapagmatigas: | Deuteronomio 2:30 |
| Nayayamot: | Exodo 6:9 |
| Mabuti: | Nehemias 9:20 |
| Walang pagdaraya: | Awit 32:2 |
| Matuwid: | Awit 51:10 |
| Bagabag: | Awit 51:17 |
| Nanglupaypay: | Awit 77;3; 142:3; 143:4 |
| Masikap at nagsisiyasat: | Awit 77:6 |
| Tapat: | Awit 78:8 |
| Manglupaypay: | Awit 143:7 |
| Tapat: | Kawikaan 11:13; II Corinto 4:13 |
| Madaling magalit: | Kawikaan 14:29; Eclesiastes 7:9 |

| | |
|---|---|
| Mapagmataas: | Kawikaan 16:18 |
| Mapagpakumbaba: | Kawikaan 16: 19 |
| Bagbag: | Kawikaan 18:14 |
| Nauuwi sa wala: | Eclesiastes 1:14 |
| Matiisin: | Eclesiastes 7:8 |
| Palalo: | Eclesiastes 7:8 |
| Naghahanap: | Isaias 26:9 |
| Mapaghusga: | Isaias 28:6 |
| Namamali: | Isaias 29:24 |
| Mapagpakumbaba at nagsisisi: | Isaias 57:15 |
| Dukha at pagsisising loob: | Isaias 66:2 |
| Natahimik: | Zacarias 6:8 |
| Marilag: | Daniel 5:12; 6:3 |
| Namanglaw: | Daniel 7:15 |
| Marunong: | Exodo 28:3 |
| Malakas: | Lucas 2:40 |
| Mali: | Lucas 9:55 |
| Sumasamba: | Juan 4:23-24; Filipos 3:3 |
| Nagugulumihanan: | Genesis 41:8; Daniel 2:3; Juan 13:21; II Tesalonica 2:2 |
| Mapanghikayat: | Gawa 6:10 |
| Nakilos: | Ezra 1:1; Hagai 1:14 |
| Napilitan: | Gawa 18:5 |
| Maningas: | Gawa 18:25; Roma 12:11 |
| Natali: | Gawa 20:22 |
| Naglilingkod: | Roma 1:9 |
| Natuli: | Roma 2:29 |
| Bago: | Ezekiel 11:19; 18:31; 36:26; Roma 7:6 |
| Inalipin: | Roma 8:15 |
| Nagpapatotoo kasama ng Espiritu ng Diyos: | Roma 8:16 |
| Natutulog: | Roma 11:8 |
| Mahinahon: | Galacia 6:1 |
| Maamo at payapa: | I Pedro 3:4 |
| Mapanalanginin: | I Corinto 14:14 |
| Kaisa: | I Corinto 6:17 |
| Nagluluwalhati sa Diyos: | I Corinto 6:20 |
| Umaawit: | I Corinto 14:15 |
| Nanariwa: | I Corinto 16:18; II Corinto 7:13 |
| Walang katiwasayan: | II Corinto 2:13 |
| Marumi: | II Corinto 7:1 |
| Nakiisa sa ibang mananampalataya: | II Corinto 12:18; Filipos 1:27 |
| Naingatan: | I Tesalonica 5:23 |
| Isang halimbawa sa mga mananampalataya: | I Timoteo 4:12 |
| Matatakutin: | II Timoteo 1:7 |

| | |
|---|---|
| Nagnanasa: | Santiago 4:5 |
| Nakalaan: | Exodo 35:21; Marteo 26:41 |
| Dukha: | Mateo 5:3 |
| Nakakaunawa: | Marcos 2:8 |
| Nakahanda: | Marcos 14:38 |
| Namamanglaw: | I Samuel 1:15 |
| Nalulungkot: | I Hari 21:5 |
| Nagagalak: | Lucas 1:47 |
| Nagbubuntong-hininga: | Marcos 8;12 |

4. Sa palagay mo ba ay naapektuhan ka ng paglilipat ng masamang espiritu? Sino sa paniwala mo ang nakaimpluwensya sa iyong espiritu? Ano ang mga bunga ng mga negatibong impluwensyang ito? Kung ikaw ay naapektuhan ng pagkalipat ng masamang espiritu at upang makapagtanggol ka laban sa mga ito, sundin ang mga kontra estratehiya na ibinigay sa kabanatang ito:

- Pigilan ang iyong espiritu.
- Bantayan ang iyong dila.
- Bantayan ang pinaguukulan ng pagmamahal.
- Maging maingat sa pagpili ng kasamahan.
- Bantayan ang iyong mga pisikal na sentido.
- Magingat sa "pagpapatong ng kamay."

5. May isang tanging kaloob ng Espiritu Santo na tinatawag na "pagkakilala sa mga espiritu." Tinutulungan nito ang mga mananampalataya na makilala kung ang espiritu ay mabuti o masama. Mapagaaralan mo pa ang tungkol sa kaloob na ito sa kursong pinamagatang *"Ang Ministeryo ng Espiritu Santo"* ng Harvestime International Institute.

# IKA-DALAWAMPUNG KABANATA

## MGA ESPIRITU NG KASAMAAN SA DAKONG KATAASTAASAN

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng "espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan."
- Ibigay ang buod ng mga estratehiya ni Satanas sa larangang ito.
- Tukuyin ang mga espirituwal na mga estratehiya upang mapagtagumpayan ang mga espirituwal na mga kasamaan sa dakong kataastaasan.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **At hindi katakataka: sapagkat si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.**
>
> **Hindi malaking bagay nga na ang kaniyang mga ministro naman ay magpakunwari na mga ministro ng katuwiran; na ang kanilang wakas ay masasangayon sa kanilang mga gawa. (II Corinto 11:14-15)**

## PAMBUNGAD

Natutuhan mo na ang pakikibakang espirituwal ay hindi laban sa laman at dugo. Pinagaralan mo ang tungkol sa mga pwersa ng kasamaan at paano ito binuo. Ang kabanatang ito ay tungkol sa isang tiyak na bahagi ng mga puwersa ng kasamaan ni Satanas, "mga espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan." Nagbabala si Apostol Pablo tungkol sa mga puwersang ito:

> **Sapagkat ang ating pakikipagbaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. (Efeso 6:12)**

## MGA DAKONG KATAASTAASAN

Waring likas na sa tao na isipin na ang Diyos ay nananahan sa isang mataas na dako. Mula pa noong una, pinili ng mga tao ang mga matataas na lugar upang sumamba, ito man ay sa tunay na Diyos o sa bulaang diyos at diosdiosan na nilikha ng tao. Sa panahon ng Lumang Tipan ang mga dakong matataas na ito ang pinagdausan ng labis na kalaswaan at paghahain ng mga tao na kaugnay ng pagsamba sa bulaang mga diyos.

Sinabi ng Diyos sa Israel nang pumasok ito sa Lupang Pangako na palayasin ang mga nananahan doon at sirain ang lahat ng kanilang mataas na dako:

> **Ay inyo ngang palalayasin ang lahat ng nananahan sa lupain sa harap ninyo, at inyong sisirain ang lahat ng kanilang mga batong tinapyasan, at inyong sisirain ang lahat ng kanilang mga larawang binubo, at inyong gigibain ang lahat ng kanilang mga mataas na dako. (Bilang 33:52)**

Sa aklat ng Mga Hukom nabasa natin ang pagkabigo ng Israel na palayasin ang mga kaaway mula sa lupain. Dahil dito, sila ay nahulog sa pagsamba sa diosdiosan sa matataas na dako. Pagkatapos ng panahon ng mga hukom, ilan sa mabubuting mga hari ng Israel ay sinira ang mga matataas na dako. Ang iba naman ay muling itinayo ang mga ito at sumamba sa mga bulaang diyos. Si Haring Manases ang isa sa mga nagtayong muli ng mga matataas na dako. Pagkatapos na siya ay maparusahan at nagsisi sa kaniyang mga kasalanan, siya ay nabalik sa trono at itinuloy ang pagsamba sa tunay na Diyos. Ang mga tao ay naghandog pa rin ng mga hain sa matataas na dako, "ngunit sa Panginoon lamang na kanilang Diyos" (II Cronica 33).

Nang tawagin ng Diyos si Gideon upang maging malakas na mandirigma, sinabi sa kaniya ng Panginoon na sirain ang mga altar, putulin ang mga rebultong kahoy, at magtayo ng bagong altar para sa Diyos. Ang paghahandog ng mga haing susunugin ay nagawa lamang pagkatapos sirain ang mga matataas na dako. Noon lamang dumating ang paglaya! Ang Diyos ay tumatawag pa rin

ngayon upang ang “mga espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan” ay sirain ng mga malalakas na mandirigma ng Diyos.

## MGA ESTRATEHIYA NI SATANAS: ESPIRITUWAL NA KASAMAAN SA DAKONG KATAASTAASAN

Nang banggitin ni Pablo ang “espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan,” tinutukoy niya ang mga masasamang espiritu na nakapasok na sa mga sistema ng relihiyon sa sanglibutan. Sila ay nakapasok kahit sa mga kapulungan ng mga matuwid. Naitatag ni Satanas ang kaniyang puwersa ng kasamaan upang gayahin ang kaayusan ng tunay na Iglesia ng Diyos. Sa ilang lugar, may mga kapulungan siya na kung tawagin ay “Ang iglesia ni Satanas” o “spiritista.” Si Satanas ay nagtayo ng mga pagsamba sa espirituwal na dakong kataastaasan.

Si Satanas ang nagudyok sa pagtatatag ng maraming mga kulto. Ang ibig sabihin ng salitang “occult” ay “magtago ng isang bagay.” Ito ang salita na ginagamit upang ilarawan ang mga gawain ng mahiwagang mahika. Ang mga kulto ay kabahagi ng occult na nagtatago ng kasamaan sa likod ng balabal ng relihiyon. Ngunit ang mas mapanganib ay ang ginawa ni Satanas na pagtatag ng sistemang ito mismo sa loob ng tunay na iglesia sa pamamagitan ng masasamang mga tao na “nagsipasok nang lihim” (Judas 4).

Sa pamamagitan ng “mga espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan” nilalayon ni Satanas ang lubos na katapatan ng tao. Ginagamit niya ang mga kulto, ang kaniyang sariling iglesia ni Satanas, at pagpasok niya sa Katawan ni Cristo upang matupad ito. Ito ang itinuturo ng Biblia tungkol sa mga organisasyong pang relihiyon ni Satanas:

### MAY “TRINITY” RIN SI SATANAS:

Napagaralan mo na noon ang tungkol sa Trinity ng Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Si Satanas ay mayroon ding trinity. Kabilang dito si Satanas mismo, ang hayop, at ang bulaang propeta. Ang tungkol doon sa huling dalawa sa huling kabanata ng kursong ito. Sa aklat ng Apocalipsis, inilarawan ni Juan ang huling hantungan ng masamang triyo na ito:

> **At ang diablo na dumaya sa kanila ay ibinulid sa dagatdagatang apoy at asupre, na kinaroroonan din naman ng hayop at ng bulaang propeta; at sila’y pinahihirapan araw at gabi magpakailan kailan man. (Apocalipsis 20:10)**

### MAY SARILING IGLESIA SI SATANAS:

Ang Diyos ay nagtatag ng tunay na iglesia na kilala bilang “Katawan Ni Cristo” na dito si Jesus ang ulo:

> **Kayo nga ang katawan ni Cristo, at bawat isa’y samasamang mga sangkap Niya. (I Corinto 12:27)**

> **Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay magsilaki sa lahat ng mga bagay sa Kaniya, na Siyang pangulo, sa makatuwid baga’y si Cristo;**

> **Na dahil sa Kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawat kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawa't iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig. (Efeso 4:15-16)**

Si Satanas ay may sariling iglesia rin na tinawag na "sinagoga ni Satanas":

> **Nalalaman Ko…ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas. (Apocalipsis 2:9)**

Ang bansag na "sinagoga ni Satanas" ay di karaniwang ginagamit ng hayagan, ngunit ito ay itinatag saan man na ang tunay na ebanghelyo ng Panginoong JesuCristo ay hindi naipangaral.

## MAY DOKTRINA SI SATANAS:

Ang Bibilia ay puno ng tunay na mga doktrina ng Diyos na inihayag ng Espiritu Santo:

> **Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo… (II Timoteo 3:16)**

Ang doktrina ni Satanas ay tinawag na "aral ng mga demonyo":

> **Ngunit hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng demonio. (I Timoteo 4:1)**

Isa sa mga kategorya ng mga demonyo ay tinawag na "espiritung mapanghikayat." Ang kanilang tiyak na gawain ay hikayatin ang tao sa maling doktrina. Ang "aral ng mga demonyo" ay anomang katuruan na inihaharap bilang "katotohanan" na hindi naman sang-ayon sa nasulat na Salita ng Diyos.

## MAY SISTEMA NG PAGHAHAIN SI SATANAS:

Sa Roma 12:1, sinabihan tayo na iharap natin ang ating sarili sa Diyos bilang isang haing buhay. Ang ibig sabihin nito ay lubos nating isuko ang ating sarili sa Diyos. Hinihiling din ni Satanas ang paghahain sa kaniya:

> **Subalit sinasabi ko, na ang mga bagay na inihahain ng mga Gentil, ay kanilang inihahain sa mga demonio, at hindi sa Dios: at di ko ibig na kayo'y mangagkaroon ng pakikipagkaisa sa mga demonio. (I Corinto 10:20)**

Hinihiling ni Satanas ang lubos na katapatan ng katawan, kaluluwa, at espiritu. Mayroon talagang mga paghahain na ginagawa ang mga lalake at babae na doo'y itinatalaga nila ang kanilang sarili sa paglilingkod kay Satanas. Ang paghahain ng dugo ng tao at hayop ay ginagawa rin.

**MAY KANIYANG KOMUNYON SI SATANAS:**

Ang pagbabahagi ng tinapay at katas ng ubas ay sinimulan ni Jesus bilang isang pagaalaala sa Kaniyang pagpapakasakit para sa kasalanan ng sangkatauhan doon sa krus (I Corinto 11:23-34). Si Satanas ay may huwad na komunyon din naman:

> **Hindi ninyo maiinuman ang saro ng Panginoon, at ang saro ng mga demonio: kayo'y hindi maaaring makisalo sa dulang ng Panginoon, at sa dulang ng mga demonio. (I Corinto 10:21)**

**MAY MGA MINISTRO SI SATANAS:**

Tinawag ng Diyos ang ilang mga mananampalataya upang maglingkod bilang mga pastor at ministro sa Kaniyang iglesia at ipahayag ang ebanghelyo ( I Corinto 12:28). Si Satanas ay mayroon din kaniyang mga ministro:

> **At hindi katakataka: sapagkat si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.**
>
> **Hindi malaking bagay nga na ang kaniyang mga ministro naman ay magpakunwari na mga ministro ng katuwiran; na ang kanilang wakas ay masasangayon sa kanilang mga gawa. (II Corinto 11:14-15)**

**ANG MGA MINISTRO NI SATANAS AY NAGHAHAYAG NG EBANGHELYO:**

Ang "ebanghelyo" ni Satanas ay salungat sa ebanghelyo ng Panginoong JesuCristo:

> **…kundi mayroon na sa inyo'y nagsisiligalig, at nangiibig na pasamain ang evangelio ni Cristo. (Galacia 1:7-8)**

**MAY LUKLUKAN SI SATANAS:**

Ang Diyos ay may luklukan sa langit. Si Satanas ay mayroon ding luklukan, bagamat hindi sinabi sa atin kung saan talaga ito:

> **At ang hayop na aking nakita ay nakatulad ng isang leopardo, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng sa oso, at ang kaniyang bibig ay gaya ng bibig ng leon: at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan. (Apocalipsis 13:2)**

**MAY MGA MANANAMBA SI SATANAS:**

Marami ang sumasamba sa tunay na Diyos. Si Satanas ay mayroon ding mga mananamba:

> **…at nangagsisamba sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop? At sinong makababaka sa kaniya? (Apocalipsis 13:4)**

Ang ilang mga mananamba ni Satanas ay nagpapanggap na mga tagasunod ni Jesus:

> **At ang bukid ay ang sanglibutan; at ang mabuting binhi, ay ito ang mga anak ng kaharian: at ang mga pansirang damo ay ang mga anak ng masama;**
>
> **At ang kaaway na naghasik ng mga ito ay ang diablo: at ang pagaani ay ang katapusan ng sanglibutan; at ang mga mangaani ay ang mga anghel.**
> **(Mateo 13:38-39)**

Inihahalo ni Satanas ang masamang “binhi” sa mabuting “binhi” (mananampalataya)

**MAY MGA PROPETA SI SATANAS:**

Naglagay ang Diyos sa iglesia ng mga propeta, mga lalake na may tanging pahid ng kapangyarihan upang magdala ng direktong mensahe mula sa Kaniya para sa iglesia (I Corinto 12:28). Si Satanas ay may mga bulaang propeta na naghahatid ng bulaang mga mensahe:

> **At magsisibangon ang maraming bulaang propeta, at kanilang ililigaw ang marami.**
> **(Mateo 24:11)**

**MAY MGA TAGAPAGTURO SI SATANAS:**

Pinahiran ng kapangyarihan ng Diyos ang ilang mga tao bilang mga tagpagturo upang magbahagi at magpaliwanag ng Kaniyang Salita sa iba (I Corinto 12:28). Subalit hindi lahat ng tagapagturo ay mula sa Diyos. Si Satanas ay may mga bulaang tagapagturo upang magpakalat ng kaniyang masamang doktrina:

> **Ngunit may magsisilitaw din naman sa bayan na mga bulaang propeta, na gaya naman sa inyo’y magkakaroon ng mga bulaang guro, na mangagpapasok sa lihim ng mga makakapahamak na mga hiduwang pananampalataya, na itatatuwa pati ang Panginoon na bumili sa kanila, na mangagtataglay sa kanilang sarili ng madaling pagkapahamak.**
>
> **At maraming magsisisunod sa kanilang gawang mahahalay; na dahil sa kanila ay pagsasalitaan ng masama ang daan ng katotohanan.**
>
> **At sa kasakiman sa mga pakunwaring salita ay ipangangalakal kayo…**
> **(II Pedro 2:1-3)**

Ang mga tagapagturo ni Satanas ay nagdadala ng mga “mga lihim na makapapahamak” na katuruan na hidwa at nagdudulot ng pagkakabaha-bahagi . Nagsasalita sila ng kasinungalingan at pinaghahalo ang tama at mali sa paraan na ginagawang ang mali ay maging katanggaptanggap. Ang maraming gayon mga turo ay nagbunga ng pagdami ng mga kulto. Ang isang kulto ay anomang uri ng sistema ng relihiyon o pagsamba na hindi sangayon sa nasulat na Salita ng Diyos. Ang tawag ng Biblia dito ay mga lihim na aral na magpapahamak.

Ang mga pangalan, mga doktrina, at organisasyon ng mga kulto ay ibat-iba sa bawat bansa. Naparaming mga kulto na mahirap banggitin ang lahat ng mga ito. Subalit tandaan, anomang sistema ng relihiyon na hindi ayon sa Salita ng Diyos ay isang kulto. ( Sa "Mga Taktika Ng Pagmamaniobra" na bahagi ng araling ito ay nagbibigay ng dagdag na gabay upang makilala ang mga ito.)

## MAY MGA APOSTOL SI SATANAS:

Ang isang apostol ay isa na nagpapalaganap ng ebanghelyo at nagtatatag ng mga iglesia (I Corinto 12:28). Si Satanas ay mayroon ding mga apostol na gumagawa ng gawain niya sa sanglibutan. Dinadaya nila ang mga tao sa pamamagitan ng paggaya sa tunay na mga apostol:

> **Sapagkat ang mga gayong tao ay mga bulaang mga apostol, mga magdarayang manggagawa, na nangagpapakunwaring mga apostol ni Cristo. (II Corinto 11:13)**

Ang mga apostol ni Satanas ang nagiging mga tagapanguna ng mga kulto at pinapasok ang mga tagapanguna ng mga iglesia.

## GINAGAYA NI SATANAS SI JESUS SA PAMAMAGITAN NG MGA BULAANG CRISTO:

Ginaya rin ni Satanas ang Panginoong JesuCristo sa pamamagitan ng pagtitindig ng mga bulaang Cristo. Nagbabala si Jesus:

> **…Mangingat kayo na huwag kayong mailigaw ninoman.**
>
> **Sapagkat marami ang magsisiparito sa Aking pangalan, na mangagsasabi, Ako ang Cristo; at ililigaw ang marami. (Mateo 24:4-5)**

## MAY PARAAN NG PAKIKIUGNAY SI SATANAS:

Ang Biblia ang tala kung paano ang Diyos ay nangusap sa tao. Ang Diyos ay patuloy na nangungusap sa mga tao ngayon. ( isang buong kurso ang inilaan ng Harvestime International Instiute sa *" Pagkilala Sa Tinig Ng Diyos"*). Si Satanas ay nangungusap din sa mga tao. Ang una niyang pakikipagusap sa tao ay nagbunga ng pagbagsak ng tao sa kasalanan sa halaman ng Eden (Genesis kabanata 3).

Ang mga mananampalataya ay nananalangin sa Diyos para sa kanilang mga pangangailangan at ang Diyos ay tumutugon sa panalangin ng matuwid (Santiago 5:16). Ang mga tagasunod ni Satanas ay dumadalangin din sa kaniya at nakikiugnay naman siya sa pamamagitan ng masasamang mga espiritu. Minsan si Satanas ay sumasagot sa pamamagitan ng mga mahiwagang pangyayari tulad ng boses, gumagalaw na mga bagay, mga ingay, at iba pa.

Ang Diyos ay nakiugnay sa tao sa pamamagitan ng Kaniyang nasulat na Salita, ang Biblia. Ang mga mensahe ni Satanas ay naihahatid din sa pamamagitan ng mga masasamang babasahin, pelikula, at musika. Ang pakikiugnay ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Salita at ipinangangaral na Salita ay nagkakaloob ng patnubay para sa tao sa kaniyang buhay. Ang sistema naman ni Satanas ay magbigay ng maling gabay sa pamamagitan ng mga paraang tulad ng mga sumusunod:

**Astrology at horoscope:** Ang mga bituin ay ginagamit upang hulaan ang mga mangyayari at magbigay ng patnubay.

**Pagbasa** ng mga dahon ng tsaa, baraha, larawan, mga bukol sa ulo, mga palad ng kamay at mga bolang kristal upang tumanggap ng patnubay.

**Pangkukulam:** Paggamit ng gayuma, agimat, magik, mga rituwal, mga nakikipagugnay sa mga patay, pagpapanggap na may kapangyarihan ng Diyos, isang parang tinidor na pangtuklas ng nakatagong tubig o mineral, mga pangitain, mga drowing, at mga katulad na paraan na hindi ayon sa Biblia upang tumanggap ng patnubay.

## MAY KAPANGYARIHAN SI SATANAS:

Nangako si Jesus ng kapangyarihan sa Kaniyang mga alagad pagkatapos na kanilang tanggapin ang bautismo sa Espiritu Santo (Gawa 1:8). Si Satanas ay nagbibigay din ng kapangyarihan at kapamahalaan (Apocalipsis 13:2). Ang kaniyang mga demonyo ay maaaring magbigay ng lakas. Maaaring gumawa ng maraming mga tanda at himala si Satanas:

> **Sapagkat sila'y mga espiritu ng mga demonio, na nagsisigawa ng mga tanda… (Apocalipsis 16:14)**

Sinabi ni Jesus:

> **Marami ang mangagsasabi sa Akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa Iyong pangalan, at sa pangalan Mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan Mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?**
>
> **At kung magkagayo'y ipahahayag Ko sa kanila, Kailan ma'y hindi Ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katampalasanan. (Mateo 7:22-23)**

## MGA ESPIRITUWAL NA MGA KONTRA ESTRATEHIYA: UPANG LABANAN ANG MGA ESPIRITUWAL NA KASAMAAN SA DAKONG KATAASTAASAN

Narito ang mga tiyak na mga kontra estratehiya upang madaig ang mga espirituwal na kasamaan sa dakong katastaasan.

**KILALANIN NA SI SATANAS AY MANGGAGAYA:**

Mula sa iyong pagaaral ng araling ito hanggang sa bahaging ito, maliwanag na si Satanas ay manggagaya. Ang ibig sabihin ng "panggagaya" ay tularan o humuwad ng isang bagay. Ang unang hakbang sa pagdaig sa kasamaan sa dakong kataastaasan ay kilalanin na ginagaya ni Satanas ang bawat bahagi ng ginawang estraktura ng pananampalataya ng Diyos. Magmatyag sa mga palsipikado!

**GAMITIN ANG PAGKILALA SA MGA ESPIRITU:**

May isang tanging kaloob ang Espiritu Santo na tinawag na "pagkilala sa ibat ibang espiritu." Ito ay isang di pangkaraniwang kakayahan na bigay ng Diyos upang agad makilala ang espiritu ng isang tao at maalaman kung ito ay mabuti o masama. Kung mayroon ka ng ganitong kaloob na espirituwal, gamitin mo sa pakikitungo sa mga espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan. Kung wala ka nitong kaloob na ito, ang Diyos ay nagbigay ng ibang mga paraan ng pagkakilala. Sa II Pedro 2 at sa aklat ni Judas inilista Niya ang mga katangian ng mga taong may espiritung mapanghikayat. (Gamitin ang bahaging "Taktika sa Pagmamaniobra" sa araling ito para sa dagdag na pagaaral sa paksa.) Ang lahat ng mananampalataya ay binilinan na "subukin ang mga espiritu" (I Juan 4:1). Kung iyong subukin ang mga espiritu hindi ang ibig sabihin nito ay wala kang pananampalataya. Kung ang mga espiritu ay sa Diyos, papasa ito sa pagsubok!

**PAGARALAN ANG SALITA NG DIYOS:**

Upang makilala mo ang mga maling doktrina ng mga tagapagturo, mga apostol, mga propeta, at mga ministro ni Satanas, dapat mong malaman kung ano ang itinuturo sa Salita ng Diyos. Sinabi ni Pablo kay Timoteo:

> **Pagsikapan mong humarap na subok sa Diyos, manggagawang walang anomang ikahihiya, na gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan. (II Timoteo 2:15)**

Bagamat si Pablo ay isang dakilang espirituwal na lider sa iglesia, ang mga mananampalataya sa Berea ay siniyasat ang bawat sinabi niya batay sa nasulat na Salita ng Diyos:

> **Ngayon lalong naging marangal ang mga ito kay sa mga taga Teslonica, sapgakat tinanggap nila ang salita ng buong pagsisikap, at sinisiyasat sa arawa-araw ang mga kasulatan kung tunay nga ang mga bagay na ito. (Gawa 17:11)**

Upang maiwasan na madaya ng mga espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan, suriin ang lahat na itinuturo sa liwanag ng Salita ng Diyos.

**TANGGIHAN ANG ANOMANG WALA SA BIBLIA:**

Si Satanas ay nakapagtatatag ng maraming espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan sa pamamagitan ng tinatawag na "tanging kapahayagan ng bagong katotohanan." Ang mga tao ay

magaangkin ng mga panaginip, pagpapakita ng mga anghel, mga pangitain, mga tinig, o iba pang mga pangyayaring di pangkaraniwan. Nagbabala si Pablo:

> **…kundi mayroong ilan na sa inyo'y nagsisiligalig, at nangagiibig na pasamain ang evangelio ni Cristo.**
>
> **Datapuwat kahima't kami , o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay matakuwil. (Galacia 1:7-8)**

Tanggihan ang anomang turo, doktrina, pagpapakita, o kapahayagan na hindi ayon sa Salita ng Diyos. Huwag tanggapin ang sinasabing hula na hindi tama ang kaugnayan sa pananampalataya (Roma 12:6) at hindi natutupad (Deuteronomio 18:22). Huwag tanggapin ang anomang kapahayagan na maglalayo sa iyo mula sa Diyos at ng katotohanan ng Kaniyang Salita (Deuteronomio 13:1-5).

> **Ang tao na gumagala sa labas ng daan ng kaunawaan, Magpapahinga sa kapisanan ng patay. (Kawikaan 21:16)**

## MAGTIMBANG SA PAMAMAGITAN NG BUNGANG ESPIRITUWAL:

Sapagkat ginagaya ni Satanas ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng mga kapahayagan ng mga himala, mga tanda, mga kababalaghan, ang Diyos ay nagbigay ng tanging paraan sa pagtimbang sa mga ministeryo. Iyong timbangin ang mga kababalaghan batay sa bungang espirituwal.

Inihalintulad ni Jesus ang mga tao sa punong kahoy na namumunga. Sinabi Niya na makikilala mo ang tunay at ang huwad sa pamamagitan ng kanilang bungang esprituwal:

> **Hindi maaari na ang mabuting punong kahoy ay magbunga ng masama, at ang masamang punong kahoy ay magbunga ng mabuti.**
>
> **Kaya't sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila. (Mateo 7:18, 20)**

Maaaring gayahin ni Satanas ang mga kaloob na espirituwal at ang kapangyarihan ng Diyos, subalit wala siyang panghuwad sa isang banal na buhay na nagpapakita ng bunga ng Espiritu Santo na kabilang dito ang tunay na…

> **…pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan. (Galacia 5:22-23)**

Timbangin ang mga ministeryo sa pamamagitan ng bungang espirituwal, hindi sa mga kapahayagan ng kapangyarihan.

**IWASAN ANG ANOMANG IMPLUWENSYA NI SATANAS:**

Nagbabala ang Diyos sa Israel na iwasan ang lahat ng uri ng impluwensya ni Satanas:

> **…at inyong sisirain ang lahat ng kanilang larawang binubo, at inyong gigibain ang lahat ng kanilang mga mataas na dako. (Bilang 33:52)**

Basahin ang dagdag na tagubilin ng Diyos sa ibinigay sa Deuteronomio 18:9-14. Ang Israel ay hindi dapat umuugnay sa anomang gawa ni Satanas. Kailangang sirain mo ang anomang bagay na nasa iyo na may kaugnayan sa kulam o sa gawa ng diablo. Kabilang dito ang mga imahen, mga agimat, mga kalmen, bolang kristal, mga laro, mga pangtuklas ng mga kung ano-ano, at mga ganitong mga bagay. Ito ang ginawa ng mga tao sa Bagong Tipan nang sila ay maging mga mananampalataya:

> **At hindi kakaunti ang mga nagsisigamit ng mga kabihasnang magica ay nagsipagtipon ng kanilang mga aklat, at pinagsusunog sa paningin ng lahat; at kanilang binilang ang halaga niyaon, at nasumpungang may limang punglibong putol na pilak ( mga $9,300). (Gawa 19:19)**

Wasakin ang anomang babasahin at musika na hindi nagbibigay kaluwalhatian sa Diyos. Huwag kang umistambay sa mga lugar na ang impluwensya ay masama. Itinala ng Biblia na ang Diyos ay naghayag ng Kaniyang sarili sa mga tanging dako tulad ng templo sa Lumang Tipan at ang silid sa itaas sa isang bahay noong Araw ng Pentecostes.

Totoo rin na ang kapangyarihan ni Satanas ay maaaring mahayag sa mga tanging lugar na itinalaga para sa kasamaan. Kasama rito ang mga lugar na dito ay nagpapalabas ng mga masasamang pelikula, lasingan at ang magulong mga kilos ay nagaganap, na doon ay nakikiugnay sa mga patay, at pagsamba kay Satanas ay idinadaos—kahit saan na ang mga makasalanang gawa ay nagaganap. Iwasan ang mga ganoon lugar, sapagkat ang kapangyarihan ni Satanas ay malakas doon. Hindi ka makakapanalangin ng "Ama namin" doon, """At huwag Mo kaming ihatid sa tukso" at pagkatapos ikaw mismo ang pupunta doon:

> **…at di ko ibig na kayo'y mangagkaroon ng pagkikipagkaisa sa mga demonio.
> (I Corinto 10:20)**

Huwag kang makikisama sa mga bulaang mga tagapanguna, mga tagapagturo, mga propeta, mga ministro o mga apostol:

> **Layuan ninyo ang bawat anyo ng masama. (I Tesalonica 5:22)**

**IBUNYAG ANG MGA KASAMAAN SA DAKONG KATAASTAASAN:**

Hindi dapat bale walain ng mananampalataya ang mga espirituwal na mga kasamaan sa kataastaasan. Dapat ipangaral ng mga pastor ang boong katuruan ng Diyos sa harap ng mga panlilinlang (II Timoteo 4:1-4). Ang mga turong kasinungalingan ng mga kulto at ng mga

mangkukulam at mga aral ng demonyo ay dapat tukuyin. Ang mga mananampalataya ay huwag makisali sa mga “walang mapapakinabang na gawa ng kadiliman” kundi dapat itong ibunyag (Efeso 5:11)

## GAMITIN ANG MINISTERYO NG PAGPAPALAYA:

Ang samahan ng Diyos, ang tunay na Iglesia ay mas makapangyarihan kaysa kay Satanas. Natutuhan mo na si Jesus ang ulo ng iglesia, at ang mga mananampalataya ang katawan. Basahin mo ang sumusunod na mga talata habang iyong iniisip ito:

> **At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko Niya sa ilalim ng Kaniyang mga paa, at Siyang pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia, Na siyang katawan Niya... (Efeso 1:22-23)**

> **Upang ngayo’y sa pamamagitan ng iglesia, ay maipakikilala sa mga pamunuan at sa mga makapangyarihan sa sangkalangitan ang kapuspusan ng karunungan ng Diyos. (Efeso 3:10)**

Si Jesus ang ulo ng Iglesia. Ang mga mananampalataya ang katawan. Kung ang lahat ng bagay (kabilang si Satanas at ang kaniyang estratktura ng relihiyon) ay niyayapakan ng mga paa ni Jesus, kung gayon sila rin ay nasa ilalim ng ating mga paa sapagkat tayo ang katawan. Ang ibig sabihin ng “yurakan” ay sila ay nasa ilalim ng kapangyarihan at kapamahalaan na itinakda ng Diyos sa atin. Sinabi ni Jesus na binigyan Niya tayo ng kapangyarihan sa “lahat ng kapangyarihan ng kaaway” (Lucas 10:19). Kasama dito ang espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan.

Ang dapat sa iglesia ay ipakita ang Kaniyang kapangyarihan sa mga pamunuan at mga kapangyarihang ito! Kailangang ating ganapin ang ministeryong ito upang magdala ng paglaya doon sa mga nasa pagkaalipin sa mga “espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan.” Dapat nating maibalik sa ilaw mula sa kadiliman ang mga tao at mula sa kapangyarihan ni Satanas tungo sa Kaharian ng Diyos (Gawa 26:18).

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa “Articles of War.”

2. Paano ginamit ang “dakong kataastaasan sa Lumang Tipan?

3. Ano ang ibig sabihin ng “mga espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan”?

4. Ibigay ang buod ng iyong natatandaan tungkol sa mga estratehiya ni Satanas para sa mga espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan.

5. Ibigay ang buod ng mga kontra estratehiya para madaig ang mga kasamaan sa dakong kataastaasan.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Pagaralan ang mga babala ng Diyos sa Israel tungkol kay Satanas at sa mga mangkukulam: Deuteronomio 18:10-12; Levitico 17:7; 19:31; 20:16.

2. Pagaralan pa ang tungkol sa mga hain na iniaalay sa diablo: Deuteronomio 32:17; II Cronica 11:15; Awit 106:37.

3. Ang mga sumusunod ay karaniwang mga katangian ng mg kulto:

Diktador ang liderato: Ang mga kulto ay nagkukumpol sa mga dominante, kahalihalina ang personalidad at may lubos na awtoridad at hindi nananagot sa kangino man.

Eksklusibo: Ang mga kulto ay may saloobin na sila lamang ang grupo na may makalangit na katotohanan. Inihihiwalay nila ang sinoman sa kanilang samahan ang mga hindi sang-ayon sa kanila.

Mabusisi sa legalidad: Ang mga kulto ay may mga mahihigpit na mga reglamento ng paniniwala at paguugali na walang batayan sa Biblia.

Mapagsanggalang: Ang mga kulto ay madalas na napaniwala na ang lipunan, ang mga nakatatag na relihiyon, at ang pamahalaan ay laban sa kanila. Ito ay nagdudulot ng reaksyon laban sa mga relihiyon, pamahalaan, at lipunan.

Mapanggipit: Madalas ang mga miembro ng mga kulto ay manipulado at ginigipit ng liderato.

Malihim: Maraming bagay tungkol sa kulto ay inililihim sa mga “taga labas.”

Mas mataas na kapahayagan: Madalas inaangkin ng mga kulto na mayroon silang “mas mataas na kapahayagan” mula sa Diyos. Lagi silang mayroong pinagkukunan ng kapamahalaan bukod sa Banal na Kasulatan. Maaaring ito ay mga isinulat o kapahayagan sa pundador o ibang tao. Sa ibang pagkakataon, maaaring ito ang kakaibang pagbibigay kahulugan ng pundador sa Biblia. Ang kanilang mga doktrina ay hindi kumakatawan sa mga katuruan ng Biblia.

Kontra-iglesia: Ang mga kulto ay salungat sa mga natatag na mga iglesia at sa mga pastor nito.

Kontra-pamilya: Minsan ang kulto ay kontra sa pamilya, na ang ibig sabihin ay humiwalay sila sa mga ka-pamilya na hindi miembro ng kulto. Sinisikap nilang humiwalay sa kanilang mga pamilya upang mapanatili ang kanilang pagiging tagasunod.

4. Napakaraming mga kulto sa buong mundo na mahirap na tukuyin isa isa ang mga ito, ngunit sapagkat may mabilis na paglago ang tinatawag na "new age movement" iniisip namin na mahalagang banggitin ang "aral na ito ng demonyo." Sa panahong isinulat ang manwal na ito, sangkot ang milyong milyong mga tao sa mundo sa new age at dumarami pa! Ang mga malalaking publikasyon sa America ay may mga "new age departments" dahil sa dami ng mga kahilingan sa mga materyales nito. Ang new age movement ay nag-ugat sa mga dating paraan ng occult o kulam. Ito ay may kaugnayan sa mga gingawa sa relihiyon ng mga taga Sumeria, India, Egipto, Kaldeo, Babilonia, at Persia. Ang bansag ay "new age" pero ang totoo, ito ay kasing luma ng mga kulam pa noon.

Si Jesus ay itinuturing na isa lamang sa maraming mga "dios-diosan" o tagapagpahayag ng "katotohanan" kasama nina Buddha, Mohammed, Confucius, Zoroaster, Krishna at marami pang iba. Ang pagka Diyos ni Jesus ay itinatanggi. Habang itinuturo ng Biblia na ang tao ay nahiwalay sa Diyos dahil sa kasalanan, ang new age ay naniniwala na isinilang ang tao na likas na mabuti. Sila ay naniniwala na ang pagkahiwalay sa Diyos ay sa kamalayan lamang at naging biktima ng maling pagdama na may pagkakaiba ang kaniyang katauhan at ito ang bumubulag sa kaniya sa kaniyang tunay na pakikipagkaisa sa Diyos.

Dahil dito, ang new age ay nasusulong ng mga ibat ibang paraan ng pagbago ng kamalayan sa pamamagitan ng yoga, pagbubulay, chanting, pagsasayaw nang wala sa sarili, bawal na gamot at iba pa. Itinuturing nila ito na siyang daan tungo sa kaligtasan. Dahil sa mga gawaing ito at pagsangkot sa kulam, panggagaway, mga mediums at iba pa, ang mga nasa new age ay nagbubukas ng kanilang sarili sa impluwensya ng mga demonyo.

Ang new age movement ay nagbibigay ng malaking diin sa matandang gawain ng mga Hindu na reincarnation at karma. Naniniwala sila na ang paulit-ulit na pagkamatay at pagkabuhay uli ay nagaalis ng masamang karma. Ang tao ay itinuturing na siya mismo ang "Satanas" at siya rin ang diyos at kaligtasan. Kaya ang new age ay nag-ugat sa taong walang Diyos (humanism). Ang mga moralidad at mga paguugaling mahalaga ay kailangan, subalit ito ay ibat iba sa bawat tao at kultura. Ikaw ang lumilikha ng iyong sariling katunayan sa pamamagitan ng paggawa ng kung ano ang mabuti at tama para sa iyo. Ang new age movement ay hindi kumikilala sa pamatayang ganap na moralidad sa Salita ng Diyos.

Sapagkat ang paniwala nila ay walang kasamaan, kung ganoon ay walang krimen at walang biktima. Ang kamatayan ay isa lamang guniguni at sapagkat naniniwala sa reincarnation kaya walang pagpatay o paglalaglag ng sanggol.

Ang mga paraan ng pagpapalaganap ng propaganda ng new age ay ang pagpasok (kahit sa tunay na iglesia) at pakikiisa sa pamamagitan ng networking sa buong mundo. Ang mga miembro ng

new age ay nagsasabi ng darating na “pagdalisay” na lilinis sa sanglibutan ng lahat ng mga “mababababang uri ng kaluluwa” na hindi makita ang kanilang sarili bilang diyos. Sila ay nagsisikap na ang kapangyarihan ay maipon sa isa lamang para sa buong daigdig, isang likong pagkakaisa na ang tao lamang ang tanging awtoridad. Ang new age movement ay maaaring isa sa mga ilang paraan na gagamitin ni Satanas na magwawakas sa kaniyang plano na papagisahin ang mundo. Malamang na ito rin ang magiging plataporma na titindigan ng antiCristo sa kaniyang pagsibol upang lupigin ang sanglibutan.

5. Pagaralan ang II Pedro kabanta 2 at ang aklat ni Judas. Ilista ang mga katangian na tutulong sa iyo upang makita ang mga mensahero ni Satanas sa iglesia:

## Mga Katangian Ng Mga Bulaang Guro

### II Pedro Kabanatang Ikalawa

**Halimbawa:**

| | |
|---|---|
| Ang mga bulaang guro ay nagtuturo ng ikapapahamak na hidwang pananampalataya: | Talata 1 |
| Itinatatwa ang Panginoon: | Talata 1 |

**Ngayon…ituloy ang listahan:**

## Mga Katangian Ng “Ilang Tao”
## Nagsipasok Ng Lihim Sa Iglesia

### Ang Aklat Ni Judas

# IKA-DALAWAMPUT-ISANG KABANATA

## PAGHARAP SA MGA KAPANGYARIHAN NG MGA DEMONYO

**<u>MGA LAYUNIN</u>**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Tukuyin ang tatlong pangunahing uri ng mga demonyo na sumasalakay sa katawan, kaluluwa, at espiritu ng tao.
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng kaloob ng pagkilala sa mga espiritu sa pakikitungo sa mga kapangyarihan ng mga demonyo.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng nabuyo sa demonyo.
- Tukuyin ang ang mga katangian ng taong nabuyo sa demonyo.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng pinahihirapan ng demonyo.
- Tukuyin ang mga katangian ng isang taong pinahihirapan ng demonyo.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng inaalihan ng demonyo.
- Tukuyin ang mga katangian ng taong inaalihan ng demonyo.
- Ibigay ang buod ng ministeryo ni Jesus kaugnay ng mga kapangyarihan ng demonyo.
- Gumamit ng mga panuntunan ng Kasulatan para madaig ang kapangyarihan ng mga demonyo.

**<u>SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:</u>**

> **Sa makatuwid baga'y si Jesus na taga Nazareth, kung paanong Siya'y pinahiran ng Diyos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan; na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diablo; sapagakat sumasa Kaniya ang Diyos. (Gawa 10:38)**

## PAMBUNGAD

Sa matagal na panahon ang gawa ng mga demonyo ay itinuring ng marami na isang kakaibang ginagawa sa mga kulturang pagano. Hindi ito itinuring na isang problema na sumasakop sa buhay ng tao, sa mga tahanan, mga iglesia, at mga bansa.

Tulad ng dati mong natutuhan ang mga demonyo ay isang puwersang natatag ng mga kapangyarihan na kinakalaban ng mga mananampalataya (Efeso 6:12). Ang mga demonyo ay mga ahente na ginagamit ni Satanas upang matupad ang kaniyang mga layunin sa sanglibutan.

Ang sumusunod na tsart ay nagbibigay ng buod ng mga natutuhan mo tungkol sa mga demonyo at ang mga larangan kung saan sila gumagawa:

| **Mga Espiritung Mapanghikayat** ▼ | **Maruruming Espiritu** ▼ | **Espiritu Ng Karamdaman** ▼ |
|---|---|---|
| Nagpapahirap sa Espiritu ng Tao | Nagpapahirap sa Kaluluwa ng Tao | Nagpapahirap sa Katawan ng Tao |

**Magagawa Ng Mga Espiritung Ito**

▼

**Magpahirap**

▼

**Sumapi**

▼

**Buyuhin**

▼

Kung nais ninyong mabisang makipagbaka, dapat mong matutuhan kung paano makiharap sa mga kapangyarihan ng demonyo na nagbubuyo, nagpapahirap, at sumasapi sa katawan, kaluluwa, at espiritu. May mga tao na nakapaligid sa iyon na pinahihirapan, nililigalig, at nasasapian ng mga kapangyarihan ng kadiliman na kilala bilang mga demonyo. Ang kabanatang ito ay naghaharap ng mga panuntunan para sa mga nagmiministeryo sa mga naapektuhan ng mga kapangyarihan ng mga demonyo.

## SI JESUS AT ANG MGA DEMONYO

Ang pagtuturo at ministeryo ni Jesus ay nagpakita na ang mga espiritu ng demonyo ay totoong puwersa ng kasamaan. Ang mga itinuro ni Jesus tungkol sa mga demonyo at kung paano haharap

sa mga ito ay nagkakaloob ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga estratehiya ni Satanas.

Tinanggap ni Jesus na si Satanas ang pinuno ng mga hukbo ng mga demonyo. Itinuro niya ang katunayan at kapangyarihan ng mga demonyo. Sinabi niya na ang pagpapalayas ng mga kapangyarihan ng mga demonyo ay isa sa mga tanda na ang Kaharian ng Diyos ay dumating. Basahin ang Mateo 12:22-30, Marcos 3:22-27, at Lucas 11:14-23 para sa buod ng kung ano ang itinuro ni Jesus patungkol sa mga demonyo.

Isang malaking bahagi ng ministeryo ni Jesus ay sangkot sa pagharap sa mga demonyo. Ang Kaniyang halimbawa at kapangyarihan ng Kaniyang pangalan ang nagbibigay ng batayan sa Kasulatan sa pakikiharap sa kapangyarihan ng mga demonyo. Si Jesus ay nag-ministeryo sa "lahat" na lumapit na may problema sa demonyo. Sinabi ni Pedro tungkol kay Jesus:

> **… si Jesus na taga Nazareth, kung paanong Siya'y pinahiran ng Diyos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan; na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diablo; sapagkat sumasa Kaniya ang Diyos. (Gawa 10:38)**

Sa bahagi ng mga "Taktika ng Pagmamaniobra" ng araling ito maaari mong idagdag na pagaralan ang mga tiyak na mga kaso na si Jesus ay nakiharap sa mga kapangyarihan ng demonyo.

## PAANO GUMAWA ANG MGA DEMONYO

Tulad ng iyong natutuhan, ang mga demonyo ay ginagamit ni Satanas upang lumaban sa Diyos, sa Kaniyang plano at mga layunin, at Kaniyang bayan. Ang mga ito ay nakikipaglaban din sa mga mananampalataya upang ilayo sila mula sa katotohanan ng ebanghelyo. Ang demonyo ay may kontrol sa mga tiyak na mga teritoryo (kapamahalaan) gaya ng prinsipe ng Persia na binanggit sa Daniel 10:12-13. Ang mga demonyo ay gumagawa rin sa pamamagitan ng mga personalidad—sa pamamagitan ng mga lalake at babae—upang tuparin ang mga layunin ni Satanas sa sanglibutan.

Ang paglaban sa kalooban ng Diyos ang pangunahing layunin ni Satanas. Ang ibig sabihin ng salitang "Satanas" ay "kaaway." Si Satanas ang pangunahing kaaway ng Diyos (Job 1:6; Mateo 13:39). Pangalawa naman siyang kaaway ng tao (Zacarias 3:1; 1 Pedro 3:8).

Tulad ng iyong natutuhan, ang mga demonyo ay may ibat ibang kalikasan. Tandaan na ang isang demonyo ay tinukoy ang kaniyang sarili sa I Hari 22:23 na isang "mandarayang espiritu." Isang "bingi at piping espiritu" ang tinukoy sa Marcos 8:25. Ang mga demonyo sa ibat ibang kalikasan ay gumagawa bilang mga espiritu ng karamdaman, mapanghikayat na mga espiritu, at maruruming espiritu. Ginagamit sila ni Satanas upang makilaban sa katawan, kaluluwa, at espiritu.

### MGA ESPIRITU NG KARAMDAMAN:

Ito ang mga espiritu na maaaring magdulot ng sakit sa mga mananampalataya at gayon din sa mga hindi mananampalataya. Basahin ang Lucas 13:10-17. Ang babaeng ito ay nagkaroon ng espiritu ng karamdaman. Naroon siya sa mga gawain sa araw ng Sabbath at tinawag siya ni Jesus na "anak ni Abraham." Ang dalawang insidenteng ito ay nagpapakita na siya ay malamang na tagasunod ng Diyos, gayon man ang kaniyang katawan ay pinahirapan ni Satanas sa loob ng labing walong taon.

Para sa ibang mga halimbawa ng kapangyarihan ng mga demonyo na nagdadala ng sakit sa katawan tingnan ang Mateo 12:22; 17:15-18; Gawa 10:38; II Corinto 12:7.

**MGA ESPIRITUNG MAPANGHIKAYAT:**

Ang mga espiritung ito ay nagpapahirap naman sa espiritu ng tao, hinihikayat siya na maniwala sa mga doktrinang sinungaling at mahatulan sa walang hanggang kaparusahan. Ito ang mga espiritu ng bulaang doktrina, mga kulto, mga bulaang Cristo, at bulaang mga guro:

> **Ngunit hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonio. (I Timoteo 4:1)**

Ang mga espiritung mapanghikayat ay mapandaya. Sila ay gumagawa ng mga himala at pinaniniwala ang ilan na sila ay sa Diyos:

> **Sapagkat sila'y mga espiritu ng mga demonio, na nagsisigaw ng mga tanda; na pinaparoonan sila ang mga hari sa buong sanglibutan, upang tipunin sa pagbabaka sa dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. (Apocalipsis 16:14)**

> **Siya, na ang kaniyang pagparito ay ayon sa gawa ni Satanas na may buong kapangyarihan at mga tanda at mga kahangahangang kasinungalingan.**

> **At may buong daya ng kalikuan sa nangapapahamak; sapagkat hindi nila tinanggap ang pagibig sa katotohanan, upang sila'y mangaligtas.**
> **(II Tesalonica 2:9-10)**

Kabilang sa mga espiritung mapanghikayat ang "espiritu ng panghuhula" na binanggit sa Gawa:

> **At nangyari, na nang kami'y magsisiparoon sa mapapanalanginan, ay sinalubong kami ng isang dalagang may karumaldumal na espiritu ng panghuhula, at nagdadala ng maraming pakinabang sa kaniyang mga panginoon sa pamamagitan ng panghuhula. (Gawa 16:16)**

Ang mga gayong espiritu ng panghuhula o "masasamang espiritu" ay kumikilos sa mga nagsasabi ng kapalaran, mga mangkukulam, at mga manghuhula sa guhit ng palad, bolang kristal, at mga bumabasa ng mga dahon ng tsaa. Sa pamamagitan ng mga kontra sa Kasulatan ng mga pamamaraan, inaangkin nila na alam nila ang hinaharap. Ang mga babala sa mga masasamang espiritu ay ibinigay sa Levitico 19:31; 20:6; Deuteronomio 5:9; 18:10; Levitico 20:27; at I Samuel 28:3.

Ang mga espirirtung mapanghikayat ay pinatitigas ang budhi, naghihikayat, nanghihimok, nanunukso, nangaakit, nagpapahanga, nagpapasigla, pumupukaw, nangrarahuyo, at nang-lilinlang. Ang mga espiritung mapanghikayat ay aktibo sa pagdudulot ng "espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan." Naroon sila at gumagawa sa bawat kulto at saan man may mga maling doktrina. Tandaan na naghahangad si Satanas ng pagsamba at kukunin niya ito sa anomang paraan. Ang mga espritung mapanghikayat ay hinihimok ang mga lalake at babae na sumamba sa diosdiosan at kahit kay Satanas mismo. Sa Kabanatang Ika-Dalawampu ay natutuhan mo ang tungkol sa mga " espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan."

## MARURUMING MGA ESPIRITU:

Ang mga espiritung ito ng demonyo ang nagpapahirap sa kaluluwa ng tao. Sila ang may kinaalaman sa mga gawang imoral, maruruming isipan, mga tukso at ibang mga estratehiya na ginagamit ni Satanas upang alipinin ang mga lalake at babae. Kung mahahawakan ni Satanas ang mga tao sa pamamagitan ng masamang espiritu, maaari din siyang gumawa sa mga tahanan, mga iglesia, at mga buong bansa yamang ang mga grupong ito ay binubuo ng mga indibiduwal na mga tao. Ganito gumagawa si Satanas sa bawat antas ng lipunan. Para sa mga halimbawa ng mga maruruming espiritu tingnan ang Mateo 10:1; 12:43; at Marcos 1:23-26.

## PINAHIHIRAPAN, PAGKABUYO, INAALIHAN

Maaring pahirapan ng masasamang espiritu ang mga tao. Ang ibig sabihin ng pahirapan ay pabigatin, labanan, o talian mula sa labas. Ang pagpapahirap na ito ay ginagawa ng mga masasamang espiritu sa ibat ibang paraan. Nagdudulot sila ng panghihina ng loob, lumilikha ng mga negatibong pangyayari, at nagsisingit ng maling mga isipan sa pag-iisip tulad ng pagpapatiwakal, imoralidad, kawalan ng pananampalataya, takot, at iba pa. Ang mga demonyo ay lumilikha ng mga pangyayaring makaSatanas at mga kalagayan na tumutukso sa mga tao na magkasala:

> **Sa makatuwid baga'y si Jesus na taga Nazareth, kung paanong Siya'y pinahiran ng Diyos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan; na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diablo; sapagkat sumasa Kaniya ang Diyos. (Gawa 10:38)**

Ang mga tao ay maaaring alihan ng demonyo. Ang inalihan ng demonyo ay isang kondisyon kung saan ang isa o higit pang masasamang espiritu (demonyo) ay nananahan sa katawan ng isang tao at ito ang may buong kontrol sa biktima. May ibang tao na ang ginagamit ay "dinimonyo" sa halip na inalihan ng demonyo, ngunit kahit ano pa ang gamitin, ang isang taong inaalihan ay mistulang bahay na tinitirahan ng mga demonyo.

Hindi ang ibig sabihin na ang inaalihan ng demonyo ay hindi nananagot sa kaniyang mga kasalanan. Kaya nga siya inalihan ay dahil sa kaniyang pagkakasala. Kusang loob na papayagan ng isang tao na siya ay alihan ng demonyo. Ang isang tao ay maaaring maghangad na siya ay alihan upang siya ay maging tagapamagitan (medium) sa buhay at mga patay, maglagay ng sumpa, maging isang mangkukulam, o magkaroon ng ibang uri ng kapangyarihan. Maaari din naman na ang isang tao ay hindi ninasang alihan ng demonyo, ngunit sa pamamagitan ng mga makasalanang isipan, kilos, o pakikisama sa mga mangkukulam siya ay naalihan ng demonyo.

Ang kapangyarihan ng mga demonyo na gumagawa sa mga magulang at ang mga kasalanan ng magulang ay maaari ding may epekto sa susunod na mga lahi. (Tingnan ang Exodo 20:5; 34:7; at Deuteronomio 5:9.) Ito ang dahilan na inalihan ng demonyo ang mga anak o kaya ay pinahirapan ng mga demonyo tulad ng natala sa Marcos 7:24-30 at 9:17-21.

Mayroon ding pagkabuyo sa mga demonyo. Ito ay isang kondisyon na ang tao ay nabuyo o nahilig sa mga demonyo. Ito ay di pangkaraniwang hilig sa kulam, demonyo, at si Satanas naman ang humahawak sa mga hilig na ito, at hindi magtatagal at siya na ang masusunod. Ang gayong pagkabuyo ng tao sa mga demonyo ay maaaring mauwi naman na alihan sila nito.

## MAAARI BANG ANG MGA DEMONYO AY MAKAAPEKTO SA MGA MANANAMPALATAYA?

Ang isang tunay na mananampalataya ay hindi maaaring alihan ng demonyo sapagkat ang Espiritu Santo ay hindi maaaring tumira na kasama ang masamang espiritu sa iisang templo:

> **O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Diyos? At hindi kayo sa inyong sarili.**
>
> **Sapagkat kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Diyos. ( I Corinto 6: 19-20 )**

Kung ikaw ay sa Diyos at puspos ng Espiritu Santo, hindi maaaring kay Satanas ka rin at puno naman ng masamang espiritu na magkasabay.

Subalit hindi ang ibig sabihin nito ay hindi na maapektuhan ang mga mananampalataya ng mga demoyo. Ang mga kapangyarihan nito ang ating kinakalaban. Ginagamit ni Satanas ang kapangyarihan ng mga demonyo upang salakayin ang mga mananampalataya mula sa labas sa pamamagitan ng pagpapahirap, at ang mga sintomas nito ay natalakay na. Subalit ang mananampalataya ay hindi niya maaaring alihan. Ang "inalihan" ay tinitirahan sa loob. Ang "pagpapahirap" ay mula naman sa labas. Ang mga gawain ng mga mananampalataya ay maaaring pangunahan ni Satanas kung papayagan ang mga demonyo ay magpahirap sa kanila. Ang gayong pagpapahirap ay hinahayaan si Satanas na magamit ito para sa masamang mga layunin.

Ito ang nangyari kay Pedro, isang alagad ni Jesus, na ginamit ni Satanas upang ibaling si Jesus na huwag pagdusahan ang kasalanan ng sangkatauhan. Nang ilarawan ni Jesus ang pagdurusa na Kaniyang tatahakin, sinabi ni Pedro:

> **…Panginoon, malayo ito sa Iyo: kailan man ay hindi mangyayari ito sa Iyo. ( Mateo 16: 22)**

At sinabi ni Jesus kay Pedro:

> **…Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas: ikaw ay tisod sa Akin: sa pagkat hindi mo pinagiisip ang mga bagay ng Diyos, kundi ang mga bagay ng tao. ( Mateo 16: 23)**

Hindi ang ibig sabihin ni Jesus ay si Pedro ang mismong Satanas. Kinilala Niya na sa sandaling yaon pinahintulutan ni Pedro si Satanas na gumawa sa pamamagitan niya. Hindi siya inaalihan ng demonyo ngunit pinayagan niya ang espiritu ni Satanas ang umimpluwensya sa kaniya.

> **Ni bigyan daan man ang diablo. ( Efeso 4: 27 )**

Kung ang isang tao ay ma-born again, ang kaniyang pangalan ay nasusulat sa isang tanging aklat sa langit na tinawag na aklat ng buhay. Yaon lamang na ang pangalan ay nasulat sa aklat na ito ang maninirahan sa langit nang walang hanggan.

> **At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. ( Apocalipsis 20: 15)**

Maaaring ang pangalan mo ay nasulat sa aklat ng buhay, ngunit sa huli ay binura din dahil sa pagbabalik mo sa makasalanang pamumuhay:

> **Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi Ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag Ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng Aking Ama, at sa harapan ng Kaniyang mga anghel. ( Apocalipsis 3: 5)**

Kung ang isang mananampalataya ay magpatuloy sa sadya, at hindi inihahayag na kasalanan, dumarating ang isang sandali na hindi na siya Cristiano. Inihayag ni Apostol Pablo ang kaniyang pagaalala na siya ay "matakwil" pagkatapos mangaral sa iba:

> **Ngunit hinahampas ko ang aking katawan, at aking sinusupil: baka sakaling sa anomang paraan, pagkapangaral ko sa iba, ay ako rin ay itakwil. ( I Corinto 9: 27)**

Kinilala ni Pablo na ang pagkakasala, lalo na ang patuloy na hindi inihahayag na pagkakasala ng laman ay maaaring mauwi sa pagkapahamak ng kaniyang kaluluwa kahit pa nangaral siya sa iba.

Sa pagpapatuloy mong mabuhay sa kasalanan hindi magtatagal at ikaw ay mauuwi sa pagbabalik sa dating buhay. Ang ibig sabihin nito ay hindi ka na tunay na alagad ni JesuCristo. Kung ikaw ay magpatuloy sa sadya at hindi naihahayag na kasalanan, walang makapagsasabi kung kailan ka hihintong maging Cristiano at muling maging bahagi ng kaharian ni Satanas. Ang Diyos ang

nakaaalam ng sandaling yaon. Subalit kung dumating nga ang sandaling yaon, inihahayang mo ang iyong sarili sa higit na pagsalakay ng kaaway, kabilang dito ang posibiladad na ikaw ay alihan ng demonyo. Kaya mahalaga na sa sandaling ikaw ay magkasala ay kaagad mong ihayag ang iyong kasalanan at tumalikod sa kalikuan:

> **Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan.**
>
> **Kung sinasabi natin na tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling Siya, at ang Kaniyang salita ay wala sa atin. ( I Juan 1: 9-10 )**

Si Jesus ay tinawag na Salita ng Diyos sa maraming lugar sa Kasulatan. Kung ang Salita ng Diyos ay hindi nananahan sa iyo, samakatuwid si Jesus ay hindi nananahan sa iyo.

## PAANO NAKAKAMIT NG MGA DEMONYO ANG KONTROL

Ang mga demonyo ay nagkakaroon ng kontrol sa pamamagitan ng ibat ibang paraan:

**1. Sa mga Sali't-salin ng mga lahi:** Ang mga demonyo ay nagpapahirap o tumatahan sa isang tao sa dahilang nagkaroon ng pagpapahirap o talagang pagsanib ng demonyo sa mga magulang. Dahila dito kaya may impluwensya ang demonyo sa mga anak (Exodo 20:5; 34:7; Deuteronomio 5:9).

**2. Sa pamamagitan ng pag-iisip:** Ang pag-iisip ang isa sa mga larangan ng labanan ni Satanas. Kung mahawakan ni Satanas ang iyong pag-iisip, pati ang iyong kilos ay mako-kontrol na rin niya. Kapag nawalan ka ng kontrol sa sarili mong pag-iisip hindi mo na rin mapapaiiral ang iyong kalooban. Tutungo ito sa makasalanang gawa. Ang pagpapatuloy sa makasalanang kaisipan at gawain ay maaaring mauwi mula sa pagpapahirap tungo sa inalihan na at sa wakas ay isang mahalay na pag-iisip na tulad ng inilarawan sa Roma 1. Ito ang pag-iisip na lubos na pinamumugaran ng masamang kaisipan.

Nakapapasok din ang demonyo sa pag-iisip sa pamamagitan ng mga bawal na gamot na bumabago sa katinuan ng tao, tuloy hindi na kayang tanggihan ang mga demonyo at mabigyan pa ang mga ito ng maluwang na pasukan. Ang mga katuruan na "brain washing" o yaong "pagkontrol sa pag-iisip" ay nagbibigay din ng pintuan para makapasok ito.

**3. Sa pamamagitan ng mga makasalanang gawain:** Ang masamang kaisipan ang natutupad ng makasalanang gawain. Halimbawa, ang kaisipan ng pangangalunya ay natutupad sa mismong gawain ng pangangalunya. Ang kasalanan ay paghihimagsik, at ang mapanghimagsik na kaisipan at gawain ay nagbibigay ng pintuan upang makapasok ang mga gawa ng demonyo.

Kung ang mananampalataya ay magpatuloy sa makasalanang kaisipan o gawain "binibigyan daan" niya ang Diablo (Efeso 4:27). Higit na lugar ang naibibigay para sa paggawa ng kaaway. Ang mga kasalanang sangkot sa pangkukulam, kabilang ang mga gamit, babasahin,

pamamagitan sa buhay at mga patay, at iba pa, ay mga gawain na lalong mapanganib at tumatawag sa mga demonyo.

Ang isang hindi mananampalataya na namumuhay sa kasalanan ay bukas hindi lamang sa pagpapahirap ng mga demonyo, kundi sa pagsanib ng mga ito. Tulad ng iyong natutuhan, hindi ka maaaring pumagitna sa pakikibakang espirituwal. Alin sa dalawa, sa Diyos ka o kay Satanas. Kung ikaw ay kay Satans at hindi mo pa nararanasan ang kapanganakang muli kay JesuCristo, ikaw ay kay Satanas para gamitin, pahirapan, o saniban ayon sa gusto niya..

**4. <u>Sa pamamagitan ng pagnanasa</u>:** May ilang mga tao na hinihiling at ninanasa si Satanas na sila ay mapailalim sa kapangyarihan ng mga demonyo. Ginagawa nila ito upang magkaroon sila ng di pangkaraniwang kapangyarihan na gumawa ng mga kababalaghan.

**5. <u>Sa pamamagitan ng "bahay" na walang laman</u>:** Itinuturing ng mga demonyo ang katawan ng tao na kanilang tinitirahan bilang kanilang bahay (Mateo 12:44). Kung ang isang tao na napalaya na mula sa kapangyarihan ng mga demonyo ay hindi pinalitan ng titira sa kaniyang bahay ng bagong kapanganakan at kapuspusan ng Espiritu Santo, posibleng bumalik ang mga demonyong dating nakatira dito.

**6. <u>Sa pamamagitan ng pagpapahintulot</u>:** Minsan ay pinapayagan ng Diyos ang mga gawain ng mga demonyo upang matupad ang mga tiyak na layunin. Ito ay maaaring payagan bilang pagsubok sa mananampalataya tulad ng sa kay Job. Ito rin ay maaaring hatol sa kasalanan tulad ng kay Haring Saul.

## <u>SINO ANG DAPAT HUMARAP SA KAPANGYARIHAN NG MGA DEMONYO?</u>

Ang pagharap sa mga demonyo ay di dapat iwan lamang sa mga pastor. Sinabi ni Jesus na ang lahat ng mga mananampalataya ay magkakaroon ng kakayahan na madaig ang kapangyarihan ng mga demonyo:

> **At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonio sa Aking pangalan… ( Marcos 16: 17 )**

Binigyan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad ng kakayahan na humarap sa mga demonyo. Una Niyang itinakda ang kapangyarihang ito sa Kaniyang mga alagad:

> **At pinalapit Niya sa Kaniya ang Kaniyang labingdalawang alagad, at binigyan Niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu, upang mapalabas nila, at upang mapagaling ang lahat ng sarisaring sakit at ang lahat ng sarisaring karamdaman. (**
> **Mateo 10: 1)**

> **At pinalapit Niya sa Kaniya ang labingdalawa, at nagpasimulang sinugo sila na daladalawa; at binigyan Niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu. ( Marcos 6: 7)**

Itinakda rin Niya ang gayon ding kapangyarihan sa lahat ng mga mananampalataya:

> **At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonio… ( Marcos 16: 17)**
>
> **Mangagpagaling kayo ng mga maysakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng mga demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. ( Mateo 10: 8 )**

Walang anomang palatandaan na paniniwalaang ang balak ng Diyos para sa mahalagang ministeryong ito ay gagawin lamang ng isang tanging grupo ng mga tao. Ang isang layko na nagngangalang Felipe ay ginamit ng Diyos na magpalayas ng mga demonyo sa Samaria (Gawa 8). Hindi naman ang ibig sabihin nito ay sugod basta ang mga Cristiano sa pagkikiharap sa mga demonyo nang walang paghahanda, tulad ng natuklasan ng mga anak ni Seva (Gawa 19).

Mahalaga rin na ang mga mananampalataya ay huwag mabuyo sa mga demonyo. Hindi tayo tinawag na maging mga espesyalista sa mga demonyo. Walang kaloob ng espiritu na "pagpapalayas ng demonyo." Subalit hindi mo dapat katakutan ang kapangyarihan ng mga demonyo. Kung ikaw ay maharap sa mga pinahihirapan ng mga demonyo, mayroon kang dapat na kapangyarihan na magdala ng paglaya mula sa Diyos.

## PAANO MATALOS ANG PRESENSYA NG DEMONYO

Upang madaig ang kapangyarihan ng mga demonyo, kilalanin mo ang kanilang presensya at mga taktika. Ang Espiritu Santo ay nagbigay ng tanging kaloob para dito. Ito ang kaloob na tinatawag na "pagkilala sa mga espiritu" (I Corinto 12:10).

Ang ibig sabihin ng pagkakilala ay "pagkatuklas, pagtimbang, at makita ang pagkakaiba." Ang kaloob ng pagkakilala ng mga espiritu ay nagbibigay kakayahan sa mananampalataya na makilala ang mga espiritu na gumagawa sa iba. Pinahihintulutan nito na kaniyang matuklasan, matimbang, at matukoy ang masasamang espiritu.

Ang kaloob ng pagkilala sa mga espiritu ay napakahalaga sa pagharap sa mga kapangyarihan ng mga demonyo. Maaalaman mo kung ang isang tao ay may masamang espiritu na gumagawa sa pamamagitan niya o laban sa kaniya. Ito ay humahadlang sa mga pandaraya ng mga mapanghikayat at sinungaling na mga espiritu. Ang isa na may ganitong kaloob ay nakikilala ang mga masasamang taktika at mga motibo ng mga demonyo.

Halimbawa, ang ilang pagkabingi at pagkapipi (ayon sa tala ng Biblia) ay dulot ng isang espiritu. Ang iba namang pagkabingi at pagkapipi ay maaaring dulot ng sakuna o karamdaman. Ang pagkilala ang magbibigay sa iyo ng kakayahan upang mabatid ang pinagmulan ng kondisyon na patungo naman sa tiyak na uri ng ministeryong kailangan.

Hindi lahat ng mga mananampalataya ay may kaloob ng pagkilala ng mga espiritu. Kung ang mananampalataya ay walang ganitong kaloob, may mga palatandaan na maaring mamasdan na may demonyo.

Noong ang babaeng Cananea ay lumapit kay Jesus na may hiling na palayasin Niya ang masamang espiritu mula sa kaniyang anak na babae, sinabi niya “Ang aking anak na babae ay pinahihirapang lubha ng isang demonyo” (Mateo 15:22). Paano nalaman ito ng babae? Nakita niya kasi ang mga sintomas. Sa pamamagitan ng pagmamasid, makikita ang ginagawa ng demonyo sa isang tao.

Narito ang ilang sintomas ng mga ginagawa ng demonyo:

**Nabuyo sa mga demonyo** ay nakikilala sa pamamagitan ng di mapigil at di pangkaraniwang pagkahilig sa mga demonyo, kay Satanas, o sa pangkukulam. Ang taong gayon ay maaaring lumalahok sa pangkukulam, at madalas na idahilan si Satanas o demonyo, o kaya ay mahilig magaral tungkol sa mga demonyo at Satanas.

**Pagpapahirap ng mga demonyo** ay maaaring makilala sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga palatandaan:

1. Isang pagtataling pisikal: Ang “anak ni Abraham” na pinagaling ni Jesus mula sa isang espiritu ng pagkataling pisikal. Tingan ang Lucas 13:10-17. Ang palagiang pagkakasakit ay maaaring pagpapahirap ng demonyo. Hindi lahat ng sakit ay dulot ng demonyo. Ang ilang sakit ay dala ng pagsuway sa mga natural na tuntunin, tulad ng di wastong pagkain o paginom ng maruming tubig. Ang ilang sakit ay parusa din. Isang Hari sa Biblia na hindi nagbigay ng kaluwalhatian sa Diyos ang dinapuan ng mga uod sa bituka at namatay!

2. Pagpapahirap sa pag-iisip: Ang pagkaligalig sa pag-iisip o kaisipan tulad ng pahirap sa isip, pagkalito, pagaalinlangan, pagkawala ng memorya, at iba pa. Hindi makali, hindi makapangatuwiran o makinig sa iba, abnormal na pagiging madaldal o pagwawalang kibo ay maaaring maipakita. Hindi lahat ng problema sa isip ay dulot ni Satanas. Panghihina ng loob, pagkahapis, at di mawari ang nangyayari ay maaaring dulot ng mga allergies sa mga pagkain o hindi balanse ang kemikal sa utak. Kaya ng Diyos na pagalingin ang mga sakit ng isip na hindi dulot ng demonyo at gayon din magbigay ng paglaya sa mga sakit sa pag-iisip na dulot ng demonyo. Minsan ang simpleng pagpapalit ng kinakain o pamumuhay ay magaalis sa problem kung ang pinagmumulan ay pisikal lamang na dahilan.

3. Mga problemang emosyonal: Mga pagligalig sa emosyon na nananatili o paulit-ulit kabilang ang paghihinanakit, pagkapoot, pagkagalit, takot, tinanggihan, pagkahabag sa sarili, paninibugho, pagkahapis, pagiintindi, kawalan ng kasiguruhan, mababa ang tingin sa sarili.

4. Mga problemang espirituwal: Labis na kahirapan sa pagdaig sa kasalanan kabilang ang mga masasamang bisyo. Pagtanggi sa mga espirituwal na lunas sa mga problema. Anomang uri ng maling doktrina o pandaraya, kabilang ang pagkaalipin sa mga bagay at babasahin ng mga kulto.

5. Mga pangyayari: Maaaring ang mga demonyo ay lumikha ng mahihirap na pangyayari na nagpapahirap. Ang mga gayong pangyayari ay karaniwang sangkot ang pagkalito at maaaring iugnay agad sa demonyo sapagkat hindi ang Diyos ang may likha ng kaguluhan (I Corinto 14:33; Santiago 3:16).

Ang **naalihan ng demonyo** ay maaaring makilala sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga palatandaan:

1. Pagpasok ng maruming espiritu: Ito ay ipinakita sa pamamagitan ng paunang karumihang moral. Maaaring kabilang na rito ang pagnanais na lumabas nang walang damit.

Para sa mga halimbawa tingnan ang Marcos 5:2 at Lucas 8:27.

2. Di pangkaraniwang lakas: Ang isang tao ay nagpapamalas ng lakas na di karaniwan. Tingnan ang Marcos 5:3 at Lucas 8:29.

3. Biglaang pagkagalit: Ang mga atakeng ito ay maaaring may kasamang pagbubula ng bibig. Tingnan ang Marcos 9:14-29 at Lucas 8:26-39.

4. Pagtanggi sa mga bagay na espirituwal: Sa tala sa Marcos 6:7 at 1:21-28, nakilala agad ng mga demonyo si Jesus at hiniling ng mga ito na huwag silang pakialaman. Ang takot sa pangalan ni Jesus, sa panalangin, at sa Salita at pamumusong tungkol sa anomang espirituwal ay sintomas sa lahat ng inaalihan ng demonyo. Sobrang pamumusong ay maaaring mapansin o nagiibang galaw ng katawan at mga biglang pagbabago sa kilos pagka ang mga bagay na espirituwal ay nababanggit.

5. Pagbabago ng personalidad/boses: Ang isang tao na likas na mahiyain ay biglang magiging agresibo o marahas. Ang mga kilos at gayon din ang hitsura ay maaaring apektado. Ang magandang paguugali at katalinuhan ay maaaring mabago. Ang boses ay naiiba. Tingnan ang Marcos 5:9.

6. May kaakibat na karamdaman: Sa mga inaalihan ng demonyo, ang mga karaniwang napapansin ay ang pagpapahirap sa pag-iisip at sa nerbiyos ng tao. (Tingnan ang Mateo 9:33; 12:22; Marcos 5:4-5). Maaari ding kabilang ang pagbagsak ng pangangatawan. (Tingnan ang Marcos 9:14-29).

7. Pananakit sa sarili: Sa Mateo 17:14-21 may istorya ng anak na lalake ng isang tao na inihahagis ang kaniyang sarili sa apoy. Sa Lucas 8:26-39 ang taong inaalihan ng demonyo ay sinusugatan ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng paghiwa ng bato.

8. Matinding pagkahapis: Inilahad ng Lucas 8:28 na ang taong ito ay sumisigaw dahil sa tindi ng pahirap sa loob na bunga ng sumanib na demonyo.

9. Walang kakayahang mamuhay ng normal: Ang lalaking ito ay hindi makatira na kasama ng mga tao kundi tumira siya sa mga libingan. Tingnan ang Lucas 8:27.

10. <u>May kakayahang malaman ang hindi pa nangyayari sa paraang hindi ayon sa Kasulatan</u>: Ang babae sa Gawa 16:16 ay sinabing "inalihan" ng espiritu ng pangkukulam.

Ang mga sumusunod ay maaaring maghayag ng mga gawain ng pagpapahirap, pagsanib o pagkabuyo sa mga demonyo:

1. Pagkabuyo sa imoralidad tulad ng pagsangkot sa malalaswang babasahin o larawan, pangangalunya, pakikiapid, pagpapasarap sa sarili, pagpatol sa bakla o lesbian, at iba pang mga kasalanang kaugnay ng sex. Hindi mapigil na hilig sa sobrang pagkain, pagpapatiwakal, pagsakit sa sarili, binabaldado ang sarili, at pagpatay.

2. Pagkasugapa sa alak at ipinagbabawal na gamot.

3. Nawawalan ng ulirat, mga pangitain, at pagbubulay na hindi nakatuon at hindi mula sa tunay na Diyos.

4. Pagkaalipin sa mga emosyon tulad ng takot, pagkabahala, pagkapoot, sobrang galit, paninibugho, paninira, pagkainggit, kapalaluan, kapaitan, pamimintas at mga negatibong kaisipan.

## <u>MGA ESPIRITUWAL NA KONTRA ESTRATEHIYA: PAGHARAP SA MGA DEMONYO</u>

Narito ang ilang mga estratehiya ng Biblia para sa pagharap sa kapangyarihan ng mga demonyo:

### <u>PAUNANG PAGHAHANDA SA SARILI:</u>

Ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig ng Salita ng Diyos, ang tiyak o "Rhema" na Salita. Simulan mong patibayin ang pananampalataya sa iyong puso sa pamamagitan ng pagbasa ng Bagong Tipan ng buo na may bagong saloobin:

- Anoman ang sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad na gawin, simulan mong gawin.
- Anoman ang sinabi Niyang gagawin, asahan mo na gagawin Niya.
- Kung sinabi Niya na maaari mong palayain ang mga pinahihirapan ni Satanas, asahan mong ang mga ito ay lumaya.
- Kung sinabi Niya na magpalayas ng mga demonyo, kung gayon gawin mo sa Kaniyang pangalan at asahan mong ang mga ito ay susunod sa iyo.

Huwag mong pansinin ang mga turo ng mga tao at ang sarili mong mga karanasan. Tanggapin mo na kung ano ang sinabi ng Bagong Tipan ay yaon nga ang ibig sabihin nito. Tanggapin mo na totoo at humakbang ka ayon dito. Ikaw ay isang sugo o embahador ni Cristo (II Corinto 5:20).

Ang embahador ng isang bansa ay hindi nagaalinlangan na ang bansang kaniyang kinakatawan ay maninidigan sa Salita nito.

Magayuno at manalangin bago ka mag-ministeryo ng pagpapalaya. Yamang ang kapangyarihan at kapamahalaan ay mula sa Diyos, mabuti na na lagi kang nakaugnay! May mga demonyo na lalabas lamang sa pamamagitan ng panalangin at pagaayuno. Itinuturo ng Isaias 58 na pinahahalagahan ng Diyos ang pagaayuno na nakatuon sa pagmi-ministeryo sa mga pangangailangan ng iba.

## PAUNANG PAGHAHANDA SA IBA:

Hanggat maaari, isang grupo ng mga mananampalataya ang dapat magamit sa pagtatali at pagpapalayas sa mga demonyo.

Isinugo ni Jesus ang Kaniyang mga alagad na dalawahan para sa ministeryong ito:

> **At pinalapit Niya sa Kaniya ang labingdalawa, at nagpasimulang sinugo sila na daladalawa; at binigyan Niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu. (Marcos 6:7)**

Hindi ang ibig sabihin nito ay hindi mo maaaring ipanalanging magisa ang sinoman na pinahihirapan ng demonyo kung ito ay makaharap mo, ngunit may lakas sa pagkakaisa sa panalangin na kasama ang isa pang mananampalataya. Yamang ang lakas ay nagmumula sa pagkakaisa, ang mga sumasama sa iyo sa ministeryo ng pagpapalaya ay kailangang may paghahanda rin ng panalangin at pagaayuno tulad nang sa iyo.

Sa mga kaso ng pagpapahirap at pagkabuyo (tulad ng pagkahapis, mga sakit na dulot ng demonyo at iba pa), ihanda mo ang taong tatanggap ng iyong ministeryo. Kailangan nilang mapatibay ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "Ramah" na salita ng Diyos tungkol sa pagpapalaya. (Baka hindi angkop ito kung inaalihan na). Kung himukin mo ang pinahihirapan ng demonyo na maipanalangin na walang wastong pagtuturo, ito ay matutulad lamang sa isang hindi ligtas na pinatanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas ay hindi naman niya kilala kung sino Siya, at hindi inaamin ang kanilang kasalanan at kinikilala ang pangangailangan ng kaligtasan. Sa pagbabahagi ng ebanghelyo, ang isang matalinong nanghihikayat ay hindi namimilit na gumawa agad ng pasiya ang kausap. May mga paghahanda na dapat gawin muna. Wastong mga pagtuturo ay dapat maibigay.

Totoo rin ito sa pagpapalaya. Minsan, ang Diyos ay nagpapalaya kahit walang pagtuturo. Ngunit sa pagmi-ministeryo ng pagpapalaya, nais mong gamitin ang bawat paraan na bigay ng Salita ng Diyos upang matapos ang gawain. Ang pananampalataya ay isa sa mga paraan ng Diyos sa pagpapalaya sa tao at ito ay dumarating sa pakikinig ng Salita ng Diyos, kaya ang pagtuturo ay mahalaga. Pinagsama ni Jesus ang pangangaral at pagtuturo na may pagpapagaling at pagpapalaya at ibinilin Niya sa Kaniyang mga alagad na gayon din ang gawin.

## ANG DAKO NG MINISTERYO:

Ang ministeryo ng pagpapalaya para doon sa mga pinahihirapan ng demonyo ay maaaring gawin na bahagi ng regular na gawain ng iglesia. Ang gayong ministeryo ay hindi naman kailangan sa pribadong lugar. Ito ay isang ministeryong kailangan ng iglesia.

Nag-ministeryo si Jesus sa isang ianaalihan ng demonyo bilang bahagi ng isang regular na gawain ng iglesia (Marcos 1:21-25). Gayon man, hindi kailangang maghintay pa na may gawain sa iglesia at saka harapin ang pinahihirapan ng demonyo. Si Jesus ay nagdala ng pagpapalaya saan man at kailan man Niya nakaharap ito.

**<u>ANG PANAHON NG MINISTERYO:</u>**

Kung ikaw ay handa nang mag-ministeryo ng pagpapalaya…

**1. <u>Magsimula sa pagsamba at pagpupuri</u>:**

Pumapasok tayo sa Kaniyang presensya (kung may pagpapalaya at pagpapagaling) sa pamamagitan ng pagsamba at pagpupuri. Ang pagkalaya ay maaaring dumating sa pamamagitan ng pagsamba at pagpupuri—kahit walang ministeryo ng pananalangin—dahil sa ang Diyos ay nananahan sa papuri ng Kaniyang bayan. Kung tayo ay magpuri, Siya ay naroon upang magpagaling at magpalaya.

**2. <u>Lumikha ng pangpalakas ng pananampalataya</u>:**

Gawin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga Salita ng pagpapalaya. Maaari din gumawa ng dagdag na hakbang upang ang pananampalataya ay mapatibay. Ang kawalan ng pagsampalataya ay humahadlang kahit sa ministeryo ni Jesus sa Nazaret. Minsan pinalalabas ni Jesus ang mga hindi mananampalataya pagka Siya ay magmi-ministeryo (Marcos 5:35-40). May panahon na pinalabas Niya ang mga tao sa kanilang nayon (puro kasi walang pagsampalataya) upang Siya ay makapag-ministeryo sa kanila (Marcos 8:23) Minsan ayon sa hinihingi ng pagkakataon, maaari mong hilingin sa mga nahihirapang sumampalataya at natatakot, at iba pa, na lumabas o umalis.

**3. <u>Manalangin muna</u>:**

Humingi ng karunungan at pagkakilala sa mga espiritu bago ka mag-ministeryo ng pagpapalaya. Habang nananalangin, maaaring ihayag sa iyo ng Diyos ang…

> <u>Ang salita ng kaalaman</u>: Mga tiyak na mga bagay at impormasyon tungkol sa isang tao o kondisyon upang malaman mo kung paano manalangin. Ang "salita ng kaalaman" ay maaaring may kasamang malalim na pagkabatid sa iyong espiritu, kaisipan, mga salita, o damdamin. Ang Salita ng kaalaman ay maaaring magbunyag kung ano ang sakit o bakit ang tao ay may ganoong kalagayan.
>
> <u>Isang talata sa Kasulatan</u>: Ang salitang Rhema para sa situwasyon, kondisyon, tao o grupo.
>
> <u>Isang pangitain</u>: ilarawan mo sa iyong isip ang tungkol sa tao na iyong pinaglilingkuran.

Mga salita ng pananampalataya: Ang mga tanging salita na pangpalakas ng pananampalataya lalo na para sa taong yaon.

Isang tanging pahid: Isang biglang pagkasi ng kapangyarihan, marahil ay para kang nakuryente, o pagtitiwalang galing sa langit.

Isang tanging hakbang ng pananampalataya, na kung gagawin ng tao, siya ay lalaya.

**4. Gumawa ng isang maikling panayam:**

Hindi naman ito igigiit. Kung maaari ay gawin at kailangang gawin ayon sa pangunguna ng Panginoon. Maaaring bigyan ka ng Diyos ng mga tiyak na mga salita ng karunugan tungkol sa kalagayan ng tao at hindi mo na kakailanganin pa ang panayam. Ngunit kung wala namang ihayag ang Diyos sa iyo, huwag magatubili na gamitin ang panayam.

Ginamit ni Jesus pareho ang natural at makalangit na mga paraan. May pagkakataon na napagkilala Niya ang mga kalagayan ng mga tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo. At sa iba naman pagkakataon, itinanong sa kanila kung ano ang kanilang nais at gaano katagal na silang maysakit.

Ang panayam ay nakatutulong upang malaman mo kung ano ang tiyak mong ipapanalangin. Nakatutulong din ito na malaman kung ang tao ay nangangailangan ng dagdag na katuruan bago mo ipanalangin. Madalas gawin ito ni Jesus. Itinanong Niya sa mga tao ang tungkol sa kanilang pananampalataya at pagkatapos ay hinarap ang mga negatibong mga pwersa ng kawalan ng pananampalataya bago siya nag-ministeryo. Pagaralan ang mga sumusunod na mga halimbawa:

- Marcos 5:1-20: Tinanong ni Jesus ang pinahihirapan ng demonyo.
- Marcos 8:22-26: Tinanong ang taong bulag.
- Marcos 9:14-27: Isang batang lalake na may masamang espiritu.
- Marcos 10:46-52: Tinanong ang bulag na si Bartimeo.

Tanungin ang tao, “Ano ba ang problema?” Ang paghiling ng panalangin ay mahalaga. Pinalaya ni Jesus ang marami na lumapit sa Kaniya na ipinaalam ang kanilang kailangan. Ang paghiling ay isa ring hakbang ng pananampalataya na maaaring magpagalaw ng proseso ng kagalingan (Santiago 5:14-15). Humingi ka ng tiyak na pangungusap. Ang kailangan mo lamang ang mga maiikling bagay. Hindi mo na kailangan ang isang mahaba o kumpletong kasaysayan ng kaniyang buhay.

Huwag mo namang pahirapin pa ang mga impormasyong sa iyo ay naibigay. Ang gawain mo ay mag-ministeryo ng pagpapalaya. Ang ilang mga kaso ay maaaring mangailangan ng pagkausap na pribado at mas mahabang panahon sa pagpapayo sa isang bihasang tagapayo. Tiyakin na may mga tagapayo na nakalaan para sa layuning ito.

Itanong sa taong ipapanalangin, “Sumasamplataya ka ba na maaari kang palayain ni Jesus?” Kung sumagot sila ng, “Oo”, itanong mo, “Sumasampalataya ka ba na gagawin ni Jesus ito

ngayon?” Kung ang sagot ay “hindi” sa mga tanong na ito, dagdag na pagtuturo sa Salita ng Diyos ay kailangan.

Kung malaking grupo ang iyong pinaglilingkuran, hindi mo makakausap ng isahan ang mga tao. Ang Diyos ay maaaring maghayag sa iyo ng mga tiyak na mga kalagayan ng mga taong pinahihirapan ng demonyo sa kapulungan o kaya ay udyukan ka na manalangin ng tiyak para sa mga indibiduwal.

Kung ikaw ay nagmi-ministeryo sa malakihang grupo, mas mabuti na magsanay ka ng iba na makakatulong mo sa ministeryong ito sa halip na ikaw lamang magisa. Ang utos ni Jesus ay nagsasabi na ang mga tanda ay susunod sa kanila na sasampalataya, hindi sa “kaniya.” Ang gawain ng ministeryo ay sa pamamagitan ng katawan, hindi lamang isa o dalawang mga mananampalataya o ebanghelista.

**5. Tukuyin ang tiyak na problema:**

Gamitin mo ang impormasyon mula sa panayam o ang galing sa karunugan ng Diyos na ibinigay sa iyo upang matukoy kung ang problema ay nasa:

**Larangang espirituwal:** Mga problema na kaugnay ng kasalanan. Nangangailangan ito ng isang ministeryo ng kagalingang espirituwal (kaligtasan, pagsisisi at kapatawaran ng kasalanan).

**Larangang pisikal:** Mga sakit sa katawan dulot ng mga espiritu ng karamdaman ng demonyo

**Larangang emosyonal:** Mga problema tungkol sa pagkabahala, takot, galit, kapaitan, ikinagalit, pagkakasala, pagaalinlangan, pagkabigo, paninibugho, pagka-makasarili, pagkalito, pagkasiphayo, kasakdalan sa pamamagitan ng laman, hindi makapagpatawad, mga nakaraan.

Ito ay madalas na tinatawag na “kagalingang pangloob,” ngunit naabuso naman ang gamit ng terminong ito. Hindi na kailangan balik-balikan pa ang mga pangyayari at pukawin ang mga emosyon na ito. Hindi na kailangan na gumugol pa ng mga linggo, buwan, at taon upang makabangon mula sa mga mapait na karanasang ito. Kung ito ang gagawin mo, sinisikap mo na pagalingin ang lumang pagkatao sa halip na tulungan siyang maging bagong nilalang kay Cristo.

Ang mga problema sa larangang emosyonal ay madalas na kaugnay sa larangang sosyal ng buhay ng isang tao, ang ibig sabihin ay, nag-ugat sila mula sa mga pamilya at pakikisama sa ibang tao. Ang paglaya ay dumarating sa pamamagitan ng pagtukoy, paghingi ng kapatawaran, at pagpapatawad sa ibang taong sangkot. Kadalasan ang malaking hadlang sa kagalingang emosyonal ay ang pagpapatawad, kaya ang kagalingang emosyonal ay kabilang ang kagalingan ng mga relasyon.

Tayo ay tinawag bilang mga ministro ng pakikipagkasundo (II Corinto 5:18-21). Kabilang sa pakikipagkasundo sa Diyos at sa tao, na dito kung saan ang emosyonal, pag-iisp, o kagalingang pangloob ay dumarating (lahat ng mga katulad na mga bansag ay pareho naman sa nilalaman).

Baka kailangan mong turuan ang tao sa larangan ng pagpapatawad. Hindi ito:

- Pagbibigay katuwiran ang ginawang kasalanan ng iba.
( "Maraming hirap kasi silang pinagdaanan")

- Pagtanggi na noon pa man ay nasaktan na tayo.

- Magpasensya na lang sa ginawa sa iyo.

- Paghihintay ng "panahon" na gumaling ang sugat.

Ang tunay na pagpapatawad ay dumarating sa pamamagitan ng:

- Pagkilala na ang ginawa sa atin ay mali, ito ay bunga ng makasalanang mga tao sa isang makasalanang mundo.

- Paghahayag ng kirot na nararamdaman sa Diyos at paghingi sa Kaniya na pagalingin ang mga nakasasamang emosyon ( poot, kapaitan, at iba pa). Maaaring hindi mo malimutan ang nangyari…subalit ang kailangan mo ay kagalingan sa <u>mga maling emosyon</u> na kaugnay nito.

- Paghingi sa Diyos ng tulong upang mapatawad mo ang ibang mga nasangkot, at pagkatapos ay magpatawad gaya ng pagpapatawad ni Cristo sa iyo. Kilalanin na ang Diyos ay nagaabot ng kapatawaran sa iyo kung ikaw ay magpatawad sa iba: "Patawarin mo kami sa aming pagkakasla, kung PAANO naman kami ay nagpatawad sa mga nagkasala sa amin." Baka kailangan ding patawarin ng tao ang kaniyang sarili (pagkadama ng pagkakasala sa maling nagawa rin nila) at tiyak na kailangang manalangin para sa kagalingan ng emosyon:

- Pagkilala sa kasalanan na nagdulot ng makasalanang emosyon, ihayag ito sa Diyos, at magsisi. Hingin sa Kaniya na patawarin ka sa iyong kasalanan at pagalingin ang iyong emosyon.

- Pagkilala na sa sandaling ang Diyos ay magpatawad, Siya ay lumilimot (Itinatapon Niya ang ating kasalanan sa malayo, kasing layo ng silangan sa kanluran).

- Pagangkin ng I Juan 1:8-9 at Roma 8:1.

- Pagpapalaya sa iyo mula sa kahatulan. Kontrolin mo ang hinaharap na paraan ng kaisipan sa pamamagitan ng "pagwawaksi ng mga walang saysay na haka haka" at "paglimot sa mga bagay na nakalipas na."

**<u>Larangan ng pag-iisip:</u>** Mga problema nagmumula sa mga negatibong pag-iisip, pagsalakay ni Satanas sa pag-iisip, mga kondisyon ng isip. <u>Tandaaan</u>: Sapagkat ang tao ay binubuo ng tatlong sangkap, ang problema sa isang bahagi ay may epekto sa ibang bahagi ng buong pagkatao. Sa iyong paglilingkod, makitungo sa <u>buong</u> pagkatao, hindi lamang sa isang larangan. Ang tao ay katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang buong pagkatao ay saklaw ang tatlong bahaging ito.

**6. Alamin kung panahon na upang manalangin:**

Alamin kung panahon na upang manalangin ng panalangin ng pagpapagaling. Madalas, mananalangin ka, subalit sa ibang pagkakataon, huwag kang magtataka kung ang Panginoon ay pangunahan ka na huwag manalangin o iantala ang panalangin. Inantala ng Panginoon ang pagpapagaling sa anak na babae na babaeng Canenea at sa kay Lazaro. Hindi Siya nakagawa ng maraming gawa sa Nazaret dahil sa kawalan ng pananampalataya. Maaari ka ring sabihan ng Panginoon na iantala ang pananalangin at maghintay kung ano ang Kaniyang susunod na ipagagawa, na maaaring unahin muna ang problema ng kasalanan, o ang pangangailangan ng dagdag na katuruan, at iba pa.

**7. Manalangin ng panalangin ng pagpapalaya:**

Manalangin ng panalangin ng pagpapalaya na nakatuon sa tiyak na problema ng pagpapahirap ng demonyo na iyong napagalaman. Hindi mo na kailangan pang himukin ang Diyos na magpalaya sa pamamagitan ng iyong panalangin. Kung paaanong ang kaligtasan ay nakalaan na, gayon din ang pagpapalaya. Kung paanong ang kaligtasan ay nakabatay sa kalagayan ng pananampalataya, gayon din ang pagpapalaya. Nais ng Diyos na magpalaya, kung paanong nais Niyang magligtas.

Bagamat ang kapangyarihan ng Diyos ay naroon sa isang tanging paraan para magpalaya (Lucas 5:17), maaari ka pa ring manalangin kahit walang tanging pahid sapagkat iniutos ni Jesus sa iyo na gawin kung ano ang Kaniyang ginawa kung paanong sinabi Niya sa iyo na palaganapin mo ang ebanghelyo.

Gamitin mo ang iba upang tumulong sa iyo sa paglilingkod sa isang kapulungan. May saganang kapangyarihang espirituwal kung mas maraming tao ang nananalangin (Mateo 18:19). Ang "ministeryo sa katawan" ang nagaawat sa mga tao na makaranas ng tagumpay sa pagpapalaya at yaong mga tumatanggap nito sa pamamagitan ng pagluwalhati sa kapwa tao.

Itinuro ni Jesus na una muna ay talian mo ang kaaway, pagkatapos ay maaari mong madaig ito:

> **O paano bagang makapapasok ang sinoman sa bahay ng malakas, at samsamin ang kaniyang mga pagaari, kung hindi muna gapusin ang malakas? At kung magkagayo'y masasamsam niya ang kaniyang bahay. ( Mateo 12: 29)**

Kung ang kapangyarihan ng demonyo ay nagpapahirap sa pagtali mula sa labas, ipanalangin na makalagan ang hawak nila dito at ang kanilang kapangyarihan ay matalian naman. Halimbawa, pinawalan ni Jesus ang babaeng nasa sinagoga mula sa espiritu ng karamdaman. Hindi naman siya inalihan kundi pinahirapan. Hindi kinailangan ang pagpapalayas.

Sa mga kaso naman ng mga inaalihan ng demonyo, may kapamahalaan ka na palayasin ang demonyo sa pangalan ni Jesus. Ang kapamahalaan ay hindi sa iyo galing kundi sa Kaniyang pangalan. Mahalaga na gamitin ang pangalan ni Jesus sa mismong panalangin ng pagpapalayas sa demonyo.

Pananampalataya, pagaayuno, at pananalangin ay kailangan upang palayasin ang mga demonyo. (Basahin ang tala sa Mateo 17:14-21). Iyan ang dahilan kung bakit ang paghahanda muna ay kailangan sa mga laranganag ito. Ang Salita ng Diyos (Efeso 5:17; Hebreo 4:120; ang dugo ni Jesus (Apocalipsis 12:11), at ang kapuspusan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (Gawa 1:8; 2:38) ay mga "kasangkapan" din para sa pagpapalaya na ibinigay ng Diyos sa iyo.

Ang pagsigaw ang pagtili sa mga demonyo ay hindi kailangan. Ang iyong kapamahalaan sa pangalan ni Jesus ang magpapalabas sa kanila, hindi ang lakas ng iyong boses sa pananalangin na panalangin ng pagpapalaya. Lagi mong bawalan ang mga demonyo na pumasok muli. Ito ay mahalagang bahagi ng pananalangin ng pagpapalaya:

> **At nang makita ni Jesus na dumaragsang tumatakbo ang karamihan, ay pinagwikaan Niya ang karumaldumal na espiritu, na sinasabi sa kaniya, Ikaw bingi at piping espiritu, inuutos Ko sa iyo na lumabas ka sa kaniya, at huwag ka nang pumasok na muli sa kaniya. ( Marcos 9: 25)**

Huwag kang magaksaya ng panahon sa pakikipagusap sa mga demonyo, kung magpahayag ito sa pamamagitan ng pananalita. Sinaway ni Jesus ang mga demonyo at pinatahimik ang mga ito (Lucas 4:34-35). Tandaan na anomang pakikipagusap sa mga demonyo ay mapanganib sapagkat may mga espiritung sinungaling.

Ang Espiritu Santo ang mangunguna sa iyo sa panalangin ng pagpapalaya, ngunit kung ikaw ay baguhan sa ministeryo ng pagpapalaya, narito ang halimbawang pananalangin na maaari mong pagaralan:

*"Sa pangalan ni JesuCristo at batay sa kapamahalaan ng Kaniyang kapangyarihan, Kaniyang mga Salita, Kaniyang dugo, at ng Espiritu Santo…"*

> *…ito ang nagtatatag ng batayan ng kapangyarihan para sa pagpapalaya..*

*"…Tinatalian kita…"*

> *…Itinuro ni Jesus na gapusin muna ang malakas bago ito palayasin…*

*"…at inuutusan kita…"*

> *…Ang ministeryo ng pagpapalaya ay panalangin ng kapamahalaan at hindi ng pagmamakaawa. Maaari kang magsalita ng malumanay, subalit dapat mong pamahalaan ang mga pwersa ng kasamaan sa pangalan ni Jesus. Tumingin kang diretso sa mga mata ng taong iyong kinakausap.*

*"…ikaw na espiritu ng _____________ "o" …ikaw na maruming espiritu ni Satanas…"*

> *…kung ang espiritu ay natukoy na sa pamamagitan ng espiirituwal o natural na pagkakakilala, kung gayon tiyakin mo ang pangalan, o kung hindi naman ay pangkalahatang masamang espiritu.*

*"…na umalis…"*

*…ito ang bahagi ng pagpapalayas…*

*"…at huwag mong sasaktan si ______________ (panagalan ng taong pinalalaya), o sinoman sa bahay na ito, at huwag kang gagawa ng ingay o gulo.*

*…Minsan sisikapin ng demonyo na saktan ang tao o gumawa ng gulo.*

*"Binabawalan kitang bumalik sa taong ito…"*

*…Tandaan na ginamit ni Jesus ang paguutos na ito…*

*"…at aking kinakalagan ang Espiritu Santo na puspusin ang taong ito ng paglilinis, kapangyarihang nagpapalaya ng dugo ni Jesus."*

*…Sinabihan tayo na magkalag at magtali. Kung iyo nang natukoy ang tiyak na espiritu na gumagawa, kalagan mo ang kabaligtarang espiritu. Halimbawa, talian ang espiritu ng kapalaluan at kalagan ang espiritu ng kapakumbabaan.*

Huwag mong gagawing palabas ang ministeryo ito at tumawag ng pansin ng karamihan sa pamamagitan nito. Nang makita ni Jesus ang mga ginagawa ng isang demonyo na nangaakit ng mga tao, kaagad Niyang pinahinto ang ginagawa ng masamang espiritu at pinalayas ito:

> **At nang makita ni Jesus na dumaragsang tumatakbo ang karamihan, ay pinagwikaan Niya ang karumaldumal na espiritu, na sinasabi sa kaniya, Ikaw bingi at piping espiritu, iniuutos Ko sa iyo na lumabas ka sa kaniya, at huwag ka nang pumasok na muli sa kaniya. (Marcos 9:25)**

Huwag mong tangkaing palayasin ang demonyo at papuntahin sa impyerno. Hindi ito ginawa ni Jesus at ng Kaniyang mga alagad. Mayroon lamang tayong kapamahalaan na magtali, magkalag, at magpalayas. May nakatakdang panahon para sa huling hatol sa mga demonyo sa hinaharap. Sinabi ng mga demonyo kay Jesus:

> **…Anong aming ipakikialam sa Iyo, Ikaw na Anak ng Diyos? Naparito Ka baga upang kami'y Iyong pahirapan bago dumating ang kapanahunan? (Mateo 8:29)**

Ang pananalangin para sa mga pinahihirapan ng demonyo ay maaaring gawin na may pagpapatong ng kamay o maaari ding wala. Ginamit ni Jesus ang pagpapatong ng kamay upang mag-ministeryo sa babaing pinahihirapan ng espiritu ng karamdaman sa Lucas 13:11-13. Sa ibang mga kaso, hindi Siya nagpatong ng kamay kundi hinarap na lamang ang demonyo (Lucas 9:42).

**8. Purihin ang Diyos dahil sa katugunan:**

Sundan ng pagpupuri sa Diyos ang panalangin ng pagpapalaya. Tandaan na sa halimbawa ng Biblia tungkol sa sampung ketongin, lahat ay pinagaling ngunit isa lamang ang bumalik upang magpuri sa kaniyang kagalingan. Magpuri sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi ayon sa nakikita. Ginawa mo ang sinabi ng Salita ng Diyos na iyong gawin. Sampalatayanan mo na ang Kaniyang ginawa ay tulad ng Kaniyang sinabi na Kaniyang gagawin. Pasalamatan mo Siya dahil dito.

## PAGKILALA SA MGA PALATANDAAN NG PAGLAYA:

Sa mga kaso ng inaalihan ng demonyo, minsan ang mga demonyo ay nahihirapang lumabas, tulad ng pagsigaw o kaya ay ihahampas ang tao sa suwelo. Kung makalabas na ang mga demonyo (sa inaalihan man o pinahihirapan), magkakaroon ng pagkadama ng paglaya, galak, tulad ng may naalis na mabigat.

## PAGKAKALOOB NG PAGSUBAYBAY AT PAGKALINGA:

Pagkatapos na lumaya, ang mga inalihan ng demonyo ay kailangang pangunahan sa isang panalangin na paghahayag, pagsisisi, at pagtalikod sa anomang kasalanan o pagkasangkot sa mga gawain ng mga demonyo. Kung ang taong ito ay may mga gamit ng kulam (halimbawa mga imahen, mga gamit sa pangkukulam, at iba pa.) ang mga ito ay dapat sirain.

Dagdag na pagsubaybay at pagaalaga ay napakahalaga para doon sa napalaya na mula sa inalihan ng demonyo. Kung ang isang demonyo ay napalayas, maghahanap ito ng bagong katawan na matitirahan. Itinuro ni Jesus na ang pagalis ng demonyo ay iniiwang walang laman ang lugar na kaniyang inalisan. May panganib na ang demonyo ay bumalik sa kaniyang dating nabiktima na may kasamang mas masamang mga espiritu:

> **Pagka ang karumaldumal na espiritu ay lumabas sa isang tao, ay lumalakad sa mga dakong walang tubig, na humahanap ng kapahingahan, at pagka hindi makasumpong, ay sinasabing, Babalik ako sa aking bahay na nilabasan ko.**
>
> **At pagdating niya ay nasusumpungang walis na at nagagayakan.**
>
> **Kung magkagayo'y yumayaon siya, at nagsasama ng pito pang espiritu na lalong masasama pa kay sa kaniya; at sila'y nagsisipasok at nagsisitahan doon: at nagiging lalo pang masama ang huling kalagayan ng taong yaon kay sa una. (Lucas 11:24-26)**

Kung ang isang demonyo ay napalayas na ito ay hindi mapakali at hindi kontento na nasa labas siya ng katawan ng isang tao. Sa pamamagitan lamang ng pananahan at paghawak sa isang buhay natutupad ng  isang demonyo ang mga masasamang layunin ni Satanas. Kaya nga hindi sapat na palayasin lamang ang demonyo. Ang espirituwal na "bahay" ay dapat punan ng kapanganakang muli at ang pagkapuspos ng Espiritu Santo. Ang pagsubaybay at pagpapayo ay kailangan. Ang taong lumaya ay kailangang mababad sa Salita ng Diyos at panalangin at maging bahagi ng isang kapulungan ng mga mananampalataya.

Yaong mga nakaranas ng kalayaan mula sa mga kapangyarihan ng mga demonyo ay kailangang mahimok na magbigay ng patotoo. Sinabi ni Jesus sa pinalaya mula sa mga demonyo sa Gadareno:

> **…Umuwi ka sa iyong bahay sa iyong mga kaibigan, at sabihin mo sa kanila kung gaano kadakilang mga bagay ang ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paanong kinaawaan ka nila.**
>
> **At siya'y yumaon ng kaniyang lakad, at nagpasimulang ihayag sa Decapolis kung gaanong kadakilang mga bagay ang sa kaniya'y ginawa ni Jesus: at nangagtaka ang lahat ng mga tao. (Marcos 5:19-20)**

## PAGTATANGGOL LABAN SA KAPANGYARIHAN NG MGA DEMONYO

May mga tiyak na paraan upang maipagsanggalang mo ang iyong sarili mula sa mga gawain ng mga demonyo. Ang pinakamahalagang proteksyon ay tanggapin si JesuCristo bilang Tagapagligtas sapagkat hindi maaaring angkinin ng demonyo ang isang mananampalatayang born-again. Ingatan mo ang iyong sarili na magkasala, sapagkat ang pagkakasala ay "nagbibigay lugar sa diablo." Bibigyan mo ng pagkakataon para gamitin niya ang mga demonyo upang pahirapan ka.

Mapuspos ka ng Espiritu Santo. Ang mga espiritu ng mga demonyo at ang espiritu ng Diyos ay hindi maaaring magsabay na tumira sa iisang sisidlan.

Iwasan ang labis na pagkahilig sa mga demonyo. Hindi maling pagaralan ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol sa kanila, o mga aralin tulad nitong pinagaaralan mo na nakasalig sa Salita ng Diyos. Subalit huwag kang magbabasa ng ibang mga aklat, dadalo sa mga pulong ng mga magkukulam, at iba pa, upang matuto tungkol sa mga demonyo. Iwasan ang anomang pakikiugnay sa mga mangkukulam. Huwag kumunsulta sa mga mangkukulam, mga shaman, mga horoscope, mga baraha, nagbabasa ng palad, o dahon ng tsaa. Huwag kang maglingkod sa mga diosdiosan o bayaang ang mga ito ay makapsok sa iyong tahanan:

> **Sunugin ninyo ang kanilang mga diyus-diyusan. Huwag ninyong pag-iimbutan ang mga pilak at gintong ginamit sa mga iyon pagkat siyang magiging patibong na inyong kahuhulugan dahil iyon ay kasuklam-suklam kay Yaweh.**
>
> **Huwag kayong maguuwi ng ano mang bagay na kasuklam-suklam pagkat iyon ang magiging dahilan ng pagsumpa Niya sa inyo. Lahat ng tulad noon ay sinumpa, kaya, dapat ituring na kasuklam-suklam. (Deuteronomio 7:25-26, MBB)**

Mahalaga na iyong mahawakan ang iyong pag-iisip, ang iyong dila, at piliing mabuti ang iyong mga kakasamahin. Mahalaga rin na magtagumpay laban sa sanglibutan at sa laman.

Dapat mong gamitin sa pakikibaka ang pagsalakay at pagsanggalang laban sa mga kapangyarihan ng mga demonyo. Gamitin ang mga sandata at mga estratehiya na natutuhan mo sa kursong ito.

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

2. Ano ang tatlong uri ng mga demonyo na sumasalakay sa katawan, kaluluwa, at espiritu ng tao?

3. Ano ang halaga ng kaloob ng pagkakilala ng mga espiritu sa pagharap sa mga demonyo?

4. Ano ang ibig sabihin ng inalihan ng demonyo?

5. Ano ang mga palatandaan na maaaring ipakita ng isang inaalihan ng demonyo?

6. Ano ang ibig sabihin na mabuyo sa mga demonyo?

7. Ano ang mga palatandaan ng isang taong nabuyo sa mga demonyo?

8. Ano ang ibig sabihin ng pinahihirapan ng demonyo?

9. Ano ang mga palatandaan ng isang taong pinahihirapan ng demonyo?

10. Ibigay ang buod ng mga panuntunang ibinigay sa araling ito upang madaig ang mga kapangyarihan ng mga demonyo.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Pagaralan ang mga sumusunod na mga halimbawa kung paanong hinarap ni Jesus ang kapangyarihan ng mga demonyo:

**Pangyayari: Ang babae sa sinagoga na may espiritu ng karamdaman (Lucas 13:10-17).**

**Buod:** Ang babaeng ito ay dumadalo sa gawain ng araw ng Sabbath at tinawag siya ni Jesus na "anak ni abraham." Maaari nating sabihin na siya ay isang matuwid, at taong may takot sa Diyos. Gayon man isang espiritu ng karamdaman ang nagpahirap sa kaniya sa loob ng 18 taon.

Sa Kaniyang ministeryo, binigyan ng pagkakaiba ni Jesus ang mga karaniwang mga sakit ng katawan, na gumaling sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay o pagpapahid ng langis, at yaong mga sakit na dulot ng mga demonyo. Sa kaso ng mananampalataya na pinahihirapan ng demonyo sa pamamagitan ng sakit, ang tumataling espiritu ay kinakalagan. Kung mga hindi naman mananampalataya ang may sakit sa katawan na dulot ng pagsanib ng demonyo, ang mga demonyo ay pinalalayas.

Ang pagpapalaya sa babaeng ito ay nangyari sa oras ng gawain sa iglesia. Nagdulot ito ng pagsalungat ng mga liders ng relihiyon, kabilang ang tagapanguna ng sinagoga. Ang pagharap sa mga demonyo ay nagdudulot pa rin ng pagsalungat ng maraming mga liders ng relihiyon. Ang iba ay itinatanggi na may mga demonyo. At ang iba naman ay itinatanggi na ang mga ito ay may kapangyarihang sumanib o magpahirap.

Sa pagpapalayang ito, ipinatong ni Jesus ang Kaniyang mga kamay sa babaeng may sakit. Kapagdaka, siya ay gumaling at nagluwalhati sa Diyos. Sa lahat ng tunay na ministeryo ng pagpapalaya sa mga inalihan o pinahirapan ng demonyo, ang Diyos lamang ang dapat tumanggap ng kaluwalhatian, hindi ang taong ginamit ng Diyos sa pagpapalaya.

**Pangyayari: Isang anak na babae ng isang babaeng Sirofenisa (Marcos 7:24-30; Mateo 15:21-28).**

**<u>Buod</u>:** Ang anak na babaeng ito ay may karumaldumal na espiritu na nakilala ng kaniyang ina sa pamamagitan ng mga panglabas na palatandaan ng espiritu. Inilarawan niya ang kaniyang anak na "pinahihirapang lubha."

Pinagaling ni Jesus ang batang babae dahil sa pananampalataya ng kaniyang ina. Wala sa harapan ni Jesus ang batang babae, na nagpapakita na hindi laging kailangan sa mabisang ministeryo na ang pinahihirapan o inaalihan ng demonyo na nangangailangan ay nasa harapan mo. Ito at ang sumusunod na pangyayari na nagpapatunay na kahit ang mga bata ay maaaring alihan o pahirapan ni Satanas.

**<u>Pangyayari</u>: Ang batang bingi at pipi (Marcos 9:14-29); Mateo 17:14-21; Lucas 9:37-43)**

**<u>Buod</u>:** Ang ama ng nagiisang anak na lalake ay lumapit kay Jesus para sa kagalingan ng kaniyang anak. Ang pagsanib ng demonyo sa bata ay nagdulot ng pagkabingi at pagkapipi. Ang magkakasamang paglalarawan ni Mateo, Marcos, at Lucas ay naghayag na lubhang pinahirapan ng demonyo ang bata, na madalas inihahagis sa apoy at tubig.

May panahon na ang bata ay nagpapagulong-gulong sa lupa na bumubula ang bibig at nagngangalit ang mga ngipin. Madalas siyang sinusugatan ng espiritu, at ang presensya ng demonyo ay nagpabagsak sa kaniyang katawan. Tinawag siya ng kaniyang ama na "kulang-kulang" na nagbabadya na may problema sa pag-iisip kaugnay ng kaniyang kondisyon. Sinikap ng mga alagad ni Jesus na palayasin ang demonyo sa bata, ngunit nabigo.

Itinala ni Lucas na habang ang bata ay papalapit kay Jesus, ibinuwal ng demonyo ang bata. Sinaway ni Jesus ang espiritu at pinagaling ang bata. Itinala ni Mateo na sinaway ni Jesus ang diablo at ito ay umalis at ang bata ay gumaling nang oras ding yaon.

Ang tala ni Marcos ay mas malawak kaysa sa kay Mateo at Lucas. Itinala niya na tinanong ni Jesus ang ama kung gaano katagal na na ang bata ay inaalihan. Sinabi ng ama na mula pa sa pagkabata.

Binigyan diin ni Jesus sa ama ang kahalagahan ng pagsampalataya, at pagkatapos ay hinarap ang bata at sinabi sa espiritu na lumabas at huwag nang bumalik. Sumigaw ang espiritu at lumabas na iniwan ang bata na mistulang patay na. Subalit ibinangon siya ni Jesus at itinayo.

Nang tanungin ng mga alagad kung bakit hindi nila mapalayas ang demonyo, sumagot si Jesus:

> **Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng butil ng binhi ng mostasa, ay masasabi ninyo sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at ito'y lilipat; at sa inyo'y hindi may pangyayari.**
>
> **Datapuwat ganito'y hindi lumalabas kundi sa pamamagitan ng panalangin at ayuno. (Mateo 17:20-21)**

ang Kaniyang sagot ay naghahayag ng kahalagahan ng pananampalataya, panalangin, at pagaayuno sa pagharap sa mga demonyo. Nagpatunay din ito na may mga demonyo na mahirap

palabasin kaysa iba sapagkat sinabi ni Jesus, “Ang ganito’y hindi lumalabas” kundi sa pamamagitan ng panalangin at pagaayuno.

**Pangyayari: Demonyo sa sinagoga (Marcos 1:23-28; Lucas 4:31-37).**

**Buod:** Bagamat ang lalaking ito ay nasa sinagoga, hindi tinuran ni Jesus na siya ay anak ni Abraham o kaya ay tagasunod ng Diyos. May mga nasa loob ng iglesia na hindi mananampalataya o kaya ay inaalihan ng demonyo. Ang pagdalo sa iglesia ay hindi garantiya na ang isa ay born again na o malaya mula sa kapangyarihan ng mga demonyo.

Ang inaalihan na ito ay nahayag sa pamamagitan ng “namin” na ang ibig sabihin ay higit sa isang demonyo ang naroon. Isa sa mga demonyo ang tagapagsalita, dahil sinabi ginamit niya ang “kilala kita.” Nang magsimulang magsalita ang demonyo, sinabi ni Jesus, “tumahimik ka.” Sinaway Niya ang demonyo, inilugmok ang lalake sa lupa ng demonyo, sumigaw at lumabas sa kaniya. Ang mga nakasaksi sa pangyayaring ito ay namangha sa kapamahalaan at kapangyarihan ni Jesus sa pagharap sa karumaldumal na mga espiritu.

**Pangyayari: Demonyong bulag at pipi (Mateo 12:22-29; Marcos 3:22-27; Lucas 11:14-22).**

**Buod:** Ang pagsanib dito ay kasama ang pisikal na pagpapahirap ng pagkabulag at pagkapipi. Pinagaling ni Jesus ang lalaking ito sa pamamagitan ng pagpapalayas ng demonyo mula sa kaniya. Pagkatapos ng pagpapalaya, nakakita na siya at nakapagsalita. Kaugnay ng pagpapalayang ito na ibinigay ni Jesus ang pinakamalawak na pagtuturo tungkol sa pagpapalayas ng demonyo. Ang buod ng pagtuturong ito ay naghahayag na:

- Ang isang bahay na may pagkakabaha-bahagi ay hindi makatatayo. Tinatawag na “bahay” nila ang mga katawan na kanilang tinitirahan. Hindi maaaring magsama sa isang bahay ang mga demonyo at ang espiritu ng Diyos.

- Ang mga kaharian at mga lungsod na maypagkakabaha-bahagi ay hindi makatatayo.

- Ang pagpapalayas ng mga demonyo ay bahagi ng ministeryo ng Kaharian ng Diyos.

- Ang mga demonyo ay napapalayas lamang sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos.

- Kailangan munang gapusin ang malakas (si Satanas) bago siya palayasin (sirain ang kaniyang mga gawa).

- Walang gitna rito sa espirituwal na labanang ito. Kung wala ka sa panig ni Jesus, ikaw ay laban sa Kaniya.

- Kung ang karumaldumal na espiritu ay napalayas mula sa isang tao, ito ay naghahanap ng bagong mapapasukang katawan ng tao.

- Kung ang taong inalisan ng demonyo ay hindi pinuno ang kaniyang espirituwal na bahay, ang demonyo ay babalik na may kasamang ibang mga demonyo. Ang magiging kalagayan ng taong ito ay mas malala kaysa noong una.

**<u>Pangyayari</u>: Ang inaaalihan ng demonyo sa Gadareno (Marcos 5:1-20; Mateo 8:28-34; Lucas 8:26-34).**

**<u>Buod</u>:** Ayon kay Mateo, dalawang lalake ang inaalihan ng demonyo, napakabagsik na walang taong makapigil sa kanila, tumitira sa libingan. Si Marcos at Lucas naman ay binigyang diin ang kakilakilabot na kalagayan at ang paglaya ng isa sa dalawa, na ang kalagayan ay pinakamalala na naharap ni Jesus sa Kaniyang ministeryo.

Maraming mga demonyo ang sumanib sa mga ito. Pareho silang pinahirapan at hindi sila nakapamuhay ng normal. Tumira sila sa libingan. Ang mga demonyo sa isang tao ay tinawag ang kanilang sarili na "Pulutong" sapagkat marami sila. Hindi magapos ng mga tao kahit ng tanikala ang mga ito. Gayon na lamang katindi ang pagpapahirap ng mga demonyo sa kaniya, na wala siyang tigil ng kasisigaw, hinihiwa ng bato ang kaniyang sarili, at walang damit.

Nakilala ng mga demonyo si Jesus at tinanong kung naparito Siya upang pahirapan sila bago pa dumating ang kapanahunan. Ang "kapanahunan" ay tumutukoy sa huling kahatulan sa dagatdagatang apoy (Impiyerno). Ang hiling nila na huwag silang palabasin ng bansa ay nagpapakita na maaari silang ilagay ni Satanas sa mga tiyak na mga teritoryo. Pinayagan ni Jesus na pumasok sila sa isang kawan ng mga baboy na ikinamatay tuloy ng mga baboy. Hiniling ng mga taga roon na umalis si Jesus sa kanilang bayan. Ang mga baboy, na kanilang kabuhayan ay mas mahalaga kaysa sa paglaya ng mga tao mula sa kapangyarihan ng mga demonyo.

**Ibang mga pangyayari:** Dagdag sa mga tiyak na pagharap ni Jesus sa mga demonyo, ang Biblia ay may mga reperensya sa Kaniyang ministeryo ng mga taong pinahirapan ng mga demonyo.

- Sa mga sumusunod na mga reperensya, ang salitang "gumaling" ay ginamit upang ilarawan kung paano humarap si Jesus sa mga demonyo: Mateo 4:24; Lucas 6:18.

- Sa mga sumusunod na mga reperensya ang salitang "pinalayas" ay ginamit upang ilarawan ang Kaniyang estratehiya: Marcos 1:32-34, 39; 6:13.

- Sa Lucas 4:41, itinala lamang na ang mga diablo ay "nagsilabas." Sa Lucas 7:21 ang sinabi ay "pinagaling" Niya sila. Itinala ng Mateo 8:16 na "pinalayas Niya sa isang salita."

- Binanggit sa Marcos 16:9 at Lucas 8:2-3 na si Jesus ay nagpalabas ng pitong demonyo mula kay Maria Magdalena.

2. Minsan ginagamit ng Diyos ang mga demonyo upang matupad ang Kaniyang mga layunin. Tingnan ang I Samuel 16:14 at II Corinto 12:7. Ang likong si Achab ay pinarusahan dahil sa

kaniyang kasalanan sa pamamagitan ng isang sinungaling na espiritu na inilagay ng Diyos sa mga labi ng kaniyang mga propeta upang akayin siya sa kapahamakan. Tingan ang I Hari 22:23. hahalinahin ng mga demonyo ang mga hukbo ng Armagedon sa parehong kahihinatnan. Tingnan ang Apocalipsis 16:13-16.

4. Ang pagbibiro tungkol sa mga demonyo at kay Satanas ay hindi wasto. Tingnan ang II Pedro 2:10-11. At wala rin tayong kapangyarihan sa ating sarili na sawayin si Satans. Tingnan ang Judas 9.

5. Binigyan ni Jesus ng kapangyarihang magpalayas ng mga demonyo ang Kaniyang mga alagad. Pagaralan ang mga sumusunod na mga ulat ng kanilang paggamit ng kapangyarihang ito. Marcos 9:38; Lucas 10:17; Gawa 5:16; 8:7; 16:16-18; 19:11-12.

6. Pagaralan ang mga sumusunod na mga reperensya na ginamit ang salitang "inaalihan." Mateo 4:24; 8:16, 28, 33; 9:32; 12:22; Marcos 1:32; 5:15-18; Lucas 8:36; Gawa 8:7; 16:16.

7. Si Jesus ay pinahirapan, subalit walang kasalanan: Isaias 53:7. Noong si Ezekias ay pinahirapan, hiningi niya sa Diyos na ipagtanggol siya: Isaias 38:14. Pinagaling ni Jesus ang lahat ng pinahihirapan ng diablo: Gawa 10:38.

Pagaralan mo ang tungkol sa pagpapahirap:

- Ng masama: Awit 17:9
- Ng ating mga kaaway: Awit 106:42
- Ng mga palalo: Awit 119:123
- Ng mayayaman: Santiago 2:6

# IKA-DALAWAMPUT-DALAWANG KABANATA

## MGA BIKTIMA NG DIGMAAN

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ipaliwanag kung paano pumasok ang pagdurusa sa sanglibutan.
- Tukuyin ang limang mga paraan ng pagpasok ng pagdurusa sa buhay ng isang mananampalataya.
- Ipakita ang pagkaunawa ng wastong saloobin sa pagdurusa.
- Tukuyin ang mga tiyak na pakinabang sa pagdurusa.
- Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng pagdaraan sa bagyo sa loob at labas ng kalooban ng Diyos.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

> **Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus. (II Timoteo 2:3)**

**PAMBUNGAD**

Sa bawat digmaan, may mga nadidisgrasya sa digmaan, mga kawal na nasusugatan sa labanan. Ang ilan ay gumagaling mula sa kanilang mga sugat at nagbabalik sa labanan. Ang iba naman ay namamatay. Totoo rin ito sa sa pakikibakang espirituwal na ating kinalalahukan. Ang mga kawal Critiano ay hindi libre sa mga pagsalakay ni Satanas, o libre sa mga bunga ng pagdurusa.

Marami sa atin ay hindi nais pagusapan ang tungkol sa pagdurusa. Wala tayong gaaanong naririnig na pangangaral sa paksang ito. Higit nating nais marinig ang mga mensahe tungkol sa tagumpay at kasaganaan, at ang mga bagay na ito ay mabuti, sapagkat ang mga ito ay bahagi ng kapahayagan ng Diyos. Ngunit iniiwasan natin ang paksa ng pagdurusa sapagkat maraming bagay na tungkol dito ang mahirap maunawaan at mahirap ipaliwanag. Subalit ang Biblia ay hindi lamang isang aklat ng mga pangako tungkol sa masaganang buhay. Ito ay tala ng pagdurusa, ng matuwid at hindi matuwid.

Ng si Jesus ay narito sa lupa at bumanggit sa pagdurusa na Kaniyang haharapin sa krus, marami sa Kaniyang mga alagad ang humiwalay sa Kaniya. (Juan 6:55-66) Inasahan ni la na ang Mesias ay maghahari na may kapangyarihan at luwalhati. Sa halip, ang binanggit Niya ay pagdurusa. Hindi nila maunawaan ito, kaya tumigil na sila ng pagsunod sa Kaniya. Kung hindi mo nauunawaan ang pagdurusa, baka iwanan mo rin Siya kung humarap ka sa mga mahihirap na mga pangyayari. Magiging biktima ka ng labanan, sa halip na mananagumpay.

Ang araling ito ay tungkol sa mga “biktima ng digmaan,” yaong mga nasugatan sa digmaan. Hindi mo lamang matutuhan kung paano harapin ang iyong pagdurusa, kundi paano kang mag-ministeryo sa iba na dumaranas ng kahirapan.

## ANG PINAGMUMULAN NG PAGDURUSA

Hindi ang Diyos ang may likha ng pagdurusa. Ito ay pumasok sa sanglibutan sa pasimula sa pamamagitan ng pagkakasala ng tao na pakana ni Satanas (Genesis 3). Noong ang tao ay mahulog sa tukso ni Satanas at nagkasala, pumasok ang pagdurusa sa sanglibutan. Kung magkagayon, ang kasalanan, na nagbunga ng lahat ng pagdurusa ay maaaring tuntunin sa pasimuno nito, si Satanas. Bagamat maraming ibat-ibang mga dahilan kung bakit ang pagdurusa ay pumapasok sa iyong buhay, ang lahat ng pagdurusa ay matutunton sa pinagmulan nito. Buti na lamang, sa buhay ng isang kawal Cristiano, maaaring ang pagdurusa na plano ni Satanas sa ikasasama ng tao ay baligtarin ng Diyos para sa ikabubuti upang matupad ang Kaniyang mga layunin. Magagawa niya na ang na-biktima ay maging mananagumpay.

## MGA DAHILAN NG PAGDURUSA

Maraming binabanggit ang Biblia tungkol sa pagdurusa, mga problema, at mga pasakit. Kung ating susumahin ang katuruan nito, matutuklasan natin ang limang mga paraan kung paanong ang pagdurusa ay nakapapasok sa buhay ng isang mananampalataya. Lahat ng mga pagdurusang iyong hinarap sa buhay ay dumarating sa pamamagitan ng isa sa mga susmusunod na paraan:

### MGA NAKAPALIGID NA TAO SA IYO:

Ang pagdurusa at mahihirap na mga pangyayari ng buhay ay maaaring dumating sa pamamagitan ng iba na nakapaligid sa iyo. Si Jose ay isang halimbawa ng ganitong uri ng pagdurusa. Bagamat hindi niya kasalanan, si Jose ay ipinagbili ng kaniyang mga kapatid bilang alipin sa Egipto, nabilanggo dahil sa maling bintang ng asawa ni Potipar, at nalimutan noong natulungan niya sa bilangguan.

Ngunit pakinggan ang kaniyang tugon. Sinabi ni Jose…

> **At ngayo'y huwag kayong magdalamhati, o magalit man sa inyong sarili na inyo akong ipinagbili rito: sapagkat sinugo ako ng Diyos sa unahan ninyo upang magadya ng buhay…Hindi nga kayo ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Diyos. (Genesis 45:5,7)**

Isang paraan kung paano dumarating ang pagdurusa sa isang kawal Cristiano ay sa pamamagitan ng tsismis o "walang katotohanang mga balita." Malaking pagdurusa ang dumarating dahil sa sinasabi mo patungol sa iba at kung ano ang sinasabi nila patungkol sa iyo. Tulad ng iyong natutuhan sa kursong ito, ang dila ang pinakamakapangyarihan sa mga sandata, at maaaring maraming mabiktima sa labanan sa pamamagitan ng mga salitang binitiwan.

## MGA PANGYAYARI SA BUHAY:

Ang pangalawang paraan nang pagdating ng pagdurusa sa iyo ay sa pamamagitan ng mga pangyayari sa buhay. Ito ay nailarawan ng buhay ni Naomi na natala sa aklat ni Ruth sa Biblia. Napakapait ng naging buhay niya dahil sa pagkamatay ng kaniyang asawa at mga anak.

Hanggang sa dumating si Jesus at ang huling kaaway ay magapi na, ang kamatayan ay bahagi ng buhay. Ang kamatayan ay dumating sa pamamagitan ng unang pagkakasala ng tao at ito ay isang natural na pangyayari ng buhay na ating haharapin sapagakat, "itinakda sa tao ang mamatay na minsan" (Hebreo 9:27).

Noong danasin ni Naomi ang mahihirap na mga pangyayaring ito sa buhay, sinabi niya, "Huwag mo na akong tawaging Naomi (ibig sabihin ay pinagpala), kundi tawwagin mo akong Mara." Ang ibig sabihin ng pangalang "Mara" ay "mapait." Naharap si Naomi sa mapapait na kalagayan.

## ANG IYONG MINISTERYO:

Ang pangatlong dahilan sa pagdurusa ay ang iyong ministeryo para sa Panginoon. Binanggit ng Bagong Tipan ang pagdurusa alang-alang sa Kaniyang pangalan (Gawa 9:16), dahil kay Cristo (Filipos 1:29) dahil sa Kaharian ng Diyos (II Tesalonica 1:5), dahil sa ebanghelyo (II Timoteo 1:11-12), para sa kabutihan (I Pedro 2:19-20; 3:17), alang-alang sa katuwiran (I Pedro 3:14), bilang isang Cristiano (I Pedro 4:15-16), at ayon sa kalooban ng Diyos (I Pedro 4:19).

Si Apostol Pablo ay isang halimbawa ng pagdurusa na bunga ng ministeryo. Ang pananaw ng iba sa pagdurusa ay ito ay tanda ng pagkabigo o kakulanagn ng pananampalataya. Kung ito ay totoo, si Apostol Pablo ay walang pananampalataya, a t siya ang pinakamalaking bigo sa kasaysayan ng iglesia. Sinabi ni Pablo na noong siya ay nasa Asia ay masyado siyang nabigatan at nawalang ng

pagasa sa buhay (II Corinto 1:8). Iba ang kaniyang inilarawan dito mula doon sa isang masayang mangangaral na nangako sa mga mananampalataya ng kapayapaan at kasaganaan.

Noong unang tawagin ng Diyos si Pablo sa ministeryo sinabi sa kaniya na may mga “dakilang bagay” na kaniyang pagdurusahan alang-alang sa Panginoon (Gawa 9:16). Ang tugon ni Pablo sa pagdurusa ay magtiis “sa pagkawala ng lahat ng bagay upang makahikayat ng ilan kay Cristo.” Isinulat niya sa mga mananampalataya “sa inyo ay ibinigay hindi lamang ang sumampalataya, kundi magdusa alang-alang sa Kaniya” (Filipos 1:29).

Hindi nagiisa si Pablo sa pagdurusa para sa ministeryo. Ang buong iglesia sa Bagong Tipan ay nagdusa (Gawa 8). Natala sa Hebreo 11 ang mga kasaysayan ng ila sa pinakamalupit na paguusig na kanilang tiniis. Marami sa mga lalake at babaeng ito ng pananampalataya ay iniligtas ng kapangyarihan ng Diyos. Ang pintuan ng bilangguan ay nabuksan at sila ay nakalabas. Sila ay hinatulang mamatay sa mga nagniningas na hurno subalit nakaalpas na hindi man lamang nasunog kahit bahagya.

Ngunit ang ilan sa mga mananampalatayang ito , na tinawag ding mga lalake at babae “ng pananampalataya,” ay hindi tumanggap ng gayong pagliligtas. Sila ay nabilanggo, sinaktan, pinahirapan, at pinatay dahil sa patotoo ng ebanghelyo (Hebreo 11:36-40). Nakatuon tayo sa buhay na pananampalataya, ngunit ang diyos ay naghayag ng Kaniyang kapangyarihan sa pananampalataya hanggang kamatayan. Ito ang pananampalataya na naninindigan sa panahong mahirap, at hinid lamang sa panahong maginhawa na noon nahahayag ang mga makapangyarihang pagliligtas.

**MGA GAWA NI SATANAS:**

Ang pagdurusa na kagagawan ni Satanas ay maaari ding dumating sa iyong buhay. Ito ay kitang-kita sa buhay ni Job. Ang aklat na yaon ay nakikipagbuno sa tanong na, “Bakit nagdurusa ang mga matuwid?”

Ang patotoo ng Diyos tungkol kay Job ay ito ay taong matuwid (Job 1-2). Si Job ay nagdusa hindi sapagakat siya ay nagkasala, tulad ng sinabi ng kaniyang mga kaibigan. Ang paniwal nila ay kung magsisisi si Job, ang mga pangyayari ay mababago. Ang mga kaibigang ito ay gumawa ng isang pangkalahatang pagaangkop batay sa kanilang karanasan. Magiging tulad ng pagsasabi na sapagkat iniligtas ng Diyos si Pedro sa kulungan ay gayon din ang gagawin Niya para sa iyo. Hindi ito totoo. Marami ang pinatay sa bilangguan sa kabila ng kanilang dakilang pananampalataya at walang kasalanang buhay.

Kailangang magingat tayo sa ating pagtingin sa pagdurusa ng iba na hindi natin sila pagbintangan na sila ay nagkasala, o hindi sumampalataya, o pagaalinlangan. Itinuturo ng Biblia na ang isang taong makasalanan ay magaani ng mapait na ani dahil sa paghahasik sa laman (Galacia 6:8). Ngunit ang paghjahasik at pagaaani ay hindi maaaring gamitin upang ipaliwanag ang pagdurusa ng walang kasalanan.

Si Job ay nagdusa hindi dahil sa ano pa man na kaniyang ginawa. Si Job ay isang tgaong matuwid. Ito ang patotoo ng Diyos patungkol kay Job, ito rin ang sinabi ni Job patungkol sa

kaniyang sarili, at ang pagkakilala ng mga tao sa kaniya. Sa likod ng mga tagpo sa larangang espirituwal ang tunay na dahilan ng pagdurusa ni Job. May labanang espirituwal na nagaganap para sa puso , pag-iisip, at pagtatapat ni Job.

May isang pakikipagbaka  na nagaganap sa larangang espirituwal at ikaw ang pinaglalabanan. Ang pakikibaka ay nahayag sa mga mahihirap na pangyayari na iyong naranasan sa natural na larangan. Ang isang mahalagang katotohanan na nakita sa karanasan ni Job ay ito, na walang pumapasok sa buhay ng isang mananampalataya na hindi alam ng Diyos. Hindi ang Diyos ang nagdulot ng pagdurusa. Ito ay dulot ni Satanas, subalit ang mga hangganan ay inilagay ng Diyos. Mas makapangyarihan ang Diyos kaysa kay Satanas, at makaka ranas ka ng tagumpay kung patuloy kang magtitiwala sa Kaniya.

## ANG IYONG SARILING KASALANAN:

Ang panglimang paraan ng pagdating ng pagdurusa sa iyong buhay ay dahil sa iyong sariling kasalanan. Sa kaniyang pagsuway sa Diyos, si Jonas ay sa iabng lugar nagpunta at hindi sa Ninive na doon siya inutusa na pumaroon at ipangaral ang pagsisisi. Naranasan niya ang isang malaking unos at sa tiyan siya ng isang malaking isda napunta dahil sa kaniyang sariling kasalanan (Jonas 1-2).

Ang ligalig ay kailangang laging maging tawag sa atin upang suriin ang ating mga lakad at ang ating puso sa harap ng Diyos. Maaaring kaya ka nagdurusa ay dahil na rin sa iyong sariling kasalanan. Sinasabi ng Biblia na pinarurusahan ng Diyos yaong nabubuhay sa pagsuway sa Kaniyang mga Salita. Ang ibig sabihin ng parusahan ay disiplinahin, sawayin at ituwid:

> **Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito.  (Hebreo 12:11)**

Ginagamit ng Diyos ang pagdurusa upang ituwid ka at ibalik ka sa Kaniyang kalooban para sa iyong buhay:

> **Bago ako nagdalamhati ay naligaw ako; Ngunit ngayo'y tinutupad ko ang Iyong salita.**
>
> **Mabuti sa akin na ako'y napighati; Upang aking matutuhan ang mga paltuntunan Mo.**
>
> **Talastas ko, Oh Panginoon, na ang mga kahatulan Mo ay matuwid, At sa pagtatapat, Iyo akong dinalamhati.  (Awit 119:67, 71, 75)**

## WASTONG SALOOBIN SA PAGDURUSA

Ang mga ligalig ay hindi laging tanda ng pagiging nasa labas ng kalooban ng Diyos. Sinabi ng Biblia, “marami ang kadalamhatian ng matuwid” (Awit 34:19). Kung ikaw ay magdusa hi9ndi dahil sa sarili mong kasalanan, dapat mong panantilihin ang wastong saloobin sa pagdurusa. Ang tunay na sukat ng iyong pagiging espirituwal ay kung paano ka tumugon sa panahon ng kagipitan:

> **Kung ikaw ay manglupaypay sa kaarawan ng kasakunaan, Ang iyong kalakasan ay munti. (Kawikaan 24:10)**

Inilarawan ng Biblia ang saloobin na kailangan mo kung ikaw ay nagdurusa bilang isang mananampalataya sa loob ng kalooban ng Diyos. Hindi ka dapat mahiya:

> **Ngunit kung ang isang tao ay magbata gaya ng Cristiano, ay huwag mahiya; kundi luwalhatiin ang Diyos sa pangalang ito. (I Pedro 4:16)**

Kailangan mong italaga ang iyong kaluluwa (ang iyong pagdurusa) sa Diyos, na alam mong magkakatulong-tulong ang lahat na gagawa para sa iyong ikabubuti:

> **Kaya’t ipagkatiwala naman ng nangagbabata ayon sa kalooban ng Diyos ang kanilang mga kaluluwa sa paggawa ng mabuti sa tapat na Lumalang. (I Pedro 4:19)**

Dapat kang maging masaya kung ikaw ay nagdurusa ayon sa kalooban ng Diyos:

> **Sila nga’y nagsialis sa harapan ng Sanedrin, na nagatutuwang sila’y nangabilang na karapatdapat na magbata ng kaalimurahan dahil sa Pangalan. (Gawa 5:41)**

Sinabi ni Pablo na kailangan mong:

> **Mangagalak sa pagasa; magmatiisin sa kapighatian; magmatiyagain sa pananalangin. (Roma 12:12**

> **…bagama’t inuupasala, ay kami’y nangagpapala; bagama’t mga pinaguusig, ay nangagtitiis kami. (I Corinto 4:12)**

> **…ipinagkakapuri namin ang aming sarili, gaya ng mga ministro ng Diyos, sa maraming pagtitiis, sa mga kapighatian, sa mga pangangailangan, sa mga paghihinagpis. (II Corinto 6:4)**

> **Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon, ni ako na bilanggo Niya: kundi magtiis ka ng mga kahirapan dahil sa evangelio ayon sa kapangyarihan ng Diyos. (II Timoteo 1:8)**

> **Upang ang sinoma’y huwag mabagabag sa pamamagitan ng mga kapighatiang ito; sapagkat kayo rin ang nangakaalam na itinalaga kami sa bagay na ito.**
> **(I Tesalonica 3:3)**

> **Ngunit ikaw ay magpigil sa lahat ng mga bagay, magtiis ka ng mga kahirapan, gawin mo ang gawa ng evangelista, ganapin mo ang iyong ministeryo.**
> **(II Timoteo 4:5)**

Huwag kang magtaka kung dumaranas ka ng pagdurusa:

> **Mga minamahal, huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sainyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay.**
>
> **Kundi kayo'y mangagalak, sapagkat kayo'y mga karamay sa mga hirap ni Cristo; upang sa pagkahayag ng Kaniyang kaluwalhatian naman ay mangagalak kayo ng malabis na galak. ( I Pedro 4: 12-13)**

Ibinigay ni Pablo ang buod ng wastong saloobin sa pagdurusa ng kaniyang ipaliwanag…

> **…bagama't ang aming pagkataong labas ay pahina, ngunit ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw.**
>
> **Sapagkat ang aming magaang kapighatian, na sa isang sandali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng lalo't lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan.**
> **(II Corinto 4:16-18)**

Bilang isang alipin ang tanaw ni Pablo sa pagdurusa…Sinabi niya na "may nagagawa ito sa atin."

## MGA MABUBUTING PAKINABANG NG PAGDURUSA

Maraming mga pakinabang ang pagdurusa kung ayon ito sa kalooban ng Diyos. Kung nauunawaan mo ito, tutulong ito sa iyo na harapin ang iyong sariling pagdurusa at gayon din makatulong sa iba na mga "biktima ng digmaan." Kung ikaw ay magdusa…

### NASUSUBOK ANG IYONG PANANAMPALATAYA:

Lahat ng bagay sa larangang espirituwal ay nasalig sa pananampalataya. Ito ang dahilan kung bakit ang lakas ng iyong pananampalataya ay dapat subukin:

> **Upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na lalong mahalaga kay sa ginto na nasisira bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa pagpapakahayag ni Jesucristo.**
> **(I Pedro 1:7)**

Ito ay isang pagsubok ng pananampalataya kung manalangin ka tulad ni Jesus, para bayaan ng Diyos na lumampas ang saro ng kapaitan, gayon man hindi ito lumampas. Sa halip, ikaw ay napilitang uminom ng malalim ng pagdurusa nito. Ngunit ang pananampalataya ang magtuturo

sa atin na ang ating mga panalanging hindi nasagot ay hindi dahil  sa ang sagot ay iba kaysa sa ating inaasahan.

**<u>NABIGYAN KA NG KAKAYAHANG PALAKASIN ANG IBA:</u>**

> **Purihin nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, ang Ama ng mga kaawaan at Diyos ng buong kaaliwan.**
>
> **Na Siyang umaaliw sa atin sa lahat ng kapighatian, upang ating maaliw ang nangasa anomang kapighatian, sa pamamagitan ng pagaliw na inialiw din sa atin ng Diyos.  (II Corinto 1:3-4)**

Kung ibahagi mo ang kaaliwan ng Diyos sa iba, iyong…

> **Kaya't itaas ninyo ang mga kamay na nakababa, ang mga tuhod namang nanginginig.**
>
> **At magsigawa kayo ng mautwid na landas sa inyong mga paa, upang huwag maligaw ang pilay, kundi bagkus gumaling.  (Hebreo 12:12-13)**

**<u>NATUTO TAYONG HUWAG MAGTIWALA SA SARILI:</u>**

Binanggit ni Pablo ang layunin ng kaniyang mga pagdurusa sa Asia:

> **…sa Asia, na kami ay totoong nabigatan, ng higit sa aming kaya, ano pa't kami ay nawalan na ng pagasa sa buhay.**
>
> **Oo, kami'y nagkaroon ng hatol sa aming sarili ng kamatayan, upang huwag kaming magkatiwala sa amin ding sarili, kundi sa Diyos na bumuhay din na maguli ng mga patay.  (II Corinto 1:8-9)**

Darating ka sa pagkilala na…

> **Ngunit taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang-lupa, upang ang dakilang kalakhan ng kapangyarihan ay maging mula sa Diyos, at huwag mula sa aming sarili.  (II Corinto 4:7)**

**<u>NAPAPAUNLAD MO ANG MGA POSITIBONG KATANGIANG ESPIRITUWAL:</u>**

> **At hindi lamang gayon, kundi naman nangagagalak tayo sa ating mga kapighatian na nalalamang ang kapighatian ay gumagawa ng katiyagaan;**
>
> **At ang katiyagaan, ng pagpapatunay; at ang pagpapatunay, ng pagasa.**
> **(Roma 5:3-4)**

> **…pagkatapos na kayo'y makapagbatang sandaling panahon, ay Siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay at magpapalakas sa inyo. (I Pedro 5:10)**

Ikaw ay natutulad sa wangis ni Jesus sa pamamagitan ng mga katangiang ito, na ito ang plano ng Diyos para sa iyo (Roma 8:28-29; Hebreo 2:10, 18).

**ANG MGA GAWA NG DIYOS AY NAHAHAYAG:**

Nang makita ng mga alagad ang isang taong ipinanganak na bulag, itinanong nila kung sino ang responsable sa kalagayan niya. Ito ba ay ang kasalanan ng kaniyang mga magulang o ng taong ito mismo? Sumagot si Jesus:

> **…Hindi dahil sa ang taong ito'y nagkasala, ni ang kaniyang mga magulang man: kundi upang mahayag sa kaniya ang mga gawa ng Diyos. (Juan 9:3)**

**ANG KAPANGYARIHAN NG DIYOS AY NASASAKDAL:**

> **At Siya'y nagsabi sa akin, ang aking biyaya'y sapat sa iyo: sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan ni Cristo. (II Corinto 12:9)**

**ANG DI MATIBAY AY NAAALIS:**

Ang ibinubunga ng pagdurusa ay naaalis ang lahat ng mga mabubuway sa iyong buhay. Humihinto ka ng pagtitiwala sa mga tao, mga programa, o mga bagay na materyal yamang ang mga ito ay nabibigo sa panahon ng iyong pangangailangan. Pinahihintulutan ng Diyos ito…

> **… pagaalis niyaong mga bagay na niyanig, gaya ng mga bagay na ginawa, upang mamalagi ang mga hindi niyanig. (Hebreo 12: 27)**

Sa panahon ng mga bagyo ng buhay, lahat ng bagay na hindi nakatayo sa Diyos at sa Kaniyang Salita ay gumuguho (Awit 119:89 at Mateo 7:24-27).

**ANG PINAGTUTUUNAN MO AY NABABAGO:**

Kung ikaw ay dumanas ng pagdurusa madalas ang pinagtutuunan mo ng pansin ay ang dahilan at ang resulta. Nagaalala ka sa naging dahilan ng mahirap na mga pangyayari at ang mga kakila-kilabot na ibinunga nito sa iyong buhay. Nais ng Diyos na baguhin ang pinagtutuunan mo ng pansin mula sa pagpupunyagi na maunawaan ang pansamatalang kalagayan tungo sa pagkilala ng mga pakinabang ng walang hanggan:

> **Sapagkat ang aming magaang kapighatian, na sa isang sandali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng lalo't lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan.**

> **Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita: sapagkat ang mga bagay na nangakikita ay may katapusan; datapuwat ang mga bagay na hindi nangakikita ay walang hanggan. (II Corinto 4:17-18)**
>
> **Mga minamahal, huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay.**
>
> **Kundi kayo'y mangagalak, sapagkat kayo'y mga karamay sa mga hirap ni Cristo; upang sa pagkahayag ng Kaniyang kaluwalhatian naman ay mangagalak kayong malabis na galak. (I Pedro 4:12-13)**
>
> **Kung tayo'y mangagtiis, ay maghahari naman tayong kasama Niya… (II Timoteo 2:12)**

**ANG LUMANG MAKASARILING PAGKATAO AY NABABAGO:**

Tungkol sa bansa ng Moab, sinabi ng Diyos:

> **Ang Moab na tiwasay mula sa kaniyang kabataan, at siya'y nagpahinga sa kaniyang mga latak, at hindi napagsalinsalin sa sisidlan at sisidlan, o pumasok man siya sa pagkabihag: kaya't ang kaniyang lasa ay nananatili sa kaniya, at ang kaniyang bango ay hindi nagbabago. (Jeremias 48:11)**

Sapagkat ang Moab ay hindi nakaranas ng maligalig at matinding kahirapan tulad ng kailangan upang makalikha ng mabuting alak, ang bansa ay hindi nagbago.Ang Moab ay palumagay at nagtamasa ng kasaganaan at dahil dito ito ay hindi lumago ng wasto sa larangang espirituwal. Kung magkagayon, walang pagbabago. Ang "kaniyang bango" ay nanatili sa kaniya. Ang pagdurusa ang nagaalis ng iyong lumang katauhan na makasarili. Habang ikaw ay parang hinahalo, nililigalig, at ibinubuhos, ang iyong bangong espirituwal ay nababago mula sa pagiging karnal tungo sa pagiging espirituwal.

**IKAW AY NAHAHANDA SA MINISTERYO:**

Hiniling mo na ikaw ay magamit ng Diyos. Ninais mo na lalong maging tulad ni Jesus at nanalangin na maging isang piling sisidlan para gamitin Niya. Ang sagot sa iyong panalangin ay maaaring sa pamamagitan ng pagdurusa:

> **Narito dinalisay kita, ngunit hindi parang pilak; pinili kita sa hurno ng kadalamhatian. (Isaias 48:10)**

Sa pamamagitan ng pasakit ikaw ay nakalilipat mula sa basta pagiging anak ng Diyos sa pagiging pinili ng Diyos. Ang pasakit ayon sa kalooban ng Diyos ang nagpapa-kinis sa iyo upang

magamit Niya tulad ng metal na pinakikinis sa isang hurno sa natural na larangan. Inihahanda ka ng Diyos para sa pakikibaka sa pamamagitan ng pagdurusa!

**<u>IKAW AY NAHAHANDANG MAGHARING KASAMA NI CRISTO:</u>**

> **Kung tayo'y mangagtiis, ay maghahari naman tayong kasama Niya… (II Timoteo 2:12)**

**<u>TUMATANGGAP KA NG PAGPAPALANG ESPIRITUWAL:</u>**

Sinabi ni Jesus:

> **Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagkat kanila ang kaharian ng langit.**
>
> **Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa Akin.**
>
> **Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagkat malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagkat gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo. (Mateo 5:10-12)**

**<u>NATUTUHAN MO ANG PAGSUNOD:</u>**

> **Bagama't Siya'y Anak, gayon ma'y natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na Kaniyang tiniis… (Hebreo 5:8)**

**<u>ANG SALITA NG DIYOS AY NASUBUKAN SA IYO:</u>**

> **Ang mga salita ng Panginoon ay mga dalisay na salita; Na gaya ng pilak na sinubok sa hurno sa lupa, Na makapitong dinalisay. (Awit 12:6)**

**<u>IKAW AY NAGIGING MAPAGPAKUMBABA:</u>**

> **Na Siyang pumatnubay sa iyo sa malaki at kakilakilabot na ilang na tinatahanan ng mga makamandag na ahas at mga alakdan, at uhaw na lupa, na walang tubig; na Siyang naglabas sa iyo ng tubig mula sa batong pingkian.**
>
> **Na Siyang nagpakain sa iyo ng mana sa ilang, na hindi nakilala ng iyong mga magulang; upang Kaniyang mapangumbaba ka, at Kaniyang subukin ka, na pabutihin ka sa iyong wakas… (Deuteronomio 8:15-16)**

**<u>LUMALAGO ANG BUHAY ESPIRITUWAL MO:</u>**

Ang ibig sabihin nito ay lumalago ka sa iyong buhay espirituwal:

> **…Ikaw na humango sa dusa ko't hirap, Ngayo'y pakinggan Mo, sa aki'y mahabag. (Awit 4:1, MBB)**

## LALO MONG MALAPIT NA NAKIKILALA ANG DIYOS:

Ang pagkakilala mo sa Diyos ay lalong lumalapit sa pamamagitan ng padurusa. Si Job na nagdusa nang labis ay natutuhan ang katotohanang ito at kaniyang sinabi…

> **Narinig Kita sa pakikinig ng pakinig; Ngunit ngayo'y nakikita Ka ng aking mata. Kaya't ako'y nayayamot sa sarili, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo. (Job 42:5-6)**

Ang ilan sa atin ay segunda mano ang pagkakilala sa Diyos. Kung nararanasan mo ang mga pagpapala sa buhay, ang Diyos ay nagiging kalabisan sa halip na kailangan. Ngunit kung ikaw ay tunay na nangangailangan, ang Diyos ay tunay na kinakailangan. Si Job ay nakakila sa Diyos sa lalong malapit na paraan sa pamamagitan ng pagdurusa. Bago siya nagdusa, ang pagkakilala niya sa Diyos ay sa pamamagitan ng teolohiya. Pagkatapos, nakilala niya ang Diyos sa pamamagitan ng karanasan.

Nagpahayag si Pablo ng gayon ding pagnanais na kaniyang sabihin:

> **Upang makilala ko Siya, at ang kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na maguli, at ang pakikisama ng Kaniyang mga kahirapan, na ako'y natutulad sa Kaniyang pagkamatay. (Filipos 3:10)**

Makikilala mo lamang ang Diyos sa Kaniyang kapangyarihan ng pagkabuhay na maguli sa pamamagitan ng pagdurusa. Sa buong pagdurusa ni Job, itinanong niya sa Diyos ang dahilan ng kaniyang pagdurusa. Hindi masama na magtanong sa Diyos. Alam ni Jesus na ang layunin ng Kaniyang pagparito sa sanglibutan ay upang mamatay para sa kasalanan ng buong sangkatauhan. Gayon man sa panahon ng Kaniyang pagdurusa, sumigaw Siya, "Diyos Ko, Diyos Ko, BAKIT Mo Ako pinabayaan?" Mahalaga ang kasunod ng pagtatanong. Ang mga sumunod na mga salita ni Jesus ay, "Sa Iyong mga kamay ipnagkakatiwala Ko ang Aking espiritu."

Sa kabila ng mga tanong, ang naging tugon ni Job ay…

> **Bagaman ako'y patayin Niya, akin ding hihintayin Siya… (Job 13:15)**
>
> **Ngunit talastas ko na Manunubos sa akin ay buhay, At Siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan: At pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, Gayon ma'y makikita ko ang Diyos sa aking laman. (Job 19:25-26)**

Pagkatapos ng lahat ng pagtatanong, ang diin ay kailangang lumipat mula sa “ako” tungo sa “Ikaw.” Dapat mong italaga ang iyong pagdurusa, kasama ang lahat ng mga hindi masagot na mga katanungan sa kamay ng Diyos.

> **Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, At huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. (Kawikaan 3:5)**

Ang Diyos ay maaaring maghayag ng ilan sa mga layunin ng iyong pagdurusa, ngunit posibleng hindi mo rin maunawaang lubos ang mga ito.

> **Kaluwalhatian nga ng Diyos na maglihim ng isang bagay… (Kawikaan 25:2)**

> **Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Diyos: ngunit ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mg anak magpakailan man, upang ating magawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito. (Deuteronomio 29:29)**

May mga lihim na bagay na tanging sa Panginoon na lamang. Tulad ni Job, maaaring hindi mo kailanman maunawaan ang lahat ng mga layunin sa iyong pagdurusa:

> **Itinakda ni Yaweh ang landasin ng tao, Pagkat di alam nito kung saan patutungo. (Kawikaan 20:24, MBB)**

Nang sa wakas ay nangusap ang Diyos kay Job, gumamit Siya ng ilang mga halimbawa mula sa kalikasan na hindi maipaliwanag ni Job. Sinabi ng Diyos na kung hindi maunawaan ni Job ang isang bagay na nakita niya sa natural na larangan, tiyak na hindi niya mauunawaan ang hindi niya makikita sa larangang espirituwal.

Nang humarap si Job sa Diyos, hindi na naging mahalaga na hindi niya nakamit ang mga kasagutan sa kaniyang mga katanungan tungkol sa pagdurusa. Nasa presensya siya ng Diyos at ang karanasang yaon ay wala ng dako para sa ibang bagay. Hindi na siya pinahihirapan ng makataong pangangatuwiran. Pinalitan niya ang mga katanungan, hindi ng mga kasagutan, kundi ng pananampalataya.

Kung malapit mong makilala ang Diyos sa pamamagitan ng pagdurusa, nakikita mo ang iyong sarili kung sino ka talaga. Hindi na segunda mano ang pagkakilala mo sa Diyos. Ginagawa ng harapang pakikipagtagpo sa Diyos ang hindi nagagawa ng pangangatuwiran at pagtalakay.

Nang humarap si Job sa Diyos, wala siyang bagong kasagutan. Hindi siya binigyan ng bagong katunayan. Subalit pinalitan niya ang mga katanungan ng pananampalataya. Nanggaling siya sa presensya ng Diyos at ang karanasang yaon ay hindi nagbigay ng lugar para sa mga katanungan o mga pag-aalinlangan.

## ANG MGA BAGYO NG BUHAY

Minsan ang  pagdurusa ay inihalintulad sa isang bagyo. Kung ikaw ay nagdurusa, nakararanas ka ng bagyo, sa espirituwal na larangan. Ang bagyong ito ay maaaring magpahirap sa iyo sa espiritu, sa pag-iisip, sa pangangatawan, sa mga tinatangkilik, o sa emosyon.

Binabanggit ng Biblia ang bagyo na naranasan ng mga alagad ni Jesus. Basahin ang kasaysayang ito sa iyong Biblia sa Marcos 4: 35-41. Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad na pumunta sa kabilang ibayo at Siya ay sumama sa kanila sa daong. Ang bagyo ay isang pagsalakay ni Satanas upang pigilan silang makarating sa pampang dahil sa mga mahimalang gawa na gagawin sa Gadareno (Tingnan ang Marcos 5). Kapagdaka , pinayapa  ni Jesus ang bagyo. Sinaway Niya ang kapangyarihan ng kaaway. Humupa muli ang tubig at naituloy nila ang kanilang paglalakbay ng walang hadlang.

Ang mga kahirapan sa buhay ay maaaring maitulad sa mga bagyo. Ang "bagyo" ni Satanas ay anomang nagsisikap na humadlang sa iyong pagtupad ng kalooban ng Diyos para sa iyong buhay at pagiging mabisang kawal Cristiano. Hindi ito pagdurusa na dulot ng iyong pagsuway. Hindi rin ito ang pagdurusa "ayon sa kalooban ng Diyos." Hindi nais ng Diyos na anomang bagay ay humadlang sa Kaniyang plano sa iyo at sa iyong tagumpay sa pakikibakang espirituwal! Kung ikaw ay humaharap sa bagyo na dulot ni Satanas, gamitin mo ang iyong kapangyarihan laban sa kaaway. Binigyan ka ni Jesus ng kapangyarihan laban sa kapangyarihan ni Satanas.

May dalawang kasaysayan ng mga bagyo na natala sa Biblia na naglalarawan ng mga bagyo na dulot ng pagpaparusa para sa kasalanan at mga bagyo na dumating ayon sa "kalooban ng Diyos." Basahin ang kasaysayan ni Jonas at ang bagyo sa Jonas kabanata 1. Basahin ang kasaysayan ni Pablo at ng bagyo sa Gawa 27. At pagkatapos ay pagaralan ang sumusunod na tsart:

| **Jonas** | **Pablo** |
|---|---|
| Si Jonas ang naglagay sa kaniyang sarili sa bagyo binayaran niya ang plete | Si Pablo ay binagyo na hindi naman niya kasalanan…pinigil niya ito na maglayag |
| Si Jonas ang dahilan kung bakit may bagyo | Si Pablo ang lunas sa bagyo |
| Tinulugan ni Jonas ang bagyo | Nag-ayuno at nanalangin si Pablo sa gitna ng bagyo |
| Wala ang pagpapal ng Diyos kay Jonas | Na kay Pablo ang pagpapala ng Diyos |
| Ang mga tripulante ay natakot | Sinabihan ang mga tripulante na laksan ang kanilang loob |
| Upang maligtas, dapat itapon si Jonas | Upang maligtas: Ang lahat ay kailangang manatili sa daong |

May mga pagkakaiba sa pagitan ng pagdaraan sa bagyo sa ilalim na kalooban ng Diyos, at maranasan ang bagyo dahil sa wala ka sa kalooban ng Diyos. Kung dumanas ka ng bagyo

sapagkat wala ka sa kalooban ng Diyos, ikaw mismo ang may likha nito. Halimbawa, ang isang mananampalataya na nag-asawa ng hindi mananampalataya ay makakaranas ng ligalig dahil sa pagsuway sa alituntunin ng Biblia. Ikaw ang dahilan ng bagyo na bunga ng iyong pagsuway. Sinuway mo ang kalooban ng Diyos at ang Kaniyang mga utos. Madalas ni wala kang kamalayan sa pagiging maselan ng iyong kalagayan. Kapag tinulugan mo ang bagyo, lalong titindi ito.

Sa isang bagyo na dulot ng iyong sariling kasalanan, natatakot ka at ang mga nakapaligid sa iyo ay natatakot din. Ang bagyong iyan ay hindi pagsalakay ni Satanas. Hindi ito parusa mula sa Diyos. Maaari mong angkinin ang kapangyarihan laban sa kaaway, subalit hindi nito mababago ang kalagayan. Kung iyong makilala na ang isang "bagyo" ng pagdurusa ay dulot ng kasalanan, mayroon lamang isang lunas: Humingi ng kapatawaran mula sa Diyos!

Ngunit kung ikaw ay nagdusa ayon sa kalooban ng Diyos, iba ang kalagayan. Ikaw ay nagdurusa bagamat hindi mo kasalanan. Maaari kang maging lunas sa problema sa paligid mo sa halip na dahilan nito. Tulad ni Pablo, maaari kang makapanguna sapagkat ang pagpapala ng Diyos ay sumasa iyo. Maaari kang makapagdala ng kalakasan ng loob sa iba sapagkat ikaw ay isang lunas sa bagyo sa halip na dahilan nito. Hindi ka kailangang umalis sa daong o magtago. Kailangan kang manatili sa "daong" sa ganitong uri ng pagdurusa sapagkat ito ang kalooban ng Diyos.

## ANG NAGDURUSANG KAWAL

Kung ikaw ay magdusa ayon sa kalooban ng Diyos, dapat mong kilalanin na hindi ka nagiisa. Marami sa hukbo ng Diyos ay dumaranas din ng gayon sa labanan:

> **…yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nagasa sanglibutan. (I Pedro 5:9)**

Ang "mga bagyo" ng buhay ay hindi maiiwasan at hindi mako-kontrol, tulad ng inilarawan sa talinhaga ng dalawang bahay sa Mateo 7: 24-27. Ang mga bagyo ay darating sa kanila na ang buhay ay natayo sa Salita ng Diyos at doon sa mga hindi gayon ang ginawa. Ang saligan o pundasyon ng buhay ng isang tao ang tiyak na kalalabasan ng bagyo. Ang pagdurusa ay kailangang asahan bilang bahagi ng kalooban ng Diyos:

> **Oo, at lahat na ibig mabuhay nang may kabanalan kay Cristo Jesus ay nangagbabata ng paguusig. (II Timoteo 3:12)**

Sapagkat sa inyo'y ipinagkaloob alangalang kay Cristo, hindi lamang upang manampalataya kundi upang magtiis din alangalang sa Kaniya (Filipos 1:29).

> **...upang kayo'y ariing karapatdapat sa kaharian ng Diyos, na dahil dito'y nangagbabata rin naman kayo. (II Tesalonica 1:5)**

**Sapagkat sa katotohanan, nang kami ay kasama ninyo ay aming sinabi nang una sa inyo na kami ay mangagbabata ng kapighatian; gaya nga ng nangyari, at nalalaman ninyo. (I Tesalonica 3:4)**

**Kung magkagayo'y ibibigay kayo sa kapighatian, at kayo'y papatayin: at kayo'y kapopootan ng lahat ng mga bansa dahil sa Aking pangalan. (Mateo 24:9)**

**…huhulihin kayo, at paguusigin kayo, na kayo'y ibibigay sa mga sinagoga at mga bilangguan, na kayo'y dadalhin sa harapan ng mga hari at mga gobernador dahil sa Aking pangalan. (Lucas 21:12)**

**Alalahanin ninyo ang salitang sa inyo'y Aking sinabi, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon. Kung Ako'y kanilang pinagusig, kayo man ay kanilang paguusigin din… (Juan 15:20)**

Hindi ang ibig sabihin nito ay gagawa ka ng pagdurusa sa paniwalang ito ay magiging kalugod-lugod sa Diyos. Hindi nalulugod ang Diyos pagka ang mga tao ay nagdurusa. Kung sasadyain mo na magdusa ka sa sarili mo (isang hakbang na tinatawag na page-ermitanyo) ito ay kasalanan. Maraming mga tao ang gumagawa nito sa akala nilang mapapahupa ang galit ng Diyos o ipakitang sila ay banal o relihiyoso sa harap ng mga tao. Subalit ang tinatanggap lamang ng Diyos na pangpayapa ay ang dugo ni JesuCristo. Gayon man, ginagamit ng Diyos ang dumating na pagdurusa sa iyong buhay at tinutubos Ka niya para sa iyong ikabubuti.

Bahagi ng plano ng pagsubaybay sa unang mga iglesia ay ang pagtuturo sa mga mananampalataya na sila ay daranas ng pagdurusa. Ito ay kulang sa maraming mga iglesia ngayon:

**Na pinagtitibay ang mga kaluluwa ng mga alagad, at inaaralan sila na magsipanatili sa pananampalataya, at sa pamamagitan ng maraming mga kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian ng Diyos. (Gawa 14:22)**

Ang tawag ni Jesus sa mga tagasunod ay isang pagtanggi sa sarili at pagdurusa:

**At ang hindi nagpapasan ng kaniyang krus at sumusunod sa Akin, ay hindi karapatdapat sa Akin. (Mateo 10:38)**

**Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa Akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa Akin. (Mateo 16:24)**

**…Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa Akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa Akin. ( Marcos 8: 34 )**

**…at pumarito ka , sumunod ka sa Akin. (Marcos 10:21)**

> **…Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa Akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin sa araw-araw ang kaniyang krus, at sumunod sa Akin. (Lucas 9:23)**

> **Sinomang hindi nagdadala ng kaniyang sariling krus, at sumusunod sa Akin, ay hindi maaaring maging alagad Ko. (Lucas 14:27)**

Ang pakikibakang espirituwal ay hindi sunodsunod na mga dakilang tagumpay at pagdiriwang ng papuri. Bilang isang kawal sa hukbo ng Diyos, ikaw ay tinawag upang magtiis ng pagdurusa.

> **Makipagtiis ka sa Akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo. (II Timoteo 2:3)**

Isa sa mga prinsipyo ng natural na pakikilaban ay totoo rin sa larangang espirituwal: "Huwag kang hihinto ng pakikilaban dahil lamang sa ikaw ay sugatan!"

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Paano pumasok ang pagdurusa sa sanglibutan?

_______________________________________________

3. Tukuyin ang limang paraan kung paanong ang pagdurusa ay dumarating sa buhay ng isang mananampalataya.

__________ __________ __________ __________

__________

4. Ilista ang tatlong mga positibong pakinabang ng pagdurusa ayon sa kalooban ng Diyos.

__________ __________ __________

5. Tukuyin ang tatlong mga dapat maging saloobin ng isang mananampalataya kung dumaranas ng pagdurusa.

__________________________ ______________________________ _______________________

6. Basahin ang mga sumusunod na mga pangungusap. Kung tama ang pangungunsap, isulat ang **T** sa puwang sa harap nito. Kung ang pangungunsap ay mali, isulat ang **M** sa puwang sa harap nito.

a. _________ Hindi kailanman kalooban ng Diyos na ikaw ay magdusa.

b. _________ Kung ikaw ay makaranas ng ligalig ang ibig sabihin nito ay wala ka sa kalooban ng Diyos.

c. _________ Si Pablo ay wala sa kalooban ng Diyos sa bagyo sa karagatan na kaniyang naranasan.

d. _________ Kung tayo ay magdusa sapagkat wala tayo sa kalooban ng Diyos, tayo madalas ang dahilan ng ating mga problema dahil sa pagsuway.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Ikaw ba ay kasalukuyang nagdurusa? Paano? Repasuhin ang limang mga dahilan ng pagdurusa na ibinigay sa kabanatang ito.

- Mga nakapaligid na tao sa iyo.
- Mga pangyayari sa buhay.
- Ang iyong ministeryo.
- Mga gawa ni Satanas.
- Ang iyong sariling kasalanan.

Ano ang dahilan o mga dahilan sa likod na iyong kasalukuyang pagdurusa? Kung matuklasan mo na ang iyong pagdurusa ang dulot ng iyong sariling kasalanan, kailangan mong magsisi. Kung ang iyong pagdurusa ay dulot ng iba, dahil sa iyong ministeryo, dahil sa mga pangayayri sa buhay, o gawa ni Satanas, ano kaya ang layunin ng Diyos sa pagpapahintulot nito?

2. Repasuhin ang mga pakinabang ng "pagdurusa ayon sa kalooban ng Diyos" na nakalista sa ibaba. Tukuyin ang mga ito na nadarama mong nangyayari sa iyo upang matupad ito sa iyong buhay, at pagkatapos ay simulan mong makipagtulungan sa Diyos sa ginagawa Niya.

- Nasusubok ang iyong pananampalataya.
- Nabigyan ka ng kakayahang palakasin ang iba.

- Natuto tayong huwag magtiwala sa sarili.
- Napapaunlad mo ang mga positibong katangiang espirituwal.
- Ang mga gawa ng Diyos ay nahahayag.
- Ang kapangyarihan ng Diyos ay nasasakdal.
- Ang di matibay ay naaalis.
- Ang pinagtutuunan mo ay nababago.
- Ang lumang makasariling pagkatao ay nababago.
- Ikaw ay nahahanda sa ministeryo.
- Ikaw ay nahahandang magharing kasama ni Cristo.
- Tumatanggap ka ng pagpapalang espirituwal.
- Natututuhan mo ang pagsunod.
- Ang salita ng Diyos ay nasubukan sa iyo.
- Ikaw ay nagiging mapagpakumbaba.
- Lumalago ang buhay espirituwal mo.
- Lalo mong malapit na nakikilala ang Diyos.

3. Sa natural na larangan, ang mga kawal ay nagtutulungan sa isat isa sa labanan. Kung ang isang kawal ay sinalakay, ang iba ay pupuntahan siya upang tulungan. Ginagamit nila ang kanilang sandata laban sa kaaway upang ipagtanggol siya at makaligtas. May kilala ka bang sugatang kawal, isang biktima ng labanan laban sa kaaway, upang ipanalangin sila at palakasin ang kanilang loob?

4. Pagaralan mo pa ang pagdurusa sa I Pedro. Ang aklat na ito ay tutmutuon sa paksa ng pagdurusa.

5. Pagaralan ang mga sumusunod na mga reperensya tungkol sa pagdurusa:

<u>Katigasan</u>: II Timoteo 2:3

<u>Kapighatian</u>: Gawa 14:20; Roma 5:3; 12:12; I Tesalonica 3:4; II Tesalonica 1:4

<u>Paguusig</u>: Mateo 5:10-20, 44; 13:21; Marcos 4:17; Lucas 11:49; 21:12; Juan 15:20; I Corinto 4:12; II Corinto 4:9; Gawa 8:1; 11:19; 13:50; II Timoteo 3:12; Roma 8:35; Galacia 6:12

<u>Pagdurusa</u>: I Pedro 5:10; Filipos 1:29; 3:8; 4:12; II Corinto 1:6; II Timoteo 2:12; 3:12; Galacia 5:11; 6:12; Gawa 9:16; I Tesalonica 3:4; II Tesalonica 1:5

<u>Pasakit</u>: Awit 34:19; 119:67, 71, 75; Mateo 24:9; Gawa 20:23; II Corinto 2:4; 4:17; 6:4;
I Tesalonica 3:3; II Timoteo 1:8; 3:11, 4:5; II Corinto 1:6; Santiago 5:10; Hebreo 10:32-33

# IKA-DALAWAMPUT-TATLONG KABANATA

## PAANO MATALO SA LABAN SUBALIT NAGWAGI SA DIGMAAN

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Tukuyin ang apat na mga halimbawa sa Biblia ng mga lalake at babae na natalo sa laban subalit nanalo sa digmaan.
- Ilista ang apat na hakbang upang manalo sa digmaan bagamat natalo sa laban.
- Magbigay ng isang reperensya sa Biblia na nagpapatunay na maaari kang makabawi mula sa kabiguang espirituwal.
- Magbigay ng isang reperensya sa Biblia na magagamit mo kung ikaw ay hatulan ni Satanas dahil sa iyong pagkabigo.
- Ipaliwanag kung paano ka matututo mula sa kabigiuang espirituwal.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

**Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya. (II Timoteo 4:7)**

## PAMBUNGAD

Sa kursong ito, napagaralan mo ang maraming mga estratehiya para sa pakikibakang espirituwal. Sa paggamit mo ng kaalamang ito lulusob ka sa iyong kakayahan na makilaban sa lakas at kapangyarihan ng Panginoong JesuCristo. Ngunit sa kabila ng iyong kaalaman ng mga estratehiyang ito, paminsan-minsan maaaring makaranas ka ng pagkabigo. Huwag kang panghinaan ng loob—ang ilan sa mga dakilang lalake ng Diyos ay humarap din sa gayong kalagayan.

Sa kabanatang ito pagaaralan mo ang tungkol sa apat na lalake na natalo sa laban subalit nanalo sa digmaan. Matutuhan mo ang mga hakbang upang makabawi mula sa pagkatalo at pagpapatuloy sa tagumpay sa kabila ng kabiguan. Matututuhan mo rin kung paano harapin ang paghatol ng kaaway. Ang pagkabigo ay maaaring magturo ng mga mahahalagang araling espirituwal—at tandaan—maaaring matalo sa laban subalit manalo sa digmaan.

## NATALO SA LABAN

May ilang mga halimbawa sa Kasulatan ng mga lalake ng Diyos na natalo sa labanan sa kaaway:

### JOSUE:

Si Josue ay isang dakilang kumander ng militar na siyang naguna sa bansang Israel pagkatapos mamatay si Moises. Isa sa mga hamon na ibinigay ng Diyos kay Moises ay ang pangunahan ang Israel sa pagtawid sa Ilog ng Jordan upang angkinin ang lupang pangako. Isa sa mga mandirigma ng Israel ay nagkasala dahil sa pagkuha ng mga ari-arian mula sa kaaway, isang bagay na ipinagbawal ng Diyos. Sapagkat may "kasalanan sa kampo," natalo ang Israel sa labanan sa Ai (Josue 7).

### HARING DAVID:

Natalo rin si Haring David sa isang mahalagang labanan ng ang mga masasamang mga Amalecita ay sumalakay sa katimugan ng kaniyang kaharian at sinunog ang bayan ng Ziklag. Binihag nila ang mga kababaihan, kasama ang mga asawa ni David. Nagalit ang mga kaibigan at kawal ni David sa kaniya na binalak ng mga ito na batuhin siya hanggang mamatay. Lubhang nagdalamhati at namanglaw si David (I Samuel 30:1-6).

Natalo rin si Haring David sa isang malaking labanang espirituwal minsan sa kaniyang buhay. Siya ay nagkasala ng pangangalunya sa isang babaeng nagngangalang Batseba na may ibang asawa. Noong mabuntis si Batseba, inayos ni David na mapatay ang asawa nito upang pagtakpan ang kaniyang kasalanan (II Samuel 11: at 12).

**ANG PROPETA ELIAS:**

Ang isang masamang reyna na nagngangalang Jezebel ay nagsugo ng isang mensahero kay Elias at ipinasabi na balak niyang patayin ito. Si Elias ay…

> **…lumakad ng paglalakbay ng isang araw sa ilang at naparoon, at umupo sa ilalaim ng isang punong kahoy na enebro: at siya'y humiling sa ganang kaniya na siya'y mamatay sana, at nagsabi, Sukat na; ngayon, O Panginoon kunin mo ang aking buhay; sapagkat hindi ako mabuti kay sa aking mga magulang. (I Hari 19:4)**

Siya ay isang dakilang lalake ng Diyos na nagpagaling ng mga maysakit, nagpabangon ng mga patay, at inutusan ang kalikasan sa pangalan ng Panginoon. Ngayon siya ay nagtatago, natatakot, malungkot, at nais nang mamatay.

**ANG APOSTOL PABLO:**

Naharap din sa pagkatalo si Apostol Pablo. Isinulat niya minsan na dahil sa karanasan niya sa Asia, siya ay "nabigatan ng higit sa kaniyang kaya" at "nawalan ng pagasa sa buhay" (I Corinto 1:8). May mga pagkakataon na siya ay naghinagpis, nangatilihan, pinagusig, natakot, at inilugmok (II Corinto 4:8-11; 7:5-6).

## PAGWAWAGI SA DIGMAAN

Bawat isa sa mga dakilang mga tagapanguna na nabanggit ay natalo sa labanan sa kaaway. Sa iyong paglahok sa pakikibakang espirituwal, maaaring maranasan mo rin ang pagkatalo. Ngunit kung ikaw man ay natalo sa labanan sa kaaway, hindi ang ibig sabihin ay natalo ka na sa digmaan. Ang digmaan ay binubuo ng maraming mga labanan. Hindi sapagkat natalo ka sa isang labanan ay natalo ka na sa digmaan.

Bawat isa sa mga lalaking ito ay natalo sa labanan, ngunit nakabawi upang manalo sa digmaan. Ang mga estratehiya na kanilang mga ginamit ay makatutulong sa iyo kung ikaw ay matalo sa labanan. Maaaring makabawi mula sa bitag ng kaaway kung natalo ka sa labanan:

> **At sila'y makawala sa silo ng diablo, na bumihag sa kanila ayon sa Kaniyang kalooban. (II Timoteo 2:26)**

Ang ibig sabihin ng salitang "makawala" ay makabawi o pukawin mo ang iyong sarili. Ang isang bitag ay nakatago. (Tingnan ang bahagi ng "Dagdag na Pagaaralan). "Upang sila ay makawala" ay nagsasaad na dapat kang gumawa ng mga hakbang upang makabawi ka pagkatapos matalo sa labanang espirituwal. Narito ang mga hakbang na magagawa upang makawala sa bitag ng kaaway:

**UNANG HAKBANG: KILALANIN ANG IYONG PAGKABIGO:**

- Kinilala at inamin ni Josue ang pagkatalo sa Ai. Sinabi niya:

  **O Panginoon, anong aking sasabihin pagkatapos na ang mga anak ng Israel ay makatalikod sa harap ng kanilang mga kaaway! (Josue 7:8)**

- Hindi naging mahirap para kay David na aminin ang pagkabigo sa pangyayari sa Ziklag. Madaling makita ang pagkatalo. Ang bayan ay sinunog at ang mga kababaihan ay binihag. Ngunit lubhang mahirap kay David na aminin ang kaniyang kasalanan sa pangyayari kay Batseba. Walang nakakaalam ng kaniyang kasalanan, liban sa kaniya, si Batseba at ang propeta ng Diyos. Ngunit inamin ni David, "Ako'y nagkasala laban sa Panginoon" (II Samuel 12:13).

- Tinanggap ni Elias ang kaniyang kabiguan. Sinabi niya:

  > **… Sukat na; ngayon, O Panginoon kunin mo ang aking buhay; sapagkat hindi ako mabuti kay sa aking mga magulang. (I Hari 19:4)**

- Kinilala ni Pablo ang kaniyang mga kabiguan. Sinabi niya na siya ay "naghinagpis, nangatilihan, pinagusig, natakot, at inilugmok at nawalan ng pagasa sa buhay" (II Corinto 4:8-9; II Corinto 1:8).

Huwag mong bayaan na ang kataasan ay humadlang sa iyo na aminin na ikaw ay natalo sa labanan. Upang makawala mula sa bitag ng kaaway, dapat mo munang tanggapin na ikaw ay nahulog sa bitag:

> **Kung sinasabi natin na tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. (I Juan 1:8)**

## IKALAWANG HAKBANG: MAGSISI:

Hindi sapat ang tanggapin ang iyong pagkabigo. Dapat mong hingin sa Diyos na patawarin ka :

> **Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan.**
> **(I Juan 1:9)**

- Nagsaliksik si Josue hanggang sa masumpungan niya ang dahilan ng pagkatalo sa Ai. Natuklasan niya na ang isa niyang lider militar na kasama ng mga tao ay sumuway sa Diyos at nagdulot ng pagkatalo ng hukbo sa labanan. Siya at ang buong bayan ay nagsisi sa harapan ng Diyos (Josue 7).

- Nagsisi si David sa kaniyang kasalanang ginawa kay Batseba. Basahin ang kaniyang dakilang pananalangin ng pagsisisi sa Awit 51. Ito ay isang magandang Salmo na gamitin bilang isang panalangin kung ikaw ay nagkasala.

- Si Elias ay nagsisi. Inamin niya na hindi siya mabuti kay sa kaniyang mga makasalanang mga magulang (I Hari 19:4).

- Nabanggit ni Pablo na bagamat mayroon siyang malaking pakikilaban sa laman (Roma 7) nakamit niya ang tagumpay sa pamamagitan ng "pagsisisi mula sa mga patay na gawa" (Roma 8; Hebreo 6:1).

## IKATLONG HAKBANG: IBALIK MULI ANG IYONG ESPIRITUWAL NA LAKAS:

Sa natural na larangan, kung ang isang hukbo ay nakaranas ng pagkatalo, pinalalakas nilang muli ang kanilang puwersa bago bumalik sa larangan ng labanan. Sinusuri ng mga kumander ang problema, gumagawa ng pagtutuwid, at pinalalakas at pinasisigla ang tropa. Ito ay isang mahalagang prinsipyo sa larangang espirituwal. Kung ikaw ay dumanas ng pagkatalo sa pakikibakang espirituwal dapat mong palakasing muli ang iyong espiritu.

- Naghintay si Josue sa Diyos sa pananalangin upang mabawi ang lakas na espirituwal bago siya bumalik sa larangan ng labanan. Nanalangin siya upang matuklasan ang dahilan ng pagkatalo at upang tumanggap ng patnubay para sa gagawing pagtutuwid (Josue 7:6-15).

- Si David ay nag-ayuno at nanalangin pagkatapos ng kaniyang pagkakasala kay Batseba. Pagkatapos na mamatay ang kaniyang anak kay Batseba, tumanggap siya ng pagkain. Sa pangyayari sa Ziklag, "nagpakatibay si David sa Panginoon" at tinipong muli ang kaniyang hukbo bago bumalik sa larangan ng labanan (I Samuel 30:6).

- Si Elias ay namahinga, pinaglingkuran ng isang anghel, at naghintay sa isang bundok hanggang tanggapin niya ang lakas sa pamamagitan ng isang tanging kapahayagan ng kapangyarihan ng Diyos (I Hari 19).

- Pinatibay ni Pablo ang kaniyang sarili sa Panginoon. Ipinaalaala niya sa kaniyang sarili na walang anomang bagay , kahit ang kaniyang kabiguan, ang makapaghihiwalay sa kaniya sa Diyos:

  **Sino ang maghihiwalay sa atin sa pagibig ni Cristo? Ang kapighatian, o ang kahapisan, o ang paguusig, o ang kagutum, o ang kahubaran, o ang panganib, o ang tabak?**

  **Hindi, kundi sa lahat ng mga bagay na ito, tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan niyaong sa atin ay umibig.**

  **Sapagkat ako'y naniniwalang lubos, na kahit ang kamatayan man, kahit ang buhay, kahit ang mga anghel, kahit ang mga pamuuan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating, kahit ang mga kapangyarihan,**

  **Kahit ang kataasan, kahit ang kababaan, kahit ang alin mang ibang nilalang, ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pagibig ng Diyos, na nasa kay Cristo Jesus na Panginoon natin. (Roma 8:35, 37-39)**

Narito ang ilang mga paraan ng pagpapanumbalik ng iyong kalakasang espirituwal:

- Pagaralan ang pinakadakilang manwal ng pakikibakang espirituwal na nasulat—Ang Salita ng Diyos.

- Gumugol ng pananhon sa pananalangin at pag-aayuno. Pagsamahin ang mga prinsipyo ng pananalangin at pag-aayuno na natutuhan mo sa kursong ito, kabilang ang paggapos ng kapangyarihan ng kaaway sa iyong buhay. Hingin mo sa Diyos na ipahayag ang mga dahilan ng pagkabigo na iyong naranasan at kung ano ang mga dapat gawin.

- Repasuhin ang mga estratehiya ng pakikibakang espirituwal sa kursong ito. Hingin mo sa Diyos na panumbalikin ang iyong lakas at tulungan kang magamit ang mga estratehiyang ito.

- Magpahinga. Ang tao ay katawan, kaluluwa at espiritu. Pagka ang iyong katawan ay pagod, magsasamantala si Satanas at may epekto ito sa iyong kaluluwa at espiritu.

## IKA-APAT NA HAKBANG: MAGBALIK SA LARANGAN NG LABANAN:

Isa sa mga estratehiya ng kaaway ay tuksuhin ka na sumuko na nang tuluyan kung ikaw ay natalo sa isang labanang espirituwal. Bagamat totoo na minsan ay may pagsumbat na gagawin ang Espiritu Santo kung ikaw ay nabigo, may pagkakaiba ang paghatol ng kaaway at ang pagsumbat ng Espiritu Santo. Laging tinutukoy ng Espiritu Santo ang isang tiyak na kasalanan, samantalang ang paghatol naman ni Satanas ay pangkalahatan. Si Satanas ay hindi tutukoy sa kaniyang paghatol sa iyo:

> "Buti pa sumuko ka na.
> Nawalan na ng tiwala ang lahat sa iyo.
> Kung may malasakit ang Diyos, tinulungan ka na sana.
> Ikaw ay lubhang mahina at walang silbi.
> Hindi mo kayang maging Cristiano.
> Wala kang kuwentang tao."

Huwag mong pakinggan ang paghatol ng kaaway. Kilalanin mo ang iyong kabiguan, magsisi sa harap ng Diyos, at kilalanin na…

> **Ngayon nga'y wala nang anomang hatol sa mga na kay Cristo Jesus. (Roma 8:1)**

Gamitin mo ang talatang ito upang daigin ang mga estratehiya ng paghatol ni Satanas at pagkatapos…<u>magbalik ka sa larangan ng labanan!</u>

- Nagpatuloy si Josue ng pananakop sa Lupang Pangako at siya ay nagtagumpay. Nagbalik siya sa Ai at nilupig ang puwersa militar na nagdulot ng kanilang pagkatalo. Kung ikaw ay magbalik sa larangan ng labanang espirituwal pagkatapos ng pagkabigo, hindi mo maaaring mabawi ang lahat ng kinuha ng kaaway sa iyo, subalit maaari kang magpatuloy upang makamit ang mga bagong tagumpay .

- Pagkatapos ng pagkatalo sa Ziklag, nagbalik si David sa larangan ng labanan at nagkaroon siya ng mga dakilang tagumpay sa pananakop. Nabawi niya ang lahat ng kinuha ng kaaway mula sa kaniya: At binawi ni David ang lahat na nakuha ng mga Amalecita…

  **At walang nagkulang sa kanila, kahit maliit o malaki man, kahit mga anak na lalake o babae man, kahit samsam man, kahit anomang bagay na nakuha nila sa kanila: ibinalik na lahat ni David. (I Samuel 30: 19)**

- Nakabawi si Elias sa kaniyang pagkahapis, nagbalik sa larangan ng labanan, at gumawa ng ilan sa mga pinakadakilang himala sa kasaysayan ng kaniyang ministeryo.

- Tungkol naman kay Pablo…basahin mo ang nalalabing bahagi ng mga talata na ating dating nabanggit:

  **Sa magkabikabila ay nangagigipit kami, gayon ma'y hindi nangaghihinagpis; nangatitilihan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pagasa.**

  **Pinaguusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi nangasisira. (II Corinto 4:8-9)**

Narito ang isang espirituwal na mandirigma na nagtagumpay. Sinabi niya na siya ay:

Nangagigipit………… .GAYON MA'Y HINDI NAGHIHINAGPIS
Nangatitilihan…………GAYON MA'Y HINDI NANGAWAWALAN NG PAGASA
Pinaguusig…………….GAYON MA'Y HINDI PINABABAYAAN
Inilulugmok…………...GAYON MA'Y HINDI NANGASISIRA!

Tandaan, "Ang matuwid ay nabubuwal na makapito, at bumabangon muli" (Kawikaan 24:16).

## MATUTO MULA SA PAGKABIGO

Isinulat ni Pablo sa Iglesia sa Corinto:

> **Hindi namin ibig na kayo'y hindi makaalam, mga kapatid, ng tungkol sa mga kapighatian namin na nangyari sa Asia, na kami ay totoong nabigatan, ng higit sa aming kaya, ano pa't kami ay nawalan na ng pagasa sa buhay:**

> **Oo, kami'y nagkaroon sa aming sarili ng hatol sa kamatayan, upang huwag kaming magkatiwala sa amin ding sarili, kundi sa Diyos na bumubuhay na maguli sa mga patay.**
>
> **Na Siyang sa amin ay nagligtas sa gayong lubhang malaking kamatayan, at nagliligtas: na Siya naming inaasahan na Siya namang magliligtas pa sa amin. (II Corinto 1:8-10)**

Ipinaliwanag ni Pablo na ang mga problema sa Asia ay nagturo sa kaniya ng isang mahalagang aralin. Ang araling ito ay "hindi tayo dapat magtiwala sa ating sarili kundi sa Diyos." Ito ay isang dakilang aralin na matututuhan mula sa pagkabigo—hindi mo mapagkakatiwalaan ang iyong sarili sa pakikibakang espirituwal. Ang iyong kapangyarihan, ang iyong kapamahalaan, ang iyong tagumpay ay matitiyak lamang kay Cristo Jesus.

Si Pablo ay tumingin sa kabila pa ng natural na larangan upang makita ang mga pakinabang ng mga problema, mga tukso, mga pagsubok, at mga kabiguan:

> **Kaya nga hindi kami nanghihimagod; bagamat ang aming pagkataong labas ay pahina, ngunit ang aming pagkataong loob ay nababago sa araw-araw.**
>
> **Sapagkat ang aming magaang kapighatian, na sa isang sandali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng lalo't lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan;**
>
> **Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita:**
>
> **Sapagkat ang mga bagay na nangakikita ay may katapusan; datapuwat ang mga bagay na hindi nangakikita ay walang hanggan. (II Corinto 4:16-18)**

Natutuhan ni Pablo na bagamat ang aming pagkataong labas ay pahina, ang pagkataong loob ay nababago. Ang magagaang kapighatian sa labanan ay nagdudulot ng paglagong espirituwal habang ang aming minamasdan ay ang walang hanggang mga pakinabang sa halip na mga negatibong mga pangyayari. Hindi mahalaga ang mga nakikita, ang mahalaga ay ang mga nangyayari sa larangang espirituwal na hindi nakikita. Sa halip na sumuko nang tuluyan sa labanan, natuto si Pablo mula sa mga kabiguan at nagpatuloy sa tagumpay. Sa II Corinto 1:10, kaniyang ipinakita na ang Diyos ang…

| | |
|---|---|
| "NAGLIGTAS" | (Sa nakaraan) |
| "NAGLILIGTAS" | (Sa kasalukuyan) |
| "MAGLILIGTAS" | (Sa hinaharap) |

## TUNGO SA TAGUMPAY

Sa kabila ng hindi pagkalito, paguusig, paghihinagpis, at kawalan ng pagasa, nasabi ni Pablo sa mga huling araw ng kaniyang buhay:

**Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya. (II Timoteo 4:7)**

Kung matutuhan mong magwagi sa digmaan sa kaaway sa kabila ng pangsamantalang pagkatalo sa isang labanan, mauulit mong sabihin…NAKIPAGBAKA AKO NG MABUTING PAKIKIPAGBAKA!"

## INSPEKSYON

1. Isulat ang Susing Talata mula sa "Articles of War."

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

2. Mula sa mga halimbawa sa araling ito, isulat ang pangalan ng apat na lalake na natalo sa labanan subalit nagwagi sa digmaan.

__________________________ __________________________

__________________________ __________________________

3. Ilista ang apat na mga hakbang upang magwagi sa digmaan bagamat natalo sa labanan.

__________________________ __________________________

4. Ibigay ang talata ng dapat mong gamitin kung hinahatulan ka ni Satanas dahil sa iyong pagkabigo.

5. Ibigay ang reperensya sa Biblia na nagpapatunay na maaari kang makabawi kung ikaw ay natalo sa labanan.

6. Ano ang araling natutuhan ni Pablo mula sa kaniyang mga pagkabigo sa Asia?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

## MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Ikaw ba ay natalo sa isang labanan kay Satanas? Sundin ang apat na mga hakbang sa araling ito upang madaig ang pagkatalo:

- Kilalanin ang iyong pagkabigo.
- Magsisi.
- Ibalik muli ang iyong espirituwal na lakas.
- Magbalik sa larangan ng labanan.

2. Isa sa mga estratehiya na ginagamit ni Satanas upang talunin ang mga mananampalataya ay ang pandaraya. Ang ibig sabihin ng "pandaraya" ay paniwalain ang sinoman sa isang bagay na hindi totoo. Narito ang ilang mga bagay na itinuro ng Biblia tungkol sa pandaraya:

- Sinabi sa atin na si Satanas ay mapandaya at kaniyang dinadaya hindi lamang ang mga indibiduwal kundi pati mga bansa: Apocalipsis 20:10

- Si Satanas ay gumagawa "may buong daya ng kalikuan": II Tesalonica 2:10

- Tayo ay binalaan na lalong darami ang bilang ng mga pandaraya: II Timoteo 3:13

- Sapagkat ang pandaraya ay darami, tayo ay tinuruan na maging listo sa mga pangyayari na nagbabadya ng pagbabalik ni Jesus: Mateo 24; Marcos 13; II Tesalonica 2:3

- Binigyan tayo ng babala tungkol sa mga gagamitin ni Satanas upang mandaya: II Corinto 11:13; Tito 1:10; II Pedro 2:13; II Juan 7

- Bawat taong hindi ligtas ay dinadaya ng kaniyang sariling puso: Jeremias 17:9

- Bawat taong hindi ligtas ay dinadaya ng kasalanan: II Corinto 4:4; Hebreo 3:13

- Huwag mong tanggapin ang mga “matatamis na mga pananalita” na hindi sangayon sa Salita ng Diyos: Roma 16:18; II Corinto 4:2

Ikaw ay nadaya:

- Kung nakikinig ka sa mga walang kabuluhang pilosopiya: Colosas 2:8

- Kung nagtitiwala ka sa kayamanan at hinahayaan ang mga kalayawan ng laman: Mateo 13:22; Marcos 4:19; Efeso 4:22

- Kung ikaw ay tagapakinig lamang at hindi tagatupad ng Salita ng Diyos: Santiago 1:22

- Kung sabihin mo na wala kang kasalanan: I Juan 1:8

- Kung nakikinig ka sa mga taong masasama: II Timoteo 3:13

- Kung iniisip mong ikaw ay importante kahit hindi naman: Galacia 6:3

- Kung iniisip mong hindi mo aanihin ang iyong inihasik: Galacia 6:7

- Kung iniisip mo na mamanahin ng mga liko ang Kaharian ng Diyos: I Corinto 6:9

- Kung iniisip mong ikaw ay matalino sapagkat mayroon ka ng katalinuhan ng sanglibutan: I Corinto 3:18

- Kung nagkukunwari kang banal ngunit ang hindi mo masupil na dila ay naghahayag ng iyong tunay na kalagayan: Santiago 1:26

- Kung hindi ka naniniwla na si Jesus ay dumating sa laman: II Juan 7

- Kung iniisip mo na ang kasalanan ay walang bisa sa iyo: I Corinto 15:33

Pagkatapos mong pagaralan ang listahang ito, may nakikita ka bang larangan sa iyong buhay kung saan ka nadaya ng kaaway? Kung mayroon, kilalanin ang pandaraya na ito, magsisi, at magbalik sa laranagan ng labanan!

3. Sinabi ng Biblia na ang Diyos ay iyong tagapagligtas sa pakikibakang espirituwal: II Samuel 22:2; I Cronica 11:14; Awit 18:2; 40:17; 70:5; 144:2; Daniel 6:16

- Ibinigay ng Panginoon ay iyong mga kaaway sa iyong kamay: Hukom 3:28

- Si Jesus ay tinawag na Tagapagligtas: Roma 11:26

- Naparito si Jesus upang ipangaral ang pagliligtas: Lucas 4:18

- Hindi ka naliligtas sa pamamagitan ng lakas ng tao: Awit 33:16

- Ang Diyos ang nagliligtas:

    - Ng dukha: Job 36:15
    - Sila na may takot sa Kaniya: Awit 34:7
    - Ang matuwid: Kawikaan 11:8, 21
    - Sila na lumalakad nang matalino: Kawikaan 28:26
    - Ang makaDiyos: II Pedro 2:9

- Inililigtas ka ng Diyos mula sa:

    - Mararahas na mga tao: II Samuel 22:49
    - Kaaway: II Samuel 22:18; Awit 18:48; 78:42
    - Pagpupunyagi ng mga tao: II Samuel 22:44; awit 18:43
    - Lahat ng takot: Awit 34:4
    - Takot sa kamatayan: Hebreo 2:15
    - Iyong mga kapighatian: Awit 34:17; 54:7; 81:7
    - Mga dalamhati at paguusig: Awit 34:19; Gawa 7:10; II Timoteo 3:11
    - Masasamang mga tao at pinuno: Gawa 12:11
    - Kautusan: Roma 7:6
    - Kabulukan: Roma 8:21
    - Ikalawang kamatayan: II Corinto 1:11
    - Kapangyarihan ng kadiliman: Colosas 1:13
    - Galit na darating: I Tesalonica 1:10
    - Taong walang katuwiran: II Tesalonica 3:2
    - Pakikibaka: Awit 55:18
    - Pagkahulog ng kaluluwa sa kamatayan: Awit 56:13; 116:8
    - Mga napopoot sa iyo: Awit 69:14
    - Impyerno: Awit 86:13
    - Kahirapan: Awit 107:6
    - Ikapapahamak: Awit 107:20

# HULING TAGUBILIN…

…PARA SA HULING DAKILANG LABANAN NG PAKIKIBAKANG ESPIRITUWAL

May isang dakila at huling pagtutuos na magdadala sa espirituwal na labanang ito ng mga panahon tungo sa isang matagumpay na pagtatapos. Si Satanas at ang kaniyang puwersa ng kasamaan ay tatalunin at si Jesus ay maghahari magpakailan man bilang Hari ng mga hari.

# IKA-DALAWAMPUT-APAT NA KABANATA

## ANG HULING LABANAN

**MGA LAYUNIN**:

Pagkatapos ng kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ibigay ang buod ng mga pangyayari tungo sa huling labanan.
- Ilarawan ang huling labanan.
- Ilarawan ang huling hantungan ni Satanas at ng mga espirituwal na pwersa ng masama.

**SUSING TALATA MULA SA ARTICLES OF WAR:**

**At ang diablo na dumaya sa kanila ay ibinulid sa dagatdagatang apoy at asupre, na kinaroroonan din naman ng hayop at bulaang propeta; at sila'y pahihirapan araw at gabi magpakailan kailan man. (Apocalipsis 20:10)**

## PAMBUNGAD

Tulad ng iyo nang natutuhan sa kursong ito, ang huling hatol kay Satanas ay naibaba na sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na maguli ni JesuCristo. Ngunit ang lubos na katuparan ng hatol na ito ay mangyayari lamang pagbabalik ni Jesus sa lupa.

Ang kabanatang ito ay nakatuon sa huling paglalaban, ang huling malaking labanang espirituwal na siyang tatalo sa lahat ng mga puwersa ng kasamaan. Ang huling labanan na ito ay magwawakas sa pagpuputong kay Jesus bilang Hari ng mga hari, ang pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa kaniyang nakikitang kalagayan, at huling hatol ng lahat ng mga espirituwal na puwersa ng kasamaan.

## MGA PANGYAYARI BAGO ANG HULING LABANAN

Narito ang mga pangunahing pangyayari na magaganap bago ang huling labanan:

### ANG PAGBABALIK NI JESUS:

Itinuturo ng Biblia na ang Panginoon ay babalik sa lupa para sa mga mananampalataya. Ipinangako ni Jesus sa Kaniyang mga alagad:

**…Ako'y paroroon upang ipaghanda Ko kayo ng dakong kalalagyan. At kung Ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa Aking sarili; upang kung saan Ako naroroon, kayo naman ay dumoon. (Juan 14: 2-3)**

Ang pagbabalik na ito ni Jesus para sa mga mananampalataya ay tinatawag din na "pagdagit." Ang mga detalye tungkol sa pagbabalik ni Jesus para sa mga mananampalataya ay ibinigay sa I Tesalonica 4:13-18. Isinasaad ng mga talatang ito na:

- Si Jesus mismo ang babalik (talatang 16).
- Magkakaroon ng pagkabuhay na maguli mula sa mga libingan para sa mga mananampalataya noong sila ay mamatay (talatang 16)
- Magkakaroon ng "pagdagit" na ang ibig sabihin ay "ang pagkuha ng isang tao mula sa isang lugar tungo sa ibang lugar." Ang mga nabubuhay pang mga mananampalataya ay kukunin mula sa lupa upang salubungin si Cristo (talatang 17)

- Magkakaroon ng pagsasamang muli yaong mga mananampalataya na unang namatay, yaong mga nabubuhay pa sa panahon ng pagbabalik ni Cristo, at ang Panginoong JesuCristo (talatang 17).

Mayroong mga mananampalataya na naniniwala na ang pagdagit ay magaganap bago pa ang kapighatian at ang mga mananamplataya ay hindi makakaranas ng kakilakilabot na mga panahon sa lupa. Ang iba namang mga mananampalataya ay naniniwala na sa kalagitnaan ng kapighatian mangyayari ang pagdagit. At mayroon namang naniniwala na ang pagdagit ay magaganap sa katapusan ng kapighatian. Ang karaniwang paniniwala ay ang pagdagit ng mga mananampalataya ay magaganap bago ang kapighatian. Ang mga pagkakaiba ng pananaw tungkol sa panahon ng pagdagit ay bunga ng mga ibat-ibang pagbibigay kahulugan sa mga bahagi ng Kasulatan tungkol sa hula. Ang mahalaga ay tiyak mo na ikaw ay isang tunay na mananampalataya at nakahanda na sumama kay Jesus sa pagdagit kailanman ito maganap.

Walang sinomang tao na nakakaalam ng tiyak na panahon ng dakilang kaganapang ito:

> **Ngunit tungkol sa araw at oras na yaon walang makakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama lamang. (Mateo 24:36)**

Bagamat walang sinomang tao na nakakaalam ng tiyak na panahon ng pagdagit, tinukoy ni Jesus ang ilang mga hula at tanda na nagsasaad na malapit na ang oras. Mababasa mo ito sa Mateo 24.

## ANG KAPIGHATIAN:

Sinasabi ng Biblia ang isang kakilakilabot na panahon sa lupa na tinatawag na kapighatian na sa panahong yaon ang mga puwersa ng kasamaan ay higit na gagawa sa paraan na hindi pa nakita sa kasayasayan ng sanglibutan. Itatanghal ni Satanas ang kaniyang likong trinity, ang hayop at ang bulaang propeta (Apocalipsis 13; 16:13-14). Sa pamamagitan ng mga "espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan" sila ay gagawa ng mga tanda, kababalaghan at dadayain ang marami. Igigiit nila na sila ay sambahin at ipapahamak ang mga tao sa pamamagitan ng isang tanging tatak na nagpapahiwatig ng pagmamay-ari.

Ang kapighatian ay tatagal ng 42 na buwan o 1,260 na mga araw. (Daniel 9:24-27). Yaon ay magiging lubhang mahirap na panahon. Marami ng kahirapan sa nakaraan ang dumating sa lupa, subalit tatlong bagay ang pagkakaiba ng kapighatian sa lahat ng mga dumating na liglaig sa mundo:

**1. Ito ay buong daigdig at hindi lamang lokal:**

> **…ikaw naman ay Aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na darating sa buong sanglibutan …(Apocalipsis 3:10)**

**2. Mapagkikilala ng mga tao na malapit na ang wakas ng daigdig:**

> **At sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero:**

> **Sapagkat dumating na ang dakilang araw ng Kanilang kagalitan; at sino ang makatatayo? (Apocalipsis 6:16-17)**

**3. <u>Ang tindi ng kaguluhan ay higit kaysa anomang naranasan na dati</u>:**

May serye ng mga kahatulan mula sa Diyos na darating sa lupa sa panahon ng kapighatian. Ang mga kahatulang ito ay inilarawan sa Apocalipsis kabanata 6, 8-9, at 16 at sa Mateo 24: 4-14. Ang dahilan sa mga kahatulang ito ay ang sanglibutan ay dapat maparusahan dahil sa kasalanan at pagtanggi sa Diyos.

**<u>ANG MILENYO:</u>**

Ang milenyo ang isang panahon na binubuo ng 1,000 mga taon pagkatapos ng kapighatian na sa panahong yaon si Jesus ay maghahari sa katuwiran sa lupa:

> **At ang Panginoon ay magiging Hari sa buong lupa: sa araw na yao'y magiging ang Panginoon ay isa, at ang Kaniyang pangalan ay isa. (Zacarias 14:9)**

Ang lungsod ng Jerusalem ang magiging sentro ng pamahalaan:

> **At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga bundok, at magiging mataas sa mga burol; at lahat ng bansa ay magsisiparoon doon.**
>
> **…sapagkat mula sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem. (Isaias 2:2-3)**

Bago magsimula at habang tumatakabo ang isang libong taon na ito, si Satanas at ang kaniyang puwersa ng kasamaan ay gagapusin. Isang malaking labanan ang magaganap sa lupa…

> **At sinunggaban ang hayop, at kasama niya ang bulaang propeta na gumawa ng mga tanda sa harapan nito, na siyang ipinangdaya sa mga nagsitanggap ng tanda ng hayop at sa mga sumamba sa larawan nito: ang dalawang ito ay inihagis na buhay sa dagatdagatang apoy na nagliliyab sa asupre. (Apocalipsis 19:20)**
>
> **At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diablo at Satanas, at ginapos na isang libong taon.**
>
> **At siya'y ibinulid sa kalaliman at sinarhan, at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang huwag nang magdaya sa mga bansa, hanggang sa maganap ang isang libong taon: pagkatapos nito ay kailangang siya'y pawalang kaunting panahon.**
> **(Apocalipsis 20:2-3)**

## <u>ANG HULING LABANAN</u>

Pagkatapos ng isang libong taon, ang huling labanan kay Satanas ay magaganap:

> **At kung maganap na ang isang libong taon, si Satanas ay kakalagan sa kaniyang bilangguan,**
>
> **At lalabas upang dumaya sa mga bansa na nasa apat na sulok ng lupa, upang tipunin sila sa pagbabaka: na ang bilang nila ay gaya ng buhangin sa dagat.**
>
> **At nangagsipanhik sila sa kalaparan ng lupa, at kinubkob ang kampamanto ng mga banal, at ang bayang iniibig ( Jerusalem)... (Apocalipsis 20:7-9)**

Magpapadala ang Diyos ng apoy mula sa langit at wawakasan ang lahat nang pagsalungat ng mga puwersa ng kasamaan:

> **…at bumaba ang apoy mula sa langit, at sila'y nasupok. (Apocalipsis 20:9)**

Ang dahilan sa huling labanang ito ay upang si Satanas ay talunin at si Jesus ang kilalanin bilang Panginoon ng lahat. At ang plano ng Diyos sa buong panahon ay magiging ganap:

> **Na ipinakilala Niya sa atin ang hiwaga ng Kaniyang kalooban, ayon sa Kaniyang minagaling na ipinasya Niya sa Kaniya rin.**
>
> **Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa Kaniya, sinasabi ko. (Efeso 1:9-10)**

Ito ang huling labanan sa larangang espirituwal na nagsimula noong paghihimagsik ni Satanas hanggang sa buong kasaysayan ng sanglibutan.

## ANG HULING HANTUNGAN NI SATANAS

Ang huling hantungan ng trinity ni Satanas ay ang dagat-dagatang apoy:

> **At ang diablo na dumaya sa kanila ay ibinulid sa dagatdagatang apoy at asupre, na kinaroroonan din naman ng hayop at ng bulaang propeta; at sila'y pahihirapn araw at gabi magpakailan kailan man. (Apocalipsis 20:10)**

Ang mga demonyo ay itatapon din sa dagat-dagatang apoy:

> **Kung magkagayo'y sasabihin naman Niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa Akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel. (Mateo 25:41)**

Kinilala ng mga demonyo ang kanilang huling hantungan. Sa Mateo 8 noong si Jesus ay magtungo sa lupain ng mga Gadareno, nakatagpo niya ang dalawang inaalihan ng demonyo at sumigaw sila kay Jesus na sinasabi…

> **…Anong aming ipakikialam sa Iyo, Ikaw na Anak ng Diyos? Naparito Ka baga upang kami'y Iyong pahirapan bago dumating ang kapanahunan? (Mateo 8:29)**

## ANG KAHATULAN

Ang lahat ng mga nilalang ay hahatulan ng Diyos. Ito ang tinatawag na panahon ng pagsusulit. Ang mga namatay bilang mga hindi mananampalataya ay bubuhayin muli upang humarap sa paghatol. Sapagkat hindi sila nagsisi mula sa kasalanan at tumanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas sila ay mapapahamak sa walang hanggang impiyerno:

> **At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat; at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay; at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasususlat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa.**
>
> **At ibinigay ng dagat ang mga patay na nasa kaniya; at ibinigay ng kamatayan at ng Hades ang mga patay na nasa kanila; at sila'y hinatulan bawat tao ayon sa kanilang mga gawa.**
>
> **At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan…**
>
> **At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. (Apocalipsis 20:12-15)**

Ang mga tunay na mananampalataya na nagsisi ng kanilang kasalanan at tumanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas ay gugugulin ang walang hanggan sa langit sa presensya ng Diyos (Apocalipsis 21)

Ang malaking espirituwal na labanan ay tapos na!

> **At binigyan Siya ng kapangyarihan, at kaluwalhatian, at isang kaharian, upang lahat ng mga bayan, bansa, at mga wika ay mangaglingkod sa Kaniya: ang Kaniyang kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, na hindi lilipas, at ang Kaniyang kaharian ay hindi magigiba. (Daniel 7:14)**

## TAGUMPAY SA LARANGANG ESPIRITUWAL

Ang kabanatang ito ay magtatapos sa kursong ito tungkol sa pakikibakang espirituwal. Ang totoo, hindi ka hihinto ng pagaaral at pagkatuto sa paksang ito. Tulad ng isang kawal sa natural

na laranagan, ikaw ay magpapatuloy na palaguin ang iyong kakayahan at mga estratehiya sa iyong pakikilaban sa kaaway.

Sa ating pagtatapos ng pagaaral na ito, nais naming tiyakin sa iyo na maaari kang magtagumpay laban sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway at sa bawat labanan sa buhay. Pakatandaan mo lamang…

- Ang iyong tagumpay sa pakikibaka ay tiniyak, dahilan sa ito ay hindi nakasalalay sa iyo. Ito ay nakasalalay sa Diyos:

  **Sino ang Hari ng kaluwalhatian? Ang Panginoong malakas at makapangyarihan, Ang Panginoong makapangyarihan sa pagbabaka. (Awit 24:8)**

- Ikaw ay ipinagtatanggol ng Diyos habang ikaw ay nakikipaglaban:

  **Oh Diyos na Panginoon, na kalakasan ng aking kaligtasan, Iyong tinakpan ang ulo ko sa kaarawan ng pagbabaka. (Awit 140:7)**

- Kung nanghihina ang iyong loob sa labanan, ikaw ay pinatitibay ng Diyos sa labanan:

  **Sapagkat nagsidating man kami sa Macedonia ang aming laman ay hindi nagkaroon ng katiwasayan, kundi sa lahat kami ay pinipighati; sa labas ay mga pagbabaka, sa loob ay mga katakutan.**

  **Gayon man ang Diyos na umaaliw sa mabababang-loob, ay kami'y inaliw…**
  **(II Corinto 7:5-6)**

- Patitibayin ka ng Diyos sa gitna ng iyong pakikibaka:

  **Huwag matakot, bayan Ko, Alam mong sa mula't mula pa'y hinulaan Ko na ang mga mangyayari… (Isaias 44:8, MBB)**

  **Sapagkat Akong Panginoon mong Diyos, ay hahawak ng iyong kanang kamay, na magsasabi sa iyo, Huwag kang matakot; Aking tutulungan ka. (Isaias 41:13)**

  **Ako, Ako nga, ay Siyang umaaliw sa inyo: sino ka na natatakot sa tao na mamamatay at sa anak ng tao na gagawing parang damo. (Isaias 51:12)**

- Walang sandata na ginawa laban sa iyo ang mapakikinabangan:

  **Walang almas na ginawa laban sa iyo ay pakikinabangan… (Isaias 54:17)**

- Ang tagumpay ay maaaring makamit kahit saan man sa sanglibutan:

  **At sino ang dumadaig sa sanglibutan, kundi yaong nananampalatayang si Jesus ay Anak ng Diyos? ( I Juan 5: 5)**

- Ang tagumpay ay makakamit laban sa laman:

  **At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo ang laman na kasama ang mga masasamang pita at mga kahalayan nito. (Galacia 5: 24)**

- Ang tagumpay ay makakamit laban sa Diablo:

  **At si Satanas ay dudurugin ng Diyos ng kapayapaan sa madaling panahon… (Roma 16:20)**

- Ang tagumpay ay makakamit laban sa kamatayan at libingan:

  **Aking tutubusin sila mula sa kapangyarihan ng Sheol; Aking tutubusin sila mula sa kamatayan…(Oseas 13:14)**

  **Saan naroroon, Oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? Saan naroroon, Oh kamatayan, ang iyong tibo? ( I Corinto 15: 55)**

  **Sinakmal Niya ang kamatayan magpakailan man… (Isaias 25:8)**

- Ang tagumpay ay makakamit laban sa lahat ng itinataas ang kanilang sarili laban sa Diyos:

  **…gumigiba ng mga maling haka, at ng bawat bagay na matayog na nagmamataas laban sa karunungan ng Diyos…(II Corinto 10:5)**

- Ang tagumpay ay makakamit laban sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway:
  **Narito, binigyan Ko kayo ng kapamahalaan…sa ibabaw ng lahat ng kapangyarihan ng kaaway…(Lucas 10:19)**

- Laging alalahanin na magpasalamat sa Diyos sa bawat tagumpay sa labanan sa pamamagitan ni JesuCristo:

  **Datapuwat salamat sa Diyos, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong JesuCristo. (I Corinto 15:57)**

- At pagkatapos ng labanan, mananatili kang matagumpay:

  **Kaya't isuot ninyo ang baluting mula sa Diyos. Sa gayon makatatagal kayo sa pakikipaglaban pagdating ng masamang araw na iyon, at pagkatapos ng inyong pakikipaglaban ay matatag pa rin kayong nakatayo. (Efeso 6:13, MBB)**

<u>INSPEKSYON</u>

1. Isulat ang Susing Talata mula sa “Articles of War.”

2. Ilarawan ang mga pangyayari tungo sa huling labanan.

3. Ilarawan ang huling labanan. Kailan ito magaganap? Ano ang gagawin upang talunin ang puwersa ng kaaway?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

4. Ano ang huling hantungan ni Satanas at ng mga espirituwal na puwersa ng kasamaan?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito)

# MGA TAKTIKA NG PAGMAMANIOBRA

1. Si Satanas ay naglalagay ng espirituwal na mga "bitag" para sa mananampalataya. Ang bitag ay tulad ng isang patibong sa mga hayop. Ito ay nakatago, ngunit bigla itong bumubukas at nahuhuli ang biktima.

Suriin ang iyong buhay upang tiyakin na hindi ka nahuhulog sa bitag ng…

| | |
|---|---|
| Manghuhuli: | Awit 91:3; 124:7 |
| Masama: | Awit 119:110 |
| Iyong mga labi: | Kawikaan 18:7 |
| Masasamang kaibigan: | Kawikaan 22:24-25 |
| Takot sa tao: | Kawikaan 29:25 |
| Diablo: | I Timoteo 3:7; II Timoteo 2:26 |
| Kayamanan: | I Timoteo 6:9 |
| Kasalanan: | Kawikaan 29:6 |
| Panglilibak: | Kawikaan 29:8 |
| Bulaang mga Diyos: | Exodo 23:33; Hukom 2:3 |

| | |
|---|---|
| Makasalanang asawa: | I Samuel 18:21 |
| Pakikipagtipan sa mga hindi mananampalataya: | Exodo 34:12 |

2. Pagaralan ang pitong mga iglesia sa Apocalipsis 2-3 kaugnay ng pakikibakang espirituwal. Saang larangan ng pakikibaka sila nabibigo? Ano ang mga tagubilin na ibinigay ng Espiritu ng Diyos sa kanila upang ituwid ang mga kalagayan?

3. Ikaw ay isang mananagumpay! Mula sa kursong ito ay natutuhan mo …

- Na maaari mong madaig ang kapangyarihan ng masama: I Juan 2:13-14
- Napagtagumpayan na ni Jesus ang sanglibutan: Juan 16:33
- Sapagkat Siya ay nabubuhay sa iyo, maaari mong mapagtagumpayan ang sanglibutan: I Juan 4:4
- Ikaw ay magtatagumpay sa pamamagitan ng iyong karanasan ng bagong kapanganakan at ang iyong pananampalataya: I Juan 5:4-5
- Ikaw ay magtatagumpay sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at ng iyong patotoo: Apocalipsis 12:11

Ilang mga magagandang mga pangako ang ibinigay sa mga mananagumpay. Yaong mga nananagumpay laban sa espirituwal na mga puwersa ng kasamaan sa pamamagitan ng mabisang pakikibakang espirituwal…

- Ay kakain sa punong kahoy ng buhay: Apocalipsis 2:7
- Ay kakain ng natagong manna: Apocalipsis 2:17
- Ay mabibihisan ng puting kasootan: Apocalipsis 3:5
- Ay magiging haligi sa templo ng Diyos: Apocalipsis 3:12
- Ay uupo na kasama ni Jesus sa Kaniyang trono: Apocalipsis 3:21
- Ay magkakaroon ng bagong pangalan: Apocalipsis 2:17
- Ay magkakaroon ng kapangyarihan sa mga bansa: Apocalipsis 2:26
- Ay masusulat ang pangalan ng Diyos sa kanila: Apocalipsis 3:12
- Ay magkakaroon ng tanging kaugnayan sa Diyos: Apocalipsis 21:7
- Ay magkakaroon ng tala (si Jesus) sa umaga: Apocalipsis 2:28
- Ay ihahayag ni Jesus sa harap ng Kaniyang Ama: Apocalipsis 3:5
- Ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan: Apocalipsis 2:11
- Ay hindi buburahin ang kanilang pangalan sa aklat ng buhay: Apocalipsis 3:5
- Ay magmamana ng lahat ng bagay: Apocalipsis 21:7

4. Ito ang huli mong aralin sa manwal na ito ng pakikibakang espirituwal, ngunit ang totoo hindi ka hihinto ng pagkatuto sa paksang ito. Ikaw ay patuloy na makikipaglaban sa mga labanang espirituwal hanggang sa ikaw ay kunin na ng Panginoon. Habang ikaw ay lumalaban sa bawat pakikibaka, lalo kang matututo tungkol sa pakikibaka mula sa iyong mga pagtatagumpay at gayon din kahit sa iyong mga kabiguan. Magsimula ka ng isang “Journal Ng Pakikibakang Espirituwal” upang itala ang iyong mga laban at tagumpay.

Laging tandaan na ang mga "kabiguan" ay pansamantalang salita basta ikaw ay nagbabalik sa larangan ng labanan at nagpapatuloy sa digmaan. Maaaring matalo ka sa isang labanan paminsan minsan, ngunit ang lubos na tagumpay ay tiniyak na ng ating Panginoon ng mga Hukbo!

# APENDISE

## MGA MAHAHALAGANG LABANAN SA BIBLIA

Ipinaliwanag ni Apostol Pablo ang isang mahalagang layunin para sa tala ng Lumang Tipan. Sinabi niya:

> **Ang mga bagay na ito nga'y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa pagpapaalaala sa atin, na mga dinatnan ng katapusan ng mga panahon. ( I Corinto 10: 11)**

Ang Lumang Tipan ay nagbibigay ng mga "halimbawa" na mula dito ay matuto tayo. Kung basahin mo ang Lumang Tipan, makikita mo ang maraming tala ng labanan na naganap sa natural na larangan. Magtataka ka kung bakit isinama ang mga talang ito sa Biblia. Ang kahalagahan ng mga labanang ito ay higit pa sa mga kinahinatnan nito. Ang mga estratehiya ng mga pakikibaka sa Lumang Tipan ay maaaring gamitin sa larangang espirituwal upang matalo nating ang ating kaaway.

Ang Apendiseng ito ay sinusuri ang nasulat na kasaysayan ng mga labanan sa Lumang Tipan at ginagamit ang mga estratehiya nito sa pakikibakang espirituwal. Kung paanong ang isang kawal ay pinagbubuti ang kaniyang kakayahan sa pamamagitan ng pagaaral ng mga kasaysayan ng mga nakaraang mga digmaan, maaari mo ring palaguin ang mga kakayahan mo sa pakikibakang espirituwal sa pamamagitan ng pagaaral ng mga mahahalagang mga labanan na ito sa Biblia.

## ISANG MAHALAGANG LABANAN

Ang isang "mahalagang labanan" ay yaong labanan na winawakasan ang isang usapin sa pamamagitan ng puwersa ng mga sandata. Ito ang mga laban na ginagawa sa panahon ng krisis. Ang dulot nito ay alin sa dalawa-umurong o sumulong, tagumpay o pagkatalo. Ito ay bunga ng isang pagsalakay (sinakop ang isang teritoryo) o isang pagsasanggalang (ipinagtatanggol ang isang teritoryo). Sa madaling salita, ito ay mahalagang labanan. Ang Apendiseng ito ay nakatuon sa mga "mahahalagang mga labanan" sa Lumang Tipan. Ang mga estratehiya na ginamit sa mga labanang ito ay tutulong sa iyo sa pakikilaban mo sa "mahahalagang mga labanan" sa larangang espirituwal.

## MGA DAHILAN NG MGA LABANAN SA LUMANG TIPAN

Ang mga natural na mga labanan sa Lumang Tipan ay ginanap sa tatlong dahilang espirituwal:

1. Upang makapanaig ang bayan ng Diyos sa mga puwersang masasama na nagsisikap na alipinin sila.

2. Upang mabawi ang mga teritoryong ibinigay ng Diyos mula sa mga puwersa ng kaaway.

3. Upang parusahan ang bayan ng Diyos sa kasalanan ng pagtalikod sa Kaniya.

Ang ating mga labanang espirituwal ay nagaganap sa parehong mga dahilan.

## MGA PANGKALAHATANG PRINSIPYO

Bago mo pagaralan ang mga tiyak na mga labanan, mahalaga na maunawaan ang mga pangkalahatang prinsipyo ng pakikibaka sa Lumang Tipan sapagkat ang mga ito ay maaaring gamitin sa pakikibakang espirituwal.

### UNANG PRINSIPYO:

Sa isang labanan na inayos at pinahintulutan ng Diyos, nangako Siya ng proteksyon sa mga mandirigma (Deuteronomio 20:1-4).

### IKALAWANG PRINSIPYO:

Ang mga kaaway ng Israel ay mga kaaway ng Diyos. Ang mga tao ay kailangang magtiwala sa Kaniya para sa tagumpay sa halip na sa kanilang sariling lakas (Mga Hukom 5:31, Exodo 17:16). Nang gawin nila ito, ang Diyos ay sumama sa kanilang pakikipaglaban.

**IKATLONG PRINSIPYO:**

Ang kaban ng tipan ay nagsilbing sagisag ng presensya ng Diyos na sumama sa mga Israelita sa panahon ng labanan (Exodo 30:6; 25:21-22). Ang kaban ang nauna sa mga hukbo ng Israel upang maging sagisag ng aktibong pagsama ng Diyos sa Kaniyang bayan. Wala itong kapangyarihan sa kaniyang sarili, sagisag lamang ito ng presensya ng Diyos (I Samuel 4:1-11). Sa Bagong Tipan, sinabi ni Jesus na ang Espiritu Santo ang mananahan sa mga mananampalataya at Siya mismong presensya ng Diyos na sumasa kanila (Juan 14:16-17)

**IKA-APAT NA PRINSIPYO:**

Upang maipaglaban ng Diyos ang Kaniyang bayan, dapat itong maging banal (Deuteronomio 23:9-14). Dapat silang humiwalay sa anomang bagay na makasalanan.

**IKA-LIMANG PRINSIPYO:**

Ang mga matatakutin ay hindi isinali sa pakikilaban (Deuteronomio 20:8; Hukom 7:1-6). Ang mga duwag ay babalik at aalis sa tindi ng labanan.

**IKA-ANIM NA PRINSIPYO:**

Ang mga taong nakatali sa mga bagay ng karaniwang buhay ay hindi isinali sa labanan. Itinala ng Deuteronomio 20:5-8 na ang isang bagong kasal na lalake ay hindi muna sasabak sa labanan sa loob ng isang taon. Ang dahilan nito ay ang kaniyang pangunahing iniisip ay ang kaniyang asawa, pagaayos ng bahay, at pagtatatag ng pamilya at iba pa. Lubha siyang abala sa mga gawain sa buhay na hindi siya magiging mabisa sa pakikibaka. Kaya nagbabala si Pablo kay Timoteo "Ang isang kawal ay hindi dapat makialam sa mga bagay na walang kaugnayan sa pagiging kawal" (II Timoteo 2:4). Binigyan din tayo ng babala ni Jesus na huwag madaig ng mga intindihin ng buhay na ito. Sa hula ni Daniel, natutuhan natin na ang isa sa pangunahing estratehiya ng anticristo ay ang "pagurin ang mga banal ng Diyos" sa mga initindihin ng buhay na ito.

**IKA-PITONG PRINSIPYO:**

Ang bayan ng Diyos ay makikibaka hanggang malipol na lubos ang kaaway (Bilang 31:10-11).

**IKA-WALONG PRINSIPYO:**

Ang mga pader na nakapalibot sa mga lungsod sa Israel ay mahalaga sa kanilang pagsanggalang. Ang mga pader na ito ay mga 10 talampakan ang lapad at mga 30 talampakan ang taas, humigit-kumulang. Ang mga tagabantay ay nasa ibabaw ng pader at nagmamatyag kung may kumikilos na mga kaaway. Sa Bagong Tipan ang Cristiano ay inihalintulad sa isang "lungsod na nasa

gulod." Tulad ng iyong natutuhan sa kursong ito, ikaw ay may mga pader na espirituwal na nagsasanggalang laban sa kaaway.

**IKA-SIYAM NA PRINSIPYO:**

Ang tunog ng trumpeta na iniutos ng kumander ang naghuhudyat ng bawat labanan (Hukom 7:18) at, kung ang labanan ay tapos na ang tunog ng trumpeta rin ang nagpapabalik sa mga kawal mula sa pakikilaban (II Samuel 2:28; 18:16). Pinatunog ni Jesus ang trumpeta sa larangang espirituwal noong Kaniyang iniutos na humayo sa buong sanglibutan na dala ang ebanghelyo at binigyan tayo ng kapangyarihan laban sa kaaway (Mateo 28:18-20). Balang araw, sa hinaharap, isang trumpeta ang tatawag sa atin mula sa labanan (I Tesalonica 4:16-18).

## ANG KAAYUSAN NG PAGAARAL NA ITO

Bawat laban na tinalakay sa Apendise ay binubuo ng:

Reperensya sa Kasulatan: Basahin ang kasaysayan ng bawat laban sa iyong Biblia.

Larangan ng labanan: Ang dako na pinagganapan ng laban.

Magkakalabang mga puwersa: Ang mga puwersang sangkot sa labanan.

Dahilan ng labanan: Bakit naganap ang labanan?

Mga estratehiya: Mga estratehiya para sa tagumpay o mga dahilan ng pagkatalo. Ang ilang mga estratehiya ay inulit madalas sa tala ng Biblia. Halimbawa, paulit-ulit na sinabi sa mga tao na huwag matakot sa kaaway. Kung saan may paguulit na ganito, pagkatapos na mabanggit minsan ay hindi na inuulit sa pagsusuring ito.

## MGA MAHAHALAGANG LABANAN SA BIBLIA

Reperensya sa Kasulatan: Genesis 14

Larangan ng labanan: Dan, malapit sa Ilog ng Jordan.

Magkakalabang mga puwersa: Si Abraham at ang apat ng mga hari ng silanganan

Dahilan ng labanan: Binihag ng mga hari ang isang kamaganak ni Abraham, si Lot.

Mga estratehiya:

1. Kahit anong panahon ka tumungo sa teritoryo ng kaaway makakaasa ka ng labanan.

2. Itinatag ni Abraham ang kaniyang puwersa sa dalawang madaling hawakang grupo. Ang kaniyang maliit na puwersa ay nalupig ang hukbo ng apat na hari. Ang tagumpay ay hindi

nakasalalay sa laki ng puwersa kundi sa kaayusan, pagpa-plano, kahandaan, at pagsasagawa ng plano ng Diyos.

Reperensya sa Kasulatan: Exodo 14-15

Larangan ng labanan: Ang gilid ng Dagat na Pula malapit sa hangganan ng Egipto.

Magkakalabang mga puwersa: Israel at Egipto.

Dahilan ng labanan: Ang Israel ay patakas mula sa pagkaalipin sa Egipto. Tumatakas sila mula sa mga Egipcio ng sila ay masukol sa Dagat na Pula sa kanilang harapan at sa likuran ay ang kaaway.

Mga estratehiya:

1. Huwag kang tumingin sa mga pangyayari: "Itinanaw ng Israel ang kanilang mga mata" at nakita ang mga Egipcio na humahabol sa kanila (Exodo 14:10-11). Nang ang tingnan nila ay ang mga nangyayari sa halip na ang Diyos, ito ang nagdulot ng takot.

2. Huwag kang lilingon: Ang mga tao ay nagsimulang alalahanin ang mga mabubuting bagay sa Egipto, na siyang halimbawa ng pagkaaliping espirituwal sa kasalanan (Exodo 14:12). Kung ikaw ay nakalingon, hindi ka makasusulong sa buhay espirituwal.

3. Huwag matakot: Ang unang mensahe sa Israel ay "huwag matakot" (Exodo 14:13). Ang takot ang paparalisa sa iyo sa harap ng kaaway. Ang pananampalataya ang nagpapalakas naman sa iyo upang kumilos.

4. Tumigil kayo: (Exodo 14:13). Hanggat hindi ka tumatanggap ng tiyak na tagubilin mula sa Diyos, ito ang kailangan mong maging tugon sa kaaway. Huwag kang aalis dahil sa takot.

5. Ipakikipaglaban kayo ng Panginoon: Hindi sa iyo ang laban. Hindi ikaw ang makikipaglaban. Ipakikipaglaban kayo ng Diyos (Exodo 14:14)

6. Kayo ay tumahimik: Huwag mong hayaan na ang mga banta ng kaaway ang magdulot sa iyo ng pagkawala ng iyong kapayapaan (Exodo 14:14).

7. Magpatuloy, huwag uurong: Sinabi ng Diyos sa Israel na yumapak sa tubig ng Dagat na Pula. Sila ay susulong kahit sa baha, at hindi uurong mula dito (Exodo 14:15-16, 21).

8. Tinitiyak sa iyo na ang Diyos ay mahimalang kikilos para sa iyo (Exodo 14:19-31). Kung iyong susundin ang mga prinsipyo ng Biblia sa pakikibakang espirituwal, ang Diyos ay mahimalang kikilos upang talunin ang kaaway. Paulit-ulit sa mga labanang ito makikita mo ang Diyos na mahimalang kumilos para sa Kaniyang bayan.

Reperensya sa Kasulatan:  Exodo 17:8-16

Larangan ng labanan:  Rephidim

Magkakalabang mga puwersa: Israel at Amalec, isang tribo ng mababangis na mga pagalagala.

Dahilan ng labanan: Tingnan ang Deuteronomio 25:17-18. Ang mga Amalecita ay sumalakay sa Israel mula sa likuran, at sumalakay ng salakay ng duwag sa mga "mahihina at pagal" na mga napahiwalay.

Mga estratehiya:

1. Sumakop sa pamamagitan ng panalangin: Hindi kaya ng Israel na sumakop sa pamamagitan ng tabak lamang. Ang ginawa ni Moises ay itinuring na hakbang ng panalangin (Exodo 17:9-11). Ito ay naghayag ng isang saloobin ng pagdepende sa Diyos na siyang nagpasiya ng kinalabasan ng labanan (Exodo 17:11)

2. Hawakang  mahigpit "ang tungkod ng Diyos": Mahigpit na hinawakan ni Moises ang tungkod ng Diyos, isang sagisag ng makalangit na kapangyarihan (Exodo 17:9). Kung ikaw ay humarap sa labanan dapat mong hawakang mahigpit ang iyong kapangyarihang galing sa itaas. Dapat mong malaman kung sino ka sa Diyos at ang kapangyarihang ipinagkaloob Niya sa iyo.

3. Sundin ang lideratong espirituwal: Ginawa ni Josue ang sinabi ni Moises na kaniyang gawin (Exodo 17:9-10). Naglagay ang Diyos sa kalagitnaan natin noong mga pinagkalooban Niya ng mga tanging kakayahan na manguna. Kaniyang sinasangkapan ng kakayahan ang mga tagapangunang ito upang ang Kaniyang mga layunin ay matupad. Kalituhan ang mangyayari kung lahat ay amo.

4. Salakay at lumaban: Hindi lahat ng pakikilaban ay pagsasanggalang sa lugar na iyong kinalalagyan. May mga pagkakataon na kailangan ang pagsalakay at ikaw ay kailangang maging masigasig sa paglusob sa kaaway (Exodo 17:9).

5. Humanap ng tulong: Ang Diyos ay nagtitindig ng mga taong tutulong sa iyo upang maharap mo ang mga hamong espirituwal. Tinawag ng Diyos si Moises upang siyang magbigay ng pangunguna sa hukbo habang si Moises naman ang magbibigay ng pangungunang espirituwal. Si Aaron at Hur ang tumulong sa pamamagitan ng pagtataas ng mga bisig ni Moises kung siya ay nangangalay na.

6. Alalahanin ang mga nakaraang tagumpay: Ang pagalaala sa mga tagumpay sa nakaraan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ay nagbibigay ng bagong sigla na humarap sa kasalukuyang kaaway. Sinabi ng Diyos kay Moises na isulat ang kasaysayan ng  labanang ito sa isang aklat upang maging isang alaala at ulit-ulitin ito sa pandinig ni Josue (Exodo 17:14). Si

Josue, na nakatakdang siyang hahalili kay Moises ang siyang mangunguna sa Israel sa pagsakop sa Lupang Pangako.

Reperensya sa Kasulatan:  Bilang 14

Larangan ng labanan:  Sa gulod malapit sa Horma

Magkakalabang mga puwersa: Mga Israelita laban sa Amalecita at mga Cananeo

Dahilan ng labanan: Umakyat ang mga Israelita upang itaboy ang mga Amalecita at mga Cananeo at masakop nila ang lupain.

Mga estratehiya:

1. Huwag magmaktol: Nagreklamo ang Israel tungkol sa kanilang kalagayan (talatang 2,3) Ang pagre-reklamo at pagmamaktol ay hindi nakalulugod sa Diyos (talatang 11).

2. Huwag maghimagsik laban sa Panginoon: Ang paghihimagsik ay kasalanan. Kailangan mong iwaksi ito nang lubos (talatang 9).

3. Magingat sa ulat na paninira: Si Satanas ay nagliligaw sa pamamagitan ng mga maling ulat at nanghihikayat sa pamamagitan ng maraming napasasang-ayon niya sa mga ulat. Ang nakararami ay bihirang tama (Bilang 14:36-38).

4. Sundin ang tinig ng Diyos:  Ginawang maliwanag ng Diyos na ang Israel ay kailangang bumalik sa ilang, ngunit kabaligtaran ang kanilang pinuntahan (talatang 25).

5. Huwag lubhang magtiwala sa sarili: Ang mga Israelita ay nagmaangmaangan (talatang 42-44). Tumuloy sila sa labanan ng walang pagpapala ng Diyos. Kailangan ang presensya ng Diyos upang magtagumpay.

6. Gumawa ng pagpapasiya na may pananampalataya, at hindi may takot: Ang mga pagpapasiya na salig sa takot ay mauuwi sa pagkatalo.

<u>Reperensya sa Kasulatan:</u>  Bilang 21:1-3

<u>Larangan ng labanan:</u>  Horma

Magkakalabang mga puwersa:  Israel  at si Arad na Cananeo , isang pinuno ng tribo

Dahilan ng labanan:  Napilitan ang Israel sa labanang ito. Hindi nila plano na pumasok sa lupain mula sa timog.

Mga estratehiya:

1. Kilalanin na ang pagkabigo ay isang pansamatalang salita: Ang pakikilaban na ito laban sa Haring Arad at mga Cananeo ay inilaban sa parehong dako sa naudlot na sinubok pasukin ang Lupang Pangako mag 38 taon ang nakalipas (Bilang 14:45).  Bagamat noon ay nabigo ang Israel, ngayon naman ay nagtagumpay sila. Ang pagkabigo ay hindi dapat ituring na permanenteng pagkatalo. Hindi ka mabibigo hanggat hindi ka sumusuko.

2. Matuto mula sa dating pagkabigo:  Maaaring gamitin ng Diyos ang pagkabigo upang magturo ng katotohanang espirituwal. Natutuhan ng Israel na kailangang kasama nila ang Diyos sa pakikilaban (talatang 2-3). Hingin mo sa Diyos kung ano ang dapat moong matutuhan mula sa iyong mga kabiguan.

Reperensya sa Kasulatan:  Bilang 21:21-32

Larangan ng labanan:  Jazer

Magkakalabang mga puwersa:  Israel at mga Amorrheo

Dahilan ng labanan: Nais ni Moises na makapasok sa lupain mula sa kanluran ng Jordan na naipangako na ng Diyos. Nagpaalam siya na makadaan ng payapa (talatang 21, 22), ngunit si Sehon, hari ng mga Amorrheo ay tumanggi (talayang 23).

Mga estratehiya:

1. Unawain na hindi maiiwasan ang pakikipagtuos: Kung nais mong mapasa iyo ang mga pangako ng Diyos, ang pakikilabang espirituwal ay hindi maiiwasan. Hindi pahihintulutan ng kaaway na makaraan nang mapayapa upang angkinin ang mga pangako ng Diyos.

Reperensya sa Kasulatan: Bilang 31

Larangan ng labanan:  Kapatagan ng Moab

Magkakalabang mga puwersa:  Mga Israelita at mga Madianita

Dahilan ng labanan: Iniutos ng Panginoon na lipulin ang mga Madianita sapagkat sila ay mga masasamang tao na sangkot sa pagsamba kay Baal (Bilang 25).

Mga estratehiya:

1. Dalisayin ang sarili: Ang Diyos ay nagtatag ng isang paraan ng pagdalisay na dapat sundin ng Israel bago lumahok sa labanan. Siya ang nagtatag ng paraan, ngunit sila naman ang gagawa nito. Upang ang Diyos ay sumama sa iyo sa pakikipaglaban, dapat kang dalisayin sa espiritu. Kaniyang itinatag ito sa pamamagitan ni JesuCristo, ngunit dapat kang gumawa ng hakbang.

2. Ipailalim mo ang sariling kapakanan: (talatang 25-54). Sa labanan, ang mga pansariling interes ay dapat isa-kabilang tabi para sa tagumpay ng lahat.

Reperensya sa Kasulatan: Deuteronomio 2:24-37

Larangan ng labanan: Jazer

Magkakalabang mga puwersa: Israel at si Sehon na Amorrheo, hari ng Hesbon

Dahilan ng labanan: Tumanggi si Sehon na mapayapang padaanin ang mga Israelita sa Ilog Jordan tungo sa lupaing ibinigay sa kanila ng Diyos.

Mga estratehiya:

1. Angkinin ang ibinigay na ng Diyos: Naibigay na ng diyos ang Lupang Pangako ng Canaan sa Israel na ito ay uri ng buhay na puspos ng Espiritu (talatang 24). Binigyan ka rin Niya ng mana. Ito ay sa iyo na, at hinihintay na angkinin mo.

(Tingnan din ang labanan sa Edrei sa Bilang 21:33-35. Ito ring estratehiya na pagkuha noong ibinigay na ng Diyos ay nakita sa labanang ito)

2. Hayaan mo ang Diyos na lumaban para sa iyo: Sinalakay ni Sehon ang Israel at natalo ito sapagkat ang Panginoon ang nakipaglaban para sa Kaniyang bayan (talatang 31,33).

3. Kilalanin mo na walang mahirap para sa Panginoon: Wala kahit isang lungsod na naging mahirap para sa Israel na sakupin (talatang 36). Walang mga kuta si Satanas sa iyong buhay na hindi kayang madaig.

Reperensya sa Kasulatan: Deuteronomio 3:1-11

Larangan ng labanan:  Edrei

Magkakalabang mga puwersa:  Israel at si Og na Amorrheo, hari ng Basan

Dahilan ng labanan: Si Og, isang higante na tumakot sa mga tiktik noong una nilang libutin ang lupain (Bilang 13:33), ay dumating kasama ang kaniyang mga kawal upang lumaban sa Israel.

Mga estratehiya:

1. Tiyakin mo na ibinigay na ng Diyos ang kaaway sa iyong mga kamay: Ang utos ng Diyos sa Israel na sumugod laban kay Og ay may kasamang pangako na ibibigay Niya ang kaaway sa kanilang mga kamay (talatang 3).

2. Lampasan ang lahat ng hadlang: Ang taas ng mga pader ng mga lungsod ng kaaway at ang laki ng kanilang hari ay hindi nakatalo sa hukbo ng Panginoon. Walang mahirap sa kanila na pinahiran ng Kaniyang kapangyarihan.

3. Angkinin ang mga bunga ng tagumpay: Ang Deuteronomio 3:8-11 ay nagbibigay ng buod ng mga bunga ng mga tagumpay ng Israel sa Edrei. Bawat labanan na ating nilahukan ay nagbibigay ng pagkakataon upang angkinin ang mga bagong "mga bunga ng tagumpay" sa iyong buhay espirituwal.

Reperensya sa Kasulatan:  Josue 6

Larangan ng labanan:  Jerico

Magkakalabang mga puwersa: Mga Israelita at ang hari ng Jericho at ang kaniyang malalakas na mga lalake.

Dahilan ng labanan:  Sinabi ng Diyos kay Josue na pangunahan ang mga Israelita na sakupin ang lungsod ng Jerico.

Mga estratehiya:

1. Kilalanin na ang mga paraan ng Diyos ay iba kaysa sa ating mga paraan:  kailangang magtiwala sa Diyos bagamat tila kamangmangan ang ating nakikitang ipinagagawa Niya. Ang Kaniyang kaisipan at kaparaanan ay iba  sa atin (Isaias 55:8). Ang tinatawag na kahinaan ng sanglibutan ay ginagamit ng Diyos upang ilagay sa kahihiyan ang malakas (I Corinthians 1:27). Ang Diyos ay namamagitan sa paraan na waring kamangmangan sa likas na pag-iisip. Nakikilaban ang Israel sa paraan ng Diyos kahit man kamangmangan ang kaparaanan. Tingnan ang I Corinto 1:25.

2. Hanapin ang katiyakan ng presensya ng Diyos: Ang kaban ng Panginoon, binanggit ng siyam na beses sa mga talatang 6-13, ay sagisag sa Israel na ang Diyos ay kasama nila. Bago ka lumahok sa labanan, tiyakin mo na kasama mo ang Diyos.

3. Gamitin ang estratehiya ng pananahimik: Sinabi sa Israel na mag-martsa nang tahimik (maliban sa pagihip ng mga trumpeta) hanggang sa ibigay ang utos na sumigaw (talatang 10). Ang estratehiya ng pananahimik ay kailangang gamitin sa pakikibaka hanggang sa tanggapin mo ang bilin mula sa Diyos kung kailan at ano ang sasabihin.

Reperensya sa Kasulatan: Josue 7

Larangan ng labanan: Lungsod ng Hai

Magkakalabang mga puwersa: Mga Israelita at mga Amorrheo

Dahilan ng labanan: Pinangungunahan ni Josue ang mga Israelita sa labanan upang sakupin ang lupain na ipinangako ng Diyos sa kanila.

Mga estratehiya:

1. Huwag susuwayin ang tagubilin ng Diyos: Ang kasalanan ni Achan ang nagdulot ng pagbawi ng lingap ng Diyos na nagbunga ng malaking sakuna para sa Israel (Talatang 1-5). Ang kasalanan ang tumatakip sa tagumpay.

2. Huwag maliitin ang kaaway: Minaliit ng mga tiktik ang mga nakatira sa Hai (talatang 2-4). Huwag mong maliitin ang kapangyarihan ng kaaway na pumatay, magnakaw at sumira. At gayon din, huwag ka namang matakot dahil sa natural mong nakita. Mayroon kang kapangyarihan laban sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway.

3. Tuklasin at harapin ang dahilan ng pagkatalo: Kung mayroong pagkatalo, mayroong dahilan. Hinarap ng Israel ang nagkasala tulad ng tagubilin (talatang 13,25,26). Ang disiplinang ibinigay ang nagbalik sa pagsangayon ng Diyos. Upang manatili ang presensya ng Panginoon, dapat mong harapin ang kasalanan sa pamamagitan ng paghahayag at pagsisisi.

4. Umiwas sa mga pita ng laman: Ang kasalanan ni Achan ay paunti-unti…nakita niya, nagimbot siya, kinuha niya (talatang 21). Sa I Pedro 2:11 sinabi sa atin na tayo ay umiwas sa mga pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa." Ang pita ng mata ay hindi sa Ama, ito ay sa sanglibutan (I Juan 2:16). Mula sa unang pagsalakay ng kaaway sa tao, ang mga pita ng laman ang dahilan ng pagkatalo (Genesis 3).

Reperensya sa Kasulatan: Josue 8

Larangan ng labanan: Hai

Magkakalabang mga puwersa: Israel at ang mga lalake sa lungsod ng Hai

Dahilan ng labanan: Sinabi ng Diyos sa Israel na kanilang sakupin ang lungsod ng Hai at ngayon sila ay magtatagumpay.

Mga estratehiya:

1. Magtulungan sa isa't-isa: Gumawa bilang isang pulutong, natalo ng Israel ang kaaway sa pamamagitan ng pagtambang sa kanila. Sinasabi sa Ecclesiastes 4:9-12 na may dagdag tayong lakas laban sa kaaway kung tayo ay nagtutulungan sa isat-isa.

2. Maging handa: Sinabi ni Josue sa mga mandirigma na humanda (talatang 4). Ikaw ay kalahok sa pakikibakang espirituwal. Dapat kang humanda sa pagsugod at magbantay sa kaaway palagi.

3. Gamitin ang tabak: Ang tabak ni Josue ang magiging hudyat sa mga lalaking nakatago upang manambang (talatang 18,19). Ang mga mananampalataya ay may tabak na siyang Salita ng Diyos (Efeso 6:17). Gamitin mo ito upang bigyang babala ang iba sa papalapit na kaaway.

4. Bumalik at harapin ang kaaway: Binalikan ng mga Israelita na tumakas sa ilang ang mga tumutugis sa kanila at pinatay ang mga ito (talatang 21). Bumalik ka at harapin ang iyong kaaway sa pamamagitan ng lakas ng Panginoon. "Pasakop nga kayo sa Diyos, labanan ninyo ang diablo at lalayuan niya kayo" (Santiago 4:7).

5. Ituon ang pansin sa Panginoon sa halip na sa mga tagumpay: Pinangunahan ni Josue ang mga tao sa pagsamba pagkatapos nilang magtagumpay (talatang 29-31). Minsan tayo ay nagkakamali sa pagbibigay ng lubhang halaga sa espirituwal na tagumpay at sa ating naging bahagi rito. Tayo ay binigyan ng babala, "kaya't ang nagaakalang siya ay nakatayo, magingat na baka mabuwal" (I Corinto 10:12).

Reperensya sa Kasulatan: Josue 10: 1-27

Larangan ng labanan: Gabaon

Magkakalabang mga puwersa: Israel at ang limang mga Amorrheong hari ng Jerusalem, Hebron, Jarmuth, Lachish at Egion na kasama ang kanilang mga hukbo.

Dahilan ng labanan: Tinawagan si Josue na tumulong sa mga taga Gabaon sapagkat ang hari ng Jerusalem ay nagtipon ng hukbo upang parusahan sila dahil sa pakikipagkasundo sa Israel. Ayaw ng limang mga haring ito na ang Israel ay maka-okupa sa mga piling teritoryo.

Mga estratehiya:

1. Yurakan ang mga kaaway: Ang paglalagay ng paa sa leeg ng kaaway ay isang matandang simbulo ng pagkaalipin, na ginawa rito ng mga kumander ni Josue (talatang 24-25). Sinabi ni Jesus na Siya ang ulo ng Kaniyang katawan, ang Iglesia. Nailagay na Niya ang kapangyarihan ng kaaway sa ilalim ng Kaniyang mga paa. Kung tayo ang Kaniyang katawan, ang ibig sabihin ay ang ating mga paa ang nakatuntong sa leeg ng kaaway.

2. Huwag matakot at manglupaypay: Ito ang Salita ng Diyos sa iyo sa panahon ng labanan. Ang iyong lakas ay nagmumula sa pagkaalam na ang Diyos ay nasa iyong panig. Ang katiyakang ito ang nagdudulot sa iyo na maging malakas at matapang sa pagharap mo sa kalaban (talatang 25).

Reperensya sa Kasulatan: Josue 10:28-43

Larangan ng labanan: Timog Palestina

Magkakalabang mga puwersa: Israel at ang mga lungsod ng timog Palestina

Dahilan ng labanan: Sinimulan ni Josue ang pakikilaban upang sakupin ang Timog Palestina

Mga estratehiya:

1. Salakayin ang mga mahahalagang kuta: Ang estratehiya sa pakikilaban ay mga serye ng salakay na parang kidlat ang bilis laban sa mga lungsod ng Cananeo na ang layunin ay wasakin ang kakayahang makilaban ng mga nakatira doon (talatang 28-43). Sa pagsalakay sa mga mahahalagang kuta ng kaaway sa iyong buhay (halimbawa, ang laman) mapahihina mo ang kakayahan ng kaaway na sumalakay sa iyo.

Reperensya sa Kasulatan: Josue 11

Larangan ng labanan: Sa mga tubig ng Merom

Magkakalabang mga puwersa: Israel at mga haring Cananeo sa hilaga sa ilalim ni Jabin, hari ng Hasor

Dahilan ng labanan: Bilang pagsunod sa tagubilin ng Diyos, pinangunahan ni Josue ang mga Israelita na sakupin ang ibang mga bahagi ng Lupang Pangako

Mga estratehiya:

1. Magtiyaga: Si Josue ay nakipaglaban sa mga hari ng lupain sa loob ng anim na taon (talatang 18). Ang pagtitiyaga (manatiling tapat sa labanan) ay mahalaga sa pagsakop sa mga kuta, at pagpapalayas ng mga naninirahan (lumang pagkatao) at maangkin ang lahat ng ipinangako ng Diyos.

2. Huwag mong katakutan ang dami ng puwersa ng kaaway (talatang 4).

Reperensya sa Kasulatan: Mga Hukom 6:1-8:35

Larangan ng labanan: Libis ng Jezreel

Magkakalabang mga puwersa: Gideon at 300 mga lalake laban sa mga Madianita at mga Amalekita

Dahilan ng labanan: Sapagkat ang Israel ay nagkasala, ibinigay sila ng Diyos sa mga kamay ng mga taga Madia bilang bihag sa loob ng pitong taon. Nang magsisi at tumangis ang Israel sa Panginoon, sinugo Niya si Gideon upang iligtas sila.

Mga estratehiya:

1. Pakinggan ang babala…Ang kasalanan ang nagdadala sa pagkabihag: Nawalan ang Israel ng lakas dahil sa kanilang kasalanan (6:1-5). Ang kasalanan ang nagdadala sa iyo sa pagkabihag ni Satanas.

2. Ang pagbabalik ay nanggagaling sa Diyos: Ang pagpapahirap ng Madianita ang nagdala sa Israel sa dako na kanilang hinanap ang Diyos para sa kaligtasan (6:6-8). Kung ikaw ay nabihag ng kaaway dahil sa iyong kasalanan, ang Diyos lamang ang tanging pagasa mo para sa kaligtasan.

3. Hanapin mong magisa ang Diyos: Nagiisa si Gideon noong utusan siya na iligtas ang Israel (6:11-14). Ang matatapang na mga tagapanguna ng pakikibakang espirituwal ay dapat gumugugol ng pagiisa na kasama ang Diyos. Upang matulungan mo ang iba sa ministeryo ng pagpapalaya, mahalaga ang estratehiyang ito.

4. Wasakin mo ang mga altar ng pagsamba sa diosdiosan: Sinira ni Gideon ang mga altar ni Baal (6:25-31). Kailangan mong ibagsak ang mga kuta ng kaaway at sirain ang bawat diosdiosan na nakahalang sa isang lubos na pagkatalaga sa Diyos.

5. Mapuspos ka ng Espiritu ng Diyos: Ang Espiritu ng Diyos ay dumating kay Gideon at binigyan siya ng kapangyarihan na matupad ang makalangit na mga layunin (6:34). Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay dapat dumating sa iyo sa gayon ding dahilan. Tingnan ang Gawa 1:8.

6. Hanapin ang lalong malalim na baitang ng pananampalataya: Kailangan ni Gideon ang isang tanda (balahibo ng tupa) upang maging laan na magtiwala sa Diyos (6:36-40). Ang ilang mga Cristiano ay hindi makasampalataya malibang sila ay may magandang palatandaan mula sa natural na larangan. Kailangan mong hanapin ang lalong malalim na baitang ng pananampalataya na nagtitiwala sa kung ano ang sinabi ng Diyos kahit ang mga pangyayari ay iba kaysa sa iyong inaasahan.

7. Huwag magtiwal sa sarili: Pinigil ng Diyos ang pagtitiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagbabawas ng bilang ng hukbo. Gumagawa ang Diyos sa iyo upang alisin ang pagtitiwala sa sarili at kilalanin na ang tagumpay ay dumarating mula sa Kaniya.

8. Puntiryahin ang kinatatakutan ng kaaway: Pinahintulutan ng Diyos na marining ni Gideon ang ikinatatakot ng mga taga Madian. Sa pagtukoy sa mga takot, natutuklasan ang mga kahinaan. Sinasabi ng Santiago 2:19 na ang mga demonyo ay sumasampalataya rin sa Diyos at nanginginig pa. Puntiryahin ang kintatakutan ng kaaway sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

Reperensya sa Kasulatan: Mga Hukom 15

Larangan ng labanan: Lehi

Magkakalabang mga puwersa: Samson at mga Filisteo

Dahilan ng labanan: Sinalakay ni Samson ang mga Filisteo dahil sa isang problema ng pamilya. Isinisi ng mga Filisteo ito sa kaniyang asawa at pamilya nito at gumanti sa pamamagitan ng pagsunog sa kanila. Ang gantihan ay nagpatuloy sa pagitan ni Samson at ng mga Filisteo.

Mga estratehiya:

1. Alamin mo na binabaligtag ng Diyos ang pagkatalo upang maging tagumpay: habang ang mga kaaway ni Samson ay nagsisigawan sa pagbubunyi, ang Espiritu ng Panginoon ay dumating kay Samson at nilagot niya ang nakatali sa kaniyang lubid (talatang 14). Kumuha siya ng panga ng asno, sinalakay ang kaaway, at napatay niya ang isang libong mga lalake. Ang tila pagkatalo ay naging tagumpay para sa kampeon ng Israel (talatang 15). Walang tali ang kaaway na hindi maaaring lagutin upang makamit ang tagumpay na bigay ng Diyos.

2. Kilalanin na ang Diyos ang nagkakaloob: Pagkatapos ng pagpatay sa isang libong Filisteo, nauhaw si Samson. Ang kaniyang mahinang kalagayan ay maaaring samantalahin ng kaaway sa pagnanais maipaghiganti ang kanilang mga kababayan. Sa kaniyang kalagayan, tumawag si Samson sa Panginoon (talatang 18). Ang Diyos ay hindi lamang lakas sa labanan, Siya rin ang nagkakaloob ng iyong kailangan.

3. Manariwa ka sa bukal ng Panginoon: Bilang tugon sa tawag ni Samson, nagpabukal ang Diyos ng tubig. Uminom si Samson at siya ay lumakas muli (talatang 19). Sinabi ni Jesus, " Kung ang sinoman ay nauuhaw, parito siya sa Akin at uminom" (Juan 7:37). Kung paanong ang mga kawal sa labanan ay kailangan ang pahinga at pananariwa, kailangan natin ang kasariwaang espirituwal. Marami ang naghahanap ng kasariwaang ito sa mga paglalaro, mga hilig gawin, at mga panoorin. Ang tunay na pananariwang espirituwal ay galing sa "bukal ng Panginoon."

Reperensya sa Kasulatan: Mga Hukom 20

Larangan ng labanan: Gabaa

Magkakalabang mga puwersa: Mga anak ni Benjamin at mga Israelita

Dahilan ng labanan: Isang kinakasamang babae ng isang Levita ay ginahasa at pinatay ng isang grupo ng mga lalake na taga Gabaa. Ipinatawag ng Levita ang matatanda mula sa bawat tribo upang pakinggan ang mga bintang at gumawa ng karampatang parusa. Lahat liban sa mga anak ni Benjamin ay nagkaisa na parusahan ang mga lalake ng Gabaa, Ipinagtanggol sila nito.

Mga estratehiya:

1. Humingi ng payo mula sa Diyos: Lumapit nang ilang ulit ang Israel sa Diyos humihingi ng payo tungkol sa estratehiya ng pakikilaban (talatang 18,23,26,28).

2. Gamitin ang sama-samang disiplina: Hiniling ng ibang mga tribo ng Israel na isuko ng mga anak ni Benjamin ang mga nagkasala upang maparusahan. Nais ng Israel na linisin ang kabuuan ng bayan sa pamamagitan ng parusa sa nagkasala (talatang 13). Bilang mga mananampalataya, dapat tayong makipagtulungan sa Diyos sa pagaalis ng kasamaan sa ating buhay sa pamamagitan ng pagsusuko ng lahat ng mga bagay na ito.

3. Huwag tumigil sa pakikilaban: Sa unang dalawang labanan, ang Israel ay tinalo ng mga puwersa ni Benjamin. Ang mga Israelita ay tumangis, nagayuno, at lumapit sa Panginoon muli para sa payo. Sinabi ng Diyos na ituloy nila ang laban at nangako na bibigyan sila ng tagumpay (talatang 18-28).

Reperensya sa Kasulatan: I Samuel 4

Larangan ng labanan:  Sa pagitan ni Aphec at Ebenezer

Magkakalabang mga puwersa: Israelita at Filisteo

Dahilan ng labanan: Nilabanan ng Israel ang mga Filisteo, mga kaaway ng Diyos.

Mga estratehiya:

1. Huwag magtiwala sa mga espirituwal na "porma": Ang kaban ng Panginoon ang nakikitang simbulo ng presensya ng Panginoon sa gitna ng Kaniyang bayan (talatang 4). Subalit hindi dapat sa porma nagtitiwala ang mga tao. Dapat ay sa Diyos sila magtiwala na kinakatawan ng kaban.

Reperensya sa Kasulatan: I Samuel 11

Larangan ng labanan:  Bezek

Magkakalabang mga puwersa: Naas ang Ammonita at ang mga lalake ng Jabes kasama si Saul at ang mga Israelita

Dahilan ng labanan:  Sinalakay ng mga Ammonita ang bayan ng mga Israelita na Jabes-galaad. Tinipon ni Saul ang isang hukbo at tinalo sila (talatang 11).

Mga estratehiya:

1. Maghanda sa paglaban sa madaling araw: Sinalakay ni Saul ang mga Ammonita sa madaling araw (talatang 11). Lumapit ka sa Panginoon sa madaling araw at "isuot mo ang buong baluti ng Diyos" (Efeso 6:11-17).

Reperensya sa Kasulatan: I Samuel 13-14

Larangan ng labanan:  Michmas

Magkakalabang mga puwersa: Israelita at Filisteo

Dahilan ng labanan: Napatay ni Jonathan ang isang opisyal militar sa Gabaa

Mga estratehiya:

1. Magpahinuhod sa panahon ng krisis: Ang kawalan ng pagpapahinuhod ni Saul ang naging dahilan ng pagkawala ng kaniyang posisyon bilang hari (talatang 13). Natakot siya nang makita niyang tumatakas ang hukbo sa harap ng mga Filisteo. Sinuway niya ang tagubilin ng Panginoon na maghintay. Sa panahon ng labanan huwag mong hayaan na ang takot ang magudyok sa iyo na gumawa ng hindi tama.

2. Bigyang diin ang katapatan, hindi ang bilang: Nanalo ang Israel sa maraming labanan hindi sapagkat sila ay marami, kundi dahil sa mga matatapat na mga lalakeng matapang (14:6).

Reperensya sa Kasulatan: I Samuel 17

Larangan ng labanan: Libis ng Ela

Magkakalabang mga puwersa: Israelita (David) at Filisteo (Goliath)

Dahilan ng labanan: Ang hukbo ng Filisteo ay nagtipon upang salakayin ang Israel. Ang hukbo ng Israel ay nagtayo ng pagsasanggalang sa kabilang ibayo ng libis. Isang higante Filisteo, si Goliath, ay nagmungkahi na tapusin na lamang ang labanan sa pamamagitan ng isang kawal Israelita na humarap at lumaban sa kaniya.

Mga estratehiya:

1. Kumuha ka ng lakas mula sa nakaraang tagumpay: Nakaranas ng tagumpay si David sa pagliligtas sa kaniyang kawan mula sa mga mababangis na hayop. Tiniyak niya kay Saul na kaya niyang ipagtanggol ang kawan ng Diyos mula sa mga Filisteo (talatang 24-36). Ang pananampalatayang napalakas na sa nakaraang mga kahirapan ay maaaring gamitin din sa bagong krisis ng buhay.

2. Tingnan mo ang mga hadlang bilang mga pagkakataon ng Diyos: Bawat kahirapan ay pagkakataon sa Diyos upang ihayag ang Kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan mo. Nakita ni David ang higante bilang isang pagkakataon sa halip na hamon (talatang 32, 45-47).

3. Gumamit ng sandatang subok na: Tinanggihan ni David ang baluti ni Saul sapagkat hindi pa niya ito nagagamit (nasubukan) sa pakikilaban (talatang 38,39). Ang mga espirituwal na labanan ay hindi maaaring gamitan ng mga makasanglibutang mga estratehiya. Ang dapat gaimitin na mga sandata ay ang mga subok nang baluting espirituwal.

4. Harapin ang kaaway sa pangalan ng Panginoon: Lumapit si Goliath na dala ang tabak, sibat at kalasag, ngunit si David ay humarap sa higante sa pangalan ng Panginoon (talatang 45-47).

5. Tandaan na ang laban ay sa Panginoon: Maaaring ang kaaway ay tila nakalalamang, ngunit kung ang Panginoon ang lalaban para sa atin tiyak ang tagumpay. Pinagtibay ni David na ang Panginoon at hindi ang kapangyarihan ng tao ang nagpapasiya ng kauuwian ng labanan.

"…Hindi sa lakas, hindi sa kapangyarihan, kundi sa Aking Espiritu, ang wika ng Panginoon ng mga hukbo." (Zacarias 4:6)

6. Huwag kang mahadlangan ng iyong sariling kakayahan: tiningnan ng higante si David bilang isang bata na walang karanasan sa labanan (talatang 33). Hindi tayo tinitingnan ng Diyos kung sino tayo, na may mga hangganan ang kakayahan. Ang nakikita ng Diyos ay ang mangyayari sa atin kung papayagan natin ang Kaniyang kapangyarihan ay dumaloy sa pamamagitan natin.

7. Ihayag ang tagumpay: Inihayag ni David ang mga tagumpay sa nakaraan na mula sa Diyos at nagsalita ng mga salita ng pananampalataya na inihahayag ang darating na tagumpay.

8. Kilalanin ang layunin ng pakikibakang espirituwal: Binanggit ni David sa talatang 46…"Upang maalaman ng buong lupa na may Diyos…"

Reperensya sa Kasulatan: I Samuel 30

Larangan ng labanan: Malapit sa Ziklag

Magkakalabang mga puwersa: Israelita at Amalecita

Dahilan ng labanan: Habang si David at ang kaniyang mga puwersa ay wala sa Ziklag, sumalakay ang mga Amalecita at binihag ang kanilang mga pamilya at sinunog ang lungsod.

Mga estratehiya:

1. Huwag kang sumuko sa kawalan ng pagasa: Lubhang nagdalamhati ang mga bataan ni David na nagusap sila at binalak na batuhin si David hanggang mamatay (talatang 6), ngunit pinatibay ni David ang kaniyang sarili sa Panginoon. Sa panahon na nanghihina ang loob na ikaw ay nagiisa, patibayin mo ang iyong sarili sa Panginoon. Huwag kang sumuko sa kawalan ng pagasa.

2. Angkinin mong mabalik ang lahat ng kinuha ng kaaway: Ang kaaway ay naparito upang pumatay, magnakaw at sumira (talatang 1). Sinabi ng Diyos kay David na tugisin ang kaaway at bawiin ang lahat ng mga ninakaw nito. Nais ng diyos na ibalik sa iyo ang anomang kinuha ng kaaway (talatang 8,18).

3. Kilalanin na ang tagumpay para sa isa ay para din sa lahat: Ang talatang 24 ay nagbibigay ng isang mahalagang prinsipyo sa pakikibakang espirituwal. Ang mga nasa unahan ng labanan at ang mga naiwan upang kalingain ang ibang gawain ay magkasalo sa tagumpay.

Reperensya sa Kasulatan: II Samuel 5: 1-16

Larangan ng labanan:  Jerusalem

Magkakalabang mga puwersa: Israelita at Jebuseo

Dahilan ng labanan: Ang mga Jebuseo ang nanirahan sa Jerusalem at ang kanilang pagkukuta dito ay lubhang matibay na naging mahirap na ito ay masakop. Binihag ni David ang lungsod at ito ang naging sentro ng pambansang buhay ng Israel.

Mga estratehiya:

1. Huwag kang magpadala sa mga pagkutya ng kaaway: Kinutya si David ng mga Jebuseo na sinasabi na ang kanilang kuta ay ubod ng tibay na ito ay maaaring ipagtanggol kahit ng “mga bulag at mga pilay” (talatang 6). Hindi pinahintulutan ni David na ang pagkutya ay pumigil sa kaniya (talatang 7). Kung ikaw ay kinukutya at ang dama mo ay kapos ka, angkinin ang Juan 8:44.

Reperensya sa Kasulatan:  II Samuel 5:17-25

Larangan ng labanan:  Libis ng Repahim

Magkakalabang mga puwersa: Israelita at Filisteo

Dahilan ng labanan:  Nang mabalitaan ng mga Filisteo na si David ay pinahiran na bilang hari sa buong Israel, nagbuo sila ng pagsalakay laban sa kaniya.

Mga estratehiya:

1. Una kang sumalakay: Hindi hinintay ni David na sumalakay ang kaaway. Inunahan niya ang mga ito. Huwag mong hintayin na lumapit ang kaaway at kunin ka!

Reperensya sa Kasulatan:  II Samuel 10

Larangan ng labanan:  Lugar ng Helam

Magkakalabang mga puwersa:  Israelita laban sa Ammonita at taga Siria

Dahilan ng labanan: Namatay ang hari ng mga Ammonita. Nagsugo si David ng mga alipin upang aliwin ang kaniyang anak na lalake at pagtibayin ang kaniyang katapatan dito. Ngunit ang bagong hari ay nakinig sa mga bulaang pagbibintang at ininsulto ang mga Israelita sa halip na tanggapin ang magandang ipinakita ni David. Inahit ang kalahati ng kanilang balbas, at pinutol ang kanilang suot, at pinayaon na hiyang-hiya (talatang 1-5).

Mga estratehiya:

1. Makipagkaisa sa labanan: Nang mawari ng heneral ni David na sila ay nakaharap sa dalawang kalaban, hinati niya ang kaniyang puwersa at inilagay ang kaniyang kapatid sa isang kalahati ng tropa. Bagamat magkahati, ang mga puwersang ito ay nilabanang magkasama upang matalo ang kaaway. Bagamat tayo ay malayo sa ibang mga mananampalataya, at magkakaiba sa kultura, lugar at denominasyon, kailangan tayong magtulungan sa pakikilaban sa kaaway, hindi tayo-tayo ang nag-aaway.

Reperensya sa Kasulatan: II Hari 3

Larangan ng labanan: Moab

Magkakalabang mga puwersa: Israel at ang kaniyang mga kaalyado, Juda at Edom, laban sa mga Moabita

Dahilan ng labanan: Ang Moab ay naghimagsik at tumanggi na magbayad ng buwis sa Israel. Hiniling ni Joram sa hari ng Juda na tulungan siyang labanan ang Moab. Nang magsimula silang makilaban sila ay sinamahan ng hari ng Edom.

Mga estratehiya:

1. Purihin ang Diyos dahil sa kapahayagan: Nagpatugtog ng musika si Eliseo upang matulungan siyang madaling matanggap ang Salita ng Diyos. Habang tumutugtog ang musikero, ang kapangyarihan ng Panginoon ay bumaba kay Eliseo at natanggap niya ang kapahayagan ng Diyos (talatang 11-20) Ang pagpupuri ay isang susing estratehiya ng pakikibaka. Dinadala nito ang iyong espiritu sa wastong saloobin upang matanggap ang kapahayagan ng Diyos.

2. Maghanda para sa tagumpay: Minsan hindi ka makatanggap ng tagumpay sapagkat hindi ka naghanda para dito. May tagtuyo at ang mga hukbo ng Israel at Juda ay may panganib na mamatay dahil sa kulang sa tubig. Nanalangin si Eliseo para sa isang himala. Sinabi ng Diyos, “Punuin ninyo ang libis na ito ng mga hukay.” Idinulot ng Diyos ang mga hukay ay mapuno ng tubig (talatang 16-17). Dapat kang mahanda nang wasto kung nais mong maging daluyan para sa buhay na bigay ng Diyos. Minsan mangangailangan ito na hukayin ang “lupa o dumi” sa iyong buhay espirituwal.

Reperensya sa Kasulatan: II Hari 6:8-23

Larangan ng labanan: Dotan at Samaria

Magkakalabang mga puwersa: Israel at Siria

Dahilan ng labanan: Noong ang Siria ay nakikipaglaban sa Israel, inihayag ni Eliseo sa hari ng Israel ang kinalalagyan ng hukbo ng Siria. Nang malaman ng hari ng Siria ang ginawa ni Eliseo, nagsugo siya ng hukbo upang dakpin siya.

Mga estratehiya:

1. Manalangin: tulad ng iyong napansin, ang panalangin sa Diyos ay ginawa ng ilang ulit sa mga labanan sa Lumang Tipan. Sa pangyayaring ito, idinalangin ni Eliseo na ang mga taga Siria ay mabulag (talatang 18). Ang panalangin ang isa sa pinakamakapangyarihang sandata sa pakikibakang espirituwal.

2. Palaguin ang espirituwal na pagtanaw: Ang nakita lamang ng alipin ni eliseo ay ang mga natural na pangyayari. Si Eliseo ay may espirituwal na pagkakita at kaniyang nasabi: "Huwag kang matakot sapagkat ang sumasaatin ay higit pa sa sumasa kanila (Siria)" (talatang 16).

3. Hayaang mahayag ang kapangyarihan ng Diyos: Nang mabulag ang mga taga Siria, inakay sila ni Eliseo sa hari ng Israel. Hiniling niya sa hari na huwag silang puksain, kundi pauwiin sila bilang kapahayagan ng kapangyarihan ng Diyos (talatang 18:23).

Reperensya sa Kasulatan: II Hari 6: 24-7:20

Larangan ng labanan: Samaria

Magkakalabang mga puwersa: Siria at Israel

Dahilan ng labanan: Pinalibutan ni Ben-adad at ng kaniyang hukbo ang Samaria at nagkaroon ng isang malaking kagutom. Ang pagkain ay salat at kung mayroon ay napakamahal na ang mga tao ay kumakain na ng basura at pati ng sarili nilang mga anak.

Mga estratehiya:

1. Kumilos tungo sa ka-imposiblehan: Sa pag-iisip ng apat na ketongin sa kanilang kalagayan, napagisip-isip nila na ang pinakamasamang magagawa ng mga taga Siria sa kanila ay patayin

sila. Mamatay din naman sila kahit wala silang gawin. Kaya nagpsiya sila na kumilos tungo sa ka-imposiblehan. Ginawa ng Diyos na makarining ang mga taga Siria ng tunog ng papalapit na hukbo na naging dahilan ng kanilang pagtakas, na iniwan ang kanilang mga daladalahan (7:3-7). Kung ikaw ay kumilos tungo sa ka-imposiblehan, ang Diyos ay kikilos alang-alang sa iyo.

2. Ibahagi sa ibang mga mananampalataya: Ibinahagi ng mga ketongin ang magandang balita ng pagkatalo ng kaaway (7:8-10). May pananagutan ka na ibahagi sa iba ang ginawa ng Diyos sa iyo sa mahihirap at imposibleng kalagayan. Sa pamamagitan nito, ang mga mananampalataya ay napalalakas.

3. Huwag pagalinlanganan ang kapangyarihan ng Diyos: Isang tagapanguna ang hindi nakatanggap ng pagpapala ng Diyos dahil sa pagaalinlangan (7:2, 17-20).

Reperensya sa Kasulatan: II Hari 17

Larangan ng labanan: Samaria

Magkakalabang mga puwersa: Israel at Asiria

Dahilan ng labanan: Si Oseas, hari ng Israel, ay kailangang mabayad ng buwis taon-taon sa hari ng Asiria. Tumigil ang Israel sa pagbabayad , kaya sinalakay sila ng Asiria.

Mga estratehiya:

1. Ang pagsamba ay isang susi sa mabisang pakikibaka: Huminto ang Israel sa pagsamba sa Diyos at ibinigay niya ang mga ito sa kamay ng mga taga Asiria. Ang pagsamba ang pinakamataas ng uri ng pakikibakang espirituwal (tingnan ang Job1 at 2). Kung mabigo ka sa pagsamba, hinid magtatagal at magiging bihag ka ng kaaway.

Reperensya sa Kasulatan: II Hari 19

Larangan ng labanan: Jesrusalem

Magkakalabang mga puwersa: Asiria at Israel

Dahilan ng labanan: Ang hari ng Israel, si Ezekias, ay nagtiwala sa Diyos at sinikap na wasakin ang pagsamba sa diosdiosan. Upang tiyakin ang kaligtasan para sa kaniyang kaharian nagbayad siya ng buwis sa hari ng Asiria. Pagkatapos ay nakatanggap siya ng sulat ng pagbabanta.

Mga estratehiya:

1. Huwag matakot sa banta ng kaaway: Dinala ni Ezekias ang mga banta ng kaaway sa Panginoon. Sinabi sa kaniya ng Diyos na walang dahilan upang matakot, sapagkat aalisin ang kaaway sa lupain. Kung paanong tinalo ng Diyos ang mga taga Asiria, natalo Niya si Satanas. Hindi mo kailangang matakot sa kaniyang mga banta.

Reperensya sa Kasulatan: II Hari 24:1-25:30

Larangan ng labanan: Jerusalem

Magkakalabang mga puwersa: Juda at Babilonia

Dahilan ng labanan: Ang Juda ay paulit-ulit na nagkasala sa paningin ng Panginoon. Sa wakas, pinahintulutan ng Panginoon na ang bayan ay maging bihag ng mga taga Babilonia na siyang nangingibabaw na kapangyarihan noon. Sinunog ang Jerusalem at sinira ang mga pader.

Mga estratehiya:

1. Unawain na ang kasalanan ay nagdudulot ng pagkabihag: Ang bayan ng Diyos ay kinuhang bihag ng kaaway dahil sa kanilang binayaan ang paulit-ulit na mga kasalanang hindi naihahayag sa kanilang buhay. Sa halip na magamit ng Diyos upang talunin ang kaaway, sila ay dinalang bihag ng kanilang kaaway.

Reperensya sa Kasulatan: I Cronica 14:8-17

Larangan ng labanan: Libis ng Raphaim at Baal-perasim

Magkakalabang mga puwersa: Israelita at Filisteo

Dahilan ng labanan: Nang si David ay naging hari ng nagkakaisang Israel, siya ay naging banta na hindi na mababaliwala ng mga Filisteo. Kaya sila ay nagbalak na salakayin siya.

Mga estratehiya:

1. Panatilihin ang nakamit na tagumpay: Napagtagumpayan ni David at ng kaniyang mga tauhan ang unang labanan, ngunit hindi ito ang nagpapatapos ng lahat sapagkat hindi nila lubos na sinakop ang lupain (talatang 9-13). Sa ikalawang labanan, ibinigay ng Diyos sa Israel ang lubos na tagumpay. Kanilang napalayas ang mga Filisteo mula sa teritoryo ng Israel (talatang 13-17).

2. Maghintay ng wastong panahon: Ang tamang panahon ay isang susi sa mabisang pakikibaka. Naghintay si David hanggang kaniyang malaman na nauna na ang Diyos sa kaniya tulad ng ipinangako (talatang 14-16). Maraming mga labanan ang napanalunan at natalo batay sa prinsipyo ng wastong panahon.

Reperensya sa Kasulatan: II Cronica 12

Larangan ng labanan: Jerusalem

Magkakalabang mga puwersa: Egipto at ang kaniyang kaalyado laban kay Rehoboam, hari ng Juda

Dahilan ng labanan: Hindi naging tapat sa Diyos si Rehoboam at niyakap ang mga makasalanang gawa ng mga Cananeo. Ang pagsalakay ni Sisac, hari ng Egipto , ay pinahintulutan bilang parusa mula sa Diyos.

Mga estratehiya:

1. Maghanda sa espiritu; Ang paghahandang espirituwal ay kailangan para sa tagumpay: Gumawa ng masama si Rehoboam sapagkat "hindi niya inilagak ang kaniyang puso na hanapin ang Diyos" (talatang 14). Ihanda mo ang iyong puso na hanapin ang Panginoon bago pumasok sa labanan.

2. Magpakumbaba: Nang si Rehoboam ay magpakumbaba, binigyan siya ng Diyos ng "kaunting kaligtasan." Hindi hinayaan ng Diyos na lubusan siyang mawasak (talatang 5-7).

3. Pasakop sa paglilingkod sa Diyos: bagamat ang Diyos ay nagpapatawad, may mga ibinunga ang pagsuway (talatang 8). Kung ihahalintulad sa mga hinihingi ng sanglibutan, lubhang higit na mabuti ang magpasakop sa Diyos. Tingnan ang Mateo 11:28-30.

Reperensya sa Kasulatan: II Cronica 18

Larangan ng labanan: Ramoth-galaad

Magkakalabang mga puwersa: Ang mga taga Siria laban kay Achab na hari ng Israel at Josaphat na hari ng Juda

Dahilan ng labanan: Si Josaphat ay nakipagalyansa kay Achab at magkasama nilang nilabanan ang Siria.

Mga estratehiya:

1. Huwag gagawa ng pagsanib sa hindi wastong kasama: Pagkaraan ng 65 taon ng pagaalitan sa pagitan ng Israel at Juda, nakipagalyansa si Josaphat kay Achab. Kabilang dito ang pagaasawa ng kaniyang anak na lalake sa anak na babae ni Achab. Ang pagsasanib na ito ay napatunayan sa ikasisira ni Josaphat at gayon din sa Juda sapagkat dinala nito ang mga kasamaan ng paganismo. Ang pakikialyansa sa masama kailanman ay hindi nagbunga ng mabuting espirituwal na bunga.

2. Gumamit ng pagkilala sa pagpili ng tagapayo: Bago lumusong sa labanan, tinawag ni Achab ang kaniyang mga propeta upang magdala ng salita mula sa Panginoon. Subalit ang mga upahang mga propetang ito ay mas pinili na sabihin ang nais ni Achab na marinig. Sinabi ni Josaphat na ang tawaging propeta ay yaong hindi nakadepende ang ikinabubuhay kay Achab. Ipinatawag ni Achab si Micheas na ang hula ay galing sa Panginoon (talatang 1-16). Ang pagkilala ay kailangan sa paghingi ng payong espirituwal. Ang nakararami kahit nagkakaisa ay hindi laging patunay ng kalooban ng Diyos.

Reperensya sa Kasulatan: II Cronica 20

Larangan ng labanan: Libis ng Baracah

Magkakalabang mga puwersa: Mga kalalakihan ng Moab, Ammon, at bundok ng Seir laban kay Josaphat, hari ng Juda

Dahilan ng labanan: May ilang mga bansa na nagkasundo laban sa Juda.

Mga estratehiya:

1. Gamitin ang estratehiya ng pag-aayuno: Si Josaphat ay nagtakda ng pagaayuno sa buong Juda (talatang 3). Ang Diyos ay nakikitungo sa iyo batay sa iyong kaugnayan sa Kaniya. Hindi nababago ang Diyos ng pagaayuno, ikaw ang nababago nito. Inaayos nito ang iyong kaugnayan sa Kaniya na siyang nagkakaapekto sa tugon Niya sa iyo. Tingnan ang Jonas 3.

2. Panatilihin ang tingin sa Panginoon: Nanalangin si Josaphat, "Hindi namin nalalaman ang marapat naming gawin, ngunit ang aming mga mata ay nasa iyo (talatang 12).

3. Tandaan na higit na mabuti ang magtiwala kaysa magsikap: Dumating ang tugon ng Diyos kay Josaphat, "Sapagkat ang pakikipagbaka ay hindi sa inyo, kundi sa Diyos" (talatang 15). Sa panahong ang Diyos lamang ang makagagawa ng kailangang gawin, higit na mabuting magtiwala kaysa magsikap.

4. Magalak sa gitna ng laban: Ang mga mangaawit ay natakda na umawit sa unahan ng hukbo. Naghanda ang Diyos ng pagtambang sa kaaway at sila ay natalo.

Reperensya sa Kasulatan: II Cronica 25:5-16

Larangan ng labanan: Libis ng Asin

Magkakalabang mga puwersa: Edomita at Amasias, hari ng Juda

Dahilan ng labanan: Nilabanan ni Amasias ang paganong bansa ng Edom.

Mga estratehiya:

1. Sundin ang maka-Diyos na payo: Sa pagnanais na palakasin ang kaniyang sariling puwersa, umupa si Amasias ng mga bayaran mula sa Israel. Ito ay hindi naging kalugod-lugod sa Diyos na nagsalita sa pamamagitan ng isang propeta na pinauuwi ang mga ito sa Israel at kung hindi sila'y matatalo. Sinunod ni Amasias ang maka-Diyos na payong ito at sila ay nagtagumpay.

2. Sirain ang lahat ng diosdiosan: Nagsimulang sinamba ni Amasias ang mga diosdiosan ng Edom (talatang 14). Ang mabisang pakikibaka ay sisira ng lahat ng mga diosdiosan sa iyong buhay, maging ito ay yari sa bato o kahoy o mga materyal na tinatangkilik.

Reperensya sa Kasulatan: II Cronica 25: 17-24

Larangan ng labanan: Beth-semes ng Juda

Magkakalabang mga puwersa: Joas, hari ng Israel, laban kay Amasia, hari ng Juda

Dahilan ng labanan: Kapalaluan dahil sa tagumpay sa pagkatalo ng Edom na siyang nagbunsod kay Amasia na hamunin ang Israel sa labanan.

Mga estratehiya:

1. Ang kapalaluan ay nagbubunga ng pagkatalo. Si Amasias ay napuno ng kapalaluan dahil sa dating tagumpay. Ito ang nagudyok sa kaniya na hamunin ang Israel (talatang 17-18). Tingnan ang Kawikaan 16:5).

Reperensya sa Kasulatan: II Cronica 28

Larangan ng labanan: Jerusalem

Magkakalabang mga puwersa: Ang Juda laban sa mga nananalakay na mga puwersa ng Siria, Israel, Edom, Filisteo, at Asiria

Dahilan ng labanan: Ang Juda ay nilusob ng Siria, Israel, Edom, Filisteo, at Asiria.

Mga estratehiya:

1. Ang kabulukan ng sanglibutan ay nagdudulot ng espirituwal na pagkawasak: Si Achaz ay sumamba sa mga diosdiosan ng ibang bansa na iniisip na magpapalakas ito sa kaniya. Sa halip, ito ang kaniyang naging kapahamakan (talatang 23). Ang bulok na impluwensya ng sanglibutan ay magbubunga ng espirituwal na kapahamakan.

2. Kahit ang mga matatapang na mga lalake ay bumabagsak kung kanilang kalimutan ang Diyos: Tingnan ang talatang 6.

Reperensya sa Kasulatan: II Cronica 32: 1-23 at II Hari 19

Larangan ng labanan: Jerusalem

Magkakalabang mga puwersa: Si Sennacherib, hari ng Asiria at Ezekias, hari ng Juda

Dahilan ng labanan: Ang hari ng Asiria ay sumalakay sa Juda at pinalibutan ang mga lungsod na may pader.

Mga estratehiya:

1. Putulin ang nagsusutento sa kaaway: Ang estratehiya ni Ezekias ay putulin ang rasyon ng tubig para sa Asiria at patatagin ang mga pader ng lungsod (talatang 3,5). Ang pagkakabahabahagi sa Katawan ni Cristo ang isa sa mga sumusustine sa kaaway. Nabibigyan pa natin si Satanas ng kakayahan kung may iniaabot tayong mga panglaban sa kapwa mananampalataya sa pamamagitan ng maling gamit ng dila. Sa halip na pintasan at itsismis ang mga kapwa mananampalataya, atin silang "bakuran" ng pagtatanggol sa palibot nila.

Reperensya sa Kasulatan: II Cronica 35:20-24

Larangan ng labanan:  Libis ng Megiddo

Magkakalabang mga puwersa: Si Nechao, hari ng Egipto, at Josias, hari ng Juda

Dahilan ng labanan: Nais ng Egipto na magdaan sa Palestina upang labanan si Nebuchadnezzar, hari ng Babilonia. Hindi sila pinayagan ni Josias na magdaan.

Mga estratehiya:

1. Tanggihan ang pandaraya: Nagkunwari si Josias noong lumabas siya sa labanan, na umaasa na ipagtatanggol siya ng kapalaran mula sa "salita ni Nechao , na mula sa bibig ng Diyos" (talatang 22). Ang pandaraya ay hindi mabisa sa pakikibaka sapagkat si Satanas ang pinakamagaling sa pandaraya.

2. Makinig kung ang Diyos ay nagsasalita:  Dati maayos ang kaugnayan ni Josias sa Diyos. Ang mga kabutihan niya ay binigyang pansin sa talatang 26. Kilala niya ang tinig ng Diyos, ngunit sa pagkakataong ito, hindi siya nakinig nang ang Diyos ay nagsalita.

Ngayon ikaw naman…

Magsimula kang magtala ng mga pakikilabang espirituwal na ginagawa mo. Itala mo kung ano ang mga tinutukoy na labanan, ang dahilan ng labanan, mga estratehiyang ginamit ni Satanas sa pagsalakay sa iyo, at ang mga kontra estratehiya naman na ginamit mo upang makamit ang tagumpay.

# MGA SAGOT SA INSPEKSYON

**UNANG KABANATA:**

1. Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. (Efeso 6:12)

2. Ang dalawang panig ng lahat ng mga bagay ay ang natural at ang espirituwal. Tignan ang I Corinto 15:44-49.

3. Ang Kaharian ni Satanas at ang Kaharian ng Diyos.

4. Si Satanas, mga demonyo, ang sanglibutan, ang laman.

5. Diyos Ama, JesuCristo, ang Espiritu Santo, at mga anghel.

6. Ang ibig sabihin ng "hari" ay ang namamahala sa isang nasasakupan o mga tao.

7. Ang kaharian ay ang nasasakupan o teritoryo at mga tao na pinamamahalaan ng hari.

8. Ang pakikibakang espirituwal ay ang pagsusuri at aktibong paglahok sa hindi nakikitang labanang espirituwal. Kabilang nito ang pagaaral ng mga magkatunggaling mga puwersa ng kabutihan at kasamaan, mga estratehiya ni Satanas, at ang mga espirituwal na mga estratehiya sa pagtatagumpay sa kaaway. Ang pakikibakang espirituwal ay higit pa sa pagsusuri lamang , ito ay aktibong paglahok sa pamamagitan ng paggamit ng mga estratehiyang ito sa buhay at ministeryo.

9. Ang dahilan sa dakilang labanang ito ay nais pa rin ni Satanas na siya ang mamahala. Matindi siyang nakikipagbaka upang makuha ang puso, pag-iisip, kaluluwa, at espiritu ng tao. Ang kaniyang mga estratehiya ay nakatuon laban sa Diyos, , Kaniyang plano, at sa Kaniyang bayan.

10. Dapat kilalanin na ang lahat ng mga labanan sa buhay, maging ito ay pisikal, espirituwal, emosyonal, sa pag-iisip, sa pananalapi, o kaya sa mga personalidad ay mga panglabas lamang na kapahayagan ng isang espirituwal na dahilan. Bagamat sa natural na larangan waring ang mga ito ay nagaganap sa mga pangyayari sa buhay, ang batayan ng mga labanang ito ay nasa larangang espirituwal.

**IKALAWANG KABANATA:**

1.Hindi Ako naparito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan sa pagsisisi. (Lucas 5:32)

2. Ang pagsisisi ay "isang panglabas na pagpapasiya o pagbabago ng pag-iisip na nagdudulot ng nakikitang  kilos ng pagtalikod sa kasalanan at paglapit sa Diyos at katuwiran."

3. Repasuhin ang mga pagtalakay sa paksang ito sa Kabanatang Ikalawa.

4. Kung humingi ka ng kapatawaran sa kasalanan nararanasan mo ang "pagkahikayat." Ang ibig sabihin ng pagkahikayat ay "pumihit" o "bumaling." Kung ito ay gamitin kaugnay ng pagsisisi ayon sa Biblia, ang ibig sabihin ay "bumaling mula sa maling daan tungo sa tamang daan." Iiwan mo ang kaharian ni Satanas at sasama ka sa Kaharian ng Diyos.

5. Repasuhin ang talakayan sa paksang ito sa Kabanatang Ikalawa.

6. Kung ikaw ay magsisi sa kasalanan at gumawa ng pagpapasiya na tumalikod mula sa iyong mga masasamang mga lakad ito ay nagtatatag ng isang wastong kaugnayan sa Diyos. Ang tamang kaugnayang ito o wastong kalagayan sa harap ng Diyos ay tinatawag na "Pag-aaring ganap."

7. Kung ikaw ay inaring ganap sa pamamagitan ng pagsisisi at pagkahikayat, ikaw ay “naligtas” mula sa isang buhay sa kasalanan at gayon din sa kabayaran ng kasalanan. Ito ang ibig sabihin ng “naligtas” at ito ang ibig sabihin ng Biblia kung gamitin ang salitang “kaligtasan.”

8. Nang kilalanin ng binata ang kaniyang makasalanang kalagayan, siya ay nagpasiya na bumalik sa kaniyang ama at magsisi ng kaniyang kasalanan. Ito ang halimbawa ng pagsisisi, isang pangloob na pagpapasiya na nagdudulot ng panglabas na gawa. Pagkatapos noon, siya ay nagtindig, iniwan ang dating buhay, at pumunta sa kaniyang ama upang magsimula ng isang bagong buhay. Ito ang pagkahikayat.

## IKATLONG KABANATA:

1.Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Diyos ay isang Panginoon. ( Deuteronomio 6:4)

2. Ang Diyos Ama, JesuCristo, ang Espiritu Santo, at ang mga anghel.

3. Diyos Ama; Diyos Anak; Diyos Espiritu Santo.

4. Ang Diyos Ama ang kumander ng espirituwal na mga puwersa ng kabutihan na lumalaban sa espirituwal na mga puwersa ng kasamaan.

5. Ang gawain ni JesuCristo kaugnay sa pakikibakang espirituwal ay ang mga sumusunod:

<u>Tinutubos ang sangkatauhan sa kasalanan</u>: Sa pamamagitan ng kamatayan ni JesuCristo na tayo ay pinalaya mula sa pagkaalipin ng kasalanan kung saan tayo nabitag ng kaaway.

<u>Awtoridad laban sa mga puwersa ng kasamaan</u>: Hindi lamang lumaya ang tao mula sa kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus, ito ay nagbunga ng tagumpay laban sa mga puwersa ng kasamaan. Dahil dito, mayroon kang awtoridad laban sa kaaway.

<u>Sirain ang mga gawa ng Diablo</u>: Ito ang isa sa pangunahing layunin ng Kaniyang pagkaparito sa lupa sa anyong tao.

<u>Pamamagitan para sa mga mananampalataya</u>: Sa langit, si Jesus ay nasa kanang kamay ng Diyos Ama na namamagitan para sa mga mananampalataya na sangkot sa pakikibakang espirituwal.

6. Ang Espiritu Santo ay pumapatnubay sa pakikibaka ng mananampalataya. Inihahayag Niya ang mga bagay na espirituwal na hindi kayang maalaman sa natural. Sinasalita ng Espiritu Santo ang kalooban at mga Salita ng Diyos sa atin. Binibigyan Niya ang mananampalataya ng kapangyarihang espirituwal sa pamamagitan ng bautismo sa Espiritu Santo at binibigyang kakayahan sa pamamagitan ng mga kaloob at bungang espirituwal.

7.

| | |
|---|---|
| 1. h | 7. c |
| 2. d | 8. a |

| | |
|---|---|
| 3. b | 9. f |
| 4. g | 10. e |
| 5. l | 11. j |
| 6. i | 12. k |

8. Ang Panginoon ng mga Hukbo.

**<u>IKA-APAT NA KABANATA:</u>**

1. Ang anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa Kaniya, At ipinagsasanggalang sila. (Awit 34:7)

2. Langit at lupa.

3. Sila ay nilalang ng Diyos.

4. Pagaralan ang ibat-ibang mga ministeryo ng mga anghel na tinalakay sa kabanatang ito.

5. Pagaralan ang mga katangian ng mga anghel na inilista sa kabanatang ito.

6. Hebreo 1:14

7. Tama. Tingnan ang Colosas 2:18 at Apocalipsis 22:8-9

8. Mali. Tingnan ang Galacia 1:8

9. Hinirang na mga anghel
Mga mensahero
Querubin
Buhay na mga nilalang
Serapin

10. Kabutihan at kasamaan.

11. Colosas 1:16

**<u>IKA-LIMANG KABANATA:</u>**

1. Kayo’y maging mapagpigil, kayo’y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo , na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya. ( I Pedro 5:8)

2. Si Satanas ay unang nilalang bilang isang anghel ng Diyos.

3. Sa kaniyang dating kalagayan, si Satanas ay isang anghel na pinanganlang Lucifer, isang pinahirang querubin.

4. Si Satanas ay nahulog mula sa kaniyang kalagayan dahil sa kapalaluan at paghihimagsik na nahayag sa mga pananalita niya na may limang “ AKO’Y”

5. Tingnan ang resulta na inilista sa Ikalimang Kabanata.

6. Ang ginagalawang larangan ni Satanas ay ang langit at lupa

7. Ang pangkalahatang mga gawain ni Satanas ay laging laban sa Diyos, sa Kaniyang plano, at sa Kaniyang bayan, ang kanilang pagsamba, ang Salita, ang kanilang gawain, at paglakad.

8. Pagaralan ang listahan na nasa Ikalimang Kabanata.

**<u>IKA-ANIM NA KABANATA:</u>**

1. Nguni’t hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba’y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonyo. (I Timoteo 4:1)

2. Ang Diyos ay may lalang sa kanila.

3. Ang larangan ng kanilang gawain ay sa lupa.

4. Tulad ni Satanas, ang kanilang mga gawain ay laban sa Diyos, sa Kaniyang plano, at sa Kaniyang bayan.

5. Tingnan ang listahan ng mga katangian sa Ika-anim na Kabanata.

6. Tingnan ang talakayan sa Ika-anim na Kabanata.

7. Sila ay dating mga anghel sa langit.

8. Sila ay nakilahok sa paghihimagsik ni Satanas at dahil dito ay pinalayas sa langit. Hindi na sila mabuting nilalang na espirituwal (mga anghel) kundi naging masama (mga demonyo).

9. Tingnan ang talakayan sa paksang ito sa Ika-anim na Kabanata.

**<u>IKA-PITONG KABANATA:</u>**

1. Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan.
Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig
ng Ama.

Sapagka't ang lahat ng nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at
ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula
sa Ama, kundi sa sanglibutan. ( I Juan 2:15-16)

2. Ang salitang "laman" na ginamit sa aralin na ito ay tumutukoy sa makasalanang likas na nasa lahat ng mga tao na salungat at paghihimagsik sa Diyos.

3. Ang salitang "sanglibutan" na ginamit sa araling ito ay tumutukoy sa kasalukuyang kalagayan ng sistema ng sanglibutan na salungat sa Diyos.

4. Satan.

5. Ihambing mo ang iyong buod sa talakayan sa Ika-pitong Kabanata.

6. Kasalanan.

7. Napopoot ang sanglibutan sa mga mananampalataya.

8. Ang kalayawan o pita ay isang matinding pagnanasa, damdamin ng kaluluwa, ang likas na hilig ng tao sa masama. Ang pagnanasa sa mga masasamang bagay na magbibigay kasiyahan sa ating makalamang likas ay "pita ng laman."

9. Ginagamit ni Satanas ang paligid sa sanglibutan upang manawagan sa mga sentido at magdulot ng masamang nasa o pita ng laman.

10. Ang kalayawan ay nauuwi sa tukso, ang tukso ay nauuwi sa kasalanan, at ang kasalanan ay nauuwi sa kamatayan.

11. Galacia 5:19-21

**<u>IKA-WALONG KABANATA:</u>**

1. Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban
na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng ma-
sisila niya:
Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang
inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga
kapatid na nangasa sanglibutan. ( I Pedro 5:8-9)

2. Basahin ang talakayan sa paksang ito sa Ika-walong Kabanata.

3. Basahin ang talakayan sa paksang ito sa Ika-walong Kabanata.

4. Basahin ang talakayan sa paksang ito sa Ika-walong Kabanata.

5. Basahin ang talakayan sa paksang ito sa Ika-walong Kabanata.

**IKA-SIYAM NA KABANATA:**

1. Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Diyos, upang iwasak ang mga gawa ng diablo. ( I Juan 3:8)

2. Tingnan ang talakayan sa paksang ito sa Ika-siyam na Kabanata.

3. Upang sirain ang mga gawa ng diablo.

4. Ang Salita ng Diyos, kapangyarihan at kapamahalaan, pananalangin, pag-aayuno, mga susi sa kaharian, at ang pangalan ni Jesus.

**IKA-SAMPUNG KABANATA:**

1. Ni bigyan daan man ang diablo. (Efeso 4:27)

2. Ang pakikilaban ng pagsasanggalang ay ginagawa upang ipagtanggol ang isang teritoryo. Ito ay pakikibaka na naghihintay na ang kaaway ay lumusob, at saka titipunin ang mga puwersa nito upang magsanggalang. Ang uri ng pakikibakang ito ay hindi sumasakop sa teritoryo ng kalaban. Ipinagtatanggol nito ang teritoryong naangkin na.

3. Ang pakikibaka na pagsalakay ay masigasig na pakikibaka. Hindi ito pakikibaka ng paghihintay at pagsasanggalang na estratehiya. Ito ay pakikibaka na inuunahan mo ang kaaway. Tinutukoy ang kaaway, kinikilala ang kaniyang estratehiya, at lumulusob laban sa kaaway sa larangang espirituwal.

4. Sa parehong pagsalakay at pagsanggalang, dapat kumilos ang mananampalataya.

5. Tingnan ang talakayan sa paksang ito sa Ika-sampung Kabanata.

6. Tingnan ang talakayan sa paksang ito sa Ika-sampung Kabanata.

**IKA-LABINGISANG KABANATA:**

1. Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. (Efeso 6: 11)

2. Tingnan ang talakayan sa paksang ito sa Ika-sampung Kabanata.

3. Efeso 6:13-17

4. Tingnan ang talakayan tungkol sa baluting espirituwal sa Ika-labingisang Kabanata.

## IKA-LABINGDALAWANG KABANATA:

1. Binuksan ng Panginoon ang Kaniyang lalagyan ng almas, at inilabas ang mga almas ng Kaniyang pagkagalit: sapagkat ang Panginoon, ang Panginoon ng mga hukbo, ay may gagawin sa lupain… (Jeremias 50:25a)

2. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa paksang ito sa Ika-labingdalawang Kabanata.

## IKA-LABINGTATLONG KABANATA:

1. Ang biling ito ay ipinagtatagubilin ko sa iyo, Timoteo na aking anak, ayon sa mga hula na nangauna tungkol sa iyo, upang sa pamamagitan ng mga ito ay makipagbaka ka ng mabuting pakikipagbaka. (I Timoteo 1:18)

2. Ang mga prinsipyo sa natural na buhay ay ginamit upang ipaliwanag kung ano ang nangyayari sa larangang espirituwal. Naiintindihan natin ang nangyayari sa natural na larangan. Kung ang mga katumbas ay kinukuha sa pagitan ng natural at espirituwal na mga larangan, nauunawaan natin ang espirituwal dahil sa natural. Ginamit ng Diyos ang natural na halimbawa ng pakikibaka sapagkat maraming mga prinsipyo sa natural na pakikibaka ang angkop sa espirituwal na larangan.

3. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa paksang ito sa Ika-labingtatlong Kabanata.

## IKA-LABINGAPAT NA KABANATA:

1. Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip Niyang napako sa krus, upang ang katawang salarin ay magiba, at nang sa gayo'y huwag na tayong maalipin pa ng kasalanan. Sapagkat ang namatay ay ligtas na sa kasalanan. ( Roma 6: 6-7)

2. Ang mga estratehiya ay ang pagaaral ng pagbuo at pagsasakatuparan ng gawaing militar. Ito ang mga paraan o plano na patungo sa tagumpay.

3. Ang kahulugan ng salitang "kontra" ay kumilos na salungat sa, humadlang, talunin, o biguin. Ang kontra estratehiya ay isang nabuong plano at paraan ng pagsalungat kay Satanas. Ito ay upang humadlang, tumalo, at bumigo sa kaniya at sa kaniyang mga pagsalakay sa larangang espirituwal.

4. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa Ika-labingapat na Kabanata.

5. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa Ika-labingapat na Kabanata.

**IKA-LABING LIMANG KABANATA**

1. Sapagkat bagaman kami ay nagsisilakad sa laman, ay hindi kami nangakikipagbakang ayon sa laman.

Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Diyos ay may kapangyarihang gumiba ng mga kuta.

Na siyang gumigiba ng mga maling haka, at ng bawat bagay na matayog na nagmamataas laban sa karunungan ng Diyos, at bumibihag sa lahat ng pagiisip sa pagtalima kay Cristo. (II Corinto 10:3-5)

2. Sa pag-iisip.

3. Ito ang mga nagliliyab na palaso ng masama. Ang kaaway ay patuloy na nagpapakawala ng mga nagliliyab na mga palaso sa atin sa larangang espirituwal. Karamihan sa mga "palasong" ito ay nakatuon sa pag-iisip.

4. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing limang Kabanata.

5. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-Labing limang Kabanata.

**IKA-LABING ANIM NA KABANATA:**

1. Datapuwat ang dila ay hindi napaaamo ng sinomang tao; isang masamang hindi nagpapahinga, na puno ng lasong nakamamatay. (Santiago 3:8)

2. Ang dila.

3. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa paksang ito sa Ika-labing anim na Kabanata.

4. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa paksang ito sa Ika-labing anim na Kabanata.

**IKALABINGPITUNG KABANATA:**

1. Nang magkagayo'y sumagot ako sa kanila, at sinabi ko sa kanila, Ang Diyos ng langit, Siya ang magpapaginhawa sa amin: kaya't kaming Kaniyang mga lingkod ay magbabangon at magtatayo, ngunit kayo'y walang bahagi, o matuwid man, o alaala man, sa Jerusalem. (Nehemias 2:20)

2. Ihambing ang iyong sagot sa listahan na ibinigay sa Ika-labing pitong Kabanata.
Ang mga pader na espirituwal na pinupuntirya ni Satanas ay kabilang ang:

-Mga pader ng kaligtasan, mga pintuan ng pagpupuri
-Ang gawa ng krus sa iyong buhay
-Pagsaksing Cristiano
-Ang lumang pagkatao na napalitan ng bagong pagkatao
-Pagtitiis at pagsubok
-Pagwawaksi ng mga gawa ng laman
-Ang gawa ng Espiritu Santo
-Ang Salita ng Diyos
-Pakikibakang espirituwal
-Ang pagasa ng pagbabalik ni Jesus
-Pagsisiyasat sa sarili

3. Kasalanan.

4. Ihambing ang iyong listahan sa ibinigay sa Ika-labing pitong Kabanata.

5. Ihambing ang iyong listahan sa mga estratehiyang nakalista sa Ika-labing pitong Kabanata.

## IKA-LABING WALONG KABANATA:

1. Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito. (Juan 10:10)

2. Ihambing ang iyong buod sa talakayan ng mga estratehiya ni Satanas laban sa katawan sa Ika-labing walong Kabanata.

3. Ihambing ang iyong buod sa talakayan ng mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay sa larangan ng pangangatawan sa Ika-labing walong Kabanata.

4. Ihambing ang iyong buod sa talakayan ng mga estratehiya ni Satanas sa paggamit ng personalidad sa Ika-labing walong Kabanata.

5. Ihambing ang iyong buod sa talakayan ng mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay laban sa personalidad sa Ika-labing walong Kabanata.

6. Ihambing ang iyong buod sa talakayan ng mga estratehiya ni Satanas laban sa pamilya sa Ika-labing walong Kabanata.

7. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay sa pamilya sa Ika-labing walong Kabanata.

8. Ihambing ang iyong buod sa talakayan ng mga estratehiya ni Satanas sa larangan ng materyal na mga bagay at pananalapi sa Ika-labing walong Kabanata.

9. Ihambing ang iyong buod sa talakayan ng mga espirituwal na kontra estratehiya para sa tagumpay sa larangan ng mga materyal na bagay at pananalapi sa Ika-labing walong Kabanata.

**IKA-LABING-SIYAM NA KABANATA:**

1. At Ako'y bababa at makikipag-usap sa iyo doon; at Ako'y kukuha sa Espiritung sumasaiyo at Aking isasalin sa kanila; at kanilang dadalhin ang pasan ng bayan na kasama mo, upang huwag mong dalhing mag-isa. (Bilang 11:17)

2. Ang ibig sabihin ng maglipat ay mula sa isang tao ay mauwi sa ibang tao. Ang salitang "espiritu" ayon sa pagkagamit sa araling ito ay tumutukoy sa paguugali, saloobin, o motibo sa likod ng isang kilos. Ang isang tao ay maaaring mapailalim sa impluwensya ng mabuti o masama at mailipat ang kaniyang espiritu sa isang tao o grupo ng tao.

3. Ang kasaysayan ni Moises at ng 70 mga matatanda sa Bilang 11:16-17.

4. Ang kasaysayan ng sampung tiktik sa Bilang 13.

5. -Pigilan ang iyong espiritu.
-Bantayan ang iyong dila.
-Bantayan ang pinaguukulan ng pagmamahal.
-Maging maingat sa pagpili ng kasamahan.
-Bantayan ang iyong mga pisikal na sentido.
-Magingat sa "pagpapatong ng kamay."

**IKA-DALAWAMPUNG KABANATA:**

1. At hindi katakataka: sapagkat si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.

Hindi malaking bagay nga na ang kaniyang mga ministro naman ay magpakunwari na mga ministro ng katuwiran; na ang kanilang wakas ay masasangayon sa kanilang mga gawa.
(II Corinto 11:14-15)

2. Ang mga ito ay ginamit sa pagsamba.

3. Nang banggiting ni Pablo ang "mga espirituwal na kasamaan sa dakong kataastaasan," ang tinutukoy niya ang mga masasamang espiritu na nakapasok na sa mga sistema ng relihiyon sa sanglibutan. Kahit sa mga kapulungan ng mga matuwid ang mga ito ay nakapasok na rin.

4. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa Ika-dalawampung Kabanata.

5. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-dalawampung Kabanata.

**IKA-DALAWAMPU'T ISANG KABANATA:**

1. Sa makatuwid baga'y si Jesus na taga Nazareth, kung paanong Siya'y pinahiran ng Diyos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan; na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diablo; sapagkat sumasa Kaniya ang Diyos.  (Gawa 10:38)

2. Mga espiritung mapanghikayat, mga espiritu ng karamdaman, karumaldumal na mga espiritu.

3. Ang kaloob ng pagkakilala ng mga espiritu ay nagbibigay sa mananampalataya ng kakayahang makilala ang uri ng mga espiritu na gumagawa sa ibang tao at kaagad makilala kung ang tao ay may masamang espiritu na gumagawa sa kaniya o laban sa  kaniya. Ito ang pumipigil sa mga espiritung mapandaya o mapagsinungaling. Ang isang may ganitong kaloob ay makikilala ang mga taktika  at masasamang motibo ng kapangyarihan ng demonyo.

4. Ang inaalihan ng demonyo ay isang kondisyon na dito ang isa o higit pang masasamang mga espiritu (demonyo) ay tumatahan sa katawan ng isang tao at lubos na humahawak sa kaniyang biktima ayon sa kaniyang gusto.

5. Ihambing ang iyong listahan sa listahang ibinigay sa Ika-dalawampu't isang Kabanata.

6. Ang ibig sabihin ng mabuyo sa mga demonyo ay magkaroon ng lubhang pagkahilig sa mga demonyo, kay Satanas, at sa kulam.

7. Ihambing ang iyong listahan sa listahan sa Ika-dalawangpu't isang Kabanata.

8. Ang pinahihirapan ng demonyo ay ang kapangyarihan ng demonyo ay nilalabanan, pinahihirapan o kaya ay tinatalian ang tao mula sa labas.

9. Ihambing ang iyong listahan sa listahan na ibinigay sa Ika-dalawangpu't isang Kabanata.

10. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa Ika-dalawampu't-isang Kabanata.

## IKA-DALAWAMPU'T DALAWANG KABANATA:

1. Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus.
(II Timoteo 2:3)

2. Ang kasalanan at si Satanas.

3. Repasuhin ang limang paraan nang pagpasok ng pagdurusa sa buhay ng mananampalataya na tinalakay sa Ika-dalawangput-dalawang Kabanata.

4. Repasuhin ang mga mabubuting mga bunga ng pagdurusa na tinalakay sa Ika-dalawangpu't-dalawang Kabanata.

5. Repasuhin ang wastong saloobin sa pagdurusa na tinalakay sa Ika-dalawampu't-dalawang Kabanata.

6. a. Mali b. Mali c. Mali d. Tama

## IKA-DALAWAMPU'T TATLONG KABANATA:

1. Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya. (II Timoteo 4:7)

2. Si David, Josue, Elias, Pablo.

3.
 - -Kilalanin ang iyong pagkabigo.
 - -Magsisi.
 - -Ibalik muli ang iyong espirituwal na lakas.
 - -Magbalik sa larangan ng labanan.

4. Roma 8:1

5. II Timoteo 2:26

6. Na hindi natin mapagkakatiwalaan ang ating sarili sa pakikibakang espirituwal. Dapat sa Diyos malagay ang ating pagtitiwala.

## IKA-DALAWAMPU'T APAT NA KABANATA:

1. At ang diablo na dumaya sa kanila ay ibinulid sa dagatdagatang apoy at asupre, na kinaroroonan din naman ng hayop at bulaang propeta; at sila'y pahihirapan araw at gabi magpakailan kailan man. (Apocalipsis 20:10)

2. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa Ika-dalawampu't apat na Kabanata.

3. Ang huling labanan ay pagkatapos ng milenyo na noon si Satanas ay kakalagan sa isang panahon. Ang apoy mula sa langit ay darating upang sirain ang mga puwersa ng masama. Si Satanas at ang kaniyang mga pwersa ng kasamaan ay tutungo sa kanilang huling hantungan.

4. Sila ay itatapon sa dagat-dagatang apoy na may apoy at asupre upang pahirapan nang walang hanggan.